es, etc. Mamanhid; ò mangaligkig sa ginaw; mangatal. ‖ Manigàs ang katawán sa lamig.

ATERRAR. a. irreg. como *acertar*. Igibâ; ilagpak sa lúpâ ‖ a. reg. Sindakín; takutin. Lalong kagamitán sa kahulugang ito. ‖ n. náut. Lumápit sa dalatan ang mangá sasakyán ò daong. ‖ r. Matákot nang malakí; masindak.

ATESTAR. a. irreg. como *acertar*. Siksikín; paulohin; punín; ‖ Ipaloob ang isang bágay sa ibá ‖ a. reg. for. Sumaksí; patotohanan ‖ r. Magpakasandat. ‖ n. t. Mayamot; manuhî sa anomàn.

ATESTIGUAR. a. Sumaksí *de oídos*. Sumaksí sa dinig = *con otro*. Sumaksí sa ibá ò sumaksing kasama nang ibá.

ATEZADO, DA p. p. nang *atezar*. adj. Maitim.

ATEZAR. a. Paitimin; ó papangitimin. ‖ r. Umitim.

ATINAR. a. Tumamâ; matuto; másundô; mátumpak ‖ n. t. Makuhaan; maturingan = *à decirlo*. Mátamaang sabihin = *con la casa*. Tamaan, ò mátutuhan ang bahay.

ATISBAR. a. Magmasid; ó masdang mahúsay. ‖ Pakiramdamán. ‖ r. Magpakiramdaman; magmásiran.

ATIZADERO. m. Pangpaningas; panghig.

ATIZADOR, RA. m. y f. der. nang *atizar*. Magpapaningas nang apoy ó íláw. ‖ Pangáhig; ò pangpaningas nang apoy.

ATIZAR. a. Magpaalab;; papagdubdubín; gatungan. ‖ met. Papagalabin; papagningasin ang mangá pita nang katawán, ó kâlolowa, ó ang mangá kalooban=*la mecha del candil*. Kahigin ang timsim nang ilawán; paliwanágin.

ATLETA. m. Mangbubunô.‖ met. Malakâ at maliksì.

ATMÓSFERA. f. Hanging nakalílibot, ò na sa palibot nang lúpâ, na may kalahók, na mangá singaw nang lúpâ at ibá pa. ‖ Alapaap, at panganoring nakabábalot sa binilogbilog nang mundó hangang sa isang kataasang malakí.

ATMOSFÉRICO, CA. adj. der. nğ *atmósfera*. Ang nauukol sa *atmósfera*.

ATOLLADERO. m. Baláhô; lablàb ‖ met. Kagipitan; kasikiàn ó kahirapang malakí nang paggawâ nang anomán.

ATOLLAR. n. Mábalahô.‖ r. Málusong; málagay sa anomang kagipitang mahírap labasán.

ÁTOMO. m. Ang isang bútil na kálí tiitan nang anomán, na dí sukat mapagháti ó mabahagi ‖ pl. Ang mangá maliliit na nákikita sa sínag nang áraw na namúmulos sa alinmang bútas. ‖ met. Alinmang bágay na lubhang maliít.—*en un átomo*. exp. fam. Sa bágay na lálong maliít ó lubhang maliít.

ATONTADO, DA. p. p. nang *atontar*. adj. Tulig; hangal; muling.

ATONTAR. a. Tuligín; tarantahín. ‖ r. Matulíg, ó matarantá.

ATORARSE. r. Mábalahô. ‖ Màbangod, na huag máipatuloy ang pagmamatowid ó pagsasalitâ ‖ Masarhán ang dinàdaluyan ó paraanan nğ anomàn.‖ Máhirinan; tumilhok.

ATORMENTAR. a. Magpasákit, ó magpahírap.‖ met. Humapis.‖ r. Páhirapan ang sarili. ‖ Magpahirapan.

ATORNILLAR. a. Iturnilió, ó higpitín ang turnilió.

ATRABILIS. f. med. Ang tinàtawag na *cólera negra*. || met. Gálit; ugáling lubhang masakitap.

ATRACADERO. der. nang *atracar*. m. náut. Punduhan; sadsaran ng̃ sasakyán.

ATRACAR. a. náut. Ilápit; ò idaiti ang isang sasakyán sa ibà, ó sa pangpang. || met. Sandatín sa pagkàin ang sínoman. || r. met. y fam. Kumàin at uminóm nang sandatan.

ATRACTIVO, VA. adj. Nakaáanyaya; panghalina; nakahìhila sa anomán. || m. Ang magandang ayos ng̃ pagmumukhâ, pang̃ung̃ùsap, paggawâ at paguugálî, na nakaaanyaya ng̃ loob.

ATRAER. a. irreg. como *traer*. Hikayatin; halinahin. || Makahalina; makalamúyot. || Hititín; kaladkarín: para nang paghitit nang batobalánî sa bákal, nang paghitit nang *azabache* sa giniíkan=*à alguno á su parecer*. Hikayatin ang sínoman sa kaniyang akálâ=*con promesa*. Lamuyutin nang pang̃ákô, ó sa pang̃ákô. || r. Magkàsundô; magkágiliwan.

ATRAGANTARSE. r. Mábara sa lalamunan ang anomán; máhirinan; màbikig; másamid. || met. y fam. Maumid; madung̃ô sa sálitaan=*con una espina*. Mábikig. || a. Dalidaliín: at sinásabi, *no me* ATRAGANTES, *huag mo akong* DALIDALIÍN. || met. Dung̃awin ang isang nakíkipagusap.

ATRANCAR. a. Isarâ; ikáling ang pintô, at sa loob ay trangkahán. || fam. Humakbang nang maluluang. || met. y fam. Bumasa nang lubhang matulin, na lumálaktaw nang mang̃á *cláusula*, ó nagíiwan nang anománg mang̃á pang̃ung̃úsap. || r. Magkulong sa isang lugal, na itrangkâ ang mang̃á pintô.

ATRAPAR. a. fam. Hulihin; sunggabán ang tumàtanan ó nagtátakbo. || Harang̃in; sabatín.

ATRÁS. adv. l. Sa hu'í; sa líkuran; hulihán. || adv. t. Tinalikdang panahòn, ó nakaraang bágay. ||interj. Urong; balík.

ATRASAR. a. Ihulí; íwan; liwagan; luatán. || r. Máhulí; magluat. ||Ginágamit kung minsang parang neutro: v. g. *Ang relos na ito'y* NÁHUHULI, *este reloj* ATRASA. || Huag magbáyad nang útang sa táning na panahón.

ATRAVESADO, DA. p. p. nang *atravesar*. adj. Sulipát. || met. Ang may masamang akálà, ó masamâ ang gawâ. || Ang ásong sarisáring láhî. || Ang mestizo. || Pinaglampasán; pinagtausán. || Nakahambàlang. || Nakapahálang sa ibá.

ATRAVESAÑO. m. Pahàlang || Balakilan.

ATRAVESAR. a. irreg. como *acertar*. Ipahálang, ó maghalang nang káhoy ó anomán, na abot sa magkabikábilang gílid nang daán, batis ó ibáng ganganitó. || Butasin, ó tuhugin nang lampasan; patausín sa magkabikábilá ang espada, bala, etc. || Magdaán; tumawíd. || Pumustá. || r. met. Sumabad. ||Pumahá ang. || Makilahok; makipisan; mamagitan; magmasákit sa gawâ ó trato nang ibá. || Makipagáway. || Kung sa sugal ay: *magpustahan, magtáyaan*=*en el camino* Humálang sa daàn.

ATREVERSE. r. Mang̃ahàs=*á cosas grandes*. Mang̃ahàs na gumawâ nang malaking bagay=*con todos*. Ma-

ngahás na lumaban sa lahat.—*Atrevérsele á otro.* Lapastanganin ang kápowâ; pangahasán.

ATREVIDO, DA. p. p. ng *atrever y atreverse.* adj. Pangahás, || Lapastangan; paslang.

ATREVIMIENTO. m. Kapangáhasan. || Kapaslangin.

ATRIBUIR. a. irreg. como *huir.* Ibintang; ipagbúhat; ihinálâ, iparátang. v. gr. ME ATRIBUYES *la culpa,* ITINÁTABOY *mo,* ó IPINAGBÍBINTANG *mo sa akin ang sala=á otro.* Iparátang sa ibá. || r. Angkinín; ariing parang kaniyà ang anomang gawâ.

ATRIBUTO. m. Báwat isá nang mangá kalidad ó sangkap na sarili, na mabuti ó masamá man, nang isang bágay. || teol. Alinmán sa mangá kabagsikan nang Dios, sa makatuid ang kapangyarihan niyá, karunungan, kagálingan, etc. || Tandâ ó señal, na, nagpápakilala nang kaugalián, at tungkol nang mangá figura: para nang palma, ay tandâ nang pagdidíwang, ang oliva ay tandâ nang kapayapaán, etc.

ATRICIÓN. f. teol. Pagsisisi ó sákit nang loob sa pagkakásala sa Dios, dáhil sa bigat at kapangitan ng mangá kasalanan, ó dáhil kayâ sa tákot sa mangá hírap sa infierno, ó sa di pagkakamit nang kalualhatian, kasama nang tíkâ nang loob na di na muling magkásala.

ATRIL. m. Salangán nang libró sa pagbasa: atril. Lubhang gamit ng mangá músiko sa pagtugtog.

ATRIO. m. Harapang magmulâ sa pintóan hangang sa hagdanan ng mangá palacio. || Harapín nang manga simbahan bago dumating sa pintô.

ATRITO, TA. adj. May pagsisísing *atrición.*

ATROCIDAD. f. der. nang *atroz.* Malaking kabangisán ó kaliluhan. || fam. Kalabisan; kalaloan.

ATRONADO, DA. p. p. nang *atronar.* adj. Dulingás; dalosdalos. || adj. y m. Alb. Sinásabi sa súgat ng paá nang kabayo, na gawâ nang kukó nang kabilang paanan, na tinàtawag nating *ábot.*.

ATRONAR. a. irreg. como *acordar.* Makabingi, makatulig ang íngay ó úgong na malabis nang anomán. || Tuligín; lingawín. || r. Matulig; malingaw na mawalán nang díwâ, dáhil sa úgong nang kulog. || Mamalingming; mamatay ang sísiw sa loob nang itlog dàhil sa pagkádinig nang kulog.

ATROPELLAR. a. Sumagásang biglà sa ibábaw nang mangá tawo. || Pawalang kabuluhán ang mangá kautusán, kagalangán ó ibang bagay na ganganitó. || Dahasín; daanin sa lakás ò kapangyarihan. || Lapastanganin ang isá sa salitâ, na huag bigyang lugal na makasagot ó magmatuid. || r. Magmadalî nang labis ó magdalosdalos sa paggawâ ó pananalitâ=*en los negocios.* Magdalosdalos sa pagnenegocio ó paghahánap bùhay.

ATUFADO, DA. p. p. nang *atufar.* adj. Gàlit.

ATUFAR. a. ant. Magpagálit. || r. met. Magàlit. || Makásamio nang amoy na masangsang at masamâ, na isinísingaw nang anomán. Sinásabi namang ikinìkapit sa álak. || Magmulang masirâ ang álak ó anomang likor dáhil sa anomang singaw na ti-

nangap=*con, de una palabra.* Ikagálit ang isang pangungúsap =*por cualquier cosa.* Magálit dáhil sa anomán.

ATÚN. m. Bangús na malakì.

ATURDIDO, DA. p. p. nang *aturdir* at *aturdirse.* adj. Tulig; lingaw, dalosdalos.

ATURDIMIENTO. m. Pagkahilo; katuligàn; kalingawàn. || Pagkadalosdalos. || Pagkágikla.

ATURDIR. a. Tuligín; bingawín. || Makámanghâ. || Gulatin. || r. Matulig; malingaw; malingming.

ATUSAR. a. Pantaín ò husayin nang gunting ang buhok. || Husayin ang buhok, na basaín nang túbig at sakâ suklaín. Husayin; pagandahín; || r. met. Magkinís; maghúsay na malabis nang katawán at pananamit.

AUDAZ. adj. Pangahás.

AUDIENCIA. f. Ang *acto* nang pagdingig nang mangá harì, at ibà pang may kapangyarihan sa mangá táwong may sásabihin sa kanilá. || Ang *acto* nang pagdingig nang isang nakikipagusap na tangapín ang kaniyang mangá kahilingan.||Húkoman. Audiencia.

AUDITITO, VA. adj. der. sa lating *audiavir.* Ang súkat makáringig. || Ang náuukol sa pangdingig.

AUDITORIO, RIA. adj. m. Katipunan nang nakikinyig.

AUGURACIÓN. f. der. nang *augurar.* Húâ ò panghuhúlâ, sa lipad nang mangá ibon.

AUGUSTO, TA. adj. Kagalanggálang; dakìlâ.

AULLANTE. p. a. nang *aullar.* adj. Nagúungol; humúhulhol.

AULLAR. n. Umúngal; humulhol; umuwang. Ikinákapit làmang sa mangá aso at lobo.

AULLIDO. m. Úngal; holhol; owang.

AUMENTAR. a. Damihan; palakhín; dagdagân. || r. Dumami; kumapal.

AÚN. adv. t. Pa. v. gr. AÚN *estàs aquí? Nárito ka* PA?. AÚN *no. Hindì* PA; *dì* PA. || Namán; bagamán.

AUNAR. a. Pagisahín; ó pagsamahin; tipunin; pagpisanin. || Pagkásunduin. || r. Magsamasama; magpisanpisan, para sa anomang bàgay. || Magkáisaisa; magkásundô ang mangá nagkàkaalit ò nagkagalit. || Sumalamúhâ.

AUNQUE. conj. disyunt. Bagamán· bistâ; sukdang; káhiman. || Kàhit =*No.* Hindî man.

AURÉOLA. f. Sínag sa ulo ng mangá santó.

AURÍCULA. f. Alinmán sa dalawang pinakapakpak ò pinakataingâ mandín nang pùsô.

AURIGA. f. poét. Kotsero.

AURORA. f. Liwánag na nangúnguna sa sìkat nang àraw; bukang liwayway. || Ang pamulâ, ò ang mangà únang panahón nang anomang bagay. || Iinuming pinaglahok na katás nang almendras at pinagbabaran nang kanela. || pint. Kúlay na lumálabas sa pagkakálahok nang putî, pulá at azul.

AURRAUGADO, DA. adj. agr. Lúpang masamâ ang pagkáinang.

AUSENCIA. f. Pagalís; ó pagkawalâ. || Ang panahong walâ ang isang umalis. || Kawalán.

AUSENTARSE. r. Umalís; lumayô; pumánaw.=*de Manila.* Umalís sa Maynílâ.

AUSENTE. p. a. nang *ausentar* at *ausentarse* at adj. Walâ; nalis.

AUSTRAL. adj. der. nang *austro*. Ang nàuukol sa habàgat.

AUSTRIACO, CA. adj. Ang náuukol sa Austria. || m. y f. Tagá Austria.

AUSTRO. m. Habágat.

AUTO. m. for. Utos nang hukòm, na inilagdâ sa anománg *cáusa civil* ó *criminal*.

AUTÓGRAFO. m. Ang súlat na lagdâ nang sariling kamay nang may kathâ.

AUTOR, RA. m. y f. Púnong dahilán nang anomán. || Ang lumaláng nang anomán. || Ang gumawâ ng anomang kasulatan ó libró. Ikinákapit namáng sinásabi sa unang nagpanukálâ at gumawâ nang anomán.

AUTORIDAD. f. Kapangyarihan; pagkapúnô.|| Pùnô.|| Pagkaginoó; karángalan at kamàhalan. || Katutuhanan nang alinmáng bágay; paniniwálâ at pananampalataya sa anomán.

AUTORIZACIÓN. f. der. ng *autorizar*. Kapangyaríhan; kapahintulután. || Pagbibigay kapangyarihan ò kapahintulután.

AUTORIZAR. a. Bigyàn nang kapangyarihan, ó pahintulutang makagawâ ||Papagtibayin, ó legalisahín ng *escribano* ang anomang kasulatan, na gawing *fé pública*. || Patutuhanan ang anománg bágay, nang kapangyarihan, sentencia ò wíkâ nang isang autor. || Purihin=*con su firma*. Pagtibayin ng kaniyang firmá,

AUXILIAR. a. der. nang *auxilio*. Tumúlong; umanpón. || Umabúloy sa naghíhingâ'ô. || adj. y s. m. Tumútulong; ó tagatúlong; pangtúlong. || r. Magtulungán.

AUXILIO. m. Túlong; abúloy || Pagtúlong.

AVALUAR. a. der. nang *avalúo*. Halagahán ó tasahan.

AVALÚO. m. Paghahalagá; pagtasa.

AVANZAR. a. Iuna; isúlong. || n. Magpàuna; sumúlong. || n. mil. Sumúlong na lumaban; lumúsob=*al sitio enemigo*. Sumúlong na tumungò sa lugal nang kaáway=*hácia el sitio enemigo*. Sumúlong sa dakong lugal nang kaàway=*hasta el sitio enemigo*. Sumúlong hangang sa lugal nang kaàway.

AVARICIA. f. Walang tútong pagíbig sa kayamanan. Karamutan; dàmot; kasakimán.

AVARIENTO, TA. der. ng *avaro*. adj., m. y f. Marámot; masakim

AVARO, RA, adj. m. y f. Marámot; masakim. || Mapagimbot=*de riquezas*. Masakim sa kayamanan; mapagimbot nang kayamanan.

AVE. f. Ibon. Tungkol háyop na ang boong katawàn ó kalakhàn nang katawán ay nabàbalot nang balahibo, at dalawá lamang ang paá at dalawá ang pakpak, at ang karamihan ay lumílipad=*de paso*. Ang mangà ibong nagsìsi ípat nang ibang lugal pagdating nang isang kapanáhunan nang báwa't isang taón, at pagkuan ay áalis namán doón=*de rapiña*. Ang mangá sumísilâ nang kápowâ niyá ibon, at iba pang hàyop na kanilang nádadagit at pínapatay, para nang limbás, lawin, etc=*nocturna*. Ang mgá ibong, kung áraw ay nakaligpit, at sa gabi lámang lumílipad; para nang tigkalô, tiktik, paniki, etc.=*silvestre*; *brava*; *montaraz*. Ang mangá kailan ma'y hindî, ò

bihirang mapaámô, at lumálayô nang bayan=*fria*. met. Ang táwong tulóg at maik î ang ísip, ó ang tápang=*zonza*. met. fam. Ang táwong Pabayâ, simplé, makùpad at waláng talas.

AVECINDAR. a. Ipakipamayan. ‖ I ápit ang isang bágay sa ibà. ‖ r. Makipamayan.‖ Málapit, ò mátabi ang isang bágay sa isá=*en un pueblo*. Makípamayan, ó manirahan sa isang bayan.

AVEJENTAR. a. y r. Magmukhang matandâ nang dì panahón, dàhil sa mangâ hírap, ò karamdamang pinagtitiis.

AVE MARÍA. f. Ang abá ginoong María. ‖ Báwa't isá nang maliliít na bútil nang kuintás, at gayón ang itinátawag sapagka't sa pagdaraán sa kaniya'y dinádasal ang panalangîng yaón.=*al ave María*. mod. adv. Sa pagtatakip sílim=*en un ave María*. loc. fam. Sa isang sandalî.

AVENENCIA. f. Pagkakáisa; ò pagkakásundô.

AVENIDA. f. Bahâ. ‖ Ang daán, ó landas. ‖ met. Pagkakáisama; ó pagkakápisan nang maraming bàgay.

AVENIR. a. irreg. como *venir*. Pagayosin. ‖ Pagkásunduin ang mangâ kalooban. ‖ r. Umayon; umayos. ‖ Magkásundô; magkáakma; magkáisa, etc. ‖ Makipagkásundô etc.‖Magkásusundô. ‖ Ang participio pasivo nito'y ginágamit na kasama nang mangâ adverbiong *bien*, ó *mal*. v. gr. *Nagkákasundong* MABUTI Ó MAHÚSAY, *están* BIEN *avenidos; hindî nagkákasundô, estar* MAL *avenidos*. ‖ *Avenirse á todo*. Umayos sa bálang na=*con cualquiera*. Umayon, makipagkáisa sa kangínoman.

AVENTAJAR. a. Palalóin; iuna pahigtín sa ibá. ‖ r. Lumálô; humigit; umuna. ‖ Magkáhigitan =*á otros* Lumalô sa ibá=*en el saber*. Makahigit sa dunong.

AVENTAR. a. irreg. como *acertar*. Hunkoyín; ipahangîn.‖Paypayán ‖ Tangâyin nang hangîn ang anomán. ‖ m. t. y fam. Bugawin; paalisín; iaboy. ‖ r. Kabagan ‖ Mapunô nang hángîn ang anomân. ‖ met. Magtakbó; tumakas; magtumulin nang paglákad, etc.

AVENTURA. f. Pangyayáring kaibá. ‖ Pagkakátaon.

AVENTURAR. a. Ipagbakásakalî; ipagsápalaran. ‖ r. Magsàpalaran; magbakásakalî.

AVENTURADO, DA. p. p. ng *aventurar* y adj. Mápanganib.

AVERGONZAR. a., irreg. como *acordar*. Hiyaín; halayin. ‖ r. Mahiyâ; makutyâ.=*de pedir*. Mahiyang humingî.=*por una mala acción*. Makutyâ dáhil sa isang masamang gawâ; ikakutyâ ang isang masamang kilos.

AVERÍA. f. Ang kasiraang tinátangap nang mangâ kalákal, ò nang mangâ kayo. Kaugaliang iálong sabihin sa mangâ kasiraang tinátangap nang mangâ kalákal sa dágat. ‖ náut. Kasiraang nangyáyari sa daong, dáhil sa lakás nang hangîn ó nang simpok nang alon. ‖ fam. Alinmáng kapahamakân, ò sakunang dî hiníhintay, ó dì inàakalang dàrating. ‖ Ang kapisanan ng sarisaring ibon.‖ Báhay ó lugal na pinagaalagaán ng mangâ íbon.

AVERIADO, DA. p. p. nang *avería*, at *averiarse*. adj. Sirâ.

AVERIARSE. r. der. nang *ave-*

a. Masírâ ó mabulok ang anomán. Karaníwang sabihin sa mangá género at kalákal na dalá ng sasakyân.

AVERIGUAR. a. Palitawín ang katutuhanan. || Usisáin; siyasatin. || Magtanong.

AVERSIÓN. f. Dúmal; suklam, na tinátaglay sa kápowâ, dáhil sa dî pagkakáakmâ nang ugâ î, etc.

AVIAR. a. Ihandâ; ó igayák ang báon. || Dalidalíin ang pagyárî nang guinágawâ. || r. Humandâ; gumayak sa paglákad. || Magbihis.=*de ropa*. Maghandâ nang damit na bábaunin ó kailangan.=*para salir*. Gumayak nang pagalís.

AVINAGRAR. a. Paasimin ang anomán. || r. Umàsim. || Maging súkâ.

AVISADO, DA. p. p. nang *avisar* y adj. Datihan; matunog; matalas.

AVISAR. a. der. nang *aviso*. Magbigay alam; magsabi. || Sumaad. || Magbalítâ; magsumbong.||Magbabalâ; humátol; umáral.

AVISO. m. Balítâ; babalâ.

AVISPA. f. Putaktí.

AVISAR. a. Mátanaw. || r. Makipagkita; dumàlaw ang isá sa kápowâ niyá para makipagúsap nang anomàn.

AVIVAR. a. Pasiglahín; buhayin ang loob, papaginitin; dalidaliin. || Isúlong ang apuy; kahigin ang ílaw at nang lá ong magningas. || n. y r. Magsaúling lakás; lumakàs ulî ang ísang may sakit na naglubhâ na.|| Sumiglá.

AXIOMA. m. Púnong áral; na gawâ nang mangá pantás,

AY. interj. nang sákit ó hírap. || m. pl. Buntong hiningá; aing.—*Ay de mi!* Abâ ko! sa abâ ko!

AYEAR. n. der. nang *ay*. Magbubuntong hiningá; umaingaing; magaay.

AYER. adv. t. Kahapon.=*tarde*. Kahapon nang hapon.

AYO, YA. m. y f. Nang una ay gayón ang táwag sa tagapagalágâ nang bátâ: ngayón ay sa tagapagtúrô sa bàtâ.

AYUDA. m. Túlong; saklolo. || Pintakasi; abùloy.||Ang magtatangad; ó tagaigib, nang mangá pastol. || Lavativa.=*de cámara*. Ang alílang tagaáhit, tagasuklay at tagapagbihis nang kaniyang panginoón.=*de costa*. Ang abúloy na salapî, bukod sa sueldo.

AYUDANTE. p. a. nang *ayudar*. Ang tumútulong; katúlong ó nakatútulong. || m. Katungkúlang militar na may sarisáring grado, at pangalan. May *ayudante general*, *ayudante mayor* at *ayudante de campo*, ayon sa ibatibá nilang tungkol.

AYUDAR. a. Tumúlong. || Sumaklolo.=*(á su hermano) à subir*. Tulungan (ang kaniyang kapatid) na pumanhik=*(à alguno) en una pretención*. Tulungan (ang sínoman) sa isang lákad ó nilálakad=*à bien morir*. Tumúlong sa naghihingalô, ó magpahesùs.

AYUNAR. n. Mangilin sa pagkáin; magkolasión.—*Estar en ayunas*. m. adv. met. y fam. Huag matarok ó huag máintindihan ang isang bágay.

AYUNQUE, ó YUNQUE. m. Palihán.

AYUNTAMIENTO. m. Ang kapisanan nang mangá *alcalde* at *regidores*, na namámahalâ sa isang bayan. || Pagapid.

AYUSTE. m. náut. Dugtong; ó

pagkakádugtong nang dalawang dulo nang lúbid.

AZADA. f. agr. Asarol; panghúkay.

AZADONAR. a. der. nang *azadòn*. Magasarol; asarolín; hukayin nang asarol.

AZAFRÁN. m. bot. Kasubhá.

AZAFRANADO, DA. adj. Kúlay *azafràn*; ó dilaw.

AZAFRANAR. a. der. nang *azafràn*. Tináin nang kasubhâ. || Lahokán; tunawan nang azafrán ang anomán.||Kasubhaán.

AZAHAR. m. bot. Bulaklak nḡ lukbán ó dáyap.

AZÓFAR. m. Tangsóng dilaw.

AZOGAR. a. der. nang *azoge*. Asugíhan; ó lagyán nang *azogue* ang anomán.

AZOGUE. m. Metal na putî at tunaw. Azogue. || pl. Ang manḡá daóng na nakataán sa paghahatid nḡ *azogue* sa América na búhat sa España.

AZOLAR. a. irreg. como *acordar*. carp. Darasín, ò tabtabín nang darás.

AZORRARSE. r. Magparang nákakatulog dáhil sa malubhang sakit ó bigat nang ulo. || Malanḡó nḡ labis.

AZOTACALLES. m. palab. comp. nang v. *azotar*. at s. *calle*. fam. Hampaslúpâ.

AZOTAR. a. der. nang *azote*. Hampasín; palùin.||met. Magpasagiok nang anomán. || r. Magpàlô. || Magpaluán.

AZOTAZO. m. aum. nang *azote*. Làtay na malakí sa puit. || Hampás na malakás.

AZÚCAR. com. Asúkal.=*cande* ó *candi*. *Azúcar piedra*. Asúkal de piedra.=*de flor*. Ang lálong maputî at malinis na asúkal, ó ang lálong refinado.=*de pilòn*. Ang asúkal na kung mapalínaw nang magaling at malagyán na, nang karampátang puntó, ay inilálagay sa manḡá pilóng lúpâ, at nang magkaroón nang gayong hitsura at lumabás na maputî at matigás kay sa pangkaraniwan. =*de lustre*. Ang binayò at sinàlâ. =*de quebrados*. Ang pirápiraso dáhil sa dì tumigás na mabuti.=*de redoma*. Ang ipinápahid sa lunas at lábî nang manḡá redoma na kinálululanan nang *jarabe violado* ò ibang ginàgamit na pangpalubay nang dibdib =*mascabada*. Ang marumí ó kalàmay.=*rojo* ó *roja*. Ang bulâ at mḡà duming napaíibabaw nḡ asúkal.

AZUCARILLO. dim. nang *azúcar*. m. Karamelo.

AZUZAR. a. Magpahuyá; ó magpahiyá. || met. fam. Pagalitin; sulsulán. || r. Maghamonán.

B

BABA. f. Láway na umàagos sa bibig, dáhil sa kasaganáan ó sa ibá kayang dahilán. Gayon din ang táwag sa láway nang sapsap, ó ibá kayang háyop na nagkákatay.

BABADA. f. Butó sa balakang ng̃ háyop.

BABADOR. der. nang *baba*. m. Damit na salùpil sa dibdib, na panáhod nang láway. || Salúpil sa dibdib nang bátâ.

BABEAR. n. der. nang *baba*. Maglaway.

BABEO. m. der. nang *baba*. Paglalaway; pagkakatay nang láway.

BABIA. (ESTAR EN) fr. fam. Malibang, na ibá ang máisip, at huag ang pinagsásalitaanan ó ginágawâ.

BABILONIA. f. fam. Kaguluhán; ó kaing̃ayan nang maraming tawo. —*Es una babilonia.* fr. fam. Na ipinagpapaintindí nang kaguluhang nagbùbuhat sa daksâ nang maráming tawo.

BABOR. m. náut. Tagilírang kaliwâ nang sasakyán, kung nakaharap sa doong.

BABOSEAR. a. Punuín nang láway; tilamsikán.

BABOSO, SA. der. nang *baba*. adj. Naglálaway, mapaglaway. || fam. Ang maiugín at lubhang mapaglingkod sa mang̃a babayi. || met. Marumí; salaúlâ.

BABUCHA. f. Isang klaseng sapín na gámit nang mang̃a turko.

BACALAO. m. Bakalaw. || met. Ang táwong payat at tuyô.

BACANALES. adj. f. y pl. Kapistahan ni Bacò. || f. pl. met. Pagtitipon na ang lugod sa álak at sa kalupaán ang nagháharî. Ginágamit namang parang *sustantivo común*, singular at plural.

BACIA. f. Sisidlán nang pangbasâ nang balbás.

BASIN. m. Tataeán. Basín.

BACO. m. Dios nang álak. || met. fam. Ang álak.—*Ermitas de Baco.* Ang mang̃á tindahan nang álak.

BÁCULO. m. Tungkód na mahábâ, na gámit nang matatandá ó mahihínâ. || met. Kaaliwán; alálay; v. gr. *ang mang̃à anak na mabuti ay isang* KAALIWÁN, ó ALÁLAY *nang àting katandaán; el hijo virtuoso es el* BÁCULO *de nuestra vejez.*

BACHE. m. Hukayhukáy nang mang̃á lansang̃an. || Ang lugal na pinagkúkulung̃an sa mang̃á tupa úpang magpawis bago alisán nang balahibo.

BACHILLER. m. Bachiller. || adj. fam. Ang masalitáng lubhâ at labàs sa panahón, ó walâ sa lugal manalitâ.

BACHILLERA. f. Babaying hunghang, na masalitâ at mapagdunungdunung̃an.

BACHILLEREAR. n. Magsasalitâ nang malabis at walang kasaysayan.

BACHILLEREJO, JA. dim. ng̃ *bachiller*. m. y f. Bachiller na walang nálalaman.

BADAJO. m. Panugtog; dílâ; bayág nang kampánâ. ‖ met. Ang masalitang mangmang at hunghang.

BADIL ó BADILA. m. Pangsúrong maliit nang baga.

BADULAQUE. m. met. y fam. Táwong mangmang; ó maiklî ang katuwiran.

BAF. interj. na guinágamit sa pagpapakilala nang pagkasuklam.

BAGAJE. m. Háyop na kalgahan. Gayon dín ang táwag sa kalgá at sa katipunan nang mang̃á kalgáhang háyop nang isang hukbó.

BAGATELA. f. Bágay na múmuntî ang halagá.

BAGAZO. m. Sápal.

BAH. interj. fam. Na ginágamit sa pagpapahalatâ nang dî paniniwálâ, gálit ó pagkainip.

BAHÍA. f. Lalawigán; look.

BAILABLE. adj. der. nang *bailar*. Alinmáng tugtugin, na masásayawan. ‖ m. Ang sayaw.

BAILADOR, RA. m. y f. Mapagsayaw.

BAILAR. n. der. nang *baile*. Sumayaw; umindák; magtalik. ‖ Umikitikit. = *al son*. Makiugálì; makibágay.

BAILARÍN, NA. m. y f. der. nang *bailar*. Mánanayaw.

BAILE. m. Sayaw.

BAJA. f. Pagbabawas ó pagbabâ nang halagá. ‖ Tandâ ò listá nang nagkúkulang ò nagkákasakit na sundalo, at gayòn din ang táwag sa papeletang ibinîbigay sa kanilà at nang sila'y tangapín sa *hospital*.

BAJADA. f. Pagbabâ ò pagpanáog. Daán sa pagbabâ. ‖ Dalisdís.

BAJAMAR. f. palab. comp. ng̃ *baja*, at *mar*. Kahanganan nang kati nang túbig sa dágat; katíhang malakí.

BAJAR. n. Lumúsong; bumabâ; manáog; tumugpá; lumibís; umibís. ‖ Lumiit; umuntî; at sinásabing LUMIIT, UMUNTÎ, UMIBÍS, BUMABÁ *ang lagnat, lamig*, ó *halagá*, BAJÓ *la calentura, el frio, el precio* ó *valor*. ‖ a. Ibabâ; ipanáog. ‖ Babáan, at sinásabing BAJAR *el suelo;* BABÁAN *ang sahig*. ‖ Yumukô; iyukô; at sinásabi, BAJAR *la cabeza*, YUMUKÔ, ó IYUKÔ *ang ulo*=*á la cueva*. Manáog ó lumúsong sa yung̃ib = *de casa*. Manáog nang báhay=*por la escalera*. Pumanáog sa hagdán, ó ipanáog, na sa hagdán idaán.

BAJEL. m. náut. Daong, at alinmang sasakyang makapaglálayag sa dágat na malakí.

BAJELERO. m. der. nang *bajel*. náut. Ang púnô, ó may árî nang daong.

BAJEZA. f. der. nang *bajo*. Kabulisikan; kababáan nang kilos; kagagawang ugálî nang tawòng hámak ó alipin; kabastusán.

BAJÍO. der. nang *bajo*. m. Pungtód na bukang̃in; pulô sa dágat; kababawan.

BAJO, JA. adj. Mababâ; maliputò. ‖ Mabábaw. ‖ met. Kacutyâkutyâ; hámak. ‖ Yukô, para nang: *cabeza* BAJA, *ulong* YUKÔ. ‖ Kung kùlay ang pinagsásalitaanan ay: *patay na kù-*

lay. || adv. l. Sa ibabà. || prep Sa ilàlim. || adv. m. Pakungbabà. || m. Sa músika ó sa tugtugin ay *bajo.* || Ang puntód na buhangin sa dàgat; kababawan. || Kalaliman; ó lugal na malàlim. || pl. Ang pangloob na damit nang mangà babayi=*de cuerpo.* Pandak=*en su conducta.* Hámak sa kaniyang paguugálì.

BALA. f. Punglò ò bala.

BALADRÓN. m. Búngangaan, ó duág na mapagtapangtapángan.

BALADRONEAR. n. Mamansá, ó magtapangtapangan. || met. Maghangín.

BÁLAGO. m. Dayami, na buô ó mahábâ. || Bulâ nang sabón.

BALANCE. m. Gíwang nang sasakyán ó nang anomán.||comer. Pagbibílang nang kabooán nang kalákal at salapî.

BALANCEAR. der. nang *balance.* n. Magbílang nang kabuoán. || Kumilingkíling; gumiwanggíwang. || met. Magalangán; magalapaap; umalapaap ang loob sa pagpasiyá ó pagpapatuloy nang anomán=*en la duda.* Umaalaalapaap ang loob sa pagaalangán. || a. Pagpantayin ó pagparisin ang bigat ng dalawáng bágay sa timbangan; pagtimbangín sa talaró.

BALANO. m. anat. Dulo nang kabahagi ó nang púnong katawán.

BALANZA. f. Timbangan; talarô. || met. Pagkukúrò, ó paguuwiuwì sa ísip nang katunayan ó kabagayán ng anomán=*de comercio.* Ang estado ng pagpaparis nang nánasok at lumálabas na kalákal sa isang lúpà.

BALAR. n. Umiyák ang mangá tupa=*por algo.* fr. met. y fam. Magnásang mahigpit nang anomán=*de hambre las ovejas.* Umiyák ó umungà sa gútom ang mangá tupa.

BALAUSTRAR. der. nang *balaustre.* a. Barandiliasán, ò lagyàn ng barandiliás.

BALAUSTRE. m. Barandiliás,

BALAZO. m. Támâ nang bala.

BALBUCEAR. n. Umutalutal; umamilamil.

BALBUCIENTE. p. a. nang *balbucir,* y s. y adj. Amil; utal; ngawil.

BALBUCIR. def. na walâ kundî ang p. a. *balbuciente.* Umutalutal || Úutalutal.

BALCÓN. m. Palababahán. || Bintànang malakí, na may barandiliás.

BALDAR. a. Salantaín ang alinmang kasangkapan nang katawán, at mawalang kabuluhán na huàg magámit. Sa larô ng baraja ay *pumalió.* || r. Mabaldá. Lálong kagamitán sa recíproco, at reflexivo=*de una pierna.* Mabaldá nang isang paá=*con la humedad.* Mabaldá sa malamig na singaw nang isang lugal.

BALDE. m. Taong, ó toong; baldé=*de balde.* mod. adv. Walang báyad; kaloob. Murangmura; hàlos walang báyad.—*En balde.* mod. adv. Walang pakinábang; walang máhità.

BALDEAR. a. nàut. der. ng *balde.* Baldihang linisin ang sasakyán.||Magbaldé.

BALDÍO, DÍA. adj. Lúpang bayan, na hindî ginágawá at hindî nagpápastulan ni hindí pinakíkinabangan nang háyop man. || Táwong galà; lagalàg,—*Ese es un baldio.* fr. Iya'y isáng táwong tapón ò lagalag.

BALDÓN. m. Kamurahán; sipháyô.

BALDONAR. a. der. ng *baldón.* Murahin; siphayóin ang sarili.

BALDOSA. f. Lariong parisukat.

BALIDO. m. Iyak nang tupa.

BALIJA. Kabankabanang kátad na lalagyán nang báon nang nañgaglálakbay bayan. || Simpanan nang mañgá súlat na dalá nang *correo* at kung minsan ay sinásabing kapalit nang salitang *correo.* || náut. Palútang ò palitáw; na inilálagay na parang tandâ sa mañgá lugal na mapañgánib sa dágat ó sa ílog.

BALOTA. f. Pelotiliang gámit sa pagbobotohàn ó paghahalal.

BALSA. f. Labák.||Lámò.||Bangkilas ó balsá. || Sa mañgá hapitán ó alakán ay ang pinaglálagyan nang mañgá látak; túbig at ibá pa, na tinátawag nating *balsá* ò *tangké.*

BALSAMERITA. f. der. ng *bálsamo.* Sisidlán nang bálsamo ò pabañgó

BALSAMINA. f. Ampalayá; ó apalayá.

BÁLSAMO. m. bot. Katás, ó dagtâ ng kàhoy na ang ñgála'y bálsamo. || med. Ang lálong pinakamalinis ng dugô natin. || far. Gamot na itinátapal sa mañgá súgat at iba pang sakit. || met. Kaaliwán; lugod.

BALSEAR, a. der. nang *balsa.* Magtawid sa ílog na maglámô, ò mag balsá.

BALUARTE. m. fort. Maliít na kútà || met. Tangulan at saklolo: para nang, BALUARTE *de la iglesia,* TANGULAN AT SAKLOLO *nang iglesia.*

BALUMBA. f. Ang buntón nang maraming bágay na samasama.

BALUMBO. m. Mábunton. Sinásabi sa mañgá bágay na malakí ang buntón kay sa bigát.

BALLENA. f. Dambuhálà.

BALLENATO. m. dim. nang *ballena.* Ang daong na nanghúhuli nang dambuhálâ. || Manghuhuli nang dambuhàlâ.

BALLESTA. f. mil Mákina sa una na gámit sa pagbabaka. || Búsog.

BAMBOLEAR. n. y r. Umugoyugoy; pumalingpáling; gumibanggibang. || Sumuraysúray. Maoyot.

BAMBOLEO. m. Pinalingpáling; iniugoyugoy nang anomán.

BANCA. f. Bankô ||Sugál na monte. || Kahong káhoy na nilúlulanan nang naglálaba, nang hindî tumangap nang lamíg nang singaw nang túbig na ipinaglálaba. || Bàhay na pinaglálagyan nang salaping íbig isimpán, na may pakinabang na nátatangap ang balang naglálagay at may katibayan.

BANCAROTA. palab. comp. ng *banca,* at *roto, ta.* f. comer. Pañgulugi; ó pagkáhapay nang magkakalakal.

BANCO. m. Bangkô.|| Sa mgá sasakyáng ginàgauran, ay ang ùpuang nilúluklukan nang mañgá mangagáod. || Báhay na pinaglálagyan nang salaping íbig isimpán, na dito'y may pakinábang na nátatangap ang bálang naglálagay, at may katibayan. Tinátawag din nating *banco*: para nang *banco de Isabel II* noong áraw, at ñgayo'y siyang *Banco filipino—de arena.* Buntón nang buhañgin; ó kababawang pulós na buhañgin, na tumútubô sa gitnâ nang dàgat at nang mañgá ílog, na dáhil dito'y dì maraanan ang lugal na yaón nang mañgá sasakyán.

BANDA. f. Sakbat ó banda. || Dápit; lado; gawî. v. gr. *De la* BANDA *de*

acà; sa DÁPIT *dito, sa* BANDANG *itò,* ó *sa* BANDÁ *dito, sa* GAWING *itó.*||Sa mañgá magdaragat ay: *tagiliran nang sasakyán.* || Pulutòng; kampón. || Kawan nang ibon.—*Caer ò estar en banda.* fr. náut. Lumawlaw: kayâ sinásabi kapag ang isang lúbid ay dì batak na *cabo que* ESTÁ EN BANDA; *lúbid na* LAWLAW.—*Dar á la banda.* fr. náut. Itagílid ang sasakyán, at nang málinis ó mákumpuni.

BANDADA. f. Kawan nang mañgá íbong sabaysabay na nagsísilipad.

BANDEJA. f. Bandeja.

BANDERA. f. Bandílâ; watáwat = *de paz.* Ang inilálagay nang mákilalang magkaibigan. – *A banderas desplegadas.* mod. adv. Nang boong kalayaán.

BANDERILLA. dim. nang *bandera.* f. Bandibandiláan na ipinápakô nang mañgà torero sa toro.

BANDEROLA. f. dim nang *bandera.* Bandilang muntî. || Ang bandílang muntî na inilálagay sa mañgâ larawan nang pagkabúhay na magulî ni Kristo, ni San Juan at ibá pá.|| Ang kapirasong kayo na nakakabit sa tagdán nang sibat nang mañgà daragón, na, na sa ilálim nang talim.

BANDIDO. m. der. nang *bando.* Tulisán; manghahárang.

BANDO. m. Kautusáng ipinaháhayag sa kalahatán; pagpapaháyag nang kautusán. || Kampon; kampí: kàbig, etc.

BANDOLA. f. Isang instrumentong parang gitarra.

BANDOLERO. m. Manghahárang; tulisán sa mañgá lansañgan.

BANDOLÍN. m. mus. Bandulong muntî na àapat ang kuerdas.

BANDULLO. m. fam. Tián. || Mañgá bituka.

BANDURRIA. f. Bandulóng muntî.

BANQUERO. der. nang *banca.* m. comer. Ang may arî nang bàhay na pinaglálagyan nang salapî, na tinátauag na *casa de banco,* etc. || Sínomang mánãngalakal na may puhúnang malakí. || Montero.

BANQUETA. der. nang *banco.* f. Uupáng muntî, na ginágamit nang mañgá zapatero, at ibà pa.

BANQUETE. m. Piging, ò káinang malakí.

BAÑADERO. m. Lúbalubàn.

BAÑAR. a. Magpalígô || Abutin; makalatan, madilig nang lakí nang túbig nang dágat ó ílog ang anomàn. || Umábot; lumátag; ó mások ang síkat nang áraw sa alinmang lugár. || Kulapulan ang isang bágay nang anomang pangpatíbay. || r. Malígô; mambô.=*con, de lágrimas.* Malígô nang lúhâ=*en làgrimas.* Malígô sa lúhâ.

BAÑERO. der. nang *baño.* m. Ang may árî nang páliguan; ò ang nagaalágâ noòn.

BAÑO. m. Palilìgô; pagpapalígô; pambô. || Páligoan || Ang mañgá túbig na nagágamit sa pagpalígô, at lugal na kinádodoonan. Kaugaliang gamitin sa plural, para nang: *ang mañgá* TÚBIG ó PÁLIGUAN *sa Sibol; los* BAÑOS *de Sibol.* || Ang asúkal na ibinábalot sa anomang bunga nang kàhoy: ang pagkit ó pintá na pinaglubugán nang anomán.

BAPTISTERIO. m. Pinagbíbinyagan.

BAQUETA. f. Paniksik nang tako nang armas de fuego, ó baketa nang

baril. ‖ pl. Panugtog nang̃ tambol, ó baketa nang̃ tambol. ‖ met. Isang bágay na parusa.

BAQUETEADO, DA. p. p. nang *baquetear*. adj. Datihan ó bihasa sa hírap, ò sa paggawâ.

BAQUETEAR. der. nang *baqueta*. a. met. Makayamot; ò yumamot na lubhâ ‖ met. Hiratihin sa hírap.

BARAJA. f. Baraha.

BARAJAR. a. Bumalasa; suksukín ang baraha.

BARANDA. f. Barandiliá; gabay; balandra naug billar.

BARANDAL. m. der. nang *baranda*. Pinakagililan na kinátatamnan nang barandílias.

BARATERO. m. der. nang *barato*. Mapanghingî nang balato.

BARATO, TA. adj. Mura; mabábâ ang halagá. ‖ met. Maluag gawín, ó kamtán. ‖ m. Balato nang mang̃á nagsísipanalo sa sugal. ‖ adv. m. Sa mababang halagá; mura.

BÁRATRO. m. poet. Infierno.

BARATURA. f. der. nang *barato*. Kamurahan; kababáan nang halagá.

BARAUNDA f. Malaking kaguluhán at íng̃ay. ‖ Sigawan.

BARBA. f. Bábâ ‖ Balbás; gumí. ‖ pl. Balahibo ò himulmol nang anomán, kapara nang sa pluma, papel. =*de zamarso*. exp. na pang̃iit sa may makapal na balbás at masamâ ang túbô ò maguló.=*honrada*. met. Ang táwong dapat kaling̃àin at igálang. —*A la barba, en las barbas, en sus barbas*. adv. Sa harap niyá; sa mukhâ niyá.=*Hacer la barba*. fr. Magáhit; ahitin ang balbás. Maglang̃ís; mangbíbô.—*mentir por la barba ó por la mitad de la barba*. fr. fam. Magsinung̃aling na may taglay na kapang̃áhasan at katampalasanan.—*Pelarse las barbas*. fr. met. Magpakita ó magpahalátâ sa kilos nang malaking gàlit at poot.—*Barba á barba*. mod. adv. Mukhàan; tálampakan.

BARBADA. f. der. nang *barba*. Bábâ nang kabayo. ‖ Tanikalang salumbabâ nang freno.

BARBADO, DA. adj. May balbás. ‖ m. Punglang may ugát. ‖ Ang tawo. ‖ Ang alinmán sa mang̃à anak ó supling nang káhoy na buhay, na nagsísitubò sa paibid nang kinátatamnan niyang lúpâ.

BARBAR. n. Magpamulang magkabalbàs. ‖ Magkaugat, ó magugat ang halaman.

BÁRBARA (SANTA.) f. Tíngalan nang pólvora sa mang̃á sasakyán nang harì.

BARBARIDAD. f. Kabang̃isán. ‖ Gawâ ó wíkang walang taròs ó walang tuto; gawâ ó wíkang hunghang; ó gawâ ó wikang lubhang pang̃ahás. ‖ Kakulang̃án nang mabuting pinagaralan ó kílos.

BÁRBARO, RA. adj. Mabang̃ís. ‖ Pang̃ahás, walang taròs. ‖ Bastós na tawo.

BARBEAR. n. der. nang *barba*. Lumukso nang pantay bábâ, at kayâ sinásabi sa mang̃á toro, baka, kabayo at ibá pang hayop na nagsísilundag nang pantay babâ, na: *barbea*. ‖ met. Málapit; ó halos pumantay ang isang bágay sa taas ó galing nang ibá.

BARBECHAR. a. der. nang *barbecho*. agr. Bungkalín; ararohin ang lúpà. Ito'y itinátawag sa unang daán naug araro: sa ikalawá ó ikatló, ó *háló* bagá ay *binar*.

BARBECHO m. agr. Bungkal; ó ang únang paglilinang; ó pagararo na ginágawâ sa lúpâ.||Lúpang araró ó linang na.

BARBERO. m. Mangaáhit nang balbá; mangugupit.

BARBICANO, NA. palab. comp. nang *barba*, at *cano, na.* adj. May uban ang balbás; ó balbás na may uban.

BARBIESPESO, SA. palab. comp. nang *barba* at *espeso, sa.* adj. Masinsín ang balbás.

BARBIHECHO, CHA. palab. comp. nang *barba*, at *hecho, cha* adj. fam. Bagong áhit nang balbás.

BARBILAMPIÑO, ÑA palab. comp. nang *barba*, at *lampiño ña.* adj. Madáang ang balbás; ó walang balbás.

BARBILLA. f. dim. nang *barba.* Dulo nang balbás.||Dulo nang bàbâ. || vet. Pigsang maliit; ó súgat na tumútubô sa ilálim nang dílâ nang mangâ kabayo, at kung lumakí ay siyang dî magpakáin sa kaniyá.

BARBÓN m. dim. nang *barba.* Lalaking mabalbás; ó balbasin.

BARBOQUEJO. m. der. nang *barba.* Salongbabà nang sambalilo ó sakot. || Ang lugal nang á î nang kabayo na tinátalnaan nang barbada.

BARBOTAR. a. fam. Mangùsap nang nagkákakaling, ó nagkàkadaiti ang ngipin, na dî máintindihan ang sinásabi. || Mangúsap nang pangawil; ó pabulongbulong.

BARBUDO, DA. adj. der. nang *barba.* Balbasin.

BARCA. f. Bangkâ, ò sasakyang muntî.

BARCAJE. m. der. nang *barca.* Ang upa sa bangkâ nang pagtawid sa ílog, ó nang paghahákot sa ílog nang anomán.

BARCO. m. Sasakyàn; daong.

BARDAR. a. Lagyàn nang siit ang bakod.

BARGA. f. Ang lugal na lálong matarik nang isang gulod.

BARLOVENTO m. náut. Dákong pinagmúmulan nang hangin.

BARNIZ. m. Pangpakinang. Barniz || Ang púpol na ipinápahid sa mukhâ nang mangâ babayi. *de pulimento.* Ang barniz na kung matuyô ay nagtitigastigas na parang bató.

BARNIZAR. a. Pakinangín; barnisán || r. Magkabarnís.

BARÓMETRO. m. Kasangkapang bùbog, na sa pamagitan nang *azogue* ay nákikilala ang pagbabago nang panahon. Itoʻy sa wíkang griego gá ing.

BARÓN. m. Isang ngá'an nang pagkaginoò, na para namán nang *conde, marqués.*

BAROSANEMO. m. fis. Kasangkápang ikinákilala nang lakás nang hangin. Itoʻy wikang griego.

BARQUEAR. n. der. nang *barca.* Mamangkâ || Hakutin nang bangkâ ang anomán.

BARQUERO. der. nang *barka.* m. Bangkero; mámamangkâ.

BARQUILLA. f. dim. nang *barca.* Bangkang muntî. || art. Tablang muntíng panùkat nang naitátakbo nang sasakyan. || art. Bangkabangkáan na hulmahan nang mangâ pastel.

BARQUILLO. m. dem. ng *barco.* Barkong muntî. || Isang kakanín, na harínang ualang levadura, na may timplang matamís, at ang tabas ay

parang isang bansî, na ang tàwag din natin ay *barquillo*.

BARQUÍN. m. Bubulusang malakí na ginágamit sa mangá pandayan.

BARQUINAZO. m. fam. Kalabog nang katawang nabual ò nahùlog.

BARRA. f. Bákal na panhalikuat nang mabibigat. || Tehong gintô, bákal ó pilak, etc.|| Pulô sa wawâ nang dágat, na buhangin ò bató || Wawâ; sabang. || pl. Sa bastidor nang pagbobordá ay ang dálawang patpat, ó kahoy na ipinalóloob sa káyong panggílid nang káyong binobordahan, na kinákakapitan ó tinatamaan nang lúbid na panghigpit ó pangluag —*Á barras derechas.* mod. adv. Walang dáyâ *de barra á barra* mod. adv. Magkabikabilâ, ó magkabikábilang dulo.—*estirar la barra.* fr. met. Gawín ang boong pagpipipit na magágawâ, ùpang kamtán ang anomàn.

BARRACA. f. Kubo; salong; dampâ.

BARRAGANA. f. Ang babayi na kasamang naninira sa bàhay nang kumakalunya sa kaniyà. || Kálunyang babayi.

BARRANCA. f. Lodlod; húkay nang agos nang túbig sa mangá daàn, etc.

BARREAR. a. Sadhán; pagtibayin nang bákod na matíbay ang anomang lugal, na, nakawatáwak. || Ankupán na pagtibayin ang anomán, nang mangá aldabang bákal ó ibang bágay kayâ. para nang ginágawâ sa mangá baul, etc.

BARRENA. f. Pangbutas. || Barrena; balíbol.

BARRENAR. a. der. nang *barrena.* Butasin nang barrena; barrenahin. || met. Sirâin ang lakad, ó nàsâ nínoman.

BARRENDERO, RA. der. nang *barrer.* adj. Tagapagwalís.

BARRENO. m. Barrenang malakí: itó ang karaníwang kahulugan kung ginágamit sa *masculino* || Butas na gawâ nang barrena. || met. Kahambugán; kataasan.—*Dar barreno.* fr. nàut. Butasin ang sasakyàn at nang lumubog.

BARREÑO. m. Kamaw, pasô. || Langyâ.

BARRER. a. Magwalís; magpalís. || Magpunas. || met. Linising simutín, na huag magiwan nang anomangánomán nang bágay na nakalagay sa isang lugal.

BARRERA. f. der. nang *barro.* Lugal na kinúkunan nang lúpang gagawing saro, palayók, bangâ.||Ang buntón nang lúpâ na nátitira, kung makuha na ang asín. || Ang sálansanang pinagtàtaguan nang kasangkápang lúpâ. || Hadláng nang kútâ, na pinagkákanlungan nang sundalo; sa *plaza de toro* ay ang bákod na káhoy at tablá nang huag makalabás ang toro, at huag makasakit sa nanúnuod: sa mangá tulay at daán ay ang hálang at nang huag makalampás ang mangá nagdáraang hindî pa nagbábayad. || met. Kapinsaláan; hadlang.

BARRERO. m. der. nang *barro.* Mangagawâ nang palayók, pasô, etc. || Kukunán nang lúpang ginagawang palayok, etc.

BARRETA. f. dim. nang *barra.* Landok, ó barreta.

BARRIGA. f. fam. Tiàn; buyón;

at alinmang lugal na pinakamatambok nang isang bágay na para ng balíkat nang tapayan.

BARRIGUDO, DA. adj. der. ng *barriga*, Búyunin; ó malakí ang tiyán,

BARRIL. m. Bariles.

BARRILERO. m. der. nang *barril*. Manggagawâ nang bariles; magbabari és.

BARRILETE. m. dim. nang *barril*. Bariles na muntî.

BARRILLA. f. dim. nang *barra*. Damó na tumùbô sa tabing dàgat, na ang abó niya'y siyang kinúkunan nang *sosa*. || Ang abó nang damong itò.

BARRIO. m. Isang bahagi nang bayan. || Nayon ò barrio.

BARRO. m. Pútik; lúsak. || Mangá sisidláng lúpâ; sa makatowid, ang mangá sáro, pasô, etc. || pl. Mangá mansang mapulapulá na sumísipot sa mukhâ, láló na sa mangá bágong tinútubuan nang balbás.

BARROSO, SA. adj. der. nang *barro*. May pùtik; mapútik ó putikín; lusakín. Parang pútik. || Sinasabi sa mukhang may mansang tinátawag nang kastílang *barros*.

BARROTE. m. Bákal na pangpatíbay na inilálagay ò ikinakabit sa ilálim nang mangá mesa, kabán ó bintánâ. || Ipit nang mangá palárindingan nang báhay.

BARRUNTAR. a. Halatain; sapantah in.

BARRUNTO. m. Paghalatâ; pagpansín.

BARTOLA. f. fam. Tiyân.—*á la bartola*. loc. fam. Patihayâ; nakahiyáyâ, walang anomangináalaala.Ginágamit na kasama nang mangā verbo *echarse* at *tenderse*.

BÁRTULOS. m. pl. met. Mangá kasangkapan at kailángang pinamámahalaan ó negosiong hináhawakan. || Kasangkapan nang báhay.

BARULLO. m. fam. Kaguluhán; dî pagkaká nayaw, pagkakáhalohalô nang sarisáring tawo.

BASA. f. Nakabaung pùnô, at kínátatakaran ó pinanínibayan nang haliging bató, estatua, ô torre. || met. Ang púnô ó dahiláng pinakakáuuwa nang anomang bágay.

BASAMENTO. m. der. nang *basa*. arq. Patakaran nang isang *columna*, at sakop nang pangálang itó ang *cimiento* at ang *pedestal*.

BASCA. f. Alibadbád.

BASE. f. mat. Gùhit na kinátatamnan ò kinàtatakaran nang ibang mangá gúhit. || met. Lugal na pinanínibayan nang anomán.

BASÍLICA. Simbahang marangal. || pl. Kabuoang leyes nang mangâ taga Roma, na ipinahúlog sa wíkang griego nang emperador Basilio.

BASILICÓN. m. far. Gamót sa súgat, na diláw ang kúlay.

BASILIENSE. adj. der. nang *Basilea*. Ang natutungkol sa ciudad ng Basilea.

BASILISCO. m. Háyop na hindî totoó, na inaáring, sa tingín lámang ay nakamámatay.

BASQUIÑA. f. Saya, na karaniwan ay itim.

BASTA. f. Hilbana nang damit bago tahiin || Tahing layôlayô na inilálagay sa kolsón, at nang hindî kumilos ang palamàn sa loob || interj. Siyá na; súkat na; = *con eso*. Súkat na iyá = *le bullas*. Siyá na ang íngay: = *de gritar*. Siyá na ang pagsigaw.

BASTANTE. p. a. nang *bastar.* adj. Sapat; kasapatán || adv. m. Súkat ó kasukatân. Siyá ó kasiyahán.

BASTAR. n. Magká iya; ó magkáhusto; makasiy =*il, para el objeto (á que se destina).* Makasapat, makasiyá sa bágay na pinagtátaanan.

BASTARDEAR. n. Magibà; ó bumabâ ang lagay kay sa lagay na pinagmulán. || met. Sumamâ; pumáñgit.=*de sus antepasados.* Máiba at máhuli sa lagay nang kaniyang mañgá pinagbuhatang magugúlang=*en sus acciones.* Pumáñgit, magíng hàmak sa kaniyang mañgà kilos.

BASTARDILLA. f. Instrumento nang músico, na tila flauta. || adj. Letrang limbag na tila sùlat kamay.

BASTARDO, DA. adj. Ang nagíiba; ó ibá sa kalágayan nang pinagmulán.—*Hijo de bastardo* Anak sa lígaw nang dalawang hindî mangyáyaring pakasal. || Letrang limbag na parang súlat kamay; ó súlat kamay na ang hílig ay sa kaliwâ.

BASTEAR. a. der. nang *basta.* Maghi bana.

BASTIDOR. m. Ang bastidor na buldahan, nang pagpipintá; baskagan; tábing sa komedihan, etc. etc.

BASTILLA. f. Ang tuping itiná tahî sa gilid nang damit nang hindî mangalas.

BASTIMENTO. m. Sadyâ; ó laang mañgá kailañgan sa pagkabúhay nang isang bayan ó hokbò || naut. Daong; sasakyan.

BASTIÓN. m. for. Kútang muntî.

BASTO. m. Bastós. || adj. Magaspáng ó bastós na kasangkapan; bastós na anyô at ugá î nang mañgá tawo sa iláng.

BASTÓN. m. Tungkod.||Tungkód na tanda nang pagkapúnò, na ginágamit nang mañga g f at ibang mañgá oficial. || met. Mando ó kapangyarihang tinátaglay.

BASTONAZO. m. aum. nang *bastón.* Palô ó hampás nang tungkod.

BASTONERO. m. der. nang *bastón.* Tagapamahalâ sa pagsasayaw. || Katúlong nang Alcaide.

BASURA. f. Dumí; ó layak, na nákukuha sa pagwawalís.

BASURERO. m. der. nang *basura* Tagapagtapon nang dumí ó layak || Tapunán nang layak ò dumí.

BATA. f. Kimón; banyakot.

BATACAZO. m. Kalabog; ó lagpak na malakas nang tawong nalingat na nahúlog.

BATALLA. f. Pagbabaka, ó paglalamas nang dalawang ejército, ó nang dalawang daong. Ang *batalla* ay kung nagkakaisa sa pagbabaka ang tatlong arma: infantería, caballería at artillería || Nang unang panahòn ay ang ubod nang ejército. || pint. Ang kuadro nang larawan nang anomang pagbabaka. || met. Ang pagkaguló at di pagkálagay nang ating kalooban.

BATALLAR. n. Magbaka; magbabaka; lumaban || met. Makipagtalo; makipagáway=*con los enemigos.* Makipagbaka sa mañga kaaway.

BATALLÓN. m. Isang bahagi ò pangkat nang regimiento. || met. Kapisanan nang madlâ.

BATATA. f. Patatas.

BATATERO. m. der. nang *batata.* Ang nagtitinda nang patatas.

BATAVO. VA. adj. der. nang *Batavia.* Tagá Batavia.

BATEA. f. Batiâ; pasóng malálim na gà nit sa sarisari. || Daong na maliit na tila kajòn, na ginágamit sa mangá puerto.

BATEL. m. Bote, na sinásakyan sa túbig.

BATELERO, RA. m. y f. der. nang *batel*. Ang namámahalâ nang isang batel ó bote sa túbig.

BATERÍA. f. fort. Hánay nang mgá kanyón; kináhahanayang kútâ. || met. Anomang nakabábakla nang malakí sa loob.=*le cocina*. Mangá kasangkapan sa kosínâ.

BATIDERA. f. der. nang *batir*. Pangnaô nang buhangin at ápog.

BATIDOR. m. der. nang *batir*. mil. Ang nagsísiyasat nang mangá daán at kaparangan, baká may pangánib sa kaáway. || Mangá sundálong nangúnguna sa lákad nang hárî, gobernador, etc.=*le oro ó plata*. Tagapagpá ô nang gintô ò pílak.

BATIR. a. Gubatin; siráin; gibaing i agpak sa lúpâ ang anomang pader, báhay, etc.=*la palma de la mano* || Mamagakpak nang kamay. || Kanawin; batih . || Iwaswás ó iwasíwas ang bandi â. || Lakarán ang pag. gá u || Suklaín ang buh k nang pasalungat at nang mabuhaghag=*mar cha*. Tugtugín ang tambol nang tugtog sa pagl kad. || r. Mangyupápâ, manghí â ng loob sa anomang d litâ, etc. || a. Talunin; daigín; sal kayin ang kaáway. || . Makipaghá nok.

BATISTA. f. Linsong lino, masinsín at maputî.

BATTUTA. f. mus. Ang kumpis nang tugtug nang músiko. Ito'y sa wikang italiano nagbúhat.

BAUL. m. Kabán; baul. || fam. Kumáin nang marami; magpakasandat.

BAUSAN, NA. m. y f. Pamáoy; panàkot; tawotawohang tánod sa mandalâ na may sakbat na sandata ó anomán kayâ, ng mailáp ang mangá háyop at huag manirá doón. || fam. Tungangá; maang.

BAUTISMAL. adj. der. nang *bautismo*. Ang náuukol sa pagbibinyag.—*Romper á uno el bautismo*. Basagin ang ulo.

BAUTIZANTE. p. a. nan *bautizar*, adj. y s. Ang bumíbinyag.

BAUTIZAR. a. Buminyag. || met. Magngangalan sa kápowâ ó sa anomán ng iba sa talagang pangalan.=*à uno* Busan ng túbig ang kapowâ; basaín.

BAUTIZO. m. m. Pagbibinyag ||. Binyag.

BÁVARO, RA. adj. der. ng *Baviera*. Tagá Baviera; ó náuukol sa kahariang yaón.

BAYETA. f. comer. Kayo ó damit na de lana na madá ang at marupok. *Arrastrar bayetas*. met. fam. Magá al sa isang universidad. Lumák d nang anom n pákay.

BAYETÓN. der. nang *bayeta*. m. comer. Bayeta na mabalahibo.

BAYO, YA. adj. Manilawnilaw: karaníwang itáwag sa kabayo na ganitó ang balahibo.

BAYONETA. f. Sandatang matulis na inilà agay sa du o nang bari.

BAYONETAZO. m. aum. nang *bayoneta*. Saksak nang bayoneta.

BAZO m. anat. Lapay; pa î || ant. B gay na kayumanging naníniwaláwnilaw.

BAZOFIA. f. Mismís; símî; pinagkanan. || met. Alinmang bágay na há-

mak at marumí. || met. fam. Pagkiing hindî mahúsay.

BAZUCAR. a. Ulugín ang anomang bàgay na lusáw sa kinásisidlan.

BE. m. Tunóg nang iyak ng̃ tupa. || f. Ng̃alan nang pang̃alawang letra nang alfabeto. || Ang Lúnes nang tagá Persia.

BEATA. f. Babáying may ábito; beata. || Babaying nabúbuhay na ligpit sa kaniyang báhay, at kabánalan lámang ang ginágawâ || fam. Ang babáying mapagpalagî sa simbahan, at lahat nang bágay na pagbabanal ay gináganap; ó ang babáying nagbábanalbanalan.

BEATERIO. m. Báhay nang katipunang mang̃á biata, na may reglang sinúsunod.

BEATIFICACIÓN. f. der. nang *beatificar*. Ang pagpapaháyag ng̃ Papa, na lumúlualhatî na sa lángit ang isang namatay dito sa lúpâ at masàsambang santó.

BEATIFICAR. a. Ipaháyag náng Santo Papa na masásamba ang katoto nang Dios, na, napagkilalang may malaking kabánalan, at lumúlualhatî sa láñgit.

BEATITUD. f. Kalualhatiang walâng hangán. || Gálang at bàting ginágamit sa Santo Papa, na kaisá nang wikang *santidad*.

BEATO, TA. adj. Mapálad; ó ma lualhatî. || Ang waláng ginágawâ kundî kabanalan at malayô sa mang̃á kaugalîang pag ilibang ||irón. Gayon din ang iit sa nagbábanalbanalan ò nagpápakonuaring mabait. || m. Ang alipin nang Dios, na ipinahayag nang santo Papang lumulualhátî sa láñgit.

BEATÓN, NA. m. y f. aum. ng̃ *beato*. irón. Mapagbanalbanalan.

BEBEDERO, RA. adj. der. nang *beber*. Maíinom; ò mabuting inumín. || m. Páinuman nang ibon ó manok. || Lugal na iníinuman ng̃ mang̃á ibon. || pl. Sa mang̃á sastré ay ang mang̃á kayong panusón ó aforo sa bandáng loob nang mang̃á dulo nang damit na para nang sa mangàs ò petsera, at ng̃ makatíbay.

BEBER. a. Uminom; tumungâ; lumaklak; humiphip. || Bumarik *à alguno (los pensamientos)* Hulaan ang iníisip ó iníibig nang sínoman at ng̃ magawâ = *à la, por la salud (de alguno)*. Tumàgay na ipatungkol sa kan̄gínoman at nang ito'y guminhawa ó manatili sa kaginhawahan, etc.—*con un vaso*. Uminom sa isang vaso.=*le, en una fuente*. Uminom sa isang bukal =*n vino (una medicina)*. Inumín sa álak (ang isang gamot).

BEBERRÓN, NA. adj. aum. ng̃ *beber*. Malakás uminom.

BEBIDA. f. Inumin, ó painóm.

BEBIDO, DA. p. p. nang *beber*. adj Ang halos langó na, sa pagkáinom.

BEBERROTEAR. n. fam. Uminom nang untíuntík at madalás.

BECA. f. Kayong pula na ang karaniwa'y de paño, na taglay nang kolegial sa ibábaw nang manto. || Ang plaza nang kolegial. || Ang kolegial.

BECERRO, RA. m. y f Guyà ng̃ baka na walà pang sangtaon.||Ang balat nang bakang batâ, kurti at tuyô na ginagawang sapin.

BEFA. f. Libak; oyam; óroy.||Ang nilílibak.

BEFAR. a. Omoyam; manglibák.|| n. Pagalawin ó ikimot nang kabayo

ang mangá lábì, na abutín ang kadenang muntî nang freno. Verbong ginágamit nang mangá *picador* sa Córdoba. || r. Magòyaman.
CONFIANZA. f. Pananálig; pag asa; paniniwàlâ; pagkakàtiwálâ. || Tàpang; lakás nang loob sa paggawâ. || Bulong; anás.—*En confianza*. m. adv. Pabulong; paanás.

CONFIDENTE. m. Kapáhayagan; kàtiwalâ; kagawad. || Tagapanúbok; tiktik. || adj. Tapat na loob; hustó; siguro.

CONFÍN. Hangà; hangahan.||adv. Humáhanga.

CONFINAR. n. Humangá; magkáhanga. || Katabí. || a. Idestierro ang isá sa isang lugal na tiyak, na hindî makaáalis doón sa boong panahón nang kaniyang pagkádestierro.=*(á alguno) á, en tal parte*. Idestierro (ang sínoman) sa gayong lugal.=*(Bulakán) con Pampanga*. Màkahanga (ang Bulakán) nang Pampanga. || r. Umalís na kúsâ sa kaniyang bayan. || Lumigpit.=*en, á un rincón*. Lumigpit sa isang súlok, na huag makitalamìtam sa kápowâ.

CONFIRMACIÓN. f. der. nang *confirmar*. Pagkukumpil. || Pagpapatíbay; pagpapatotoó.

CONFIRMATORIO, RIA. adj. for. Auto ó sentensiang nagpàpatibay sa mangà náuna.

CONFITAR. a. Balutin; paligúan nang asukal ang alinmang bunga ng kàhoy.

CONFITE. m. Kumpites.

CONFITERÍA. f. Tindahan ó gagawán nang kumpites. || Arte nang paggawâ nang matamís.

CONFLUENCIA. f. Pagkakátagpô; pagkakápisan. || Pagkakáugnay, ò pinagtagpuán nang dalawang ílog. || Sabang, ó pinagtagpuán nang dalawang daán.

CONFLUIR. n. irreg. como *huir*. Magkàsapong; magkásalapong ang dalawang ílog sa isang lugal.||met. Magkátitipon ang madlâ sa isang lugal.

CONFORMAR. a. Pagayosin; paglapatin; pagbagayin ang dalawá ó maraming bàgay.=*(su opinión) à con*,

la ajena. Iayos (ang kaniyang akálà) sa pasiyá nang ibá. || r. Magkáayos; magkálapat; magkábagay; magkáayon; magkásundô; umayon; sumunod; etc.=*al, con el tiempo.* Makibágay, umayon sa panahòn.=*(los autores) en tal hecho.* Magkáisa (ang mañgá autor) sa pagbabalítâ nang gayong pangyayari.=*en verle.* Umayong makipagkita sa kaniyà.=*con su suerte.* Umayon sa kaniyang pálad.

CONFORME. adj. Náaayos; nábabagay. || Matiis at walang daing sa mañgá kasaliwaang pálad. || Kamukhâ; nagkákaisa.=*á, con su opinión.* Ayon; ó nábababagay sa kaniyang pasiyá.=*(con otros) en su parecer.* Kaisá (nang ibá) sa kaniyang pasiyá.||adv. m. Ayon; ayos.

CONFRICAR. a. Kuskusín.

CONFRONTAR. a. Pagsurutin; pagmukhaín. || Pagharapin. || Idátig; ihangá. || n. met. Magkáhiyang; magkáakmâ. || Magkáharap.|| Máhanga.=*(una cosa) con otra.* Pagsurutin ang dalawang bágay; ikoteho ang isá sa isá. || r. Magkàhaharap.

CONFUSIÓN. f. Kaguluhán. || Kadowahaginan; kahihiyán. || Kalitohán; pagkalitó.

CONGELAR. a. Papamooín ang anomang bágay na tunaw, para nang sabaw, mantíkâ, etc. || Papamanhirín ang alinmang lugal nang katawán.|| r. Mamoô sa lamig. || Mamanhid; manigás sa lamig ang alinmang lugal nang katawán.

CONGENIAR. n. Mákaugalî; mákasundô.=*con alguno.* Màkasundô nang ibá.

CONGOJA. f. Balisa; dawis.||Hapis; hírap; pighatî, etc. || Himatay; hilo.

CONGREGACIÓN. f. der. nang *congregar.* Katipunan; pagpupúlong nang marami. || *Cofradía.*=*de los fieles.* Ang katipunang kristiano.

CONGREGAR. a. Tipunin. || r. Magkatipon; magpisan.

CONJUNCIÓN. f. Pagkakápisan ó pagkakásama. || gram. Bahagi ng̃ *gramática*, na ipinagùugnay nang dalawang salitâ.=*de la luna.* Pagkamatay nang buân.

CONJURACIÓN. f. der. ng̃ *conjurar.* Panghihimagsik; ó pagaalsá laban sa hárî ó sa pùnô.

CONJURAR. n. y r. Manghimagsik; magalsá nang laban sa hàrî. || Magsang̃ayon ó magkáisang gawán nang masamâ ang kápowâ. || a. Dasalín nang may kapangyarihan ang mañgá panalang̃in ó *exorcismos* na lagdâ nang Santa Iglesia.

CONMOVER. a. irreg. como *mover.* Pang̃inigín; pang̃ilabutin. || Balisahin; guluhín.||Palambutín ang loob; panglumuhín. || Ugaín, etc. || r. Kilabutan; mang̃inig. || Mahabag; manglumó. || Maguló; mabalisa, etc.

CONMUTAR. a. Palitàn; halinhán. || Liitán; gaanán ang isáng parusa.=*(una pena) en, por otra.* Halinhán (ang isang parusa) nang ibà.=*(una escopeta) con, por un fusil.* Palitán (ang isang eskopeta) nang isang baril.

CONOCER. a. irreg. yo *conozco*: imperat. *conozca* él; *conozcamos* nosotros; *conozcan* ellos: subj. pres. *conozca*; *conozcas*, etc. Mámukhaan. || Kilalanin, pagmasdán. || Kurúin; matahô; máalaman, etc. || Umintindí. || Siyasatin. || met. Makiapid: v. gr. *Juan no*

CONOCIÓ *muger, si Juan ay hindì* NAKIAPID *sa babayi.=á alguno.* Mákilala ang sínoman. =*á otro de nombre.* Mákilala (ang ibá) sa ngalan.=*en, por la voz á otro.* Màkilala sa boses ang isá. =*de, en tal asunto.* Sumiyàsat, ó makialam nang gayóng bágay. || r. Magkàkilala. || Mákilala; kilalanin ang sarili.

CONOCIDO, DA. p. p. nang *conocer.* m. y f. Kakilala. || adj. Hayag; tanyag; marangal. || Kilalá nang marami.

CONOCIMIENTO. m. Pagkákilala. || Balítâ; babalâ. || Talínô; línaw nang pagiísip. || Papel na kinásasaysayan at pinirmahán nang isá sa pagtangap nang anomán, na ipinangángakong bayaran, isaúlî, ó ibigay sa pinagpápabigyan. || pl. Dúnong; nálalaman.—*Poner en conocimiento de uno.* fr. Ibalítâ; ibabalâ sa isá ang anomán. —*Hacer conocimiento.* fr. Makipagkilala; makipagíbigan.

CONQUISTAR. a. Talunin, ó kamtán, ang alinmang kaharián, ciudad ó provincia, sa pakikidigmâ.||met. Lupigin; sakupin. || met. Mahalina; mahikáyat na sumunod ang kápowâ; máhuli ang kalooban nang kápowâ.

CONREGNANTE. adj. Kasama sa paghahárî.

CONREINAR. n. Makipaghárî sa isang kaharián, na kasama nang ibá.

CONSANGUÍNEO, NEA. adj. Kamagának; kadugô.

CONSECUCIÓN. f. Pagtatamó; pagkakamit nang ninánasâ.

CONSEGUIR. a. y r. irreg. como *pedir.* Tamuhín; kamtán ang násâ.

CONSEJO. m. Hàtol; áral; payo. || Pasiyá. || Mataás na húkumang may iba't ibang ministro at isang presidenteng namúmunô, sa pamamahálâ nang negosio nang gobierno at nang hustisia. || Ang báhay ó lugal na pinagtítipunan nang konseho.

CONSENTIMIENTO. m. Pagpapahintúlot. || Pahintúlot.

CONSENTIR. a. irreg. como *sentir.* Ipahintúlot; ipáyag.|| Konsintihín. || Paniwaláan; sampalatayanang párang túnay ang anomán.||Tiisin; paraànin. || r. Magtíisan; magpáraanan. || Magkunsintihan. || Palayáin ang sarili.

CONSERVA. f. Kusilbá; bukhàyô, at alinmang bunga nang káhoy na minatamís.

CONSERVAR. a. Ingatan; alagàang huag masírà ang anomán. || Magkusilbá, magmatamís. | r. Manatili; mamalágî.=*con salud.* Manatiling malakás ang katawán ò waláng sakit.=*en salud.* Manatili sa lakás nang katawán.

CONSIDERADO, DA. p. p. nang *considerar.* adj. Mapagwàrî.

CONSIDERAR. a. Bulaybulayin isipin; nilayin; kurúin; unawàin.||Wariin. || Masdang maigi. || r. Maggalangán; magpítaganan.

CONSIGNA. f. mil. Mangà utos nang púnô, na ibiníbigay sa bantay, ò sa namúmunò sa isang lugal. || Hudyatan.

CONSOLACIÓN. f. der. nang *consolar.* Kaáliwan; pagaaliw.

CONSOLAR. a. irreg. como *acordar.* Aliwín; libangín. || Abuluyan; ampunín.=*(á uno) de un trabajo.* Aliwín, ò abuluyan (ang isá) sa isang kasikián, ó kahirapan.=*en su aflicciòn.* Aliwín sa kaniyang kadalamhatían. || r. Maaliw; malibang. || Maglibang. ||

Magáliwan. || Maibsán nang hírap.= *con los ejemplos (de otro).* Maaliw ng̃ mang̃á halimbáwâ (nang ibá). =*en los estudios.* Malibang ó maaliw sa pagaáral.

CONSOLIDAR. a. Pagtibayin. || met. Iulî; pagugnayín ang nasìrâ, na pagtibayin. || r. Magtíbay na lálô ang anománg bágay, para nang pagiíbigan, pagsasama, etc.

CONSONAR. n. irreg. como *acordar.* Mátuno. || Magkátuno, ó magkáakmâ ang boses nang mang̃â instrumento. || met. Magkábagay; magkáayos.

CONSORTE. com. Ang karámay at kasama nang ibá sa isang bàgay ó kapalaran. || Asawa. || pl. for. Magkakasamang nakíkipagusap.

CONSTANCIA. f. Katiisán.|| Pananatili. || Katibayan at katapatang loob sa mabuting akálâ.

CONSTANTE. p. a. nang *constar.* Túnay; totoó; may. || adj. Matiís; hindî nagbábago; matíbay na loob; matiyagâ; tapat na loob. =*en la adversidad.* Matiís sa kasaliwaang pálad.

CONSTAR. impers. Túnay; maging totoó. || Málagak; mákintal; mátitik ó másulat ang anomán na magluat, úpang mágamit kung kailang̃an. || Magkaroon nang...: v. gr. MAYROONG *dalawang bahagi,* CONSTA *de dos partes,* etc. Kung nàuuna ó náhuhuli sa preposición *de* ang kahulugaʻy: *makúrô; mahâñgô:* v. gr. *Sa násabi na ay* NAKÚKURÔ Ò NAHÁHAÑGONG, *de lo dicho* CONSTA *que,* ó CONSTA *de lo dicho que,* etc.=*por escrito.* Násusulat, ó másulat. =*en tal libro.* Mátitik, ò nakasúlat sa gayong libró.

CONSTERNACIÓN. f. der. nang *consternar.* Pagkasindak. || Malaking pagkatákot at pamamanglaw ng̃ loob. || Tákot; pagkágikla.

CONSTIPACIÓN. f. der. nang *constipar,* at *constiparse.* Sipón.

CONSTITUIR. a. irreg. como *huir.* Ipundar; itayô; itátag.|| Maging... || r. Mátayô; mábang̃on ò mápundar.

CONSTREÑIR. a. irreg. como *teñir.* Pilitin; pigipitin. || r. Magpumílit; magpilitán.|| Mapílit.||med. Itihin. || Maghírap nang pagdumí.

CONSTRUCCIÓN. f. der. nang *construir.* Paggawâ; pagyárî.

CONSTRUIR. a. irreg. como *huir.* Gumawâ; magtayô ng̃ anomân, para nang isang simbahan, tulay, báhay, etc.|| Isalin; ihúlog ang isang wíkâ sa ibá. || r. Magtayô nang anòmang taán sa sarili: v. gr. NAGTAYÔ AKÒ *nang isang barongbarong* NA PARA SA ÁKIN, ME CONSTRUÍ *una choza.*

CONSUEGRO, GRA. m. y f. Kabalayi; balayi.

CONSUELO. m. Kaàliwan; aliw; galak. || Towâ.

CONSULTAR. a. Magtanong; sumangúnî.=*à los sabios.* Sumangúnî sa marurúnong. =*con los prácticos.* Magtanong sa mang̃á sanay. || r. Magsangunián. || Magwaring mabuti bago gumawâ nang anomán.

CONSUMADO, DA. p. p. nang *consumar.* y adj. Lubós; puspós. Kung tawo ang sinásabi, lubhang bihasa. || Tapós; utàs. Kung ang sinásabi ay ang masasamang gawâ. || pl. m. Sabaw nang lamàn nang bakang bátâ, manok at ibá pang totoong masustansia, na ipinakákain sa may sakit at nang lumakás agad.=*en filosofía.*

Lubhang marunong, ò lubós ang dúnong sa filosofía.

CONSUMAR. a. Tapusin; sayurin; lubusin ang anomán. || r. Matubós; madalìsay ang buti ng̃ anomán.

CONSUMIR. a. Ubusin; tutugin; uturin; tapusin. || Sa misa ay kanin nang pàrî ang kámahalmahalang katawán nang ating P. Jesukristo. || met. Hapisin; pagpighatiín. || r. Maùtod; mapugnaw; maubos. || || Mahapis; malaglag ang katawán sa malaking pagalaala. || Matuyô; mang̃ayáyat.=*al fuego.* Maubos sa apoy =*con la fiebre.* Malaglag ang katawán sa lagnat.=*en la soledad.* Mayamot; malungkot sa pagiisá.=*de fastidio.* Mamuhì; ó mabugnot sa pagkayamot.

CONSUNCIÓN. f. der. nang *consumir.* Pagkapugnaw; pagkatútog. || Pang̃ang̃ayàyat; pagkatuyô nang katawán.

CONTACTO. m. Pagkakádaiti; pagkakáumpog; pagkakásagî. || Pagkakáwankì; pagkámukhâ.

CONTADO, DA. p. p. nang *contar.* y adj. Bihírâ; madálang.||Tiyak. —*al contado.* mod. adv. Káliwaan nang báyad.—*de contado.* mod adv. Pagdaka; agadagad.

CONTAGIAR. a. Makáhawa ng̃ sakit. || met. Makáhawa; ó makahikáyat sa ibá sa masamang halimbáwà. || r. Máhawa. || Magkáhawa.=*con, del roce.* Máhawa sa pagkádaite ó pagkásagî.=*por el roce.* Máhawa dáhil sa pagkásagî ó pagkádaite.

CONTAGIOSO, SA. s. y adj. Nakàhahawa.

CONTAR. a. irreg. como *acordar.* Bumílang; ó bilang̃in. || Kuéntahin. || Salitín; ibalítà ang anománg totoó ó hindî. || Maghatid dumápit. || Isama; ipakibílang ang sínoman sa kalágayan ó klasing kinádarapatan.—*Contar por hecha alguna cosa.* fr. Arîin; ò ipalagay na parang nangyari na, ó yárî na ang anomán.—*Contar los dias, las horas, los momentos.* fr. met. Mainip.=*por los dedos.* Bilang̃in sa dalírì.=*con los muertos.* Ipakibílang sa patay; kalimutang lubós ang sínoman.=*á su hermano lo acaecido.* Ibalítâ, ò sabihin sa kaniyang kapatid ang nangyari.=*con sus fuerzas.* Umasa sa kaniyang lakás.=*por verdadero.* Aríing totoó.

CONTEMPLACIÓN. f. der. ng̃ *contemplar.* Pagmamasid; pakikisama.

CONTEMPLAR. a. Masdán; siasatin; unawáin; bulaybulayin. || Panimbang̃án; suyúin; pagbigyang loob. =*á un niño.* Suyùin ang isang bátâ. =*en la misericordia divina.* Bulaybulayin ang àwâ nang Dios. || r. Pagmasdang mabuti ang sarili. || Magpákitaang loob.

CONTEMPORÁNEO, NEA. adj. Kapanahón; kasabay na nabúhay.

CONTEMPORIZAR. n. Makiugálì; makibágay.=*con su hermano.* Makibàgay sa kaniyang kapatid.

CONTENDER. n. irreg. como *ascender.* Bumábag; bumunó; humàmok. || Makipaglamas.||met. Magtalo; magusap.=*con los coherederos.* Makipagusap sa mang̃á kamana.=*sobre alguna cosa.* Makipagtalo; makipagbabag úkol sa anomang bàgay.

CONTENER. a. irreg. como *tener.* Malulan; magkasia ang isang bágay sa isá; másilid. Ginágamit namang párang *recíproco.* || Sumaklaw. || Maglamàn. || Pigilan; harang̃in; su-

pilin. | r. Mápaloob ang isang bágay sa ibá.|| Masaklaw.|| Magpigilán; magpígil. || met. Magpígil nang loob. || Tumígil.=*en sus deseos*. Magpígil ng̃ kaniyang mang̃á nású.

CONTENIDO, DA. p. p. nang *contener*. y adj. Mahinahon; mapagpígil. || m. Lulan; ó nakalamán.

CONTENTAR. a. Magbigay lugod. || r. Matuwâ; malugod. || Umayon.=*con su suerte*. Umáyon sa kaniyang pálad.

CONTENTO, TA. adj. Masayá ang loob; nalíligaya; natútuwâ; nalúlugod. || m. Tuwâ; lugod.

CONTESTACIÓN. f. der. nang *contestar*. Pagsagot; sagot; paklí; tugón.

CONTESTAR. a. Sumagot; tumugón. || Patotohanan; ayunan ang sinásabi nang̃ ibá. || Pagtibayin ang anomang sinabi.=*á la pregunta*. Sumagot sa tanong; ó sagutín ang tanong. || n. Máayos; máagpang ang isang bágay sa ibá. || r. Sagutín ang sarili. || Magságutan. || Magtalo.

CONTESTE. adj. Nagkákaisa; magkáisa; mákaisa. Sinásabi sa mang̃á saksing nagkákaayon, at sa mang̃á sagot nilá.

CONTIENDA. f. Pagaáway; pagtatalo.

CONTIGO. pron. pers. ablat. ng̃ *singular*. Sa iyó; kasama mo; sa sìping mo.

CONTIGÜIDAD. f. Pagkakálapit; pagkakásiping.

CONTIGÜO, GÜA. adj. Kadaiti; kasiping; kalapit.=*al jardín*. Kasiping, ó katabí nang hàlamanan.

CONTINENCIA. f. Pagpipígil nang kalooban sa masamang hílig; pang̃ing̃ilin.

CONTINENTE. p. a. nang *contener* ó *contenerse*. Naglálaman; naglúlulan; nagpípigil.||m. Kinálalamnan nang anomàn. || Pagmumukhâ; bikas; anyô.

CONTINUACIÓN. f. der. nang *continuar*. Kadugtong; katapusán. || pagpapatúloy; pagtatapós nang anomán.

CONTINUAR. a. Ipatúloy; itagpós ang anomang pinamulán. || Manatili; mamalágî=*en su puesto*. Manatili sa kaniyang kinàlalagyan.=*por el buèn camino*. Magpatùloy, ó mamalágî sa mabuting daán. || r. Magpatúloy; kumálat.

CONTINUO, NUA. adj. Walang likat; lágî; tuloy. || Panay. || Nagkákadugtongdugtong.

CONTONEARSE. r. Guminday; gumiraygíray; kumindí.

CONTONEO. m. Gíray; ginday; kindí.

CONTORCER. a. irreg. como *torcer*. Pilipitin; ikíling. || r. Mamilípit; magpilipit; kumiling.

CONTRA. prep. Laban sa ó kay: v. gr. CONTRA *Juan*, LABAN KAY *Juan*. || Sa harap; tampak; nakaharap, ó paharap; sa may: v. gr. *Itinayô ko ang aking báhay nang* PAHARAP, ó TAMPAK *sa hilàgâ, he levantado mi casa* CONTRA *el norte*. || m. Pagsalangsang; pagsalung̃at. || Kalaban.|| f. Kapinsaláan; kadáhilanan.—*En contra*. m. adv. Laban sa; salung̃at sa.

CONTRABANDISTA. m. Estrabiador.

CONTRABANDO. m. Estrabio.

CONTRACCIÓN. f. de *contraer*. y *contraerse*. Pang̃ung̃ùrong nang mang̃á lítid.

CONTRACORRIENTE. adv. de m. Pasubâ sa agos.

CONTRADECIR. a. irreg. ger. *contradiciendo:* p. p. *contradicho:* pres. ind. *contradigo, contradices, contradice, contradicen:* perf. *contradije, contradijiste, contradijo, contradijimos, contradijisteis, contradijeron:* fut. *contradiré, contradirás, contradirá, contradirémos* etc.: imperat. *contradice* tú, *contradiga* él, *contradigamos* nosotros, *contradigan* ellos: subj. *contradiga*, etc.: imperf. *contradijera, contradiría, contradijese*, etc.: fut. *contradijere*, etc. Salangsangĩn; sowayín; salungatín; itakwil; pasinungalingan ang sinásabi nang kápowâ.|| r. Magsálungatan; magkontrahan.

CONTRADICCIÓN. f. der. nang *contradecir*. Pagsalangsang; pagkontrá; pagsoway. || Pagkakásalungat; pagkakátalo nang anomán.

CONTRADICTOR, RA. m. y f. Masówayin; mapangontrá.

CONTRAER. a. irreg. como *traer*, Pagpisanin; paglakipin.||Liitán; iklián; urungan.||Magkaroón.—*Contraer matrimonio*. fr. Magasawa.—*Contraer amistad*. Makipagíbigan. — *Contraer deudas*. fr. Magkautang.=(*amistad*) *con su igual*. Makipagíbigan sa kapantay niyá.—*Contraer méritos*. Magkaroón ó mapuspós nang karapatán. *Contraer vicios*. Sumamâ ang ugálì; maging bisioso.—*Contraer enfermedad*. Magkasakit. || r. Mangúrong; mangundot.

CONTRAHACER. a. irreg. como *hacer*. Gagarín; parisan; howaràn; tularan. || r. Magkonowarì; magpangap.

CONTRAHAZ. f. palab. comp. nang prep. *cantra* at s. *haz*. Kabalikán.

CONTRAPELO (Á). mod. adv. Pasalungat sa ánit. || met. Pabaligtad; pabalik.

CONTRAPENSAR. n. irreg. como *acertar*. Magbago; magibá nang akálà.

CONTRAPESO. m. palab. comp. nang *contra*, at *peso*. Panimbang. || Kátig; pakaway.

CONTRAPONER. a. irreg. como *poner*. Ihárang; isabat; iharap na ilaban. || Isúrot; icoteho ang isang bágay sa ibá=(*una cosa) à, con otra*. Isabat ò ihàrang ang iang bágay sa ibá. || r. Málaban; másalungat ang isang bágay sa ibá. || Magkásalungat.

CONTRARIO. m. Kalaban; katalò; kaáway; kagalit; kaagaw. || adj. Laban; nàsasalangsang; ó nálalaban. || met. Nakasisírâ.=*á, de muchos*. Nálalaban sa marami.—*al contrario*. mod. adv. Pasalungat; pabaligtad.—*Llevar la contraria*. fr. Salungatín; salansangin.

CONTRASEÑA. f. palab. comp. nang *contra* at *seña*. Hodyatang líhim na siyang agad ipinagkákakilala. || Tandang líhim na ikákikilala. || Papeletang may tandâ, na ibiníbigay sa nasa sa loob ng teatro, kung íbig lumabás at nang mákilala kung bumalik.

CONTRASTAR. a. Labagín; salangsangin.

CONTRATAR. a. Kumuntrato; ó gumawâ nang kontrato. || Mangalákal. || r. Magkontrato; magyárì ng trato.

CONTRAVENCIÓN. f. der. ng *contravenir*. Pagsalangsang; paglabag sa kautusán.

CONTRAVENENO. m. palab. comp. nang *contra*, at *veneno*, Lunas;

ó gamot na laban sa lason. || Pag-iíngat na ginàmit úpang málayô sa pangánib; ó mailagan ang anomang kasiraán.

CONTRAVENIR. n. irreg. como *venir*. Sumuway; sumalangsang; lumabag sa kautusàn.=*á la ley*. Labagìn ang ley.

CONTRIBUCIÓN. f. der. nang *contribuir*. Ambag; buís. || Pagambag.

CONTRIBUIR. n. irreg. como *huir*. Umambag; bumuís. || met. Tumúlong; umabúloy—*Contribuir* ó *contribuirse á, para tal cosa*. Umangbag; ó umabúloy sa gayong bágay. =*con dinero*. Umabúloy nang salapî.

CONTRICIÓN. f. Pagsisísing nagbúbuhat sa pagíbig sa Dios nang higit sa lahat nang bágay.

CONTRISTAR. a. Hapisin; pagpighatiín. || r. Malumbay; mahapis.

CONTRITO, TA. adj. May pagsisísing *contrición*.

CONTROVERSIA. f. Pagtatalo; ó pagtatalotalo sa pamagitan nang mangá argumento..

CONTROVERTIR. a. irreg. como *sentir*. Ipagmatowid; ipakïpagtalo; matuiran; salangsangìn.

CONTUMELIA. f. Pagalimura; pagalipustang mukháan; ò tálampakang pagláit.

CONTUNDENTE. p. a. nang *contundir*, y adj. Pangbugbog; nakabùbugbog.

CONTUNDIR. a. Bugbugìn; pagpasaín sa hampás. || r. Magbugbugan.

CONTURBACIÓN. f. der. nang *conturbar*. Pagkabalisa; pagkaguló ng loob.

CONTURBAR. a. Balisahin; ligaligin. || met. Guluhín ang loob. || r. Mabalisa. || met. Magulò ang kalooban.

CONTUSIÓN. f. Bugbog; pasâ.

CONVALECENCIA. f. Pagbababagong lakás, ó pagsasaúlî nang lakás nang isang bágong gáling sa sakit. || Báhay ú *hospital* na pinagpápalakasan nang gâling sa sakit.

CONVALECER. n. irreg. como *agradecer*. Magpalakás ó magsaúling lakás ang gàling sa sakit. || met. Manaúlî sa isang bayan ò sa isang tawo, ang dáting lakás ò kaginhawahang nawalà =*de la enfermedad*. Lumakás, ó gumaling sa sakit.

CONVALECIENTE. p. a. nang *convalecer*. s. y adj. Nagpápalakas.

CONVECINO, NA. adj. Kalapit; karátig. || s. Kaapidbáhay.

CONVENCER. a. Hikayating pilitin, na magbago nang akálâ ang isá. || Papaniwalàin. || Probahán; ó patotohanan sa ibà ang anomán, na anopa't huag matutulan. || r. Maniwàlâ; ó paniwaláan ang katotohanan nang anomán.=*con las razones*. Maniwálâ sa pamagitan nang mangà katuwiran.=*de la razòn*. Maniwálâ sa katowiran.

CONVENCIÓN. f. Típanan; pinagkásunduan. || Pagkakáisa; pagkakáayos. || Pagtitipán.

CONVENCIONAL. adj. Pinagkàsunduan; pinagusapan.

CONVENIBLE. adj. der. nang *convenir*. Masúnurin.

CONVENIENCIA. f. Pakinábang; túbô. || Típanan; tratong pinagkáisahan. || Kaginhawahan; kalayaán: v. gr. *Juan es amigo de su* CONVENIENCIA, *si Juan ay maibigìn sa kaniyang* KALAYAÁN ó KAGINHAWAHAN. ||

Hánapbúhay. || pl. Kayamanan; pakinábang; kaginhawáhang tinátangap sa anomán.

CONVENIENTE. p. a. nang *convenir*. adj. Mabuti; bágay; lápat; akmâ; ùkol.

CONVENIO. m. Tipán; sálitaan; trato.

CONVENIR. n. irreg. como *venir*. Umayon; mákaayon; máakmâ.|| Mábagay; máayos; máukol; dápat; márapat.|| Umabúloy; ó dumaló; magtitipon sa isang lugal. || impers. Kailangan, ò magin kailangan; mábagay ó bagay na.=(*una cosa*) *al pueblo*. Márapat, ó mábagay ang isang anomán sa bayan.=*con otro*. Umayon, ò mákaayon nang ibá.=*en pasear*. Umayong magpasial. || r. Magkábagay; magkáayos; magkásundô.=*à, con en lo propuesto*. Umayon, ò magkáayon sa ipinalagay, ó palagay.

CONVENTO. m. Báhay na tírahan nang katipunang mangà fraile, ó monja.

CONVENTUAL. adj. der. nang *convento*. Náuukol sa konvento. || m. Fraileng ang tirá ay sa kombento. || Fraileng fransiskano na may renta ó pagáarî.

CONVERGER. n. mat. Magkápisan sa isang lugal ò punto, na magkátatagpô ang maràming gúhit na matuwid.

CONVERSACIÓN. f. der. nang *conversar*. Sálitaan; pagsasálitaan. || Panayam.

CONVERSAR. n. Magsálitaan; magúsap; magpanayam. || Sumama sa ibá; ó tumirá sa kasamahan nang ibá.=*con alguno*. Makipagsálitaan; ó pumisan sa ibá.=*sobre materias de religión*. Makipagúsap nang úkol sa religión.=*en materias fútiles*. Magsálitaan nang walang kabuluhang bágay.=*à gritos*. Magúsap nang pasigaw.=*en voz baja*. Magúsap nang marahan ó paanás.

CONVERSIÓN. f. der. nang *convertir*. Pagbabalik loob. || Pagbabagó; pagiibá nang anomán. || Pagiging....

CONVERTIR. a. irreg. como *sentir*. Baguhin; ibahín. || Gawing.... || Papagbaliking loob. || Yowî sa ibá; gawing ibá; ó ihúlog sa ibá ang anomang bágay.=*á otro objeto la cuestión*. Yowî sa ibang bágay ang sálitaan.=*(la hacienda) en dinero*. Salapiín ang pagaáríng lupaín ò *hacienda*. || r. Magbalik loob, || Magbago. || Maging...; máowî sa ibá ang anomán.=*á Dios*. Magbalik loob sa Dios.=*(la alegría) en llanto*. Màowî (ang galak) sa iyak.

CONVEXO, XA. adj. Kukob umbok ò mataás ang gitnâ.

CONVIDAR. a. Anyahan; yayáin; akitin; pigingín.=*á comer à uno*. Anyahang kumáin ang isá.=*con dinero á alguno*. Alayan nang salapî ang sinoman.||r. Humandog; umálay.||Maganyahan.

CONVITE. m. Pagaanyaya. || Piging.

CONVULSIÓN. f. Kilig na may hálong paghihigpit at pangungúrong nang mangá iítid.

CONYUGAL. adj. Náuukol sa magasawa.

CÓNYUGES. m. pl. Ang magasawa. Kung minsa'y ginágamit sa singular, sa isá sa magasawa.

COOPERACIÓN. f. der. nang *cooperar*. Pagtúlong; ó pagtutulungán.

COOPERAR. n. Tumúlong. =*á alguna cosa.* Tumúlong sa anomán. =*con otro.* Tulungan ang ibá; ó tumùlong na kasama nang ibá.

COOPERARIO. m. Katúlong; kasama sa paggawâ.

COOPERATIVO, VA. adj. Nakatútulong.

COORDINAR. a. Husayin; italatag. || Pagakmaín; iakmà. || r. Magkàakmâakmâ; magkáhusayhusay.

COPA. f. Basong may paá; kopa. || Kapisanan nang sangá nang káhoy na buhay. || Ang ulo nang sambalilo. —*Irse de copas.* fr. fam. Maguutot.

COPERA. f. Lugal na lalagyán, ó tatagoán nang mangà kopa.

COPETE. m. Ang buhok na nakatayô sa noó. || Pálong na balahibo sa tuktok nang ibon. || Kilíng nang kabayo, na nakalaylay sa noó. || Pamúting dinúkit na káhoy, na inilàlagay sa tuktok nang mangá salamín, aparador, etc.|| met. Ang taluktok ng bundok. || Sá sorbete ay ang tumpok na lumálampas sa bibig nang kopa.

COPIA. f. Kasaganàan; karamihan nang anomán. || Salin nang isang sùlat, retrato, etc. || Huad.

COPIADOR. m. der. nang *copia.* Tagapagsalin. || Salinán. Sa mangá komersiante ay ang librong pinagsásalinan nang súlat; etc.

COPIANTE. p. a. nang *copiar.* Tagasalin; nagsásalin. Lálong karaniwang *sustantivo masculino,* kung gamitin.

COPIAR. a. Sumalin; ó isalin. || Isùlat ang idinídikta nang ibá. || Howarán.=*del original.* Salinin sa *original.*=*á plana renglòn.* Salinin ang isang súlat nang kamukhangkamukhâ nang sinalinan ang dami ng renglón, na huag magkùlang at lumabis man. Sinàsabi namán sa bàgay na lápat na lápat sa pinagkàkailanganan. || r. Maghúwaran; maggágaran.

COPIOSO, SA. adj. der. ng *copia.* Sagánâ; marami.

COPLA. f. poét. Dalit.

COPLEAR. n. Magdalit.

COPO. m. Binuyó; ò kakamal na bùlak, lana, etc. na susulirin. || Lugal na masinsín nang lambat. || Kabílot na anomán. || Ang pagkopo sa sugal.

COPÓN. m. aum. nang *copa.* Kopang malakí. || Ang kopang gintô ó pílak na pinagtátagoan nang Santìsimo. || aum. nang *copo.* Palakopò sa sugal, etc.

COPUDO, DA. adj. der. ng *copa.* Mayábong.

CÓPULA. f. Tálì, ó pagkakátalì nang dalawang bágay. || Pagapid ó pakikialam nang lalaki sa babayi ò nang babayi sa lalaki.

COQUETA. f. Babaying dáhil sa kapalalóan ó sa anomán, ay nagpípilit makahalina sa marami, at hindî mápaisa ang pagíbig.||Ang pálô nang palmeta sa pálad nang kamay.

CORAJE. m. Tápang; lakás nang loob. || Gálit; poot; panggigìgil.

CORAL. m. Korales: ito'y sa dàgat tumútubô. || adj. Náuukol sa korales. || m. pl. Kuintás na korales.—*Ser fino como un coral, ó mas fino que un coral.* fr. fam. met. Lubhang matalas; lubhang suítik ó lubhang matalino.

CORAZA. f. Balútì; sapyaw.

CORAZÓN. m. anat. Púsô. || met. Tápang; lakás nang loob. || Pagíbig; kabutihan; ó kagandahan nang loob.||

Ang úbod; ó gitnâ nang anománg bágay.—*Blando de corazòn.* fr. Mahábagin; maáwain.—*Cobrar corazón.* fr. Tumápang; lumakás ang loob.—*de corazón.* mod. adv. Tùnay; tapat; palamán sa loob.

CORAZONADA. f. der. nang *corazón.* Tibok, ó kutog nang púsô.

CORCOVA. f. Kakubàan; kabukután.

CORCOVADO, DA. adj. y s. m. y f. Kúbâ; bokot. || adj. Pilipit; kukob. Kung ang sinâsalitâ ay mangá bágay.

CORDAL. f. Bagang, na huling tumútubô sa tawo.

CORDEL. m. Lúbid; kitang, etc.

CORDELAZO. m. aum. nang *cordel.* Hampás nang lùbid; halubid.

CORDERO, RA. m. y f. Anak ng tupa: *cordero* ang táwag hangáng sa magkaroón nang sangtaòng edad, at paglampás dito'y *borrego* namàn hangang sumápit sa dalawang taón. || met. Maámô; mabábang loob; lubhang mabuting kalooban.

CORDIAL. adj. Taós sa púsô; túnay; dalísay. || Náuukol sa púsô.

CORDILLERA. f. Taludtud ng bundok na nagkákasunod; kapisanan nang maraming bundok.

CORDURA. f. Kabáitan sa anomán; kabutihan nang ísip; kaingatan.

CORMA. f. Kulmá na ikinákabit sa paá nang bilangô. || met. Kasikián; bágay na nakakíkimî sa paggawà ng anomán.

CORNADA. f. der. nang *cuerno.* Suag. || Súgat nang suag.

CORNAMENTA. f. Mangá süngay nang isang háyop.

CORNEAR. a. Suagín; manuag.

CORNUDO, DA. adj. der. nang *cuerno.* Sungayán; ó may súngay. || m. met. Lalaking inúulol nang asawa.

CORONA. f. Korona; pútong. || Tuktok nang ulo. || Satsat nang párì. || Kaharián. || met. Dangal; puri; karángalan.

CORONACIÓN. f. der. nang *coronar.* Pagpupùtong nang *corona* sa isang hárî. || Katapusán; hangahan ng isang gawâ.

CORONAR. a. Koronahan; putungan nang *corona.* || met. Tapusin; lubusín ang kayarián nang anomán. || met. Papurihan.=*con, de flores.* Putungan ó koronahan nang bulaklak.=*por monarca.* Koronahang gawing hárì. || r. Magsoot nang *corona.*—*Coronarse de gloria.* met. Mapuspòs nang ligaya at karángalan, dáhil sa mangà gawang mabuti, tanyag at tángì.

CORONILLA. f. der. nang *corona.* Tuktok nang ulo.

CORPORAL. adj. der. nang *cuerpo.* Náuukol sa katawán. || s. pl. Káyong inilálatag nang pári sa ibábaw nang *ara* nang altar, at siyang pinagpápatungan nang *hostia* al *cáliz.*

CORPÓREO, REA. adj. der. ng *cuerpo.* May katawán, ó náuukol sa katawán.

CORPULENCIA. f. der. ng *cuerpo.* Kalakhàn nang pangangatawán.

CORRAL. m. Bakuran. || Baklad; bunuhan. || Kural nang háyop; kulungàn. || Bákod.

CORREA. f. Sintás na balat.

CORREAJE. m. der. nang *correa.* Kapisanan nang mangá sintás na balat, ó lahat nang sintás na balat na kasangkapan sa anomán.

CORRECCIÓN. f. der. nang *corregir*. Pagbáti; pangúsap; pagsaway.

CORREDERA. f. der. ng *correr*. Lugal na pátakbuhan nang kabayo. Tinàtawag namang *carrera, hipódromo* at ito'y siyang lalong kagamitán ngayón. || Ang pangibábaw, ó lalaki nang gilingan. || náut. Lúbid na panùkat nang natátakbo nang sasakyán. || fam. Ang alkagueteng babayi.

CORREDIZO, ZA. adj. der. ng *correr*. Talihabsô; talibugsô.

CORREGIR. a. irreg. como *pedir*. Itumpak ó alisín ang malíng nakalagay sa anomán; husayin. || Pangusapan; batíin. || Parusahan.=*con rigor*. Pangusapan, ò parusahan nang mabigat. || r. Magbago nang ugálì; magpakahúsay. || Maghinahon.|| Magpangusapan; magbatián.=*de una falta*. Baguhin, ó alisín sa sarili ang isang kamalîan.

CORREOSO, SA. adj. Malambot at makúnat, na baluktutín may dî nabábalì.

CORRER. n. Tumakbó. || Humábol. || Tumitis ang pawis. || Tumagistís ang lúhâ. || met. Umàpaw; umagos. || Umánod; dumáloy ang anomang bágay na lusaw. || Kumálat. || Kung kalákip nang preposición *con* ang kahuluga'y: *mamahálâ; managot*. v. gr. *Akò ang* NAMÁMAHALÁ Ò NANÁNAGOT *nitó, yo* CORRO CON *esto*, etc. || Usigin. || Maging kailangan: v. gr. KAILAÑGANG *malaki;* ó *hindì maitálayong*, CORRE *prisa*. || a. fam. Agawin; looban. || met. Hiyaín; aglahíin. ||Arrendahín, =*à caballo*. Tumakbong nakasakay sa kabayo.=*(un velo) sobre lo pasado*. Kalimutan, ó ipatáwad ang nakaraán na.=*al cuidado (de alguno un negocio.)* Málagay sa ilálim nang pamamahálâ ó pananagot (nang sínoman ang isang negosio).=*á rienda suelta*. Magpatakbò nang lubhang matulin.—Pálulong ng walang tuto sa masasamang hílig.=*con desgracia*. Datnán nang kasakunaán sa kaniyang mangà lákad, na huag mápanuto alinmán.=*con alguno (bien ó mal)*. Magkaroón nang pakikisama sa kangínoman (na mabut ó masamâ man.) || r. Mahiyâ; makut-iyâ; magdamdam.||Magtakbuhan; magtákasan.||Magbiroán; magkutyâan. || imp. Kumálat ang balítâ.=*de vergüenza*. Makutyâ sa pagkahiyâ-=*de una falta*. Ikahiyâ ang isang kakulangán.=*por una culpa*. Mahiyâ dàhil sa isang sala.

CORRESPONDENCIA. f. Pagkáayos; pagkáakmâ nang isang bágay sa ibá. || Pagiíbigan. || Pagsusulatán.

CORRESPONDER. n. Gumanting loob. || Máaboy; mátoka sa isá ang anomàn. || Mábagay.=*à los beneficios*. Gantihín ang mangá pagpapálâ.=*(los hechos) à, con las palabras*. Máakmâ (ang mangá gawâ) sa mangá salitâ=*(la gravedad) en un abogado*. Mábagay (ang kapormalán) sa isang abogado. || r. Magsulatán; ó makipagsulatán; magúsap sa súlat.||Magíbigan; magmàhalan.=*con los enemigos*. Makipagsulatán sa mangá kaàway.

CORRESPONDIENTE. p. a. ng *corresponder*. adj. Bágay; úkol. || Kaúkol; katugón. || m. Kasulatán: ito'y hindì lubhang kagamitán na para ng salitang *corresponsal*.

CORRESPONSAL. m.Kasulatán.

CORRIDO, DA. p. p. nang *correr.* y adj. Nahiyâ; nápahiyâ. || met. Táwong matalas at malakí ang nálalaman sa mundò.

CORRIENTE. p. a. nang *correr.* Tumátakbô; nagtátatakbo. || f. Agos nang túbig. || met. Takbó; lákad; kalakarán nang anomán. || adj. Madalî. || Malínaw. || Kalat. || Kaugalián. || Kasalukuyan; ó lumàlakad (na buan ó taon).

CORROMPER. a. Baguhin; siráin ang pagkáyarì ó kalágayan ng̃ anomang bágay. || met. Hibúin; lamuyutin ang isang babayi. || met. Siráin ang mabubuting kaugalián. || Sumúhol, ó magálay nang kualtá, etc. || Bulukìn. || n. Bumàhô; mabulok. || r. Masírâ; mabulok. || met. Sumamâ ang ugálî.

CORRUPCIÓN. f. der. nang *corromper.* Pagkasírâ; pagkabulok nang anomán. Kabulukán. || Báhô. || Sùhol. || met. Bisiong nápasok sa kaugalián, pananalitâ, etc.

CORRUPTIVO, VA. adj. der. nang *corromper.* Pangbulok; nakabúbulok.

CORRUPTO, TA. p. p. irreg. nang *corromper* at *corromperse.* Bulok; nabulok.

CORRUPTOR, RA. m. y f. Máninirà nang mabubúting ugálî, etc.

CORTABOLSAS. m. palab. comp. nang *corta,* at *bolsas.* fam. Tekas.

CORTADERA. f. Kasangkápang pamùtol nang maínit na bákal. || Pamùtol nang báhay pukyutan.

CORTAFRÍO. palab. comp. nang *cortar,* at *frio.* m. art. Kasankapang pamùtol nang bákal na malamig.

CORTANTE. p. a. nang *cortar.* Nakapúputol; nakagìgilit. || m. Magkakarné.

CORTAPLUMAS. palab. comp. nang *cortar* at *plumas.* m. Panasá nang pluma.

CORTAR. a. Putulin; gilitín; hiwáin; gilgilín; patirín; etc. || Sa larô nang baraha ay *alsahìn.* || Harang̃in; pigilin; sansaláin ang lákad ó takbó nang anomán. || met. Sabarín; putlìn ang isang sálitaan; ó pagpupúlong. || Iklìan; magiwan nang ilang bahagi nang sàsabihin, para nang IKLIÁN *ang isang sermón,* CORTAR *un sermón;* etc. || Litohín. || Hiyaín. || Wahíin.—*Cortar de vestir.* fr. Tabasan nang damit; itabas.—met. Siráan ng̃ puri; libakín ang kápowâ.—*Cortar los aires.* fr. Lumipad.—*Cortar los brios, ó los humos.* fr. Pababaing loob; supilin.=*da raiz.* Bunlotín nang sapol sa ugat.=*(una pierna) al enfermo.* Putulan (nang isang paá) ang may sakit.=*por la rodilla.* Putulin, ó tabasin sa túhod. || r. Masugatan; magsugatán. || met. Malitó; huag makapang̃ùsap dáhil sa gúlat ó pagkahiyâ.—*Cortarse vestidos.* fr. fam. met. Magsiraán nang puri.—*Cortar por lo sano.* Tiaking tung̃uhin ang talagang sálitaan, na huag magling̃ong likod.

CORTE m. Talim nang espada, kampit, etc. || Pagpútol; tabas. || f. Alay; paglilingkod; pagestimá: at niwíwikâ. *Hacer la* CORTE *uno, mag*ÁLAY; *pag*LINGKURÁN *ang isá.* || Báyan ó lugal na tinítirahan nang Hárî. || Kapisanan nang lahat nang ábay nang Hárî. || Ábay.

CORTEDAD. f. Kaiklián; kauntián. || met. Kamangmang̃àn; kaumirán; kaiklián nang ísip. || Karuagán;

kakimián. =*de medios* ó *de recursos*. fr. Kasalatán nang pagkabúhay; kahirapan. || Hiyâ; tákot.||Kadaglián.

CORTÉS. adj. Bihasang makipagkápowa tawo; magalangîn; masúyô sa kápowa.

CORTESÍA. f. der. nang *cortès*. Gálang; kagalangân. || Sa sú'at ay, ang mangá salitang magálang na inilálagay sa unahán nang firmá.||Regalo; biyáyâ; kaloob.

CORTEZA. f. Balat; banákal; úpak. || met. Kabastusàn; kakulangân nang mabuting kaugalián at pinagaralan. || Piraso nang tinápay; keso, etc.

CORTEZUDO, DA. adj. der. ng *corteza*. Mabalat; makapal ang balat. || met. Bastós.

CORTINA. f. Tábing; panábing.|| met. Ang nakakàkanlong; ó nakatátabing sa anomán.

CORTINAJE. m. der. nang *cortina*. Kapisanan nang mangá kortina.

CORTO, TA. adj. Kúlang; maiklî; kapós.|| Maliit.|| Kákauntî. || Sumandalî. || met. Umid; kimî; takòt; mahihiín. || met. Maiklî ang ísip, ó pinagaralan. || met. Kúlang nang dílâ, ó híndî marùnong magsaysay nang nálalaman, ó nang na sa loob, etc.—*A la corta ó á la larga.* mod. adv. Málaon at mádalî; bukas makalawá.= *de genio*. Maiklî ang ísip=*en dar*. Datnot magbíbigay; ó marámot.

CORVA. f. Alakalakán nang paá.

CORVO, VA. adj. Hubog; baluktot. || m. Kaláwit.

COSA. f. Bágay na anomán. || Pagiísip; hàkâ. || Pangyayarí; kababalaghán; etc. || Balítâ; salitâ. =*de*. fr. Hálos; humigit kumúlang. =*de entidad*, fr. Bágay na mahalagá, ó malakí. =*de ver*. fr. Nádarapat panuurín; dápat pagtakhán.—*Muchas cosas á tu padre*. Maráming kumustá sa ìyóng amá.—*Cosas del otro jueves*. fr. Lúmang balítâ, ó matandang bágay; kasinungalingan.

COSCORRÓN. m. Untog; páló sa ulo.

COSECHA. f. Ani. || Pagaani. || met. Kasaganaàn.

COSECHAR. a. Umani; anihin.

COSER. a. Tahiín; tumahî; tutusín. || met. Iugnay; ikamá; ikabit.|| Salantaín: v. gr. SALANTAÍN *sa íwâ*, COSER *à puñaladas*=*(la boca) à alguno*. Tapalan ang bibig nang isá; suhulan, ó baláang huag magsalitâ. || r. Matahî; maboô. =*á, con otros*. Dumàtig nang dait na dait sa ibá.

COSIDO. p. p. nang *coser*. y m. Tàhiin; tahî=*(uno) con otro*. Nagkákatahî.

COSQUILLAS. f. pl. Kilitî; kalamkam.

COSQUILLEAR. a. fam. Kilitiín; kumilitî. || Pagalitin.

COSQUILLEO. m. Pagkilitî; pagkalamkam.

COSQUILLOSO, SA. adj. der. ng *cosquillar*. Makílitiin. || met. Lubhang maramdamin at madaling magálit.

COSTA. f. Halagang ibinábayad sa anomán. || Kàhoy na pangbuli ng sapín. || náut. Dalampásig; ó baybay dágat || pl. for. Mangá gastos, na nagúgol sa úsap.—*Condenar en costas*. fr. Hatulang magbáyad nang lahat nang nagúgol sa isang úsap.

COSTADO. m. Tagiliran. —*Estar de costado*. fr. Nakatagìlid.

COSTAL. m. Súpot, ó bayong na malakí. ‖ Pamaikpik nang lúpâ; ó pisón.—*Esa es harina de otro costal.* fr. Iyán ay ibá na.—*Vaciar el costal.* fr. Ipaháyag ang inililihim.—*Estar hecho un costal.* fr. fam. Mápakatabâ. —*Estar hecho un costal de huesos.* Mápakapayat.

COSTAR. n. irreg. como *acordar.* Maghalagang...; ó magkahalagang...: v. gr. *Ito'y* HALAGANG *sampuong piso, esto* CUESTA *diez pesos;* NAGHÁHALAGANG *isang salapî,* CUESTA *cuatro reales.* ‖ met. Makapagpahírap; makapagkasakit; makapagpagastá: v. gr. *Ang bátang iya'y* NAGPÁPAHIRAP; ó NAKAPAGPÁPAGASTA *sa akin nang malakì, ese niño me cuesta mucho.* ‖ Maghírap ng paggawâ nang anomán; ó gawín ng masúkal sa loob para nang PINAGHÍHIRAPAN KONG *lubhang sulatin ang kuadernong iyàn, mucho me* CUESTA *escribir ese cuaderno.*

COSTEAR. a. Pagkagastahàn; panggugulan. ‖ Mamaybay dágat.

COSTILLA. f. Tadyang. ‖ met. y fam. Pagaárî; kayamanan. ‖ fam. Ang babáying asawang sarili.—*Medir á uno las costillas.* fr. Palóin ang isà; hampasín.—*Sacar á uno las costillas.* fr. Papagkagastahín nang malakí ang isá; papagbayarin nang lampás sa halagà.

COSTILLAJE. m. der. nang *costilla.* Kapisanan nang lahat nang tadyang.

COSTO. m. Halagá; gúgol; pagkábili; bilí. ‖ met. Hírap; pagal.

COSTUMBRE. f. Kaugalián; ugálî; ásal. ‖ Kagáwian; anyô. ‖ Ang panahón ó regla nang babayi. ‖ pl. Kaugalián.

COSTURA. f. Tahî. ‖ Pananahî. ‖ Pagkàtahî.

COSTURERA. f. der. nang *costura.* Babaying mánanahî.

COSTURÓN. m. aum. nang *costura.* Tahing magaspang. ‖ Piklat na halatâ at malakí.

COTA. f. Balùtî.

COTEJAR. a. Pagsurutin; paghowarín; pagparising tingnán. ‖ Subukin; ulusin, kung sa takalán.—*(la copia) con el original.* Isúrot ó ikotejo, (ang salin) sa original.

COTIDIANO, NA. adj. Arawàraw; umúulit sa arawáraw; nangyáyari ó ginágawâ sa arawáraw.

COVACHA. f. dim. nang *cueva.* Yungib, ó kuevang maliít.‖Táhanang maliit at marumí.

COYUNTURA. f. Kasúkasuan. ‖ met. Pagkakàtaon. ‖ Pagkakàlakip; pagkakásama—*Hablar por las coyunturas.* fr. fam. Magsasalitâ nang malabis; magtatabil.

COZ. f. Sípâ; síkad nang háyop. ‖ Tadyak. ‖ Síkad nang baril ò kanyón. ‖ met. Upasálâ; kalapastanganan.

CRÁNEO. m. anat. Bungô; ó bao uang ulo.

CRÁPULA. f. Pagkalangó; kalasingán. ‖ Kalibugan.

CRAPULOSO, SA. adj. der. ng *cràpula.* Mapaglangó. ‖ Malíbog.

CRASITUD. f. Katabaán; tabâ. ‖ met. Kalakihán.

CRASO, SA. adj. Matabâ; makapal. Kung kalàkip nang sustantivo *error, ignorancia* at ibá pa, ang kahuluga'y *malakì, dakilâ, malabis,* etc.

CREACIÓN. f. der. nang *crear.* Paglalang. ‖ Ang boong nilalang.

CREAR. a. Lumalang; lalangín.

CRECER. n. irreg. como *empobrecer*. Tumúbô; lumakí; tumaás; lumagô.||Sumagánâ; kumapal; dumami. =*en virtudes*. Lumagô, ó màsulong sa kabáitan.

CRECIENTE. p. a. nang *crecer*. Lumá aki. || f. Paglakí.=*de la luna*. Ang panahong magmulâ sa bágong buán hangang palábâ.

CRÉDITO. m. Paniwálâ || Paútang. || Puri; dang̃al; fama, ó mabuting ng̃alan.—*Dar crédito*. fr. Maniwálâ; sumangpalataya.

CREDO. m. Ang dasal na sumásampalataya.—*Cada credo*. fr. fam. Sa towitowîna; sa báwa't sandalî.—*En un credo*. mod. adv. Sa isang sandalî; sa isang kisap matá.

CRÉDULO, LA. adj. der. nang *creer*. Pániwalain. Madalás gamiting parang *sustantivo* sa *masculino*.

CREENCIA. f. der. nang *creer*. Paniniwálâ; pananampalataya. || Religión, ó sektang sinúsunod nang isá; at sinásabi: *Ibà ang* RELIGIÓN Ó SECTA *nang mang̃á moro kay sa atin, los moros son de diversa* CREENCIA *que nosotros*.

CREER. a. Paniwalaan; sampalatayanan.||Magakálâ; maniwàlâ; maghinágap nang anomán. || Aríing totoó ang anomán. Kung kalákip nang mang̃á modo adverbial, *á macha martillo; á ojos cerrados; á piés juntillas; à puño cerrado; à ciegas*, ang kahuluga'y *paniwalâang matibay* ó *maniwálang matibay*.=*en Dios*. Sumampalataya, ò umasa sa Dios. || n. Maniwalâ; sumampalataya.=*le habladurías*. Maniwálâ sa salîsalitâ.

CREMA. f. Laknip nang gatas.

CREPÚSCULO. m. Liwayway; ò liwánag bago sumíkat ang áraw at kung makalubog na. || met. Unang paggitî nang bait.

CRESPO, PA. adj. Kulot. Kaugaliang sa buhok wikáin. || met. Galit. || met. Pananalitang mahírap kurùin, dáhil sa pagkakáakmang sadyang dinilimán.

CRESTA. f. Pàlong. || Tuktok na balahibo, nang manok at nang ibang ibon, na parang pálong. || Taluktuk nang matataás na bundok.

CRIA. f. Pagaalàgâ sa háyop, ísdâ; etc. || Pagákay nang inahín sa kaniyang mang̃á anak. || Ákay; bulô; inakay. || Katipunan nang lahat nang ákay nang isang inahìn, na ipinang̃anak na sabaysabay. || met. Ang sangol na pinasuso nang magiiwí.

CRIADA. f. Alìlang babaye.||met. Pamalópalô naag damit.

CRIADO, DA. p. p. nang *criar*. y adj. na kung kasama nang mang̃á adverbiong *bien ó mal* at ibang ganganitó, ay ikinákapit sa tawong may *mabuti* ò *masamang pinagaralan:* v. gr. *Si Juan ay isang tàwong may* MABUTING PINAGARALAN, *Juan es un hombre* BIEN CRIADO, etc. || m. Alílang lalaki.

CRIADOR, RA. m. y f. der. ng̃ *criar*. Tagapagalágâ; nagpalakí sa isá; nagiwi. || m. Maykapal; maylalang sa lahat; ang Dios. || f. Sisiwa.

CRIANZA. f. Pinagaralan; kagalang̃àn; gàlang; kabutihan nang ugá'i. Karaniwang lakipan nang salitang *buena*, sa kahu'ugang *mabuting pinagaralan*, etc., at kasama nang *mala*, sa kahulugang *masamang pinagkaugalián; masamang*

pinagaralan, etc.

CRIAR. a. Lumalang. || Kumathâ. || Magpasuso; magiwi; magkandilí. || Magalágâ; magpatabâ nang háyop. || Magtúrô. || met. Magbigay daán; ó magbigay dahilán || Magtátag; magtayô.—*Criar carnes.* fr. Tumabâ.=*á los pechos.* Pasusuhin. Kalingâin ang isá nang tánging pagmamahal. =*con leche de cabras.* Palakhín sa gatas nang kambing.=*en buenas costumbres.* Palakhín sa mabuting kaugalián.

CRIARSE. r. Lumakí; tumaás; lumagô. || r. Tumúbô; sumipot; sumíbol.=*en buenos pañales.* Lumakí sa kaginhawahan ó sa kayamanan: lumakí sa mabuting kaugalián.

CRIATURA. f. der. nang *criar.* Alinmang bágay na nilalang; para nang tawo, háyop, ibon, etc. || Ang sangol. || Bátâ.

CRIBA. f. Bithay.

CRIBADURA. f. der. nang *criba.* Pagbibithay; binithay.

CRIBAR. a. Bithayín. || r. Mabithay.

CRIN ó CRINES. f. Kiling ng̃ háyop.

CRISTAL. m. Búbog. || Salamín.

CRISTIANAR. a. der. nang *cristiano.* fam. Binyagán. || r. Magbinyag.

CRISTIANDAD. f. der. nang *cristiano.* Kakristianuhan. || Pagtalima sa mg̃á kautusán ni Kristong Pañginoón.

CRISTIANISMO. m. der. nang *cristiano.* Kakristianuhan. || Pagkakristiano.

CRISTIANO, NA. adj. der. ng̃ *Cristo.* Náuukol sa religiong kristiana. || m. y f. Binyagan,na tumátalimang lubós kay Kristo.

CRITERIO. m. Ísip; pagkukúrô; bait.

CRUCIFICAR. a. der. nang *cruz.* Ipákô nang padipá sa kurús. || met. y fam. Pasakitan nang malabis. || r. Mamatay na nakapákô sa kurús.

CRUCIFIJO. m. der. nang *crucificar.* Larawan nang ating P. Jesukristong nápapakô sa kurús.

CRUCIFIXIÓN. f. der. nang *crucificar.* Pagpapákô; ó pagpaparipà sa kurús; pagkápakô sa kurùs. || Pagpapasákit sa sarili.

CRUDO, DA. adj. Hilaw. || met. Mabang̃ís; walang áwâ. || Panahong malabis ang lamig. || Mahírap.

CRUEL. adj. Mabang̃ís; gánid; walang áwâ; mabagsik. || met. Hindî matiís; malabis: v. gr. HINDÎ MATIÍS ó MALABIS *ang lamig nang panahón, el tiempo hace un frio* CRUEL=*con, para, para con su esposa.* Walang áwâ sa kaniyáng asawa.=*de condiciòn.* Mabagsik ang paguugálî.

CRUELDAD. f. Kabang̃isán; kawalán nang áwâ; kabagsikán. || met. Kawalán nang túring; dî karunung̃ang kumilala nang útang na loob. || Kasamaán. || Kasaliwaáng pálad.

CRUJIDO. p. p. nang *crujir.* m. Úgong; lagutok; háging nang anoman sa pagkabásag, pagkabaak, etc.

CRUJIR. n. Lumagutok; humáging sa pagkabálî, pagkabaak, etc.

CRUZ. f. Kurós. || Dipá. || met. Bigat,; hírap; kasakitan; dalamhátî. —*Estar en cruz.* fr. Magdipá.—*De la cruz á la fecha.* fr. Búhat sa púnô hangang dulo.

CRUZAR. a. der. nang *cruz.* Ikurùs; ó ipahálang nang pakurús ang anomán sa ibábaw nang ibá. || Pag.

kurusín.||Tawirín ang alinmang daán, párang, ílog, etc.=*(la cara) à alguno.* Tampalín; suntukín sa mukhâ ang isá.=*los brazos.* Ihalokipkip. || r. Magkabit; ó maglagay sa dibdib nang kurùs nang pagkakaballero. || Magkákurus. || Magkádagandagan; magkápatongpatong; magkàsalasalabat ang maráming bágay. || Magkásalubong.=*de brazos.* Maghalokipkip. = *de caballero.* Magsuot nang kurús ng̃ pagkakaballero.=*de palabras.* Magbàtì. Magtalo; magsálitaan nang mabigat.

CUADRA. f. Salas, ó kabahayáng maluang nang isang bàhay. || Caballeriza.

CUADRADO. m. der. sa latín. Panyito nang kilikili nang bárô || geom. Parisukat. || arit. Ang *producto* nang isang número, na iminultiplikang minsan sa kaniyá rin, para ng̃ *veinte* y *cinco*, na *producto* nang *cinco* sa kaniyá rin.—*De cuadrado.* mod. adv. Lubhang mabuti.||DO, DA. adj. Parisukat. || Magaling; lubós. || Matikas; matowid ang tayô.

CUADRAGENARIO, RIA adj. May ápat na puong taón.

CUADRAGÉSIMA. f. der. sa latín. Kurismá.

CUADRAGESIMAL. adj. der. sa latín. Nàuukol sa kurismá.

CUADRAGÉSIMO, MA. adj. der. sa latín. Ápat na puô: ó ikápat na puô. || Náuukol sa kurismá.

CUADRANGULAR. adj. der. sa latín. Ápat ang pánulukan; ó may ápat na pánulukan.

CUADRAR. a. Parisukatin; ò gawing parisukat. || n. Mátapat; màukol; máakmâ ang isang bágay sa ibá. || Mágustuhan.=*(una cosa) à alguno.* Mábagay, ó máukol (ang isang bágay) sa isá.=*(lo uno) con lo otro.* Màakmâ (ang isá) sa isá; magkàakmâ. || r. Towirín ang tindig; ó tikasan ang tindig.

CUADRIENIO. m. Ápat na taón. Gáling itó sa latín.

CUADRIFORME. adj. der. ng̃ latín. May àpat na hitsura: ó may ápat na mukhà; tabas parisukat.

CUADRIL. m. anat. Butó nang balakang.

CUADRILÁTERO, RA. adj. der. nang latín. May àpat na sampad.

CUADRUPEDAL. adj. der. ng̃ latín. May ápat na paá. || Náuukol sa háyop na àpat ang paá.

CUADRÍPEDE. adj. y

CUADRÚPEDO, DA. adj. der. nang latín. Háyop na ápat ang paá. Ginágamit namang parang *sustantivo* sa *masculino.*

CUAJAR. a. Papamuoín ang anomang bágay na lusaw. || met. Balutin nang pamuti ang anomán, na halos huag mákita, kundî ang pamuti lámang. || n. met. y fam Mangyari; kamtán ang anomán.|| fam. Màiibigan, mágustuhan: v. gr. *Si Juan ay hindî ko* NÁIIBIGAN, *Juan no me* CUAJA. || n. Sikmúrâ nang háyop na ápat ang paá. || r. Mamuô; kumintay; magkintay.=*á uno la sangre.* Mamutlâ ang isá sa tákot; mágulat.

CUAL. pron. rel. Na: v. gr. *Ese es el camino por* EL CUAL *se puede llegar al fin deseado, iyàn ang daán* NA *ikarárating sa ninànasang hanganan.* || part. interrog. ¿Alín? ¿Sino? v. gr. *De estos dos hermanos,* ¿CUÁL *es el mas cuerdo?* ¿*Dito sa dalawang*

magkapatid; ¿SINO, ó ALÍN *bagá ang lalong mabait?* || Kung anó; gayón dín, (ang kahulugán niyá sa pagpaparis *ù oraciones comparativas);* at sa kahulugang ito'y láging kasama nang partícula *tal:* v. gr. CUAL *es Pedro,* TAL *es Juan;* KUNG ANÓ *si Pedro, ay* GAYÓN DÍN *si Juan;* ó GAYÓN DÍN *si Pedro,* KUNG ANÓ *si Juan.* || Kung inúulit sa isang paraang tinátawag na *disyuntiva* nang mañgá gramático; ay kaisá nang àting *ang isà* ó *ang ibá:* v. gr. *Tengo muchos libros,* CUALES *de latín,* CUALES *de romance, mayroon akong maraming libro* ANG IBA'Y *latín,* ANG IBA'Y *kastilâ; de estos tres hombres no hay donde escoger,* CUAL *loco,* CUAL *necio,* CUAL *borrachero, sa tatlong tawong ito'y walang mápilì,* ANG ISA'Y *ulol,* ANG ISA'Y *hunghang,* ANG ISA'Y *manlalàsing.* Sa wíkang kastílâ ang unang *cual* ó *cuales* ay kaisá nang *uno,* at ang ibang náhuhuli ay kaisà nang *otro.*=*de* ENTRE *ellos?* SINO *sa kanilà?*

CUALQUIER. adj. y

CUALQUIERA. adj. Sìnoman; alinmán; anomàn; ó bálang na.=*de los dos.* Sínoman sa dalawá.

CUANDO. adv. de t. Kung; nang; noón; niyòn. || part. interrog. ¿Kailán? Ginágamit namang kapara nang ating *kung minsa'y:* v. gr. *Siempre anda riñendo,* CUANDO *con los criados,* CUANDO *con los hijos, láging nañgáaway,* KUNG MINSA'Y *sa mangá alilà,* KUNG MINSA'Y *sa mangà anak.* —*Cuando mas, ó cuando mucho.* mod. adv. Magpakáluat; magpakaláon. —*De cuando en cuando* mod. adv. Manakâ nakâ; maminsanminsan.—*¿De cuando acà?* Magbúhat kailan? Anó ang dahilan? Paano iyàn?

CUANTÍA. f. Halagà. || Dami. || Kamáhalan; pagkaginoó.

CUANTIAR. a. Halagahán; lagyán nang halagá.

CUANTIOSO, SA. adj. der. nang *cuantía.* Marami; sagánâ. || Mayaman.

CUANTO, TA. adj. na kasama nğ *tanto* kung gamitin sa pagpaparis, at sa unahin nang sustantivo inilálagay, kaisá nang ating *kung gaano; marami; gaya; gayón din:* v. gr. CUANTOS *libros hay en ese armario* TANTOS *en el otro;* ó TANTOS *libros hay en ese armario,* CUANTOS *en el otro:* KUNG GAANO *ang librò sa armariong iyán ay* GAYÓN DIN *ang na sa kabilà;* ò ANG DAMI *nang nàriang librò sa armariong iyán ay* GAYÓN DIN *sa kabilà, etc.* || interj. Karami; kakapal: v. gr. ¡CUANTOS *hombres!* ¡KARAMING *lalaki!* ¡KAKAPAL *na lalaki!* ¡CUANTA *gente!* ¡KAKAPAL ó KARÁMING *tawo!*|| interrog. ¿Ilán? Gaano? Magkano? v. gr. ¿CUÁNTOS *son tus hermanos?* ¿ILÁN *ang kapatid mo?* ¿CUÁNTO *arroz has traido?* ¿GAANONG *bigás ang inihatid mo rito?* ¿CUÁNTO *vale este sombrero?* MAGKANO *ang sombrerong itó.* || Madalás na kaisá nang salitang *lahat:* v. gr. *Lee* CUANTOS *libros ve, binábasa* ANG LAHAT *nang librong mákita; quiere* CUANTO *le ofrezca, ìbig* ANG LAHAT *nang idùlot sa kaniyá.* || Bàlang: v. gr. *Arroja* CUANTO *come, isinùsuka* BALANG *kanin,* ó LAHÁT *nang kánin.—Cuanto mas que* fr. Bukod sa; tánğî sá. —*Tanto cuanto.* fr. Kaunti; kapatak. v. gr. *Dame* UN TANTO CUANTO *de vino, bigyán mo akó nang* KAPATAK *na álak.*

CUARENTA. adj. num. card. Apat na puó.

CUARTA. f. Ikàpat na bahagi ng anomán.

CUARTO, TA. adj. núm. ord. Ikaápat. ‖ m. Ikaápat na bahagi. ‖ Silid. ‖ Kualtá. ‖ pl. Salapî; pananalapî.—*Cuarto á cuarto.* mod. adv. Untîuntî.—*Cuarto sobre cuarto.* fr. Lahát nang salapî; boong halagá na walang kùlang muntî man.—*Ser de tres al cuarto.* fr. Masamang lubhâ; walàng halagáng anomán.

CUATRALBO, BA. adj. Kabayo, ó alinmang hàyop na putî ang ápat na paá.

CUATRERO. m. Magnanákaw nang háyop.

CUATRO. adj. num. card. Ápat.‖ m. Ang número 4.—*Mas de cuatro.* fr. Marami; lubhang makapal na bílang.

CUATROCIENTOS, TAS. adj. num. card. Ápat na daán.

CUBA. f. Tunel, ó bariles na sisidlán nang álak. ‖ Salitang ipinangĩít sa lasing.

CUBERO. m. der. ng *cuba.* Mangagawâ nang tunel ó bariles.

DESACOMODADO, DA. p. p. nang *desacomodar*. adj. Walang hánapbúhay. || Salat sa náuukol sa sariling pagkabúhay. || Ang alílá na walang kinápapasukang panginoón.

DESACOMODAR. a. Alisán ng hánapbúhay; ó nang ikinabúhuhay. || Paalisín ang isang alílâ. || r. Umalís sa kinápapasukan.

DESACONSEJADO, DA. adj. Walang tuto; sumpungin; tuloy sa balang máisipan at dî kumúkuhang hátol sa kangínoman.

DESACORDAR. a. irreg. como *acordar*. Distimplahín ang instrumento. || Huag mákatono nang ibá. || r. Huag magkátono ang mangà, instrumento. || Madesentoná ang boses ng kumákanta. || Makalímot; huag máalaala.

DESACREDITAR. a. Puláan; siráan nang puri; pintasán. || r. Masiràan nang puri.=*en su profesión*. Ma-

siráan sa kaniyang katungkulan ó hánapbuhay.=*entre los compañeros.* Masiráan sa mañgá kasama.=*con, para con el pueblo.* Masírâ ò masiráan sa bayan.

DESADEUDAR. a. Tubsín, na bayaran ang mañgi útang. || r. Magbáyad; makabáyad.

DESADORMECER. a. irreg. como *agradecer.* Gisiñgin; pawíin ang antok nang ibá. || met. Alisín ang pamamanhid nang alinmang lugal nang katawán. || r. Mágising; mawalâ ang pagaantok. || Mapáwî ang pamamanhid.

DESADORNAR. a. Alisán nang hiyás ó pamuti. || r. Mahubdán; maalisàn nang hiyás.

DESADVERTIR. a. irreg. como *advertir.* Huag máhalatâ; makaraang huag mápansin.

DESAFIAR. a. Hamunin; dayuhin. || r. Maghamunán.

DESAFIO. m. Hamon; ó paghamon. || Pakikipaglaban.|| Pakikipagtutulán nang matowid.

DESAFORAR. a, irreg. como *acordar.* Siràin; pawalang kabuluhán ang mañgá *fuero* ò *privilegiong* ná uukol sa isá || Alisán ó bawian ang isá nang mañgá *fuero* ó *privilegiong* hináhawakan, dáhil sa anomang nagawang mabigat na sala. Ang *conjugación* nito'y regular sa kahulugang *huag pabuisan ang isang lùpâ* ó *isaúlì ang buìsang lúpà.*

DESAFORTUNADO, DA. adj. Salang pálad; walang pálad.

DESAGRADABLE. adj. der. ñg *desagradar.* Nakagágalit; nakayáyamot; masaklap.=*al gusto.* Masaklap sa lasa, ó sa lasap.=*con, para con las gentes.* Nakayáyamot sa tawo.

DESAGRADAR. a. Makagálit; makayamot; makasamâ nang loob. || n. y r. Mamuhî; mayamot. || Magkáyamutan.

DESAGRADECER. a. irreg. como *agradecer.* Huag kumilala nang útang na loob; huag gumanting pálâ. Gámit namang *recíproco.*

DESAGRADECIDO, DA. p. p. nang *desagradecer.* y adj. Walàng tùring; dî marùnong kumilala ñg ùtang na loob; palamara.=*al beneficio.* Walang turing sa mañga útang na loob.=*con, para con su bienhechor.* Palamara; walang túring sa kaniyang pinagkákautañgan nang loob.

DESAGRADO. m. Samâ; ò sukal nang loob. || Simáñgot.

DESAGUADERO. m. Pabuluang; imbornal. || met. Dahilán; ó láging daán nang pagkakagastá, na ikinaúubos nang pagaári, ipinagkákautang at ipinaghìhirap.

DESAHOGADO, DA. p. p. *desahogar.* y adj. Pusong; walang hiyâ. || Aliwalas; hawán. || Nakahíhiñga sa pagkabúhay; ó may pinagdádagisunan.

DESAHOGAR. a. Paaliwalasin ang loob. || Ibuntó, || Pagaanín; paluagín ang lagay. || Ipahàyag sa íbà ang sùkal nang loob.=*(una pena) en su amigo.* Ipaháyag ibuntó (ang isang pighatî) sa kaniyang kaibigan. || r. Magaliw nang loob; magpalamig; magpahiñgá. || Makabáyad sa ùtang. || Ipaháyag sa ibá ang taglay na súkal nang loob.=*de su pena.* Magaliw nang kaniyang hírap.=*con otro.* Magpaháyag sa ibà nang nasa sa loob.

DESAHUCIAR. a. Pawíin sa loob

nang sínoman ang pagasa nang pagkakamit nang kaniyang hináhañgad. Ginàgamit namang parang recíproco. || Mawalán nang pagasa ang médico sa paggaling nang ginàgamot niyá. || Paalisín ang namumuísan nang isang bágay, pagka't natapus na ang panahón nang kaniyang trato.

DESAIRAR. a. Huag mahalín; huag kaliñgain ang kápowâ tawo ó ang anomán. || Halayin; pawalang halagá.

DESAIRE. m. Kawalán nang tikas, nang gandá, etc. || Ang dî pagkalíñgâ ó pagpapawalang halagá sa kâpowâ.

DESALABAR. a. Puláan; pintasán.

DESALADO, DA. p. p. nang *desalar*. adj. Walang pakpak. || met. Daglîdaglî.

DESALAR. a. Alisán nang pakpak. || Alisán nang asín. || r. Magmadalî nang malabis. || Magnasang mahigpit. || Magsumíkap nang labis sa pagkakamit nang anomang bágay. || Maalisán ó mabawasan nang asín.

DESALENTAR. a. irreg. como *acertar*. Inisín. || met. Pahináin ang loob; takutin. || r. Humiñgal. || Matàkot; lumupaypay ang loob.

DESALIENTO. m. Panghihínâ ñg loob; kadowagán. || Pagkukùlang nang lakás. || Paghihírap nang paghiñgá.

DESALIÑO. m. Kawalán nang ayos. || met. Katámaran; kabatuganan.

DESALIÑADO, DA. adj. Walang ayos.

DESALMADO, DA. adj. Walang áwâ; tampalasan.

DESALMIDONAR. a. Alisán ñg almirol ang damit.

DESALTERAR. a. Patahimikin; payapáin ang ligálig. || r. Mátahimik; pumayápâ.

DESALUMBRADO, DA. p. p. nang *desalumbrar*. adj. Walang tuto; pinagdídiliman.

DESALUMBRAMIENTO. m. Kawalán nang tuto; kabulagán.

DESAMARRAR. a. Kalagán ñg talî; ilayô; bitiwan. || r. Makalag sa pagkátalî; mabugnós.

DESAMORTAJAR. a. Alisàn ñg sápot. || Hukayin sa pagkálibing. || r. Mahubdán nang sápot; maahon sa pagkálibing.

DESAMPARAR. a. Pabayaán; iwan. || Tampuhán. || Umalís; lumayô sa isang lugal.

DESAMPARO. m. Pagpapabáyâ; pagiíwan. || Pagiisá.

DESANDAR. a. irreg. como *andar*. Bumalik. || Lakáring mulî ang nalákad na.

DESANGRAR. a. Alisán, ò kunan nang maraming dugô ang isà. || Paagusin ang dugô. || met. Limasín ang isang sápâ, tanké, etc. || met. Papamulubihin ang isá, na gastahín at ubusing howag mámalayan ang kaniyang pagaárì. || r. Maubusan nang dugô; paagusin ang sariling dugô, sa pagbibigtí, ó pagpapakamatay na kúsâ.

DESAMINAR. a. Pahinàin ang loob; takutin. || r. Maduag; manghínâ ang loob.

DESANUDAR. a. Kalagín; bugnusín ang buhol. || met. Paliwanagan; husayin ang nagkákasuotsuot at guló. || r. Mabugnós; makalag ang pagkábuhol.

DESAPACIBLE. adj. Nakamúmuhi; nakayáyamot; nakabábagot.

DESAPARECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Màtagô; mawalang biglâ sa masid; magmalikmátâ. | Biglang mapáram sa masid.

DESAPAREJAR. a. Kalagán sa pagkásingkaw ang háyop. || naut. Alisín; siráin ang gayák na kasangkapan nang alinmang sasakyán.

DESAPASIONAR. a. Alisín ó pawíin ang pagkáwili, ó pagkàhilig nang loob sa anomán. || r. Mapáwî ang paggíliw.

DESAPEGARSE. r. Maalís ang pagkáhilig nang loob sa ânomán.

DESAPRETAR. a. irreg. como *acertar*. Luagán; lubayàn ang higpit. || r. Lumuag; lumuang.

DESAPROBAR. a. irreg como *acordar*. Pintasán; masamaín; huag aprobahan, etc. || Ihúlog ang nagé-examen. || r. Mápintasan; mahùlog sa examen.

DESARMAR. a. Samsamàn nang sandata. || Kalasín; tangalìn. || met. Pahupaín, v. gr. PINAHUPÁ *ang gálit niyá, le* DESARMÓ *su cólera*. || r. Maalisán nang sandata. || Mapayápâ.

DESARRAIGAR. a. Bunutin ñg sapol sa ugat. || met. Pawíin; alising lubós ang anománg hílig na masamâ. || met. Paalisín; pap nawin ang isá sa kaniyang tinátahanan. = *del ánimo*. Mapàwî sa alaala.

DESARRAPADO, DA. adj. Lúmà at gulágulanit ang suot na damit. || Nagbàbasahan.

DESARREGLADO, DA. p. p. nang *desarreglar*. adj. Ang lumálalô sa katamtaman; walang ayos sa anomán. || Walang tuto; walang wastô.

DESARRENDAR. a. irreg. como *acertar*. Huag pabuísan: itígil ang pagpapaarrendà. || r. Mawalán nang bumuis sa isang bàgay. || Maalisán ñg renda ang kabayo.

DESARROLLAR. a. Ikadkád. || Iladlad. || r. Lumagô kung sa káhoy lumakí; tumabá kung sa tawo ó háyop. || Lumipáná.

DESARROPAR. a. Hubdàn; alisán nang damit. || Mahubdán.

DESARRUGAR. a. Bintarín; banatin; alisín ang kubot. || r. Mabánat; maúnat.

DESASENTAR. n. irreg. como *acertar*. Huag màanyô; huag máakmâ. || Huag mábagay. || Makapàñgit; isamâ nang loob.

DESASEO. m. Kawalán nang wastô; kasalaulaán.

DESASIR. a. irreg. como *asir* Bitíwan, ó bituán; butawán. || Ihiwalay; bakbakín. || r. Mamitiw ó bumitiw. = *de malos hábitos*. Mamitiw, ó humiwalay sa masasamang kaugalián.

DESASOSEGAR. a. irreg. como *acertar*. Balisanhín; bagabagin. || r. Mabalisa.

DESASOSIEGO. m. Balisa; kabalisanhàn; dî pagkálagay.

DESASTRADO, DA. adj. der. *desastre*. Kúlang ó sálang pálad. || Tawong gulàgulanit ang pananamit.

DESASTRE. m. Sakúnâ; kasaliwaang pálad.

DESATACAR. a. Kalagín ang mañgá koldón; pagkábitones, ó pagkábuhol nang anomán. || Alisín ang kalgá nang baril. || r. Makalag; ó maalís ang pagkátalî, ó pagkábitones nang salawal.

DESATAR. a. Kalagín; kalasín. || met. Tumúnaw; magkanaw; magtúnaw. || Saysayín; paliwanagan ang ano-

mang bágay na malabong kurúin. || r. Máhusô. || met. Lumálô sa pagsasalitâ, ó paggawâ. || met. Mawalâ; mapáwî ang kadunguán, ó tákot.

DESATENCIÓN. f. der. nang *desatender*. Kawalán nang gálang ó nang kalíngâ.

DESATENDER. a. irreg. como *acertar*. Pabayaàn; howag pansinín. || Pawaláng kabuluhán; huag pagpítaganan ang dápat igálang.

DESATENTAR. a. irreg. como *acertar*. Siráin ang ísip; ululín; guluhín ang loob. || r. Magsasalitâ, ó gumawâ nang tuloytuloy, na parang ulol. || Mawalang pítagan.

DESATENTO, TA. p. p. irreg. nang *desatender*. adj. Walang kalíngâ; walang gàlang.

DESATERRAR. a. irreg. como *acertar*. Hangúan ang mina nang lúpâ, ó batong pirapirasó, na, nakaaabala sa gumágawâ.

DESATINADO, DA. p. p. nang *desatender*. adj. Buhalhal; dalosdalos; walang wastó. || Tulig; tulingag.

DESATINO. m. Kabuhalhalán. || Katulingagán. || Kaululán; kamálian.

DESATOLLAR. a. Alisín sa pagkábalahô. || Ahunin sa kagípitan ó kasikián. || r. Maalís sa pagkàbalahô.

DESATRACAR. a. naút. Ilayô ang isang sasakyán sa kápowâ ó sa pundúhan; itúlak.

DESATRAER. a. irreg. como *traer*. Ihiwalay; ilayô ang isang bágay sa ibá.

DESATRAMPAR. a. Linisan ang pádaluyan, ó pabuluang nang anomang nakasúsukal sa kaniyá.

DESATURDIR. a. Alisín ang pagkatulig, ó kalingawán. || r. Maalís ang pagkalingaw.

DESAVENENCIA. f. Pagkakáalit.

DESAVENIR. a. irreg. como *venir*. Pagkagalitín; pagalitin. || Pakagalitan. r. Magkáalit; magkásirâ.=*con alguno*. Màkabiduâ nang ibá.=*(los unos) con, de los otros*. Mangagkasirá ang isa't isá. =*(dos) entre sí*. Magkasirâ ó huag magkáakmâ ang dalawá.

DESAVIAR. a. Iligaw nang daán. || Alisán, ó huag bigyán nang báong kinákailangan sa anomán. || r. Máligaw. | Mawalán nang báong kinákailangan.

DESAYUNAR. r. Kumáin nang agahan. || fr. met. Makátangap nang únang balitâ nang anomán.=*con chocolate*. Magagahan; ó magalmusal nang sikulate.=*de alguna novedad*. Makátangap nang unang balitâ nang anomang sakuná.

DESAZOGAR. a. Alisán nang *azogue*.

DESAZÓN. f. Kawalàn nang lasa, ó kasamán nang lasa. || met. Súkal; dalamhátî nang loob. || met. Kabalisahán; bigat; ò tamlay nang katawán.

DESBANCAR. a. Alisán nang bangkô. || Ihápay ang monte. || Patosin; agawan nang kaibigan, etc.

DESBARATADO, DA. p. p. nḡ *desbaratar*. y adj. Masamang pamumúhay; kaugaliang masamâ. || Máninirà nang pagaári.

DESBARATAR. a. Siráin; gibaín. || mil. Guluhín; lansagìn; siráin ang hánay nang kaáway. || Itapon; siráin ang kayamanan. || r. Mágibâ; masírá.

DESBARATO. m. Pagsírâ.

DESBARRIGADO, DA. p. p. ng *desbarrigar*. y adj. Manipís ang tiàn.

DESBARRIGAR. a, fam. Wakwakìn; ó lapáin ang tián.

DESBASTAR. a. Buguasán; tapiasán; banhaín.

DESBASTE. m. Tapiàs; bugwás.

DESBASTECER. a. irreg. como *agradecer*. V. DESABASTECER.

DESBAZADERO. m. Lugal na halomigmig ò basâbasâ at madulás.

DESBECERRAR. a. Awatin sa suso ang mangã bisiro.

DESBOCADO, DA. p. p. nang *desbocar*. adj. Kanyón ó baril na maluang ang bibig kaysa katawán ó puit. || Sinásabi namán sa alinmang kasangkapan, na sirâ ang bibig, ó kung kaparis nang martilió ay gastado ó bingaw ang tinátawag na bibig, na ito'y ang ipinúpukpok. || met. Mapagwikâ nang mahálay at katampalasanan; masamang bibig.

DESBOCAR. a. Alisán nang bibig ang anomán, para nang saro, tapayan, etc. || n. Lumabás sa alinmang lugal na makípot. || r. Karaniwang sabíhin sa kabáyong nagsúsumikad nang takbó at áyaw sumunod sa freno. || met. Magsabi nang katampalasanan ó kahiyahiyâ. || Pálulong na lubòs sa masasamang hílig.

DESBONETARSE. a. Alisàn ng bonete. || r. Maalisán nang bonete.

DESBORDAR. n. y r, Umàpaw sa làbî; lumágap—*Desbordarse (el rio) en la arena*. Lumágap (ang ìlog) sa buhañgin.=*por los campos*. Umápaw, ó lumágap sa pàrang.

DESBRAVECER. n. irreg. como *agradecer*. Magpígil; maglùbag ang gálit. || Maglubay ang sasal nang agos ò nang hángin, || a. Mansohín ang isang háyop na simarón. || met. Pahupaín ang gálit; pahinahonin ang nagágalit.

DESBRUJAR. a. Maagnás; màgibâ; matibag nang ontîontî.

DESCABALGAR. n. Umibís sa kabayo; ó sa alinmang kinásasakyang háyop.||Ibabâ ang kanyón sa kinálalagyan; ó ilaglag ang kanyòn sa putok nang kápuwà kanyón.

DESCABEZADO, DA. p. p. ng *descabezar*. adj. Walang ulo. || Labás sa matuíd; paulol.

DESCABEZAR. a. Pugutan; alisán nang ulo. || met. Putlán ang dulo ò pinakaulo nang anomán, para ng káhoy, karáyom, etc. || Pamulang daigín ó talunin ang kapinsaláan ó nakasisiking anomang bágay. || r. Basagin ang ulo sa pagiisip nang tungkol sa anomang bágay, na dî màtumpakan. || agr. Sa magsasaká ay, *maggiik.=con en alguna cosa*. Basagin ang ulo sa pagiisip nang anomang bágay.

DESCABRITAR. a. Awatin sa suso ang mangã anak nang kambing.

DESCABULLIRSE. r. irreg. como *bruñir*. Tumakas; makahulagpós.

DESCAECER. n. irreg. como *agradecer*. Manghínâ nang untîuntî ang katawán, kapangyarihan, etc. || Maubos ó matútog na untîuntî ang paga árî.

DESCAECIMIENTO. m. Panghihínâ; panglalambot. || Pañgañgayáyat. || Pagkálugamî. || Panghihínâ ng loob.

DESCALABRAR. a. Sugatan sa ulo. || met. Makapagbigay balisa, ó

ligálig. || fam. Itáwag sa simbahan ang mañgá ikákasal. || Sirain; guluhín. || Patakasin ang kaáway.=*á gritos*. Ligaligin; patakbuhín sa sigaw.

DESCALZO, ZA. adj. Walang sapín; walang sinelas.

DESCAMINADO, DA. p. p. ng *descaminar*. adj. Ligaw; ó lihís sa daán.

DESCAMINAR. a. Ilihís sa talagang daán; iligaw. || Imalî; iligaw ang sínoman sa daang matowid, na ibuyó sá hindî dápat. || met. Hulihin, ó samsamín ang mañgá kalákal ó ibang bágay na báwal, ó hindî nagdáraan nang registro, na ibig ipások nang líhim. || r. Máligaw. || fam. Mámalî.

DESCAMISADO, DA. adj. Walang bárô; hubad. Ipinangíit sa lub hang dukhâ.

DESCAMPADO, DA. adj. Malinis; aliwalas; walang súkal.

DESCANSADERO, m. der. ng *descansar*. Páhingahan.

DESCANSADO, DA. p. p. nang *descansar*. y adj. Nápapahinga; dî pagod; walang alaala, panátag.

DESCANSAR. n. Magpahingà; magpahingalay; humintô. || met. Mapáwî ang mañgá kahirapan ó ligálig na taglay. || Humílig. || Matúlog. || Maníbay na mápatong ang isang bàgay sa ibá. || Umasa; manangan.|| *del trabajo*. Magpahingá sa pagtatrabajo; magpalipas nang pagal ó hírap.=*(el amo) en el criado*. Umasa (ang pañginoòn) sa alílâ.=*en el Señor*. Lumualhatî sa Dios.

DESCANSO. m. Kapáhingahan; katiwasayán. || Kaginhawahan. || Ang kinátatakaran ó kinátutungtuñgan nang isang bágay.

DESCANTAR. a. Alisán; ó linisan nang mañgá talim ò kanto ang anomán.

DESCAÑONAR. a. Alisán nang bagwís ó pakpak. || Salungatín nang áhit, pagkatapos nang áhit na paayón. || met. y fam. Ubusin ang lahat nang salapî nang isá sa larô ó sa ibang paraán. || r. Maalisán nang pakpak.

DESCARADO, DA. adj. Ang dî nahíhiyâ at walang gálang magpañgusap at gumawâ nang hindî dápat.

DESCARGAR. a. Alisán, ó bawasan nang kargá. || Ibsán. || Paputukín, ó alisán nang kargá ang mañga *armas de fuego*. || met. Iligtás ang isá sa anomang kargo ó katungkulan. Ibuntó.=*(el colera) en, contra, sobre el inocente*. Ibuntó (ang gálit) sa walang sala. || r. Iwan ang katungkulan. || Máligtas; ó maalisán ang isá ng anomang kalíngâ, ó katungkulan. || Magputok na kúsâ ang alinmáng armas de fuego.=*de alguna cosa*. Maibsán ang anomán; ò máligtas sa anomán.

DESCARNADOR. m. Panghilamán; kudkuran.

DESCARNADURA. f. Paghihilamàn; pagkudkod.

DESCARNAR. a. Maghilamán; maghimay.||Kudkurín; kayurin.||met. Igibâ; ò alisín ang isang pankat ng anomán. || Ilayô; ó ilihís ang sìnoman sa mañgá lamáng bayan.||r. Maging butot balat; mañgayáyat.

DESCARO. m. Kapusungán. || Katampalasanan, kapangáhasan; kawalán nang gálang.

DESCARRIAR. a. Isinsay ang isá sa daán; ó sa katowiran. || Itiwalag ang háyop sa kasamahán. || r. Màtiwalag; máhiwalay. || Másinsay sa matowid. || Sumamâ.

DESCARRÍO. m. Pagtiwalag; pagkísinsay; pagkáligaw. || Pagsamâ.

DESCASCAR. a. Talupan; upakan. ||r. Matalupan; maalisán nang balat. || met. Magsasalitâ nang malabis at walang pígil, na kun minsa'y masasamâ at kung minsay kahambugàn.

DESCASPAR. a. Alisán nang balakùbak. || r. Maglinisán nang balakúbak. || Mawalán nang balakúbak.

DESCASTADO, DA. adj. Ang dî malapit, ò walang loob sa mañgá kamagànak, kaibigan at ibang pinagkákautañgan nang loob.

DESCENDENCIA. f. Ának, ó mañgá inanak; lipî.

DESCENDER. n. irreg. como *ascender*. Bumabâ; manáog; lumibís. || Umánod; tumagas. || Magbúhat ó mangáling sa isá, para nang pagbubúhat nang mañgá anak at inapó sa isang amá. || Magmulâ; ó magbúhat ang isang bágay sa ibá. =*al patio*. Manàog sa patio.=*de buen linaje*. Magbúhat sa mabuting lipî.=*en autoridad*. Mábabâ sa katungkulan ó kamàhalan. =*por la escalera*. Manáog sa hagdán, ò manáog na sa hagdán magdaán. || a. Ibabâ; ipanáog.

DESCENDIENTE. p. a. nang *descender*. Inapó; láhî.

DESCENSO. m. Pagpanáog; pagbabâ. || met. Pagkáalis; ó pagkábabâ sa katungkulan.

DESCEÑIR. a. irreg. como *teñir*. Kalagín; luagán. || Alisín ang bigkís. || r. Makalag; maalís ang pamigkís, ó tàlî.

DESCERRAJADO, DA. p. p. nang *descerrajar*. y adj. Tawong lubhang masamá ang pamumúhay at gayák ang loob sa kasamán.

DESCERRAJAR. a. Tinkabín; tinkàgín ang *cerradura*. || fam. Iputok ang baril ó ibang *armas de fuego*. || r. Matinkab ang kandado.

DESCLAVADOR. m. Pangbúnot nang pákô.

DESCLAVAR. a. Bunutin ang pàkô. || Alisín ó tangalín sa pagkápakô. || r. met. Matangal ang alinmang batong mahalagá sa pagkáengaste. || Maalís sa pagkápakô.

DESCOBIJAR. a. Hubarán. || Pabayáan; huag ampunín.

DESCOJER. a. Biklarín; buklatín ang pagkàlulon, ó ang pileges.

DESCOGOLLAR. a. Alisán ng usbong; talbusán. || r. Maalisán nang usbong.

DESCOLAR. a. irreg. como *acordar*. Alisín sa pagkásabit; ihugos. || Tangalín sa kinásasabitan ang mañgá pamuting damasko, kortina, etc. || r. Magdausós; maghugos na bumabâ sa isáng lúbid, súhay, etc. || met. Bumabâ sa isang lugal na mataás at tarik. v. gr. *ang mañgá pastol at háyop ay* NAGSÍSIPANAOG *sa bundok, los pastores y los ganados* SE DESCUELGAN *de la montaña, etc.* || Malaglag sa pagkásabit. || met. Sumipot ng walang abogabog.=*en un cesto*. Maghugos na sumilid sa isang buslô.=*con una noticia*. Magsabi nang isang balítang makátatawa ò pahangal.=*al jardín*. Maghugos na bumabâ sa halamanán.=*de la, por la ventana*. Mag-

dausós, ó maghugos sa bintánâ.

DESCOLAR. a. Papusiawín; papangupasin. || r. Mamusiaw; mangupas.

DESCOLORIDO, DA. adj. Maputlâ; kupás; pupás. || Namùmutlâ.

DESCOLLAR. n. y r. irreg. como *acordar*. Mamukod; mangibá. || Manaig sa ibá sa talas nang ísip, bait, dúnong, tápang, gandá, at.

DESCOMEDIDO, DA. p. p. ng *descomedirse*. adj. Malubhâ; labis. || Walang gálang; buhong; talipandás; tampalasan.

DESCOMEDIRSE. r. irreg. como *pedir*. Mamaslang; mangahás; mawalan nang pitagan.

DESCOMPASADO, DA. p. p. nang *descompasar* at *descompasarse*. adj. Lagpós nang lakí ó nang hábâ sa kabagayán.

DESCOMPASARSE. r. Mawalán nang gàlang.

DESCOMPONER. a. irreg. como *poner*. Siráin.||Tangalin; lansagín; kalagin; guluhín.||Pagkagalitín ang nagkákasundô. || r. Magkúlang sa karampatang kagalangán; magingay ó magalboroto. || Mabulok. || Magkagalit.=*con alguno*. Makipagkagalit, ó magálit sa isá.=*en palabras*. Magingay; ó magsasalitâ nang masamâ.

DESCOMPOSICIÓN. f. Pagsirâ, pagtangal; || Pagkalag. || Pagkabulok; kakulangán nang hinhín ó kaugaliang mabutí. || Pagkagulò.

DESCOMPUESTO, TA. p. p. irreg. nang *descomponer* at *descomponerse*. adj. Sirâ, tangal; kalag; guló. || Pangahás; bastós; magaslaw; walang pítagan.

DESCOMULGADO, DA. p. p. nang *descomulgar*. adj. Lubhang masamang tawo; deskomulgado.

DESCOMULGAR. a. Iwálay ang sínoman sa kasamahán nang mangá kristiano.

DESCONCEPTUAR. a. Puláan; siráan nang puri. || r. Masiráan nang puri.

DESCONCERTAR. a. irreg. como *acertar*. Guluhín, siráin ang ayos at mahúsay na pagkáhanay ó pagkáyari. || met. Lituhín; tuligín, ò hiyaín. || Pagkagalitín. || r. Magkàalitalit. || Magkálinsad. || Magsabí ó gumawâ nang walang tuto. || met. Malitó. || Magulumihanan; masindak.

DESCONCORDIA. f. Pagkakáalit; pagkakasirâ.

DESCONFIADO, DA. p. p. ng *desconfiar* at *desconfiarse*. y adj. Walang kátiwalâ; hindî palagay ang loob; hindî umáasa.

DESCONFIANZA. f. Kawalán ó kakulangán nang pagasa, ò paniniwálá, etc.

DESCONFORME. adj. Hindî kaayon; ó hindî kaparis. || Hindî ayos.

DESCONFORMIDAD. f. Hindî pagkakáayon; dî pagkakábagay; ó dî pagkakáisa.

DESCONOCER. a. irreg. como *conocer*. Malimutan; huag màkilala; huag málaman.||Huag kilanlín; ipagkailâ. || Magkunuaring hindî alam; ó dî nâpapansin ang anomang bágay. || r. Huag mákilala; huag magkákilala.

DESCONOCIDO, DA. p. p. ng *desconocer*. adj. Palamara; walang túring; hindî marúnong kumilala nang útang na loob. || Hindî alam; hindî kilalá.=*à sus favorecedores*. Walang

túring sa mangá nagsísigawâ nang magaling sa kaniyá.=*de sus paisanos.* Huag mákilala nang kaniyang mangá kababayan, dakil sa nagibá. =*para todos.* Hindî alam nang lahat.

DESCONSENTIR. a. irreg. como *sentir.* Huag konsintihín: iùrong ang pahintú'ot.||r. Huag magkonsintihan.

DESCONSOLAR. a. irreg. como *acordar.* Hapisin; pagdalamhatiín. || r. Magpighatî; magdalamhátî.

DESCONSUELO. m. Pighatî; hapis; dalamhàtî. || Kasaliwaang pálad. =*del estómago* Kahinaán nang sikmúrâ.

DESCONTAR. a. irreg. como *acordar.* Bawasin; awasín.||Bilángiñg panibago. || r. Maawás; magbawas; maa'ís.=*de una suma.* Awasín sa isang kabuoán.

DESCONVENIR. n. y r. Máiba ó magkáiba nang pasiyá.||Huag magkáayos. || Huag magkásundô.

DESCORDAR. a. irreg. como *acordar.* Alisán nang kuerdas ang instrumento. || r. Maalisán ó mawalàn nang kuerdas.

DESCORDERAR. a. Awatin sa suso ang anak nang tupa.

DESCORNAR. a. irreg. como *acordar.* Alisán nang súñgay ang háyop; puñgulán. || met. Basagin; ó hampasín ang ulo. || r. Maalisán ó mabalían nang súñgay.

DESCORTÉS. adj. Walang gilang; walang modo; palambang.

DESCORTESÍA. f. Kawalàn ñg gálang.

DESCORTEZAR. a. Upakin ó bakbakín ang balat nang káhoy. || Pawíin ang kabastusín at masamang ugáli na pinagkalakhán nang isá. || r. Mañgalukábkab; mabakbak ang balat.

DESCOSER. a. Tastasín ang tahî. || r. met. Ipaháyag ang dápat ilíhim.

DESCOSIDO, DA. p. p. nang *descoser* at *descoserse.* adj. Walang bait na mañgúsap; anoma'y ipinahá-háyag.

DESCOYUNTAR. a. Palinsarín ang butó sa kaniyang lugal. || Mayamot; mamuhî. || r. Málinsad ang butó.

DESCRECER. n. irreg. como *agradecer.* V. DECRECER, na siyang lálong kagamitán.

DESCRÉDITO. m. Kasiraán ñg puri; ò pagkasírâ nang puri.

DESCRESTAR. a. Alisán ò puñgusan nang pálong. || r. Maalisán nang pálong.

DESCUARTIZAR. a. Lapañgín ang katawán, na pagapáting bahagi. || Hatiíng pagpirápirasuhín ang anomang pagkáin at nang máipamahagi.

DESCUBRIR. a. Buksán; ilitaw; isipot. || Ipaháyag ang líhim. || Màtagpuan ang nátatagô ò nálilihim. || Abutín nang masid. || Matahô ang anomang bágay. || Itanyag. || Siyasatin.||r. Magpúgay; magalís nang sombalilo. || Magkátanawan. || Málitaw; mátanyag.||Magpaháyag.=*á uno.* Magpahàyag sa isá.=*con un amigo.* Makipagpáhayagan sa isang kaibigan.

DESCUERNO. m. fam. Paghálay.

DESCUIDADO, DA. p. p. nang *descuidar* at *descuidarse.* y adj. Walang íñgat. || Tamad; pabayâ.

DESCUIDAR. a. Kaliñgatán; kalibañgán. || Pabayaán. || n. y r. Ma-

lingat. || Magpabayâ.=*de, en su obligación*. Magpabayâ sa kaniyang katungkulan.

DESCUIDO. m. Pagkalingat; kapabayaàn; katámaran.

DESCULAR. a. Alisán nang puit; siráin ang puit. || r. Maalís ang puit.

DESDAR a. irreg. como *dar*. Itangí ó bawíin ang náibigay na. Hindî itó gámit.

DESDE, prep. Mulâ; búhat.||Mangáling.

DESDECIR. a. irreg. como *contradecir*. Pasinungalíngan ang sínoman.||n. met. Màiba sa pinangalingan, na sumamâ bagá. || Huag máayos sa ibà.=*de su caràcter*. Máiba ó huag mábagay sa kaniyang ugálî. || r. Pagbalikán ang nasabi na; bawíin ang násabing kamálian.=*de su promesa*. Pagbalikán ang pangákô.

DESDÉN. m. Siphàyô; pagpawalang halagá; ilap.

DESDENTADO, DA. p. p. nang *desdentar*, y adj. Tipô; walang ngipin.

DESDENTAR. a. irreg. como *acertar*. Alisán ó lagasan nang ngipin. || Tipúin; lansagín ang ilàn ó lahat nang ngipin. || r. Malagasan; matipuan ó mawalang untîuntî ng ngipin.

DESDICHADO, DA. adj. Salang pálad; sawing kapalaran. || Dukkâ; salat; abâ.=*de mí*. Sa abâ ko.=*del que nace con mala índole*. Sa abâ nang ipinanganak na may masamang ugali.=*en paz*. Sawíng pálad sa panahón nang kapayapaan.=*para gobernar*. Sálang pàlad mamahálâ.

DESDOBLAR. a. Ilátag; ikadkad; biklarín. || r. Mákadkad; málatag.

DESDORAR. a. Alisán nang dorado. || met. Mansahán ang puri ng kàpowâ. || r. Masírâ; maalís ang dorado nang anomán. || Masiraán nang puri.

DESEAR a. Magnásâ; maghangad; magpita. || r. Magnasaàn ang dalawang nagíibigan.

DESECAR. a. Patuyuín ang anomán. || r. Matuyô; mangalírang.

DESECATIVO, VA. adj. Panuyô; pantuyô; nakatútuyô.

DESECHAR. a. Pintasán; pawalang halagà; iwaksí; howag tangapín; itakuil.=*del pensamiento*. Iwaksí sa ísip. || r. Magtakuilan; magpintasan.

DESECHO. m. Pinagpilían.||Ang bágay, na, sa kalumàan at labis na pagkágamit ay dî na magsilbí. || met. Púlâ; libak. || Látak; labí.

DESEDIFICAR. a. met. Magbigay nang masamang halimbáwâ.

DESELLAR. a. Alisán nang sello ang sùlat; pliego ó anománg bágay. || Maalisán nang sello.

DESEMBARAZADO, DA. p. p. nang *desembarazar* y adj. Walang súkal; aliwalas; hawán. || Walang kímî. || Pátag.

DESEMBARCADERO. der. ng *desembarcar* y adj. m. Doongan.

DESEMBARCAR. a. Iahon sa sasakyán ang lulan at dalhín sa dalatan. || n. y r. Umahon. Ginágamit namáng parang *recíproco*. || met. Umibís sa karromata ó karruahe. || met. y fam. Manganak, kung buntis ang pinagúusapan.=*de la nave*. Umahon nang sasakyán.=*en Manila*. Umahon sa Maynílâ.

DESEMBARCO. m. Pagahon.

DESEMBAULAR. a. Hangùin ang násisilid sa baul. || met. Kunin

ang anománg nakasilid sa talega, kaha ó sa anomán. || met. y fam. Ihingá sa ibá ang dinádamdam sa loob.
DESEMBEBECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Màalis sa pagkámanghâ ó pagkátulalâ; pagsaulang loob, etc. || Maalís sa maling paniniwálâ.
DESEMBELLECER. a. irreg. como *agradecer*. Bawasan nang ínam. || Papangitin. || r. Mawalâ ang ganda; mapáwî ang ínam. || Pumángit.
DESEMBOCADERO. m. Lábasan. || Bitás, ò wáwâ nang paglabàs sa dágat.
DESEMBORRACHAR. a. Alisín ang kalanguhán nang isá. || r. Maalís ang pagkalangó.
DESEMBOSCARSE. r. Lumabás, ó málabas sa gúbat.
DESEMBRAVECER. a. irreg. como *agradecer*. Paamúin; mansuhín. || met. Pababáin ang loob. || r. Umámô. || met. Bumábang loob.
DESEMBRIAGAR. a. Pawíin ang kalanguhán nang sínoman. || r. Mapàwî ang kalasingán.
DESEMEJANTE. adj. Ibá; bindî kaparis. = *de los otros*. Hindî kaparis nang ibá.
DESEMEJANZA. f. Kaibhán; dî pagkakáparis.
DESEMPALAGAR. a. Alisín ang súyâ.
DESEMPARENTADO, DA. adj. Walang kamagának, || Ulílang lubós.
DESEMPEDRAR. a. irreg. como *acertar*. Bakbakin ang látag na bató. || r. Maalís; mabakbak ang látag na bató.
DESEMPEÑAR. a. Tubsín ang sanglâ. || Tubsín sa pagkakaútang ang kápowâ. || Tumupad. || Kunin, ó hangúin ang ibá sa kagipitan ó kahihiyang kinálalagyan. || r. Maalís sa pagkakaùtang ang kápowâ.=*de sus deudas*. Makaahon, makabáyad sa kaniyang mangá útang.
DESEMPOBRECER. a. irreg. como *agradecer*. Hangùin sa kahirapan. || r. Makaahon sa karukhaán.
DESEMPOLVAR. a. y
DESEMPOLVORAR. a. Alisán; pagpagán nang alikabok. || r. Maalisán nang alikabok.
DESEMPONZOÑAR a. Alisán nang kamandag. || Iligtás ang sínoman sa nátangap na kamandag. || r. Maalisán nang kamandag.
DESENAMORAR. r. Pawíin ò pakupasin ang pagíbig nang isà. || r. Mapàwî ang pagíbig sa isá.
DESENASTAR, a. Alisán nang tagdán, ó alisín sa astâ.
DESENCAJAR. a. Tangalíng biglà sa pagkálapat, ó sa kinálalapatan. || r. Maalís sa pagkálapat.
DESENCAJONAR. a. Alisín, ó hangúin sa kahòn.
DESENCALLAR. a. Ibunsod, ó ialís sa pagkásadsad. || n. y r. Mábunsod, ó máalis sa pagkábara.
DESENCAPOTAR. a. Alisán; hubarán nang kapote. || Patayoín ang ulo nang kabayong may ugáling patungó kung lumákad. || met. y fam. Ihayag ang anománg líhim. || r. Mapáwî ang gálit. || Magálisan nang kapote.
DESENCARCELAR. a. Hangúin sa bilanguan; paalpasín. || r. Mahángô sa bílanguan; makaalpás.
DESENCARECER. a. irreg. como *agradecer*. Ibabâ ang halagá ng

anomang ipinagbíbili; ipagmúrahan. ||r. Mámura.

DESENCENAGAR. a. Alisín sa pagkábalahô. || met. Hangùin ang isà sa pagkálubalob sa bisio. || r. Makaahon sa pagkábalahô. || Íwan ang masamang pamumùhay.

DESENCERRAR. a. irreg. como *acertar*. Kunin sa pagkàkulong.|| Pawalán. || Hangùin; ilabas.|| met. Ipaháyag ang nálilihim; ipakita ang nàtatagô. || r. Málabas.

DESENCLAVAR. a. Bunutin sa pagkápakô. || met. Alisín nang pagahasâ ang sínomàn sa lugal na kinálalagyan.||r. Maalís sa pagkápakò.

DESENCLAVIJAR. a. Alisán nḡ klabihas.||r. Maalisán.

DESENCOJER. a. Ilátag; iúnat; banatin; bikarín. || r. Mawalâ ang kadunḡuán. || Magsayá. || Mabánat; mabiklad.

DESENCOLAR. a. Bakbakín sa pagkàkola; pakñitín. || r. Mabakbak; maalís sa pagkákola.

DESENCOLERIZARSE. r. Maalís ang gálit; mátahimik.

DESENCORDAR. a. irreg. como *acordar*. Alisán nang kuerdas ang instrumento.

DESENCORVAR. a. Tawirín ang kabuktután, ó unatin ang kabaluktután.||r. Tumuwid; maúnat ang baluktot.

DESENCRUDECER. a. irreg. como *agradecer*. Pawíin ang kahilawán ó katigasán nang anomán. || Alisàn nang hiaw.||. Labhán sa lihiá ang sutlâ at nang mapáwî ang tìgás, at pasuking mabuti nang tínâ. || r. Mapáwì ang kahilawàn ò katigasán nang anomán.

DESENCRUELECER. a. irreg. como *agradecer*. Pawíin ang bagsik ó banḡís nang sinomán.||r. Mapáwî ang banḡís ó bagsik.

DESENFADADO, DA. p. p. nḡ *desenfadar*. adj. Maluwag na loob; walang gálit. || Malowag ang anyô at kílos. || Malowang; aliwalas.

DESENFADAR. a. Palowagín ang loob; alisín ang gàlit. || r. Maalís ang gálit, lumuwág ang loob.

DESENFADAR. a. Buksàn ó kalagín ang paldó.

DESENFRENAR. a. Alisán nḡ freno ang kabayo, || r. Igomon sa bisio at kasamaán. || r. Magálit nang lábis. || Málábas sa katatagán. || Mágumon sa bísio.=*en los vicios*. Mágumon sa manḡà bisio.

DESENFRENO. m. Pagbubukang bibig na malabis at labás sa mabubuting kaugalián. || Pagbubúhay na masamâ.=*del vientre*. Pagtatalasok nḡ matulin.

DESENFUNDAR. a. Alisán nḡ pundá ó bálot.

DESENFURECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Lumubag; humupâ ang gálit.

DESENGANCHAR. a. Alisín sa pagkásabid; pagkákawit, ò pagkásingkaw. || Kalagin. || r. Máalis sa pagkásabid; makalag.

DESENGAÑAR. a. Ipakilala ang pagkakàmalî. || Pagsabihan nang tapat. || r. Mákilala ang kamáliang sarili.=*de un error*. Mákilala ang isang kamalián,

DESENGROSAR. a. irreg. como *acordar*. Nipisán; bawasan nang kapal. || n. Manḡayáyat.

DESENGRUDAR. a. Alisán nḡ

engrudo || r. Máalis sa pagkádikit ng engrudo.

DESENHEBRAR. a. Alisín ng hiblá ang karáyom.

DESENHORNAR. a. Hangóin sa hurnó ang anomán.

DESENLAZAR. a. Kalagín ang sílô ó pagkásilô. || met. Husáying paghiwáhiwalayín; liwanagan || r. Makalág sa pagkásilô. || Maghiwalay ang magasawa.

DESENLUTAR. a. Alisàn; hubarán nang luksâ. || n. y r. Magalís ng luksá.

DESENMARAÑAR. a. Husayin ang guló nang sinúlid, buhok, etc. || met. Liwanagan; ó husayin ang anomang bágay na maláb̂ô at guló. || Mátuklasan ang anomang pakanang líhim. || r. Mahúsay ang anomang guló.

DESENMOHECER. a. irreg. como *agradecer*. Alisán nang ámag. || r. Maalisán nang ámag. || met. Tumalas ang ísip; sumíkat.

DESENMUDECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Makapangúsap; maalís ang kapipihan.||a. Alisín ang kautalán ó pagkapipi. || Gamutín ang pagkapipi, etc. || r. Makapangúsap; mawalâ ang pagkapipi. || met. Magsalitâ ó iwan ang pagkawalang kibô.

DESENOJAR. a. Payapáin; ó palubayín ang gálit nang sínoman. || r. met. Malibang ang kalooban; ó maalís ang gálit.

DESENREDAR. a. Husayin ang pagkakásigalot. || r. Umalís; ó maalís sa anomang kinálalagyang hírap, pangánib ó kagipitan =*del lazo*. Máalis; makakalag sa sílô.

DESENROLLAR. a. Unatin; kadkarín ang nalúlulon.

DESENSAÑAR. a. Alisín; ò pawíin ang gálit. || r. Maalisán nang siá.

DESENSOBERBECER. a. irreg. como *agradecer*. Pababáin ang loob. || r. Bumábang loob; maalís ang kapalalúan.

DESENTENDERSE. r. irreg. como *acertar*. Magmaangmaángan; magbalôbalong hindî nakápapansin ó dî náiintindihan ang anomán. || Ligtaán ang anomán, na huag isama sa sálitaan.

DESENTERRAR. a. irreg. como *acertar*. Hukàin sa pagkábaon; butbutín; bunkalín. || Palitawín ang nàlilihim. || met. Ipaalaalá ang nalílimutan.=*del, de entre el polvo*. Butbutín; alisín sa pagkábaon sa alikabok. || r. Maalís sa pagkábaon.

DESENTIERRAMUERTOS. m. Ang may masamang ugáling manirang puri sa mangá patay na.

DESENTORPECER. a. irreg. como *agradecer*. Pawíin ang ngímay nang alinmang lugal nang katawán. || Alisín ang kadunguán nang isá. || r. Maalís ang pangingímay. || Maalís ang kadunguán; mabúhay ang loob.

DESENTRISTECER. a. irreg. como *agradecer*. Pawíin ang lungkot nang ibá; pasiglahín. || Aliwín. || r. Maaliw; sumayà.

DESENTUMECER. a. irreg. como *agradecer*. Alisín ang pangingímay, ó pamamanhid nang alinmang lugal nang katawán. || r. Maglubay ang pamamanhid.

DESENVENDAR. a. Alisán ng tálî ó benda. || r. Maalisán nang tálî ó *venda*.

DESENVOLTURA. f. Kaliwanagan; kadaglián at kalinisang sumalitâ na walang udlot. || Kadalahiráan.

DESENVOLVER. a. irreg. como *absolver*. Ikadkad; ilátag ó iladlad ang nabábalot ó nalúlulon. || met. Saysaying paliwanagan ang isang bágay na malábong waríin. || r. Mákadkad; máladlad; málatag. || Lumakí; lumagô, etc.

DESENVUELTO, TA. p. p. nang *desenvolver* at *desenvolverse*, adj. Lalaki ó babaying mahílig sa kalupaán; walang kakimìkímî. || Pangahás.

DESEO. m. Násâ; pita; náis; adhikâ.—*Tener deseo de riqueza*. Magnásâ nang kayamanan.

DESEOSO, SA. adj. der. nang *deseo*. Nagnánasâ; nagpípita, ó nagiibig nang anomán. || Mapagpita.=*de gloria*. Mapagnásâ nang karángalan.

DESERCIÓN. der. nang *desertar*. f. Pagtatanan nang sundalo. || for. Pagtalíkod na ginágawâ nang naghháhabla sa apelasiong iniharap.

DESERRADO, DA. adj. Támâ; walang kamálian ò ligtás sa kamálian.

DESERTAR. n. y r. Magtanan ang sundalo. || fam. Iwan ang mangá pagpupúlong na dáting dinádalohan. || for. Pabayaán ang *causa ó apelación*. || Tumalíkod sa mangá kasama.=*de sus banderas*. Tumalíkod sa kaniyang bandílâ.

DESERTOR. m. Ang sundalong nagtanan.

DESESPERACIÓN. f. der. nang *desesperar*. Pagpapatiwakal; kawalang lubós nang pananálig. || Gálit na malabis.

DESESPERAR. a. Alisàn nang pagasa ang kápowá || met. Pagalíting lubhâ. || n. Mawalán nang pagasa.=*de mejorar*. Mawalàn nang pagasang humúsay. || r. Magpatiwakal; magpakamatay. || met. Mainip na lubhâ.

DESFALCAR. a. Kulangan. || Sumírá nang kualtà. || r. Makulangan; masírâ ang salaping na sa pamamahálâ nang isá.

DESFALCO. m. Pagkukúlang; ó kakulangán. || Pagsírá nang salaping pinamàmahalaan.

DESFALLECER. a. irreg. como *agradecer*. Panghinàin. || n. Himatayín. || r. Manghìnâ; maghimatay.

DESFAVORECER. a. irreg. como *agradecer*. Huag kupkupín; pagkaitàn nang túlong. || Huag ayunan at ang apaín ay ang kalaban. || Makasamâ; makasìrâ.

DESFLOCAR. a. irreg. como *acordar*. Gawìng *flecos* ang gilít nang kayo na tinastasán nang hilatsà.

DESFLORECER. n. irreg. como *agradecer*. Malagas ang bulaklak.

DESFORTALECER. a. irreg. como *agradecer*. Alisán nang lakás, bisâ, tíbay, etc. || Igibâ ang isàng moog; alisán nang bantay.

DESGOBERNAR. a. irreg. como *acordar*. Guluhín ó siráin ang mabúting lákad nang kapamayanán ó isang pinamámahalaang katipunan; pamahaláan nang masamâ ang isang pamamàhay, na anomàng gawín ay pagulóguló. || r. Máhiwalay sa karampátang kabáitan, na, náuutos sa pakikipagkápowâ tawo.

DESGAJAR. a. Bangalín. || Pilingín. || Wahíin. || Baakín. || r. Máhiwalay ang anomán, ó magkáhiwa-

lay ang anománg nagkakakatnig. || met. Mawalâ ang damit ó balat nang katawán. || Mabaak.

DESGANA. f. Kawalán nang gustong kumáin; tabang. || met. Suklam; muhî sa anomán. || met. Kakulangàn nang pagsisikap; katamlayán; ó katàmaran sa anomán.

DESGANAR. a. Patabangín ang loob. || r. Tabangán sa pagkáin. || met. Mayamot; masúyâ sa dáting kúsang ginágawâ.

DESGRACIA. f. Kasaliwaang pálad; sakunâ. || Kawalán nang magampón. || Pagkakasakit.

DESGRACIADO, DA. adj. Sálang pálad; buísit.

DESGRANADERA. f. Panglugás; panghimay.

DESGRANAR. a. Lugasín; himayín. || r. Malugás. || r. Masírâ ang lalagyán nang seben nang *armas de fuego*.

DESGUARNECER. a. irreg. como *agradecer*. Alisán nang *guarnicion*. ó pinakapamuti.

DESHACER. a. irreg. como *hacer*. Siráin; lansagín; tastasín. || Pugnawín ||Labugín.||Magpauntî; magpaliit.||Lansagín; patakbuhín ang isang hukbò. || Matúnaw ang anomán.||Hatìin; biakín ang anomán. || r. Masírâ; malansag. || met. Mahapis nang labis; matuyô sa dalamhátî. || Mapáram ó mawalâ sa tingín. || Masalantâ nang labis, para nang DESHACERSE *los labios*, MASALANTÁ NANG LABIS *ang ngúso't làbî*.=*á gritos*. Magtitilî ng malabis; magkakasat nang malabis at may kahálong sigaw.=*de alguna alhaja*. Ipagbilí; ó ipamigay ang anomang alahas.=*en llanto*. Magiiyak; ó maghimutok nang malabis.

DESHALAJAR. a. Alisán nang pamuting kasangkapan ang isang báhay.

DESHELAR. a. irreg. como *acertar*. Tunawin ang isang bágay na namúmuô sa lamig, na gaya nang *hielo*. || met. Pasiglahín; sulsulán. || Painitin ang nangíngimay sa lamig na lugal nang katawàn. || r. Matúnaw sa ínit ang anomang namúmuô sa lamig. || Maginit ang katawang nanglálamig.

DESHERBAR. a. irreg. como *acertar*. Alisán; bunutan nang damó. || r. Malantá; malooy ang mangá damó.

DESHEREDAR. a. Alisán nang mana; huag papagmanahin. || r. met. Málayô at mangibà sa kaniyang familia sa mangá kilos at kaugalián, na sumamâ at maging hámak. || Mawalán nang mana.

DESHERRAR. a. irreg. como *acertar*. Alisán nang bákal ang paá nang kabayo. || Alisán nang tanikalâ, esposas, etc. ang bilangô.

DESHERRUMBRAR. a. Alisán nang kaláwang.

DESHIELO. m. Pagtutunaw; ó pagkatúnaw nang hielo ó nang anomang namúmuô sa lamig.

DESHILACHAR. a. Magnotnot; ó maghilatsá nang kayo. || r. Manutnot; matastás ang hilatsá.

DESHINCAR. a. Bunutin ang nápapakô ò nábabaon. || Iangat ang túhod sa pagkáluhod. || r. Mabùnot sa pagkápakô.

DESHINCHAR. a. Alisín ó pahupaín ang pamamagâ. || met. Iwan; lisanin ang kapalalúan ó kahambugán.

DESHOJAR. a. Lagasin ang dahon; ó alisàn nang dahon ang anomán. || n. y r. Malagas ang dahon.

DESHOMBRECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Higtín; kibìn ang balìkat.

DESHONESTIDAD. f. Kahalayan; kalibugan.

DESHONESTO, TA. adj. Mahàlay. || Salaúlâ; malíbog.

DESHONOR. m. Kasiráan nang puri; sipháyô; kamurahàn.

DESHONRA. f. Kasiraán nang puri. || Paninírang puri.

DESHONRAR. a. Manirang puri. || Mang̃oyam. || Gahisín ang isang babayi. || r. Masiráan nang puri. || Magóyaman.

DESHORA. f. Walâ sa oras; alang̃án sa oras.

DESHUESAR. a. Alisán nang butó. || r. Maalisán; ó mawalán ng̃ butó.

DESHUMEDECER. a. irreg. como *agradecer*. Patuyuín; alisín ang pagkabasâbasâ. || r. Matuyô; mawalâ ang pagkabasâbasâ.

DESIDIA. f. Kapabayaàn; katámaran; katamlayán.

DESIDIOSO, SA. adj. Pabayâ; tamad; anyáyâ. || Maiumí.

DESIERTO. m. Ilang.

DESIGNIO. m. Akálâ; násâ; panukàlà.

DESIGUAL. adj. Hindî paris; ibá. || Hindî pantay; paliwak; towalî; kibit. || Bakôbakô. || met. Mahírap; malakí ang pang̃ánib. || Salawahang loob.

DESINTERESADO, DA. adj. Walang interés; walang násâ sa pílak.

DESISTIR. a. Huag ituloy; ó iúrong ang bantâ.= *del intento*. Iúrong ang akálâ.

DESLEIR. a. irreg. ger. *desliendo:* pres. ind. *deslío, deslíes, deslíe, deslíen:* pref. él *deslió*, ellos *deslieron:* imperat. *deslíe* tù, *deslía* él, *desliamos* nosotros, *deslían* ellos: subj. pres. *deslía, deslías, deslía*, etc.: imperf. *desliera*, desleiría, y *desliese*, etc.: fut.: *desliere*, etc. Lusawin; kanawín sa túbig, álak, etc. ang anomán. || r. Malúsaw; mákanaw.

DESLENDRAR. a. irreg. como *acertar*. Hingutuhan, ò alisàn nang lisâ. || r. Maghíniksikan, ó magàlisan nang lisâ.

DESLENGUADO, DA. p. p. ng̃ *deslenguar*. adj. Matalas; walang hiyâ; masamâ at walang pìtagang mang̃úsap.

DESLENGUAR. a. Putlán; alisán nang dílâ. || r. Mawalán nang hiyang magpang̃usap nang dî dápat.

DESLIGAR. a. Kalagán; alisán nang tàlî. || met. Husayin ang anomang sálitaan. || r. Makalag.

DESLIZ. m. Pagkádulas; paggùlong. | met. Pagkakàmalî; pagkakásala. || Kasalanan.

DESLIZADERO, RA. adj. der. nang *desliz*. Madaling makádulas. || m. Lugal na madulás.

DESLIZADIZO, ZA. adj. der. nang *desliz*. Nakádudulas agad. || Madulás.

DESLIZAR. n. Mádulas; màdapilas. || r. Magdulás; magdausós. || Humagpós; pumulangós. || met. Magsabi, ó makágawâ nang anomán, na parang nalingat at dî sinàsadyâ; mádapilos sa paggawâ ó pananalitâ.=

al, en el vicio. Mahúlog; ò mádulas sa bisio.

DESLUCIDO, DA. p. p. nang *deslucir* y adj.: sinásabi sa tawong walang dañgal at gumastá man nang kaniyang pagaárî at magbigay puri sa sarili ay hindî marùnong. ‖ Sinàsabi ring namán sa gumágawâ nang anomang bágay na hay·g nang walang lasa at ínam, na hindî ipagkapuri. ‖ Walang kintab.

DESLUCIR. a. irreg. como *lucir*. Mansahàn; laìngin. ‖ Siráan nang puri. ‖ r. Masiráan nang puri.

DESLUMBRADO, DA. p. p. ñg *deslumbrar*. adj. Silaw; alañgàn ang loob.

DESLUMBRAR. a. Makasílaw nang matá ang malabis na kasaganáan nang ílaw. ‖ met. Bigyán nang pagaalañgán at kaguluhán nang loob ang ibá, na huag mákilala ang túnay na tuñgo ó akálâ nang isá. ‖ Pamanghaín; papagtakhín. ‖ Bigyán nang ipagalañgán nang loob. ‖ r. Masílaw; mabulagan, etc. ‖ Mámanghâ. ‖ Malingaw.

DESLUSTRAR. a. Alisín ang kinang ó dilag nang anomán. ‖ Papusiawín. ‖ met. Pumúlâ. ‖ Siráin ang halagà nang anomán. ‖ r. Mawalán nang ínam ó hitsura.

DESMAJOLAR. a. irreg. como *acordar*. Bunutin ó bawasan nang sañgá ang káhoy na tinátawag na MAJUELO. ‖ Luagán ò kalagín ang táling panghigpit nang sapín. ‖ r. Lumuag: makalag ang tálî nang sapín.

DESMAMAR. a. Awatin sa suso.

DESMANDADO, DA. adj. Masúwain.

DESMANTECAR. a. Alisán ñg mantíkâ ó tabâ. ‖ r. Maalís ang tabâ.

DESMARRIRSE. def. na hindî lubhang kagamitán: ger. desmarriéndose: p. p. desmarrido: pres. ind. nos desmarrimos; os desmarrís: imperf. me desmarría; te desmarrías; se desmarría; nos desmarríamos, etc.: perf. me desmarrí; te desmarriste; se desmarrió; nos desmarrimos, etc.: fut. me desmarriré; te desmarrirás, etc.: imperat. desmarríos vosotros: imperf. me desmarriría, me desmarriese, etc. fut. me desmarriere, etc. r. Mañgayáyat; manghínâ. ‖ Mamanglaw; malungkot.

DESMAYAR. a. Makadesmayo; makahilo. ‖ Hapúin. ‖ n. Mapalas. ‖ met. Masírâ ang tápang; humínâ ang loob. ‖ r. Mahìlo; mawalâ ó tumígil ang pangdamdam at huag makákilalang tawo. ‖ Mahapô.

DESMAYO. m. Pagkahilo; pagkawalâ nang lakás ó nang pandamdam. ‖ Pagkahápô.

DESMEDIRSE. r. irreg. como *pedir*. V. DESCOMEDIRSE.

DESMELAR. a. irreg. como *acertar*. Alisán ó kunan nang pulot ang báhay pukyutan.

DESMELENAR. a. Isábog ang buhok; ò ilùgay. ‖ r. Málugay; másabog ang buhok.

DESMEMBRAR. a. Ihiwalay; putlín ang baháging alinmán nang katawán. ‖ Hatíin; pagbahabahaginin. ‖ Ihiwalay ang isang bàgay sa kasama. ‖ r. Magkáhiwalay; magkáwatakwatak ang mañgá bahagi nang isang bágay.

DESMENTIR. a. irreg. como *sentir*. Sudsurán; suwatàn; pasinuñgalingan ang kápowâ. ‖ Máiba; málayô

sa pinangalingan. || met. Disimulahín ang anomán, úpang huag mákilala. =*á los testigos*. Pasinungalingan, ó suwatán ang mangá saksí.= *(una cosa) de otra*. Máiba (ang isang bágay) sa ibá. || r. Magmintís; masinungalíngan. =*en la promesa*. Masinungalíngan sa pangákô. || r. Magpásinungalingan.

DESMENUZAR. a. Himayín; liitán; munlayín; durugin. || met. Siyasating maigi sampong káliitliitan ng anomán. || r. Mahimay; madúrog.

DESMEOLLAR. a. Alisán nang útak.

DESMERECER. a. irreg. como *agradecer*. Mawalán nang halagá. || Huag márapat; mawalà ang karapatàn. || Siràan nang puri. || Mábabâ sa dating lagay. || Masiráan.

DESMESURA. f. Kawalán nang pítagan. || Kalabisan.

DESMESURADO, DA. adj. Malagpùs ang lakí; labis sa kaugalián.

DESMOCHAR. a. Pulakín; pungíin ó alisán nang gawíng itaás ang anomán, na pabayaàng pàrang pugot.

DESMOGAR. a. Manial, ó mamungol ang usá.

DESMOGUE. m. Paninial; pamumungol.

DESMOLADO, DA. adj. Walang bagang.

DESMORALIZAR. a. Siráin ang mahuhúsay na kaugalián. || r. Sumamâ, ó masírâ ang kaugalián.

DESMORONADIZO, ZA. adj. Tibagín; agnasin.

DESMORONAR. a. Siráin; tibagín nang untîuntî ang anomán. || r. Matibag; maagnás.

DESMULLIR. a. irreg. como *bruñir*. Alisín ang lambot; patigasín ó paikpikín ang dating buhaghag. || r. Maalís ang kalambután; mapaikpik.

DESNARIGADO, DA. p. p. nang *desnarigar*, at *desnarigarse*. adj. Walang ilong, ò lubhang maliit ang ilong. || Dapil ang ilong.

DESNARIGAR. a. Alisán nang ilong; bungiin. || Suntukín sa ilong ang kápowâ. || r. Mabungían; masaktàn ang ilong.

DESNATURALIZADO, DA. adj. Mabangís; waláng àwâ; walang túring.

DESNEVAR. n. irreg. como *acertar*. Matúnaw ang namúmuong túbig, na tinàtawag na *nieve*.

DESNUDAR. a. Hubarán. || Alisán nang bálot ó pamuti ang anomán, para nang: ALISÁN NANG BÁLOT ò PAMUTI *ang mangá alta*, DESNUDAR *los altares*. || r. Maghubad. =*de la ropa*. Maghubad nang damit.

DESNUDEZ. f. Kahubarán; kawalán nang damit. || Kadukhaán.

DESNUDO, DA. adj. Hubad hubô. || Ang gulágulanit at marum ang pananamit. || Walang pamuti. || met. Hubad sa karapatàn, etc. || met. Maliwànag; hayag. || Dukhá.

DESOBEDECER. a. irreg. como *agradecer*. Sowaín. || Labagín; hamakin. || r. Sumoway; lumabag.

DESOBEDIENCIA. f. Kasuwayán, ó pagsuway: paghámak.

DESOBEDIENTE. p. a. nang *desobedecer*. adj. Masúwain; suwail.

DESOBSTRUIR. a. irreg. como *huir*. Alisín ang nakaháharang. || Gámutín ang pagiite. || Linisin.

DESOCUPACIÓN. f. der. nang

desocupar. Kawalán nang gawâ, ó pagkawalang gawâ. || Pagpapagayon-gayón.

DESOCUPADO, DA. adj. p. p. nang *desocupar*. Walang gawâ || Walang lamán.

DESOIR. a. como *oir*. Huag pakingán; huag pansinín. || Pawalàng kabuluhán ang daing, etc. || r. Huag pansinín ang sarili. || Huag magpansinan.

DESOLACIÓN. f. der. nang *desolar*. Pagkágibâ; pagkasírang lubós nang anomán. || met. Hapis; pighating malakí.

DESOLAR. a. irreg. como *acordar*. Lansagín; gunâin; gubatin. || fam. Hapisin; pahirapan; pagpighatiín, etc. || r. Masirâ; máwalat.

DESOLDAR. a. irreg. como *acordar*. Alisín ang hìnang; bakbakín ang pagkáhinang, etc.

DESOLLADO, DA. a. adj. Pusong; walang hiyâ, || Lapnós.

DESOLLAR. a. irreg. como *acordar*. Anitan nang balat ó kátad; katiran. || Lapnusín. || met. Magbigay nang malakí at mabigat na kasiraàn sa kápowâ, maging sa puri man, pagaárî kayá, etc. || r. met. y fam. Maganitán. || Maanitan. || Mawalang lubós nang kahihiyán, etc.

DESÓRDEN. m. Kaguluhán. Ginágamit ding *femenino*. || Kalabisan; kalagpusán.=*en la administración*. Kaguluhán; ó kawalang tuto sa pamamahálâ.

DESOREJAR. a. Pungusan nang taingà. || r. Magpingulán. || Mawalán nang tainga.

DESORILLAR. a. Alisán nang gilid ang kayo ò ang anomán. || r. Maalisán nang gílid.

DESOSAR. a. irreg. pres. ind. *deshueso, deshuesas, deshuesa, deshuesan:* imperat. *deshuesa* tú, *deshuese* èl, *deshuesen* ellos: subj. pres. *deshuese, deshueses, deshuese, deshuesen.* Alisán nang butó; ó ihiwalay sa lamán ang butó. || a. reg. sa kahulugang: *huag mangahàs*.

DESOVAR. a. Mangitlog ang isdâ.

DESOVE. m. Pangingitlog nang mangá isdâ.

DESPABILADERAS. f. pl. Gunting na panútog nang titis ó pabilo.

DESPABILADURA. f. Tinitisan; ò abong pinagtutugan. || Pagtitis nang tinitisan.

DESPABILAR. a. Tutugin; ò alisín ang abó ó tinitisan nang ìlaw. || met. Tapusing dalîdalíin ang anománg bágay, para nang pagaárî ó pagkáin. || Gisingin ang ísip, ang loob etc. || r. Mágising.

DESPACIO. adv. m. Dahandahan; inotinot; hinayhínay. || adv. l. Sa mahábâ ò maluat na panahón. || met. interj. Marahan. || Sinásabi namang *vamos* DESPACIO, MARAHAN *tayong lumàkad*, ó DAHANAN *natin ang làkad*.

DESPACHAR. a. Lutasin; idaos. || Dalîdalíin. || Ipadalá; ó magpadalá. || fam. Pumatay. || fam. Magtindá; ó magdespatsá, sa isang tindahan. || r. Magmadalî.

DESPARRAMADO, DA. p. p. nang *desparramar*. y adj. Maluang; tiwangwang; malápad. || Násasabog; waták; nakakálat.

DESPARRAMAR. a. Isambúlat; isábog.||met. Magsábog nang pag-

aárî, na lansagín at ubusin. ‖ Ibulagsak. ‖ r. Sumambúlat; sumábog.‖ met. Mátapon; masáyang.

DESPAVESADURA. f. Paglùtog nang tinitisan.

DESPAVESAR. a. Tutugin ang titis. ‖ r. Matagtag ang tinitisan.

DESPAVORIDO, DA. p. p. ng̃ *despavorir*. y adj. Takot na takot; gulat na gulat.

DESPAVORIR. n. def. Ang verbong ito'y sa mang̃á tiempo at personang sumúsunod lámang gámit: p. p. *despavorido:* pres. ind. *despavorimos, despavorís:* imperf. *despavoría, rias, ria, riamos, ríais, rían:* perf. *despavorí, riste, riò, rimos, rísteis, rieron:* fut. *despavoriré, rirás, rirá, riremos, riréis, rirán:* imperat. *despavoríos* vosotros; imperf. *despavoririà, rìas, ría, rìamos, ríais, rían*. Sidlán nang malaking tàkot at pagkágulat; masindak; mang̃undot sa tákot. Ginágamit namán sa *recíproco*.

DESPEADURA. f. Paninikal ng̃ paà sa paglalakad.

DESPEARSE. r. Maníkal ang mang̃á paá sa malabis na paglalakad.

DESPECHAR. a. Papagputukín ang loob sa dalamhátî ó gálit. ‖ r. Magàlit; magpatiwakal.

DESPECHO. m. Poot; gálit na labis; pagpapatiwakal. ‖ Ingit. ‖ Panibughô.

DESPECHUGAR. a. Alisán ng̃ pitsó ang ibon. ‖ met. Ipaháyag ang nasa sa loob.‖r. met. Matiwangwang; maalisán nang bàlot ang dibdib. ‖ Maalisán nang pitsó ang ibon.

DESPEDAZAR. a. Lasaín; ó monglaìn ang anomán. ‖ met. Siráin ang puri; pagpighatiín ang pùsô ‖ r. Mamonglay; madúrog.‖ Masírâ; maluray. ‖ Magmonglayan.

DESPEDIR. a. irreg. como *pedir*. Itudlâ; itúlak: para nang DESPEDIR *la lanza ó piedra*, ITUDLÁ ó ITULAG *ang sibat ó bató*. ‖ Palayasin; ipagtaboy. ‖ Ipatnùgot ó ihatid sa pagalís. ‖ r. Paálam; pasintábî=*del amigo*. Paálam sa kaibigan.

DESPEDRAR. a. irreg. como *acertar*. r. V. DESEMPEDRAR.

DESPEGAR. a. Bakbakín; puknatín. ‖ r. met. Mapuknat; mabakbak; ó máhiwalay sa pagkáwili sa anomán.=*del mundo*. Málayô; ó mapaknit ang loob sa mundó.

DESPELLEJAR. a. Kataran; ò alisán nang katad. ‖ Anitan; lapnosin. ‖ r. Mahadhad; mang̃alukabkab; matiklap; mahadhad. ‖ Malapnós.

DESPENSA. f. Taguán nang mang̃á pagkáin, ó pámingaian; despensa. ‖ Mang̃á pagkaing nakagayak. ‖ Ang kabooán nang lahat na pinamilí na gágamitin sa pagkain sa arawáraw.

DESPEÑAR. a. Ibulúsok; ó ibulid ang isang bágay sa isang lugal na mataás ó bang̃inbang̃ín. ‖ r. Magpatibulid búhat sa isang lugal na mataás. ‖ r. met. Pàbigay na walang tuto, at walang wariwárî, sa anomang bisio ó hílig na masamâ nang katawán=*al, en el mar*. Magtalòn sa dágat. =*por la ladera*. Mabulid na gumulonggúlong sa libís.=*de lo alto*. Mabulid búhat sa ituktok.

DESPERDICIADOR, RA. m. y f. Mapagaksayá; alibughâ.

DESPERDICIAR. a. Aksayahín; sayang̃in ang anomán; siráin; ipagtapón. ‖ r. Maaksayá; masáyang.

DESPERDICIO. m. Pagkasírâ

pagaksayá nang pagaàrî ó nang anomang bágay. || Maliliit na labí nang anomán, na hindî na pakíkinabañgan. || Pinagritasuhan.

DESPERECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Magpakahírap; mag pakasàkit; magpakamatay sa paghahañgad magkamit nang anomàn.

DESPEREZARSE. r. Magínat.

DESPEREZO. m. Ínat; ó pagiinat.

DESPERNAR. a. irreg. como *acertar*. Putlàn nang paà; saktán ó salantaín ang paá. || r. Mabalían nang paá; mapílay.

DESPERTADOR, RA. m. y f. Tagagísing; pangísing.

DESPERTAR. a. irreg. como *acertar*. Gisiñgin; pukawin. || met. Ipaalala; sariwáin ang anomang nalílimutang bágay. || a. met. Papagwariwariin; papagisipin. = *del sueño*. Gisiñgin sa pagkákatulog. = *à golpes*=Gisiñgin sa pálô =*al que duerme*. Pukawin ang natútulog. || r. Mágising. || Maggisiñgán ang nagháhalinhínang bumábantay. || n. y r. Mágising ang loob; mabúhay ang púsô; tumalas, etc.

DESPESTAÑAR. a. Alisàn ñg pilikmatà. || r. Malagas ó malugás ang pilikmatá.

DESPEZAR. a. irreg. como *acertar*. Bahagining pagbukdinbukdín ang bilong nang báhay, úpang magawâ ang karampatang tabas sa báwa't isang batò. || Regular ang *conjugación* nitó sa kahulugang: liitán ó tabtabán ang isang dulo nang kanyón at nang máipaloob sa ibá.

DESPIERTO, TA. p. p. irreg. nang *despertar* y adj. Gising; ò nágising. || Matalas ang ísip. || Buhay na loob.

DESPIOJAR. a. Humiñguto; huminiksik. || met. fam. Hañgúin sa karukhaàn ang sínoman. || r. Maghiniksik. || Máahon sa karálitaan.

DESPLACER. a. irreg. como *placer*. Pasamaín ang loob; pagalitin. || r. Sumamâ ang loob; magálit.

DESPLEGAR. a. irreg. como *acertar*. Ikadkad; iladlad. || met. Linawan at saysaying maliwánag ang anomang bágay na malábong intindihín. || Ipakita nang isá kung hangang saán ang kaniyang kaya, naabot, tiyagâ, etc. || r. Máladlad; màkadkad. || Lumínaw ang bágay na malábô.

DESPLUMAR. a. Alisán nang bagwís, ó pakpak ang ibon. || met. Ubúsing kunin ang pagaárî nang sínoman sa híbô at tamís nang dílâ. || r. Mañgùlag. || met. Mawalán ñg pagkabùhay.

DESPOBLADO. p. p. nang *despoblar*. m. Párang; ilang. Karaniwang lalong sabihin sa naging bayan ñg unang áraw at ñgayo'y walang tawo.

DESPOBLAR. a. irreg. como *acordar*. Alisán nang tawo ang isang lugal. || met. Linisan; alisán: v. gr. LINISAN *nang kàhoy*, ò ALISÁN *nang káhoy ang isang búkid*, DESPOBLAR *de àrboles un campo*. || Pauntiín ñg malakí ang bilang nang tawong nanánahan, ó nang mañgá bágay na nakalagay sa isang lugal: v. gr. PINAPAGKALAHATÎ *nang kólera ang bayan*, *el cólera* DESPOBLÓ *medio pueblo*, PINALÍIT *nang sùnog ang tubuhan*, *el incendio* DESPOBLÓ *el cañadulce*. || r. Mawalán nang nanínirahan sa isang lugal. = *de gente*. Mawalán nang tawo.

DESPOJAR. a. Agawan; samsa-

mán nang pagaàrî ang kápowâ. ‖ Hubarán nang damit. ‖ r. Maghubad; mahubarán.=*de la ropa.* Maghubad nang damit.

DESPOJO. m. Pagàgaw; pagsamsam. ‖ Ang naiwan nang isang hukbó sa pagtakbò ó pagkatalo, ó ang nálabi sa isang nabagbag na sasakyàn. ‖ Ang ulo, paá, buntot at ibá pang lamang loob nang mangã pinápatay sa matadero. ‖ pl. Ang mangã labí ó tirá nang anomán, para nang ANG MANGÁ LABÍ Ó TIRÁ *sa dúlang ó sa pagkáin,* LOS DESPOJOS *de la mesa ó comida.* ‖ Ang mangã kasangkápang magágamit nang isang nágibang báhay.

DESPOLVAR. a. Alisán nang alikabok.

DESPOLVOREAR. a. Pagpagán nang alikabok. ‖ met. Iwaksi; ó pawíin sa sarili ang anomán.

DESPORTILLAR. a. Palahañgin; piñgasin; buñgíin. ‖ r. Lumáhang. ‖ Mabùñgî.

DESPOSADO, DA. p. p. nang *desposar.* adj. y s. Ang bagong kasal.

DESPOSAR. a. Ikasal. ‖ n. y r. Pakasal; ó magasawa.=*con soltera.* Magasawa sa dalaga.

DESPOSORIO. m. Pagdedesposada; ò pagkakasal.

DESPRECIABLE. adj. Hámak; maláit.

DESPRECIAR. a. Hamakin. ‖ Siphayùin; pawalang halagá; labagín. ‖ Limutin ang anomang nakagágalit. ‖ r. Pawalang halagá ang sarili. Magsiphayuán.

DESPRECIO. m. Paghámak; pagsipháyô. ‖ Paglímot.

DESPUÉS. adv. t., l. y ord. Sakâ; mámayâ; kasunod; pagkatapus; sa hulihán; pagkâ =*de su padre.* Sa hulihán nang kaniyang amá; ó kasunod nang kaniyang amà.=*de cena.* Pagkahapon.

DESPUNTAR. a. Pudpurín; alisán nang dulo.‖Duñgutàn.‖n. Magpamulang sumìbol at magusbong ang pananim, ó káhoy. ‖ n. Magpahalatâ nang talas at katalinuhan. ‖ met. Mañguna; mañgibá; mamukod.=*el dia, ó el sol.* Magbukang liwayway.=*de ingenio.* Lumìtaw; ó mañgibá sa katalasan nang bait.=*por la pintura.* Mamukod sa pagpipintá. ‖ r. Masalsal; mapañgod.

DESQUIJARAR. a. Sapakin ang bibig, na baakín sampong síhang.‖ r. Masápak ang bibig.

DESQUILATAR. a. Ibabá ang kilatis nang gintô. ‖ r. Mábabâ nang kilatis.

DESQUITAR. a. r. Bumáwî nğ pañgulugi, ò pagkatalo.‖Manghigantí.—*Desquitarse de la pérdida.* Bumáwî nang pagkatalo.=*en el juego.* Bumáwî sa larô.

DESQUITE. m. Pagbáwî. ‖ met. Panghihigantì.

DESRABOTAR. a. Alisán nang buntot ang tupa at nang lumakí at tumabâ agad. ‖ r. Maalisán nang buntot.

DESRANCHARSE. r. Humiwalay sa rancho.

DESTAJERO. m. y
DESTAJISTA. m. Mamakyaw nang anománg gagawín.

DESTAJO. m. Pakyaw. —*á destajo.* mod. adv. Pakyawan. Pahalobhalob; labis; kalabisan.—*Hablar á destajo.* Magtatabil.

DESTAPAR. a. Alisàn nang takip ang anomán; buksán. || r. Màbukas; mátiwangwang.

DESTECHAR. a. Alisán nang bubong; laslasín ang atip. || r. Maalisán nang atip.

DESTEÑIR. a. irreg. como *teñir*. Alisán nang tínâ; pawíin ang kúlay. || r. Maalisán nang tínâ.

DESTERRAR. a. irreg. como *acertar*. Idestierro.||Papanawin. || Palisín ang sínoman sa isang lugal, sa kabagsikan nang pagkahustisia. || Alisàn nang lúpâ ang anomán. || met, Iwaksí; ilayô sa sarili ang anomán, para nang DESTERRAR *la tristeza*, IWAKSÍ Ó ILAYÓ SA SARILI *ang kalungkutan.=(á uno) à una isla.* Idestierro (ang isà) sa isang pulô.=*de su pátria.* Papanawin sa lúpang tinubúan. || r. Pumánaw na kúsâ sa kaniyang lúpang tinubúan. || Lumayô; umílag sa kapisanan nang kápowâ.

DESTERRONAR. a. Buhaghagín; ó durugin ang mañgà tiningkal. || r. Mabuhaghag; madùrog ang mañgá tiningkal.

DESTETADERA. f. Pañgáwat sa suso. Kasankápang sa háyop ginágamit.

DESTETAR. a. Awatin; iwàlay sa suso.|| met. Iwálay ang isang anak, na ilayô sa láyaw nang kaniyang pamamáhay || r. Bumitaw na kúsâ sa suso.

DESTETE. m. der. nang *destetar*. Pagaáwat sa suso.|| Pagkáawat. || Panahón nang pagaáwat.

DESTILAR. a. Alakin; ò magálak. || n. Tumúlô; tumìtî nang patakpatak ang anomang bágay na basâ. || Salàin ang tùbig sa batong salaán at nang lumínaw.

DESTILATORIO. m. der. nang *destilar*. Lugal na pinagáalakan. || Alakán.

DESTINAR. a. Itaán; italagá; iúkol ang isang bágay sa anomán. *=(algo) á, para tal uso.* Itaán (ang anomán) sa gayong kaukulán.

DESTITUIR. a. irreg. como *huir*. Alisán nang katungkulan. || r. Maalisán.

DESTORCER. a. irreg. como *absolver*. Kalasìn ang pilí ó pagkápili. || r. Mañgalás sa pagkápilî.

DESTORNILLADOR. m. art. Pañgalag nang tornilió.

DESTORNILLAR. a. Kalagín ang tornilió. || r. Makalag; ò lumuag sa pagkátornilio. || Malitò; malímang sa paggawâ ó pananalitâ, na huag mátumpak.

DESTRENZAR. a. Kalagín ang pagkátirintas. || r. Makalag ang pagkátirintas.

DESTRIPAR. a. Alisán nang bituka; hinaínan. || Kunin, ó hangùin ang palamàn ó paloob nang anomán.||r. Magpáluwaan nang bituka ang dalawang nagáaway.

DESTROCAR. a. irreg. como *acordar*. Siráin ang pálitan, na kúnin ulî nang báwa't isà ang talagang kanikaniyá. || r. Masírâ ang pálitan.

DESTRONAR. a. Ibabâ; ó ipanáog nang trono. || Alisán nang kaharián.

DESTROZO. m. Kasiraán; pagsìrâ nang anomán.

DESTRUCCIÓN. f. der. nang *destruir*. Pagkasírâ; pagkálugsô; pag-

káwakwak nang malakí na halos dî na maisásaulî.

DESTRUCTOR, RA. m. y f. Manglulugsô; mapanírâ.

DESTRUIR. a. irreg. como *huir*. Ilugsô; igibâ; gibín; siráin. || met. Agawin ó hadlangán ang pagkabúhay nang kápowâ. || met. Tunawin; ó aksayahín ang pagaárî ó kayamanan. || Lipulin. || r. Mágibâ; masírâ; malípol.

DESUNIÓN. f. der. nang *desunir*. Pagkakáhiwalay; paghihiwalay. || met. Pagkakáalit; ò pagkakagalit.

DESUNIR. a. Paghiwalayín. || met. Magpàsok, ó maghatid nang ipagkákaalit nang nagkákasundô. || Ginágamit namán sa *recíproco*.

DESUSADO, DA. p. p. nang *desusar*. y adj. Hindî kaugalián; hindî gámit; lipás.

DESVALIDO, DA. adj. Walang nagáampon; ulilang lubós. || Dukhâ; salat.

DESVANECER. a. irreg. como *agradecer*. Pawíin; paramin.||Magbigay lugal na tubúan nang kapalalúan ang ibà. || Ipagpalalô. || r. Mapáwî. || Mapáram.|| Makasingaw; mawalâ ang espìritu nang anomán. || Maghambog; magpalalô. || met. Sumakit ang ulo; mahilo; maibay.

DESVANECIMIENTO. m. Kapalalùan. || Pagkahilo. || Pagkapáwî nang anomán.

DESVARIAR. a. Mahibang. || Mábalatong.

DESVARÍO. m. Gawâ, ó wíkâ na walang tuto. || Pagkahibang. || Kasalawahán; pagkaalisagang loob.

DESVELAR. a. Pumúyat; mamúyat. || r. Mapúyat; ó magpuyat. || Maglámay. || met. Pakaingatan; pagsikapan; pagtamanàn nang malakí ang anomang nasa sa kaniyang kargo, ó ninánasang kamtán.

DESVENAR. a. Ihiwalay ang mangá ugat sa lamán. || met. Kunin; ó ihiwalay sa kinálalagyan ang mangá bágay na tinátawag nang kastilang *venas*, para nang metal ay kunin sa ilálim nang lúpâ, at ang mangá hiblá sa halaman.

DESVENTAR. a. irreg. como *acertar*. Palabasín ang hangin; alisán nang hangin. || r. Mawalán ng hangin ang isang lugal, na dating may nakúkulong na maraming hangin.

DESVENTURA. f. Kasaliwaán; ó kakulangang pàlad. || Sakunâ.

DESVENTURADO, DA. adj. Sàlang pálad. || Dukhâ. || Marámot at lampás nang sakim, na sampong sariling katawán ay pinagdádamutan. || Nápakaumid.

DESVERDECER. n. irreg. como *agradecer*. Kumupas ang kamuráan ó kasariwâan.

DESVERGONZADO, DA. p. p. nang *desvergonzar* y adj. Walang hiyâ; buhong.

DESVERGONZARSE. r. irreg. como *acordar*. Mawalàn nang hiyâ.

DESVERGÜENZA. f. Kawalán nang hiyâ. || Gawâ ò wikang kawalanghiyaán.

DESVIAR. a. Ilihis; ilisiâ; iliwás. || Isinsay; awatin. || r. Lumihís. || Málihis; màlisiâ; máliwas.=*del camino*. Málihis; ó máligaw nang daán.

DESVÍO. m. Pagkáliwas; ó pagliwás. || met. Dî pagalumánâ; pagkasuklam; dî pagasikaso dáhil sa da-

lang gálit ó sa kawalán nang pag mamahal. || Paglayô.

DESVIRTUAR. a. Alisán nang bìsâ ó virtud ang anomán. || r. Mawalán nang bísâ.

DESVOLVER. a. irreg. como *absolver*. Araróhing ulî; bungkalín ó halóin ang lúpâ.

DETENCIÓN. f. der. nang *detener*. Pagluluat; pagkabalam; pagkátigil.

DETENER. a. irreg. como *tener*. Pigilin; pahintoín. || Balamín; itáyong; bingbingñín.||Ibilangô; piitín. || Pigilan; sangahín; harangñin. || r. Maglaón; mabálam.||Humintô; tumígil. || met. Magbulaybúlay. || Magpígil = *á la, en la mitad del camino*. Tumígil sa kalágitnaan nang daán. = *con los obstáculos*. Mapígil; mabalam náng mangñá kapinsalaán.

DETERIORAR. a. Siráin; lansagín. || r. Masírâ.

DETERMINACIÓN. fr. der. nğ *determinar*. Pagpapasiyà sa sariling loob. || Tadhanâ. || Kapangñáhasan; tápang; pagkabayani.||Tining nang loob.

DETERMINAR. a. Takdaán; taningñan. || Liwanagan; saysayín ang anomán. || for. Sumentensia. || Magpasiyá.

DETESTABLE. adj. Kalupitlupit; kasuklamsuklam.

DETESTAR. a. Masamín; kalupitán, ó kasuklamán ang anomán. || r. Magtániman; magkásuklaman.

DETRACCIÓN. f. der. nang *detraer*. Pagmura; pagsiphâyô; parungit. || met. Pagsirang puri sa kangñínoman sa súlat ó sa sálitaan. || Paglalayô; paglilihís nang anomán.

DETRACTAR. a. Sumírang puri; sumiphâyô sa súlat ó sa sálitaan. || r. Málayô; málihis. || Magsiraán.

DETRAER. a. irreg. como *traer*. Ilayô; ilihís. || Siráan nang puri. || r. Malibang; málayô, || Magsiraán.

DEUDA. f. Útang. || Kasalanan.

DEUDO. m. Kamagának. || Pagkakamagának. || Hinlog.

DEUDOR, RA. m. y f. Ang nagkákautang; ó may útang.

DEVANADERA. f. Ulakán.

DEVANAR. a. Magulák; magkidkid nang sinúlid, sutlâ, etc.

DEVASTAR. a. Siráin; lansagín; ó ilugsô ang isang kaharián, ó bayan. || r. Mágibâ; málugsô ang isang pamamayan.

DEVOLUCIÓN. f. irreg. nang *devolver*. Pagsasaúlî; ó paguulî.

DEVOLVER. a. irreg. como *absolver*. Isaúlî ang árî nang ibá.||Isaúlî ang hiram. || Ibalik sa dáting lagay, ang anomán. || Gumantì nang ùtang na loob. || Bayaran ang útang. || r. Magsaulián. || Manaúlî.

DEVORAR. a. Lamunin. || Monlayín. || Sayurin.

DIA. m. Áraw na lumálakad. = *de precepto*. Áraw na pangñilin. = *natural*. Ang hustong 24 horas.

DIADEMA. m. y f. Sintás ó fajang muntî na ibiníbigkis sa ulo nang mangñá hárî nang unang panahón, sa lugal nang korona nang panahón ngñayòn; sa likod ay nakabuhol at búhat sa búhol na ito'y nakalaylay sa mangñá balíkat ang mangñá dulo nang sintás. || Korona ó sínag na inilálagay sa mangñá larawan.

DIAFANIDAD. f. Panganganínag, na para nang sa salamín.

DIÁFANO, NA. adj. Madálang; nangánganinag. || Malínaw.

DIALECTO. m. Wíkà, ò salitâ sa isang lugal.

DIALOGO. m. Sálitaan sa súlat ó sa bibig, nang dalawá ó marami.

DIAMANTE. m. Batong lubhang mahalagá, makilap, malínaw at matigás sa lahat nang bató.

DIAMANTINO, NA. adj. der. ng̃ *diamante*. Ang náuukol sa *diamante*. || met. Matigás na parang *diamante*; ó sakdal nang bang̃ís ang pag-uugàlî.

DIAMANTISTA. der. nang *diamante*. m. Ang tumàtabas, ó nagéengaste nang diamante at ibá pang mahalagang batò.

DIÁMETRO. m. geom. Ang gúhit na matowid, na humàhatî sa *círculo;* dumáraan bagá sa gitnang-gitnâ nang isang bílog.

DIANA. f. mil. Tugtug nang mang̃á sundalo, na ginágamit sa madaling áraw.

DIARREA. f. med. Pagiilagín; bululòs; kursó.

DIBUJO. m. Arteng nagtúturô ng̃ paggúhit ó pagdidibuho. || Ang dibuho. || Pagdidibuho.

DICIEMBRE. m. Ikalabing dalawá at katapusang buán nang taòn.

DICTAR. a. Sabihing untîuntî ang mang̃á salitâ, at nang máisulat nang ibá, samantálang sinásabî; idiktà. || met. Udiukán. || Kung kasama nang mang̃à salitang *leyes*, *precepto*, *órdenes* at ibá pang ganganitó, ang kahuluga'y: *magkaroón*, ó *magtañgan nang kapangyarihan*, ó *mando*, etc.

DICTERIO. m. Kalapastang̃anan; salitàng masaklap na nakasásakit.

DICHA. f. Kapalaran.

DICHO, CHA. p. p. irreg. nang *decir*, y adj. Nàsabi; nábangit. || m. Salitâ; sabi; wíkâ.

DICHOSO, SA. adj. der. nang *dicha*. Mapálad.=*con; en su estado*. Mapálad sa kaniyang kalágayan.

DIDÁCTICO, CA. adj. y

DIDASCÁLICO, CA. adj. Ang náuukol at nábabagay sa pagtutúrô.

DIENTE. m. Ng̃ipin.=*canino*, ó *angular*. Páng̃il.=*de ajo*. Bútil ó kabútil na báwang.=*de leche*. Sa mang̃á kabayo at ibá pang háyop na ápat ang paá, ay bawa't isá nang ápat na ng̃íping tumútubô sa harap, dalawá sa itaás, at dalawá sa ibabâ. =*incisivos* ó *cuneiformes*. Ang ápat na ng̃iping pangharap.

DIESTRA. f. Kanang kamay. || Dakong kanan.

DIESTRO, TRA. adj. Kanan, ó gawing kanan. || Náuukol sa kanan. || Bihasá. || Sanay.=*en cantar*. Bihasáng umáwit.

DIEZ. adj. num. card. Sampuô. || m. Ang número 10, na ang halaga'y sampuô. Sa mang̃á romano ay ísang X. || adj. num. ord. Ikasampuô, para nang: *dia* DIEZ, *ang áraw na* IKASAMPUÔ, ò IKASAMPUONG *àraw*.

DIEZMAR. a. Kumuha ó humúgot nang isá sa bálang sampuô. || Magbáyad nang diezmos sa santa Iglesia. || Parusa, na kung marami ang may sala ay humúhugot nang isá sa balang sampuô. || Salutin; patayán nang marami ang kaáway.

DIEZMERO. m. Ang nagbábayad; ó máníningil nang diezmos.

DIEZMESINO, NA. adj. Ang

sampuong buán; ó náuukol sa sampuong buán.

DIEZMO, MA. m. y f. Ikasampuô; ikapulô. || Hunòs na ikapuô. || m. Ang ikasampuong bahagi nang anomán.

DIFAMACIÓN. f. der. nang *difamar*. Paninírang puri. || Pagkasírâ nang puri.

DIFAMAR. a. Siráan nang puri. || Magpaháyag sa madlâ nang kasiraáng puri. || r. Masiráang puri.

DIFERENCIA. f. Kaibahán; ó pagkakáiba. || Hindî pagkakáisa. || Pagkakáalit. || Kalabisan.=*le uno á otro.* Kaibahán nang isá sa isá.=*entre lo finito y lo eterno.* Kaibahán nang may katapusán sa walâ.

DIFERENTE. adj. Ibá; dî kamukhâ.

DIFERIR. a. irreg. como *sentir.* Ipagpalumatlùmat; itàyong. || n. Máiba. || r. Magkálumatlumat.

DIFÍCIL. adj. Mahírap; malíwag mangyari ó magawâ. || Malíwag liripin.=*de explicar.* Malíwag; ó mahírap salaysayín.

DIFLUIR. a. irreg. como *huir.* Tumagas; lumabás sa kilábot.

DIFUNTO, TA. adj. Patay. || m. y f. Bangkay; ang namatay.

DIFUSO, SA. adj. p. p. irreg. nang *difundir*. Maluang; maláwak. || Maláwig; malírot.

DIGERIR. a. y r. irreg. como *herir.* Tunawin ó matúnaw ang kináin sa sikmúrâ.

DIGESTIBLE. adj. Madaling matùnaw sa sikmúrâ; mangyàyaring tunawin nang sikmúrâ.

DIGESTIÓN. f. Pagkatúnaw ng̃ kináin sa sikmùrâ.

DIGNARSE. r. Marapatin; ó dálitain; pagingdapatin.=*de aceptar.* Marapating tangapín.

DIGNIDAD. f. Dang̃al; sanghayâ. || Kamáhalan. || Katungkulan. || Karapatàn.

DIGNO, NA. adj. Dápat. || Nádarapat sa kamáhalan nang isá. || Úkol.

DIGRESIÓN. f. Pagkalibang sa pagsasaysay, na dáhil dito'y, ang sinásabi ay nálalayô sa talagang sálitaan.

DILACIÓN. f. der. nang *dilatar.* Paglalaón; pagkabálam.

DILAPIDAR. a. Aksayahín ang pagaàrî sa masamang paggúgol. || r. Mátapon; maaksayá.

DILATADOR, RA. m. y f. Mapagumatúmat; mapagbukasbukas. || cir. Kasankápang pangbukás at pangpaluang nang anomang búkol, etc.

DILATAR. a. Launan; iliban; balamín. || Habáan; palaparin ang anomang bàgay, at nang sumakop nang malaking lugal. || met. Ikalat, ibantog, at sinásabing: IKALAT ó IBANTOG *ang ñgalan* ó *kapurihán*, DILATAR *el nombre ò fama.*=*(una cosa) hasta mañana.* Ipagpabukas.=*de un dia á otro.* Pagbukàsbukasin; ipagpabukas.=*á, para otro mes.* Ipagpaliban nang ibang buan. || r. Malaunan. || Lumápad; umúnat.

DILATORIA. f. Paguumatúmat; pagbubukasbukas.

DILATORIO, RIA. adj. Ang nakalálaon, na dî ikalutas nang isang kausa.

DILECCIÓN. f. Pagíbig; pagsintang malinis.

DILECTO, TA. adj. Iníibig; gi-

liw; írog.

DILEMA. m. Isang bágay na argumento, na may dalawang palagay na nagkákalaban at nagkákahalô sa isang paraán, na kung tangihán ò aminin ang alinmán sa dalawá, ay maipakíkita ang mágustuhang patutuhanan.

DILIGENCIA. f. Ágap at kasipagan sa anománg gawâ. || Dalî; liksí. || met. Lákad; abala; ò gawâ.

DILIGENTE. adj. Maágap; masípag. || Maalágâ. || Maliksí; madalî; masiglà. =*en su oficio.* Maalagâ sa kaniyang katungkulan.=*para cobrar.* maliksí, ó masigàsig sa panininĝil.

DILUIR. a. irreg. como *huir.* Ikanaw ang anomán sa túbig, álak etc. || r. Mákanaw.

DILUVIO. m. Gúnaw. || Paglubog nang lúpâ sa kasaganaán nang túbig, ó sa lakí nang bahâ. || met. y fam. Kasaganáang lubhâ nang anomán, para nang: KASAGANÁAN *nang salitâ,* DILUVIO *de palabras.*

DIMANACIÓN. f. der. nang *dimanar.* Pagbukal; pagbubúhat, ó pangagáling nang anomán sa isang bágay.

DIMANAR. n. Bumukal ang túbig. || met. Magmulâ; mangáling ang isang bágay sa ibá.=*de otras causas.* Magbúhat sa ibang bágay.

DIMENSIÓN. f. Sùkat; tákal; ò lakí at lápad nang isang bágay. || geom. Sùkat nang hàbâ, lakí at taás nang anomán. || mús. Ang sùkat nang *compás* nang isang tugtog.

DIMES Y DIRETES (ANDAR EN). fr. Makipagtalo.

DIMINUCIÓN. Paguntî; pagliit; pagkukúlang. — *Ir en diminución.* Umuntî.

DIMINUTIVO, VA. adj. Nagpápaliit; nakabábawas. || Pangbawas.

DIMINUTO, TA. adj. Kùlang.|| Lubhang muntî.

DIMISIÓN. f. der. nang *dimitir.* Pagbitiw, ò pagrerenunsia sa katungkulan, ó tinátangnang anomán.

DIMITIR. a. Bitiwan ang katungkulan. || r. Magrenunsia.

DINAMARQUÉS, SA. adj. der. nang *Dinamarca.* Tagá Dinamarka, ó nátutungkol sa kahariang yaón.

DINERAL. m. der. nang *dinero.* Malaking kayamanan, ó buntong malakí nang salapî.

DINERILLO. m. dim. nang *dinero.* Bariá. || Salaping kákauntî.

DINERO. m. Salapî.

DIÓCESI. f. y

DIÓCESIS. f. Ang nasásakop na pinamámahalaan nang isang Obispo ò Arzobispo.

DIOS. m. Dios.

DIPTONGO. m. Pagkakásama nĝ dalawáng letrang *vocal,* na sabay kung bigkasín at iisang sílaba silang dalawá.

DIRIGIR. a. Ipuntá; itunĝo. || Ituid ang tunĝo nang anomán. || Itúrò. || Patnugutan; panĝunahan. || Pamahaláan; lagdaàn nang regla sa pagpapalákad na mahùsay nĝ anomán. || Iálay ang anomang gawâ na bukal sa sarili.=*á, hàcia Kalumpit,* Itunĝo sa, ó sa may dákong Kalumpit =*(à otro) en un pleito.* Patnugutan; akayin (ang ibá) sa isang úsap. || r. Paroón; patunĝo; dumaló. —*Dirigirse la palabra.* Magsálitaan.

DISCERNIR. a. irreg. como *sen-*

tir. Kilanling malínaw ang kaibhán nang isang bágay sa ibá- || Bulaybulayin ang pagkakáiba ng̃ isa't-isang bágay sa pamamagítan nang mang̃í pangdamdam nang kálolowá. || for. Ibigày nang Juez ang anománg kargo sa isá, para nang isang komisión, etc. || r. Mákilala; mapaghúlô ang pagkakàiba.

DISCIPLINAR. a. Turúan; aralan. || Hampasín. || r. Magturuán. || Maghampás. || Maghampasan.

DISCIPULO, LA. m. y f. Ang tinúturuan, ó nagáaral.

DISCONVENIR. n. irreg. como *venir.* V. DESCONVENIR,

DISCORDANCIA. f. Pagkakáiba nang mang̃à bágay; dî pagkakáisa.

DISCORDAR. n. irreg. como *acordar.* Magkàiba; magkáalít. || Howag magkáisa.|| Howag magkábagay. || mus. Howag magkátuno ang isang tugtugin, ó ang mang̃á instrumento. =*de sus compañeros.* Máiba sa kaniyáng mang̃á kasama.=*en, sobre tal cosa.* Magkáalit sa, úkol sa gayong bágay.

DISCORDE. adj. Hindî nagkákaayon nang kalooban, pasiyá at tung̃o. || met. Hindî tono.

DISCREPANCIA. f. Pagkakáiba; ó dî pagkakáisa; nang mang̃à bàgay na pinagparis.

DISCRETO, TA. adj. Mabait; matalino, at timtiman. || m. y f. Sa ilang katipunan, ay ang tawong inihalal na tumúlong sa pùnô, at tánung̃an nang mahúsay na pamamahá'â nang kapisanan.

DISCULPA. f. Ang matuwid at dahilang ibiníbigay at nang makailag na paniktang sala.

DISENTERÍA. f. med. Pagtataé na may kasàmang dugô at plema.

DISENTIR. r. irreg. como *sentir.* Magkáiba; huag magkàisa. || Huag umayon; huag maniwálâ.

DISFAMAR. a. Manirang puri. || met. Mamintás.

DISFAMATORIO, RIA. adj. Nakasísirang puri; ó pagsirang puri.

DISFORME. adj. Kúlang sa tabas, sa pagkakábagay, ó sa súkat. || Pàng̃it. || Ang lubháng nápakalaki at alang̃an sa kápowâ.

DISFRAZAR. a. Ibahín ang hitsura nang isang bàgay at nang howag mákilala. || met. Pagtakbán. = *con buenas apariencias.* Pagtakbán; ó balutin nang mabuting anyô. || r. Magsuut nang anománg damit na howag ikákilala sa kaniyá. || r. met. Magpakunuarî.|| Magbalôbalô. || Magbalatkayô.=*de moro.* Magsuot moro. =*con, en traje humilde.* Magsuut ng̃ damit mahírap, ó magbalôbalong mahírap.

DISFRUTAR. a Kamtàn; tamuhín. || Magtamasá nang anomán, na walang hiláhil at hírap.= *de buen sueldo.* Magkamit, ó magtamasá ng̃ mabuting sueldo.

DISFRUTE. m. Pagkakamit; pakikinábang; pagtatamasá nang anomán.

DISGUSTO. m. Samâ ng̃ lasa; saklap. || Sámaan nang loob; pagkakáalit. || Súkal nang loob; pighatî. || met. Yamot, ó kayamután sa anomàn; gálit. || Suklam.

DISIMULAR. a. Magkunowarìng hindî pansín, ó disimulahín. || Pagtakbán; ilingid. || Alintanahin. || Ihálô ang anomán sa ibá at nang ho-

wag mápansin. || Magpatáwad.||Magbalatkayô. || Magpáraanan nan kanikanilang kakulangán.

DISIMULO. m. Pagkukunowarî, ó pagbabalòbalong hindî pansín ò hindî alam ang anomán. || Pagpapabayâ, ó pagalintánâ || Paglilíngid.

DISIPADOR, RA. m. y f. der. nang *disipar*. Máninirâ; mapagtapón nang pagaárî.

DISIPAR. a. Isábog; pawíin: at sinásabi, ISINÁBOG ó PINÁWÎ *nang áraw ang mañgà pañganorin, el sol* DISIPÓ *las nubes*. || Magsábog; magtápon nang àrî. || r. Makasingaw; suminĝaw.

DISLOCADURA. f. der. nang *dislocar*. Pagkáalis nang butó sa talagang lugal, ò paglinsad nang anomán.

DISLOCAR. a. Ialís; ilinsad sa lugal. || r. Málinsad ang pagkakálapat nang anomán.

DISMINUIR. a. irreg. *huir*. Untián; kulañgan; bawasan. || r. Umuntî; mabawasan.

DISOLUBLE. adj. Kálagin, ó makàkalag; tunawín ó mangyáyaring matúnaw.

DISOLUTIVO, VA. adj. Makatútunaw; makakákalag; nakatútunaw; nakakákalag.

DISOLVER. a. irreg. como *absolver*. Kalagín. || met. Paghiwalayín ang nagkákalakip. || Kanawin; tunawin ang anomàn sa túbig, álak, etc. =*en vino*. Kanawín, ó tunawin sa álak. =*con aguardiente*. Tunawin nĝ aguardiente. || r. Makalag.||Matùnaw.

DISONANCIA. f. Tunog na nakabábagot. || mús. Ang dî pagkakáakmá nang mañgá tono.

DISONAR. n. irreg. como *acordar*. Tumunog nang dî maínam. || met. Huag máayos; huag magkáayos ang mañgá bágay na dápat magkáaakmâ. || Masamaín ang anomán, etc.

DISPARATE. m. Gawâ ó wíkang labás sa matowid.

DISPENDIO. m. Gúgol ó gastang malabis. || met. Kùsang pagaaksayá nang búhay, puri, etc.

DISPENDIOSO, SA. adj. der. nang *dispendio*. Magùgol; magastang lubhâ.

DISPERSIÓN. f. der. nang *dispersar*. Pagkakátiwatiwalag; pagsàbog.

DISPERSO, SA. adj. Tiwátiwalag; sabog sa ibatibang bayan ó lugal. || Sa milìcia ay ang dî nàlalagay sa alinmáng *cuerpo*, at tumítira sa bayang maíbigan.

DISPERTAR. a. irreg. como *despertar*. V. DESPERTAR.

DISPIERTO, TA. p. p. nang *dispertar*. adj. Gising.

DISPLACER. def. como *placer*. a. Bigyán nang súkal nang loob.|| r. Sumamâ ò sumùkal ang loob.

DISPLICENCIA. f. Samâ nang loob; kawalán nang gustó. || Bagot; yamot.

DISPLICENTE. adj. Nakasásamâ nang loob; ó nakawáwalâ nang ĝustó. || Bugnot; walang kibô; masuñgit.

DISPONER. a. irreg. como *poner*. Ihánay; italatag. || Magpasiyá. || Maghandâ; ihandâ. || Pamutihan.=*á bien morir*. Igayak sa mabuting pagkamatay.=*en hilera*. Italatag na ihilera.=*por secciones*. Pagpangkatpang-

katin.=*de sus bienes.* Mamahàlâ nang kaniyang mangá pagaárì. || r. Gumayak. || Humandâ.=*à, para caminar.* Gumayak sa paglákad.|| n. Gumayak; humandâ.=*sus cosas.* fr. Gumawâ ng testamento at ibá pang pagsisíkap, upang mamatay na pàrang mabuting kristiano.

DISPUTA. f. Pagaáway; pagtatalo. || Pagtatákapan.

DISPUTAR. a. Makipagtalo, ò ipakipagtalo; ipaglaban ang anomán. || Makipagtákapan. || n. Kung ginágamit na kasama nang partícula *de, por, sobre, acerca de* at ibá pa, sa áting wikâ ay *makipagtalo nang úkol* ò *tungkol sa.*=*con su hermano.* Makipagtalo sa kaniyang kapatid. || r. Magagawán. || Magtalo.

DISTANCIA. f. Pagitan; láyô; ó pagkakálayô. || met. Kaibhán nang isang bágay sa ibá.

DISTANTE. p. a. nang *distar.* adj. Maláyô; nálalayô. || Palak.

DISTAR. n. Maláyô. || met. Mába nang malakí.=*(un pueblo) de otro cuatro leguas.* Málayô (ang isang bayan) sa isá nang ápat na leguas.

DISTENDER. a. irreg. como *acertar.* cir. Makapagpamánat na lubhâ nang balat na may súgat ó may tápal.

DISTINTO, TA. adj. Ibá. || Malinaw; maliwánag; walang guló.

DISTRACCIÓN. f. der. nang *distraer.* Pagaaliw; pagkalibang. || Labis na kalayaán sa pamumúhay at kaugalián.

DISTRAER. a. irreg. como *traer.* Libangin. || Iliwás. || Ilayô sa mabait at mahúsay na pamumúhay ang sínoman, sa pamagitan nang masasamang halimbáwâ. || r. Malibang; magaliw. || Máliwas sa talagang tungo ò akàlâ. || Maglíbangan. || Makalìmot.=*con, por el ruido.* Malibang sa, ó dáhil sa íngay.=*en cazar.* Magaliw sa pangangaso.=*de la conversación.* Malibang; ó malingat sa sálitaan.

DISTRIBUCIÓN. f. der. ng *distribuir.* Pamamahagi; pangangàyaw. || met. Pagtatátag; ó pagtatalatag na karampatan nang mangá bágay.

DISTRIBUIR. a. irreg. como *huir.* Ipamahagi; ipangayaw; ipamudmud. || Italatag; ó ilagay nang mahúsay at karampatan ang anománg bágay.=*en los bajeles la tropa.* Bahaginin sa mangà sasakyán ang tropa. =*entre los necesitados.* Iàyaw; ó bahaginin sa mangá nagsásalat. || r Mábudbod; mabahagi.

DISTRITO. m. Nasásakop nang isang húkuman, etc.

DISTURBIO. m. Pagkaguló; pagkasírâ nang katahimikan. || Guló.

DISUADIR. a. Pagpayuhan; hikayatin ang sínoman na magbago nang akálâ sa pamagitan nang mabubuting pangùsap.||r.Mapagpayuhan.

DISUASIÓN. f. der. nang *disuadir.* Pagpapayo; paghikáyat; paglamúyot.

DISUASIVO, VA. adj. Nakahíhikayat. || Panghikáyat.

DISYUNCIÓN. f. Paghihiwalay; ó pagkakáhiwalay.

DISYUNTIVO, VA. adj. Nagpàpahiwalay; ó nakapagpápahiwalay.

DIURÉTICO, CA. adj. med. Pangpaíhî.

DIVERGENCIA. f. opt. Pagkakàhiwalay nang sínag. || met. Pagkakáibaibâ nang akálâ

DIVERGENTE. adj. Sinag na náhihiwalay sa kasamahán.||met. Ibá; salungat.

DIVERSIDAD. f. Pagkakáiba; dî pagkakáparis. || Kasaganaán.

DIVERSIÓN. f. Pagaaliw; paglilibang. || Áliwan.

DIVERSO, SA. adj. Ibà; dî kamukhâ.=*de los demàs*. Kakaibá sa ibá.=*en caràcter*. Dî nagkákamukhâ nang ugálî. || pl. Marami; madlâ; bagaybágay.

DIVERTIDO, DA. p. p. nang *divertir*, y adj. Masayá; masiglá.||Mapagpatawá.

DIVERTIMIENTO. m. der. nḡ *divertir*. Pagkalibang; paglilibang. || Pagkalinḡat.

DIVERTIR. a. irreg. como *sentir*. Libanḡín. || Ilayô; ilihís. || med. Tawagin ó batakin sa ibang lugal ang manḡá *humores* nang katawán. || r. Màlayô ang ísip sa ta agang tunḡo,=*en pintar*. Magaliw sa pagpipintá. || r. Malibang; magaliw. || Magáliwan.=*con un amigo*. Makipaglibang sa isang kaibigan.

DIVIDIR. a. Hatíin; paghiwalayín. || Bahaginin; ipamudmud ang anomán sa madlà. || met. Paglayuin ang manḡà kalooban, na pasukan nang ipagkákaalit. || arit. Magpartir.=*con muchos*. Hatíin sa marami.=*entre muchos*. Bahagining iáyaw sa madlá.=*por mitad*. Biyakín.=*en partes*. Pagpangkatpankatín. || r. Humiwalay sa sámahan ó pakikilagúyô.|| Maghiwàhiwalay. || Magkáhiwalay.

DIVIESO. m. Pigsá ó búkol.

DIVINIDAD. f. Pagkádios. || Kadiosan.

DIVINO, NA. adj. Ang náuukôl sa Dios. || met. Lubhang magaling; labis nang buti.

DIVISA. f. for. Ang pagaáring minana sa amá nang bàwa't isá. || Sagisag; ó tandâ sa pananamit, ò sa alinmáng lugal na litaw, at nang mákilala ang pagkamahal na tawo, grado, etc.

DIVORCIO. m. Paghihiwalay nḡ magasawa. || met. Paghihiwalay nang manḡà bág·y na dáting nagkákasama.

DIVULGAR. a. Ilathálâ; ipaháyag sa madlâ; ilatlat. || a. Máhayag; málathalâ.

DOBLADILLO, LLA. adj. dim. nang *doblado*. Balísaksakan.||m. Lupî sa gílid nang damit. || Sinúlid na matíbay na gámit sa paggawâ nang medias.

DOBLADURA. f. Lupî; bálî.

DOBLAR. a. Dagdagán ang anomang bágay, na pagibayuhin ang dami. || Tiklupín; ilupî; baluktutín.|| met. Supilin ang sínoman, na ibuyong magísip ó gumawâ nang ibá sa unang inakálâ.=*á palos*. Salantaín sa pálô.=*de un golpe*. Baluktutín sa isang hampás. || n. Dumublás; ó tumugtog ang kampánâ nang tugtug patay. || Lumikô nḡ daán. || r. met. Pahinúhod; pumáyag.

DOBLE. adj. Ang may ibayong lamán ó bigat, kaysa pinagpápari san. || Sa kayo at ibá pá ay: *makapal* ó *may katawán*. || Balísaksakan ó malakí ang panḡanḡatawán. || Dalawáng susón; ó dublé. || met. Sukab mapagpailalim. || Magdaràyâ. =*de la medida*. Dalawá nang tákal ó súkat

DOBLEGAR. a. Hutukin; supi

lin. || r. Mahútok. || Masúpil; sumúkô.

DOBLEZ. m. Lupî; bálî. || Pagkakàsuson. || met. m. y f. Pagdaráyâ.

DOCE. adj. num. card. Labingdalawá. || num. ord. Ikalabingdalawá.

DÓCIL. adj. Masùnurin. || Malumánay. || Madaling turúan.=*al mandato*. Masúnurin sa iniùutos.=*de condición*. Malumánay; ó malambot ang ugàlî.=*para aprender*. Madaling magáral; madaling turúan.

DOCILIDAD. f. der. nang *dòcil*. ||Kalambután nang ugálî. || Katalasan nğ ulo at kadaliang màtuto nang anomán.

DOCTO, TA. adj. Marúnong; paham; bihasa; matalino.=*en teologia*. Matalino sa teolohía.

DOCTOR, RA. m. y f. Ang nagtúturô nang anomang *ciencia* ó arte. || Ang tumangap nang gradong *doctor* sa isang *universidad*, gradong lálong mataás sa lahat nang màkukuha sa isang *facultad*. Sa sínomang *médico* ay kaugaliang *doctor* ang táwag walâ mang gradong ganoòn.=*en medicina*. Doctor sa pangagamot.

DOCTORA. f. Ang asawa nang médiko. || fam. Babáying nagpápangap bihasa.

DOCTORAL. adj. der. nang *doctor*. Ang náuukol sa pagkadoktor. || m. Plaza nang *doctoral* sa mangğá *canónigo*.

DOCTRINA. f. Áral. || Karunungğan ó *ciencia*. || Ang kasaysayan nğ áral kristiano, na ipinangğáğaral sa bayan nang mangğá párî.

DOCUMENTO. m. Áral na magaling na ibinibigay sa kápowà, lálô ang náuukol sa paghihiwalay sa kaniyá sa masamâ. || Kasulatan; katibayan.

DOGAL. m. Lúbid na may sílô, na itinátalî sa liig nang kabayo at ginàgamit din namang pangbítay.

DOGO. m. Ásong pangğaso; ó panghuli nang háyop.

DOLENCIA. f. Sakit; damdam.

DOLER. n. irreg. Sumakit. || Magdamdam nang sakit. || Mahabag; maáwâ. || Magdamdam sa kalooban; ó magsentimiento. || r. Magsisi. || Damdamín nang loob ang dî pagkágawâ nang ninánasâ. || Mahabag; maáwâ.=*(con un amigo) de los trabajos de otro*. Makipagdamdam (na kasama nang isang kaibigan) sa mangğà kahirapan nang ibá.=*de los pecados*. Magsisi nang mangğá kasalanan.

DOLIENTE. p. a. nang *doler*. adj. Ang nasásaktan. || f. Ang lugal na sumásakit. || m. y f. May sakit.

DOLO. m. Dáyâ.

DOLOR. m. Sakit; kirot; antak. || met. Dalamhátî; hapis. || Pagsisisi.

DOLOROSO, SA. adj. der. nang *dolor*. Kasakitsákit; kahabaghabag.|| Nakasásakit; ó nakapagbibigay sákit.

DOMAR. a. Paamúin; mansohín. || met. Supilin. || Turúan nang pakikipagkápowâ tawo ang isang tagabundok. || Umámô.

DOMESTICIDAD. f. Kaamúan nang loob.

DOMÉSTICO, CA. adj. Ang talagang sa báhay; ó náuukol sa báhay. || Háyop, na sa bàhay inálagaan. || Alílang sa báhay nagsísilbi. Ginágamit namang parang *sustantivo* dito sa huling kahulugàn.

DOMESTIQUEZ. f. Kaamúan

nang háyop, maging natural kung tùrô man.

DOMICILIO. m. Lugal, ó báhay na táhanan.|| Ang pananahán sa isang lugal.

DOMINANTE. p. a. nang *dominar.* adj. Nanglálakilaki na íbig makapangyari.

DOMINAR. Mamahálang parang panğinoón; makasúpil; manglakilaki. || n. Manğibà; mamukod sa taás ang alinmang bundok, báhay, etc. || r. Magpígil; supilin ang sarili.

DOMINGO. m. Lingó. || Ingô.

DOMINIO. m. Kapangyarihan nang báwa't isá, na gumámit at mag. pasiyá sa bágay na sariling árì. || Pagpupúnô sa kápowâ. || Nasásakupang bayan ó manğá lúpâ nang isang hárî ò *república.* Karaniwang plural na gamitin sa kahulugang itó.

DON. m. Álay; kaloob; ó regalo. Biyáyâ. || Gawî ó habilidad sa paggawâ nang anomán.

DONAIRE. m. Kainámang manğùsap. || Kagandahan nang panğanğatawán; karìkitan.

DONANTE. p. a. nang *donar.* Ang nagkákaloob.

DONAR. a. Magkaloob sa ibá nang anomán.

DONATARIO. m. der. nang *donar.* Ang pinagkákalooban nang pagaárî. || adj. Náuukol sa *donaciòn.*

DONCELLA. f. Babaying hindî pa nakákikilalang lalaki. || Ang alilang babaying kalapit na lágî nang kaniyang panğinoón, at nanánahî ó nagbúburdâ, sumùsuklay sa kaniyà, etc.

DONDE. adv. l. Saan.—*donde no.* mod. adv. Kung hindî.—*donde quiera.* —mod. adv. Saàn man.—*por donde.* Kayâ; dáhil dito.

DOQUIER Ó DOQUIERA. adv. l. Saán man.

DORMILÓN, NA. m. y f. der. nang *dormir.* Matutulugín.

DORMIR. n. y r. irreg. ger. *durmiendo:* pres. ind. *duermo, duermes, duerme, duermen:* perf. él *durmiò,* ellos *durmieron:* imperat. *duerme* tú, *duerma* él, *durmamos* nosotros, *duerman* ellos: subj. pres. *duerma, duermas, duerma, durmamos, durmàis, duerman:* imperf. *durmiera,* dormiría, y *durmiese,* etc.: fut. *durmiere, res, re,* etc.: ger. *durmiendo.* Matùlog; humimlay. || a. Magpatúlog, para nang: *di à la criada que* DUERMA *al niño, sabihin mo sa alilang babayi na* PATULUGIN *ang bátâ.*|| met. Pabayaán.=*á pierna suelta* ò *tendida.* Matúlog nang palagay, at walang anomang alaala.=*con el niño.* Matúlog na kasiping nang bátâ.=*en paz.* Matúlog na mabuti; matúlog nang mahimbing. || n. y r. met. Tumahímik; humimpil ang dáting walang tahán nang galaw. || Mákatulog.=*á la serena.* fr, Matúlog sa hamog.

DORMITAR. n. Máagaw tulog.

DORMITORIO. m. Tulugang silid.

DORSO. m. Kabalikán; likod.

DOS. adj. num. card. Dalawá. || Kung kasama nang ibang *sustantivo* ang kahuluga'y *ikalawà,* para nang *á* DOS *del mes,* IKALAWÁ *nang buan.* || s. m. Ang dos.—*dos à dos.* mod. adv. Dalawa't dalawá; ò dalàdalawa. Karániwang sabihin sa dalawang magkasama na lában sa dalawá namán, maging sa larô man, ó babag ó anomán.

—*de dos en dos*. mod. adv. Daládalawa. Sinásabi sa lákad ó hilerang daládalawa.

DOSCIENTOS, TAS. adj. num. card. pl. Dalawang daán.

DOSEL. m. Baldokín.

DÓSIS. f. Dami nang gamot na iníinom nang may sakit sa towing íinom. || Dami ò tumpok nang anomán.

DOTE. m. y f. Bigaykaya; pasunod na dala nang babayi, na ipinápanhik sa lalaki sa pagaasawa nilá. || Hiyás; kagálingan. || pl. Mangá biyáyang kaloob nang Dios sa isá, para nang talino nang ísip, etc.

DRIZA. f. naút. Banting, ò lúbid na pangtaás ó pangbabâ nang láyag.

DUBITACIÓN. f. Pagaalangán.

DÚCTIL. adj. Makúnat na malambot, para nang lástiko.

DUDA. f. Pagaalangán, ó duda. || Pangambá.

DUDAR. n. Magalangán; magurongsulong ang loob. || a. Angangín; huag paniwalaán.=*de alguna cosa*. Magalangán sa anomang bágay; angangín ang anomán.=*en salir*. Magalangán sa pagalís.=*entre el sí y el no*. Magalangán kung dápat tumangô ó tumangí.

DUELA. f. Báwa't isang piraso nang tablá nang bariles.

DUEÑO, ÑA. m. y f. Ang may árî; panginoón.

DULCE. adj. Matamís.||met. Masarap; malinamnam, || Ang metal na madaling gawín.=*al gusto*. Masarap; ò matamís sa lasap.=*para oir*. Masarap dingín.=*de, en el trato*. Mahúsay makipagùsap; ó matamís ang ugálî.=*de almibar*. Ang kinusilbá; ó inilútô sa arníbal.=*de platillo*. Alinmang matamís na tinuyô at kinumpites.

DULZOR. m. der. nang *dulce*. Katamisán, ó tamís.

DULZURA. . der. nang *dulzor*. Katamisán. || met. Kasarapán. || Kahusayan nang ugàlî.

DUODÉCIMO, MA. adj. num. ord. Ikalabingdalawá.

DUOMESINO, NA. adj. Ang may dalawang buán; ó náuukol sa dalawang buán.

DUPLICAR. a. Dalawahín.||Pagibayuhin ang dami. || Salitíng makálawa ang anomán.

DURACIÓN. f. der. nang *durar*. Láon; pananatili; pagtatagal.

DURADERO, RA. adj. Matagal; ó magtátagal.

DUREZA. f. Katigasán.

DURO, RA. adj. Matigás. || Balakiot. || Matigás magsabi ó magutos; mabagsik; mabangís. || Matigás ang ulo. || Lubhang marámot. || Bastòs, || Mapurol ang ulo.=*de corazón*. Matigás na pùsô.=*de cascos*, Lubhang mapurol ang ulo; ó malíwag umintindí.

E

EBANISTA. m. der. nang *ébano*. Ang nagtátrabaho nang ébano at ibá pang káhoy na mahalagá.

EBRIEDAD. f. der. nang *ebrio*. Kalanĝuhán.

EBRIO, BRIA. adj. Lanĝó; lasing.

EBRIOSO, SA. adj. der. nang *ebrio*. Mapaglanĝó, ó malalánĝohin.

EBÚRNEO, NEA. adj. Ang sinangkapán nang gáring, para nang *estàtua* EBÚRNEA, *estátuang* GÁRING.|| Párang gáring.

ECLESIASTÉS. m. Isá sa manĝá libro sagrado na súlat ni Salomón.

ECLESIÁSTICO, CA. adj. Ang náuukol sa iglesia. || m. Párî.

ECLIPSE. m. astr. Láhô, ó pagkátagô sa ating matá nang liwánag nang alinmáng *astro*, dáhil sa nakakákanlong na ibá.=*total*. Pagkukulimlim na lubós nang isang astro.=*parcial*. Pagkukulimlim nang isang pangkat na alinmán nang isang *astro*.

ECO. m. Alinĝawnĝaw; alituat; uliyao; tinĝig.

ECONOMÍA. f. Pagtitipid. || Maayos na pamamahálâ nang anomán. || Kasalatán. =*política*. Karunúnĝang nagsásaysay nang kayamanan nang isang *nación*, at nang manĝá dahilán ó paraán nang kaniyang pagsùlong ó paghupâ.

ECONÓMICO, CA. adj. der. nĝ *economía*. Matipid; maayos; mabúting mamanihálâ na walang inaaksaya. || Nàuukol sa *economìa*.

ECONOMIZAR. der. nang *economía*. Tipirín. || Magtipon.

ECHADERO. m. Tulugán; páhinĝahan.

ECHAR. a. Itapon; iwaksí. || Itaboy; paalisín. || Ibunsod. || Isáboy. || Ayon sa *sustantivo* na kalákip ay gayòn din namán ang kahulugang tinátaglay niyà, para nang MAGUSBONG, MAGBULAKLAK, *etc. ang manĝá halaman*, ECHAR *retoños*, ECHAR *flores*, *etc. las plantas*. || Kumáin, ó uminom nĝ anomàn. || Gámit namang parang *re-*

cíproco, at sinásabing ECHARSE *un trago de agua*, UMINOM *nang isang lagok na túbig*. ‖ Maglaga'y; magkabit: para nang ECHAR *á la puerta un cerrojo*, LAGYÁN ó KABITÁN *ang pintô nang isang kandado*. ‖ Susían; sadhán: v. gr. ECHAR *la llave, susían*, ò *sadhán*. ‖ Iowî sa anomán ang isang bágay: v. gr. ECHARLO *á juego*, IOWÎ ó ARÍING *larô*; ECHARLO *á buena parte*, MAGALIÑGÍN ó ARÍING *magaling*. ‖ Mamahagi; mamudmod, at sinásabi; ECHAR *cartas*, MAMAHAGI *nang baraha, etc.* =*en, por tierra*. Ibalabag; ilagpak sa lúpâ. =*de casa*. Paalisín sa báhay; ipagtaboy.=*de ver*. Halataín; máhalatâ.=*à buena parte*. Magalingín.=*mano à una cosa*. Tulungang yaríin ang isang bágay.=*de una cosa*. Gamitin ang isang kasankapan ó bágay na anomán. = *la mano á alguna cosa*. Tangnán.—*Echarla de guapo, de valiente*. Magtapangtapangan; magmayabang. ‖ r. Tumimbuang; umúnat; magpakahigâhigâ.‖ Dumalùhong; sumugbá. =*à los piés*. Manikluhod sa harap nang isá; magdapâ sa harap ng isà.=*á, en por tierra*. Manikluhod; magpakabábâ.=*por los suelos*. Magpakabábâ; magpakaabâ; magpakahámak.—*á dormir*. Matúlog; magpabayâ.

EDAD. f. Taong dalá nang isá mulâ nang ipanganak: edad.

EDECÁN. m. mil. Ofisial na may tungkol na maghatid at magpaháyag nang mangá kautusán nang *general*.

EDICTO. m. Kautusán; útos, ó dekretong hayag sa madlâ nang isang *príncipe* ó *magistrado*.

EDIFICAR. a. Magbangon nang bàhay, etc, ‖ met. Magpasunod nang mabuting halimbàwâ sa ibá. ‖ r. Mátayô; màbangon ang isang báhay, etc.‖ Másunod ò mágaya sa gawáng magalíng na nákita sa ibá.

EDIFICATIVO, VA. adj. Gawàng nakahíhila sa ibá sa mabuti.

EDIFICIO, m. Bàhay; palasio, etc.

EDUCAR. a. Aralan. ‖ Turùan; palakhín.=*(á sus hijos) en el temor de Dios*. Palakhín (ang kaniyang mangá anak) sa tàkot sa Dios. ‖ r. Magáral.

EDUCIR. a. irreg. como *aducir*. Kunin, ó hangúin ang isang bágay sa ibá.

EFECTUAR. a. Ipatúloy na gawín ang anomán; totohanin. ‖ r. Mátuloy.

EFEMÉRIDES. f. pl. Librong kinásusulatan ng nangyáyari sa arawáraw.

EFERVESCENCIA. f. Pagsilakbong malabis nang dugô ó ng anomán. ‖ met. Kabalisanhán; álab at pagiínit nang kalooban.

EFICACIA. f. der. nang *eficaz*. Bísâ; lakás; kapangyarihang gumawâ.

EFICAZ. adj. Mabísâ; malakàs; masidhî.

EFIGIE. f. Larawan. Lalong karaniwang itáwag sa larawan ni Jesukristo at nang mahal na *Virgen*.

EFUNDIR. a. Ibuhos; ibubô.

EFUSIÓN. f. der. nang *efundir*. Pagkábuhos; pagkábubô nang anomang lusaw na bágay. Lalong karaniwang sabihin sa dugô. ‖ Pagsasayá.

ÉGIDA. f. met, Kalásag; sálilongan; tangulan.

EGOISTA. m. Ang walang kiníkilala at walang nàlalaman kundî ang gawang kagálingang sarili.

EGREGIO, GIA. adj. Marilag; marangal.

EJE. m. Eje ó pahálang, na ang mangà dulo ay násusuot sa gitnâ nang ikinákabit sa kaniyá, at siyá ang inìinugan, para nang kinásusuutan at inínugan nang isang rueda ò pagulong.

EJECUTAR. a. Gawín. || Bitayin ang may sala. || for. Embargohín ang árì nang may útang, at nang makabáyad.

EJECUTIVO, VA. adj, Bigláan; dî naipaghíhintay; ó dî naitátayong.

EJEMPLAR. adj. der. nang *ejemplo*. Nakapagbíbigay nang mabuting halimbáwâ.|| Húwaran sa paguugálî.|| Tularán; parisán. || Salin. || Parusa na dápat pagkunan nang pagkadalâ ó pagiíngat, nang hindî pamarisan ang masamang gawâ.

EJEMPLO. m. Halimbáwá; pasunod. || Gawang dápat tularan.

EJERCER. a. Gumawâ; tumupad; ó tumangan nang isang katungkulan. =*(su autoridad) en, sobre el reo.* Gawín; tuparìn (ang kaniyang kapangyaríhan) sa may sala.

EJERCITAR. a. Sanayin. || Papagaralin nang anomán; suwayín.= *(á uno) en la paciencia.* Sanayin (ang isá) sa pagpaparayâ ò pagpapasiensia.|| r. Magsánay. =*á, en correr.* Magsánay sa, ò nang pagtakbó.=*en obras de caridad.* Magsánay nang pagkakaáwanggawâ.

EJÉRCITO. m. Hukbó; || Pulutong.

EJIDO. m. Lúpang *comunal* na hindî tinátamnan; at hindî tinátrabaho, at karaniwang gìikan at páhanğinan lámang nang ani.

El. art. m. Ang.

ÉL, ELLA. ELLO. pron. pers, Siyá.

ELACIÓN. f. Kapalalùan; kalakhang loob. || Katáasan nang ísip; kamáhalan; kadakiláan, etc.

ELECCIÓN. f. der. nang *elegir.* Paghahalal; pagpílî.

ELECTO. p. p. irreg. nang *elegir.* m. y f. Ang náhahalal, ó nápapalagay sa katungkulang anomán.

ELECTOR. m. Ang nagháhalal. || Báwa't isá sa mangá *príncipe* sa Alemania, na naghàhalal nang Emperador.

ELEGANTE. adj. Marikit; butìhin; makinis. || Maìnam magsalitâ ó manamit.

ELEGIR. a. irreg. como *pedir.* Ihalal. || Ipalagay. || Pumílî. || r. Máhalal; mápalagay.

ELEMENTAL. adj. der. nang *elemento.* met. Káunaunahan; pamulâ; pinakaugat.

ELEMENTO. m. pl. Ang manğá pinakaugat, at mulang pinagbùbuhatan nang karunungan.

ELEVACIÓN. f. der. nang *elevar.* Pagtataás. || Taás; táyog. || met. Pagkátaas sa alinmang katungkulan. || Kapalalùan. || Kadakiláan.

ELEVADO, DA. p. p. nang *elevar.* y adj. met. Mataás; dakílâ.

ELEVAR. a. Itaás. || met. Ilagay ang isá sa lugal na marangal at mataás na katungkulan; ibunyî.=*(los ojos) al cielo.* Itaás (ang manğá matá) sa lánğit.=*de la tierra.* Itaás; ò iangat sa lúpâ.=*(á uno) sobre las nubes.*

llagay (ang isà) sa alapaap; pakapurihin. ‖ r. met. Mawalán nang díwâ; tumígil ang mañgá sangkap nang káluluwa, dáhil sa pagbubulaybúlay nang anomán. ‖ Pasukan nang kapalalúan. ‖ r. Mátaas; pailanglang.=*al, hasta el cielo*. Pailanglang sa, hangang láñgit.=*por los aires*. Pailanglang sa impapawid.

ELOCUENCIA. f. Ang kabiha sanhán at kaayahang mañgúsap na nakaháhalina at nakalálamuyot nang loob sa dumídiñgig.

ELOCUENTE. adj. Ang bihasa at kayaáyang mañgúsap, na nakaáanyaya nang loob.

ELOGIAR. a. Purihin. ‖ r. Purihin ang sarile.

ELOGIO. m. Pagpuri sa kabutihan at karapatán nang kápuwâ.

EMANACIÓN. f. der. nang *emanar*, Pagsiñgaw. ‖ Pangagáling. ‖ Siñgaw nang anomán.

EMANAR. n. Manggáling; magbúhat ang anomán sa ibà.

EMBADURNAR. a. Kulapulan =*de lodo*. Kulapulan nang pútik. ‖ r. Mapunô nang dumí; mákulapulan.

EMBALAJE. m. Pagbabàlot; pagbabastâ nang kalàkal. ‖ Bálot; ó balat na kinásisidlan nang kalákal. ‖ Halagá nang pagbálot ó sisidlán.

EMBALAR. a. comer. Balutin; ó ikahòn ang kalákal. ‖ r. Mabálot; mákahon.

EMBARAZADA. adj. y s. f. Buntís.=*de seis meses*. Buntís nang ànim na buán.

EMBARAZAR. a. Umabala; sumikî.‖Buntisín. ‖ r. Maabala; masikî; maluatán. ‖ Malitò. =*con la ropa*. Masikî sa, nang damit.=*en la respuesta*. Malitó; ò masikî nang pagsagot.

EMBARAZO. m. Abala.‖Kabuntisán. ‖ Kaumirán.

EMBARAZOSO, SA. adj. der. nang *embarazo*. Nakaáabala; nakasísikî.

EMBARBECER. n. irreg. como *agradecer*. Tubúan nang balbás; magkabalbás.

EMBARCACIÓN. f. der. nang *embarcar*. Sasakyán.‖Paglulan ó pagsakay sa daong. ‖ Ang panahong ipinaglúluat sa paglalayag, búhat sa isang lugal hangang sa ibá.

EMBARCADERO. m. der. nang *embarcar*. Lugal na dóoñgan.

EMBARCAR. a. Ilulan; isakay. ‖ met. Ipások ang isá sa isang *oficina* ó hánapbuhay. ‖ r. Lumulan; sumakay. ‖ Pumások na sumama sa isang oficina ó hánapbuhay. =*de pasajero*. Sumakay na pasahero.=*en un vapor*. Lumulan sa isang bapor. =*para España*. Lumúlang patuñgo sa España.

EMBARCO. m. Paglululan; pagsakay sa daong.

EMBARGAR. a. Embargohín; ilitin. ‖ Sansalàin; abalahin. ‖ Maimbargó. ‖ r. met. Matilihán; mawalán ñg díwâ.

EMBARNIZADOR. m. Mangbabarnís.

EMBARNIZAR. a. Barnisán.

EMBARQUE. m. Pagsakay sa daong.

EMBARRAR. a. Kapulan nang pútik. ‖ Putikan, ó punín nang pútik. ‖ met. Guluhín ang anomán. ‖ r. Mábalahô; másoot sa isang gusot.

EMBARRILAR. a. Isilid sa bariles.

EMBASTECER. n. irreg. como *agradecer*. Tumabâ; pálaki ang katawàn. || r. Maging bastós.

EMBATE. m. Hampás, ò simpok na malakás nang alon. || Pagdalùhong, ó paglúsob na biglâ; paghandulong. || m. pl. Mangá kasaliwaáng pálad; mangá kapáitang sa ri i nang búhay.

EMBAUCAR. a. Dayáin; upatán; lamuyutin. || r. Mádayâ.

EMBAULAR. a. Isilid sa baul. || met. y fam. Kumáin nang lubhang marami.

EMBEBECER. a. irreg. como *agradecer*. Libangín. || Tulalâin; hangalín. || r. Mátanga; mápatulalâ. =*en mirar*. Malibang sa pagmamasid.

EMBELECO. m. Dáyâ; kasinungalingang nakaáanyaya nang loob.

EMBELESAR. a. Papagtakhín; pamaangín. || r. Matigilan; magtakà. || Malugod.=*con un niño*. Malugod. sa isang bátâ.=*en oir*. Maligaya ng pagdingig

EMBELESO. m. der. nang *embelesar*. Pagkámaang; pagtatakà. || Bágay na nakapagtátaka.

EMBELLECER. a. irreg como *agradecer*. Painamin; pagandahín. || r. Dumikit; gumandà.

EMBERMEJECER. a. irreg. como *agradecer*. Papulahín. || met. Hiyaín. || r. Mamulá. || met. Mahiyâ.

EMBESTIDA. f. der. nang *embestir*. Paghandulong; paglaban.

EMBESTIDURA. f. Paghandulong.

EMBESTIR. a. irreg. como *pedir*. Handulungín; labanan; bangaín. || Daluhungin. || Sabatín ang kápowâ na hingán nang limós, ó utangan sa oras ó lugal na dî karampatan.=*con, contra el leòn*. Lumaban sa león; makibangâ sa león.

EMBETUNAR. a. Kapulan ng betún.

EMBLANDECER. a. irreg. como *agradecer*. Palambutín. || n. Lumambot. || r. met. Mahabag.

EMBLANQUECER. a. como *agradecer*. Paputiín; ó papamutiín. || r. Mamutî.

EMBOBAR. a. Patangahín; imanghâ; litohín. || r. Mátanga; mámaang. =*con, de, en algo*. Mátanga sa anomán.

EMBOBECER. a. irreg. como *agradecer*. Hangalín; tulalaín. || r. Maging tigil; maging tangà.

EMBOLSAR. a. Ipamulsá. || r. Magpamulsá nang anomán.

EMBOLSO. m. Pagsisilid sa bulsá.

EMBORNALES. m. pl. naút. Pabuluang; ó butas na pálabasan nang tùbig.

EMBORRACHAR. a. Langohín; balasingín; tubahin.||r. Maglangó; malangò. = *con, de aguardiente*. Malangó nang, sa aguardiente.

EMBOSCAR. a. mil. Iabang ang isang pulutong na tawo, dátapua't nakakanlong. || r. Magsuot sa kadilimàn nang gúbat.=*en el monte*. Magsuot sa gúbat.

EMBOSQUECER. n. irreg. como *agradecer*. Manggúbat. || r. Magsuot sa gúbat; manganlong sa gúbat.

EMBOTAR. a. Salsalín ang talim nang armàs. || Isilid sa bote ang anomán. Kaugaliang sa tabako sa-

bihin. || r. fam. Magbota; ó magsuot nang botas. || Mapudpod.

EMBOTELLAR. a. Isilid sa botella ang anomán.

EMBOZAR. a. Takbán nang kapa ò balábal ang mukhâ, na ang ilitaw lámang ay matá. || Busalán ang kabayo ó aso. || met. Ikanlong; pagtakbán nang salitâ ó kilos ang anomán at nang huag makúrô. || r. Magbálot; ó magbalábal, na takpán pati mukhâ.=*con, en el capote.* Magbálot nang kapote, na takpán sampong mukhâ.

EMBRAVECER. a. irreg. como *agradecer.* Pabanĝisín. || Pagalitin. || n. met. Mabúhay; manaríwâ; lumagô ang kamáhalan. || r. Bumanĝís. || Magálit.||Sumasal: kung sa hanĝin at ibá pang elemento.

EMBREAR. a. Kapulan nang sáhing.

EMBRIAGAR. a. Langohín.|| r. Malanĝó. || met. Mawalang díwâ.=*con, de vino.* Malanĝó sa álak.

EMBRIAGUEZ. f. Kalanĝuhán. || met. Pagkasírâ nang ulo.

EMBRIDAR. a. Lagyán nang rienda ang kabayo; ò ang alinmang hàyop na panghila.

EMBROLLAR. a. Guluhín. || r. Maguló.

EMBROLLO. m. Pagkaguló; kaguluhán. || Sitsit; hatid dumápit.

EMBROLLÓN, NA. m. y f. Mapangulò.

EMBRUTECER. a. y r. irreg. como *agradecer.* Maging párang hàyop, na pumurol ang ísip, sumamâ ang ugálî, maging bastós ang manĝá kilos, malimutan ang nálalamang kaugaliang mahúsay, etc.

EMBUDO. m. Balisunsong. || Embudo. || met. Líhô; tarampáś; enredos.

EMBUSTE. m. Kasinunĝalinĝan. || pl. Kasankapang maliliit, at muntî ang halagà, na karaniwang gámit nĝ babayi.

EMBUSTERÍA. f. der. nang *embuste.* fam. Kasinunĝalinĝan; dáyâ.

EMBUSTERO, RA. m. y f. Sinunĝáling; bulaán.

EMBUTIR. a. Siksikàn; saksakán. || Ipaloob; ilápat na isipit ang anomán sa ibá, na parang boô.=*de algodón.* Siksikán nang búlak.=*(una cosa) en otra.* Ilápat na ipaloob (ang isang bágay) sa ibá. || r. fam. Magpakasandat. || Sumaksak; ò sumínĝit sa pagitan nang anomán.

EMÉTICO, CA. adj. Pangpasuka *(gamot).* Kaugaliang *sustantivo masculino* kung gamitin.

EMETIZAR. a. der. nang *emético.* Halúan nang *emético* ang anomang bàgay. || Painomin nang *emético.*

EMIGRAR. a. Umalís sa kaniyang bayan, at sa ibá tumahán.

EMINENCIA. f. Taás; ó kataasán nang lúpâ. || met. Taás nang ísip; karánĝalan. || Táwag na ibiníbigay sa manĝá *cardenal* nang *santa Iglesia romana,* at sa *gran maestre* nang *religión ni San Juan.*

EMINENTE. adj. Mataás; matáyog. || met. Dakílâ.

EMITIR. a. Ikálat ang manĝá *papel de banco.* || Sabihin; ó ipaháyag ang sariling pasiyá.

EMOLUMENTO. m. Pakinábang; ó báyad na tinátangap sa anomang katungkulan, bukod sa sueldo. Karaniwang plural kung gamitin.

EMPACHO. m. Hiyâ. || Kasikián;

pagkaumid.=*ó empacho de estómago.* Ahito; ó dî pagkatúnaw sa sikmurâ nang kináin.

EMPALAGAR. a. Makasúyâ; makasunok. || met. Makapágod; makayamot. || r. Masúyâ; masunok, mayamot.=*de todo.* Masúyâ; mayamot sa balang na.

EMPALAGO. m. Súyâ; sunok. || met. Tamlay; suklam.

EMPALAGOSO, SA. adj. Nakasùsuyâ; nakasúsunok. || Tawong nakamúmuhî ang ugálî.

EMPALAR. a. Tuhugin; durúin sa isang tuhugan, na para nang ginágawâ sa lílitsunin.

EMPAÑAR. a. Lampinán: ò balutin sa lampín ang sangol. || met. Dumhán ang sariling puri, ó ang sa ibá. || r. Lumábô; kumulimlim. || Masiráan nang puri.

EMPAPAR. a. Tigmakín; pigtaín. =*de agua.* Tigmakín nang túbig.= *(la sopa) en el caldo.* Pigtaìn (ang sopas sa sabaw. || Matigmak; mapigtâ; tumiim. || Maempatsá ó ahituhin. =*(la lluvia) en la tierra.* Tumiim (ang ulán) sa lúpâ.

EMPAPELAR. a. Balutin nang papel. || Diktán ó balutan nang papel ang isang silid, baul, etc. || met. Pormahán nang káusa.

EMPAQUE. m. Pagbabálot; pagbabastâ. || fam. Ang anyô nang isá, na ayon dito ay nagkákagusto tayo ó nayâyamot sa unang pagkákita.

EMPAREDAR. a. Kulungín ang sínoman sa isang lugal na nabàbakod nang pader.

EMPAREJAR. a. Ipantay. || Pantaín; palasin.||Pagagapayin.=*con otro.* Iagápay sa ibá. || n. Umabot na màpantay ang sínoman sa náuuna sa kaniyâ. || Magkáisa; magkáparis ang dalawang bágay.

EMPATAR. a. Pagpantaín ang dami nang *voto.* || r. Magkáisa ang dami nang mangâ *voto.*

EMPATE. m. Pagkakàpatas nang *voto.*

EMPEDERNIDO, DA. p. p. nang *empedernir* at *empedernirse.* Tumigàs na parang bató; mawalán nang pangdamdam.

EMPEDERNIR. n. def. na ginágamit lámang sa mangá sumùsunod na tiempo at persona: p. p. empedernido: pres. ind. empedernimos; empedirnís: imperf. empedernía; empedernias; etc.: perf. empedernì, empederniste; *empedirniò;* empedernimos; empederníSteis; *empedirnieron:* fut. empedernirè; empedernìràs; etc.: imperat. empederníos vosotros: imperf. *empedirniera,* empedernirìa; *empedirniese,* etc.: fut. *empedirniere; empedirnieres;* etc. Patigasing parang bató. || r. Tumigàs; manigàs na parang bató. || r. met. Tumigás; ó magpakátigas tigas ang kalooban.

EMPEDRADO. p. p. nang *empedrar.* y m. Látag na batò, na talagang inihánay na mahúsay sa dinádaanan. || Paglalàtag nang batò.

EMPEDRAR. a. irreg. como *acertar.* Latagan ang lúpâ nang lapatlápat na bató. || Punín nang tísod at sarisáring bágay na sùkal ang isang lugal.=*con, de adoquines.* Latagan nğ *adoquin.* || r. Maging bató; ó batohín ang daán.

EMPEINE. m. Pukló. || Pusón. || Buni.=*del pié.* Bubong nang paá. Ang táwag nang mangá *anatómico*

ay TARSO.

EMPEINOSO, SA. adj. der. ng̃ *empeine*. Búnihin.

EMPELLAR. a. Itúlak; ó ipagtúlakan. || r. Magtulakán.

EMPELLÓN. m. Túlak.

EMPEÑAR. a. Isanlâ. || Pilitin.|| Magempeño; ó papamagitan sa kápowâ. || Tumayô; mang̃ákô. =*(uno su palabra) con otro.* Itang̃ô (nang isà ang kaniyang pang̃ung̃úsap) sa ibá. || r. Magkaútang. || Magpumilit. || Mamagitan; makiúsap.=*con el juez.* Makiúsap sa hukom.=*por el reo.* Ipamagitan ang may sala.=*en una cosa.* Pagpilitan ang anomán.=*en mil duros.* Magkautang; ó másanlâ nang isang libong pisos.

EMPEORAR. a. Pasamaing lálô. || n. y r. Sumamâ; ó bumigat ang damdam.

EMPEQUEÑECER. a. irreg. como *agradecer*. Paliitín. || r. Lumiit.

EMPEZAR. a. irreg. como *acertar*. Magpasimùnô. || Mulán; ó pamulán: v. gr. MÚMULAN *búkas nang mánanahî ang bárô, la costurera* EMPEZARÁ *mañana la camisa*, etc. Ng̃uni't ACTIVO man itó, ay nagíging neutro ò impersonal kapag ang sumùsunod sa kaniyá ay preposisión *á* na may kasamang verbo neutro ò impersonal: v. gr. EMPIEZA Á *llorar;* UMÍIYAK *na, ya* EMPIEZA Á *llover*, UMÚULAN *na*, etc.||n. Magmulâ: para nang, NAGMÚMULÁ *na ang misa, ya* EMPIEZA *la misa.*||Magpamulang mangyari ang talagang kaugnay nang ipinaìintinding sinásabi, v. gr. NAGMÚMULÁ *na si F., ya* EMPIEZA *F.*, (nagmúmulá na bagang magsalitâ, magulolulolan, etc.); NAGMÚMULÁ *na ang mang̃á kampànâ, ya* EMPIEZAN *las campanas* (nagmúmulâ na bagà nang pagtugtog ó nang pagtulig sa átin;) NAGMÚMULÁ *na ang mang̃à usà, ya* EMPIEZAN *los venados* (nagmúmulâ nabagang nínial ó nang paggálâ sa paghànap nang pagkáin. =*á brotar.* Gumitî; ó magpamulang gumitî =*con, por tal pregunta.* Mulan nang, sa gayong tanong.=*por lo difícil.* Mulán sa mahìrap.=*en poco.* Mulan sa kakauntî. || r. Magpamulâ.

EMPLASTECER. a. irreg. como *agradecer*. pint. Pantayîn nang pastâ ang bakôbakô nang tablá ó kayo, at nang mápintahang mabuti.

EMPLEADO. m. May empleo; ó may katungkulan.

EMPLEO. m. Katungkulan.||Hánapbuhay. || Paguúkol.

EMPLUMECER. n. irreg. como *agradecer*. Magkapakpak ó magkabalahibo; ó mulang tubúan nang pakpak ó balahibo ang ibon.

EMPOBRECER. a. irreg. pres. ind. *empobrezco:* imperat. *empobrezca* él; *empobrezcamos* nosótros; *empobrezcan* ellos: subj. pres. *empobrezca; empobrezcas;* etc. Dukhaín; papamulubihin ang kâpowâ. || n. y r, Madukhâ; maghírap.

EMPODRECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Mabulok.

EMPOLTRONECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Magtamad; maging anyáyâ, etc.

EMPOLLAR. a. Magpasísiw; humalimhim; lumimlim. || r. Maging sísiw ang itlog.

EMPONZOÑAR. a. Kamandagán. || met. Siráin; sayang̃in ang anomán. || r. Mákamandagan.

EMPORCAR. a. irreg. como *acordar*. Dumhán; salaulaín ang anomàn. || met. Sayángin. || r. Marumhán.

EMPRENDER. a. Mulán; ó pamulân. Karaniwang sinásabi sa bàgay na mahírap gawín.=(*alguna obra) por sí solo*. Pamulán (ang anomang gawâ) sa ganang sarili.

EMPRESTAR. a. Magpahiram; magpaútang. || Tumúlong.

EMPRESTITO. m. Pagpapaútang; pagpapahiram. || Ang hiniram, ó ipinahiram. || Útang.

EMPUJAR. a. Itúlak; isúlong. || met. Ialís ang sínoman sa empleo ó lugal na kinálalagyan.=*á la calle*. Itúlak sa daán.=*hasta derribarse*. Itúlak hangang sa mabual.=*hácia la calle*. Itúlak sa dàkong daán.=*contra la pared*. Itúlak na pabalabag sa pader. || r. Magtulakàn.

EMPUJE. m. Pagtutùlak; pagaalís. || Síkil.

EMPUÑADURA. f. der. nang *empuñar*. Pagkimkim; ó pagháwak nang sandata. || Puluhan; tatangnàn. || met. Ang pasimulâ naug alinmang *discurso* ó salitâ.

EMPUÑAR. a. Hawakan; tangnán; kimkimín ang espada, bastón, etc. sa puluhan.

EMULACIÓN. f. der. nang *emular*. Panaghíling banal; ó hílig nang ating loob sa pagkáibig pumaris at lumálô ra ibá. Karaniwang sa mabùting kahulugán gàmit.

ÉMULO. m. Kataló; kalaban; kaagaw. Karaniwang gamitin itó ng mangá poeta sa mabuti.=*del ministro*. Kalaban; ó kaagaw nang ministro.=*en poesía*. Kapangagaw sa pagtulâ.

EN. prep. Sa; nang; doón. || Kapag isinama na iniuna sa nombre ay nagsásaysay nang lugal, panahón ó paraán nang pangyayari nang mangá sinásaysay nang verbo. v. gr. *Juan está* EN *Manila, si Juan ay náròon* SA *Maynílà* (lugal); *esto sucedió* EN *pascua, ito'y nangyari* NANG *paskó* (panahón); *le dijo* EN *broma, sinabi sa kaniyá* NANG *pabirô* (paraán).

ENAJENAR. a. Ilípat sa ibá ang pagaárì.||met Ululín; siráin ang loob. || r. Mawaláng dílì; mápatulalâ; masírâ ang ulo.

ENALTECER. a. irreg. como *agradecer*. Purihin. || Idangal. || Ilagay sa mataàs na kalágayan. || Mádangal; mátaas.

ENAMORADO, DA. p. p. nang *enamorar*. y adj. Naníninta.

ENAMORAMIENTO. m. Paninintá; pagliligaw.

ENAMORAR. a. Makahalina ng loob. || Ligawan; sintahín. || r. Mábuhos ang loob sa kápowâ; sumintá.|| Magsintahan.=*de alguno*. Malugod; mábuhos ang loob sa isá.

ENANO. m. y f. Enano. || adj. met. Pandak; mabábâ sa kaugaliáng taás nang kápowâ niyá.

ENARDECER. a. irreg. como *agradecer*. Paginitin; pagalabin. || Papagningasin. || r. Magálab; sumiglá.

ENASTAR. a. Itagdán, ó tagdanán; polohanan.

ENCABELLECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Magkabuhok; tubùan nang buhok.

ENCADENAR. a. Itanikalâ; tanikalaán. || met. Ikatnig; ikawíng; idugtong. || met. Supilin ang kápowâ na huag makagawâ nang sarí

ling kaloóban. || r. Mátanikalâ; mákawing.

ENCAJAR. a. Ipaloob nang lápat ang isang bágay sa ibá; iagpang. || Isuksok. || met. fam. Magsalitâ ó gumawâ nang labás sa panahòn, ó dî akmâ sa pinagusapan. || r. Sumuot sa isang lugal na masikip: na para nang guang nang isang pader, ô sa kasinsinán nang tawo sa isang pistá, etc. || Makáisip. =*en la reunión*. Sumoot na paloob sa isang pagkakatipon.

ENCALVECER. n. irreg. como *agradecer*. Mapánot, ò makalbó. || a. Panutin; kalbuhín.

ENCALLAR. m. Mábara ang sasakyán. || met. Màpasok nang walang málay sa isang bágay na hindî nàlalamang labasán. || a. Ibará.=(*la nave*) *en la arena*. Ibarà (ang daong) sa buhangin.

ENCALLECER. n. irreg. como *agradecer*. Maglipak. || a. Papaglipakín.

ENCAMINAR. a. Itùrô nang daán; ipatnúgot. || r. Tumumpà; patungo; ilagay ang boong pagpupumílit na ikaáabot nang hináhangad. =*á tal parte*. Patungo sa gayong lugal.

ENCAMPANADO, DA. adj. Húgis kampánâ.

ENCANDECER. a. irreg. como *agradecer*. Papagbagahin hangang sa mamutî sa pagbabaga. || r. Magbaga.

ENCANDILAR. a. Makasilaw.|| met. Masírâ ang loob; masílaw sa masid ò sa palsong matowid. || fam. Isúlong ang baga: padagabdabín ang apoy. || r. Mamulá ang matá ó ang mukhâ sa pagkáinom na malabis ng álak, ó magdamdam sa loob nang anománg kahalayan. || Masílaw.

ENCANECER. a. irreg. como *agradecer*. Paputiín ang buhok. || met. Patandaín; pagmukhaing matandâ. || poet. Pamutiín. v. gr. PINAPAMUTÎ *nang alikabok ang buhok niyá, el polvo le* ENCANECIÓ *el pelo*. || r. Tumandâ. =*en los trabajos*. Ubanin; tumandâ sa pagtatrabaho ó sa hìrap,

ENCAÑAR. a. Padaloyin; ó padaanin ang túbig sa alulod. || Magalulod. || Ulakín ang sutlâ ó sinúlid sa bansî, at nang máisilid sa sikuán.

ENCARCELACIÓN. f. der. ng *encarcelar*. Pagbibilangô; pagpiit.

ENCARCELAR. a. Ibilangô; piitìn.

ENCARECER. a. irreg. como *agradecer*. Mahalán; taasán ang halagà. || met. Pakapurihin ang isang bágay. || r. Mámahal, ó mátaas ang halagá.

ENCARGADO, DA. p. p. nang *encargar* y m. y f. Ang kátiwalâ, ó pinagkákatiwalaan.

ENCARGAR. a. Ipagbilin. || Ihabilin. || Ipagkátiwalâ. || r. Magbahálâ; tangapìn nang ísá ang pagbahálá ng paggawâ nang anomán. || Umupô, ò máupô sa isang katungkulan. =*de un negocio*. Mamahálâ ng isang negosio.

ENCARGO. m. Bilin; ó pagbibilin.

ENCARNADO, DA. adj. Pulá; mapulá. || m. Ang kùlay buhay na lamán, na ipinípintá sa larawan.

ENCARNECER. n. irreg. como *agradecer*. Tumabâ; magkalamàn; lumakí ang pangangatawán.

ENCARRUJARSE. r. Mangilìn; mangulot.

ENCASAR. a. cir. Magulî ng butóng lumisiâ.

ENCASCABELADO, DA adj. Punô nang baimbî ó *cascabel*.

ENCASQUETAR. a. Isuot na ipakálapatlápat ang sombalilo ó gorra sa ulo. || met. Papaniwaláin ang isá sa anomang hindî dáting pinaníniwalaan; ó dî nákikiálang magaling. || r. Manatiling magpakatigás sa anomang nàisipan.

ENCENAGARSE. r. Mábalahô.|| met. Pálubalob sa masamang pita ng katawán. = *en vicios*. Pálubalub sa bisio.

ENCENDER. a. irreg. como *ascender*. Paningasin. || Sindihán; susohan. || met. Papagningasin; papagalabin. v. gr. PAPAGNIÑGASIN *ang dugô*, ENCENDER *la sangre*. || Labolín; ó papagbagahin.=*t, en la lumbre*· Isindì; ò sunugin sa baga. || r. Magínit; mamulá; magálab. || Magálit = *en ira*. Magálab sa gálit.=*eontra su amigo*. Magálit sa, laban sa kaniyang kaibigan.

ENCENTAR. a. irreg. como *acertar*. V. DECENTAR.

ENCERADO. p. p. nang *encerar*. y m. Pinagkitán. || Pisarang tablá na pinintahán nang itim, at sinùsulatan nang mangá bátâ sa eskuélahan.

ENCERAR. a. Pagkitán; punín ó mansahán nang pagkit. || r. Mapunô; mámansahan nang pagkit.

ENCERRAR. a. irreg. como *acertar*. Kulungin; itágô; susían. || met. Ipaloob. || Magkaroón nang lamán ó tinágô; para nang *ang kahong iyán ay* MAY TINÁGONG *ó* MAY LAMANG *mahahalagang librò, ese cajón* ENCIERRA *preciosos libros*.||Kubkubín; bakurin; kulungín. || r. Magkulong. || r. met. Lumigpit; lumayô sa mundó. || Mákulong.

ENCÍA. f. anat. Gilàgid.

ENCICLOPEDIA. f. Boong kapisanan nang lahat nang karunungan.

ENCIERRO. m. Pagkukulong.|| Pagkáligpit. || Kúlungan.||Bílanguang masikip, tagô at nálalayô sa *carcel*. || Ang pagpapások sa toro, sa talagan kúlungan.

ENCIMA. adv. l. Sa ibábaw. || Sa itaás; ó hùlô; v. gr. *Fabio sentò sus realos* ENCIMA *de Lérida, itinayô ni Fabio ang kaniyàng real* SA HÚLÔ ó SA ITAÁS *nang Lérida*. || adv. m. Pátong: v. gr. *diò cuatro pesos, y otros dos* ENCIMA; *nagbigay nang ápat na piso, at dalawá pang pisong* PÁTONG.

ENCINTA. adj. Buntís. Sa tawo lamang gàmit.

ENCISO. m. Lúpang pinangíngìnainan nang tupang bágong pangának.

ENCLAUSTRADO, DA. adj. Nàkukulong, ó nasásadhan sa *claustro, convento ó monasterio*.

ENCLAVAR. a. Ipákô; itulos; itírik. || met. Tuhugin; sibatín nang lampasan.

ENCLAVIJAR. a. Pakúan at ng huag magkáhiwalay, dátapuat pákong káhoy, ò patpat ang ilagay. || Lagyàn nang klabihas ang isang instrumento.

ENCLOCAR. n. y r. irreg. como *acordar* y

ENCLOQUECER. n. irreg. como *agradecer*. Humalimhim.

ENCOBIJAR. a. Takbán.

ESCOGER. a. Papangundutìn; papangurungìn. || Pakuyumpisín.||Kibi-

tín. || met. Takutin. || r. Mangùrong; mangundot. || Matàkot; madungô. || Mamítig. =*de hombros.* Kibitín ang balíkat, sa pagpapahalatâ nang kayawán.

ENCOGIDO, DA. p. p. nang *encoger* at *encogerse*, y adj. Dungô; takot. || Kuyumpis.

ENCOGIMIENTO. m. Pangungúrong; pangungundot. || met. Kaumiràn; kadunguán.

ENCOLADURA. f. Ang pagkákola; pagdidikit nang kola nang ano mán. || Lugal na idinikit nang kola.

ENCOLAR. a. Idikit nang kola.

ENCOLERIZAR. a. Pagalitin; magpagálit. || r. Magálit.

ENCOMENDAR. a. irreg. como *acertar.* Ipagbilin; itagobilin. || Ipagkátiwalâ. || Bigyán nang *encomienda;* ò gawing *encomendador* ang isá.||n. Magkamit ó magkaroón nang *encomienda.* || Magpakumustá.=*(la casa) á un criado.* Ipagkátiwalâ (ang báhay) sa isang alilâ. || r. Sumakamay nang ibá, na umasa sa kaniyang túlong at pagaampón.=*á Dios.* Tumáwag sa Dios; patúlong ó umasa sa túlong nang Dios.=*en manos de otro.* Sumakamay nang ibá, na umasa sa túlong niyá.

ENCOMIENDA. f. Bilin. || Kamáhalang may sueldong karampatan o *renta,* na ibiníbigay sa ibang mangà *caballero* nang *órdenes militares.* || Ang kurùs na nakatahî sa ibábaw nang *capa* ó damit nang mangá *caballero* nang *órdenes militares.* || Ampón; alágâ. || pl. Pakumustá.

ENCOMIO. m. Pagpuring taós sa loob.

ENCOMPADRAR. n. fam. Makikumpare; makipagkaibigan.

ENCONAR. a. Papamagaín; papagnaknakín.||Pagalitin.||r. Mamagâ; magnaknak ang súgat. || met. Magálit; mapoot.

ENCONO. m. Gálit; pagtatanim sa loob.

ENCONTRAR. a. irreg. como *acordar.* Pakipagkitáan. || Salubungin. ||Másalubong; másapong; mátagpuan. || Mápansin; mámasdan. v. gr. *ako'y* NAKÁPAPANSIN *nang maraming malî sa súlat mo, yo* ENCUENTRO *muchos defectos en tu carta, etc.* || Ipalagay; aríing... v. gr. *Iyán ay* IPINALÁLAGAY KONG *ó* INÁARÍ KONG *masamâ, eso lo* ENCUENTRO *malo.* || Pagalitin; ô pagkagalitín. =*con un obstàculo.* Másapong sa isang kapinsalaán. || r. Magkábungô; magkàumpog. || Magkátagpô; magkita. || Magkáalit ang mangà akálâ. =*con un amigo.* Masapong sa isang kaibigan. || Dumoón sa: v. gr. *Ang iyong anak ay* DÓROON *kahapon sa kaniyang búkid, tu hijo* SE ENCONTRABA *ayer en su sementera.*

ENCORAR. a. irreg. como *acordar.* Balutin ó sapnán nang kátad. || Isilid sa kátad. || Papagbalatín ang súgat. || n. Magbalat ang súgat.

ENCONTRÓN. m. Salpok, bungô; umpog.

ENCORDAR. a. irreg. como *acordar.* Kuérdasan, ò kabitán nang kuerdas ang instrumento. || Bigkisán ó taliang mahigpit nang kuerdas; balibiran nang kuerdas. || r. Mabalibiran nang kuerdas ang anomán.

ENCORECER. a. irreg. como *agradecer.* Papagbalatín; bahawin; pagalingín ang súgat.||r. Magbalat; mabáhaw ang súgat.

ENCORNAR. a. irreg. como *acordar*. Kalupkupán nang súngay. || Lagyán nang pulúhang súngay. || Sowagín. || r. Magsówagan.

ENCORRALAR. a. Bakuran. || Kulungín sa kural. || r. Mások sa kural; mápaloob doón.

ENCORVAR. a. Baluktutín; hubugin; hutukin. || r. Bumaluktot; humúbog. || Yumukô. || met. Ayunan ò kilingan ang sínoman, maging walâ man sa katowiran.

ENCOVAR. a. irreg. como *acordar*. Ipások; ó isilid sa yungib ò sa ibang ganganitó. || met. Itágô, kulungín. || r. Paloob; magtàgô sa yungib.

ENCRASAR. a. Palaputin.||r. Lamápot.

ENCRUCIJADA. f. Salapungan nang daán.

ENCRUDECER. a. irreg. como *agradecer*. Patigasìn; pakunatin; hilawín, etc. || met. Pasaklapín; paginitin. || r. Mahilaw; tumigás. || met. Magàlit; magtanim sa loob.

ENCRUELECER. a. irreg. como *agradecer*. Pabangisín; pabagsikín sa sulsol. || r. Bumangís, ó magbangís; bumagsik.

ENCUADERNACIÓN. f. der. ng *encuadernar*. Pananahî at pagbabá lot nang librò. || Ang balat na pasta, pergamino, etc. nang isang librô.

ENCUADERNAR. a. Tahiín at balatán ang libró, etc.=*á la rùstica*. Balatán nang papel lámang. || met. Palakhín sa ásal párang.

ENCUBERTAR. a. irreg. como *acertar*. Balutin nang kayo ang anomán. Lálong karaníwang sabihin sa kabayo, kapag binàbalot nang itim, tandâ nang pagluluksâ: nang una, ay binábalot nang kátad at patalim sa digmâ.

ENCUBRIR. a. Kanlungán; itàgô; ilingid; ikailâ. || Sumakiaw; sumàkop. || Pagtakpán. || r. Magtákipan.

ENCUENTRO. m. Salpok; bungô; bangâ. || Pagkátagpò; pagkàkita. || Pagkakáalit; pagkakáhiduâ.

ENCUMBRADO, DA. p. p. nang *encumbrar* y adj. Mataás; matàyog. || met. Dakílà.

ENCUMBRAR. a. Itaás; ilagay sa taluktok. || met. Pakapurihin. || n. Manhik sa taluktok. || r. Mátaas. || Magbambog; magpalalô. || Mamukod; lumitaw nang higit sa ibá.=*á, hasta el cielo*. Mataas hangang lángit.=*sobre sus compañeros*. Mamukod; sumíkat nang higit sa kaniyang mangá kasama.

ENCUNAR. a. Iduyan ang sangol. || r. Sumakay sa duyan ang bátâ sa sarili niyà kun malakilakí na.

ENCHANCLETAR. a. Sankletasin; magsankletas.

ENCHARCADA. f. Labak.

ENCHARCARSE. r. Maging labak; ó mapunô nang túbig ang isang lugal. || Lumánaw. || Mábalahô.=*de agua*. Uminom nang maraming túbig.=*en un pantano*. Mábalahô sa isang kuluoy.

ENDEBLE. adj. Mahínâ. || Marupok; lapok.

ENDECHA. f. poét. Áwit na malunkot, na tila panambitan.

ENDENTAR. a. irreg. como *acertar*. carp. Ngipinan ang dalawàng kiho, at sakâ paglapatin ang ngipin.

ENDENTECER. n. irreg. como *agradecer*. Tubúan nang ngipin.

ENDEREZAR. a. Tuwirín. || Ita-

yô: kung ulo ang sinásabi. || met. Pamahaláang magaling; husayin. || n. Patungo sa isang lugal. || r. Tumuwid. || Magtapunán nang sabi.—*Meterse à enderezar tuertos.* Makitalamitam sa bàgay na dî dapat pakialamàn.

ENDEUDARSE. r. Magkaùtang; mábaon sa útang.

ENDULZAR. a. Tamisán; ó lagyàn nang matamís. || met. Gaánan; pasarapín ang anomang gawâ. || r. Tumamís. || met. Gumaán ang anomang hírap, etc.

ENDURECER. a. irreg. como *agradecer.* Patigasín. || met. Palakasín ang katawan at nang may ipagtagal sa pag gawâ. || met. Patigasín ang púsó. || r. Tumigás ang katawàn. || Bumangis; bumagsik. || Lumalá ang gálit, etc.=*al trabajo.* Lumakás ang katawán sa paggawâ.=*con, en, por el ejercicio.* Tumigás; ó lumakás sa pagsasánay.

ENEMIGO. m. Kaáway; kalaban.

ENEMISTAD. f. Pagkakáalit; pagtatàniman.

ENEMISTAR. a. Pagawayin; ihidwá; papagkagalitín.=*á uno con su amigo.* Ihidwâ ang isá sa kaniyang katoto. || r. Magkagalit; magtániman.

ENERGÍA. f. Bisá; lakás; ó bagsik nang anomán. || Tápang; lakás nang loob.

ENÉRGICO, CA. adj. May bagsik; bísâ, ó lakás, na makagawâ agad nang anomán.

ENERGÚMENO, NA. m. y f. Ang tawong sa paniniwálá nang madlâ ay ináalihan nang demonio.

ENERO. m. Ang unang buan nang taon.

ENERVAR. a. Pahinàin; ò magpahínâ nang katawán. || met. Pahináin ang lakás nang isang *argumento* ó pagmamatuwid. || r. Manghínâ; kumupas ang lakás. || met. Pumurol; manghínâ ang mangá sankap nang kàluluwa ó katawán.

ENFADADIZO, ZA. adj. Magagalitín; mayámutin.

ENFADAR. a. Yumamot; bumagot; magpagálit. || r. Mayamot; mabagot; mamuhî.=*con, contra alguno.* Magálit sa, laban sa kangínoman.=*de la réplica.* Mapoot sa sagot.=*por poco.* Ikamuhî; ikagálit ang munting bàgay.

ENFADO. m. Yamot; gálit; muhî. || Inip.

ENFADOSO, SA. adj. Nakayáyamot; nakagágalit.

ENFERMAR. n. Magkasakit. || a. Makapagkasakít; ó papagkasaktín. || met. Pahináin.=*del pecho.* Sumakit ang dibdib; dibdibin.

ENFERMEDAD. f. Sakit; damdam. || met. Alinmang láging hílig ó bisio nang isà.

ENFERMERO, RA. der. nang *enfermo* m. y f. Tagapagalágâ nang may sakit.

ENFERMIZO, ZA. der. nang *enfermo.* adj Masasaktín. || Nakapagkákasakit.

ENFERMO, MA. adj. May sakit; may damdam. || Mahíná.=*con calentura.* May sakit na lagnat.=*del higado:* May sakit sa atay.

ENFIERECERSE. r. irreg. como *agradecer.* Bumangís; magbangís

ENFLAQUECER. a. irreg. como *agradecer.* Payayatin; pahináin. || met. Magpahínâ nang katawán. || n. y r. Mangayáyat. || met. Mawalán ng loob; madesmayá.

ENFRANQUECER. a. irreg. como *agradecer*. Palayáin.

ENFRENAR. a. Suotán nang freno ang kabayo. ‖ met. Supilin.

ENFRENTE. adv. l. Sa tapat; sa harap.

ENFRIADERA. f. Pálamigan ng̃ túbig.

ENFRIADERO. m. Lugal na pàlamigan.

ENFRIAR. a. Palamigín. ‖ met. Tinplahín; ó palamiglamigín ang lakás at silakbó nang hílig nang ating kalooban. ‖ r. Lumamig.‖ Tumamlay.

ENFURECER. a. irreg. como *agradecer*. Pagalitin; puutín. ‖ r. Magálit nang labis. ‖ Sumasal ang hang̃in ó sigwá.=*con, contra alguno*. Magálit sa, ó laban sa isá.=*por todo*. Ikagálit ang bálang na.=*de ver injusticia*. Mapoot na makákita nang mang̃á dî katowiran.

ENGALANAR. a. Suotán; pamutihan; damtán nang marikit. ‖ r. Maghiyás; magsuot nang maínam. =*con, de flores*. Maghiyás; ó magpamuti nang bulaklak.

ENGAÑADOR, RA. m. y f. Magdaráyâ.

ENGAÑAR. a. Dumáyâ; bumalino; tumalimuang. ‖ Papaniwaláin sa dî totoò. ‖ r. Maniwálâ sa hindî totoó; aríing totoò sa loob ang hindî. ‖ Magkámalî; malímang. =*con, por las apariencias*. Mámalî nang paniwálâ; mámalî sa masid.=*en la cuenta*. Malímang sa bílang ó pagkuenta.

ENGAÑO. m. Dàyâ; límang. ‖ Pagdàyâ.

ENGASTAR. a. Magkalupkop; magengaste.=*con perlas*. Engástehan ng̃ perlas.=*en oro*. Iengaste sa gintô.

ENGOLFAR. n. Mápalaot, ó málaot ang isang sasakyán. Gámit namán sa *recíproco*.‖r. met. Pásuot; ó másuot na lubhâ sa anomán.‖Pahila; padalá sa anomang pagiísip ó hìlig ng̃ púsô. =*en cosas graves*. Másuot sa mabibigat na bàgay.‖a. Ilàot; ó ipások sa *golfo* ang sasakyán.

ENGORAR. a. irreg. como *acordar*. Bugukín nang manok ó nang ibon ang itlog.

ENGORDADOR, RA. m. y f. der. nang *engordar*. Ang nagpápatabâ; ó mapagpatabâ. ‖ adj. Pangpatabâ.

ENGORDAR. a. Patabaìn. ‖ n. y r. Tumabâ. ‖ met. Yumaman.

ENGRANDAR. a. Lakhán; dagdagán.

ENGRANDECER. a. irreg. como *agradecer*. Lakhán; dagdagán.‖ met. Padakiláin; parang̃alín. ‖ Palakhín sa balítâ.‖r. Lumakí. ‖ met. Mádang̃al.

ENGRASAR. a. Lang̃isán; ó lagyán nang tabâ ang anomán. ‖ Pahiran; ó mansahán nang tabâ. Ginágamit namán sa *recíproco*.

ENGREIMIENTO. m. Kapalalúan. ‖ Paghahambog.

ENGREIR. a. irreg. como *reir*. Pagpalaluín; pasukan nang kahambugán. ‖ r. Magpalalô; maghambog.

ENGROSAR. a. irreg. como *acordar*. Kapalán; dagdagán ang kapal. ‖ met. Dagdagán; damihan. ‖ n. y r. Kumapal; dumami.

ENGRUMECER. a. irreg. como *agradecer*. Papagbutilbutilín; pagbilutbilutín, ang isang bágay na lusaw. ‖ r. Magkábutilbutil; magkábilotbilot.

ENGULLIR. a. irreg. como *bruñir*. Lunluning dalidálî na huag ng̃ ng̃uyaín. || met. Agad maniwálâ sa anomang kabulaánang balítâ.

ENHAMBRECER. n. irreg. como *agradecer*. Madayukdok.

ENHAMBRENTAR. a. irreg. como *acertar*. fam. Makagútom.

ENHEBRAR. a. Suután nang sinúlid ang karáyom; hiblahán. || met. y fam. Magkatnigkatnig; magkawitkáwit nang mang̃á halimbáwâ, refran, etc.

ENHESTAR. a. irreg. como *acertar*. Ituwid ang tayô; tayugan. || r. Tumuwid; maging tikasán ang tayô.

ENHITAR. a. Tuhugin nang sinúlid ang anomán. || met. Magsabí ng̃ walang tuto at dugtongdugtong na bágay, para nang magdugtongdugtong nang *sentencia*, *refràn*, etc. || Ihelera.||met Husayin.||r. Pumatung̃o; tumumpá sa anomán.

ENJAMBRE. m. Kawan nang pukyutan. || met. Karamihan; kakapalán nang tawo ó nang anomán.

ENJAULAR. a. Kulung̃ín sa haula. || met. Ipások ang isà sa bílanguan. || r. Mákulong sa haula.

ENJOYAR. a. Hiyasán; pamutihan nang hiyás. || Sa mang̃á platero ay magengaste nang mahalagang bató sa isang alahas.

ENJUAGADIENTES. m. fam. Ang tùbig ò *licor* na minúmumog at nang malinis ang ng̃ipin.

ENJUAGAR. a. Banlawán. || a. Hugasan ang bibig. || r. Magmúmog.

ENJUAGATORIO. m. y

ENJUAGUE. m. Pangmúmog; pagmumúmog.

ENJUGAR. a. Patuyuín ang basang damit. || Pahirin ang lúhâ, pawis, etc.=*las lágrimas al amigo*. Aliwín ang kaibigan.=*(ropa) á la lumbre*. Patuyuíng idaráng (ang damit) sa baga. || r. Mang̃ayàyat. || Magpáhid nang toalla at nang matuyô ang pagkabasâ. || Matuyô.

ENJUNDIA. f. Linuap, ó tabâ sa loob nang tián nang háyop. Làlô na ang sa ibon.

ENJUTO, TA. p. p. irreg. nang *enjugar*, y adj. Tuyô. || met. Payat; patpatin, ó tuyô ang katawán. || m. pl. Mang̃a tinghás na pangparikit ng̃ apoy. || Mugmog nang tinápay.=*de carnes*. Payat; walang lamán.

ENLACE. m. Paglalákip; pagpipisan. || Pagkakákawit; pagkakàsílô.|| met. Pagkakamagának. || Pagkákasal, ò pagaasawa.

ENLAZAR. a. Talían; silúin ang anomán. || Lagyán nang sílô. || Pagdugtung̃ín; pagkawitin; pagsilúin.=*(una cosa) à, con otra*. Ikawing (ang isang bágay) sa ibá.

ENLENZAR. a. írreg. como *acertar*. Balutan; ó diktán nang kayo ang tablá, sa lugal na may pang̃ánib na lumáhang at sa mang̃á sugpong. || r. Mabálot nang kayo ang sugpong nang tablá't ang lugal na may pang̃ánib na lumáhang.

ENLODAR. a. Putikan, ó dumhán nang pútik. || met. Dung̃isan; sayang̃in; siráin ang dikit at halagá. || r. Magpunô; ò mapunô nang pùtik.

ENLOQUECER. a. irreg. como *agradecer*. Siráin ang ísip. || Ululín ang kàpowâ. || n. y r. Maulol; ó masìrâ ang ulo; mabaliw.=*de amor*. Maulol sa pagíbig.

ENLUCIR. a. irreg. como *lucir*.

Pintahán nang yeso ó ápog ang pader, at nang pumuti. || Linisin; pakintabín; bulihin ang kasangkápang metal.

ENLUTAR, a. Luksaàn, ò balutan nang luksá. || met. Pangulimlimín. || Lipusín nang hírap, dalamhátî, etc.

ENLLENTECER. a. irreg. como *agradecer*. Palambutín. || r. Lumambot.

ENMAGRECER. a. irreg. como *agradecer*. Payayatin. || n. y r. Mañgayáyat.

ENMALECER. a. irreg. como *agradecer*. Pasamaín; siráin. || r. Sumamâ; masírâ.

ENMARAÑAR. a. Gusutín; pagsuutsuutín ang sinúlid, buhok, etc.|| met. Palabúin; guluhín ang isang bàgay, na ang maghúhusay ay maghírap, kaya't sinàsabing *ang isang úsap ay* NAGULÓ Ó LUMABÓ, *que un pleito* SE HA ENMARAÑADO. Gámit din sa *recíproco*.

ENMARILLECER. a. irreg. como *agradecer*. Panilawín. || r. Manilaw.

ENMASCARAR. a. Suotán nang máskara; kabitán nang máskara ang mukhâ. || r, Magmáskara.

ENMELAR. a. irreg. como *acertar*. Kulapulan nang pulot. || met. Tamisán; sarapán. || n. Magpulot ang pukyutan. || Tumamís; sumarap.

ENMENDAR. a. irreg. como *acertar*. Husayin; pawíin ang kasiraán nang anomán, ó ang makapápangit sa isáng bágay. || Ituwid; tuwirín ang kamálian. || Saulan; tamtamàn; bayaran ang mañga kasiraán. || Baguhin. || r. Magpakahúsay; magbago nang ugáling masamâ.= *con, por los buenos consejos*. Magpakahúsay ó humúsay sa, ó dáhil sa mabubuting hátol.= *de mentir*. Magbáwa nang pagsisinungaling.

ENMIENDA, f. Pagbago, ó pagbabago nang anománg kamálian. || Gantí, ò báyad. || for. Kabayarán sa mañgá nágawang kasiraán.

ENMOHECER. a. irreg. como *agradecer*. Punín nang ámag.||r. Amagin, ó magkaámag.

ENMOLLECER. a. irreg. como *agradecer*. Palambutín. || r. Lumambot.

ENMUDECER. a. irreg. como *agradecer*. Pipihin. || met. Sabatín at nang huag magpatuloy magsalitâ. || n. Mapipi; huag makapangúsap. || met. Huag umimik, kung kailán dápat mangúsap.

ENNEGRECER. a. irreg. como *agradecer*. Paitimín; tináin nang itim ang anomán. || r. Umitim; mañgitím.

ENNOBLECER. a. irreg. como *agradecer*. Puspusin nang kamáhalan. || Itanyag; ibunyî. || met. Pamutihan; pagyamanin ang anomang *ciudad* ó *templo*, etc. || met. Bigyang dañgal at kamáhalan. || r. Mapuspos nang kamàhalan.

ENNUDECER. n. irreg. como *agradecer*. Magkabuhol. || Maburil ang kahoy.

ENOJADIZO, ZA. adj. der. ng *enojado*. Magagalitín; bugnot.

ENOJAR. a. Pagalitin; ò magpagalit. || r. Magálit. || a. Bumalisa; bumásagulo. || r. met. Sumasal; lumakás ang hañgin at alon, etc.= *con, contra el malo*. Magálit sa masamang tawo.

ENOJO. m. Gálit; poot. || Tampó; muhî.

ENORGULLECER. a. irreg. como *agradecer*. Pagpalaloán. || r. Magpalalô, magkaroón nang kápalalôan.

ENRALECER. a. irreg. como *agradecer*. agr. Dalangan ang halaman, at nang lumagô. || r. Dumálang ang pananim ó kakahoyan.

ENRAMADA. f. Bálag; damara, ó pamuting mangà sangá nang kahoy na ginágamit sa mangá pistá. || Mangá sangá nang káhoy na buhay.

ENRANCIARSE. r. Umantá.

ENRARECER. a. irreg. como *agradecer*. Buhaghagín. || r. Mamohaghag.

ENREDADOR, RA. m. y f. Mapanggguló. || Mapaghatiddumápit. || Maibigín sa sitsit.

ENREDAR. a. Silúin. || Guluhín; pagkawitin. || Likutìn. || Mandala; mamantí. || Maghatid nang ipagkákaalit. || met. Isuot ang isá sa isang kahihiyán. || r. Magulò; magkagulò; magkásuotsuot. || Mangàlunyá; pakálunyâ. || Makipagtalo. =*(una cosa) á, con, en otra*. Másoot (ang isang bágay) sa ibá, na maguló; magkásuotsuot.=*de palabras*. Magtalo; magtákapan.

ENREDO. m. Guló; pagkakásuotsuot nang anomán, para nang sinúlid at ibá pa. || Likot; kalikután. || met. Sitsit; kasinungalingan; enredos.

ENRIQUECER. a. irreg. como *agradecer*. Payamanin. || Pagyamanin. || Padilagín. || n. y r. Yumaman. || Dumilag.=*de ciencia*. Yumaman sa dúnong. || a. met. Pamutihan; hiyasán.=*con, de galas*. Pagyamanin nang, sa hiyás.

ENROBUSTECER. a. irreg. como *agradecer*. V. ROBUSTECER.

ENRODAR. a. irreg. como *acordar*. Parusahang ikabit sa gulong. Ang parusang ito'y nang panahón ng *inquisición*, at sarisáring paraán ang paggawâ.

ENROJECER. a. irreg. como *agradecer*. Pagbagahin. || Tináin; pintahán nang pulang matingkad. || n, y r. Magbaga. || Mamulá; pumulá.

ENRONQUECER. a. irreg. como *agradecer*. Papamausin. || n y r. Mamáos; mamalat.

ENROÑECER. a. irreg. como *agradecer*. Ihawa ó lipusin nang galís na tinátawag nang kastílang *roña*.

ENROSCAR. a. Kidkirín; likawin. || Ikidkid; íkid. || r. Kumilíkid; luminkis; pumulúpot.

ENRUINECER. n. y r. Maging hámak; magkaroón nang ugáling hámak.

ENSALZAR. a. Itaás; ibunyî; purihin. || r. Mátaas sa kamàhalan. || Mábunyî.||Magbunyìan. || Purihin ang sarili.

ENSAMBLAR. a. Pagkatnigín; paglapatin; pagkambaling mahúsay ang mangá piraso nang káhoy.

ENSANCHAR. a. Laparan; luwangán. || Biklarín. || Bisaklatín. || r. met. Magyabang; magpalalô: magmataás. || Lumowang; mabiklad.

ENSANDECER. n. y r. como *agradecer*. Masírâ ang ísip; maging maang ó tulalá.

ENSANGRENTAR. a. irreg. como *acertar*. Dungisan; tigmakín ng dugô. || met. Maglágak sa *historia* nang kahambalhambal na alaala. || r. Mapoot; magálit nang labis sa

isang pakikipagtalo. || Malígô; mabalot nang dugô. || met. Magpátuluán nang dugô ang nagkákagalit.=*con, contra alguno*. Mapoot nang malabis sa isá.

ENSARTAR. a. Magtúhog nang bùtil. || met. Magsalitâ nang samotsámot at walang kahinusayan. || r. Magkulong sa isang lugal na makípot; magpatongpátong doòn,

ENSAYAR. a. Subukin; tikmán. || Sanayin. || Siyasatin; uriin; tingnán ang kalidad nang gintô, pílak, etc. || r. Magsánay.=*á cantar*. Magsánay umáwit.=*en el canto*. Magsánay sa pagáwit.

ENSEBAR. a. Pahiran nang sebo. || r. Mapunô nang sebo.

ENSENADA. f. Look nang dágat; ó likong malakí bago umabot nang pasigan; lungos.

ENSEÑANZA. f. Áral; pagtutúrô; ó túrô.

ENSEÑAR. a. Aralan; turúan.|| Ipakita, ó itúrô.=*á leer*. Turúang bumasa. || r. Mahirate; mágawî.=*á buenos ejemplares*. Mágawî sa mabutin halimbáwâ.

ENSERES. m. pl. Mangá kasankapan; mangá bagaybágay.

ENSILLAR. a. Lagyán nang siyá ang kabayo, ó ang alinmang háyop.

ENSOBERBECER. a. irreg. como *agradecer*. Hilahin sa kapalalúan; udyukán nang kapalalúan. || r. Magpalalô. || met. Sumigwá ang dágat; ó lumakí at sumasal ang alon sa dágat.

ENSOGAR. a. Sugahan; ó isuga. || Balibiran nang suga. || r. met. Magbigtí.

ENSOÑAR. a. ant. V. SOÑAR.

ENSORDECER. a. irreg. como *agradecer*. Bingihín; pabingihín. || n. y r. Mabingí. || met. Magbingíbingihan.

ENSORTIJAR. a. Balisusuín; kulutín ang buhok, sinúlid, etc. || r. Makulot; ó mangulot.

ENSUCIAR. a. Dumhán; ó mansahán. || met. Dungisan ang káluluwa, puri, kamáhalan nang gawang hindî dápat. || r. Mátae; ó màihì sa damit na suot, sa hihigan, etc, || Palamúyot; padalá sa súhol ò regalong iniáalay sa kaniyá. || Marumihán.

ENTALEGAR. a. Isilid sa súpot; ó italega.

ENTALLECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Lumakí; magsúlol ang mangá halaman ó káhoy; magsupling. || fam. Magkaróon nang mabutí ó pángit na tikas.

ENTARIMAR. a. Tarimahan; ó lagyán nang tarima. || r. Paloob, ó magsuot sa mangá tarima.

ENTARQUINAR. a. Lagyán ang lúpâ nang patabang pusálî ó laboab. || Dumhán ang anomán nang pusálî ó laboab. || r. Mapúnô; ó madumhán nang laboab.

ENTECO, CA. adj. May sakit; payat; mahinà.

ENTENADO, DA. m. y f. Pamankìn sa pakinábang.

ENTENDER. a. irreg. como *ascender*. Matantô; mabatid; máintindihan||Mátutuhan; mákilala; matarok. || Umintindí; mamahálâ; gumawâ; humátol. v. gr. *Ang hukom na* UMIINTINDI ó HUMÁHATOL *sa úsap na itó, el juez que entiende de esta causa, etc.* || Umakálâ; maghinágap: halimbáwâ, *yo* ENTIENDO *que esto es mejor*

que aquello, INÁACALÁ *ko* ó HINÍHINAGAP *ko na ito'y lalong mabuti sa roón.*=*de alguna cosa.* Mamahàlâ; umintindí nang anomang bágay.=*en sus negocios.* Mamahálâ nang kaniyang mangá hánapbuhay. || r. Magkákilala; magkáintindihan. || Mákilala; matarok ang sarili. || Magsasama na magkàsangayon sa paggawâ ó paglikad nang anomán, na iisa ang maging tungo at hangad.=*con alguien.* Makipagintindihan sa isá.=*por señas.* Magkàintindihan ó màintindihan sa mustiá.

ENTENDIDO, DA. p. p. nang *entender* y adj. Marúnong; bihasa; matalino.

ENTENDIMIENTO. m. Bait; ísip. || Talas nang ísip ó nang ulo-

ENTENEBRECER. a. irreg. como *agradecer*. Padilimín; palungkutín. || r. Dumilim; lumungkot.

ENTERNECER. a. irreg. como *empobrecer*. Palambutìn. || r. Lumambot; ó manglambot. || a. met. Papanglumuhín; hikayating mahahabag. || r. Manglumó; mahabag.

ENTERNECER. a. irreg. como *agradecer.* Palambutín; pasariwáin. || met. Panglumuhín. || r. Lumambot; manaríwâ. || met. Manglumó; mahab[illegible].

[illegible]ERNECIMIENTO. m. Pang[illegible]glalambot; habag.

E[illegible] RA. adj. Buô; lubós. || Hàyo[illegible]agín; ò hindî ka[illegible]. || me[illegible]alakás ang ka[illegible]. || Banal. [illegible] matíbay [illegible]. || Katawa[illegible]hirang [illegible]. || fam. M[illegible]insin [illegible] *damit).*

[illegible]RRA[illegible]R. a. irr[illegible]

tar. Ibaòn; ilibing. || Sumama ó makipaghatid sa libing. || Mátirang mabúhay. v. gr. *Itóng bátâ at malakás kay sa atin ang* MÁTITIRANG MABÚBUHAY ó SIYANG MAGLÍLIBING *sa ating lahat, este, que es el mas jòven y robusto* HA DE ENTERRARNOS *á todos.* || r. Tumalikod sa mundó na mások sa isang *convento* ó lumayô sa katipunan nang kàpowâ. Karaníwang lálong sabihing *sepultarse en vida.*

ENTIBIAR. a. Pagmalakukuhín; ó pagmalahiningahín ang túbig ó anomàn. || met. Bawahan ang ínit ó pusok nang kalooban sa paggawâ ng anomán. Gámit namang parang *recíproco* sa lahat nang kahulugang itò.

ENTIERRO. m. Libing; ó paglilibing. || Báunan; líbingan.

ENTIGRECERSE. irreg. como *agradecer.* Magálit; magngálit na parang tigre.

ENTONCES. adv. t. Niyón; ò noón; nang panahong yaòn; ó nang pagkakátaong yaón. || Kun gayón.

ENTONTECER. a. irreg. como *agradecer.* Hangalin. || Baliwìn. || n. Mahangal; mabaliw.

ENTORTAR. a. irreg. como *acordar.* Pilipitin; ikíling. || Pisakin ang matá. || fam. Busugín; buyáin nang torta. || Ipaloob sa torta. || r. Mapilípit. || Mapísak. || Magpisakán. || Magpakabúyâ; magpakasandat nang torta.

ENTRADA. f. Pasukán. || Pagpások. || met. Kapangyarihang makagawâ nang anomán. || Pamulâ nang anománg kasulátan, libró, etc. | Pakikipagíbigan ó *amistad.* || Báwa't isá nang mangá ùlam, na kasunod na idinúdulot sa sopas, ngúni't hindî totoong malalakí na gaya nang *pu-*

chero at *asado.*

ENTRANTE. p. a. nang *entrar-s.* y adj. Ang pumàsok ó pápasok.

ENTRAÑA. f. Lamang loob ng̃ katawán, para nang bágâ, pùsô, etc. Plural na lalong karaniwang gamitin. || pl. met. Úbod; gitnâ: v. gr. || ÚBOD *nang lúpâ,* ENTRAÑAS *de la tierra, etc.* || Kalooban; loob. || met. Kaugalián ó paguugálî nang isang tawo, at sinásabi: *tawong mabuting* KALOOBAN Ó KAUGALIÁN, *hombre de buenas* ENTRAÑAS.

ENTRAÑABLE. adj. Taós; ò taimtim sa loob.

ENTRAÑAR. a. Patausín sa loob. || n. Manaós; ó pagtausán ang púsô. || r. Makisama; makipagíbigan nang boong púsô. || Umíbig nang taimtim sa loob.

ENTRAR. a. Ipások; ipaloob.|| Isúbô, na ilápat ang isang bágay sa ibá. || Pamulán: v. gr. PAMULÁN *ang librò,* ENTRAR *el libro, etc.* || n. Lusubin. || n. Pumások sa isang katipunan, para nang ENTRAR *en la clase de caballeros,* PUMÁSOK *sa klase nang mang̃á ka allero, etc.*=*à saco.* Looban; salakayin.=*con, à uno.* Makipagúsap nang anomán sa isá, ó makipagtrato nang anomán.=*en la iglesia.* Mások sa simbáhan.=*de rondòn.* Mások sa isang lugal nang walang babalâ, na parang dating kapalágayang nang loob ang dáratnan doon.=*en edad.* Tumandâ. || r. Paloob; màsok. || r. Makisalamúhâ.

ENTREACTO. m. Ang pagitan nang dalawang *acto* nang isang komedia.

ENTREGAR. a. Ibigay; ientrega sa kamay ó sa *poder* nang ibá ang anomán ò ang sínoman.||Ipagkánulo.=*(la carta) à otro.* Ibigay (ang súlat) sa ibá. || r. Sumakamay nang ibá, na sumunod sa gustó ó panihálâ niyá. || Pàbigay; pálulong sa anomán. || Padalá; pahila. || Mamahálâ.|| Umasa.=*al estudio.* Pálulong sa pagaáral.=*de un establecimiento.* Mamahálâ ng̃ isang *establecimiento.*=*en brazos de la suerte.* Umasa sa kapalaran.

ENTREJERIR. a. irreg. como *huir.* Ipàsok ó ipaloob sa ibá.

ENTRELUCIR. a. irreg. como *lucir.* Sumíkat nang makulimlim. || Magliwánag nang malamlam. || n. y r. Mamanaag ó mábanaagan nang bahagyâ.

ENTREMEDIAS. adv. t. y l. Sa pagitan, (ó nang dalawang lugal ò panahón).

ENTREMORIR. n. irreg. como *dormir.* Maubos ò mamatay nang untîuntî, gaya nang isang ílaw kung kinúkulang nang langís.

ENTREOIR. a. irreg. como *oir.* Máuliniga.n. || r. Makáulinig.

ENTREPARECERSE. r. irreg. como *agradecer.* Mang̃aníinag. || Máhawig; màkahawig.

ENTREPERNAR. a. irreg. como *acertar.* Isípit ang paá sa dalawang hítâ nang ibá || r. Magkásipit ó magkásoot ang mang̃á hítâ.

ENTREPONER. a. irreg. como *poner.* V. INTERPONER.

ENTRESACA. f. Pagpílî; paghùgot. || Pagpútol nang kàhoy sa bundok.

ENTRESACAR. a. Pílíin; halawín; hirang̃in. || Pumútol nang káhoy sa bundok.=*(todo lo bueno) de un libro.* Halawín (ang lahat nang pi-

nakamabuti) sa isang librò.

ENTRETEJER. a. Ibalàkî; ó isalit sa paghabi. ‖ Ikamá ang isang bàgay sa ibá. ‖ met. Ihàlô; isalit.

ENTRETENER. a. irreg. como *tener*. Libangín; aliwín. ‖ r. Magaliw; maglibang.=*con ver la tropa*. Magaliw nang panonood sa tropa.=*en leer*. Maglibang sa pagbasa.

ENTRETENIDO, DA. p. p. ng *entretener*, y adj. Masistihin; masayá ang ugálî.‖Meritorio na walang sueldo sa isang *oficina*. ‖ Libang; ò nalílibang.

ENTREVER. a. y r. irreg. como *ver*. Mábanaagan.

ENTREVERADO, DA. adj Salitsalit.

ENTREVISTA. f. Pagkikita at paguúsap nang dalawá ò madlâ sa isang lugal. ‖ Típanan.

ENTRISTECER. a. irreg. como *agradecer*. Lungkutín ó bigyang lungkot; lumbayín.‖Palungkutín. ‖ r. Malungkot; malumbay=*con, de la noticia*. Malungkot sa balítà.=*por mala suerte*. Malumbay dáhil sa masamang kapalaran.

ENTULLECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Malumpó. ‖ met. Mátayong; máhintô ang anomán. ‖ a. met. Itàyong; ihintô ó pahintuín.

ENTUMECER. a. irreg. como *agradecer*. Pangimayin ang alinmang lugal nang katawán ‖ r. Mangímay.

ENTUMIRSE. r. Mamanhid. ‖ Mangúrong ang lamán.

ENTURBIAR. a. Labúin; ó labúan ‖ met. Guluhín; padilimín. ‖ r. Lumàbô. ‖ Maguló ang anomang katalatag na mahúsay.

ENVAINAR. a. Isálong ang sandata sa kaluban.

ENVANECER. a. irreg. como *agradecer*. V. ENSOBERBECER.

ENVEJECER, a. irreg. como *agradecer*. Lumáin; patandaín, para nang: *ang mañgá kahirapan at ang panahòn ay* NAGPÁPATANDÁ *sa tawo, los trabajos y los años* ENVEJECEN *á los hombres; at ang malabis na paggámit ay siyang* LUMÚLUMÁ *sa mañgâ kasangkapan, y el mucho uso* ENVEJECE *á las cosas*.=*en los negocios*. Tumandâ sa paghahánapbuhay.=*con, por los disgustos*. Tumandâ sa, dáhil sa manga súkal nang loob. ‖ n. y r. Tumandâ; malùmá. ‖ Magluat; tumagal ang anomán.

ENVENENAMIENTO. m. Paglason.

ENVENENAR. a. Lasunin ‖ r. Málason.

ENVERDECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Manaríwâ ang párang.

ENVÉS. m. Kabalikán. ‖ fam. Likod; líkuran.

ENVESTIR. a. irreg. como *pedir*. V. INVESTIR, verbong lalong kagamitán at maínam dingín.

ENVIAR. a. Utusan; ó paparunín sa isang lugal. ‖ Ipadalá; ipahatid=*(à alguno) à la botica* Paparonín (ang isá) sa *botica*.=*á pasear*. Ipagtaboy nang masaklap na sabi; ipagtábuyan.=*con un presente*. Papagdalhín nang isang álay ó regalo=*por vino*.=Utusang kumuha nang álak.

ENVIDIA. f. Pangimbulo; kapanaghilían.

ENVIDIABLE. adj. Nakapangĩngĩmbulo.

ENVILECER. a. irreg. como *agradecer*. Alisán nang kamáhalan; gawing busabos at hámak || r. Maging hámak.

ENVITE. m. Pustá. || Pagaálay nang anomán.

ENVIUDAR. n. y r. Mabao.

ENVOLTORIO. m. Balutan; bigkís nang damit, ô nang anomán. || Kapintasan ó sirâ nang depanyo, dáhil sa pagkáhalô nang̃ ibang bágay na lana, na hindî ukol sa habing yaón.

ENVOLVER. a. irreg. como *ab solver*. Balutin; tungkusín; balibiran. || Ilahok; ipakisama. || Gusutín; paghalóhaloin=*con papeles*. Balutin nang papel=*en, entre lienzo*. Tungkusin; ó balutin sa linsò. || r. Magbálot; || magbalábal. || r. met. Makihálô: makilahok na pagitnâ sa karamihan. || met. Mangbabaye; mangãlunyâ. || met. Málahok sa gitnâ nang madlâ =*con manta*. Magbálot, ò magbalábal nang kúmot na makapal=*en sábana*. Magbálot sa kúmot na manipís.

ENVUELTO, TA. p. p. irreg. nang *envolver*. Nabábalot; nàlalahok, etc.

ENZURDECER. n. írreg. como *agradecer*. Maging kaliwete.

EPIDEMIA. f. Sálot; ó pagkakamatay; sakit na manakânakang dumádapó sa bayan at ipinagkàkamatay nang marami: may *epidemia* nang bulútong, kung sakáli't ang sakit na itó ang ipinagkàkamatay nang madlá sa isang lugal; may *epidemia* ng CÓLERA, lagnat, etc.

EPIDERMIS. f. anat. Ang bálok, na nasa kâibabawan ng̃ ating balat.

EPIFANÍA. f. Pagsipot. || Ang pagsambá nang tatlong haring *mago* kay Jesús.

EPIGLOTIS. f. anat. Tilào, ò kampaniliá nang lalamunan.

EPISTOLAR. adj. Náuukol sa súlat.

EPITAFIO. m. Súlat; ó karátula sa ibábaw nang libing.

EQUIDAD. f. Katapatán. || Pagkakáisa. || Kabanayaran; ó kabàitan sa paglalápat, ò pagtupad ng̃ mang̃à kautusán, na ang lálong ináatindi ang akìlâ nang naglagdâ at hindî ang letra niyá. || Matuwíd na paghahalagá nang ipinagbíbili.

EQUIDISTANTE. adj. p. a. ng̃ *equidistar*. Magkasingláyô; ô magkaisá nang láyô.

EQUIDISTAR. n. geom. Magkáisa ang pagkakálayô.

EQUILIBRAR. a. Timbang̃ín; ò pagtimbang̃ín ang bigat. || r. Magkátimbang; matimbang. || r. met. Pagparehonin.

EQUILIBRIO. m. Pagkakátimbang; tatag.

EQUINOCCIO. m. astron. Panahong magkasingluat ang gabí at áraw, at ang áraw na sumísikat ay nasa sa signo nang Aries at Libra.

EQUIPAGE. m. Kapisanan [illegible] lahat nang bàon at mang̃á [illegible] han sa paglalakbay [illegible]

EQUITATIVO [illegible] Náaayon sa matowi[illegible] at ma-bait sa pagtu[illegible] utos. || Katam[illegible] halagá.

EQ[illegible] f. Pagk[illegible] p[illegible] akáisa at pagk[illegible] ba[illegible] halagá at pagm[illegible] sa

dalawá ó madlang bágay. || Pagkakáwangkî.

EQUIVALENTE. p. a. nang *equivaler*. s. y adj. Kasinghalagá; katimbang.

EQUIVALER. a. irreg. como *valer*. Mákahalaga; mákaisa nang halagá.

EQUIVOCACIÓN. f. der. nang *equivocar*. Malî; pagkakámalî.

EQUIVOCAR. a. Imalî; litohín. || r. Mámalî; ó magkámalî; malitó. =*en algo*. Mámalî sa anomán.

ERA. f. Panahòn; luat nang isang panahóng alinmán. || Gíikan; ó pinaggígiikan. || Kama nang lúpâ na pinag tátamnam nang gúlay sa isang hàlamanan.

ERGUIR. a. def. sapagka't ang 1.ª persona nang presente de *indicativo* ay hindî ginágamit: ger. *irguiendo:* p. p. erguido: pres. ind. tú *irgues* ó *yergues;* él *irgue* ó *yergue*, nosotros erguimos; vosotros erguís; ellos *irguen* ó *yerguen:* pref. él *irguiò;* ellos *irguieron*: imperat. *irgue* ó *yergue* tú; *irga* ó *yerga* él; *irgamos* nosotros; erguid vosotros; *irgan* ó *yergan* ellos: subj. pres. *irga* ó *yerga*; *irgas* ó *yergas*; etc: imperf. *irguiera*, erguiría, *irguiese;* etc: fut. *irguiere*, etc. Itayô; ó ituwid. || Itaás ang ulo; i[illegible]wid; papanigasín ang liig. || [illegible]hambog; magpalalô. || Magálit[illegible]gol ang katowiran ng [illegible] huag mangiló ka[illegible]

[illegible]ang dî pa binà[illegible] kailán mán.

[illegible]antivo mas[illegible] Kung [illegible]

[illegible]ZAR. [illegible] Papa[illegible]gin; panindigín ang buhok. || Punìn nang tinik. || r. Mangalísag; manindig ang mangá buhok. || Mangalikag.

ERRANTE. p. a. nang *errar*. y adj. Galâ; palakadlákad sa ibatibang lugal.

ERRAR. a. irreg. ger. errando: p. p. errado: pres. ind. yo *yerro;* tú *yerras;* él *yerra;* erramos; errais; ellos *yerran*, imperat. *yerra* tú; *yerre* él; erremos nosotros; errad vosotros; *yerren* ellos: subj. pres. *yerre; yerres; yerre;* erremos; erreis; *yerren;* etc. Imalî. || Iligaw. || Huag tamáan. || n. Màligaw; lumakadlákad na walang tinútungo. || Màsinsay; málihis: mámalî. || Maghampaslúpâ; sumampiadsampiad.

ERRATA. f. Malî sa pagsúlat; ó paglilimbag.

ERRÓNEO, EA. adj. Malî; ligaw.

ERROR. m. Kamálian. || Kasiraán.

ERUCTAR. a. Dumilhay; ó dumighal.

ERUCTO. m. Dilhay; ó dighal.

ERUDITO, TA. adj. Marúnong; bihasa. =*en matemática*. Bihasa; ó paham sa *matemática*.—*Erudito á la violeta*. Ang mapagdunongdunongan, bago'y kákauntî ang nálalaman.

ERUPCIÓN. f. Pagsingaw; ó singaw na anomán sa balat. || Pagputok nang *volcàn*; ó pagbubugá nang apoy nang *volcàn*.

ESCABROSO, SA. adj. Hindî pátag; banginbangín. || met. Matigás; ó masamang ugálî. || Mahìrap.

ESCABULLIRSE. r. irreg. como *bruñir*. Humagpós sa kamay. || met. Makapulangós; makatakas; makasa-

lingit na makatanan. =*entre, de entre, por entre la multitud.* Makahagpós na makatanan sa gitnâ nang marami.

ESCALA. f. Hagdang buhatín. Mayroong káhoy nitó, lúbid, etc.|| met. Ang lugal ó puertong karaniwang dinádaanan nang mangá sasakyán, na binibilhan nang kailañgan sa paglalayag.

ESCALAR. a. Sumalákay na mások sa alinmang lugal, na magdaang maghagdán. || Bumutas nang isang pader, bubong, etc. at doon magdaang maghagdán. || r. Sumalákay.

ESCALDADO, DA. p. p. nang *escaldar* y adj. Dalâ.

ESCALDAR. a. Baalián. || met. Dalián. || r. Madalâ.

ESCALERA. f. Hagdán; hagdanan.

ESCAMA. f. Kaliskís. || Gawing tabas kaliskìs, ò parang kaliskís. || met. Dalaín ang kápowâ. || r. Madalâ. || Magdamdam at málayô ang loob.

ESCAMPAR. n. Tumílâ ang ulán. || met. Tigilan ang paggawâ nang anomán. || a. Linisin ang isang lugal. || r. Mahawan. || Lumínaw.

ESCANDECER. a. irreg. como *agradecer.* Pagalitin; pootín. || r. Mapoot nang malabis.

ESCAÑO. m. Bankong may sandalan, na maùupan nang marami.

ESCAPAR. n. y r. Tumanan; makawalâ; makaligtás.|| Makapuiás; mamahulagpòs.=*à la calle.* Tumanan na sa daán paroón.=*con vida.* Makatanang buhay.

ESCARBADIENTES. m. Panghiningà.

ESCARBAOREJAS. m. Panghinulì.

ESCARBAR. a. Kutkutín; kulkulín. | r. Magálisan nang balakbak; ó maghíñgutuhan.

ESCARMENTAR. a. irreg. como *acertar.* Dalaìn; ó bigyang kadálaan. || n. Manghinuha; ó muhang kadalàn sa nákitang anomàn at nàdanasan sa sarili ó sa ibá, nang mailagan sa háharapin ang mahúlog sa pangánib. Kung sa ibá nangyari ang anomán ay sinásabing ESCARMENTAMOS *en cabeza agena;* ñguni't kung sa sariling katawán natin nangyari ang mangá kasaliwaang pálad, ay sinásabing ESCARMENTAMOS *en cabeza propia.*.

ESCARNECER. a. irreg. como *agradecer.* Libakín; uyamín. || r. Mauyam. || r. Maglibakan. || Mahiyâ.

ESCARNIO. m. Paglibak; paguyam.

ESCASEAR. a. Pagdamután. || Magbigay nang kákauntî, at masama sa loob ang pagbibigay. || Tipirín. || n. y r. Magsalat.

ESCASEZ. f. Kasalatán.|| Túmal.

NACER. n. irreg. ger. naciendo: pres. ind. yo *nazco:* imperat. *nazca* él; *nazcamos* nosotros; *nazcan* ellos: subj. pres. *nazca; nazcas; nazca; nazcamos*, etc. Ipangãnak; lumabás sa maliwánag. || Tumùbô; gumitî ang tùbô nang halaman; ó tubûan; sipután nang balahibo ò pakpak ang katawán nang háyop. || Magbúhat ó mangáling sa isang ának ò familia. || met. Sumíkat; sumílang; mitak ang araw, bituìn, etc.||met. Magmulâ ang isang bágay sa ibá, na doón mangáling ang pagkabágay. || met. Sumíbol; ó bumálong, at sinásabi: SUMÍSIBOL ó BUMÁBALONG *ang mañgá batis* ó *ìlog*, NACEN *las fuentes* ó *rios*, etc ||met. Lumakí sa anomang kaugalián ó hílig nang katawán.=*con fortuna*. Ipangãnak nang may pálad; ó ipangãnak na mayaman.=*de piés*. Mapalarìn sa anomang ákalâin ó lakarìn.=*esto de aquello*. Mangáling; magbúhat itó doon.=*en Manila* Ipangãnak sa Maynílâ.=*para trabajar*. Ipangãnak na taán sa kahirapan. || r. Sumíbol; sumipot nang kúsâ ó ng walang nagtátanim ang alinmang halaman.

NACIDO, DA. p. p. nang *nacer*, y adj. Katutùbô. || Lápat; bágay at akmâ. || Ipinangãnak.||m. Pigsà; bágâ; etc.

NACIENTE, p. a. nang *nacer*, y adj. Ang gumígitî; ó bagong sumísipot. || met. Ang bágongbago pa lámang.

NACIMIENTO. m. Kapangãnakan; pangãngãnak.||Ang pangãngãnak

sa ating P. Jesukristo.|| Ang pagtúbô ó paggitî nang pananim ó binhî. || Pagsiboi; ó paggitî nang mangã bulaklak, buko, etc. || Lugal na tinubúan nang sínoman. || Húlô nang ílog. || Láhî, ò pinagbuhatang ankán nang isang tawo.|| Pinangalingan nang anomang bágay.

NACIÓN. f. der. nang *nacer*. Pagtúbô; pagsipot; pangañganak, at sinásabi: *Bulag na* SUMIPOT, ò *bulag na* IPINAÑGANAK ò TUMÚBÔ, *ciego de* NACIÓN. || Katipunan nang mangà nanánahanan sa isang *provincia*, *ciudad* ó *caharián*.—*de nación*. mod. adv. Tagà; ó túbô sa. Salitang ipinagpápahayag nang tinubúang lúpâ nang isá.

NACIONAL. adj. der. nang *nación*. Ang náuukol sa *nación*, ò sa kaharián nang nagsásalitâ ó nang mangã kinákausap. || Ang náuukol sa alinmang *nación* ó kaharián.

NACIONALIDAD. f. der. nang *nación*. Ang pagíbig sa tinubúang lúpâ. || Kalidad ó sariling kaugalián, etc. nang isang *nación*.

NADA. f. Kawalán; walâ; anoma'y walâ. Sinásabi sa mangã bágay, sa tawo ay hindî. ||adv. de neg. Walâ; paano ma'y hindî maging paano ma'y hindî. || adv. Hámak.

NADADERA. der. nang *nadar*. Timbulan.

NADADERO. m. der. nang *nadar*. Lugal na malálanguyan; ó lánğuyang lugal.

NADADOR, RA. m. y f. der. nang *nadar*. Ang sanay ò malakás lumanğoy.

NADAR. n. Lumanğoy. || Lumúmútang ang anomang bágay. || met. Sumagánâ; magtamasá; ó lumútang sa..., para nang isang masalaping lubhâ ay sinàsabing SAGÁNA ò NAGTÁTAMASA, ó LUMÚLUTANG *sa gintô*, NADA *en oro*.=*de espaldas*. Lumanğoy nang pahimbalanğay; ó maghimbalanğay.

NADIE. pron. indet. Walâ sinoman; ó sínoman ay hindî. Sa tawo lámang ginàgamit.

NADO. m. Lanğoy.—*á nado*. adv. m. Palanğóy; ó nilanğoy. || met. Masákit; lubhang mahírap.

NAGUAS. f. pl. Náguas.

NAIPE. m. Baraha.

NALGA. f. Pigî; ó bawa't isà nang dalawang kalamnán nang puit.

NALGADA. f. der. nang *nalga*. Ang lamán nang báboy sa pigî, na tinátawag namang *pernil*. || Hampás sa pigî.

NALGUDO, DA. adj. der. nang *nalga*. Pigián; ó matambok ang pigî.

NALGUEAR. n. der. nang *nalga*. Gumalawgalaw nang malabis ang pigî sa paglákad.

NAO. f. Sasakyán; daong.

NAPOLITANO, NA. adj. der. nang *Nápoles*. Taga Nápoles; ó ang túbô doón. || Ang náuukol sa *ciudad* na yaón. || Sa larong tresiete ang pagkakápisan nang tatlong batong tinátawag nating *politana*, na bùhat din sa salitang itó, at masamâ lámang ang pagsasábing pinagkaugalián.

NARANJA. f. Bunğa nang lukbán ó súhâ. || Bala nang kanyòn na singlakì nang lukbán.

NARANJADO, DA. adj. der. ng *naranja*. Kúlay súhâ.

NARANJAL. m. der. nang *na-*

ranja. Lukbanan; ò lugal na maráming tanim na lukbán.

NARANJERO, RA. m. y f. der. nang *naranja.* Maglulukbán; ó nagtítinda nang lukbán.

NARANJO. m. Ang púnò nang lukbán. || met. fam. Ang tawong mapurol ang ulo at mangmang.

NARCÓTICO, CA. adj. *med.* Pangpatùlog.

NARICICA, LLA, TA, f. dim. nang *nariz.* Ilong na maliit.

NARICÍSIMO, MA. adj. sup. ng̃ *nariz.* fam. May ilong na lubhang malakí.

NARIGAL. f. der. nang *nariz.* fam. Ilong.

NARIGANTE. adj. der. ng̃ *nariz.* fam. May malaking ilong.

NARIGÓN, NA. adj. Malakí ang ilong. || m. aum. nang *nariz.* Ilong na malakí.

NARIGUDO, DA. adj. der. *nariz.* Ang may mahábang ilong. || Tabas ilong; ó hitsurang ilong.

NARIZ. f. Ilong. || Pang̃amoy. || Bawa't isá nang butas nang ilong. || Ang dalawang butas nang ilong. =*remachadas.* pl. Ilong na dapil.

NARRA. f. bot. Asanâ.

NARRACIÓN. f. der. nang *narrar.* Pagsasaysay; ó kasaysayan ng̃anomán.

NARRADOR. m. der. nang *narrar,* Ang nagbàbalitâ; nagsásaysay.

NARRAR. a. Saysayín; ò ibalitâ ang anomang pang̃yayari.

NARRATIVO, VA. adj. y

NARRATORIO, RIA. adj. Ang náuukol sa pagsasaysay; ó nasàsaklaw nang pagsasaysay.

NASA. f. Bubo na panghuli ng̃ isdâ; ò lambat na panálâ, na may galang ang bibig at untíuntìng kumíkipot na parang mang̃ás.

NASAL. adj. Ang nádarapat; ó náuukol sa ilong.

NATA. f. Laknip nang gátas. || met. Ang pinakàpang̃ulo at pinakamahúsay nang anomán.

NATACIÓN. f. Ang arteng nagtúturô nang paglang̃oy. || Ang paglang̃oy.

NATAL. adj. Náuukol sa kapang̃ánakan. || m. Ang áraw nang kapang̃ànakan.

NATALICIO, CIA. adj. Náuukol sa áraw nang kapang̃ánakan. Karaniwang itáwag sa mang̃á pagpipistá at pagkakatuwâng ginágawâ sa áraw nang kapang̃ánakan. || m. Ang áraw nang kapang̃ánakan.

NATÁTIL. adj. Ang lumúlutang sa túbig.

NATATORIO, RIA. adj. Lugal na sadyang páliguan at láng̃uyan. || Náuukol sa paglang̃oy.

NATILLAS. f. dim. nang *nata.* pl. Minasang harina, gatas, itlog at matamís na nilútô.

NATIVIDAD. f. Kapang̃ànakan. Karaniwang lálong sabihin, sa pang̃ang̃anak kay Jesus, sa Vírgen at kay S. Juán Bautista, tatlong pang̃ang̃anak na ipinagpípista nang Santa Iglesia. || Ang paskó nang pang̃ang̃anak kay Jesukristo.

NATIVO, VA. adj. Nàuukol sa kapang̃ánakan. || Katutúbô; sarili.

NATURAL. adj. Ang nàuukol sa naturaleza; ó náaayos sa kabagayán ó sa kaugalián nang báwa't isang lágay. || Tùbô sa isang lúpâ, ó báyan: v. gr. TÚBÔ SA Ó TAGÁ *Bula-*

kán ang táwong iyán, es NATURAL *de Bulakán ese hombre.* Ginágamit namang párang *sustantivo.* || Ay yárî ó ginawâ, na walang dáyâ ó há'ông anomàn. || Tapat na loob; ò hindî marúnong magdáyâ sa anomán. || Kaugalían ó karaníwang mangyari. || m. Ang ugálî; pagloloob; ó híìg nang báwa't isá. Sinásabi namán sa háyop.

NATURALEZA. f. Ang kabagayán nang bálang bágay, para ng̃: KATAWOHÁN *nang tawo,* NATURALEZA *del hombre.* || Kapisanan nang boong nilalang. || Ang bísâ; ò kalidad nang báwa't isang bàgay.||Klase. ó kalidad: v. gr. *Hindî akó nakákakita nang mang̃á kàhoy na gayong* KLASE ó KALIDAD, *no hé visto árboles de tal* NARALEZA. — *humana.* Ang pagkatawo ò katawohán: v. gr. *Sa boong* SANGKATAWOHÁN *ay hindî makátatagpô n̄g ganitong tawo, en toda la* NATURALEZA *humana no se hallará hombre como este.*

NATURALIDAD. f. Ang pagkáayos nang mang̃á bágay sa talagang kaugalián. || Katapatang loob.|| Ugáling banáyad at katamtaman, at kilos na hindî pinagaralan.

NATURALISTA. m. der. nang *naturaleza.* Ang nakákikilala, at sanay sa *historia natural.*

NATURALIZAR. a. Tangapíng párang kababayan, ò tùbô sa kaharián, ang isang tawong tagá ibang lúpâ; ó dilî kaya'y, ang mang̃á bágay na búhat sa isang lugal ay gamitin ó arîing pàrang sarili ó dáting ginágamit.

NAUFRAGAR. m. Málubog; mabagbag; mabásag ang sasakyán. Sinásabi namán sa tawong *nabagbag* ó *nálubog.* || met. Masírà; ó lumabás na masamâ ang anomang iníakalâ ó *negocio.*

NAUFRAGIO. m. Ang pagkàlubog; ó pagkabàsag; ó pagkabagbag nang sasakyán sa dágat. || met. Kasirâan ò kapahamakáng malakí, pang̃ulùging malakí, kasaliwaang pálad na malakí.

NÁUFRAGO, GA. adj. y m. y f. Ang nabagbag; nabásag; nágiwa ò nálubog sa láot nang dágat. Tinàtawag din namang gayón ang isdang *pating.*

NAÚSEA. f. Alibadbad; suklam; dimárim ó pagsamâ nang sikmúrâ na tila íbig másuka.||met. Muhî ó yamot sa anomán. Plural na lálông karaníwang gamitin sa lahat niyang kahulugán.

NAUSEABUNDO, DA. Nakıáalibadbad; ó nakàsusuka. || Alibadbarin at palasuká.

NAUSEAR. n. Inàalibadbaran; ó sumamâ ang sikmúrâ na tila íbig másuka.

NAUSEATIVO, VA. adj. y

NAUSEOSO, SA. adj. der. ng *naúsea.* Nakaáalibadbad; nakàsusuka.

NÁUTA. m. Magdaragat; ó marinero.

NÁUTICA. f. Ang karunung̃an, ó arte nang paglalayag.

NÁUTICO, CA. adj. Náuukol sa paglalayag. || s. Maglalayag.

NAVAJA. f. Labasang pang̃áhit. || Tárî. || Ang páng̃il nang bàboy damó, dàhil sa kawankî nang tárî. || met. Ang dílâ na mapaglasuâ at mapanirang puri.

NAVAJADA. f. der. ng *navaja,* y

NAVAJAZO. m. aum. nang *navaja.* Sùgat nang íwà nang labasa; ó saksak nang labasa.

NAVAJERO m. der. nang *navaja.* Taguán; ó lalagyán nang labasa, lálô na ang sa mangã barbero. || Damit na panglinis nang labasa.

NAVAJICA, LLA, TA. f. der. nang *navaja.* Labásang maliit.

NAVAJÓN. m. aum. nang *navaja.* Labasang malakì.

NAVAJONAZO. m. aum. nang *navajazo.* Saksak; ó súgat na gawâ nang labasang malakí.

NAVAL. adj. der. nang *nave.* Náuukol sa mangã sasakyán, at sa paglalayag.

NAVE. f. Sasakyán; daong. || Sa mangã simbahan at ibá pang ganganitó ay ang tinátawag nating kanyón.

NAVECILLA. f. der. nang *nave.* Sasakyáng muntî. || *Naveta* na lalagyán nang *incienso.*

NAVEGACIÓN. f. der. nang *navegar.* Paglalayag. || Ang karunungan, ó arte sa paglalayag.

NAVEGADOR. m. y

NAVEGANTE. p. a. nang *navegar.* adj. y s. m. Maglalayag.

NAVEGAR. n. Maglayag; magdagat. Ginágamit naman kung minsang parang *activo.* || met. Mangalákal na magtawid dágat. || met. Maglakbay bayan na dumaán nang dágat. || a. Ipagdagat ang kalákal. =*à, para España.* Lumáyag na patungo nang España.=*con buen viento.* Maglayag nang may mabuting hangin.=*contra la corriente.* Másalungat ò másubá sa agos.=*en un vapor.* Magdagat na sumakay sa isang vapor.

NAVETA. f. der. nang *nave.* Sasakyang muntî. || Lalagyán nang *incienso.*

NAVIDAD. f, Kapangánakan. || Ang áraw nang pangangának kay Jesús. || Ang edad, ó mangá taón ng pagkatawo, at sinásabi sa isang may edad, na, *tiene muchas* NAVIDADES.

NAVIERO. m. der. nang *nave.* Ang may árì nang sasakyang makapaglálayag sa dágat na malakí.

NAVÍO. m. Sasakyán; daong.

NAZARENO, NA. adj. der. ng *Nazaret.* Tagá Nazaret, ó ang náuukol doón. Ginágamit namang parang *sustantivo.* || Sa báyang hebreo ay ang nátataan sa paglilinkod sa Dios: hindî umíinom nang anomang bágay na makalálangô, at hindî nagáahit ni naggúgupit man nang buhok.

NEBLINA. f. der. nang *niebla.* Úlap na makapal at mabábâ.

NEBULOSO, SA. adj. der. nang *niebla.* Maúlap; ó balot nang úlap.

NECEAR. n. der. nang *necio.* Magsabí nang kahunghangán; ó makipagtalo nang pahunghang.

NECEDAD. f. Kamangmangán. || Gawâ, ó salitâng hunghang. || Kahunhangán, ó kamáliang pinapanatili, sa katigasán nang ulo.

NECESARIA. f. Kumón.

NECESARIO, RIA. adj. Mádalian at sàpilitang mangyàyari. || Kailangan.=*á, para la vida.* Kailangan sa búhay.

NECESIDAD. f. Pagkakailangan: kasalatán.||Pangánib.=*menor.* Pagíhì. =*mayor.* Pagdumì.

NECESITADO, DA. adj. Salat; mahírap ang búhay.

NECESITAR. a. Pilitin; kailanga-

nin||.n. Magkailangan; magsalat.=*le auxilios*. Magkailangan nang tùlong. =*para vivir*. Kailanganin sa pamumùhay.

NECIO, CIA. adj. Mangmang; hangal.||Hunghang. Sinásabí namán sa bàgay na ginágawâ ó sinásalitâ nang pahunghang.

NECROLOGÍA. f. Tandàan nang nangamatay.

NEFANDO, DA. adj. Kalaitláit; nakahíhiyâ.

NEGABLE. adj der. nang *negar*. Maitátangi; maipagkákailâ.

NEGACION. f. der. nang *negar*. Pagtangí; pagiling.||Kawalán; ó kasalatán nang anomán.

NEGADO, DA. p. p. nang *negar*. adj. Lubós na walang kaya sa anomán; salat na salat sa anomán. =*de intendimiento*. Salat na salat sa pagiísip. =*para todo*. Walang kaya sa anomán.

NEGAR. a. irreg. como *acertar*. Itangí; ipagkaiâ; itatuâ. || Pahindî; ipagkait. || Ipagbáwal. || Makalímot; ó lumayô sa dating hingil. || r. Tumangí; umayaw; magdahilán sa paggawâ nang anomán. =*á alguno*. Pakiilà.

NEGATIVA. f. Pagiling. || Pagtangí.

NEGATIVO, VA. adj. Tumátatuâ; ó náuukol sa pagtatuâ ó pagtangí.

NEGLIGENCIA. f. Kapabayaàn; katámaran.

NEGLIGENTE. adj. Tamad; pabayâ. =*en, para recaudar*. Pabayâ sa paniningil.

NEGOCIABLE. adj. der. nang *negociar*. Manénegosio.

NEGOCIANTE. p. a. nang *negociar*. Mángangalakal; magbabaliwàs. =*en vinos* Mangangalakal nang álak. =*en palay* Mángangalakal nang pàlay.

NEGOCIAR. n. Mangalákal.||Sumúhol. || a. Pamahalaan ang anomán.

NEGRECER. n. irreg. como *agradecer*. Umitim.

NEGRO, GRA. adj. Maitim; itim. Kadálasang *sustantivo* kung gamitin. ||Marumí.||met. Lubhang mapanglaw. || Kúlang pálad; wàlang pálad. || m. y f. Tawong maitim; ò ita.

NEGRURA. f. der. nang *negro*. Kaitimán.

NEGRUZCO, CA. adj. der. nang *negro*. Maitim; nangíngitim.

NEMA. f. Tatak; sará nang súlat. || Oblea; *lacre* na panará nang súlat.

NÉMINE DISCREPANTE. loc. lat. Walang kapintasan ang lahat.

NENE. m. fam. Batáng maliit.

NEÓFITO. m. Bágong binyagan.

NEOMENIA. f. Ang unang áraw nang buan sa lángit.

NERVIO. m. Litid. || Ang pinakamatíbay ò pinakamalakás nang anomang bàgay. Ang lakás; ò bagsik nang katowiran. || *Cuerdas* nang instrumento.

NERVIOSO, SA. adj. der. ng *nervio*. Malítid. || Dahon nang káhoy na maugat. || met. Ang pananalitang may matitíbay at nakahíhikayat na pangangatowiran.

NERVOSO, SA. adj. der. nang *nervio*. Malítid. || Maugat.

NERVUDO DA. adj. der. nang *nervio*. Litirán. || Malakás.

NESGA f. Súsog; sudyâ; panyito nang damit; sesgo nang saya.

NETO, TA. adj. Malinis; wagás; dalísay; taganás. || Ang kabuoán ng̃ nàtira sa isang *cuenta*, kung mabawas na ang ginastá.

NEUMÁTICO, CA. adj. Náuukol sa hang̃in, para nang *máquina* NEUMÁTICA, etc.

NEUTRAL. adj. der. nang *neutro.* Ang walang kiníkiling̃an; ó walang kinágagawîan ang loob na anomang bágay, na mahigit kay sa ibá.

NEUTRALIDAD. f. der. nang *neutral.* Ang pagkawalang kiníkiling̃ang anomang kinágagawîan nang loob na mahigit kay sa ibá; pagkawalang isang pasiyá.

NEUTRO, TRA. adj. gram. Ang ng̃alan nang género nang nombre, na hindî *masculino* ni *femenino*, at inilálakip sa *adjetivo.* || Sa verbo ay ang hindî *activo*, ni hindî *recìproco:* at sa wikang griega at latín ay ang hindî *pasivo.* || Walang kiníkiling̃an.

NEVADO, DA. p. p. nang *nevar*, y adj. Ang maputîng parang busílak.

NEVAR. impers. at sa mang̃á sumúsunod na tiempo at persona làmang ginágamit. ger. nevando: p. p. nevado: pres. ind. *nieva:* imperf. nevaba: perf. nevó: fut. nevará: subj. *nieve:* imperf. nevara, nevaria, nevase: fut. nevare: n. Umulán nang *nieve* ó busílak. || a. met. Paputiin; sabugan nang putî

NEVERA. f. der. nang *nieve.* Lugal na tingalan nang *nieve*, || met. Táhanang lubhang malamig.

NEVERÍA. f. der. nang *nieve.* Tindahan nang *nieve* ó *hielo.*

NEVERO, RA. m. y f. der. ng̃ *nieve.* Ang nagtítinda nang *nieve* ó *hielo.*

NEVOSO, SA. adj. der. nang *nieve.* Laging may *nieve* ó may *hielo;* ó manieve.

NICHO. m. Guang ó kabkab na talagang inihúkay sa pader, at ilagyán nang mang̃á estatua. || Alinmang guang na talagang ginawâ, na lalagyán nang anomán, para nang sa mang̃á *campo santo* ay ang guang na pinaglàlagyan nang bankay, ó pinaglílibing̃ang loob nang batò.||met. Ang lugal ó katunkulan, na karampatang paglagyàn sa isá, ayon sà kaniyang karapatàn.

NIDADA. f. der. nang *nido.* Kapisanan nang mang̃á itlog ò inakay nang isang púgad.

NIDAL. m. der. nang *nido.* Páng̃itlugan; pugarán. || Pang̃atî. || met. Pinagmulàn; ó fundamento nang anomán. || Lugal na pinagpápalagyan at inúurung̃an nang sínoman. || Lugal na pinagtátaguan at pinagùmpukan nang anomán.

NIDIFICAR. n. Magpúgad ang mang̃á ibon.

NIDO. m. Púgad; sálay; páng̃itlugan. || Pinagmulán; ó dahilán nang anomán. || met. Ang *tinubùang* báhay at táhanang sarili nang báwa't isà, at sinásabi: *ang bàhay* ó *báyang* TINUBÚAN, *el patrio* NIDO. || Púgad, ó taguán nang masasamang tawo, at sinásabi: *Ang báhay na iya'y isáng* PÚGAD ó PUGARÁN *nang mang̃à kaululán, esa casa es un* NIDO *de picardias.*

NIEBLA. f. Úlap na mabábâ at makapal. || Sakit sa matá, na ang táwag natin ay *bilig.* || met. Kagulu-

hán at kadilimán, na siyang hindî ikákilalang maigi nang anomán.

NIETO, TA. m. y f. Apó. || met. Ának.; inapò.

NIEVE. f. Busílak ó túbig na namomuô sa lamig at lubhang maputî, na lumálagpak sa lúpâ. || met. Ang malabis na putî nang anomán.

NIMIEDAD. f. Kalabisan; kalalúan; ó kalagposán. || fam. Kauntián. || fam. Kaumirán; kadunĝuán. Gayon ang kahulugang ipinahíhintulot nang kaugalián, bagamán ang pinagbuhatan niya'y lubhang ibá nang kahulugán.

NIMIO, MIA. adj. Lagpós; malabis.||Muntî; walang kakabukabuluhán. || Lubhang masùsî; lagpós na kadiwarâan.=*en sus cosas.* Masúsî at malabis nang kadiwarâan sa kaniyang manĝá bágay.

NINGÚN. adj. y

NINGUNO, NA. adj. neg. Walâ sínoman; walâ anomán; ó anoma'y walâ. || Walang halagang anomán.=*de los presentes.* Sínoma'y hindî sa manĝá kaharap.=*entre tantos.* Walâ sínoman sa madlâ; ó walang halagang anomán sínoman sa madlâ.

NIÑA. f. Bátâng babayi.||Ang itim nang matá; balintatawó nang matá. —*niñas de los ojos.* expr. Ang tawo ó bágay na lubhang pinakamámahal.

NIÑADA. f. der. nang *niño.* Kilos; ó salitâng bàtâ, na alanĝang tingnan sa sinomang may edad.

NIÑEAR. n. der. nang *niño.* Gumawâ nang kílos ó gawang bátâ; na alanĝán sa tawong may ísip na.

NIÑERA. f. der. nang *niño.* Babaying tagapagalágâ nang bátâ.

NIÑERÍA. f. der. nang *niño.* Gawang bátâ. Sinásabi tunkol sa kanilang manĝá paglalarô at pagaaliw. || Kauntián, ò kawalán nang halagá nang anomán. || Salitâ ó gawang walang kahulugàn, ò salîtâ at gawang bátâ.

NIÑETA. f. der. nang *niña del ojo.* Itim nang matá; ó balintatawó.

NIÑEZ. f. der. nang *niño.* Kabataán: ó ang edad nang tawo búhat sa pagkápanĝanak hangang pitong taon, at kaugaliang gamítin hangang sa pagbabaguntawò nang isá. || met. Ang pamulâ ó kaunaunahang panahón nang anomán.

NIÑO, ÑA. adj. Bátâng walâ pang pitong taón. || Ang kákauntî ang nálalaman sa mundó; ó kákauntî ang nálalaman sa anomán. || || met. Ang dalosdalos at tuloytuloy sa anomang màakalâ, na hindî muna isiping mahúsay.=*de la rollona.* Ang tawong may edad na ay ugálî at kilos bátâ pa.=*de teta.* Pásusuhin; sangol.

NÍTIDO, DA. adj. poèt. Malinis; malínaw; maluningning.

NITRAL. m. der. nang *nitro.* Lugal na pinagkùkunan nang *nitro.*

NITRERÍA. f. der. nang *nitro.* Lugal na pinagsísinupan nang *nitro.*

NÍTRICO, CA. adj. der. nang *nitro.* Ang náuukol sa *nitro.* Karaniwang itáwag sa *ácido* na ganitó ang nĝalan.

NITRO. m. Isang bágay na párang salitre, na lubhang gámit sa manĝá *arte* at sa *botica.*

NITROSO, SA. adj. der. nang *nitro.* May hálông *nitro.*

NIVEL. m. Pámatagan; patitis. Nivel. || Kapatagan nang lúpâ. || met.

Lubhang pagkakápantay nang anomán.

NIVELACIÓN. f. der. nang *nivelar*. Pagninivel; ó pagsisiyásat ng̃ kapatagan ò pagkakápantay nang anomàn. || Pagpátag ó pagpapàtag, pagpapantay nang anomàn.

NIVELAR. a. Kilalanin; siyasatin sa pamagitan nang *nivel*, kung pátag ó pantay ang anomán. || Patagin; pantayín ang anomán. || Pagtimbang̃ín. || met. Taglayín ang katowiran at kasukatán sa anomang ginàgauâ.—*Nivelarse á lo justo*. Lumagay sa katamtaman, ó sa katampatan.=*con sus compañeras*. Pumantay sa kaniyang mang̃à kasama.

NO. adv. n. Hindî; huag.

NOBLE. adj. Dugong mahal; mataás na lípî. || Magaling; marang̃al.|| Máginoo.=*de, en linaje*. Lípîng mahal; lípîng ginoó.=*en sus acciones*. Máginoo sa kaniyang mang̃á kílos.

NOBLEZA. f. Kamáhalan; kataasán nang dugô. || Kagáling̃an; kabutihan nang anomán.||Katapatang loob; kamáhalan nang ugálî.

NOCIVO, VA. adj. Masamá; nakasísirâ.

NOCTURNAL. adj. der. nang *nocturno*, y

NOCTURNO, NA. adj. Náuukol sa gabí; ginágawâ sa gabí. || Ang naglàlakad nang nagíisa at láging malunkot. ||m. Alinmàn sa tatlong bahagi nang *maitines*.

NOCHE. f. Gabí. || met. Kaguluhán; kadilimán; kalunkutàn nang anomán.=*buena*. Simbang gabí.=*toledana*. Ang gabing hindî itinútulog nang muntî man.=*y dia*. expr. Lágî; ò áraw at gabi.

NODRIZA. f. Sisíwa; tapapagpasuso.

NOMBRAMIENTO. m. Paghahalal; pagbangit nang ng̃alan. || Nombramiento, ó kasulatang kinátatalaan nang ng̃alan at katunkulang ibinìbigay sa tumátangap nang alinmang *cargo* at *oficio*.

NOMBRAR. a. Tawagin; ó sabihin ang pang̃alan nang sínoman ó nang anomán. || Bangitín; turing̃an. || Ihalal; ó ipalagay ang isá sa anomang katunkulan ó sa ibáng bágay. =*(á alguno) para tal empleo*. Ihalal (ang isà) sa, ó para sa gayong katunkulan.

NOMBRE. m. Ng̃alan, ó pang̃alan; táwag. || Pagkábantog; ò fama. || Bansag; íit.

NÓMINA. f. Listahan nang mang̃á pangalan nang tawo ò nang anomang bágay. || fam. Ang sueldo ò upa sa mang̃á tawo nang isang *oficina*, at karaniwang sabihin: *ngayo'y kinuha námim ang* SUELDO ó UPA, *hoy hemos cobrado la* NÓMINA.

NOMINACIÓN. f. der. nang *nominal*. Paghalal. || Kasulatang kinàtatalaan nang ng̃alan at katunkúlang ibiníbigay sa isang tawo.

NOMINAL. adj. Ang náuukol sa pang̃alan.

NOMINAR. a. Sabihin ang ng̃alan nang sínoman ó nang anomán. || Bangitín, turing̃an.

NON. adj. Gansal. || pl. Ang tawong kapag nakátanging minsan ay mahírap nang magbago nang salitâ. || Ang sunodsunod na pahindî. || Ang mang̃á bílang na gansal.

NONAGENARIO, RIA. adj. Ang may edad na siam na puong

taon; ó bágay na naglálaon nang gayong panahón.

NONAGÉSIMO, MA. adj. Ikasiam na puô.

NONAGONAL. adj. Ang nàuukol sa bílang na siam.

NONÁGONO. m. geom. Ang *figurang* pátag na may siam na sampad at siam na pánulukan.

NONATO, TA. adj. Hindî ipinanganak. Sinásabi sa hindî ipinanganak nang kúsâ, kundî binusbòs nang *cirujano* ang tian nang iná.

NO OBSTANTE. adv. m. Bagamán.

NORIA. f. Lagumbá; ó mákinang pangpanhik nang tùbig sa mangá pinítak. ‖ met. Alinmang bágay ò *negocio,* na walang pakinábang na anomán, ay lubhang malakí ang pagal.

NORIAL. adj. Náuukol sa *noria.*

NORTE. m. Hilàgâ; hílagaan. ‖ met. Patnúgot; tagaákay. ‖ Tungo; tumpá.

NOSOTROS, TRAS. pron. pers. Kamí; tayo; kitá; etc.

NOTA. f. Tandâ; kintal. Ang nakalagay na tandâ sa gílid nang papel na may súlat, at ito'y karaniwang pangpaliwànag ó dagdag sa násusulat na doòn. ‖ Pintás; ó kapintasan sa mangá gawâ nang sínoman. ‖ Pagdidiktá. ‖ Paglilistá nang hindî íbig malimutan at nang máalaala agad.

NOTABLE. adj. Halatâ; pansinin. ‖ Labis nang lakì; dakílâ.

NOTAR. a. Tandaán; kintalán; markakán. ‖ Masdán; halataìn, ó makáhalatá. ‖ Maglistá.‖Magdiktá. ‖ Batiin; libakín ang gawâ nang kàpowâ. ‖ Maníráng puri; notahan.=*con piedra blanca.* Tandaán nang batong putî.=*(à alguno) de indolente.* Notahan ang isá na tamad.=*(la nobleza) en su proceder.* Libakín; pintasán (ang kaginoohan) sa kaniyang pasiyá ó mangá gawâ.

NOTICIA. f. Pagkatahô; pagkákilala nang anomán. ‖ Balítâ; babalâ.

NOTICIAR. a. Ibalítâ; ipagbigay alam ang anomàn. ‖ r. Magbálitaan.

NOTICIOSO, SA. adj. der. nang *noticia.* Nakábalitâ; nakáalam. ‖ Marúnong; matalino.

NOTIFICACIÓN. f. der. nang *notificar.* for. Pagbabalâ sa pamagitan nang *justicia.*‖Pagbabalítâ; pagpapaháyag.

NOTIFICAR. a. for. Babalaìn ng *justicia.* ‖ Magbalítâ; magpaháyag.

NOVECIENTOS, TAS. adj. num. card. Siam na raán.

NOVEDAD. f. Bago; nàbabago; ó bagong litaw. ‖ Kababalaghán. ‖ Pangyayaring nábabago; balítâ. ‖ Sakunâ; ligamgam.

NOVEL. adj. der. nang *nuevo.* Bago, ò baguhan. ‖ Pahat.

NOVELA. f. der. nang *nuevo.* Mangá historia ó salitâng pinagtahítahî lámang na páwang hindî totoó, at karaniwang nangyayárî, ó maáring mangyarî. ‖ Kasinungalingan; pakunuwaring anomàn.

NOVELERÍA. f. der. nang *novela.* Salitâng pinagtahítahî lámang. ‖ Ang pagkáhilig nang loob sa mangà bágay na itó. ‖ Hílig nang loob sa anomang nàbabago.

NOVELERO, RA. adj. der. ng *novela.* Maibigín sa anomang nába.

bago, kasinungaligan at mangá balitâ. || Salawahang loob.

NOVENA. f. der. nang *nueve*, y

NOVENARIO. m. der. nang *novena*. Pagsisiam; pagnonovena.

NOVENO, NA. adj. num. ord. der. nang *nueve*. Ikasiam. Ginágamit namang parang *sustantivo*.

NOVENTA. adj. num. card. Siam na pùô.

NOVENTÓN, NA. adj. der. ng̃ *noventa*. Ang may edad na siam na puong taón.

NOVIA. f. Babaying bagong kasal. Tinátawag din namang gayón ang malápít nang ikasal. || Kasintahan; nilíligawan.

NOVICIO, CIA. adj. der. nang *nuevo*. Baguhan; ó bágong pások sa alinmang *religòn* at hindî pa *profesado*. || Ang nagáaral nang anomán. || Ang lubhang mabínî at maayos sa kaniyang mangá kilos.=*en el mundo*. Baguhan sa mundó.

NOVIEMBRE. m. Ikalabing isang buan nang taón.

NOVILUNIO. m. Bágong buán; ó kamátayan nang buán sa láng̃it.

NOVILLA. f. Bákang bátâ, bùhat sa edad na tatlong taon hangang ánim, at dî mansò.

NOVILLADA. f. der. nang *novilla*. Katipunan nang bákang hindî pa mansó. || Pagpipistang may *juego de toro*, at bátâ ang mang̃á bákang ginágamit.

NOVILLERO. m. der. nang *novilla*. Kural na kùlung̃an nang mang̃á bátâng baka. || Ang nagáalagâ nang mang̃á bátâng baka, na iniwáwalay sa kasamahán.

NOVILLO. m. Torong bátâ na hindî pa mansó. || fam. Ang lalâking pinagtátaksilan nang asawa.

NOVIO. m. Lalaking bagong kasal, ò malapit nang ikasal. Tinátawang din namang gayón ang bagong kapápasok sa anomang katunkulan ó *estado*.

NOVÍSIMO, MA. adj. sup. ng̃ *nuevo*. Bágongbago. || m. Báwa't isá nang mang̃á huling dárating sa tawo, na ito'y ang *kamàtayan*, *paghuhukom*, *infierno* at *láñgit*.

NUBARRÓN. m. aum. nang *nube*. Pang̃anorin; ó dilim na malakí ng̃ ulán.

NUBE. f. Alapaap; pang̃anorin; úlap. || met. Ang kakapalán nang maráming bágay na anomán, na nakadìdilim sa áraw ò sa láng̃it na parang alapaap. || met. Alinmang bágay na nakatátakip sa ibá, na para nang pagtakíp at pagpapadilim nang úlap sa liwánag nang áraw. || cir. Bilig sa matá; kalábâ; ó pílak nang matá na bago pa lámang. || Dumí, ó mansá nang batong mahalagá.

NUBLADO. p. p. nang *nublar*. || m. Pang̃anorin; ó dilim nang ulán. || met. Samá nang loob; kabalisahàn.

NUBLOSO, SA. adj. Balot nang úlap. || met. Saliwâng pálad; abâ.

NUCA. f. Bátok.

NUDILLO. dim. nang *nudo*. || m. Bukó nang dalírî.

NUDO. m. Buhol. || Sa mang̃á káhoy ay ang pinagsáng̃ahán; matá ó bukó. || met. Ang sigalot, ó pagaalang̃án nang paniniwálâ sa anomán. =*gordiano*. Alinmang buhol na suotsuot, ò hindî makalag.

NUDOSO, SA. adj. der. nang

nudo. Maráming buhol; bukuhán; salimuot.

NUERA. f. Manúgang na babayi.

NUESTRO, TRA. adj. y pron. poses. Amin; atin; natin. || m. pl. Ang mangá kasamahàn; kaugalì; kaopisio ó kaisá nang nagsásalitâ nang wíkang itó.

NUEVA. f. Bagong balítâ; ó anomang bàgay na bago.

NUEVAMENTE. adv. m. Bago; hindî nalúluatan. || Ulî.

NUEVE. adj. num. card. Siam. || Ikasiam. || m. Ang número 9.

NUEVO, VA. adj. Bágong gawà; bàgong yárî. || Bagong dinĝig; bágong kita. || Ang dagdag; ò bagong ipinunô sa anomán. || Aralán. || Baguhan.

NUEZ. f. Búnĝa nang *nogal;* ò *nuez*. || Sa lalaki ay ang butong nakalimbutod nang gulonggulungán, na nasa gitnâ nang líig sa may ilálim nang bábâ.

NULIDAD. f. der. nang *nulo*. Kawalán nang katibayan; kawalán nang halagá; ò nang karapatán nĝ halagá; ó nang karapatán nang anomán. || Alinmang kakulanĝán ó pintás, na nakabábawas nang halagá ó pagmamahal sa anomán: v. gr. *Si fulano'y may ilang* KAPINTASAN ó KAKULAÑGÁN, *fulano tiene algunas* NULIDADES.

NULO, LA. adj. Walang halagá; walang kasaysayan. || Hindî dápat dàhil sa anomang sálâ ò kapintasan. || met. Walang kaya; kapós nang ìsip.

NUMERABLE. adj. der. nang *numerar*. Mabibilang; binìbilang.

NUMERACIÓN. f. der. nang *numerar*. Pagbìlang; pagbibílang. || Ang ùnang bahagi nang *aritmética*, na nagtùturô nang pagsúlat at pagbasa nang número. || Paglalagay nĝ número, nang pagkakásunodsunod.

NUMERAL. adj. der. nang *número*. Ang sarili nang bìlang ó número, ó náuukol dito.

NUMERAR. a. Bumílang; bilanĝin. || Lagyán nang número; ó numerohán ang mangá dahon nang librò, balutan ó ang anomán.

NUMERARIO. adj. der. nang *número*, Ang náuukol sa número. || m. Salapî.

NUMEROSIDAD. f. der. nang *numeroso*. Karamihan; kakapalán nĝ mangá bibilanĝing bágay.

NUMEROSO, SA. adj. der. nĝ *número*. Marami; makapal ang bílang.

NUNCA. adv. t. Káilan man ay hindî; ó hindî káilan mang panahón. —*nunca jamás* mod. adv. Hindî magpakailán mang panahón.

NUNCIATURA. f. Ang katungkulang magdalá nang balítâ ninoman sa ibà. || Ang tinàtawag na *tribunal de la Rota de la Nunciatura apostólica* sa España, na ito'y ang húkuman at tàhanan nang *embajador* nang Papa sa *kahariang* yaon.

NUNCIO. m. Ang tagapamalitâ; ó namámalitâ. || Ang súgô, ó *embajador* nang Papa sa báwa't kahariang kristiano. || Sa Toledo ang táwag ay gayón sa *hospital* na pinagkùkulunĝan at pinaggágamutan sa mangà sirâ ang ulô.

NUNCUPATIVO. adj. for. Nĝalan nang testamentong hindî isinúsulat, kundî sinásabi lámang nang bibig sa harap nang limang saksí.

Ginágamit namang parang *sustantivo.*

NUNCUPATORIO, RIA. adj. Kasulatan nang pagaálay sa kangínoman nang isang sinúlat na ginawâ, para bagá nang libró. || Paghahalal na heredero sa isá, ó pagkakaloob nang anomang katunkulan, na nakasúlat sa papel, at gayon ang táwag sa kinásusulatang papel.

NUPCIAL. adj. Ang náuukol ó nátataan sa pagkakasal at sa piging nang kasal. || Náuukol sa matrimonio.

NUPCIAS. f. pl. Ang pagkakasal at pagtatawò sa kasal. || Pagbabalayi.–*Primeras nupcias.* Unang pagaasawa.

NUTRIMENTAL. adj. Ang nakákain; ó makabúbuhay.

NUTRIR. a. Patabaín; palakhín; pakanin. || met. Dagdagán, ó bigyán nang lakàs.||r. Tumabâ; lumakás ang katawán; kumáin. =*con manjares sustanciosos.* Tumabâ sa pagkáin nang mususustansiang bágay. =*de, en buena doctrina.* Lumusog sa mabuting áral.

NUTRITIVO, VA. adj. Ang may bísâng bumúhay; makapagpalakás; makapagpatabâ, etc.

NUTRIZ. f. Sisiwa; tagapagpasuso.

Ñ

ÑAGAZA. f. Pangating ibon. || met. Híbô; sílô; paiáyâ. || Kasinungalingan; katámisan nang dílâ.

ÑAQUE. m. Buntón nang mangã bágay na walang halagá.

ÑOÑERÍA. f. der. nang *ñoño.* Pagkaulianin. || met. Kahinâan.

ÑOÑO, ÑA. adj. fam. Ulianin; mahínâ sa katandaán.

O

OASIS. m. Kapirasong lúpâng malagô, may maràming káhoy at bukal, na karaniwang tumúbô sa gitnâ nang mangà ilang ó desiertong buhangin nang Asia at África. || met. Páhingahan.

OBCECACIÓN. f. der. nang *obcecar*. Kabulagán; kadilimán nang ísip.

OBCECAR. a. Bulagin; padilimín ó palabûin ang ísip ó matá. Ginágamit namang parang *recìproco*.

OBEDECER. a. irreg. como *agradecer*. Sumunod; sundín; pintuhuin; tumalima; umayos sa pasiyá, ó kaibigán nang ibá, etc. = *al superior*. Sumunod sa púnô.

OBEDIENCIA. f. Pagsunod; pamimintuhô; pagtupad. || met. Ang kabanayaran nang háyop sa pagsunod sa nagtúturô at sumúsupil sa kaniyá.

OBEDIENTE. p. a. nang *obedecer*, y adj. Masúnurin.

OBESIDAD. f. Ang tabâ; ó katabaang lagpós nang katawán nang awo.

OBESO, SA. adj. Malagpós ng katabaàn; malunak.

ÓBICE. m. Abala; kasikián; kaabalahán; kapinsalaán: hadlang.

OBJETAR. a. Sumagot, magmatowid.

OBJETO. m. Bàgay na anomàn. || Akálâ; ísip; tungo; túkoy nang paggawâ nang anomán.

OBLACIÓN. f. Álay; hayin; ò paghahayin sa Dios.

OBLIGACIÓN. f. der. nang *obligar*. Katunkulang magbigay ó gumawâ nang anomán; tunkol. || Ang kasulatang kinálalagyan nang pangákô sa pagtupad nang anomán.

OBLIGAR. a. Pilitin; pigipitin. || Hulihin; dakpín ang kalooban nang ibá sa sùyô. = *(al usurpador) á restituir*. Pilitin (ang gumagá) na isaúlî ang ginagá. || r. Mapilitan. || Managot. || Magpilitán.

OBLIGATORIO, RIA. adj. Sápilitan.

OBLONGO, GA. adj. Talohabâ.

OBRA. f. Gawâ. || Yárî. || Lalang;

kapangyarihan; at sinásabi; *sa* LALANG ó KAPANGYARIHAN *nang Espíritu Santo, por* OBRA *del Espíritu Santo.* || Ang pagal na nagúgugol; ó ang panahong ginágamit sa paggawâ nang anomán.

OBRADOR, RA. m. y f. Mangagawâ; ó tagagawâ. || m. Ang *oficina* ó lugal, na pinaggágawan nang mañgá gagawín sa kamay, para nang *oficio* nang mañgá anluage, pandayan, at ibá pang ganganitó.

OBRAR. a. Gumawâ; ó gawín ang anomán. || n. Magkursó dáhil sa gamot na ininom; ó umubrá ang purgá.=*à ley* Gumawâ nang ayon sa katowiran.

OBRERO, RA. m. y f. der. nang *obra.* Ang gumágawâ; magpapaupá; ò trabajador.||Ang nagpápaupa nang araw.

OBSCENIDAD. f. Kahalayan; kalibugan.

OBSCENO, NA. adj. Mahálay; malíbog.

OBSCURECER. a. irreg como *agradecer.* Padilimín; palabûin; dumhán; papañgitin. || r. Magdilim.

OBSCURIDAD. f. Dilim; kadilimán.||met. Kaguluhán.

OBSCURO, RA. adj. Madilim; malàbô; maitim. || met. Guló.

OBSECUENTE. adj Masúnurin; mapagbigay loob; masúyô.

OBSEQUIAR. a. Maghandog.|| Maglinkod; sumunod; sumùyô, at magbigay loob sa kápowâ, lálô na sa mañgà pinùnô. || Hulihin ang loob nang babaying inìirog.

OBSEQUIO. m. Handog. || Paglilinkod. || Súyô.

OBSEQUIOSO, SA. adj. der. ng *obsequio.* Mapaglinkod; mapagbigay; loob; masúnurin.=*con, para con sus padres.* Mapagbigay loob sa kaniyang magugúlang.

OBSERVACIÓN. f. Pagmamasid. || Ang námasdan; ò nákita. || Pagtupad; katúparan nang anomang kautusán, etc. || Báti; pangúsap. || Panunúbok.

OBSERVADOR, RA. m. y f. Mapagmasid. || Maíñgat sa pagtupad nang alinmang katunkulan.

OBSERVANCIA. f. Kagalañgàn. ||Pagtupad; pagsunod nang ganap sa ipinagúutos.

OBSERVAR. a. Magmasid; masdán; malasin.||Tumupad; ò tuparing mahúsay ang anomang katunkulan ó ipinagúutos.

OBSTÁCULO. m. Abala; kapinsalaán; hadlang.

OBSTINACIÓN, f. der. nang *obstinar* y *obstinarse.* Katigasán ñg ulo; pagpipílit na malî. || Katigasán nang anomán. || Pananatili sa kamálian.

OBTINARSE. r. Mamalágî sa sariling pasiyá at akálâ; sumuay; tumútol na huag palamuyot sa iniáaral nang katowiran. Karaniwang sabíhin sa namámalagî at nagpàpakatigas ñg loob sa kasalanan, na áyaw magbagong loob.=*en el error.* Manatiling magpakatigás sa kamalián.=*contra alguno.* Tumútol ó lumabag nang mahigpit sa kangínoman.

OBSTRUIR. a. irreg. como *huir.* Sadhán; pasalan. || r. Masadhàn; mápasalan.

OBTENER. a. irreg como *tener.* Tamuhín; kamtán. || Magkaroón. =*del superior el permiso.* Kamtán

sa púnô ang pahintúlot. || r. Mákamtan; mátamo.

OBTUSO, SA. adj. Pulpol; mapurol; pudpod.||met. Mahìnâng umintindí; mapurol ang ìsip.

OBVENTICIO, CIA. adj. Nagkátaon.

OBVIAR. a. Ilagan; layuán ó ilayô; ilihís; ialís; ó alisín ang anomang nakasásamâ ó nakaáabala. || Umabala; sumikî; sumalansang.

OBVIO, VIA. adj. Ang nákikita. || met. Malínaw; maliwánag.

OCASIÓN. Pagkakátaon. || Dahilang igihawâ nang anomán. || Pangánib. || Kapanáhunan; ó panahong karampatan.

OCASIONAR. a. der nang *ocasiòn*. Maging dahilán nang anomán. ||Bigyang daán na magawá ang anomán. || Humikáyat. || Isapangánib; ò ilagay sa pangànib.

OCASO. m. Paglubog; ó paglib-lib nang alinmang astro.||Kalunuran. met. Kamátayan.

OCCIDENTAL. adj. der. nang *occidente*. Gawing kalunuran, ó náuukol sa kalunuran.

OCCIDENTE. m. Kalunuran.

OCÉANO, ú OCCÉANO. m. Ang dágat na malaking nakalílibid sa lúpà. || met. Ginágamit sa pagsasaysay nang mangá bágay na dî masabi nang dílâ ang lakí.

OCIO. m. Pagpapahingá sa paggawâ. || Pagpapagayongayòn; kapabayaán. || Paglilibang; pagaaliw.

OCIOSIDAD. f. der. nang *ocio*. Pagpapagayongayón; paguusioso.

OCIOSO, SA. adj. der. ng *ocio*. Pagayongayón; walang gawang anomán. || Walang kahulugán; walang halagá.

OCTÁGONO, NA. adj. geom. Figurang pàtag na may walong sampad at walong pánulukan.

OCTAVO, VA. adj. num. ord. Ikawaló. || num. partit. Ikawalong bahagi.

OCTOGENARIO, RIA. adj. Ang may walong puong taong edad.

OCTOGÉSIMO. MA. adj. num. ord. Ikawalong puô.

OCTOSILÁBICO, CA. adj. y

OCTOSÍLABO, BA. adj. May walong sílaba. Sinásabi sa mangá tulâ na ganitò ang súkat nang báwa't talátâ.

OCTUBRE. m. Ikasampuông buan nang taón natin.

OCTUPLAR. a. y

OCTUPLICAR. a. Palakhín ng makàwalo; ó multiplikahín nang *ocho*.

OCULAR. adj. Ang náuukol sa matá; ó matá ang ginágamit sa paggawâ.

OCULTACIÓN. f. der. nang *ocultar*. Paglilingid; pagtatágô nang anomang bágay.

OCULTAMENTE. adv. m. Líhim; palihim. || Patagô.

OCULTAR. a. Itágô; ikanlong; ilingid; ikailâ. || Ipagkait; huag sabihin; ó ipaglihim ang karampátang sabihin.=*(alguna cosa) á, de otro*. Ipagkait; ikanlong (ang anomán) sa ibá.

OCULTO, TA. adj. Tagô; líhim; kailâ.—*en oculto*. mod. adv. Patagô; palihim.

OCUPACIÓN. f. der. nang *ocupar*. Gawâ; abala. || Katunkulan; kaabalahán. || Pagkuha; pagsamsam nang anomán.

OCUPAR. a. Kunin; samsamín;

ang anomán. || Kamtán; tamuhin ang anomán, || Gamitin ang isang lugal, na upán, higàn, lagyán nang anomán, etc. || Tirahán ó tahanán ang isang báhày. || Bigyán nang mágawâ ang sínoman. || Abalahin ang kápowâ. met. Tamohín ang tàngîng paglíngap nang kápowâ.=*(el pensamiento) con, en especies diversas.* Abalahin; gamitin (ang pag-iísip) sa sarisáring bágay.=*(à algu-no) en un trabajo.* Bigyán (ang isá) nang isang màgawâ; pagawín (ang sínoman) nang isang gawâ || r. Gumawâ; magtrabaho nang anomán. || Kumalíngâ nang anomán. =*en trabajar.* Gumawâ; magtrabaho.

OCURRENCIA. f. Pagkakátaon; pangyayáring hindî tinátalaga. || Ang biglang pagbukal sa ísip nang anomán; ò biglang pagsúrot sa ísip.|| Sumpong.

OCURRIR. n. Umágap; magpáuna; sumalúbong. || Mangyari; magkàtaon.||Biglâng sumúrot, ó sumunpong sa ísip ang anomán. || Dumaló sa isang lugal.

OCHAVA. f. der. nang *ocho.* Ikawalong bahagi.

OCHAVADO, DA. adj. der. ng̃ *ocho.* Ang may walong sampad at walong pánulukan.

OCHAVEAR. n. der. nang *ocho.* fam. Gumastà nang untíuntî; magdamot nang labis.

OCHAVO. m. der. nang *ocho.* Salapîng kastílâ, na ang halaga'y kulangkulang na isang beles nang atin.

OCHENTA. adj. num. card. Walong puô.

OCHENTÓN, NA. adj. der. ng̃ *ochenta.* fam. Ang táwong may walong puong taong edad, at ang hindî man umáabot sa gayong edad, sa pagmumukha'y tila mairoón na.

OCHO. adj. num. card. Waló.|| adj. num. ord. Ikawaló. || m. Ang número *ocho.*

OCHOCIENTOS. adj. num. card. Walong daán.

ODIAR. a. Kagalitan; kapootán; ó magàlit; mapoot. || r. Magkágalitan; magtániman.

ODIO. m. Gálit; pagtatanim sa loob.

ODIOSO, SA. adj. der. nang *odio.* Nakagágalit; nakalùlupit; nakapópoot. || Mapagtanim. = *à todos.* Nakapópoot sa tanán.

ODORÍFERO, RA. adj. y

ODORÍFICO, CA. adj. Mabang̃ó.

OESTE. m. Kalunuran.

OFENDER. a. Sumúgat; sumakit; manampalasan; bumugbog sa kápowâ. || Dustaín; alimurahin sa wíkâ ó sa gawâ ang kápowâ. || Makayamot; makarumí. Sinásabi sa mang̃â bágay na masamâ sa ting̃ín ó sa pang̃amoy, para nang masamang amoy ò mahálay na gawâ, etc. =*(al prójimo) de palabra.* Murahin; laitin ang kápowâ. =*en la fama.* Siráan nang puri. || r. Magálit; mapoot; magdamdam sa anomang bágay ó salitâng dî mabuti. || Magpaslang̃an; magsákitan.=*con, de alguna cosa.* Magdamdam sa anomán.

OFENSA. f. Kalapastang̃anan; pagpaslang sa kápowâ. || Pagsakit sa kápowâ. || Pagalipustâ. || Paglabag sa utos nang Dios.

OFENSOR, RA. m. y f. der. nang *ofensa.* Ang dumustâ; umalimura; snmakit; sumúgat ò gumawâ nang masamá sa kápowâ.

OFERENTE. adj. Ang nagáalay; ò naghàhasdog. Karaniwang *sustantivo* kung gamitin.

OFERTA. f. Kapangakuang magbigay, tumupad, ó gumawâ nang anomán, || Álay; handog; alok.

OFICIAL, LA. m. y f. der. ng *oficio*. Ang gumágawâ sa alinmang opisio. || Ang marunong sa kaniyang opisio; dátapua't hindî pa nagíging maestro. || Sa *milicia* ay ang mulâ sa alfèrez na pataás. || Ang *oficial* ò empleado sa isang *oficina*, na na sa ilálim nang pamamahálâ nang isang púnô ó *gefe*.|| Ang *verdugo*. || adj. Katunkúlang gawín; ò *de oficio*, at hindî bágay na *particular*.

OFICINA. f. der. nang *oficio*. Lugal na pinaggágawan nang anomang *oficina*.

OFICINISTA. m. der. nang *oficina*. Ang nápapasok sa isang *oficina*.

OFICIO. m. Ang *oficio;* ó katunkulan nang bálang isá. || Ang dasal na katunkulan sa arawáraw nang mangá párì. || Ang papel na kinàlaagyan nang anomang kautusán ò Ibabalâ nang isang púnô, at yaong pinaglàlagyan namán nang sagot nang pinagpúpunuan, ngunì't úkol na lágî sa kanilang katunkulan ó *cargo*.

OFICIOSIDAD. f. der. nang *oficioso*. Síkap; sípag.

OFICIOSO, SA. adj. Masíkap; masípag; maalágâ. || Mapakialam.

OFRECER. a. irreg. como *agradecer*. Mangákô; iálay; maghandog.|| Maghayin sa Dios. || Managano; mamago. || Ialok; iàlay. || fam. Mások sa tindahan nang álak na uminom doòn. || Ipakita; itanyag. || r. Sumagila; sumalagimsim; ó sumùrot na biglâ sa ísip ang anomán. || Mangyari; magkátaon. || Umálay; umalok ng kúsâ na maglinkod sa kápowâ.=*á alguno*. Umalok na magsilbí sa kápowâ.=*por servidor*. Umálay na maglílinkod.=*de acompañante*. Umálay na sásama.

OFRENDA. f. Álay; hayin; handog na ibinìbigay sa Dios ó sa mangà Santos.

OFUSCACIÓN. f. der. nang *ofuscar*. Panglalàbô nang matá.||met. Kadilimán; ó pagdidilim nang bait.

OFUSCAR. a. Palabûin at bigyán nang ibang kahulugán kaysa talagang sariling kasaysayan.||r. Lumábô; magdilim ang ísip ó ang matá. || Malabûan.

OIDO. m. Pandinig. || Taínga. || Ang butas nang *armas de fuego*, na siyang lalagyán nang seben.

OIR. a. irreg. ger. oyendo: p. p. oido: pres. ind. yo *oigo;* tú *oyes; él oye;* nosotros oimos; vosotros oís; éllos *oyen:* pref. oí; oiste; *oyó;* oímos; oísteis, *oyeron:* impert. *oye* tù; *oiga* èl; *oigamos* nosotros; oid vosotros; *oigan* éllos: subj. pres. *oiga; oigas;* etc: imperf. *oyera; oiria; oyese;* etc: fut. *oyere; oyeres;* etc. Makinyig; duminig; makimatyag. || Dingín; batyagín; pakingàn.=*misa*. Sumimbá.=*de, en confesión*. Kumpisalín. || r. Máringig.

OJAL. m. der. nang *ojo*. Butas nang damit na susuután nang bitones; uhales.

OJALÁ! interj. Káhimanawarî! ¡Ipahintúlot ó ibigin nawâ nang Dios! ¡Mano na! Siyá nawâ ó gayòn nawâ.! ¡Hárì ngâ!

OJALADERA. f. der. nang *ojal.* Babaying maguuhalés.

OJALAR. a. der. nang *ojal.* Maglagay nang uhales; ò maguhales.

OJEADA. f. der. nang *ojo.* Suliap; sílay

OJEAR. a. der. nang *ojo.* Tumítig; tumingín nang maluat sa isang lugal; masdán. || Itaboy; iaboy ang háyop na ipinangángaso. || Bugawin; bumùgaw nang anomán. || r. Mabúgaw.

OJERA. f. der. nang *ojo.* Pangangalumatá; panluluok nang matá. || Pangingitim nang talúkap na ilálim nang matá, na nagpápakilala nang pagkapúyat ò anomang damdam.

OJERIZA. f. der. nang *ojo.* Gálit; poot sa kangínoman.

OJEROSO, SA. adj. der. nang *ojo,* y

OJERUDO, DA. adj. nang *ojo.* Nangíngitim ang ilálim na talùkap nang matá, dáhil sa púyat ó anomang damdam; nangangalumatá; nanglúluok ang matá.

OJETE. m. der. nang *ojo.* Butas na mabílog nang damit, na sinùsuutan nang asintós. || fam. Tumbong; ò butas nang puit.

OJETEAR. a. Maguhetes; ó maglagay nang uhetes.

OJIALEGRE. adj. Ang masayá ang matá, buhay at maliksì

OJIZARCO, CA. adj. Azul ang matà; ó bulagaw.

OJO. m. Matá. || Butas nang karáyom, ne pinagsúsuotan nang sinúlid.||Butas nang palakol, at ibá pang ganganitó. || Ang nakalútang na patak nang langìs sa túbig. || Ang *arco* nang tulay. || met. Ang íngat; ò alágâ sa anomàn. || Ang báwa't isà ng guang nang loob nang tinápay ó *queso,* Ang báwa't isá nang síwang nang pagkátahî nang lambat.

OLA. f. Alon; dalúyong.

OLAJE. m. der. nang *ola.* Pagkakásunodsunod nang alon.

OLEADA. f. der. ng *ola.* Malaking alon, at mabilís. || met. Galaw; ó kiaw nang maraming tawo. || Gùlong, ó salpuk nang alon.

OLEAGINOSO, SA. adj. Malangìs.

OLEAGE. m. der. nang *ola.* Pagkakásunodsunod nang alon.

OLEAR. a. Pahiran uang santo óleo ang may sakit.

ÓLEO. m. Langís. || Ang santo óleo na ginágamit nang mangá Párì sa mangá *sacramento* at ibá pang *ceremonias* sa simbahan. Karaníwang plural na gamitin, at sinásabi: *santos óleos.* Kun singular, ang *Extramauncion,* ó pagpapáhid nang Santo óleo sa may sakit.

OLEOSO, SA. adj. der. ng *óleo.* Malangís.

OLER. a. irreg. pres. ind. yo *huelo;* tú *hueles;* el *huele;* ellos *huelen;* imperat. *huele;* tú; *huela;* él; *huelan;* éllos; subj. pres. *huela; huelas;* etc. Máamoy; amuyán. || met. Mátuklasan; málaman ang anomang nakalíhim.|| n. Umamoy; umalingásaw ang bangó ò bahô nang anomán.=*á rosas.* Magamoy rosas.

OLFATEAR. a. Amoyamoyán. || met. y fam. Siyasatin; tiktikán; batbatang matamán. || r. Máamuyan.

OLFATO. m. Pangamoy; iniàamoy.

OLFATORIO, RIA. adj. der. ng

olfato. Náuukol sa pangamoy.

OLIMPIADA. f. der. nang *olimpia*. Pagpipistang kaugaliang gawín nang mangá griego sa tuwing ikàpat na taón sa *ciudad* nang Olimpia.

OLIMPO. m. poèt. Lángit. ‖ met. Ang katáasan ó karángalan nang mangà bágay.

OLISCAR. a. Amoyamoyán nang mahúsay, at hanapin nang pangamoy ang anomán. ‖ met. Siyasatin; tiktikàn ó pagpililang matahô ang anomàn. ‖ n. Magkaamoy; ó magmulang bumáhô ang anomán.

OLIVAR. m. der. nang *olivo*. Lugal na maraming tanim na púnô ng *olivo*.

OLOR. m. Amoy. ‖ met. Pagása. ‖ Pangákô; pagaálay nang anomán. ‖Ang dahilang ipinaghíhinalâ sa anomang nálilingid; ó bago pa lámang mangyáyaring bágay. ‖ met. Pagkábantog; ò *fama*

OLOROSO, SA. adj. der. nang *olor*. Masangsang ang amoy; maamoy. ‖ Mabangó.

OLVIDADIZO, ZA. adj. der. ng *olvidar*. Malilimutín. = *Hacerse olvidadizo*. fr. Magbalóbalông malilimutín.

OLVIDADO, DA. p. p. nang *olvidar*. adj. Nalimutan; ó nalílimutan.

OLVIDAR. a. Malimutan; makalìmot; limutin. ‖ r. Makalimot. ‖ r. Maglimután ang dalawang nagíibigan. = *de la lecciòn*. Makalímot ng lisión.

OLVIDO. m. Pagkalímot. ‖ Paglímot; ó pagkapáwî nang pagmamahal na dáting tinàtaglay sa anomàn.

OLLA. f. Palayok; balangâ; etc. ‖ Lauya; ò *puchero*. ‖ Ipoipo; ulîulî.

OLLAZO m. der. nang *olla*. Hampás; umpog nang palayok.

OLLERÍA. f. der. nang *olla*. Ang pinaggàgawan; ò pinagtítindahan nang palayok. ‖ Ang kapisanan nang palayok at ibà pang sisidlang lúpâ.

OLLERO. m. der. nang *olla*. Magpapalayok.

OLLETA. f. der. nang *olla*, y

OLLICA, TA, ú OLLUELA. f. der. nang *olla*. Palayok na muntî. ‖ Sinduksindukán.

OMBLIGO. m. anat. Púsod. ‖ Ang úbod, ó gitnâ nang anomang bágay.

OMBLIGUERO. m. der. nang *ombligo*. Ang pamigkís sa púsod nang bátâng bagong panganak, at nang manirá ang tápal, hangang sa matuyông mabuti ang púsod.

OMISIÓN. f. der. nang *omitir*. Kakulangán nang pagtupad nang anomán. ‖ Katámaran; kapabayaán.

OMISO. p. p. irreg. nang *omitir*. y adj. Tamad; pabayâ.

OMITIR. a. Pabayâan; huag gawín. ‖ Ligtaán; lisanin. ‖ r. Mapabayâan; máligtaan.

OMNIPOTENCIA. f. Lubós na kapangyarihan sa anomán; ó kapangyarihan sa lahat. Bágay na sarili lámang nang Dios.

OMNIPOTENTE. adj. Makapangyáyari sa lahat; ó lahat magàgawâ. Kapangyaríhang sarili nang Dios.

OMNISCIO, CIA. adj. Maálam nang lahat.

OMOPLATO. m. anat. Butó ng paypay.

ONCE. adj num. card. Labing isá. ‖ Kung minsa'y ginágamit na

adj. num. ord. Ikalabingisá. v. gr. Á ONCE *del mes actual*, IKALABINGISÁ nang buang lumalákad. || m. Ang número 11.

ONCENO, NA. adj. der. nang *once*. Panglabingisá; ikalabingisá.

ONDA. f. Alon.

ONDEADO, DA. p. p. nang *ondear*, y adj. Alonalón.

ONDEAR. n. Umalon; suminpok. || r. Pumagápagaypay sa hihip ng hangin ang anomang nakabitin, para nang isang bandilâ, etc.

ONEROSO, SA. adj. Mabigat; mahírap.=*á para uno*. Mabigat sa isá.

ONZA. f. Ikalabing ánim na bahagi nang isang librá. || Panimbang na gayòn ang ngalan. || Salapî, na ang halaga'y labing ánim na piso. || Isang háyop na ápat ang paá, na gayón ang táwag.

ONZAVO, VA. adj. Ikalabing isang bahagi nang anomàn Karaniwang lá'ong gamiting parang *sustantivo*.

OPACO, CA. adj. Ang hindî matagós nang liwánag, na hindî paris nang *diàfano*, na ito'y ang nangánganinag. || Madilim. || met. Malunkot.

ÓPALO. m. Isang *claseng* batong putî at matigás.—*òpalo noble*. Batong mahalagá na *ópalo* rin, dátapua'y may sarîsaring kùlay na maririkit sá loob.

OPCIÓN. f. der. nang *optar*. Ang kapangyarihan; ó kalayaang makagawâ ó makapagpalagay nang anomán; ó karapatang maipalagay sa anomang katunkulan.

ÓPERA. f. Komediang nakalagay sa tugtògin; ó inihúlog sa tugtog.|| fam. Alinmang gawang suotsuot at malàwig, maging yàrî man nang kamay ó nang ísip.

OPERABLE. adj. der. nang *operar*. Magágawâ.

OPERACIÓN. f. der, nang *operar*. Paggawâ. || Gawâ.

OPERARIO, RIA. m. y f. Ang nagtátrabaho, ó gumágawâ sa alinmang *oficio*.

ÓPIMO, MA. adj. Sagánâ; mamalagô; masarap.

OPONER. a. irreg. como *poner*. Salangsangín; salongatín. || Isalangsang. || r. Sumalangsang.

OPORTUNIDAD. f. Kapanáhunan; ó mabuting panahón, at lugal na igawâ nang anomán.

OPORTUNO, NA. adj. Ang ginágawâ, ó nangyáyari sa karampatang panahón, at kun kailán bágay na gawín ò mangyari.||Akmâ; agpang. =*al, para el logro*. Agpang sa pagkakamit.=*en las rèplicas* Akmâ; agpang na sásagot.

OPRESIÓN. f. der nang *oprimir*. Paginís. || Paghigpit. || Pighatî. || Pagkaalipin.

OPRIMIR. a. Uminís; magpahírap. || Higpitín, pitisin; pigaín ang anomán. || Pagpighatiín. || Alipinin.=*con su autoridad*. Inisín nang kaniyang kapangyarihan.

OPROBIO. m. Dustâ; ó kadustaán; kapalibhasaán; kasiraán nang puri. || Pagpalibhásâ; sipháyô.

OPROBIOSO, SA. adj. der. ng *oprobio*. Nakadúdustâ; nakasísirâng puri.

OPUESTO, TA. p. p. irreg. nang *oponer*, y adj. Laban, ó nàlalaban; násasalungat.

OPUGNAR. a. Salungatín; salansañgín nang boong lakás. || Salakayin ang isang plaza.

OPULENCIA. f. Kasaganâan nğ pagaárî. || Kayamanan.

OPULENTO, TA. adj. Mayaman; masagánâ sa pagaárî.

ORACIÓN. f. der. nang *orar.* Pagsasalitâ; paghahánay nang matowid sa harap nang madlâ, úpang malamúyot silang gumawâ nang anomán. || Lúhog; daing. || Dasal; panalañgin.

ORAR. n. Magsalitâ sa harap nğ madlâ, na sila'y lamuyutin ó pahinuhurin sa anomán; hulihin ang kanilang kalooban. || Manalañgin; magdasal. || a. Ilúhog; ipakiúsap.=*en defensa de uno.* Ipagtangol ang kápowâ sa harap nang madlâ sa kabagsikan nang masarap na pananalitâ.=*por los difuntos.* Ipanalañgin ang mañgá patay.

ORATE. com. Sirâ ang ísip; ulol. || Tawong maiklî ang ísip.

ORBE. m. Kabilugan; bílog.||Ang mundó; ó ang sangsinukuban.

ORBICULAR. adj. der. nang *orbe.* Mabílog; bilog.

ÓRBITA. f. Ang húkay na kinásisidlan nang matá.

ÓRDEN. amb. Saysay; húsay nğ pagkálagay nang anomán; taluntón; talátag. || Regla: ó paraang tinùtunton sa paggawâ nğ anomán. || Pagkakásunodsunod nang mañgâ bágay.|| Utos; ó kautusán. || Ikaánim na *sacramento* nang Santa Iglesia.—*En órden á.* Úkol sa; tunkol sa.

ORDENANDO. ger. nang *ordenar.* m. Ang malápit nang maggrado; ò tumangap nang pagkapárî.

ORDENAR. a. Husayin; ilagay sa katampatan ang anomán; || Magutos; magbilin nang anomang bágay. || Abután nang grado; ó pagkapárî. || r. Maggrado; magpárî.—*Ordenar, y ordenarse de sacerdote.* Ordenan at magórden nang pagkapárî.=*eu filas.* Husaying ifila.

ORDEÑADERO. m. der. nang *ordeñar.* Palayok; ó bañgâng gatasán.

ORDEÑADOR, RA. m. y f. der. nang *ordeñar.* Ang gumágatas sa háyop.

ORDEÑAR. a. Gumatas; ó gatasan ang háyop.

ORDINARIO, RIA. adj. Karaniwan; kalakarán; kaugaliang mangyari. || Hámak; walang halagá. || Ang hukom nang isang *provincia.*

OREAR. a; Pahañginan; iyangyang 'sa hañgin ang anomán. || Patuyuín sa hañgin. || r. Magpalamig; ó lumabás sa báhay at nang makátangap nang hañgin.

ORECER. a. irreg. como *empobrecer.* fam. Gintoín; ó gawing gintô.

OREJA. f. Tainğa. || Pandiñgig. || met. Ang gawang maghibohíbô sa kápowâ, maghatid dumápit at magsitsit.

OREJEAR. n. der. nang *oreja.* Pagalawgalawín; ó ipagaypay nang háyop ang tainğa. || met. Gawín ang anomán nang masamâ sa loob.

OREJUDO, DA. adj. der. nang *oreja.* Ang bàgay na may tainğa. || Ang may malakí at mahàbâng tainğa.

OREO. m. Símoy nang hángin; hañging marahan na sumásagilang nagpàpatuyô sa anomán. || Lugal na

yangyangan.

ORFANDAD. f. Pagkaulila. || met. Ang kawalang magampón.

ORGANERO. m. der. nang *órgano*. Ang mangagawâ at nagkúkumpuni nang òrgano.

ORGANISTA. com. der. nang *òrgano*. Ang may opisiong tumugtog nang órgano.

ORGANIZAR. a. Timplahín at husayin; arreglahín ang anomán.

ORGULLO. m. Kapalalûan. || Kaliksihán.

ORGULLOSO, SA. adj. der. ng̃ *orgullo*. Paláló. = *con, de, por su caudal*. Ipinagpápalalô ang kaniyang yaman. = *en el aspecto*. Paláló sa hitsura.

ORIENTAL. adj. der. nang *oriente*. Ang nauukol sa sílang̃anan.

ORIENTE. m. Ang bagong pagsipot; ò paglitaw nang anomán. || Sílang̃anan; silang̃an. || Hang̃in sa áraw. || met. Ang kabataán nang tawo.

ORIFICIO. m. Butas.

ORIGEN. m. Pamulâ; pinagbuhatan; ugat; ó pinangalíng̃an nang anomang bágay. || Ang báyang tinubûan nang isá; ó pinagbuhatan ng̃ kaniyang ának. || Ang ának; ó mang̃á núnông pinangaling̃an. || met. Pamulâ; ó dahilán nang anomán.

ORILLA. f. Ang tabí; hangà; ó gílid nang anomán. || Laylayan nang damit ó kayo. || Pangpang; palanas; baybay. || Píling; ó tabí nang daán. || Hang̃ing marahan at lubhâng malamig, na parang sumùsuot hangang butò, at niwíwikâ: LUBHANG MALAMIG *ang sumìsimoy* NA HÁÑGIN, *corre* MALA ORILLA. || met. Hangahan; katapusán nang anomàn.

ORILLAR. a. met. Tapusin; husayin ang anomán. || n. Magdaàn sa tabí; mang̃ilid. || a. Iwanan nang gílid ang kayo. || Tutupán ang gílid nang kayo.

ORILLO. m. Gílid nang depanyo, na karaniwang magaspang kay sa kabuoàn.

ORÍN. m. Kaláwang. || met. Dung̃is nang puri, kàluluwa, etc. || pl. Íhî.

ORINA. f. Íhî.

ORINAL. m. der. nang *orina*. Iihán.

ORINAR. n. der. nang *orina*. Umíhî; manubíg. Ginágamit kung minsang parang *activo*, halimbáwâ: UMIHÎ *nang dugô*, ORINAR *sangre*. || r. Máihî; mápanubig.

ORINECERSE. r. irreg. como *agradecer*. Kalawang̃in; mabálot ng̃ haláwang.

ORINIENTO, TA. adj. der. ng̃ *orín*. Kalawang̃in; balot nang kaláwang.

ORIUNDO, DA. adj. Túbô; búhat; gáling sa isang lugal na alinmán.

ORLA. f. Pamuting inilálagay sa laylayan nang damit. || Uriá.

ORLAR. a. Pamutihan ang gílid ó laylayan nang anomán.

ORNAMENTAR. a. Pamutihan; hiyasán; gayakán.

ORNAMENTO. m. Pamuti; gayak. || pl. Ang mang̃á kasankápang ginágamit nang mang̃á Parî sa loob nang simbahan. || met. Ang mang̃á ugálî at mahùsay na gawî nang tawo, na siyang ikinágigiliw sa kaniyá ng̃ kápowâ.

ORNAR. a. Pamutihan; hiyasán; gayakán.

pinagúusapan ay buhok. || Alahas; ó mangá hiyàs na gintô nang babayi. || met. Ang kayamanan. =*de copela*. Gintông dalisay.

OROPEL. m. Aropel; oropel.|| met. Ang bágay na walâ mang kabuluhán ay pinapagkákahalaga dáhil sa kapalalûan ó nang makáulol sa kápowâ. || Ang mangá salitâng mataginting at maiínam, na walang kahulugán. || met. Ang mangá pamuti at hiyás na suot nang isá.

OROPELERO. m. der. nang *oropel*. Magaaropel.

ORQUESTA. f. Ang katipunan nang mangá *músicong* tumútugtog sa isang kòmediahan, ó sa isang *concierto*.

ORTIGA. f. bot. Lípá; lípay.

ORTODOXO, XA. adj. Kristianong sumásampalataya nang matíbay sa mgá áral nang Santa Iglesia, *católica, apostólica romana*. || Gayon din ang táwag sa mangá bágay, na náuukol sa Santa Iglesia romana.

ORTOGRAFÍA. f. Arteng nagtúturô nang mahúsay at karampatang pagsúlat nang mangá pangungúsap, at nang kun basahin ay lumabàs ang tùnay na tunog at kahulugán nang isinúlat.

ORTÓGRAFO. m. der. nang *ortografia*. Ang nagtùturô at bihasa nang ortografía.

ORTOLOGÍA. f. Arteng nagtùturô nang pagbigkàs, ó pagsasalitâng magaling nang mangá pangungúsap.

ORUGA. f. Uod na sumísingaw sa mangá dahon nang halaman, at kadálasa'y naninirâ nang dahon, at siyang nagiging paroparò.

ORZUELO. m. Gulìtí. || Patibong na panghuli nang ibon, dagâ ó ibang hàyop.

OSADÍA. f. Kapangàhasan.||Banal na kaningasan at lakás nang loob.

OSADO, DA. adj. Pangahàs.

OSAR. n. Mangahás. || m. Húkay na lalagyán ó taguán nang butó ng pàtay.

OSARIO. m. Húkay ó balòn na pinaglálagyan at pinagtítingalan nang mangá butò nang patay. || Alinmang lugal na may butó nang tawo.

OSCILACIÓN f. der. nang *oscilar*. Yanig; ugoy; ginibanggíbang.

OSCILAR. n. Umugoy; umindáyog. || Manginig; mangatal.

ÓSCULO. m. Halik.

OSCURAMENTE. adj. m. Madilim. || Maguló; suotsuot. || Mahálay.

OSCURECER. a. irreg. como *agradecer*. Padilimìn; labûan; palabûin. || met. Papangitin; sirâin ang halagà at ínam nang anomàn. || met. Palabûin; padilimín ang katutuhanan ó katunayan nang anomán, at ng huag mákilala; ò maging tila ibá. || impers. Gumabí; dumilim. || r. Mawalâ ang anomán.||Magdilim; dumilim; mangulimlim; lumábô.

OSCURIDAD. f. Kadilimán. || Kasukalan nang gúbat ò bundok.|| met. Ang abâ at mabábâng pinagbuhatan nang anomán, lálô na ang sa láhî. || met. Kadilimán nang ísip. || met. Kaguluhán ó kadilimang magsaysay nang sinásabi ó sinúsulat.

OSCURÍSIMO, MA. adj. sup. ng *oscuro*. Lubhang madilim; madilim na madilim.

OSCURO, RA. adj. Madilim. || met. Hindî kilalá ang pinangalingan: nagbúhat sa abâ at mabábâng làhî.

|| met. Malábông magsaysay nang anomang sinásabi. || pint. Maitim; ò maitimitim.||Ang halos hindî mákita.

OSIFICARSE. r. Maging butó.

OSTENSIÓN. f. Pagpapahàyag; ó pagpaparangalan; ó pagpapakita ng anomán.

OSTENSIVO, VA. adj. Mapagpakita; mapagparangalan nang anomán.

OSTENTACIÓN. f. der. nang *ostentar*. Pagpapakita; pagpaparangalan; pagpapaháyag. || Karángalan; ò karíkitang litaw.||Pagmamarikit.||Pagpapalalô.

OSTENTAR. a. Ipakita; ipaháyag; ilitaw ang anomàn at nang panuurin nang ibá ang ínam. || n. Ipagmagaling; ipagpalalô; ipagmarikit ang anomán.

OSTENTATIVO, VA. adj. Mapagparangalan; mapagmarikit.

OSTENTOSO, SA. adj. Marilag; dakílâ at dápat tanhalín.

OSTRA. f. Talabá.

OSTRAL. m. der. nang *ostra*, y

OSTRERA. f. der. nang *ostra*. Lugal na matalabà; ó pinagáalagâang talagá nitó.

OSTRO. m. Talabá. Sa ibang lugal ay tinátawag na *ostrones*, at kung minsa'y *ostiones*. || Habágat na hangin.

OSUDO, DA. adj. der. nang *hueso*. Butuhàn; ó maráming butó.

OTORGAR. a. Pahinúhod; tumangap; tumangô sa hiníhingî; ò itinátanong nang kápowa. || for. Mangákô; umamin; makipagkásundô sa harap ò sa pamagitan nang may kapanyarihan, na tútupad nang anomán. || for. Gumawâ nang anomang kasulatan sa harap at pamagitan ng may kapangyarihan.

OTRO, TRA. adj. Ibá; isá.—*otro que tal*. loc. fam. Kamukhâ; pagkakámukhâ.

OTROSÍ. adv. m. Bukod sa rito. || m. for. Alinmán sa mangá kahíngian sa *escrito*, na isinúsunod sa pinaká*principal*.

OVAL. adj. Taluhabâ.

OVALADO, DA. p. p. nang *ovalar*. Taluhabâ; tabas itlog.

OVALAR. a. der. nang *oval*. Taluhabaín ò gawing taluhabâ.

OVEJA. f. Tupang babayi.

OVEJERO. m. der. nang *oveja*. Pastor nang tupa.

OVEJICA, LLA, TA, JUELA. f. dim. nang *oveja*. Tupang muntî.

OVEJUNO, NA. adj. der. nang *oveja*. Náuukol na mangá tupa.

OVILLAR. a. der. nang *ovillo*. Kumidkid; ó magbola nang sinúlid, sutlâ, etc. || Bumílot nang anomán. || r. Mabílot.

OVILLO. m. Bola; ó íkid na mabilog nang sinúlid ò sutlâ. || met. Bágay na gusot at nabíbilot.

OVÍPARO, RA. adj. Ang háyop na gáling sa itlog, at nangingitlog namán.

OXEAR. a. Bugawin ang mangá manok at ibá pang háyop, na kaugaliang ináalagâan sa báhay.

OXTE. interj. Layô; ílag; sùlong. —*Sin decir oxte ni moxte*. fr. Walang kibokibô; walang pasintábî.

OYENTE. p. p. nang *oir*. adj. Ang nakíkinyig nang sinásalitâ; nanánainga.

P

PABELLÓN. m. Ang bubong na lona ó kàyong makapal, na mabílog sa ibabâ at maluang, at ang gitnâ ay pataas na matulis, at siang kinàtutukuran nang halíging káhoy: ito'y gámit nang mañgá sundalo sa *guerra*. at nang mañgá naglálakad sa ilang, at ang mañgá gilid nito'y sa estáká itinátalî. || Kulambô. || Bandílâ nang kaharián, na iwináwagayway sa mğá tribunal at ibá pang báhay nang hárî.

PÁBILO. m. Mitsá nang kandílâ.

PACER. a. irreg. como. *nacer*. Pastulan ang háyop. || n. Mañgináin nang damó ang háyop. Maraming *gramáticos* ang nagpápalagay na *defectivo* dî umanó ang verbong itó. Ang minámatuid ay dáhil sa dî raw masásabi nang tawong *yo* PAZCO, *ako'y* NAÑGIÑGINAIN; ñgunit; ¿hindî bagá madalás nating mákita sa mañgá *fábula*, na ang mañgá háyop ay pinapagsásalitâ? kung gayo'y ¿anong dî ikapagsàsabi nilá nang *yo* PAZCO ò NOSOTROS PACEMOS?

PACIENCIA. f. Pagtitiis: kabánalang nagtútúrô nang pagbabatá nang anomang kahirapan, karálitaan, kamurahán at karuwahaginan. || Kabagalan, ó kaluatán sa paggawâ nang anomang dápat gawìn agadagad.

PACIENTE. adj. der. nang *paciencia*. Mapagtiís; mapagbatá. || m. May damdam; may sakit.

PACIFICACIÓN. f. der. nang *pacificar*. Pagtahímik; pagpayápâ.||Kapayapaán; katahimikan.

PACIFICADOR, RA. m. y f. Mámamayapâ; pumayápâ nang anomang gulô ó sigalot.

PACIFICAR. der. nang *paz*. Payapâin; patahimikin.

PACÍFICO, CA. adj. der. nang *paz*. Tahímik; walang kibô; maibigín sa kapayapaán. || Ang walang ligálig sa kaniyang kalágayan.||Payápâ.

PADECER. a. irreg. como *agradecer*. Damdamín; magdamdam; magtiís nang anomang sákit, ó sakit, kasiraán, etc.=*por Dios*. Magtiís; ó magkasákit alangalang sa Dios.

PADECIMIENTO. m. Pagtitiís; pagdaramdam. || Damdam; sákit.

PADRASTRO. m. der. ng *padre*. Amaín sa pakinábang, ó asawang kaulî nang inà.||met. Alinmang kaabalahán; ó dahilang nakasísikî ó nakasísirâ sa anomán.||Salinsing nang dalírî; ò ang balat sa tabí nang kukò nang kamay, na, namámaligtad at masakit.

PADRE. m. Amá; tàtay; tata. || met. Alinmang bágay na pinangalingan; ó pinagbuhatan nang ibá. || met. Ang umáampon at nagkákalingang parang amá sa isá. || Ang párî, ay tinátawag namang gayon din, tandâ nang paggálang sa kanilá. || pl. Ang amá at iná. || Ang kànunuan.

PADRINO. m. der. nang *padre*. Ináama. || met. Ang umáabuloy; tumùtulong sa isá sa kaniyang mangá akálâ, hangad, paghúsay ó pagkápanuto sa anomán.

PADRÓN. m. Listahan nang tawong tumátahan sa isang bayan. || Malaking haliging batò na 'may súlat, na nagpápaalaala nang anomang pangyayaring litaw. || met. Ang kapintasang hayag; ò kasiraang puring nálalagak sa alaala nang madlá, na nagbúhat sa anomang gawang masamâ. || fam. Ang amá, na malabis magmahal at magpaláyaw sa kaniyang mangá anak.

PAGA. f. Pagbabáyad. || Báyad.|| Upa; kaupahán. || Sueldo sa isang buán. || Ganting paggìliw at ibá mang bágay na mabuting gawâ.

PAGADERO, RA. adj. Ang bábayaran sa isang táning na panahón; ó madaling bayaran. || m. Ang panahòn, ó táning, na ipagbábayad nang útang; ó nang kasalanang nágawâ.

PAGADO, DA. p. p. nang *pagar*. adj. Kaayaaya; kawiliwili.=*de sí*. fr. Palàbô; hambog.—*Estamos pagados*. Impás na tayo.

PAGAMENTO. m. Pagbabáyad; ó pagbibigay nang upa. || Pamamáyad.

PAGANISMO. m. der. nang *pagano*. Kapisanan nang mangà dî binyagan.

PAGANO, NA. adj. Ang sarili, ó nàuukol sa mangá hindî binyagan. || m. Ang tumitira; naníniraban sa párang. at bihírang umowî nang bayan. || Hindî binyagan. || fam. Ang nagbáyad ó gumastá sa isang paglulùpong ó sámahan, nang lahat ng ginámit ó kináin nang ibá.

PAGAR. a. Magbáyad.||met. Magdusa dàhil sa nágawang kasalanan. || Gumanting loob.—*en oro*. Bayaran nang gintô.—*con, de su dinero*. Bayaran nang salapî niyá.=*por otro*. Ipagbáyad ang ibá.=*al contado*. Bayaran nang káliwâan; ó kaliwaán ng salapî.=*de contado*. Bayarang agad-agad.—*Pagarse con, de buenas razones*. Máhuli ang loob; mahíbô; ó mahikáyat sa mabuting pangangatowiran.

PAGARÉ. m. Papel na kinásusulatan nang útang at katunkúlang pagbabáyad nitó, sa isang tàning na panahón.

PÁGINA. f. Mukhâ nang dahon nang libró.

PAGO. m. Bàyad; pagbabáyad.|| Gantí.

ORNATO. m. Pamuti; gayak.

ORO. m. Gintô. || met. Ang kúlay nang gintô. Làlô na kung ang

PAGODA. f. Simbahang kinálalagyan nang mañgá anito nang hindî binyagang mañgà taga Sunsong, Siam at India. Tinátawag ding gayón ang mañgá anitong sinásamba doón.

PAIS. m. Kahariàn; *provincia;* báyan; ó lugal. || pint. Ang pintá nang mañgá lugal, tawo, at báhay sa parang, baybay dágat, etc.

PAISANO, NA. adj. der. nang *pais*. Kababayan; ka*provincia*. Tinátawag nang mangá militar na paisano ang tunkol hindî sundalo, sa mañgá lugal nilang dinádaanan ó hiníhintuan.

PAJA. f. Giniikan; dayami; kugon; ó pinagyagitán nang anomang damó. || met. Alinmang bágay na magaán. || mer. Pinagpilîan nang anomán. || pl. Hindî hùhuli; gayon din namán: v. gr. *Si Piô ay lubhang matápang, Pio es muy valiente;* at ang sagot: *at si Juan ay* HINDÎ HÚHULI; *pues Juan* PAJAS.

PAJAR. m. Taguán; ó lalagyán nang ginikan. || Báhay giniikán.

PAJAREAR. a. der. nang *pájaro*. Mañgibon. || met. Gumayonggayón.

PAJARERA. f. der. nang *pájaro*. Háulang malakí na pinagkúkulungan nang íbon.

PAJARETA. f. V. PAJARERA.

PAJARERO. m. der. nang *pájaro*. Magiibón; ó nangángalakal ng ibon.

PAJARILLA. f. Himpakhimpakàn. Láló na ang sa báboy.

PÁJARO, RA. m. y f. Ibon. Lalonglálô na ang mumunting íbon, na para nang maya, púgô, lañgaylañgayan, etc. || met. Maíngat; matalas at matalim ang ísip.

PAJE. m. Alílang lalaki na ang tunkol ay sumamasama sa pañginoón, umasisté sa mesa, at ibá pang gawang báhay, na malinis kaysa ginágawâ nang ibang alilâ.

PAJERO, RA. m. y f. der. nang *paja*. Ang nagháhatid, ó naglálakô nang dayami.

PAJIZO, ZA. adj. der. nang *paja*. Ang balot nang giniikan; ó bágay na pulós na giniikan. || Ang kúlay giniikan.

PAJUELA. f. dim. nang *paja*. Mitsà ó anomang bágay na inilubog sa lañgís, azufre, etc., na ipinagpáparikit nang apoy ó pansindí nang anomán.

PALABRA. f. Salitâ; pañguñgúsap; wikâ. || Pañgákô; ó katibayan nang pañgákô.=*de Dios* ó *divina*. Ang Evangelio; Santong kasulatan, mañgá sermón at áral nang mañgá Párî.=*ociosa*. Ang walang tinítiyak na tuñgo, at sinásalitâ lámang úpang makaraán ang panahón ó malibang. =*pesada*. Ang wíkâng masakit ò mabigat.=*preñada*. Wíkâng may lamán.

PALABRADA. f. der. nang *palabra*. Pagwiwíkâ; pagláit; pagmumurá.||Pagsasabi nang mahálay, ó hindî dápat.

PALABRERÍA. f. der. dang *palabra*. Karamihan nang salitâ na páwang walang kapararakan.

PALABRERO, RA. s. y adj. der. nang *palabra*. Masalitâ, ó madaling mañgákô ay hindî namán marúnong tumupad.

PALABRIMUJER. m. Lalaking *voces* babayi.

PALABRITA. f. dim. nang *palabra*. Wíkâng nanúnuot sa púsô, at

sinásabi: *binuluñgàn ko siyá nang mañgà ilang* WÍKANG NANÚNUOT SA BUTÓ Ò SA PÚSÔ, *le dije cuatro* PALABRITAS *al oido.*

PALABROTA. f. der. nang *palabra.* Wikâng masamâ ò bastós.

PALACIEGO, GA. adj. der. nang *palacio.* Ang nátutunkol sa *palacio.* || m. y f. Ang naninilbihan; ó tumítira sa *palacio* at nakaáalam nang mañgá kaugalián doón.

PALACIO. m. Báhay na tàhanan nang Hárî.||Alinmang báhay na malakí at batbat nang yaman, na tinítirahan nang mañgá mahal na tawo. || Ang báhay na pinagpañganakán sa isang lípîng mahal at nilakhán niyá.

PALADAR. m. Ñgalañgala.||met. Ang lasa nang pagkáin.||Panglasap. || Lasap; lasa; ó násâ sa anomán.

PALADEAR. a. Lasapín. || met. Magkagustó sa anomán; masarapán. ||Linisin ang ñgalañgalá nang háyop, at nang makálasa nang pagkáin. || n. Dumiládilâ ang bátâng bagong panganak, pagpapakilalang ibig nang sumuso.

PALADEO. m. Paglasap.

PALADINO, NA. adj. Hayag; malínaw at tanyag.

PALANCA. f. Pingá.||Panghikuat; panual.

PALANCADA. f. der. nang *palanca.* Hampás nang pingá. || Sual; hikuat nang pingá.

PALAZO. m. Hampàs nang pala ó saguán, ó nang anomang káhoy.

PALCO. m. Palenke na pánuuran nang komedia ó pistá. Ñgayón ay gayòn ang tawag sa tila *balcòn,* na hatîhating may mgá úpûan sa teatro.

PALETILLA. f. dim. nang *paleta.* Saguansaguanan; ó saguang lubhang muntî. || Butong malambot at maputî sa buñgáñgâ nang sikmúrâ.

PALIACIÓN. f. der. nang *paliar.* Ang pagtatakip; ó paglilíhim nang anomán.

PALIAR. a. Pagtakpán; itágô; ikanlong ang anomán. || med. Pahimpilín ang sakit.=*(alguna cosa) con otra.* Takpán (ang anomàn) nang ibang bàgay.

PALIDECER. n. irreg. como *agradecer.* Mamutlâ.

PALIDEZ. f. Paninilaw; putlâ; pamumutlâ nang balat.

PÁLIDO, DA. adj. Namúmutlâ; maputlâ; naninilaw; barak.=*de color.* Maputlâ ang kúlay.=*de miedo.* Barak sa tákot.

PALILLERO. m. der. nang *palillo.* Magpapalitó; ó nagtítinda nang palito na panghiningà. || Lalagyán ng panghiningá.

PALILLO. m. dim. nang *palo.* Kàhoy na muntî; patpat; tinting. || Kasankapan sa paggawâ nang medias, puntas, *encaje,* etc. || Panghiningá. || met. Ang pagpupúlong, kung matapos kumàin. || Alinmán sa baketang panugtog nang tambol. || Alinmán sa bolillós nang billar.

PALINODIA. f. Hayag na pagbago ó pagbáwî nang sinalitâ. Hindî ginágamit kundî sa kawikaang: *cantar la* PALINODIA, *pagbalikán, ó baguhin ang* SINALITÁ.

PÁLIO. m. Kapa.||Ang suot nang mañgá Arzobispo at nang ibang Obispo, na parang *faja,* maputî, tatlong dálî ang lápad at may ánim na *cruz* na itim, na nakasàbit sa balikat han-

gang dibdib. || Palió sa simbahan, na ginágamit sa prusisión ó sà Santísimo.

PALIZA. f. der. nang *palo.* Pálò. || Pagpálò.

PALIZADA. f. der. nang *palo.* Ang lugal na kubkob nang istákâ. || Bákod na istákâ, at nang hindî kanín nang túbig ang pangpangin ò nang lumihís ang agos.

PALMA. f. Sasá; káong, etc. || Ang tandâ nang pagdidíwang. || Pagtatagumpay. || Ang pananalo ng̃ mártir sa kapangyarihan nang tagá infierno. || Ang tandâ nang pagkáVirgen. || Pálad nang kamay.

PALMADA. f. der. nang *palma.* Tampal. || pl. Ang pamamagapak ng̃ kamay, dáhil sa katowâan.

PALMADICA, LLA, TA. f. dim. nang *palmada.* Tapik.

PALMAR. adj. der. nang *palma.* Ang may isang dankal; ó nàuukol sa dankal. || Maliwánag; hayag. || m. Lugal na malúyong, masasá, maniog, etc. || n. Mamatay.

PALMARIO, RIA. adj. der. nang *palma.* May isang dankal; ó náuukol sa dankal. || Maliwánag; hayag. || m. Lugal na maraming tanim na lùyong, sasá, etc.

PALMATORIA. f. der. nang *palma. Candelerong* may tatagnán sa gílid.

PALMEADO, DA. adj. der. nang *palma.* Ang paá nang mang̃á ibong tùbig, na ugnay ang mang̃á dalìrî ng̃ isang tila balat na manipís, para ng̃ pato, gansâ, etc.

PALMETA. f. der. nang *palma.* Káhoy na lapad, na pamàlô sa pálad nang bátâ, at *palmeta* rin ang tàwag natin. || Ang hampás nang palmeta sa pàlad.

PALMITIESO, SA. adj. Kabayong ang kúkô ay matigás at tayô.

PALMITO. m. dim. nang *palmo.* Kadankal. || met. Mukhâ, at sinásabi: *may mabuting* PAGMUMUKHÁ, *tiene buen* PALMITO.

PALMO. m. Dankal.

PALMOTEAR. a. der. ng̃ *palma.* Tampalín. || n. Pagupakín ang pàlad nang mangá kamay.

PALMOTEO. m. der. ng̃ *palma,* Pagpagupak; ó pamamagupak nang pálad ng̃ kamay, dáhil sa katowâan. || Hampás nang palmeta. || Sampal.

PALO. m. Káhoy. || Alinmang káhoy na párang *varang* malakí at mahábâ, na tinútunkod at ginágamit sa ibang bágay. || Pàlô; hampás nang káhoy. || pl. Mangâ albor nang sasakyán.

PALOMA. f. Kalapati. || met. Ang tawong tahìmik ang ugálì at walâng kibô.=*brava,* ò *silvestre.* Batobató.

PALOMAR. m. der. nang *paloma.* Kalápatihan; ó bàhay kalapati.

PALOMEAR. n. der. nang *paloma.* Manghuli nang kalapati, ó batobató. || Magalágâ nang kalapati.

PALOMERA. f. der. nang *paloma.* Lugal na walâng báhay at káhoy man, na tampak sa hangin. || Lantad. || Báhay nang kalapating ináalagaan sa bàhay.

PALOMERÍA. f. der nang *paloma.* Bankulong; ó panghuli nang kalapati ó batobatóng nagdáraan.

PALOMERO. m. der. nang *paloma.* Magkakalapatí; magbabatobató.

PALOMINA. f. der. nang *paloma.* Tae nang kalapati, ó ng̃ batobató.

PALOMINO. m. der. nang *paloma.* Inakay nang kalapati, ò nang batobató. || fam. Ang mansá nang tae, sa gawing likod nang damit.

PALOMO. m. Ang lalaki nang kalapati, ó nang batobató.

PALOR. m. Pamumutlâ; putlâ; paninilaw nang balat.

PALPADURA. f. y

PALPAMIENTO. m. Ang pagdamá; pagsalat; paghípô nang kamay.

PALPAR. a. Hipôin; damahìn; salatín. || Kapaín; apuhapin. || met. Mákilalang maliwánag ang isang bágay na párang nàhipô.=*con, por sus manos.* Hipôin nang kaniyang kamay. || r. Maghipuàn.

PALPEBRA. f. Talúkap nang matá.

PALPEBRACIÓN. f. Kinurapkurap; ó kinibotkibot nang talúkap nang matá.

PALPITACIÓN. f. der. nang *palpitar.* Kabá nang dibdib. || Tibok ng̃ púsô.

PALPITAR. n. Kumabá ang dibdib; kumutob. || Tumibok ang alinmang lugal nang katawán.

PALURDO, DA. adj. Bastos. Karaniwang itàwag sa tawong búkid.

PAN. m. Tinápay. || met. Lahat nang pagkáing kaugaliang ikinabúbuhay nang tawo, para nang kanin, maiz, kamote, etc. dito sa atin. || || Ang trigo ó pálay, at niwíwikâ: — *May maraming* TRIGO ó PÁLAY *nang taong itó, hay mucho* PAN *este año.*

PANADEAR. a. der. nang *pan.* Tinapayin; ó gawing tinàpay ang trigo.

PANADERÍA. f. der. nang *pan.* Pagtitinápay. || Lugal na tínapayan, ó gagawàn nang tinápay.

PANADERO, RA. m. y f. der. nang *panaderìa.* Magtitinapay.

PANADIZO. m. Tungâ, na tumútubô sa dulo nang dalírî.

PANAL. m. Bâhay pukyutan.

PANCHO. m. Tiyán.

PANDORGA. f. Ang babaying lubhang matabâ, mahínâ, tamad at mabágal ang kilos.

PANERA. f. der. nang *pan.* Ang taguán nang bigás, trigo, pálay, harina ó tinápay. || Bang̃án.

PANTALÓN. m. Salawal. Karaniwang plural kung gamitin.

PANTANO. m. Labak; láwâ, na kulong at walang lábasan nang túbig; kuluoy; lablab. || Kapinsalâan; kaabalahang malakì. || Pátubigan; ó patùbig.

PANTANOSO, SA. adj. der. ng̃ *pantano.* Lugal na malabak; maláwâ. || Maráming patúbig. || met. Punô nang kaabalahán; ò kadáhilanang ikinalíliwag na ipagtamò nang hináhang̃ad.

PANTEÓN. m. Simbahan sa Roma nang mang̃á sarísarîng dioses ng̃ una, at ng̃ayo'y ang tinàtawag na Santa María de la Rotunda. || Ang *bòvedang* mabílog at marikit ang pagkáyarî, na ang palìbid ay maráming *nicho,* na pinagbàbaunan nang bankay nang mang̃á Hárî, mang̃á Príncipe at nang mang̃á lípîng mayaman.

PANTÓGRAFO. m. Kasankapan na gámit sa pagpapaliit nang dibuho.

PANTORRILLA. f. Bintî.

PANTORRILLUDO, DA. adj. der. nang *pantorrilla.* Bintîan; ó malakí ang bintî.

PANZA. f. Tián. Kagamitang ipagsaysay nang malakíng tián. || Balíkat nang isang kasankapan, para nang tapayan, bañgâ at ibá pang sisidlán.

PANZADA. f. der. nang *panza*. Budlong nang tiàn. || Kasandatán; ó hílab nang tián sa malabis na pagkákain ó pagkáinom.

PANZÓN. m. aum. nang *panza*. Buyunín; ó malakí ang tián.

PANZUDO, DA. adj. der. nang *panza*. Ang may malakíng tian; buyunín.

PAÑAL. m. der. nang *paño*. Lampín.||Ladlaran nang likod nang bárô. || Alinmang damit na kinàbabalutan nang anomán. || pl. Ang boong kasuotan nang bátâng bagong pañganak. || met. Kasangulán; ò kabataán. || Ang káunaunahang pamulâ nang pagaandukhâ at pagáral sa isang bátâ.

PAÑO. m. Kayong lana, na ang táwag nátin ay *de paño*. || met. Alinmang daramting sutlâ, kányamo, sinúlid, etc. || Pekas nang balat nang mukhâ. || naút. Láyag nang sasakyán. =*de manos*. Pámahiran nang kamay. *de mesa*. Ang mantel.

PAÑOLERÍA. f. der. nang *paño*. Ang tindahan nang panyô.

PAÑOLERO, RA. m, y f. der. nang *paño*. Magpapanyô.

PAÑUELO. m. dim. nang *paño*. Panyô; bírang.

PAPA. m. fam. Salitâng itinátawag nang bátâ sa kaniyang amá, na kaisá nang áting *amang*, *amá*, *tátang*, *tata*, etc.

PAPADA. f. Lambî; ò lamán ng̃ ilàlim nang bábâ.

PAPAL. adj. der. nang *papa*. Náuukol sa papa.

PAPARRUCHA. f. Ligaw na balítâ; balítâng malî.

PAPEL. m. Papel. || Súlat na anomán.||Alinmang papel na sinulatan ó nilimbagán, na hindî natátabing libró.

PAPELEAR. a. der. nang *papel*. Maghalukay nang papel sa paghánap nang anomang balítâ, ó ibang bágay na íbig málaman.||met. Magmalaking tawo; magyabang.

PAPELERA. f. der. nang *papel*. Sulatán, na may pitakpítak na lalagyán nang papel. || Karamihan nang papel na may súlat.

PAPELERÍA. f. der. nang *papel*. Kapisanan nang mañgá papel na sabog. Lálông karaniwang sabihin sa gusot at sirásirâ. || Tindahan nang papel.

PAPELERO. m. der. nang *papel*. Ang gumágawâ, ó nagtítinda nang papel.

PAPELOTE. der. nang *papel*. m. y

PAPELUCHO. m. der. nang *papel*. Papel ò súlat na hámak ò walâng kabuluhán.

PAPERA. f. Bikî; ó baíkî.

PAPIROTADA. m. der. nang *papirote*. Ang hampás nang kamay sa bátok ó sa mukhâ.|| met. Kahunghañgang salitâ; wikâng nakalálait. Karaníwang sabihing: *papirotada de res vacuna*.

PAPIROTE. m. Pitik sa mukhâ, sa noó ò sa alinmang lugal nang ulo.

PAPO. m, Lamàn nang ilàlim nang bábâ. Lálong kagamitang itáwag sa

butsé nang ibon.

PAPUDO, DA. adj. der. nang *papo*. Malamán ang bábâ. Karaniwang sabihin sa íbong malakí ang butsé ó lambî.

PAQUETE. m. Balutang muntî. || Balutan nang maraming súlat, na nasásadhang parang pliego. || Sasakyang tinátawag na *paquebot*.

PAR. adj. Kamukhâ; kaparis; katùlad na lubós, || arit. Ang númerong pares; ó hindî gansal. || m. Ang dalawang bágay na magkaparis at magkasama.—*à pares*. mod. adv. Dalawa'tdalawá.—*de par en par*. mod. adv. Nakatiwangwang; bukás na bukás. Sinásabi sa mañgá bintánâ, pintô, etc.

PARA. prep. Sa; ó para sa: v. gr. *Ang panyô ay* SA ó PARA SA *akin*, *el pañuelo es* PARA *mì;* SA ó PARA SA *atin*, PARA *nosotros*.—*para siempre*. Sa magpakailán man. Tunkol sa ibá pang paraan nang paggamit niró ay mákikita sa *gramática práctica*, na aming ipalílimbag. —*para que*. Nang.

PARÁCLETO, ó PARÁCLITO, m. Mañgaaliw, ó tagaalíw sa mañgá binyagan. Sinásabi lámang sa Espíritu Santo.

PARADA. f. Paghintô; pagtígil.|| Lugal na hintûan. || Lugal na siní silungan ò pinagtítipunan nang mañgá baka. || Salapî na paminsang itinátayâ sa paglalarô. || Ang isang singkaw; ó isang parehang kabayo na panghalili at nang mádalî ang pagplákad, na nakaabang sa isang malayong lugal. Ginágamit din namang itinátawag sa lugal na kinálalagyan ó pinagáabangan.

PARADERO. m. Hantungan; hintûan. || met. Ang hangà; ó katapusán nang anomàn. || Nasápit; kináhantungan.

PARADIGMA. m. Halimbàwâ; húaran; parisán.

PARADOJO, JA. adj. Kakaibang umísip.

PARADOR. m. Ang humíhintô, ò hintûin. || Ang kabayong madalîng pahintuín. || Kárihan na hantungan nang mañgá *carruage*, *calesa*, etc., na ang kaugalia'y may maluang na patio ó bákod at maráming pàsukâng pintúan.

PARAFRASEAR. a. Saysayín nang isa sa sarísarîng paraán ang isang *sentencia* ò salitâ.

PARÁFRASIS. f. Kasaysayan ñg isang hátol at nang madaling máintindihan.

PARAGUAS. m. Páyong.

PARAISO. m. Lugal na kaayaaya na pinaglagyán nang Dios sa áting núnông kay Adan. || Ang làñgit ó kalualhatiang kinálalagyan ñg mapapálad || met. Alinmang lugal na maligaya ó bágay na nakalúlugod.

PARAJE. m. Lugal; pook.

PARALIZAR. a. Pigilin; ihintô || Itígil. || r. Mátigil; máhintô. || Mamatay ang alinmang lugal nang katawán.

PARAMENTAR. a. Pamutihan; gayakán ang anomán.

PARAMENTO. m. Gayak; pamuti. || Alinmang kayo na ibinábalot sa anomán.

PÁRAMO. m. Párang na palís, walâng anomang káhoy, malunkot, hindî sinásaka at walâ isa mang tàhanan, || met. Alinmang lugal na tu-

toong malamig at ilang.

PARANGÓN. m. Pagpaparis; ó pagmumukhâ. || Pagkáhuad; pagkáparis.

PARANGONAR. a. Iparis; pagmukhaín; ó pagsurutin ang dalawang bágay at nang mákita kung magkamukhâ.

PARANINFO. m. Ináama sa kángay. || Ang nagbábalitâ nang anomang katowâan ó kabinhawahan.

PARAPETAR. a. Tayuán nang kanlungan; lagyán nang moog. || r. fort. Magkanlong sa kabilâ nang kùtâ ó moog; ó sa kabilâ nang anomang mapagkákanlungan.

PARAR. m. Humintô; tumígil; humantong. Madalás na gamiting *recíproco.* || Mahùlog; mápa sa kamay; ó sa sakop nang isá ang anomang bágay. || Ang isang bágay ay máowí sa ibá; ó maging ibá kay sa ináasahan ó hiníhintay. || a. Pigilin; pahintuín.=*á la puerta.* Tumayó; ó humintô sa tabí nang pintô.=*en casa.* Humantong sa báhay. || r. met. Tumígil; humantong; humintô.=*á reflexionar.* Tumìgil na magnílay.

PARASOL. m. palab. comp. ng prep. *para* at *sol.* Páyong sa áraw.

PARCA. f. poèt. Ang kamátayan.

PARCIAL. adj. Kabahagi; bahagi; ó náuukol sa bahagi nang isang kabooán. || m. Ang kampón; kampí; ó kakampí nang isá. || Marúnong makipagkápowâ tawo.

PARCIALIDAD. f. Ang pagsasamasama nang mangá ilang nagkákasangayon, at nagkakaisang gumawâ nang anomán. || Kampón; kasamahán. || Pagiíbigan; paggigiliwàn. || Pagtingín; ó paglíngap sa anomán ó sa kanginoman, na siyang dahilang madalás na ikinálilikô nang matuid na pagiísip.

PARCO, CA. adj. Damot; salat; ó matipid sa paggámit nang anomán. Katatagàn sa pagkáin at sa paginom; ó hindî kumákain ó umíinom, kundî sa kasiyahán.=*en la comida.* Kasiyahang kumáin.

PARCHAZO. m. aum. nang *parche.* Tápal; ó patseng malakí. || fam. Bírô; libak; oyam.

PARCHE. m. Ang kátad, ó pergamino nang tambol. || Tápal; patsé. || met. Alinmang bágay na tapal ng anomán; at gayon din ang siksik o retokeng masamâ ang pagkágawâ, na nakapápangit, làlô na sa mangá retrato ó nakapintang anomán.

PAREAR. a. Paglakipin na pagparisin; ó pagmukhaín ang dalawang bágay. || Pagdaladalawahín ang anomán.

PARECER. m. Pasiyà; hátol. || Pagmumukhâ at pangangatawán ng isá. || v. n. irreg. como *agradecer.* Sumipot; lumitaw; pakita; mákita. || Humarap. || Mátagpuan. || Humátol; magpasiyá tunkol sa anomán. Kadálasang gamiting parang *impersonal.* =*ante el juez.* Humarap sa hukom. =*en alguna parte.* Sumipot ó mátagpuan sa isang lugal. || ó PARECERSE. r. Mámukhâ; mákawankí; magkámukhâ; mákatulad.=*á su padre.* Mámukhâ sa kaniyang amá. || *de cara.* Mámukhâ; mákatabas nang mukhâ; magkámukhâ=*en el andar.* Mákawankî ng lákad.

PARECIDO, DA. p. p. nang *parecer.* adj. Kamukhâ; kawangis,

kawankî. Kung kasama nang mañgá adverbiong *bien* ó *mal*, ang kahulugán ay *mabuti ang pagmumukhâ*, ó *maínam ang kilos nang katawán*, *bién* PARECIDO: *masamâ ang pagmumukhâ*, ò *pañgit ang mañgá kilos nang katawán*, *mal* PARECIDO. || m. Sa mañgà pintor ay pagkakámukhâ, ó pagkakáwankî.

PARED. f. Pader. || pl. met. Ang sarîling báhay nang báwa't isá.

PAREJA. f. Pagkakásama nang dalawang bágay na magkamukhâ, ò magkaisá. || Ang kasayaw.

PAREJO, JA. adj. Ang kaisá; kaparis; ó katúlad nang ibà.

PARENTELA. f. der. nang *pariente*. Anak; ó kamaganakan || Pagkakamagának.

PARENTESCO. m. der. nang *pariente*. Pagkakamagának. || Kamaganakan. || Láhî.

PARIDA. adj. y s. f. Ang nañganak, ó kapangáñganak pa lámang.

PARIDAD. f. Pagmumukhâ; pagpaparis nang isang bágay sa isá, na pinagháhalimbawâan. || Pagkakáparis nang mañgá bágay.

PARIENTE, TA. m. y f. Kamagának; hinlog. || met. fam. Kalapit; kamukhâ; ó kawankî. || fam. Ang asawa.

PARIR. a. Mañganak. || Mañgitlog: kung sa ibon ó isdâ. || met. Saysayín nang mahúsay ang anomang nások sa ísip. || Mangáling ang isang anomán sa ibá. || n. Lumabás sa maliwánag ang anomang nálilihim.

PARISIENSE. adj. der. nang *Parìs*. Taga París; at náuukol sa bayang itò.

PARLAMENTAR. n, der. nang *parlamento*. Makipagsálitaan; makipagpúlong; makipagúsap nang anomàn sa madlâ.

PARLANCHÍN, NA. adj. fam. Matabil; mapagsalitâ nang walâng kabuluhán; mapagsabì nang hindî dápat salitìn. Ginágamit namang parang *sustantivo*.

PARLAR. a. der. nang *parla*. Magsalitâ nang tuloytuloy; ò walâng gatid. || Magtatabil; magtalás. || Kadálasang sabihin sa mañgá ibong nakahùhuad nang *voces* nang tawo. || Ipaháyag ang dàpat na ilíhim; ó sabihin ang dî kailañgang ipaalam.

PARLERO, RA. adj. der. nang *parla*. Masabí; matabil; bibigán. || Mapaghatiddumápit; ó mapagdalá ñg *chismes* kun saansaan; ò hindî marúnong magtágô ó magíngat nang líhim.

PARLOTEAR. n. Magsasalitâ ñg walâng kabuluhán at malabis. || Ipaháyag; salitín ang boong nálalaman.

PARPADEAR. n. der. nang *pàrpado*. Magkukurap; ó kumurapkurap. Lálông kaugaliang gamitin ang *pestañear*.

PÁRPADO. m. Talúkap nang matá.

PARRA. f. Ubas na nakabálag,|| Sarong pandak at maluang, na may dalawang tatagnán, at karaniwang pinaglálagyan nang pulot.

PARRAL. m. der. nang *parra*. Bálag. || Ang ubas na hindî nákapon; at maraming supling. || Sarong malakí, na lalagyán nang pulot.

PARRICIDA. com. Ang natay sa kaniyang amá at inang túnay. At tinátawag din namang gayón, ang natay sa kañgínomang kamagának,

ó parang magúlang.

PARRICIDIO. m. Ang pagpatay sa sariling magúlang; ò sa kangíno-mang kamagának.

PARRILLA. f. Boteng lùpâ, na maluang ang puit, at makípot ang bibig. || pl. Ihawàng tila rejas; na may paá, at pulós na bákal.

PÁRROCO. m. Ang *cura* sa isang bayan.

PARROQUIA. f. der. nang *párroco.* Ang simbahang pinagkákalingâan sa mangá nasásakop na kálulowa nang isang *cura,* at pinagbíbigyan nitó sa kanilà nang mangà *sacramento.* || Ang katipunan nang mangá binyagang nasásakop nang isang *cura.* || Ang súkì ó mangá súkì, na kabílihan nang isang nagtítinda.

PARROQUIAL. adj. der. nang *parroquia.* Ang nádarapat ó náuukol sa *parroquia.* Ginágamit na parang *sustantivo femenino* sa lugal nang wikâng *parroquia.*

PARSIMONIA. f. Kabáitan sa anomang ginágawâ.

PARTE. f. Bahagi; ò kapiraso nang isang bágay. || Lugal. || Pangkat. || for. Ang nakíkipagusap. || Gawî; tagiliran. || Kung ginábamit na kasama nang *preposición* Á, at nang mangá pronombreng ESTA at AQUELLA, ang kahulugaʻy *hangang sa panahong itò,* ó *nang panahong yaòn:* v. gr. *Búhat nang taong nagdaàn* HANGANG SA PANAHON ITÓ *ay marami ang nagsísidaing nang nervios, desde el año pasado* Á ESTA PARTE *muchos se quejan de los nervios.* || met. Ang kiníkilingan; ináayunan; ò kampì nang sinoman. || m. Ang parte, ò súlat na babalâ, na ipinadádala sa *correo* ng isang pinúnô para sa kápowâ pinùnô. =*inferior.* Gawing ibabâ. Kung ang tawo ang sinásabi ay, ang katawán kalankap ang boô niyang pangdamdam.=*superior.* Gawing itaás. Ang kalulowá; kasama ang boô niyang ipinangyáyari, para nang bait, alaala, etc. || f. pl. Ang kabahagi; ó púnông katawàn. || Ang mangá katutúbông biyáyâ nang kálulowa at hiyás nang katawán, para nang talas nang ísip, gandá nang pangangatawán, etc.= *naturales,* ó *vergonzosas.* Ang púnông katawán.

PARTEAR. a. der. nang *parto.* Magpapanganak sa isang buntís, ang hílot ó *médico.*

PARTERA. f. der. nang *parto.* Hilot. Karaníwang lálông tawaging *comadre.*

PARTERO. m. der. nang *parto.* Sálag.

PARTICIÓN. f. der. nang *partir.* Paghahátì; pagbabahagi nang anomán.

PARTICIPACIÓN. f. der. nang *participar.* Pagpapahayág; pagbibigay parte ó pagsasabi nang anomang dàpat ipaháyag ó ibalìtâ. || Kapartí; ó kabahagi sa anomán.

PARTICIPANTE. p. a. nang *participar,* y adj. Kahatì; ó may kabahagi sa anomán.

PARTICIPAR. a. der. nang *parte.* Magbigay parte; ó magbalítâ. || n. Magkaroón nang kabahagi, ó kaparté sa anomán; ó máabuyan; mabahaginan nang anomán.=*del, en el robo.* Makibahagi; makialam sa nákaw.

PARTÍCULA. f. der. nang *parte.* Munting bahagi nang anomán; kapirangot; dungot.

PARTICULAR. adj. Ang sarili; ó tângîng náuukol sa anomán. || Dî kaugalián; ó manakànakâng mákita || Bukod; tángî. || m. Ang tawong walâng katunkulan sa bayan; ó walâng título ó katunkulang ikinaíiba sa kápowâ niyà. || Alinmang bágay na pinagsásalitaanan: v. gr. *Magsálitaan tayo nang* BÁGAY *na itó, hablemos de este* PARTICULAR.

PARTICULARIZAR. a. Saysayín ang anomán, na isaisahíng paliwanagan ang boô niyang kabagayán. Itàngî ang sínoman sa pagmamahal, pagtingín, etc. || r. Mátangî; mamukod; mangibá. || Mapoot, ó matowang malabis sa isá.=*con su sobrino.* Giliwing malabis kay sa ibá ang kaniyang pamankín.=*en el vestir.* Mátangî; mamukod sa pagdadamit.

PARTIDA. f. Ang pagalís; ó paglípat sa ibang lugal. || Ang kamátayan || Kasulatan nang pagkabinyagan; pagkákumpil; pagkákasal; at pagkálibing. || mil. Isang kabilangan nang mangá sundalong pasa sa ibang lugal. || Isang partida nang anomán, para nang partida nang asukal, pálay, ect.

PARTIDOR. m. Ang namámahagi; ó tagapamahagi.||Panghátî; ò pangbiak; pamútol. || arit. Ang tinátawag na *divisor* sa *dividir*. || Ang nagbíbiak; ó tagasibak nang anomán.

PARTIR. a. Humátî; bumiak. || Bumaak; sumibak; lumapang; tumipak. || Lapangín; pisangin; gayatin.|| Basagín ang butó ó balat na matigás nang anomán at nang makuha ang lamán. || Magbahagi; ó bahaginin. || Mamahagi.||n. met. Magpasiyá ang isang nagáalangan ó natítigilan. || n. y r. Lumayô; humiwalay, || Umalís; tumúlak.=*á, para Pampanga.* Tumúlak na patungo nang Kapangpangan ó para Kapangpangan. =*(algo) con otros.* Bahaginan (nang anomán) ang ibá.=*de España.* Umalís; tumúlak sa España.=*en pedazos.* Gayatin; pagpirapirasohin.=*entre amigo.* Bahaginin sa mangá kaibigan; ó nang magkakaibigan.=*por mitad.* Hatîin.

PARTITIVO, VA. adj. der. nang *parte.* Ang mangyáyaring mahátî. || Ang nagsaysay nang bahaging maihàhatî sa isang kabuoang alinmán, para nang: kalahatî; ikápat; ikapuô; ikasangdaan; etc.

PARTO. m. Pangananak. || Ang ipinanganak. || met. Alinmang bàgay na bukal sa pagiísip nang tawo, at pinalitaw sa maliwánag. || Pangyayari; kababalaghang hiníhintay.

PARVA. f. Haya, ó ùhay na nakahandang gígiikin; ó nagiik na, ay hindî lámang naihíhiwalay pa sa mangá bútil na lagàs.||met. Buntón; ó bílang na malakí nang anomán.

PARVEDAD ó PARVIDAD. f. der. nang *parvo.* Kauntián; kaliitán. || Ang kinákain sa umaga nang mangá *colación.*

PARVO, VA. adj. Muntî; maliit.

PARVULEZ. f. Kaliitán; kauntiàn.

PÁRVULO, LA. adj. Maliit. Karaniwang lalong gamiting parang *sustantivo* sa kahulugang: *bátà, ó sangol.* || met. Mangmang; inosente ó madaling ululín. || Mabábàng loob; dungô; duag; hámak.

PASADERO. adj. Ang madaling makaráraan.||Katatagán ang buti; makaráraan. || Matítiis; maparáraan. ||

m. Ang tulay; ó túlayang anomán, at nang makatawid sa isang batis, sanká ó pútik.

PASADIZO. m. Daang makípot na tápatan, maging sa báhay man ó lúpâ kayâ. || met. Alinmang paraang nagágamit sa paglìpat sa ibang bágay.

PASADO, DA. p. p. nang *pasar*. adj. Lampás nang pagkahinog; lunot. ||Lagpós sa karampatang lagay || Lúmâ; matandâ; lipás.

PASAGONZALO. m. fam. Tapik, tinkîng marahan at biglâ.

PASAJE. m. Paglípat; ò pagpasaibang lugal. || Buis na ibinàbayad sa pagdaraán sa alinmang lugal. || Lugal na dinádaanan. || Ang salapîng ibinábayad sa barkong sásakyan; ó kinásasakyan nang pagpasaibang lugal. || mús. Paglípat sa ibang tono.

PASAJERAMENTE. adv. m. Paraàn làmang; ó madaling nagdaán; ó dî nagluat.

PASAJERO, RA. adj. Daraánan; ò pinagdádaanang lágî nang madlâ. || Madalîng makaraán; ó hindî naglúluat. || m. y f. Ang naglálayag, ó naglálakad, na patungo sa ibang lugal.

PASAMANO. m. Gabay; palàbabahan. || Burdang *trencillas*; ó galong gintô sa gílid nang kayo ó nang anomán.

PASAPORTE. m. Ang pahintúlot ó súlat na ibiníbigay sa isà nang mangá pinúnò, at ng makapa sa ibang húkuman ò bayan. || met. Kapahintulután sa paggawâ nang anomán.

PASAR. a. Magdalà; maghatid nang anomán sa ibang lugal. || Ilípat; ibago. || Iabot. || Tawirín: v. gr. TAWIRÍN *ang ílog*, PASAR *el rio*. || Magpadalâ: v. gr. MAGPADALÁ *nang isang bilín*, PASAR *un recado*. || Lumagpós; lumampás: v. gr. LUMAGPÓS ó LUMAMPÁS *sa gùhit*, PASAR *la raya*. ||Tamaós; maglampás ò maglagós. || Máowî; ó maging: v. gr. *Ang tawa ay* NÁOWÎ *sa iyak*, ó NAGING *iyak*, *la risa* PASÓ *à llanto*. || Ulíting bilangin. || Lumálô; humigit sa ibá. Ginágamit itong parang *neutro*.||Paraanin; disimulahín: v. gr. PINARAÁN ò DINISIMULÁ *na kitang madalás, ya te* HE PASADO *muchas veces*. || n. Mabùhay na maginhawa. || Makaraàn: v. gr. NAKARAÁN *ang gàlit*, PASÒ *la cólera*. =*à cuchillo*. Pagpugután.=*de Manila à Ilokos*. Lumípat na magbúhat nang Maynílà at pasa Ilokos. =*de cien pesos el gasto*. Lumampás sa daang piso ang gúgol.=*en silencio*. Paraanin; huag bangitín; ilingid. = *entre montes*. Magdaàn sa pagìtan nang bundok; ó sa gùbat. =*por cobarde*. Arîing duag. =*por una cosa*. Paraanin; atimín. || n. y r. Lumípat; tumawid; bumago nang lugal; tumulay; maglagós; dumaán. || impers. Mangyari; magkaroón nang anomang sakunâ ó may mangyáring anomán.||r. Matapos; makaraán.||Malimutan; lumampás ang pagkahinog ó kapanáhunan nang anomán; masírâ ó mabulok ang anomán. =*al enemigo*. Lumípat na sumama sa kalaban. =*con poco*. Magkásiya sa kákauntî; makaraán sa kákauntî.=*de la memoria*. Malimutan.=*(la manzana) de madura*. Malunot; ó masírâ (ang manzana) sa kahinugán.

PASATIEMPO. m. Paglilibang; pagaaliw. || Áliwan; líbangan.

PASCUA. f. Paskò.=*de Natividad ó de Navidad*. Ang paskò nang pa-

ngãngãnak sa áting P. Jesukristo.=*de Resurrección, de flores,* ó *pascua florida.* Ang paskó nang pagkabúhay na magulî. || pl. Ang magbúhat sa Paskó nang pangãnganak hangang tatlong hárî.

PASCUAL. adj. der. nang *pascua.* Náuukol sa paskò.

PASEADERO. m. der. nang *paseo.* Pásialan.

PASEADOR, RA. adj. der. *paseo.* Mapagpasial; ò palapasial. || m. Pásialan.

PASEAR. a. Ipagpasial ó ipasial. Karaniwang sabihin sa kabayo. || n. Magpasó ang kabayo; lumákad ang kabayo nang paso natural. || Magpasial; gumálâ.=*(la calle) á una dama.* Magpalaging umábat sa daang tinítirahan nang isang binibini. || r. Gumalágalâ; gumayongayón; lumibotlíbot. || Magpasial; maglakadlakad. =*con otro.* Magpasial na kasama ng ibá; magpasial nang may kasama. | *en, por el campo.* Magpasial sa párang.

PASEO. m. Pagpapasial. || Pásialan.

PASIBLE. adj. Ang mangyáyaring magdamdam, ó magkadálitâ.

PASICORTO, TA. adj. Ang maiiklî ang hakbang.

PASILARGO, GA. adj. Maluluang ang hakbang.

PASIÓN. f. Pagkakasákit; pagdurusa; ó paghihírap nang pinarúrusahan at ang pagkamatay. || Ang mangã hírap at kamátayang tiniis nang ating P. Jesukristo dàhil sa tawo. || Alinmang pagkáhilig; ó malabis na pagkagulò nang loob sa anomán. || Ang malabis na pagtingín, ò paglíngap sa kàpowâ. || Ang *afición,* ó mahigpit na hílig nang loob sa anomán, para nang: *Si Fulano'y may* AFICIÓN Ó MAHIGPIT MA HÍLIG NANG LOOB *sa pintura, Fulano tiene* PASIÓN *á la pintura.*

PASITO. m. dim. nang *paso.* Hakbang na maliit. || adv. m. Marahan; maíngat. || Salitang mahínâ; paanás—*à pasito.* mod. adv. Marahangmarahan at maíngat.

PASMO. m. Sakít na pasmá. || met. Pagkámaang; pagkápataka; pagkámanhâ nang malakí.

PASMOSO, SA. adj. der. nang *pasmo.* Nakámamaang; nakátataka.

PASO, SA. adj. Bunga nang káhoy na pinatuyô. || m. Hakbang; lagdaw ó laktaw. || Paglípat. || Baitang. || Paraán; landás; ò dáanan sa pagpasaibang lugal. || Bakàs nang paá sa paglàkad. || pl. Ang paglákad nang anomán; ó pagpipílit na màkamtan ang anomang hináhangad.

PASQUÍN. m. Súlat na idinídikit sa hayag, na laban sa mangã pùnô ó sa gobierno.

PASTA. f. Minasang iba'tibang bágay na durog. || Minasang harina sa mantíkâ, na ginágamit sa paggawâ nang pastel, empanada, etc. || Ang minasang harina, na ginágawang *fideos.* || Ang binubông gintô, na hindî pa tinátrabaho. || Minasang papel na dinúrog, na ginàgawang *cartón.* || Ang kayo na binayó at minasa na ginágawang papel. || Balat nang libró. || met. Ang malabis na kalambután nang ugálî; ó kadalangãn sa pagsasalitâ ó sa paggawâ.=*de chocolate.* Tabliá nang sikulate.—*buena pasta.* met. Ugálîng mahinahon, ma-

lambot at tahímik.

PASTAR. a. Magpastol; ó pastulán ang mangá háyop. || n. Manginàin nang damó sa párang ang háyop.

PASTEL. m. Minasang harina, na may mantíkâ at may lamankating tinadtad sa loob, binálot nang ibá pang lálong masarap na masa, at sakâ nilútô sa hurnó. || Ang pagsapote nang baraha. || met. Sálitaan; ò tratong líhim nang ilán, sa paggawâ nang anomang masamâ.

PASTELERA. f. der. nang *pastel*. Ang babaying asawa nang magpapastel.

PASTELERÍA. f. der. nang *pastel*. Ang gàwâan at pinagtítindahan nang pastel. || Ang arteng nagtútur̂ò nang paggawâ nang pastel.

PASTELERO, RA. m. y f. der. nang *pastel*. Magpapastel; ó mangagawâ at nagtítinda nang pastel. || fam. Ang naglálagay, ó gumágamit nang mangà gamot na pangpahimpil lámang, sa lugal nang tùnay at mabísâ.

PASTOR, RA. m. y f. Ang pastol. Karaniwang kung intindihin ay ang nagáalagâ at nagkákalingâ nang mangá tupa. || Ang *cura*, ó sinomang pàrî na mayroong mangá táwong pinamámahalâan, at may katunkulang magkalíngâ sa kanilá. = *universal* ó *sumo*. Ang Papa.

PASTOREAR. a. der. nang *pastor*. Magaboy nang mangá háyop sa pastulan, at alagaán samantalang nangínginain. || met. Bantayán at kalingâing masínop nang mangá Pàrî ang kanilang mangá nasásakop na tawo, na pamahalâan at ipatnúgot sa kabánalan.

PASTOREO. m. der. nang *pastor*. Pagpapastol nang háyop.

PASTORÍA. f. der. nang *pastol*. Ang pagkapastol; ò katunkulan at gawâ nang pastol. || Kapisanan nang mangá pastol.

PASTOSO, SA. adj. der. nang *pasta*. Malambot; malatâ.

PATA. f. Ang paá nang mangá háyop.

PATADA. f. der. nang *pata*. Síkad; sípâ; tadyak. || f. Lákad: v. gr. *Aking pinagkagugulan itó nang maráming* LÁKAD, *me ha costado esto muchas* PATADAS. || Bakás nang paá sa nilakaran.

PATALEAR. n. der. nang *pata*. Kumasag; kumarag. || Dumábog; dumarag.

PATALEO. m. der. nang *pata*. Darag; ó kasag nang paá dáhil sa anomang sakit na dináramdam, ó dáhil sa paniníkad. || Tunog nang síkad, hakbang, darag, etc.

PATEAR. a. der. nang *pata*. Pagtatadyakán; pagsikaràn. || n. Dumábog; dumarag; magtatadyak sa gálit. || Maglakad nang malabis sa pagsisíkap na magkamit nang anomán. || met. Magálit na lubhâ; mapoot na labis.

PATENA. f. Agnòs; ó *medalla*. || Ang pingang muntî, na gintô ó pilak na dinorado, na ginàgamit ng̃ pàrî sa pagmimisa, at pinaglálagyan nang hostia, mulâ sa makapag *Pater noster*, hangang makinábang.

PATENTE. adj. Hayag; litaw. || met. Malínaw; madalîng mákilala ó màintindihan. || f. Ang *cédula* nang pangangalàkal na binábayaran sa Estado.

PATENTIZAR. a. Ihayag; itanyag ang anomán.

PATERNAL. adj. Ang sarili at náuukol sa amá.

PATERNOSTER. m. Amá namin. || fam. Ang buhol na malakí at mahigpit.

PATÍBULO. m. Bibitayán.

PATITUERTO, TA. adj. Ang tawo ó háyop na piliwak ó pilipit ang paá. || Piliwak; likólikô.

PATIZAMBO, BA. adj. Pilipit nang palabás ang paá.

PATO, TA. adj. Pantay; patas. Karaniwan sa larô gámít na sabihin: PANTAY, ó PATAS *ang basas, las bazas son* PATAS. || Ítik; bibi; pato.

PATOCHADA. f. Wikâng palibak at bastós.

PATÓN, NA. adj. aum. nang *pata*. Ang malakí ang paá at masamâ ang tabas.

PATRAÑA. f. Balítâ; ò salitâng gawágawâ lámang,

PATRAÑERO. RA. adj. der. nang *patraña*. Mapagbalítâ; ó mapagsabí nang kasinungalingan.

PÁTRIA. f. Ang bayan, ó lúpâng tinubûan nang isang tawo.= *celestial*. Ang lángit ó kalualhatián.

PATRIARCA. m. Ngalang itinátawag sa mangá tawong pinagmulán nang makakapal at malalaking ának, na nábabasa sa lúmâng testamento. Ngálang mahal na ipinagkákalooh nang Papa sa ibang pinúnô nang Santa Iglesia.||Alinmán sa nagtátag nang mangá *òrdenes religiosas*.

PATRIALCAL. adj. der. nang *patriarca*. Ang náuukol sa *patriarca*.

PATRIMONIAL. adj. der. nang *patrimonio*. Ang náuukol sa áríng minana sa magugúlang. || Ang nádarapat sa isá sa ganang kaniyang amá ó tinubûang lúpâ.

PATRIMONIO. m. Ang árî, ò kayamanang minana sa magúlang= *real*. Ang mangà kayamanan; ó pagaárî nang *corona*.

PÁTRIO, TRIA. adj. Náuukol sa bayang tinubûan.||Náuukol sa amà; ó bùhat sa amá.

PATRIOTA. m. der. nang *pátria*. Ang may pagíbig at pagmamasákit sa báyang tinubûan.

PATRIOTISMO. m. der. nang *pátria*. Pagíbig sa bayang tinubûan.

PATROCINAR. a. Amponín; kalingâin; tulungan.

PATROCINIO. m. Pagaampón; pagkakalíngâ. || Ampón; túlong.

PATRÓN, NA. m. y f. Tagapagampón; pintakasi.||Ang may kargo at namámamahalâ nang sasakyán. || Ang santong pintakasi nang isang simbahan, kaharián, ó bayan, etc. || Ang may árî ó pinakamatandâ nang báhay na pinanúnuluyanan. Salitâng kagamitán nang mangá sundalo. || Hówaran; parisán; patrón nang damit ó nang anomán.

PATRONO. m. Tagapagampón; tagapagtangol; pintakasi.

PATRULLA. f. Nagrórondang mangà sundalo.

PATRULLAR. n. Magronda ang mangá sundalo,

PATUDO, DA. adj. der. nang *pata*. fam. Malakí ang mangá paá.

PAULATINO, NA. adj. Mabagal; ó mahiman gumawâ ó magpasiyá.

PAUSADO, DA. p. p. nang *pausar*, y adj. Ang mahiman; ó makù-

pad gumawâ. || Mabágal.

PAUSAR. n. Tumígil; humintô.

PÁUTA. f Papel na may gúhit na gâmit nang mangá batâ sa pagaáral nang súlat Ganitó rin ang táwag sa pinaghúhulmahan nang papel na itó. || met. Alinmang kasankàpang gámit sa paggawâ nang anomán, na siyang sinúsunod.||met. Húwaran; parisán: v. gr. *Ang bùhay nang mañga santó ay siyá nàting* HÚWARAN ó PARISÁN, *la vida de los santos es nuestra* PÁUTA.

PAUTAR. a. Magpáuta nang papel; ó guhitan sa páuta ang papel. || met. Maglagay, ó maglagdâ nang reglang áalinsunurin sa paggawâ ng anomán.

PAVESA. f. Ang abò nang ílaw, ó nang anomang bágay na naging abó sa pagkasúpok.

PÁVIDO, DA. adj. poét. Duag; matatakutín.

PAVIMENTO. m. Sahig na bató, pingàn ó larió, nang isang báhay, simbahan, etc.

PAVONEAR. n. y r. Magmagaling; magpalalô dáhil sa gandá, yaman, etc. || a. fam. Libangín ang kápowâ; ò papagnasâin nang anomàn.

PAVOR. m. Tákot na malakí, na may kahálông kabá nang dibdib, sindak, ò tákot sa pagkádulit.

PAVORIDO, DA. adj. Malakí ang pagkatâkot at pagkágulat. || Sindak na sindak.

PAVOROSO, SA. adj. der. nang *pavor*. Nakasísindak, nakádudulit || Gulat na gulat.

PAZ. f. Kapayapaán; katahimikan nang loob. Isá sa mangâ biyáyâ ng Espíritu Santo. || Ang kapayapaán, o katahimikan nang kahariár, bayan, etc. || Pagkakásundô.

PE Á PA (DE) mod. adj. Lubós; búhat sa pamulâ hangang katapusán; buô.

PEAJE. m. Ang buís na ibinábayad sa paglalabás at pagpapások nang kalákal, ó sa pagdaraán sa isang lugal.

PEAJERO. m. der. nang *peaje*. Ang naníningil nang buís sa kalákal na lumálabas at pumápasok, ó nagdáraan.

PEANA. f. der. nang *pié*, y

PEAÑA. f. der. nang *pié*. Ang kinálalagyang tuntungan nang alinmang larawan. || Ang tarima nang altar, na tuntungan nang páiî kung nagmímisa.

PEBRADA. f. y

PEBRE. f. Isang bágay na sawsawang may pamintá at ibá pang hálô. || Sa ibang lugal ay gayón ang tàwag sa pamintà.

PECA. f. Pekas nang mukhâ.

PECADO. p. p. nang *pecar*. || m. Sala; kasalanan. || Ang kalalûan ó kalabisan sa anomán. || fam. Ang diablo; ó tuksó, at sinásabi: *Ikaw ay ang* TUKSÓ ó *ang* DIABLO, *eres el* PECADO.

PECADOR, RA. m. y f. der. nang *pecado*. Ang nagkásala; ó makasalanan. || Ang supil sa kasalanan; maáaring magkásala. || f. fam. Patùtot.

PECAR. n. Sumalansang sa utos nang Dios; ó magkásala. || Magkúlang sa anomang katunkulan.=*con la intención*. Magkásala sa ísip.=*contra la ley*. Málihis; magkúlang sa

kautusán.=*de ignorante*. Magkúlang; magkásala dáhil sa kamangmangán.

PECERA. f. der. nang *pez*. Tapayan, ó globong pábiyayan nang mangá isdâng sarísarìng kùlay, na nagsísilbing áliwan, lalagyán nang lintâ, etc.

PECINA. f. der. nang *pez*. Tankeng páwalâan nang isdâ; páisdâan.

PECOSO, SA. adj. May pekas; ó mapekas.

PECTORAL. adj. Ang náuukol sa dibdib. || Mabuti sa dibdib. || m. Ang *cruz* na tandâ nang karángalan nang pagkàObispo, na isinásabit sa ibábaw nang dibdib.

PECULIO, m. Ang pagaárì, ó salapîng ipinahíhintulot nang magúlang ó panginoón, na gamitin ò ipangalákal nang anak ó nang alílâ. || Pamuláing; pasarili. || met. Ang salapîng sarili nang bawa't isá.

PECUNIA f. fam. Salapî.—*numerata pecunia*. for. Salapîng túnay.

PECUNIARIO, RIA. adj. der. nang *pecunia*. Úkol sa salapî.

PECHERA. f. der. nang *pecho*. Kapirasong kayo na panakip sa dibdib. || Petsera nang bárô ó nang kamisola. || Pitsera nang *guarnición* nang kabayo. || fam. Ang labás nang dibdib, iálô na sa kabayo,

PECHO. m. Dibdib. || Suso nang babayi: nang hindî mahálay dingín, ay sinásabing *pecho*. || met. Ang kalooban nang tawo. || met. Tápang, lakás nang loob; tíbay at tiyagâ. || Ang buís nang pagaárì.

PECHUGA. f. der. nang *pecho*. Ang pitsó nang manok ó nang ibon Sapagka't nagkákahatî nang dalawá, ay karaniwang kung tawagin ang boong pitsò ay *pechugas*, at kun kalahátì ay *pechuga*. || met. y fam. Dibdib nang tawo.

PEDANTE. p. a. nang *pedantear*, ||m. Ang maestrong naglílibot sa bahaybahay at nagtùturô nang *gramática* sa mangá bátâ. || Ang mapagdunungdunungan ay mangmang.

PEDANTEAR. n. Magdunungdunungan. || Magpangap marùnong

PEDANTERÍA. f. der. nang *pedante*. Pagdudunungdunungan; pagsasabí nang mangá dì karaníwang salitâ, lalonglálô sa harap nang mangá hindî nakaáabot. || Kamangmangán.

PEDAZO. m. Isang bahagi nang anomán; kapútol; kapiraso nang anomàn. || Limpak nang karné, ó isdâ || Pidpid nang káhoy.=*de alcornoque; de animal; de bruto*, etc. expr. na ipinagsásabi nang kawalâng nálalaman; ó nang kamangmangán ng sínoman; kahayupan niyá, etc.

PEDERNAL. m. der. nang *piedra*. Batong lubhang matigás at malínaw, na ginágawang pinkîan. || met. Ang malabis na katigasán nang anomán. || Tawong mab ngis at walâng áwâ. a

PEDESTRE. adj. der. nang *pié*, Ang naglálakad; ó lakad nang paá. || met. Pankaraniwan; ó táwong walang hindî mabuti sa kaniyá, ó hindi marúnong magálit.

PEDICOJ. m. Kandirit.

PEDIDO. p. p. nang *pedir*. || m. Ang ambag na hinîhingî nang hárì sa kaniyang mangá sakop, kung may dumárating na kailangan. Ngayo'y ang buís nang mangá bayan. || Listahan nang sarísarìng bágay na hi-

hihingî nang isang mangangalakal sa kápowâ niyà ó sa isang *fabricante*. || Kahílingan; ó kahíngîan.

PEDIGÜEÑO, ÑA. adj. der. ng *pedir*. Lubhang mapanghingî, na nakayáyamot.

PEDIMENTO. m. Kahíngîan.— *á pedimento*. mod. adv. Sa kahíngîan.

PEDIR. a. irreg. ger. *pidiendo*. p. p. pedido: pres. ind. yo *pido;* tú *pides;* el *pide;* nosotros pedimos; vosotros pedis; ellos *piden:* perf. pedí; pediste; *pidiò;* pedimos; pedísteis; *pidieron:* imperat. *pide* tú; *pida* él; pidamos nosotros; pedid vosotros; *pidan* éllos: imperf. *pidiera;* pediría; *pidiese;* etc.: fut. *pidiere:* etc. Humingî; lumúhog. || Ibigin ò nasâin. || Manghingî. || Halagahán ang kinákalakal. || Hilingín ang anomán. || Ipagdemanda; ihablá.=*(limosna) á los ricos*. Humingî (nang limós) sa mayayaman.=*al fiado*. Ankatín; ó hingîn nang ankat.=*en justicia*. Magdemanda; ó magsakdal sa harap ng may kapanyarihan.=*para las ánimas*. Hingìn nang patungkol sa mangá káluluwa.=*contra alguno*. Magdemanda laban sa kangìnoman.

PEDO. m. Utot.

PEDORRERA. f. der. nang *pedo*. Ututin; palautot. || pl. Ang salawal na mahigpit; ó lápat na lápat sa katawán.

PEDORRERO, RA. adj: der. nang *pedo*. Ang útutin; ò may kaharap man ay umùutot.

PEDRADA. f. der. nang *piedra*. Pagpukol; ó pamumukol nang batò: || Pukol; pasâ nang pukol; ó súgat nang pukol nang bató. || met. Paríngig na salitâ. || Ang sílô nang listón na karaniwang ilagay nang babayi sa tagiliran nang ulo.

PEDREGAL. m. der. nang *piedra*. Kabatuhán; ó lugal na punô nang batong maliliit.

PEDREGOSO, SA. adj. der. ng *piedra*. Lugal na mabató. || Ang binàbalisawsaw, ó binábato at dáhil dito'y naghìhirap umíhî.

PEDREJÓN. m. der. nang *piedra*. Batong malaking nakakálat.

PEDRERA. f. der. nang *piedra*. Ang mina nang bató; tíbagan.

PEDRERÍA. f. der. nang *piedra*. Kapisanan nang mahahalagang bató, para nang diamente, rubí, etc.

PEDRERO. m. der. nang *piedra*, Ang manlalabrá nang bató: tinátawag din namang *cantero*.||Kanyong maliit na ang ikinákarga'y bató at *metralla*. || Maglilimbanog.

PEER. n. Umutot.

PEGAJOSO, SA. adj. Malagkit; pánikitin. || Nakáhahawa. || met. Malambot at nakaháhalina: v. gr. *Voces* NA MALAMBOT AT NAKAHÁHALINA, *voz* PEGAJOSA. || met. Sinásabi sa katunkulang may hináhawakang kuartá, na dáhil dito'y madalî ang mábuyò sa hindî dápat.

PEGAR. a. Ilápat; ikatnig; idaiti; ilapit ang anomán sa ibá.||Idikit; ihákab; itahî; ikabit ang anomán.||Ihampás; ipálô; idakdak; ibatí ang anomán sa ibá. || Hampasín; palûin.||Susuhan; sunugin; ó sulsulán nang apoy ang anomán: v. gr. SINÚSUHAN *nang apoy ang bàhay*, PEGÓ *fuego á la casa*.=*(una cosa) à, con otra*. Idikit: ó mádikit (ang anomán) sa ibang bàgay. =*á, contra, en la pared*. Idikit sa pader: ó idakdak sa pader.=*sobre*

la mesa. Sumuntok sa mesa. || n. y r. Makáhawa. Ginágamit namang parang *recíproco.* || Kumápit; ó tumúbô: v. gr. KUMÁPIT ó TUMÚTUBÔ *na ang mañgà damóng itinanim,* PEGAN *ya las yerbas que las trasplantaron.* || Manikit. || Máwiling lubhâ sa anomán.=*los piés.* Huag makahakbang; huag makakilos sa kinálalagyan.=*las sábanas al cuerpo.* Magmaibiging malabis sa pagtúlog.

PEGOTEAR. n. fam. Pumanhik sa ibang báhay sa oras nang pagkáin nang hindî ináanyahan.

PEGUJAL. m. Pasarili; pamuláing. || met. Muntîng pagaárî, ó aríarîan.

PEGUJALERO. m. der. nang *pegujal,* y

PEGUJARERO. m. der. nang *pegujal.* Ang magsasakang may maliit na saka; ó maggaganadó na may muntîng paghaháyop.

PEINADA. f. der. nang *peine,* y

PEINADO, DA. p. p. nang *painar.* adj. der. nang *peine.* Ang lalaking malabis na butihìn, na párang babayi. || m. Magandang ayos at pagkásuklay nang buhok. || f. Pagsusuklay: v. gr. *Ako'y* MAGSÚSUKLAY, *voy à darme una* PEINADA.

PEINADOR, RA. m. y f. der. nang *peine.* Ang mánunuklay ó tagapanuklay nang buhok. || m. Damit, na binábalabal kung nagsúsuklay, ó nagáahit.

PEINADURA. f. der. nang *peine.* Pagsusuklay. || Mañgá pinagsuklayáng buhok.

PEINAR. a. der. nang *peine.* Sumuklay; ó suklayìn. || met. Husayin; ó linisin ang balahibo nang alínmang háyop. || Sumàgî nang marahan; ó humásâ. Karaniwang gamitin nang mañgà anloage, at sinásabi: *Ang dahong itó nang bintánâ ó pintô ay* HUMÁHASA ò SUMÁSAGÎ *doon sa isá; esta hoja de ventana ò puerta* PEINA *con la otra.*

PEINE. m. Suklay || Súyod sa paghabe. || Ang butó nang bubong nang paá.

PEINERÍA. f. der. nang *peine.* Ang pinaggágawan, ó tindahan nang suklay.

PEINERO. m. der. nang *peine.* Ang gumágawá; ó nagtìtinda nang suklay.

PEINETA. f. der. nang *peine.* Peineta.

PEJE. m. Ang tawong matalino, masípag at madalîng gumawâ nang anomán. || Isang isdâ.

PEJIGUERA. f. fam. Alinmang bágay na malakí ang págod kaysa pakinábang.

PELADA. f. der. nang *pelo.* Ang kátad nang tupa, na inalisán nang balahibo, kung mapatay na ang háyop na itò.

PELADERO. m. der. ng̃ *pelo.* Lugal na banlîan at pinaghíhimulmulan nang mañgá ibon ò báboy.

PELADO, DA. p. p. nang *pelar.* adj. met. Bundok, búkid ó párang na walâng anomang káhoy at damó.

PELADURA. f. Ang paganit; ó pagtálop nang anomán.

PELAFUSTÁN, NA. m. y f. Hampás lúpâ; pasampiadsampiad.

PELAGALLOS. m. fam. Hampás lúpâ; ò tawong hámak at walâng hánap búhay.

PELAMBRAR. a. Ibábad ang

kátad sa túbig at ápog, at nang malagas ó maánit ang balahibo. || Magkultí nang balat.

PELAMBRE. m. Ang kapisanan nang kátad na kinúkulti. || Ang lahat ng̃ balahibo nang katawán: kaugaliang iniindihing, ang balahibong nabúnot na ó kinalís, at láló na ang mang̃á inalís nang máng̃ung̃ulti. || Ang pinaghálông túbig at ápog na pang̃ultí sa balat. || Ang kapanután nang lugal na dápat magkaroón nang buhok.

PELAMBRERO. m. Mánğung̃ulti.

PELANDUSCA. f. fam. Dalahirâ, ó babaying malikot sa lalaki.

PELAR. a. der. ng̃ *pelo.* Anitin; ó umànit. || Himulmulán ang ibon. || Alisán nang balat; talupan: sinásabi tunkol sa mang̃á almendras, pilî at ibá pang ganganitó. || met. y fam. Sa larô ay *talunin* ang lahat nang salapî nang kalaban. || met. Talupan; hubarán nang pagaârî ang kápowâ sa paraang masamâ. || r. Mapánot; makalbó.

PELARUECAS. f. fam. Ang babaying dukhâ, na nabùbuhay sa pag hahabi, ó sa paggawâ nang sinúlid, ó sa pagdurugtong nang habihín.

PELDAÑO. m. Baítang.

PELEA. f. Pagaáway; pagtatalo; pagbabaka. || met. Pagsasabong nang manok; ó pagbababag nang háyop. || met. Ang pagiíng̃at; pagpipílit na ginàgawâ sa pagdaig sa mang̃á násâ at pita nang katawán || met Kahirapan; kapágalan; tiyagâ sa paggawâ; ò sa paghahang̃ad magkamit nang anomán.

PELEAR. a. Babagin; awayin; bakahin. || Makipaghámok; makipag lamas. || met. Paglabanan at pagpilítang supilin ang mang̃á pita at hilig nang loob; ò magkásalusalubong na magkátatalo ang mang̃á pita at hílig nang loob. || Pagtiyagaán; pagsikapan; pagpagalán at nang kamtàn ang anomán; ó nang madaig at masúpil ang anomang kapinsalaán.=*á puñadas.* Magpànuntukan; babagin; pagsusuntukín.=*en defensa de.* Makipaghámok sa pagtatangol nang.=*por la pátria.* Ipagtangol ang bayang tinubûan. || r. Magbababag; magaáway ang dalawá ó marami man.=*uno con otro.* Magbabag.=*por alguna cosa.* Pagawayan ang anomán.

PELECHAR. n. der. nang *pelo.* Sumipot; tumúbô ang unang buhok ò balahibo; ó mulîng tubûan pagkapang̃ùlag. || met. y fam. Magmulang umigi ang pamumúhay; ó magpamulang yumaman.

PELEONA. f. Babag; áway. || Pagkakagalit; pagtatalo.

PELIAGUDO, DA. adj. Ang háyop, na mahábâ at pino ang buhok para nang *conejo*, kambing na maliit, etc. || met. y fam. Ang bágay na lubhang mahírap gawìn ò isipin. Ang tawong matalas.

PELIBLANDO, DA. adj. Malambot ang buhok.

PELICANO, NA. adj. Maputî ang buhok; úbanin.

PELÍCANO. m. Pagálâ.

PELICORTO, TA. adj. Maiklî ang buhok; utod ang buhok.

PELÍCULA. f. Bálok; lámad.

PELIGRAR. n. Mápang̃anib; susumapang̃ánib. || met. Mápang̃at; málagay sa pang̃inib.=*á, en la subida* Màpang̃anib sa pagpanhik.

PELIGRO. m. Panganib.

PELIGROSO, SA. adj. der. ng *peligro*. May panganib.||met. Tawong mapagbásagulo at pangahás.

PELILARGO, GA. adj. Mahábâ ang buhok.

PELILLOSO, SA. adj. Makíliitiin, ó maíngat at masailan sa pakikipagtrato sa kápowâ, na pinápansin sampong káliitliitang bágay.

PELINEGRO, GRA. adj. Maitim ang buhok.

PELIROJO, JA. adj. Mapulá ang buhok.

PELITIESO, SA. adj. Ang matigás at nangángalisag ang buhok.

PELMACERÍA. f. fam. Kabagalan; kakuparan sa paggawâ.

PELMAZO. r. Anomang bágay na mahigpit; ó lápat nang labis sa katatagán; masinsín. || Ang pagkáing hindî natúnaw sa sikmúrâ, at nátira doon. || met. Ang tawong makúpad at lubhang matamilmil; ò ang nanakayáyamot; ó madiwárâ.

PELO. m. Balahibo. Karaniwang intindihíng ang lahatlahat nang balahibo, at sinásabi: *Balot nang* BALAHIBO *ang katawán, está cubierto de* PELO *el cuerpo.* || Buhok. || Bulo nang káhoy. || met. Balahibo nang sutlâ, lana, etc. || Balahibo nang damit. || Ang sakit na bagâ nang suso nang babaye, dáhil sa namúmuông gatas.=*arriba.* mod. adv. Salungat. =*de aire.* Símoy na lubhâng mahínâ nang hangin, na hindî máramdaman, at sinàsabi: *Walâ* KAMUNTÎ MANG HAÑGIN, *no corre ni un* PELO *de aire.*

PELÓN, NA. adj. aum. nang *pelo.* Walâng balahibo; panot; ó madálang na lubhâ ang buhok. || met. Ang maiking lubhâ ang pagiísip, ó hirap na hirap, at walâ kauntî mang pagkunan nang ikabúbuhay.

PELONERÍA. f. fam. Kadukhaán; kasalatàn.

PELOSO, SA. adj. der. nang *pelo.* Mabuhok; makapal ang buhok.

PELOTÓN. m. aum. nang *pelota.* Pelotang malakí. || Buhok na nagkákasuotsuot, guló, ó nabíbilot. || mil. Isang pulutong na sundalo. || Buntón nang tawo; kawan.

PELUDO, DA. adj. der. nang *pelo.* Makapal ang buhok.

PELLA. f. Ang binílog ó binílot na anomàn, na binalumbón, at saká hinigpit nang pabilog. || Ang binubong metal, na hindî pa tinátrabaho. || Ang tabâ nang katawán, na lumálabas sa balat ó sumásama sa pawis. || Salapîng násirâ, ó ùtang.

PELLEJA. f. Balat; kátad, na nakahiwalay sa lamán. || fam. Babaying langó.

PELLEJERÍA. f. der. nang *pelleja.* Lugal na pinagkúkultihan at pinagtítindahan nang mangá kátad. || Ang *oficiong* magtindá ó magkultí nang kátad. || Buntón nang kátad.

PELLEJERO, RA. m. y f. der. nang *pellejo.* Magkakatad; ó nagbíbili at nagkúkultî nang kátad.

PELLEJO. m. Kátad; ó balat ng háyop. || Ang balat nang tawo. || met. Ang bálok nang ibang bunga nang káhoy. || met. y fam. Langô; lasing.

PELLIZCAR. a. Kurutín; piralin. || Kumuha nang kauntî, ó nang kapiraso nang anomán. || r. met. Magkaroón nang násâng malakí sa anomán.

PELLIZCO. m. Pagkurot; pagpí-

ral.||Kurot; píral. Ang pirasong muntì nang anomán, na kinuha ò kinurot sa kaboôan.

PENA. f. Parusa. || Págaalaala; hapis; ò pighatîng malakì nang loob. || Hírap; sákit; dusa nang katawán, =*capital*. Bítay; ó parusang ináalisan nang búhay ang nagkásala.=*pecuniaria*. Ang parusang magmultá ng̃ salapî.

PENACHO. m. Ang plumaheng inilálagay sa ulo nang kabayong panghila, kung malaking pistá.||met. Ang balahibong tíla pálong nang mang̃á katala, kilákil, etc. || fam. Kapalalûan; kayabang̃an.

PENADO. DA. p. p. nang *penar*. adj. Mahírap na gawâ. || Nahihirapan.

PENAL. adj. der. nang *penar*. Ang nàuukol sa parusa, ó sa hírap.

PENALIDAD. f. der. nan *pena*. Kahirapan; kasakitan; kahapisan.

PENANTE. p. a. nang *penar*. adj. Ang naghíhirap; ó nagdúrusa.

PENAR. a. der. nang *pena*. Parusahan; pasakitan; pahirapan. || n. Magkasákit; maghírap; ó magtiís ng anomang hírap ó kasakitan. || Maghing̃alông maluat.=*de amores*. Magdálita sa pagíbig.=*en la otra vida*. Maghírap sa kabilang búhay.=*por los hijos*. Magtiís nang hírap; mag dálitâ dáhil sa mang̃à anak.

PENCA. f. Dáhong may tiniktinik at matulis nang anomán, para nang diliwàriw, etc. || Balàbâ. || met. Ang suplinang kátad ò *baqueta* na ipinápalô nang verdugo sa may sala.

PENCAZO. m. aum. nang *penca*. Ang hampás nang *penca*.

PENDEJO. m. Balahibo sa pusón at sa síng̃it; bulbol. || fam. Ang tawong lubhang duag; ó inúukol nang kaniyang asawa.

PENDENCIA. f. Áway; babag; tákapan.

PENDENCIAR. n. Magáway; magtákapan.

PENDENCIERO, RA. adj. der. nang *pendencia*. Palaaway; palausap.

PENDER. n. Mábitin. || Masakop ang isang bágay nang ibá.=*de un cabello*. Mábitin sa isang buhok.=*en la cruz*. Mábitin sa *cruz*.

PENDIENTE. p. a. nang *pender*. Nábibitin; dahilig; tarik. || f. Ang dalisdís nang isang lupaín. || m. Híkaw.

PENDOLISTA. m. Ang matulin at maínam ang súlat. || Sinung̃áling; magdaráyâ.

PENDÓN. m. Ang bandílâng muntî, na gámit nang mang̃á sundalo, at nang mákilala ang báwa't isá nang regimiento, at batallong napasasa digmâ. || Ang bandílâ sa mang̃á simbahan ó *cofradía*, na nakakabit sa isang tagdang mataás, at may dalawang dulong tulís sa ladlaran || Ang supling nang káhoy sa katawán. || fam Iit na inilálapat sa lalaki, at lálô na sa babayi, na mataás, masamâng lumàkad at walâng ayos.

PÉNDULO, LA. adj. Nábibitin; nakabitin; dalisdís na lupaìn. || m. Anomang bágay na nakabitin, at magalaw, para nang híkaw; palawit etc.

PENEQUE. m. fam. Lang̃ó; lasing.

PENETRAR. a. Tumagòs ang anomán sa kilábot nang isang bágay;

tumalamak. ‖ met. Mákilala; matarok ang anomang bágay na mahírap intindihín ó gawín, ó ang kalooban nang kápowâ. ‖ n. Manuot; manaliksik; tumalama, para nang panunuot at pananaliksik nang lamig hangang butò; pananaliksik sa púsô nang dinííringig na taghoy. ‖ met. Manaimtim; tumalab ang hapdî nang sakit; dalamhatî, ó ibá pang gangaǹitò. ‖ Paloob; sumuot sa loob nang isang lugal, may kahirapan ó kasikipán man. =*en el bosque*. Sumuot sa gúbat.=*entre, por entre las filas*. Paloob, ó sumuot na pagitnâ sa fila. =*hasta las entrañas*. Tumagós; sumuot hangang sa úbod.=*por lo más espeso*. Sumuot sa lálông masinsin. ‖ r. Maniwálâ; pahinúhod sa anomán.

PENÍNSULA. f. Lúpàng likíd nang tùbig, at kákauntî ang nakakabit sa ibang lúpâng malakí.

PENINSULAR. adj. der. nang *península* Ang túbô; ó náuukol sa península.

PENITENCIA. f. Ang *sacramento* nang pangungumpisal, na ikinalílinis sa sala. ‖ Kabánalan, na ito'y ang pagsisising lubós sa nágawang kamálian, at pagtitíkâng matíbay na hindî na muling magkásala. ‖ Pagpapasákit sa sariling katawán, at pagpipígil nang kalooban. ‖ Parusa; dusa.

PENITENCIAR. a. Parusahan nang karampatan sa sala: karaniwang intindihing ang iniáatas nang párî.

PENITENCIARIO, RIA. adj. y s. m. der. nang *penitencia*: Ang páring may tunkol na magpakumpisal sa isang simbahan: ngayón ay karángalang *canónigo*.

PENITENTA. f. Ang babaying nagkúkumpisal.

PENITENTE. adj. Ang náuukol sa parusa. ‖ com. Ang nagpèpenitencia. ‖ Ang nagkúkumpisal. ‖ fam. Kasama sa anomang gawâng katampalasanan. ‖ Ang sa mangá prusisión nang mahal na áraw, ó mangá pagrorogativa ay may suot na túnika, nang pagpepenitencia.

PENOSO, SA. adj. der. nang *pena* Mahírap na bágay. ‖ Ang may hírap; nagdáramdam nang sákit.

PENSADO (DE). mod. adv. Tinalagà; sadyâ.

PENSAMIENTO. m. Ísip; panimdim; háká. ‖ Pagiísip; ó pagbubulaybúlay. ‖ met. Ang malabis na liksí, ó kadaglián. ‖ Ang pangulong bágay nang isang kasulatan, at báwa't isá nang namúmukod na nakalamán doong pagiísip. ‖ Hinálâ; ligamgam nang loob.

PENSAR. a. irreg. como *acertar*. Isipin; akalâin. ‖ Bulaybulayin; siyasating mahúsay ang anomán. ‖ Kurûin; hakâin; nilayin. ‖ Magbantâ; ó magakálâng gumawâ nang anomán. ‖ Bigyán nang damó ó pálay na kakanin ang háyop, na paris nang kabayo. =*en, sobre alguna cosa*. Isipin; bulayin ang anomán.=*entre sí*. Bulaybulayin sa ganang sarili.=*para consigo*. Bulayin sa sarili.

PENSATIVO, VA. adj Ang nagiisip, at nakatangá sa anomán. ‖ Panimdimin.

PENSIL. adj m. Hálamanang kalugodlugod.

PENSIÓN. f. Buís sa taontaòn nang lúpà, báhay, etc. ‖ Isang báyad

ó sueldo na bùanan, ó táonang ibiníbigay nang hárì sa isang tawo, dàhil sa anomang ginawáng *servicio.* ‖ met. Ang pagal na kakambal nang pamamahálâ nang anomán.

PENSIONADO, DA. p. p. nang *pensionar*, y adj. Ang tawong may tinátangap na *pensiòn*.

PENSIONAR. a. der. nang *pensiòn*. Pabuisan; ó lagyán nang buis.

PENSIONARIO. m. der. nang *pensión*. Ang namúmuisan; ò bumúbuis.

PENSIONISTA. com. der. nang *pensiòn*. Ang may katowírang maningil at tumangap nang anomang *pensión*. ‖ Ang tumátahan sa *colegio*, ó sa isang báhay, na nagbábayad sa kaniyang pagaáral, ó kinàkain.

PENTATEUCO. m. Ang bahagi ò lugal nang Biblia, na kinálalagyan nang limang libró, na sinúlat ni Moisés.

PENTECOSTÉS. m. Kapistahan nang mangá judió sa pagaalaala sa ley, na ibinigay nang Dios sa bundok nang Sinaí. ‖ Ang kapistahan ng pagpanáog nang Dios Espíritu Santo, nang makaakyat na sa lángit ang àting P. Jesukristo.

PENÚLTIMO, MA. adj. Pangilawá búhat sa dulo.

PENURIA. f. Kasalatàn nang mangá bágay na lálông kailangan, ó nang alinmán sa kanilá.

PEÑA. f. Batong malakí at hindî pa linís.

PEÑASCO. m. der. nang *peña*. Batong malakingmalakí at mataas; ò bundók na bató.

PEÑASCOSO, SA. adj. der. ng *peñasco*. Bundók, ó lugal na maraming malalaking batóng tumùtubô.

PEÓN. m. Ang lumálakad; ó naglálakad. ‖ Ang upahán nang araw; ó *peón*. ‖ Sundalong lakad. ‖ Alinmán sa labingdalawang pirasong anomán, na ginágamit sa larông dama. = *caminero*. Ang nagpápalâ nang daán.

PEONERÍA. f. der. nang *peón*. Ang lupaing nagágawâ nang isang tawo sa maghapon.

PEOR. adj. comp. irreg. nang *malo*. Lálông masamâ; masamâ pa.

PEORÍA. f. der. nang *peor*. Pagbabawas; ó pagkukùlang; ó pagkasírâ nang anomang bágay; ó ang paglalak ng samâ, ó nang kasírâang námamasdan sa kaniyá.

PEPINAR m. der. nang *pepino*. Lugal na maraming tanim na pepino.

PEPINICO, LLO, TO. m. dim. nang *pepino*. Malingit na pepino.

PEPINO. m. Pepino.—*Pepino de S. Gregorio.* Tabúgok; tabúbok.

PEPITA. f. Ang butó nang alinmang bunga nang kàhoy, ó halaman, na siyang nagágamit na binhî tuloy, para nang sa milón, peras, etc. ‖ Sakit nang manok na tinátawag nátin *tigak* ó *tula* ‖ Ang pulbós nang gintông nákukuha sa mangá ílog at batis. ‖ Ang piraso nang gintông pulós at hilaw pa. = *de S. Ignacio*, ó *pepita katbaloñgan*. Ang pepitang gamot.

PEPITOSO, SA. adj. der. nang *pepita*. Mabutó. ‖ Ang manok na may sakit na tigak, ó tula.

PEPÓN. m. Pakuán na kinákain.

PEQUEÑEZ. f. der. nang *pequeño*. Kaliitán; kauntián. ‖ Kasangulán.

PEQUEÑO, ÑA. adj. Maliit; muntî. || Bátâ. || Mabábâ; dukhâ. Kasalungat nang wíkâng mataàs na tawo; ó mayaman.

PERA. f. Bunga nang peras.|| Balbás sa bábâ. || met. Ang pagaárî; ò katunkúlang malakí ang kita, at kákaunti ang pàgod.

PERADA. f. der. nang *pera.* Minatamís na kináyod na peras.

PERAL. m. der. nang *pera.* m. bot. Pùnò nang peras.

PERALEDA, f. der. nang *pera.* Lugal na maraming tanim na peras.

PERCATAR. n. Isipin; bulaybulayin; pagingatan.

PERCIBIR. a. Tumangap; sumáhod nang anomàn, na para nang salapî, sueldo, buís ó pakinábang sa taontaón. || Malasmasín; olinigin; batyagín ang anomán. || Matahô; mákilala ang anomán.

PERCIBO. m. Pagkámanman; pagkáolinigig; pagkábatyag nang auománn. || Pagkatantô; pagkákilala nang anomán. || Pagtangap; ò pagsàhod nang anomán.

PERCUDIR. a. Sirâin ang balat ó ang pinakamukhâ nang anomán; sirâin ang kinang nang pangibábaw; ò dalapdapín ang anomán.

PERCUTIR. n. Umumpog; mábungô ang isang bágay sa isá.

PERDER. a. irreg. como *ascender.* Iwalâ. || Sayangin; sirâin; itapon: ipatalo; aksayahín ang anomán. || Papaghirapin; itapon ang árî nang kápowâ. || Huag kamtán ang anomang pinakananasanásâ. || Siráan ng purî; ó nang pagaárî ang kápowâ. || Mangulugi; mawalán; masirâan. || Matalunan.|| Kung kasama nang ilang nombre ay *magkúlang,* v. gr. MAGKÚLANG *sa karampàtang paggálang,* PERDER *el respeto debido,* etc.=*al, en el juego.* Matalo sa larô.=*de vista.* Mawalâ sa masid. || r. Mawalâ; masírâ; masáyang; mápahamak.||r. Máligaw; máwaglit. || met. Mágipit; masikî na huag makátagpô nang labasàn. || Pálulong; pábigay nang lubòs sa masasamang pita nang katawán. || Mabagbag; málubog sa túbig. Gumíliw; umírog nang labis. || Magmáliw; lumipas.=*de vista.* Mapáram sa tingin.=*en el camino.* Màligaw sa daán.

PERDICIÓN. f. der. nang *perder.* Pagkasírâ; kasiraán; pagkawalâ; pagkáligaw. || Pagkàpahamak; pagkápakasamâ. || Pagíbig na malabis. || Pagkáparool sa infierno. || Ang dahilán, ó pinagbuhatan nang kasiraán.

PERDÓN. m. Ang patáwad; ò kapatawarán; pagpapatáwad. || fam. Ang patak nang langís, sáhing ó anomang bágay, na umàanod at nagdírikit.

PERDONAR. a. Patawarin; ó magpatàwad.

PERDULARIO, RIA. adj. Ang lubhâng pabayâ sa kaniyang mangi pagaárî at sa sariling katawán; alibughâ; aksayá.

PERDURABLE. adj. Lagî na; ó walang hangán. || Ang umáabot ng mahábâng panahón.

PERECEAR. a. Papagluatín; ò pagluматlumatin ang anomán sa kapabayaán, ó dáhil sa katámaran.

PERECER. n. irreg. como *agradecer.* Matapos; mawalâ || Mamatay. || Maghírap; madukhâ. || met. Mábabad sa sala; ó mápakasamâ sa in-

fierno.=*de hambre.* Mamatay sa gútom. || r. Magnásâng mahigpit. Karaniwang sabíhin sa kalakhán nang pagìbig, na *namàmatay sa pagíbig* ò *pagnanásà.*=*de risa.* Mamatay nang tawa.=*por alguna cosa.* Magpakamatay sa anomán; pakanasâin ang anomàn.

PEREGRINACIÓN. f. der. ng̃ *peregrinar.* Ang pang̃ing̃ibang bayan. || Ang paglalakbay sa isang simbahang pinang̃akûang dayuhin, para ng̃ pagpasá Antipolo, etc. || Ang panahón nang búhay na itó, na pag katapos ay sakâ pa lámang tayo máuuwî sa láng̃it na siyang talagang bayan.

PEREGRINAR. n. Mang̃ibang bayan. || Maglakbay sa isang simbahang pinang̃akûang dayuhing pagsimbahán, ó pagdasalán. || Mabúhay sa mundong itò, na nilálakaran nátin nang pagpasaláng̃it.=*á regiones extrañas.* Maglakbay; maglibot sa lugal na dî kilalá.=*por el mundo.* Maglibot sa mundó.

PEREGRINO, NA. adj. Ang nang̃íng̃ibang bayan. || Ang naglálakbay sa isang simbahang pinang̃akûan. || met. Kaibá; bihírâng mákita, || Dakílâng kagandahan. || met. Ang nabúbuhay sa mundong itó.=*de Antipolo.* Nandayuhang dumálaw sa Antipolo.

PERENNE. adj. Lágî; walâng likat; paratì.

PEREZA. f. Katamaran. || Tamlay. || Kapabayaán. || Kakuparan; bàgal.

PEREZOSO, SA. adj. der. ng̃ *pereza.* Tamad; batugan; anyáyâ; pabayâ. || Mabágal; makúpad.

PERFECCIÓN. f. Kayarîang lubós nang anomán. || Ang galing, ó kahusayang lubós ng̃ anomán. || Gandá; *gracia* ó galing na tàng̃î nang isang tawo, láló nang babayi. || Ang mataás na grado nang kabánalan ó kabáitan.

PERFECCIONAR. a. Pakahusayin; ó pakalubusín ang pagkáyarî nang isang bàgay, na huag maglabí nang lálông maliit na kapintasan.

PERFECTO, TA. adj. Ganap; lubós; sakdal. || met. Ang may mataás na kabánalan; ò lubhâng banal at mabait. || Magandá; marikit na lubós. || Lubós nang galing, ó nang buti. Sanay.=*ante Dios.* Lubhâng banal, ò lubhâng malinis sa matá nang Dios.

PERFIDIA. Kaliluhan; kasukabán; kataksilán.

PÉRFIDO, DA. adj. Taksil; sukab; lilo.

PERFORAR. a. Butasin; ó lagyán nang butas.

PERFUMAR. a. der. nang *perfume.* Suubin; ú pasohán nang mabang̃ó ang anomán; pabang̃ohán. || met. Magpahalimúyak nang amoy na mabang̃ó ó mabáhô.=*con incienso.* Suubín nang *incienso.* || r. Magpabang̃ó; gumámit nang pabang̃ó.

PERFUME. m. Suob; ó panuob na mabang̃ó. || Ang amoy na mabang̃ó, ó nagbúbuhat sa anomán. || Pabang̃ó.

PERFUMERÍA. f. der. nang *perfume.* Lugal na pinaggágawan; ó Pinagtítindahan nang pabang̃ó.

PERFUMISTA. com. der. nang *perfume.* Ang mangagawâ ó nagtitinda nang pabang̃ó.

PERICIA. f. Karunungan; kabi-

hasnán sa alinmang arte.

PERIGALLO. m. Lambî, ò lalambî nang manok, na karaniwang nangágaling sa malabis na katandaán ò kayayatan. || fam Ang tawong mataàs at patpatin ang katawán.

PERILLÁN, NA. adj. fam Matalas at bihasa sa kaululán at pagdaráyâ. || Kúlang nang hiyâ at kamáhalan.

PERITO, TA. adj. Bihasa; marúnong; sanay sa anomang karunúngan ó arte.

PERJUDICAR. a. Makasamâ; makasírà. || Tampalasanin. || r, Masiraán.

PERJUDICIAL. adj. Nakasásamâ; nakasísirâ; ó makasásamâ.=*á, para la vista.* Nakasásamâ; ó masamâ sa matá.

PERJUCIO. m. Kasiraáng tinátangap ó nangyáyari.

PERJURAR. n. Manumpâ nang kasinungalingan; ó nang hindî dápat. || Manumpâ nang madalás, na búhat sa masamâng pinagkaugalian, ó dàhil kayâ sa pagpapatíbay nang kasinungalingan. || r. Magkúlang sa pangákông pinanumpáan.

PERJURIO. m. Panunumpá nang hindî totoó; ó ang pagtalíkod; hindî pagganap sa pangákông pinanumpaán.

PERJURO, RA s. y adj. nanumpâ nang hindî totoó; ó hindî tumútupad sa ipinanumpâ.

PERLÁTICO. CA. ay Ang may sakit na *perlesía;* at ang náuukol sa sakit na itó.

PERLERÍA. f. der. nang *perla.* Kapisanan; ó karamihan nang perlas.

PERLESÍA. f. Sakit sa mangá lítid, na siyang ikinamámatay nang alinmang bahagi nang katawán.

PERLINO, NA. adj. nang *perla.* Ang may kúlay *perlas.*

PERMANECER. n. irreg. como *agradecer.* Lumagî; manatili; managal.=*en su lugar.* Manatili sa kaniyang kinálalagyan.

PERMANENCIA. f. Paglágî; pamamamarati; ó hindî pagbabago.

PERMANENTE. p. a. ng *permanecer.* adj. Lagî; ó hindî nagbabago.

PERMANSIÓN. f. der. nang *permanecer.* Paglágî; pamamarati,

PERMISIÓN. f. der. nang *permitir.* Pagpapahintúlot; túlot.

PERMISIVO, VA. adj. Ipinahí hintulot.

PERMISO. m. Pahintúlot; ó kapahintulutáng gumawâ, ó makapagsabi nang inàakalâ.

PERMISTIÓN. f. Pagkakáhalo halô nang mangá bágay na lusaw, ó pinaghalông mangá lusaw na bábay. Salitâng gámit nang mangà *boticario.*

PERMITIDERO, RA. adj. Maipahihintúlot; ó maaàring ipahintúlot.

PERMITIR. a. Ipahintúlot; ó pahintulutan. || Pabayaan; huag pigilin ang mangyáyari, na karampátang sawataín. Ipáyag. || Ipagkaloob. || r. Pakita; mangahás.

PERMUTA. f y

PERMUTACIÓN. f. der. nang *permutar.* Pagpapalit; ó pagpapálitan.

PERMUTAR. a. Pagpalitín; ó ipamalit ang anomán.=*(una cosa) con, por otra.* Palitán (ang Isang bàgay) nang ibá; ipagpalit.

PERNETAS, (EN). mod. adv. Lilís, ò litaw ang bintî; walâng sinelas ó sapín.

PERNIABIERTO, TA. adj. Sakang.

PERNICIOSO, SA. adj. Nakasísirâ nang malakí; masamâ. =*á las costumbres.* Nakasísirâ nang mabuting kaugalián. =*para los jóvenes.* Masamâ para sa kabataán.

PERNIQUEBRAR. a. irreg. como *acertar.* Balîin; pilayin ang paá. || Umugin; ò durugin ang hìtâ ó bintî. || r. Mabálî; madúrog ang hítâ. | Mapílay; mabálî ang paá. Itó ang lálông kagamitàn, ang *activo* bihírâ.

PERNITUERTO, TA. adj. Pilipit ang paá.

PERNOCTAR. n. Matúlog sa isang lugal; ó doon daanan ang boong magdamag.

PERO. m. Isang *claseng manzanas.* || Kapintasan; kasiraàn: v. gr. *Si Juan ay walang* KAPINTASAN Ó KASIRAÁN, *Juan no tiene* PERO. || conj. advers. Dátapowâ; ngùnî.

PEROL. m. Tansò; pòhiâ.

PERPENDICULAR. adj. geom. Gúhit ó planong patayô, at nakatuntong ng tuid sa kápowâ gúhit ó plano, at sa magkabikábilâ niyá ay magkaisâ ang lakí nang párulukan; patindig.

PERPETRACIÓN. f. der. nang *perpetrar.* Ang paggawâ ng anomang dakílâng kasalanan.

PERPETRAR. a. Makágawâ ng dakílâng kasalanan; ó magkàsala ng malakí.

PERPÉTUO, TUA. adj. Lágî. || Maglùluat magpakailàn man.

PERPLEJIDAD. f. Pagaalangán nang loob.

PERPLEJO, JA. adj. Alangán; ó alanganin ang loob.

PERRA. f. Asong babayi. || met. Paglalangó. || Muhî; bugnot na sù. sumandalî.

PERRERO. m. der. nang *perro.* Ang may tunkol na magpalabás nang aso sa loob nang simbahan. || Ang nagáalagâ nang mangà asong ipinangángaso. || Ang maibiging magalílá nang aso. || met. Ang manguulol sa kápowâ.

PERRO, RRA. m. y f. Aso. || met. Táwag na hámak, pangpalibhásâ at pangláit, lálô na sa mangà moro at judío. || Dàyâ; pagulol sa kápowâ, at karaniwang sabihing: *Mang*ULOL; ó *mang*DÁYA; *dar* PERRO.

PERRUNO, NA. adj. der. nang *perro.* Náuukol sa aso.

PERSECUCIÓN. f. der. nang *perseguir.* Pagúsig; pagdowahagi. || Ang kahirapan; ó pagal nang katawán ó kálulowa. || Ang lúhog, ó pakiúsap na lubhang maúlit at nakayàyamot, na ang tungo ay nang úpang pahinúhod sa kahíngîan ang síno man.

PERSEGUIR. a. irreg. como *pedir.* Sundán; habulin; buntután. || Sundansundán; ó usigin saan man paroón. || Duwahaginin; yamutín; siraán ang isá sa boong manyáyari at kayang gawín. || Lumuhoglúhog; ò makiúsap nang lágî.

PERSEVERANCIA. f. Katiyagaár; katamahán; pananatili. || Katibayan nang loob sa dî pagbabago sa kabáitan; ó sa mabuting bágay na pinamulàn. || Pagluluat na mahábâng panahòn nang anomán.

PERSEVERAR. n. Manatili; mamalágî; magtamán. || Mamarating mahábâng panahón. =*en su intento*. Manatili sa kaniyang akálâ.

PERSIGNARSE. r. Magkurús; magantandâ ||Magtaká; mangilalâs sa anomang rákikita ó nádiringig. Karaníwang sabihing gayón sapagka't kaugalián nang nagtátaka ang magkuròs. || fam. Pamulán ang pagbibilí nang anomang bágay.

PERSISTENCIA. f. Katiyagaán sa anomàn.

PERSISTIR. n. Magtamán; magtiyagâ; magmatigás. || Magluat ang anomán nang mahábâng panahón.=*en el error*. Manatiling magmatigás sa kamálîan.

PERSONA. f. Tawo. || Ang lalaki ó babaying sínoman, làlô na kung hindî alam ang ngalan. || Anyô nang pangangatawán. || Táwong may mataás na kapangyarihan ó katunkulan.

PERSONAL. adj. der. nang *persona*. Ang náuukol sa isang tawo at sarili niyá.

PERSPICACIA. f. Katalasan nang matá. || met. Katalasan nang ìsip; ó nang pangintindí.

PERSPICAZ. adj. Matang matalas, na malàyô ang naáabot. || met. Matalas na pagiísip; ó tawong may matalinong ísip.

PERSPICUIDAD. f. Kalinawan; panganganínag; kaliwanagan. || met. Kaliwanagang mangúsap; at kalináwang magsalitâ at magsaysay nang anomán.

PERSPICUO, CUA. adj. Malínaw; maanínag; maliwánag. || met. Ang tawong maliwánag magsalítâ at magsaysay nang anomán. || Ang salitâng malínaw at madalîng intindihín.

PERSUADIR. a. Uralîan; papaniwalâin; papahinuhuring pilitin sa mahúsay na pagmamatowid, ó nakaáanyayang pananalitâ. =*á hacer alguna cosa*. Papahinuhuring pílit na gumawâ nang anomán.=*con, por buenas razones*. Uralîan nang mabuting matowid; papahinuhurin sa mabuting matowid. || r. Mauralîan; mapílit na maniwálâ.=*á esperar*. Mapilitang maghintay.

PERSUASIÓN. f. der. nang *persuadir*. Pagurálî; pagámô. || Kúrô; paniniwálâ.

PERTENECER. n. irreg. como *agradecer*. Mátaboy; mátungkol; máukol sa isá ang anomàn. || Mádapat; ó maging sarili nang isá ang anomán. || Máukol; mátunkol sa anomàn, ó sa kangínoman ang isang bágay. =*(la herencia) al mayor*. Mátaboy (ang mana) sa matandâ.=*á tal familia*. Máukol sa gayong ának.

PERTENECIENTE. p. a. nang *pertenecer*. Náuukol; nátutunkol; úkol; ó tunkol. || adj. Bágay, ó nábabagay sa anomang tinùtungô.

PERTINAZ. adj. Matigás ang ulo. || Sowail.=*de carácter*. Sowail; ò matigàs ang ugálî.=*en el yerro*. Matigás ang ulo sa kamálîan.

PERTINENTE. adj. Ang nàuukol sa anomán.||Akmâ; ó ayos. Kung hindî akmâ; ang táwag ay *impertinente*.

PERTURBACIÓN. f. der. nang *perturbar*. Ligálig; kaguluhán.

PERTURBAR. a. Manguló; lumigálig. || Sabarín ang nagsásalitá. ||

r. Maligálig.

PERVERSIDAD. f. Malabis na kasamân.

PERVERSIÓN. f. der. nang *pervertir*. Pagligálig; pagbibigay kagúluhan, ó kasiraán. || Pagsamâ; pagdool. || Kasamân nang paguugálî; kamalián nang isip.

PERVERSO, SA. adj. Ang lubhàng masamâ ang kaasalàn, pamumúhay, at ang pagganap sa mangá katunkulan nang sariling kalágayan.

PERVERTIR. a. irreg. como *sentir*. Sirâin ang mabubuting kaugalián, etc. || Pasamaìn. || r. Sumamâ ang ugálî. || Masírâ ang mabubuting ugálî, etc.

PESA. f. Panimbang. || Timbang nang anomàn.||Pabató nang relój; ó nang anomán.

PESADEZ. f. Kabigatàn. || Katigasán nang ulo; kaulitang nakagágalit; kabigatán nang paguugálî. || Malabis na katabaán nang pangangatawán. || met. Pagal; págod.

PESADILLA. f. Bangùngot.

PESADO, DA. p. p. nang *pesar*. || adj. Mabigat; matindí. || Malálim; ó mahimbing na túlog. || Mabágal.|| Nakamúmuhî, nakayáyamot. || Magalitín. || Matigás ang ulo; mabigat ang ugálî.=*de cuerpo*. Mabígat ang katawán; mabágal.=*en la conversación*. Nakayáyamot makipagúsap; mabigat makipagsálitaan.

PESADUMBRE. f. Bigat; kabigatán. || Kadalamhatián; súkal nang loob; dalamhátî; hapis.

PESAR. m. Dalamhátî; pighatî; lumbay. || Pagsisisi. || v. n. Mabigat; ó magtimbang... v. gr. *¿Gaano ang* BIGAT Ó TIMBANG *nitó? ¿Cuànto* PESA *esto?* || Magkahalagâ; ó mádapat mahalín ang anomán. || Pagsisihan ang anomán. || met. Tumalamâ; tumalab sa loob ang anomán. || a. Timbangín; ó tumimbang. || Pakabulayin ang katowiran nang anomàn at nang mákilala; tayahin.=*al pecador*. Pagsisihan nang nagkásala.=*de sus culpas*. Pagsisihan ang kaniyang mangá sala.

PESAROSO, SA. adj. Nagdádamdam; nagdádalamhatî; nagsísisi; nasúsukalan nang loob.

PESCA. f. Pangingisdâ.||Opisiong mangisdâ. || Ang pinangisdâ.

PESCADERA. f. der. nang *pescado*. Ang babaying nagtìtinda ng isdâ.

PESCADERÍA. f. der. nang *pescado*. Lugal na pinagtítindahan nang isdâ.

PESCADERO. m. der. nang *pescado*. Ang lalaking nagtítinda nang isdâ.

PESCADO. m. Isdâ.

PESCADOR, RA. adj. der. nang *pescado*. Mángingisdâ; ó nagbíbili ng isdâ. Ginágamit namang parang *sustantivo*.

PESCAR. a. Mangisdâ.||Kumuha; pumúlot; umumit nang anomán. || Másubok; ó máhuli ang isá sa pananalitâ ó sa gawâ, kung kailán hindî ináakalâng mádarakip. || met. Kamtán; tamuhín ang hináhangad ò ninánasâ.

PESCOZADA. f. der. nang *pescuezo*, y.

PESCOZÓN. m. aum. nang *pescuezo*. Pagbátok; ó suntok sa liig ó sa bátok.

PESCOZUDO, DA. adj. der. ng *pescuezo*. Batukán; ò malakí ang bá-

tok ó liig.

PESCUEZO. m. Liig. || met. Kapalalúan; kahambugán; at niwíwikâ: *Magkaroón nang* KAPALALÚAN, *tener* PESCUEZO; *maglitaw nang* KAHAMBUGÁN, *sacar el* PESCUEZO.

PESEBRE. m. Labangãn; sabsaban: ó kakanán nang háyop.

PESEBRERA. f. der. nang *pesebre*. Kapisanan; ó hánay nang maraming labangãn.

PESETA. f. Sikápat labindalawá.

PÉSIMO, MA. adj. sup. nang *malo*. Kásamasamáan; lubhâng masamâ.

PESO. m. Bigat; tindí; timbang. || Panimbang; pabigat; pàtaw. || Bigat; halagá nang anomán. || Ang ating salapîng *piso*, na may walong saikápat. || met. Dalá; kalgá; alágâ.

PESPUNTAR. a. Dumispunté; ó dispuntihín.

PESPUNTE. m. Dispunté.

PESQUERA. f. der. nang *pesca*. Pángĩsdâan; ó paláisdáan.

PESQUERÍA. f. der. nang *pesca*. Pangĩngĩsdâ; ò pagiisdâ. || Paláisdâan.

PESQUISA. f. Paguusísâ; pagsiásat.

PESQUISAR. a. Usisâin; siasatin.

PESTAÑA. f. Pilikmatá. || Ang palikpik nang kayo sa loob, kun matahî na. Tinátawag din namang gayón ang pangparikit na palikpik sa labàs.

PESTAÑEAR. n. der. nang. *pestaña*. Kumisap; kumurap.

PESTAÑEO. m. der. nang *pestaña*. Kurap; kisap ó kusap.

PESTE. f. Sálot; ò sakit na nakáhahawa at ipinagkákamatay nang marami. || Alinmang sakit, na hindî man nakáhahawa, dátapowa't siyang ipinagkákamatay nang madlâ. || Alinmang bagay na masamâ; ó makasásamâ nang malakí. || Masamâng amoy. || met. Ang pagkasírâ nang mabubuting kaugalián, at pagkálulong sa kahalayhálay na mangã kasamán. || met. Ang malabis na kasaganâan nang anomán. || pl. Pagmumurá; paglalasuâ; at niwìwikâ: *Mag*MURÁ, *mag*TUÑGAYAW, *echar* PESTES.

PESTÍFERO, RA. adj. der. nang *peste*. Makasásalot; ó makapípiste; ó makasísirâ nang malakí. || May amoy na lubhâng masamâ.

PESTILLO. m. Káling na may muelle, na pansará nang pintô sa dapit loob. || Pansarang hasòhasô.

PETACA. f. Kalupî; lalagyán ng̃ *cigarrillo*, tabako, ó hitsó. Petaka.

PETAR. a. fam. Magbigay loob; magbigay towâ.

PETATE. m. Banig. || fam. Sinungãling; mánunubâ. || Tawong hámak. || Apellido.

PETICIÓN. f. der. nang *pedir*. Paghingî. || Kahíngĩan; panalangĩn.

PETIMETRE. m. Ang malabis makapagáayos sa kaniyang katawán at kilos, at mapagsunod nang moda.

PETITORIA. f. der. nang *pedir*, fam. Náuukol sa kahìngĩan; ó ang kinálalamnan nang kahíngĩan. || m. fam. Ang lubhâng maúlit at nakamùmuhìng paghingî ó paglúhog.

PETO. m. Balútì sa dibdib. || Tagdán nang kaláwit.

PÉTREO, TREA. adj. Mabató; balábatohin. || Ang parang batô.

PETRIFICAR. a. Gawín, ó patigasing parang batò ang anomán. ||

r. Tumigás; ò maging tila bató ang tigás nang anomán.

PETROSO, SA. adj. Mabató.

PETULANCIA. f. Katampalasanan; kapangáhasan; kawalân nang hiyâ.

PETULANTE. adj. Tampalasan; pangahás; walâng hiyâ.

PEZ. f. Isdâ.

PEZON. m. Tangkay nang bunga nang káhoy. || Utong nang suso. || Ang dulo nang *eje* nang gulong, na nakalabás nang kauntî sa masa.

PEZONERA. f. Sabat nang dulo nang *eje*.

PEZUÑA. f. Kukó nang baka, kalabaw, tupa, etc., na nagkákahatîng tila dalirî.

PIADA. f. Siap. || Ang háwig ng pananalitá sa ibá, at sinásabi: *Si Juan ay* KAHÁWIG MANALITÁ *nang malakí ni N, Juan tiene muchas* PIADAS *de N.*

PIADOR, RA. m. y f. Ang sumísiap.

PIADOSO, SA. adj. der. nang *piedad.* Maáwâin; mahábagin. || Bágay na banal.

PIAN PIAN; PIAN PIANO. mod. adv. Utayútay; dahandahan; inotinot.

PIAR. n. Sumiáp. || Tumáwag; sumigaw nang boong pagdaing, at pagmamakaámô sa paghingî nang anomán. =*por alguna cosa.* Ipagmakaámông hingín ang anomán.

PIARA. f. Kawan nang mangá báboy.

PICA. f. Tila sibat na mahábâ.

PICADA. f. Ang tukâ, ó súgat na gawâ nang tukâ.

PICADURA. f. der. nang *picada.* Pagtukâ. || Súgat na gawâ nang tukâ; ó nang dúrô nang anomang matulis. || Ang kagat; sigid ó súgat na gawâ nang alinmang ibon, ó háyop na paris nang langam, ahas, putaktí at ibá pang ganganitó.

PICANTE. p. a. nang *picar.* Ang nanínigid. || m. Hanghang. || met. Salitâng matulis.

PICAPEDRERO. m. Manlalabrá nang bató; ó *cantero.*

PICAR. a. Tusukin; tuldukín. || Sigirín; tukaín. || Tumukâ. || Tadtarín nang maliit ang anomán. || Manukâ ang manok ó ibon. || Dawihin; kibitín nang isdâ ang panhuli ó binuit. || Kumatí ang balat. || Mahanghangán nang pagkáin. || Kumáin nang patamitamilmil, na parang nanhíhinukâ. || Patulinin ang takbò nang kabayo. || Turûan at sanayin ang kabayo. || met. Pagalitin ang kápowâ; ò ibuyó ang ibá nang salitâ ó mangá kilos na nakayáyamot.=*con un alfiler.* Tudlukín nang isang aspilé.=*con fuerza.* Durùin nang malakás.=*de todo.* Manghinukâ nang bálang na.=*en pedazos menudos.* Tadtarín; ò gayatin nang maliliit. || r. Masírâ ang damit, at sinásabi: NASIRÁ *ang damit sa pulilián,* SE PICÓ *la tela de polilla.* || Mabulok; masirâ ang anomang pagkáin. || met. Magálit; mapoot. || Maghambog; magmagaling; magpalalô: v. gr. MAGHAMBOG, ò MAGMAGALING *na mayaman,* PICARSE *de rico.* || Màdurô; mátibô.=*con alguno.* Magálit sa kangìnoman.=*en el juego.* Magálit sa pakikipaglarô.=*por una chanza.* Ikagálit ang isang birô.

PICARDÍA. f. Gawâng hàmak; katampalasanan. || Kalikután ng bàtâ. Gawâng mahálay.

PÍCARO, RA. adj. Hámak; magdaráyâ; sanay sa panguulol sa kápowâ. || Walâng kahihiyàn at kamâhalan. || Matalas; pusakal; at bihasang magpalikuadlikuad. || Mapagpatawá; masayá.

PICO. m. Tukâ nang ibon. || Dùlong matulis nang anomang bàgay, para nang tulis ó dulo nang *trespico*, sombalilo, etc. || Ang *pico* nang *cantero*, na panglabrá nang bató. || Ang bibig nang tawo, at sinàsabi: *Iñgatan mo ang iyong* BIBIG, *guarda el* PICO. || met. Ang kaluagán at kaayahang manalitâ.

PICOTAZO. m. aum. *pico*. Saksak; ó pilatok nang tukâ sa anomang bágay na tinukâ ó pinagtutukâ.

PICOTEAR. a. der. nang *pico*. Pagtutukín; ó pagtutukain; tumukâ. n. met. Magtatabil, || r. Magtákapan. || Magtúkâan ang ibon.

PICUDO, DA. adj. der. nang *pico*. May tukâ || Malakí ang tukâ. || Ñgusuán; ó malakí ang ñgúsô. || met. Matabil.||Mapagsalitâ nang labis at walang kaparararakan.

PICHÓN. m, Inakay nang kalapati.

PIDIENTERO. m. der. nang *pedir*. Nagpápalimos; pulubi.

PIDO. m. fam. Paghiñgî.

PIÉ. m. anat. Paà. || met. Haligi; ó pinanínibayan nang anomán. || Ang púnô nang isang káhoy; ó paanan niyá. || Látak; tíning. || Sa larô ay: kulàtad, ó hulí. || Talampakan: panúkat, na sa báwa't isang *vara* ay tatló ang nánasok. || Daán; ó dahilang iginawà nang anomán: v. gr. *magbigay* DAÁN, *dar* PIÉ, etc. || Dulo nang súlat. || Paanan.

PIEDAD. f. Kabànalang humíhikayat nang paggálang; paglilinkod at pagdadañgal sa Dios, sa mañgá magúlang, etc. || Gawâng kabánalan. || Áwâ; habag.

PIEDRA. f. Bató. || met. Ang katigasán nang anomán.=*alumbre*. Tawas.=*amoladera; ó de amolar*. Bugaán.=*azufre*. Asupré. = *de lumbre*, ò *de chispa; piedra de escopeta;* ò *de fusil*, Pantiñgan; pinkîan.=*imán*. Batobalánî. =*pómez*. Pangbúgâ; búgâ.

PIEL. f. Balat. || Kàtad nang hàyop.

PIERNA. f. Bintî. || Sa mañgá hàyop na ápat ang paá at sa ibon ay *hìtâ*. || met Alinmang bahagi ñg isang kabuoán, para nang PINAPA ó PAPA *nang kúmot*, PIERNA *de sàbana etc*.

PIEZA, f. Piraso; ó bahagi nang anomân. || Alinmang kasankapan sa pamamáhay, para nang kutsara, palayok, etc. || Bulós nang kayo. || Ang silid, ò alinmang pangkat nang bàhay. || Ang kanyón nang artillería. || Peón nang damahán. || Ang mapagpatawà; ò mapagulolulolan.

PIGMEO, MEA. adj. y m. y f. Tawong nápakababâ; ó nápakaliít.

PILAR. m. Sahurang batong parang batyâ sa mañgá batis, na sadyàng ginawâng tálunan nang tùbig. || Haliging bató. || Hangahang bató sa mañgá daán.

PILÓN. m. aum. nang *pila*. Tálunan nang túbig, na talagang ginawâ sa mañgá batis at nang maging lábahan, ínuman nang mañgá háyop at magámit pa sa ibá. || Asúkal na buông binùbô sa pilòn. || Pabató nang timbañgang *romana*, na

tabas kampánâ.

PILLADA. f. fam. Kabastusán; kapangáhasan at kawalang pinagaralan; kapíliuhan.

PILLAJE. m. Pagnanákaw; pagágaw; panghahárang.

PILLAR. a. Mangharang; mangágaw nang anomán. || Hulihin; dakipín.

PILLASTRE. m. Dakíâng pillo.

PILLERÍA. f. Katipunan nang mangá tawong pangahás, walâng pinagaralan. || Katampalasanan; kapíliuhan.

PILLO, LLA. adj. fam. Walâng pinagaralan at tampalasan.

PIMIENTA. f. Pamintà.

PIMPOLLECER. n. irreg. como *agradecer*. Magusbong; magmúrâ.

PIMPOLLO. m. Usbong; talbós. || Ang bulaklak na malápit nang mamukadkad. || fam. Ang binátâng magandá ang tikas.

PINCHAR. a. Tudlukín; pagduruín ang anomán. || Mádurô.

PINCHAZO. m. der. nang *pincho*. Tudlok; dúrô.

PINCHO. m. Panudlok; pandúrô.

PINDONGUEAR. n. fam. Maghampás lúpâ; lumakadlákad sa daán na walâng tinútungô. || Tumakbotakbó sa daán.

PINGÜE. adj. Matabâ. || Marami; sagánâ.

PINTADO, DA. p. p. nang *pintar*. adj. met. Bátik; batikbatik; ó talagang sarisarî ang kúlay.—*al más pintado*. loc. Sa lálông marúnong; sa lálông bihasa; sa lálông matalino ang ísip.

PINTAR. a. Magpintá; ó pintahàn. || met. Saysayín nang malínaw sa súlat ang anomán. na parang ipinintá. || n. Magpamulâng mahinog ang bunga nang káhoy =*(á alguno) con sombrero*. Ipintà (ang sínoman) nang nakasombalilo.=*de azul*. Píntahán nang asul. || r. Magpúpol.

PINTORREAR. a. der. nang *pintar*. Magpintà nang walâng kapararakan ó walâ sa lugal, na dungisan lámang nang sarísarîng kúlay ang pinìpintahan.

PIO, PIA. adj. Banal; maawâin; masintahin sa Dios; mahábagin. || m. Ang siap nang sísiw; ó nang alinmang ibon. || Násâng mahigpit at malakingmalakí.

PIOJO. m. Kuto; hánip.

PIOJOSO, SA. adj. der. nang *piojo*. Kútuhin; ò makuto. || met. maràmot; salat.

PIPA. f. Ang pinagháhakutan; ó lalagyang pinagtátagûan nang àlak, na para nang bariles, etc. || Kuako; patúpat.

PIPAR. n. Magkuako; magpatúpat.

PIPIAR. n. Sumiap ang inakay nang ibon.

PIQUE. m. Dalamhátî; tampó; sámâan nang loob. || Paglilinkod at láging pagpapakita ng loob sa isang nilíligawan.—*á pique*. mod. adv. Mápanganib; mábingit; mápangat.—*Echar á pique*. loc. Palubugìn ang isang sasakyán. || met. Sirâin; lansagín ang anomán.

PIQUERA. f. Butas nang báhay pukyutan. || Bútas nang bariles sa isà nang dalawá niyang mukhâ, na pátuluan ó pálabasan nang álak. || Metsero ó lalagyán nang mitsà.

PIRATA. m. Tulisán sa dágat.

|| met. Ang tawong malupit at walang àwâ sa mangã kahirapan nang ibá.

PIRATEAR. n. der. nang *pirata*. Manghárang; ó mangbíhag nang mangã sasakyán sa dàgat.

PIRATERÍA. f. Panghahárang sa dágat. || Pangbibíhag nang sasakyán sa dágat. || met. Pagnanákaw; pagsírâ nang árî nang ibá.

PISA. f. Pagtápak.||Tadyak; síkad.

PISADA. f. Yápak; yabag; tápak. || Bakás nang tápak. || Sípâ; síkad; tadyak.—*Seguir las pisadas*. fr. met. Parisan ang ibá; sundìng lubós ang halimbáwâ nang ibá.

PISAR. a. Yumápak; tumuntong. || Yumúrak. || Paikpikín; pisunín ang anomán.||met. Yurakan; pawalâng halagá ang anomán: v. gr. PAWALANG HALAGÁ, ó YURAKAN *ang kamáhalan*, PISAR *las honras* ó *dignidades, etc.* || n. Mátuntong; mápatong ang anomán sa ibá. || r. Magkátakapan.

PISCINA. f. der. nang *pez*. Pábiayan nang isdâ, na karaníwang nakalagay sa mangã hálamanan.||Ang lugal na pinagbábaunan nang abó ng búlak, ó nang kayong ipinagpúpunas nang santo óleo; ó nang túbig na bendita, at nang ibá pang ginágamit sa mangã *sacramento*.

PISO. m. Pagtápak. || Tápak. || Sahig: sa kahulugang itò lálông gámit.

PISONEAR. a. Pisunín; ó paikpikín ang lúpâ.

PISOTEAR. Pagyapakàn; ó lapirutin nang yápak ang anomán.

PISTA. f. Ang bakás nang yápak nang háyop.

PISTADERO. m. Pangñápit; pangpigâ.

PISTAR. a. Hapitin; katasín; pigaín ang anomàn.

PITAR. n. Sumutsot; patunugìn ang pito. || a. Magbáyad.

PITO. m. Panutsot; pito.

PITONA. f. Sawá.

PÍXIDE. f. Kabankabanang tataguán nang anomán. || Ang *copón* na lalagyán nang santísimo.

PIZCA. f. fam. Karampot; kamuntî nang anomán.

PIZCAR. a. fam. Kumurot; piralin. || Kumuha nang kauntî nang anomán.

PIZCO. m. fam. Kurot; piral.

PIZPERETA. adj. Babaying maliksí at matalino.

PIZPERINA. f. Buhay na loob; maliksì. Sa babayi sinásalitâ.

PLACABILIDAD. f. Kadaliang masawatâ, ó humupâ nang anomán, na para nang ínit, silákbó nang gálit, etc.

PLACATIVO, VA. adj. Mangyáyaring mapígil; ó makapípigil; makasàsawatâ.

PLACENTERO, RA. adj. Masayá; maligaya.

PLACER. impers. y def. na, sa mangã sumúsunod na *tiempo* at *persona* lámang ginágamit: pres. ind. *place:* imperf. *placia:* perf. *plugo:* fut. *placerá*: subj. pres. *plazca, plega*, ó *plegue*: imperat. *pluguiera*, y *pluguiese*: fut. *pluguiere*: ginágamit din namang parang *reflexivo*. Malugud; matuwâ. Makalugod; magbigay lugod.||m. Galak; lugod; tuwâ; kasáyahan.||Kalooban; pahintúlot.

PLACIBLE. adj. Nakalúlugod; nakatútuwâ. || Masayá.

PLÁCIDO, DA. adj. Tahímik. ||

Nakalúlugod.

PLAGA. f. Kahirapan; ó kasalatang malakí na para nang pagkakagutum, bálang, sálot at ibá pang ganganitò. || Ang kasiráang malakì; ó sakit na mabigat na dumatal sa kangĩnoman. || met. Alinmang kasaliwâang pálad, kahirapan ó dalamhátì. || met. Ang kasaganâan nang anomang bágay na nakasàsamâ.

PLANCHADORA. f. Babaying mamimirinsá.

PLANCHAR. a. Pirinsahín; ó mamirinsá.

PLANTA. f. Talampakan nang paá. || bot. Alinmang pananim ó halamang dî nagbábaging, ó hindî gumágapang, para nang pálay, mabulo, sili, talong, etc. || Pagtatanim. || Pananim; tanim: at sinásabi, *¡pagká inam nang* PANANIM *na talong na nàroon sa gayong lugal! ¡qué buena* PLANTA *de berengenas hay en tal parte!*

PLANTACIÓN. f. der. nang *plantar*. Pagtatanim.

PLANTADOR, RA. m. y f. Ang Mananánim; ó nagtátanim. || m. Ang kasankapan sa pagtatanim, na itó'y isang pirasong bákal ó patpat na matulis.

PLANTANAL. m. Sagingan.

PLÁNTANO. m. Ságing.

PROPORCIONADO, DA. p. p. nang *proporcionar,* y adj. Katatagán; ó bágay sa pinagkákailanganan; kasiyahán.

PROPORCIONAL. adj. Katamtaman; nábabagay.

PROPORCIONAR. a. Pagbagayin; ibágay. || Ihandâ; igayak ang anomán at nang kamtán ang ninánasâ. || Magkaloob, magbigay; magpahiram; magpasandálî.=*á las fuerzas.* Ibágay sa lakás ò sa kaya. || r. Maghandâ; maggayak, maglaán nang úkol sa sarili.

PROPÓSITO. m. Tíkâ; bantâ || Tungo; akálá; ahâ. || Pinagúusapan; pinagtútunguhan.—*á propósito.* mod. adv. Bàgay; akmâ —*de propósito.* mod. adv. Sinadyâ; kinúsâ.—*fuera de propòsito.* mod. adv. Lual; labás; ò walâ sa panahon.

PRÓROGA. f. y

PROROGACIÓN. f. der. nang *prorogar.* Palúgit na panahón.

PROSAPIA. f. Angkán; làhî, ó ának na pinagmulán.

PROSEGUIR. a. irreg. como *pedir.* Ipatúloy; isúlong; ituloy. || Manatili.=*con, en la tarea.* Magpatùloy nang, sa paggawâ.

PROSPERAR. a. Paginhawahin; payamanin. || n. Guminhawa; bumuti ang búhay.

PRÓSPERO, RA. adj. Mapálad; maginhawa.

PROSTITUIR. a. irreg. como *huir.* Ipagbilí ó kalakalin ang puri. || Siràin ó pahamakan ang kamàhalan nang anomán. || r. Mangalákal nang sariling katawán. || Magpakahàmak sa pagámit nang kapangyarihan, etc.

PROTECCIÓN. f. Pagaampón; pagtatankílik || Ampón; tankílik.

PROTEGER. a. Umampón; tumankìlik. || Tumúlong.=*(à alguno) en sus designios.* Tulúngan (ang isá) sa kaniyang mangá akálâ. || r. Magampónan; magtulungán.

PROTO. adj. Wíkâng griego na ang kahulugán ay: *Una; ó pañgulo.*

PROTOMÁRTIR. m. Ang káunaunahang naging martir.

PROTOMÉDICO. m. Pañgulo nang mangá *médico.* || Unang *médico.*

PROVECHO. m. Pakinábang; hitâ. || Magaling; ó kagálingang ginágawâ sa ibá. || Pagkásulong sa kabánalan, ò sa karunungan. || Pálâ; tamò.

PROVECHOSO, SA. adj. der. nang *provecho.* Mapakinábang; ó may pakinabang. || Mabuti. = *al, para el pueblo,* Pakíkinabangan nang bayan; ó mabuti sa bayan.

PROVEER. a. Maglaán; magtipon; magimpok; ó maghandâ nang pagkáin, ó ibang bágay na kailangan sa anomán. || Pamutihan nang kailangang bágay; punin. || Magpasiyá. || Magbigay; magkaloob sa kápowâ nang isang katunkulan ó nang anomán; maghalal. || for. Hatulan nang hukom ang isang *causa.*=*á la necesidad del pueblo.* Maghandâ nang kailangan nang bayan.=*(la casa) con, de víveres.* Ipaglaán (ang pamamàhay) nang mangâ pagkaing kailangan. || r. Magtalasok; magkursó. || Maglaán ng kailangan sa sarili.

PROVEIDO. p. p. nang *proveer,* || m. Ang auto, ò pasiyá ng hukom.

PROVENIR. n. irreg. como *venir.* Magbúhat; mangáling; magmulâ.

PROVISIÓN. f. Tiningal; handâ; laang mangá pagkáin ó ibang bágay. || Ang kautusang lagdâ nang mangá húkoman sa pangalan nang hárî, lálô na ang sa mangá *consejo* at *audien-*

cia. || Ang pagkakaloob, ó pagbibigay nang anomang katunkulan.

PROVOCACIÓN. f. der. nang *provocar*. Paghamon; pagsusulsol; udyok.

PROVOCAR. a. Magsulsol; humikáyat. || Aglahìin; pagwikâan; magpagálit; humamon. || fam. Isuka,= *á ira*. Pagalitin.=*(á alguno) con malas palabras*. Pagwikâan; ó hamunin nang masasamâng pañgungùsap.

PROVOCATIVO, VA. adj. Nakapípilit; nakahíhikayat.||Mapagaglahî. || Mapaghamón; mapanghikáyat.

PROXIMIDAD. f. Kalapitan; pagkakálapit.

PRÓXIMO, MA. adj. Malàpit. || Kalapit.=*á morir*. Malápit ng mamatay.

PRUDENCIA. f. Kabáitan; hinahon. || Katimtimang loob.

PRUDENTE. adj. Mabait at mahinahon. || Timtimang loob.

PRUEBA. f. Pagpapatutoó. || Katutohanan. || Tikim; súbok.

PUA. f. Tulis; subiang. || Tinghis. || Pasolo. || Báwa't isá nang ñgipin nang suklay nang habihán; ó nang panuklay nang buhok, peineta, etc. || Ang pákô nang trumpó. || met. Dalamhátî; subiang nang púsô. || Ang tawong matalas; suítik at maliksí sa gawâng masamá.

PUBERTAD. f. Edad nang tawo na pamulâ nang pagbabagontawò ò pagdadalagá, na itó sa lalaki ay pagsakay nang labingápat na taon, at sa babayi ay labingdalawâ.

PÚBES ó PUBIS. m. anat. Pukló.

PUBESCER. n. Sumápit; umabot sa pagbabagontawó ò sa pagdadalagá.

PUBLICAR. a. Ipahíyag; ipaalam sa lahat; ilathálâ ang anomán at nang mapagkaalamán. || Ipagsabisabí, ó ipanabi ang nálilihim.

PÚBLICO, CA. adj. Hayag; litaw; alam nang madlâ.||m. Ang sangbayanán; ó katipunang alinmán ñg marami.—*en público*. mod. adv. Sa háyagan; ó sa hayag.

PUCHERA. f. Palayok. || Laoya; ó *puchero*.

PUCHERO. m. Palayok na muntî kay sa *puchera*. || Laoya; ó *puchero*. || met. Ñgiwî; ò ñgíbit, na náuuna sa pagiyak. || Ang kaugaliang pagkáin nang sínoman; ó pagkaing pañgarawáraw, maging anomán yaon.—*hacer pucheros*. fr. met. Magiyakiyakan; ó magkonowaring tila iiyak.

PUDENDO, DA. adj. Mahálay; pángit; kahiyáhiyâ. || m. Kabahagi; ó púnông katawán. *partes pudendas*. pl. Ang kabahagi ó púnông katawán.

PUDICICIA. f. Kahinhinán at kalinisan nang paguugálî at mañgá kilos; pagkálayô nang loob sa kalupaán; ò kaugaliang banal na pagláyô sa kahalayan.

PÚDICO, CA. adj. Malinis; mahinhín; maláyô sa kahalayan at mahihiín.

PUDIENTE. adj. Mayaman; makapangyarihan.

PUDOR. m. Kahinhinán; kalinisan; hiyâ.

PUDRICIÓN. f. der. nang *pudrir*. Pagkabulok. || Kabulukán.

PUDRIDERO. m. Búlukan; ó lugal na pinagbúbulukan.

PUDRIMIENTO. m. Pagkabulok; kabulukán.

PUDRIR. a. como. *podrir*. Bulukín; boogín; etc. ‖ r. Mabulok; maboog. ‖ Mainip; mayamot; magkasakit.=*de, por todos*. Mayamot sa balang na; ikagálit ang balang na.

PUEBLO. m. Bayan. ‖ Ang kapisanan nang lahat nang tawong namámayan; ò nanànahan sa isang lugal. ‖ Ang tawong bayan ó polistas.

PUENTE. amb. Tulay.=*colgante*. Ang nakasábit na tulay.=*levadiza*. Tulay na buhatín ó tangalin.

PUERCO, CA. adj. Salaúlâ; marumí; walâng ayos. ‖ met. Walâng gálang at pinagaralan man. ‖ m. y f. Báboy.—*Puerco montés: Jabalí: Puerco salvaje*. Báboy damó.

PUERICIA. f. Edad nang tawo, na, nasa pagitan nang kasanggulán at kabaguntawohan ó kadalagahan, na ito'y mulâ sa pitong taón hanggang labingãápat.

PUERIL. adj. Náuukol sa bátâ. ‖ Kilos; gawâ; ó salitâng bátâ.

PUERILIDAD. f. Salitâ; ó gawâng bátâ. ‖ Bágay na walâng kabuluhán.

PUERTA. f. Pintô. ‖ met. Pasukàn; ò alinmang butas na làbasan ó pasukán, lálô na sa lungâ nang mangã háyop. ‖ met. Daán; paraán; ó pamulâ nang paglákad, paggayak, ó pagtatátag nang isang negosio ó nang anománg bágay. ‖ Sapintô; ò upa, ó báyad na ibiníbigay sa pagpások sa isang lugal.=*trasera*. Ang pintô sa likod nang báhay. Ang tumbong.—*à puerta cerrada*. mod. adv. Líhim; ò palihim.—*cerrarse todas las puertas*. fam. Kulangìng lubòs sa kinákailangan.—*tomar las puertas*. fr. Umalís; lumabás sa pintô.

PUERTO. m. Doongan nang mangã sasakyán; sadsaran. ‖ Ang bulaos, ó daang na sa pagitan nang mangà bundok. ‖ met. Takbuhan; sakdalan. *tomar puerto*. fr. Dumoong; sumadsad sa punduhan. ‖ met. Magtakbó; magkanlong; magtágô sa isang sigurong lugal, upang máligtas sa pangànib.

PUÉS. conj. continuat. Yàmang; yáyamang; at; ngâ. ‖ conj. advers. Sapagkâ; ngúnì. ‖ conj. caus. Yáyang; yámang; yáyamang; at; kayâ. ‖ part. interrog. ¿Bàkin, ó bákit? ¿Ano? ¿Ay anó? ‖ part. afirmat. Siyá ngâ; oo.

PUESTO, TA. p. p. irreg. nang *poner* at *ponerse*. ‖ m. Ang lugal. Maging lugal mang kinálalagyan nang anomán; ó lugal mang itinaang gagawán; ó lugal na pinagtítindahan ó pinagbíbilhan nang mangã bágay na ipinagtítingî; ó tinítirahan man ng tropa; ò táyoan nang bantay na sundalo.‖Katungkulan; *oficio*.‖Kurákurâ; ó lugal na tálibáan nang namámamaril ó nangãngaso. ‖ Ang kalágayan nang anomán.—*Puesto que*. conj. Bagamàn; yáyamang; yámang.

PUF. interj. Wíkâng ipinagsásaysay nang anomang lubhâng mabáhô ò lubhâng masamâng amoy, na nàsasamyo.

PUGNAR. n. Lumaban; umáway; makipagbabag; ó makipagáway.‖Magpumílit at ulitulíting hingîn ang anomàn, upang kamtán.‖Magtamán nang boong tíyagâ. ‖ Tumútol nang maluat =*con, contra otro*. Makipaglaban sa ibá.=*en defensa de otro*. Tumútol; ó lumaban sa pagtatangol sa ibá.=*para, por escaparse*. Magpumílit na tumakas.

PUJANZA. f. Malaking lakás; kayang malakí.

PUJAR. a. Magdagdag nang táwad sa halagá nang anomang biníbili, ó ipinagáalmoneda || Gumahís; dumagís. || Umunounó sa pagsasaysay nang anomán, na huag masabisabi ang ibig salitín. || fam. Ngumiwî; ó isamâ ang mukhâ nang bagong máiiyak; ó nang kagàgaling sa pagiyak. =*contra, con los obstáculos.* Gahisíng labanan ang mangã kapinsalaán.= *en, sobre el precio.* Magdagdag nang tàwad sa halagà.

PUJO. m. Sakit na daragís.||met. Ang malaking násâ na kamtán ang anomán. || met. Ang malaking gustong mábulalas ang iyak ó tawa.

PULCRO, CRA. adj. Marikit; butihín; malinis. Sa tawo kaugaliang sabihin.

PULGA. f. Kutong aso; pulgás.

PULGAR. m. Hinlalakí.

PULGARADA. f. der. nang *pulgar.* Pira; kurot || Dálí; kadá î.

PULGOSO, SA. adj. der. nang *pulga.* Pulgasin; ó mapulgás.

PULÍDEZ. f. y

PULIDEZA. f. Kalinisan; kahinhinán; kagandahan; karìkitan; kainaman.

PULIMENTO. m. Kintab; kinang; kinis; pagkábali.

PULIMENTAR. a. Bulihin; pakinisin; pakintabín ang anomàn. || r. Kuminis; kuminang.

PULIR. a. Pakinisin; bulihin ang anomán. || Husayin.||Pamutihan; pagbutihin ang anomán. || r. Magàral ng mabuting kaugalián at kilos.

PULMÓN. m. anat. Bágâ.

PULMONÍA. f. der. nang *pulmón.* Sakit na pamamagâ nang bágâ sa lamig.

PULPA. f. Lamáng malambot ng karné. || Lamán nang mangã bungã nang káhoy: at ang ùbod ó pinakaútak nang káhoy na pangátong.

PUNDONOR. m. Puri; kamáhalan.

PUNIBLE. adj. Karampatang parusahan ó dápat magkaroòn nang dusa.

PUNICIÓN. f. Parusa. || Pagpaparusa.

PUNTA. f. Tulis. || Dulo; dungit; dungot. || Sa usá ay báwa't isá ng dalawang pinakasangãng maliit nang súngay, na nasa may kálagitnâan ng súngay na kalakhán. || Ang súngay nang toro. || met. Tangos; tangway; lúngos nang lúpâ, na humáhangã sa tùbig. || Bagwis nang ibon. || met. Ang kasim nang anomang bágay na bagong umáasim.

PUNTADA. f. der. nang *punta.* Dùrô nang karáyom, sa tinátahìng damit. || Tudlok; dùrô.

PUNTAL. m. Pasikad; túkod; súhay; sùkî. || Tampok; ò tulis nang lúpâ. || met. Katibayan; pinaninibayan.

PUNTAPIÉ. m. Sípâ; síkad; tísod.

PUNTIAGUDO, DA. adj. Matulis; matilos.

PUNTILLA. f. dim. nang *punta.* Puntás na makitid.—*de puntillas.* mod. adv. Patiad; ó tiad. Paraán ng paglàkad na hindî isinásayad ang sákong.

PUNTILLAZO. aum. nang *punta.* m. y

PUNTILLÓN. m. aum. nang *pun-*

ta Sípâ; síkad; tísod.

PUNTUAL. adj. der. nang *punto.* Masípag; maágap sa paggawâ nang anomán sa talagang kapanáhunan at hindî pinalùlumatlumat ò dî inaántala. || Túnay; támâ; totoó. || Bágay; dápat; ó nádadapat; akmâ.

PUNTUALIDAD. f. der. nang *puntual.* Ágap; sìpag sa paggawâ ng̃ anomán sa talagang kapanáhunan. || Pagkátamâ; pagkábagay; pagkádapat sa talagang pinagtátaanan. || Tamán; tiyagâ.

PUNZADA. f. Súgat nang dúrô, saksak, etc. || Sundot. || met. Ang dalamhàtî nang loob. || met. Sakit na nakabábalisa at manakânakâng sumumpong, ng̃uni't palalâ nang palalâ ang dating.

PUNZAR. a. Saksakín; budlong̃ín; tulagín; sundulín. || met. Papagdamdamín nang anomang kapighatián.

PUNZÓ. (COLOR DE) m. Kúlay apoy na matinkad.

PUNZÓN. m. Pang̃ohetes; pangbutas; panudlik; etc.

PUÑADA. f. Suntok; dágok.

PUÑADO. m. Dakot; karakot.

PUÑAL. m. Sundang na pangíwâ; ó *puñal.*

PUÑALADA. f. der. nang *puñal.* Saksak, ó sùgat na gawâ nang íwâ nang *puñal* ó sundang. || met. Malaking kadalamhatiàn na biglâng dumating.

PUÑETAZO. m. der. nang *puñete.* Dágok; suntok.

PUÑETE. m. Suntok; dágok. || Galang; ó galanggalang̃áng inilálagay sa kamay.

PUÑO. m. Suntok; ó kamay na nakasuntok. || Dakot; karakot. || Punyós nang bárô. || Puluhan; ó tatangnán nang alinmang sandata, bastós ó kasankapan. —*De propio puño.* mod. adv. Nang kamay na sarili.

PUPILA. f. Balintataw ng̃ matá. || Ang ulilang bátâng babayi na walâ pang dalawang puô at limang taong edad, at nasa ilálim nang kapamahalaán nang isang *tutor* ó *curador.*

PUPILAJE. m. Ang kalágayan ò pagkálagay nang bátâng ulila, na pinamámahalâan nang isang tutor. || Ang kalágayan nang isang nagbábayad sa ibá nang pagkáin at alágâ sa pagkátira: v. gr. *Magbáyad nang pagkáin at alágâ sa pagkátira, estar à* PUPILAJE. || Ang nasa ilálim nang kapangyarihan nang nagpápakain. || Ang báhay na tírahan nang mang̃á nagàaral at hindî man nagáaral, na nagbábayad nang pagkáin at pagkátira.

PUPILERO, RA. m. y f. der. nang *pupilo.* Ang tumátangap; ò nagpápatira nang *pupilo* sa báhay niyá.

PUPILO. m. Bátâng lalaking ulila, na nagkákailang̃an nang *tutor.* || Ang tumítira sa báhay nang ibá, at nagbábayad doón nang kinàkain at alágâ.

PUREZA. f. der. nang *puro.* Kalinisan; kadalisayan nang anomán. || Kawalán nang báhid dung̃is ng̃ salang kalupaán: ó ang pagkavirgen. || met. Kalinisan nang ugálî.

PURGA. f. Purgá.

PURGACIÓN. f. der. nang *purgar.* Paglilinis; pagdalísay. || Pagtatalasok dáhil sa ininom na purgá. || Ang panahón, ó dugông nanánaog buanbuan sa mang̃á babayi.

PURGAR. a. Linisin; dalisayin

ang anomán, na alisán nang boong nakapápangit ó hindî nábabagay. || Purgahín. || Linisin; pawîin ang mangá sala. || met. Dalisayin; pakalinisin. || Bayaran; tamtamán ng anomang parusa ó pagtitiís, ang kabahagi ó kabooán nang parusang náuukol sa nágawang sala. || Maghírap sa purgatorio. || Umaguasa ang súgat; ó paaguasahin ang súgat. Gámit namang parang *neutro.* || poét. met. Supilin ang mangá hílig na masamâ nang katawán.—*Purgar* ò *purgarse con cremor.* Magpurgá nang *cremor.*=*de los pecados.* Magbáyad sa nàgawang sala; maglinis nang sala.

PURGATIVO, VA. adj. Nakalilinis; ó makapúpurga.

PURIFICACIÓN. f. der. nang *purificar.* Paglilinis; pagdalísay. || Ang pagsisimbá nang mahal na Virgen sa kaniyang ának na si Jesus, at kapistáhang ginágawâ sa ikalawâ ng febrero. || Sa misa ay ang paghuhugas nang *caliz* kung mainom na ng párî ang dugong mahal nang áting Pangìnoón.

PURIFICAR. a. Linisin; dalisayin ang isang bágay. || r. Maglinis; magpakalinis.=*de la mancha.* Maglinis; ó magalis nang dungis.

PURÍSIMO, MA. adj. sup. nang *puro.* Malinis na malinis; lubhâng dalísay.

PURO, RA. adj. Malinis; dalísay; wagás. || Sakdal. || Malinis tumupad nang katunkulan; ó pagka*justicia.* || Tibubos.

PUS. m. med. y cir. Nànâ; kabulukán nang súgat.

PUSILÁNIME. adj. Duag; matatakutín.

PUSILANIMIDAD. f. Karuagán; kahinâan nang loob.

PÚSTULA. f. med. y cir. Langib.

PUTA. f. Patútot; hitad.

PUTAÑEAR. m. fam. Magpatútot.

PUTATIVO, VA. adj. Ang ináaring amà, kapatid, etc., bagamán hindi tùray na amá, ni kapatid, etc.

PUTREFACCIÓN. f. Pagkabulok. || Bulok; ó kabulukán.

PUTREFACTIVO, VA. adj. Nakabùbulok; ó makabúbulok.

PÚTRIDO, DA. adj. Bulok; sirâ.

Q

QUE. pron. *relativo.* Na; ang. || pron. *interrogativo.* ¿Anò?.

QUEBRADA. f. Talabís na lúpâ; ó bañginbañgin sa pagitan ng̃ bundok.

QUEBRADERO. m. Mangbabásag.

QUEBRADIZO, ZA. adj. der. nang *quebrar.* Babasagín; siraín; malutong.||Mahínâ ang katawán. || met Mabuay na loob.

QUEBRADO, DA. p. p. nang *quebrar* y adj. Nañgulugi; ó nasirà ang puhunan. || Linúluslusan. || Mahinâ. = *de color.* Mahínâ ang kúlay; namúmutlâ.

QUEBRADOR, RA. m. y f. Ang bumábasag; ó sumísirâ nang anomán. || met. Ang sumásalansang; ó sumúsoway sa kautusán.

QUEBRADURA. f. der. nang *quebrar.* Kabasagán; pagkabásag. || Usós; ó luslós nang kabahagi.

QUEBRAJA. f. der. nang *quebrar.* Láhang; litak; ó bitak nang káhoy, ó nang anomán.

QUEBRAJAR. a. der. nang *quebraja.* Biyakín; palahañgin.

QUEBRAJOSO, SA. adj. der. nang *quebraja.* Marupok; siraín; lahañgín; etc.

QUEBRANTABLE. adj. der. ng̃ *quebrantar.* Mangyáyaring madúrog, ó masirâ, ò salañgin, ó sowayín, etc.

QUEBRANTADOR, RA. m. y f. Dumúdurog; mapanirâ; lumabag ó sumuway sa kautusán. || Ang nagpápahinâ; ó sumísirâ nang lakás.

QUEBRANTADURA. f. Ang pingas; ó bálî nang anomán.

QUEBRANTAMIENTO. m. Ang pagsírâ nang̃ anomán, || Pagkasírâ. || Sírâ. || Pagtanan sa bílangûan; pagsírâ nang alinmang lugal na kinálalagyan at nang makatakas. || Pagal. || Dî pagkápalagay dáhil sa nádaramdamang kabalisahán nang katawán. || Paglabag; pagsoway.

QUEBRANTAR. a. Durugin; basagin; balîin. || Palahañgin; papaglamatin. || Dikdikín; ligisín. || met. Salansañgín; labagín; sowayín ang anomang salitâ, kautusán, ó pañgàkô.

|| Yumamot; mamágod ó pumàgod; magpasùkal nang loob. || Siràín, ò palubagín ang gálit; lamuyutin; ò papahinuhurin. || r. Humínâ; mahúlog ang lakás.=*con, por el esfuerzo.* Mapágod na malabis sa, dáhil sa pagpipíit.=*de angustia.* Humínâ; manglumò sa hinagpís nang loob.

QUEBRANTO. m. Pagdúrog; pagbásag; pagligis; pagsirâ. || Panghihìnâ; pan̄gan̄gayáyat. || Kasiraang malakí na tinangap. || Áwâ; habag. || Hapis.

QUEBRAR. a. irreg. como. *acertar.* Balîin; basagin; durugin.||Baluktutín; pilipitin; pututin: v. gr. BALUKTUTÍN Ó PILIPITIN *ang katawán,* QUEBRAR *el cuerpo.* || Sowayìn; salangsan̄gín. || Pahimanin; ilagay sa katatagán ang lakás ò bagsik nang anomàn.=*por lo mas delgado.* Malagot sa pinakamaliit. Salitâng ipinagsúsulit na ang dukhâ ó mahínâ ang lagay ay siyang karaniwang nápapailalim ò daigdaigan. || r. Malagot; mabásag; mabàlî. || Ususán. || Malito; manglupaypay ang loob.=(*él ánimo*) *con, por las desgracias.* Manglupaypay (ang loob) sa, dáhil sa man̄gá kasaliwaang pálad. || n. Man̄gulugi sa pan̄gan̄galákal. || Masírâ; kumupas; lumamig sa pakikipagíbigan sa kápuwâ, dáhil sa anoman ipinagkáalit ò ibang kadàhilanan.=*(el corazòn) á alguno.* Durugin (ang púsò) nínoman; papanglumuhín sa habag ang púsô nínoman.=*en tal cantidad.* Man̄gulugi sa, nang gayong halagá.

QUEDADA. f. der. nang *quedar.* Pagpapaiwàn; pagpapalumagak sa isang lugal.

QUEDAR. n. Málagak; màtira. Ginágamit namang parang *recíproco.* || Málabi; ó lumabis: v. gr. NÁLABI, Ó LUMABIS *ang dalawá,* QUEDARON *dos.* =*á deber.*=Magkaútang.=*con un amigo en tal* ó *cual cosa.* Makipagkayárî sa isang kaibigan nang gayong bágay.=*con su amigo en el salón.* Málagak na kasama nang kaniyang kaibigan sa salón.=*de asiento.* Manirahan; mátira sa isang lugal na doòn na mabúhay.=*de piés.* Nakatayô; nakatindig.=*en casa.* Mátira sa bàhay. =*por cobarde.* Arîing duag.

QUEDITO, TA. dim. nang *quedo.* adj. Tahímik; walâng kibô. Ito'y may lakás lámang ipan̄gúsap kaysa *quedo.* || adj. m. Anás; bulong; marahan.

QUEDO, DA. adj. Tahímik; walâng kibô. || adv. m. Anás; bulong. || Maín̄gat; dahandahan.

QUEHACER. m. Gawà. Karaníwang lálông plural kung gamitin.

QUEJA. f. Daing; himutok.||Sumbong. || Hinanakit.

QUEJARSE. r. Dumaing; maghimutok. || Hamalinghing || Magsumbong; maghablá.=*á grito herido.* Dumaing; ò magiiyak nang pasigaw. =*á uno de otro.* Isumbong sa isá ang kápowâ.

QUEJICOSO, SA. der. nang *queja.* adj. Lubhâng madáingin, at ang kadálasan ay walâng pùnô't dulo.

QUEJIDO. p. p. nang *quejar,* y *quejarse.* m. Daing; himutok; halinghing.

QUEJOSAMENTE. adv. m. May daing; madaing; padaing.

QUEJOSO, SA. adj. der. nang *queja.* Dumàdaing; naghíhinanakit; naghíhimutok.

QUEJUMBROSO, SA. adj. der. nang *queja*. Malabis makádadaing nang walâng pùnô't dulo; lubhâng madáingĩn.

QUEMA. f. Pagsúnog. || Súnog. || Ang nasúnog.

QUEMADERO. m. Sunugàn; ó lugal na pinagsùsunugan.

QUEMADOR, RA. m. y f. Mánunúnog. || Tagapagsúnog nang anomán.

QUEMADURA. f. Súnog; pásô; lintós; paltòs sa apoy.

QUEMAR. a. Sunugin; silabín. || Pasûin. || met. Sirâin; ipagbilí nang walâ sa halagà ang anomán. || r. Masúnog; matúpok. || Magdamdam; magàlit. || Mainip; mayamot. || met. Masúpok ang púsô nang anomang damdam, ó hí ig nang loob.=*con, de, por alguna palabra*. Magdamdam; masaktàn sa isang salitâ; ó damdamín ang anomang sabi.

QUEMAZON. f. Pagsùnog; ó pagkasúnog. || Init na malabis. || Katí nang balat. || Pagbibilíng mura, ó walâ sa halagá. || met. Salitá, ó katowirang masaklap ò nakagágalit. || Ang pagkagálit sa masakit na salitâng nádingĩg, ó tinangap.

QUERELLA. f. Daing. || for. Hablá; paghahablá.

QUERELLADOR, m. y

QUERELLANTE. p. a. nang *querellar*. m. Ang nagháhabla; ó may hablá; may sumbong.

QUERELLARSE. r. Dumaing; maghimutok; mmaghoy. || for. Maghablá; magdemanda. || Magpaháyag nang samâ nang loob.=*al, ante el juez*. Maghablá sa hukom; ó humarap sa hukom na magsakdal.=*contra, de su vecino*. Maghablá laban sa kaniyang kaapidbàhay; ipaghablá ang kaniyang kaapidbàhay.

QUERELLOSO, SA. adj. der. nang *querella*. Ang may hablá; ó nagháhabla.||Dumàdaing; madáingĩn. || Tákaw úsap.

QUERENCIA. f. der. nang *querer*. Lugal na pinagkaratihan nang háyop. || met. Báhay, ó lugal na kináwiwilihan nang isá.

QUERER. a. irreg. pres. ind. *quiero; quieres; quiere;* queremos; quereis; *quieren*: perf. *quise; quisiste; quiso; quisimos; quisisteis; quisieron*. fut. *querré; querràs; querrà; querrémos; querrèis; querràn*. imperat. *quiere* tù; *quiera* él; queramos nosotros; quered vosotros; *quieran* éllos: subj. *quiera; quieras; quiera;* queramos; querais; *quieran:* imperf. *quisiera; querría; quisiese;* etc : fut. *quisiere*. etc. Nasâin; pitahin ang anomán. || Umíbig; sumintá. || Giliwin. || Magakálâ. || Magpasiyá. || Umayon; makiisá. || Magkagustó. || r. Maggiliwán. || Magkáibigan. || m. Kalooban; násâ; híllig nang loob.

QUERIDO, DA. p. p. nang *querer*. adj. Iniibig. Ginàgamit namang parang *sustantivo* m. y f. Nangíngĩbig; naníninta. || Kaagulo; kálunyà.=*de todo el mundo*. Ginígiliw ng lahat.

QUERUBÍN. m. Ang mangã ángeles ó sinomang espìritung malowalhátî sa unang *coro* sa lángĩt.

QUESEAR. n. der. nang *queso*. Mag*queso*; ó gumawâ nang *queso*.

QUESERA. f. der. nang *queso*. Lugal na pinaggágawan nang *queso*. ||Ang dùlang ó hulmáhan nang *queso*.

|| Ang babaying nagbibili nang *queso.*

QUESERÍA. f. der. nang *queso.* Panahong mabuting igawâ nang *queso.* || Pinagkekesohan.

QUESERO, RA. adj. der. nang *queso.* Ang laknip ó katawàn nang gatas, na siyang ginàgawang *queso.* || m. Lalaking magkekesó.

QUICIAL. m. der. nang *quicio.* Ang tumali, na kinàkakabitan nang pintô, ó bintánâ.

QUICIO. m. Ang húkay ó lugal na kinàtatamnan nang tumali nang pintô ó bintánâ.

QUIDAM. m. fam. Tawong sínoman; ó bálang na.

QUIEBRA. f. Básag; láhang; bálì. || Bitak nang lúpâ. || Pagkukúlang, ó pagliit nang anomán. || comer. Pangũ ugi; ò pagkasírâng malakí nang puhunan.

QUIEN. pron. relat. y adj. Na. || pron. interrogativo. ¿Sino? ¿alin? =*de ellos.* Sino sa kanilá. = *de entre tantos.* Sino sa madlâ.

QUIENQUIER. adj. y

QUIENQUIERA. adj. Sínoman; alinmán.

QUIETADOR, RA. m. y f. Ang nagpápahimpil; pangpahimpil; ó pangpatahímik, etc.

QUIETAMENTE. adv. m. Matahímik; mahinahon.

QUIETE. f. Pagpapahingá; paglilibang. Karaniwang intindihing ang panahón ú oras nang paglilibang nang ibang *comunidad,* kung makatapus kumáin.

QUIETO, TA. adj. Hindî gumágalaw; waláng kimot.||Tahímik; walâng kibô.

QUIETUD. f. Katahimikan; kapàhingãhan; katiwasayán.

QUIJADA. f. Síhang; pangá.

QUIJAL ó QUIJAR. m. Bagang. || Pangá; sìhang.

QUIJARUDO, DA. adj. der. nang *quijada.* Pángahan; ó malakí ang pangá; sihangán.

QUIJOTADA. f. der. ng̃ *quijote.* Ang gawâ ò kilos na lubhâng tángì sa ibá at nakátatawa. || Ang pagpupumílit na lual sa kapanáhunan.

QUIJOTE. m. Ang balútì na ibinábalot sa hítâ. || Ang tawong lubhâng kakaibá, ó tángì sa ibá ang kaposongang ginágawâ.||Ang mapagpumílit sa hindì dápat pakialamán.

QUIJOTERÍA. f. der. nang *quijote.* Ang kílos, ó gawáng kakaibá, pángit at lual sa panahòn.

QUILATACIÓN. f. der. nang *quilatar.* Pagúrì.

QUILATAR. a. Urìin.

QUILATE. m. Úrì; ó kadalisayan nang gintô, perlas, at mahalagang batò. Láong karaniwang plural na gamitin. || Sa gintông dalísay, ay ang ikadalawang puô at ápat na bahagi nang kaniyang halagá ó timbang.||Ang timbang na ápat na grano. || met. Kamáhalan; kabutihan, nang anomán.—*por quilates.* mod. adv. met. Untíuntì; maliliit.

QUILATERA. f. der. nang *quilate.* Uriàn.

QUILLA. f. náut. Kàhoy na magbùhat sa hulihàn hangang doong nang sasakyán, na nakalagay sa gitnâ, ta siyang pinakagulugod, at kinákakabitan nang boô niyang kayarìan; lunas nang daong.

QUIMERA. f. Pagaáway; babag

|| Pagtatalo. || Ang nánasok sa ìsip na párang túnay bagamán hindî.

QUIMÉRICO, CA. adj. der. nang *quimera*. Hindî túnay; kabulaánan; konowâ.

QUIMERISTA. adj. der. nang *quimera*. Palaaway; mapagbásagulo. || m. Ang maibigín sa salitâng hindî tutoó at sa mangã bágay na kabulaanan.

QUIMERIZAR. adj. der. nang *quimera*. Magsasalitâ; ó magakálâ nang mangã bágay na hindî mangyáyari ó mahírap gawín.

QUINA. f. Ditâ.

QUINCALLA. f. Kalàkal na mumunting halagá at kasankapang maliliit, para nang gunting, labasa, dedal, etc.

QUINCALLERÍA. f. der. nang *quincalla*. Ang kapisanan nang mangã bágay, na mumuntî ang halagá, para nang sinùlid, gunting, etc. || Ang tindahan nang mangã bágay na itó.

QUINCE. adj. num. card. Labinglimá.||adj. num. ord. Ikalabinglimá: v. gr. IKALABINGLIMÁ *nang buán*, *ò* QUINCE *del mes*. || m. Ang número 15.

QUINCENA. f. der. nang *quince*. Ang panahong nasásaklaw nang labinglimang áraw.

QUINCUAGENARIO, RIA. adj. Ang may bílang na limangpuô; ó tawong may limangpuông taòn.

QUINCUAGÉSIMO, MA. adj. Ikalimangpuô; ó may limangpuô.

QUINDÉSIMO, MA. adj. Ikalabinglimang bahagi.

QUINDENIO. m. Labinglimang taón.

QUINIENTOS, TAS. adj. pl. Limangdaán.

QUINQUENIO. m. Limang taòn.

QUINTA. f. Báhay, ó lugal sa búkid na talagang áliwan, ó bákasionan. || Ang pagsosorteo sa bayan sa mangá bi átâng dápat magsundalo.

QUINTAL. m. Ang timbang, ò panimbang na may isangdaang librá, ó may ápat na arroba. || Ang ikalimang bahagi nang isang daán.

QUINTALEÑO, ÑA. adj. der. nang *quintal*. Ang may timbang; ó maglùlang isang *quintal*.

QUINTALERO, RA. adj. der. nang *quintal*. May timbang na isang *quintal*.

QUINTAÑÓN, NA. adj. Ang tawong may isangdaang taón.||Lubhâ nang matandá.

QUINTO, TA. adj. num. ord. Ikalimá. || m. Bágong tawong sorteado. || adj. nùm. part. Ikalimáng bahagi nang isang bágay.

QUINTUPLICACIÓN. f. der. ng *quintuplicar*. Ang pagdaming makálimang dublé nang anomán.

QUINTUPLICAR. a. Paramihing makálimang dublé; ó limahíng dublé ang anomang bágay

QUÍNTUPLO, PLA. adj. arit. Ang malakí nang limang dublé kay sa ibá.

QUISICOSA. f. fam. Bugtong; paláisipan.

QUISQUILLOSO, SA. adj. fam. Maramdamin; magalitín; matampuhin sa walâng anomán. || Mapapansinin ng maliliit na bágay na hindî dápat asikasuhin.

QUITÁGUAS. m. Páyong sa tagulán,

QUITAIPÓN. m. Tangalin,—

de quitaipón. mod. adv. Tangalin; saulîin.

QUITAPELILLOS. com. fam. Mapaghibôhibô; mapaglangĩs; mapagmahabâng dilâ.

QUITAPESARES. amb. fam. Pangpaluag loob; pangpáwî nang dalamhátî.

QUITAR. a. Alisín.||Ilayô.||Tubsín. v. gr. TUBUSÍN *sa pagkaalipin,* QUITAR *de la esclavitud.* || Umitín; nakawin. || Kamkamín. || Bawalan; sawaín v. gr. *Fulano me* QUITÓ *el ir á paseo,* PINAGBAWALAN, ò SINAWAY *akó ni Fulano nang pagpasa pásialan;* SAWAÍN, ó IBÁWAL *ang paglákad nang alañgán sa oras,* QUITAR *el andar á deshora.* || Pawîin; putputín; bawîin. || r. Lumayô; umilag sa anomán ó sa isang lugal.—*al quitar.* mod. adv. Kadaglián.—*sin quitar ni poner.* fr. fam. Walâng kúlang at labis; ó walâng kakulangán ni kalabisan.

QUITASOL. m. Páyong sa tagaraw.

QUITE. m. Ang pagaalís; paghadlang; pagsikî.—*No tiene quite.* fr. fam. Walâng daán; ò mahirap ilagan; ó hindî matàtangihan.

QUIZÁ, ó QUIZÁS. adv. m. Marâhil; sinong nakáaalam kung.

R

RABADILLA. f. anat. Tulatod.

RABANAL. m. der. nang *ràbano.* Lábanusan; ó tatamnán nang labanós; lugal na maraming tanim na labanós.

RABANIZA, f. der. nang *rába-no.* Ang binhî nang labanós.

RÁBANO. m. bot. Labanós.

RABEAR. n. der. nang *rabo.* Mamaypoy; ò pamaypoyín nang háyop ang kaniyáng buntot.

RABEO. m. der. nang *rabo.* Pa mamaypoy nang buntot.

RABIA. f. Ang sakit na gáling sa pagkákagat nang asong ulol; ó nang anomang háyop na may kamandag. Ito'y sakit na matindí at nakáhahawa, at ang táwag nang mañgá *médico* ay *hidrofobia.* || met. Gálit; pagñgañgálit; ó poot. na malakí.

RABIAR. n. y r. Magkaroón, ó magdamdam nang sakit na pagkahibang ó kabaliwán dáhil sa pagkákagat nang ásong ulol, ó ibang háyop na makamandag. || met. Managhoy; manambitan nang malabis, dàhil sa anomang matinding hirap.|| Magnásâ; magpita nang malakì. || met. Magàlit; mangígil; magñgálit. =*contra alguno.* Magálit na lubhâ sa sínoman; pangigilan ang sínoman. =*de hambre.* Mangígil sa gútom.= *por comer.* Magpita nang malakí na makákain.

RABIATAR. a. Talîan sa buntot.

RABICORTO, TA. adj, Kutod; ó maiklî ang buntot. || Ang nagsùsuot nang saya, ó nang ábitong maiklî sa kaugalián.

RABIETA. f. der. nang *rabia.* met. Gálit na malakí, na nagbúhat sa muntîng dahilán, ó talagá kayáng pinagkaugalián.

RABILARGO, GA. adj. Háyop na mahábâ ang buntot. || met. Ang kung manamit ay lubhâng mahábâ at kirákaladkad.

RABIOSO, SA, adj. der, nang *rabia.* Asong ulol; ó tawong baliw dáhil sa pagkákagat sa kaniyá ng̃ asong ulol ó anomang háyop na may kamandag. || met. Magalitín. ||

met. Malabis; lagpùs; marahás.

RABO, m. Buntot. || met. Anomang bágay na nakasábit sa gawing likod. —*Ir al rabo.* mod. adv. met. Bumuntotbuntot; sumunodsunod na lágî.

RABÓN m. der. nang *ra'o.* Hàyop na putol ang buntot; tókong.

RABOSO, SA. adj. der. nang *rabo.* May buntot. || Himulmol ang ladlaran.

RABOTEAR. a. der. nang *rabo.* Put'ân nang buntot ang tupa. || n. Pamaypoyán ang buntot.

RABUDO, DA. adj. der. nang *rabo.* Mahábâ ang buntot.

RACIMO. m. Buig nang bungà nang káhoy.||met. Ang pagkakálang kom nang mangá bágay na maliliit, na nánahawig sa buig. || fam. Ang binítay; ó ang nagbigtí.

RACIMOSO, SA. adj. der. nang *racimo.* Nagbúbuig; ó may buig.

RACIOCINAR. n. Magwárî; magkúrô; magísip.

RACIOCINIO. m. Ang ísip; wárî. ||Pagwawárî. || Ang pagsasaysay na mahúsay nang katowiran, at iniisip na na anomán.

RACIÓN f. Bahagi ó rasión ng anomán, na ibinìbigay sa isá sa towing pagkáin. || Palábol.

RACIONAL. adj. Náuukol at náaayon sa matowid.

RACIONALIDAD. f. Pagkáayon sa matowid. || filos. Ang sankap ò ipinangyáyari nang kalulowá na magísip, ó magkúrô, kumilala at magpasiyá nang ayon sa matowid.

RACIONALMENTE. adv. m. Matowid; ó ayos sa katowiran.

RACIONERO. m. der. ng *ración.* Ang *canónigo* na mayroong *ración* sa isang *catedral.* || Ang namúmudmod nang *ración* sa isang katipunan.

RACIONISTA. com. der. nang *ración.* Ang may *ración;* ò may sueldo.

RADA. f. Look; ò loob nang tangós na kanlungin nang mangá sasakyán.

RADIANTE. p. a. nang *radiar.* adj Maningning; naglíliwanag.

RAEDERA. f. Kudkuran; pangud kod; ó kaskasan.

RAEDIZO, ZA. adj. Madaling kudkurín ó kakasin.

RAEDOR, RA. m. y f. Mángangalis; mángungudkod; ó tagapagkudkod.||m. Pangalís; pangaskás; pamagi.

RAEDURA. f. Pinagpagihan; pinagkaskasàn; ó yamuam.

RAER. a. def. na ang ginágamit lìmang na tiempo at persona ay ger. rayendo: p. p. raido: ind. pres. rao; raes; rae; raemos; raeis; raen: imperf. raía; raías; raía; etc: perf. raí; raiste; rayó; raimos; raisteis; rayeron: fut. raerè; raerás; etc.: imperat. rae tù; raed vosotros: imperf. rayera raería. y rayese, etc.: fut. rayere, etc. Kalisín; kudkurín; kakasin; ahitin. || met. Talikuran; tangihang lubós ang mangá bágay, na para ng masasamâng gawá ò udiok na mahálay, etc.=*del casco.* Kudkurín; kayurin sa baiat.

RÁFAGA. f. Símoy na súsumandalî nang hangin.

RAIBLE. adj. der. nang *raer.* Madaling kakasin; ó makìkakas.

RAIDO, DA. p. p. nang *raer,* y adj. Gulanit; nasnàs. || met. y fam. Walâng hiyâ, at hindî marúnong tu-

mingín sa sarili at magpitagan man sa ibá.

RAIGAMBRE. f. Kapisanan nang lahat nang ugat.

RAIGÓN. m. aum. nang *raiz*. Ugat na malakí. || Ang púnô nang mangá bagang ó ngípin, na nakabaón sa gilágid.

RAIZ. f. Ugat nang halaman, ó nang anomang káhoy. || met. Ang gawîng ibabâ ó paanan nang anomán; ò ang pinakaugat bagá. || met. Ang pinagmulán; ó pinagbuhatan nang anomán.—*Bienes raices*. pl. Ang mangá pagaárîng hindî mabúbuhat at dî mailílipat sa ibang lugal, para nang búkid, halaman, báhay at ibá pang ganganitò.

RAJA. f. Pidpid nang káhoy; ó kasibak na káhoy. || Láhâng; putok nang anomang bágay.|| met. Pakiá bang; bahaging ipinamàmahagi; ò pinagáagawanan: v. gr. *Si Fulano'y nakákuha na nang* PAKINÁBANG, ò *nakákuha na nang* KABAHAGI, *Fulano ya sacò* RAJA; *ako'y magpipilit kumuha ó makàagaw nang* KAUNTÎ ò BAHAGING ANOMÁN *kung mangyáyari, yo he de sacar* RAJA *como pueda.*—*Hacerse rajas.* fr. Lumáhang; magputok ang anomán. Magkápirapiraso.—*Sacar raja.* f. Magkamit; ó tamuhín ang anomán maging hindî mang para nang ninánasâ.—*Hacer rajas.* f. Mamudmod; mamahagi.

RAJADIZO, ZA. adj. der, nang *raja*. Lahangín; basagín.

RAJAR. a. Sibakín; biyakín; ó pidpirín ang káhoy. Sinásabi rin namán sa ibá pang bágay, na para nang: SIBAKÍN, ó BIYAKÍN *ang ulo,* RAJAR *la cabeza.* || met. y fam. Magsabì nang makapal na kasinóngalingan.

RALEAR. n. Dumálang; lumabnaw; mabuhaghag.

RALEZA. f. der. nang *ralo*. Karalangan; kalabnawán; etc.

RALO, LA. adj. Madálang· malabnaw; buhaghag.

RALLEDERA. f. Kaskasan; kudkuran; pangáyod.

RALLADURA. f. Bakás ng daán nang pangáyod ó kudkuran. || Ang nákudkud; ó nakáyod.

RALLAR. a. Kumaskás; kumudkod; kumàyod. || met. Yumamot; ó makamuhî sa kaulitan at bigat manalitâ ó nang ugàlî.

RALLO. m. Kaskasan; kudkuran; ó pangáyod.

RAMA. f. Sangà. || Lípì; ó kamaganakan.

RAMAJE. m. der. nang *rama*. Karamihang sangá. || Pagsasangá.

RAMALAZO. m. aum. ng *rama*. Hampás nang suga ò pamitik. || Gayón din ang tàwag sa pasá ó mansá nang balat, na búhat sa pagkakasakit, ó pagkahúlog, etc. || met. Sakit; dalamhatîng big'âng dumatal. || Kapangányayâang nanggáling sa ibá.

RAMERA. f. Babaying nagpápaupa nang kaniyang puri.

RAMERÍA. f. Kapisanan nang mangá babaying nangángalakal nang katawang sarili. || Pangangalàkal ng katawàn; ó pagpapaupá nang puri.

RAMIFICARSE. r. Magsangá.

RAMILLETE. m. Kapisanan ng sarísarîng mababangong bulaklak na pinagsaglitsaglit, at ginawâng pamuti. || Matamís na tabas bunga nang ká-

hoy, na inihåhayin sa mesa nang piging. || met. Ang kapisanan nang mangá bágay na mahúsay at pakíkinabangang gamitin sa anomán.

RAMIZA. f. der. nang *rama*. Kapisanan nang mangá sangáng putol.

RAMONEAR. a. der. nang *rama*. Putlín ang mangá sangá nang káhoy. || Putputing kanin nang háyop ang mangá sangá ó dahon nang kàhoy.

RAMONEO. m. der. nang *rama*. Ang pagpútol nang sangá nang káhoy. || Pagputpot nang háyop nang mangá sangá at dahon nang kàhoy.

RAMOSO, SA. adj. der. nang *rama*. Masangá ó maraming sangá.

RAMUJOS. der. nang. *rama* m. pl. Malilit na sangá nang kàhoy, ò binigkís na sangang maliliit nang káhoy.

RANA. f. Palaká; tugak; kükak.

RANCAJAR. a. Bunutin ang káhoy nang sapol sa ugat.

RANCOJO. m. Salubsob sa balat.

RANCIARSE. r. Umantá||Maimbak.

RANCIO, CIA. adj. Maantá. || Imbak; tinágông maluat. || Matandâ; lúmâ.

RANGO. m. Ang *clase*, ó kalágayan sa pamamayan nang báwa't isang tawo.

RAPACIDAD. f. Hílig nang loob sa pagnanàkaw. Sinásabi namán sa mangá ibong mandadágit at ibá namang háyop na ápat ang paá. || Pangangágaw; panguumit.

RAPADOR, RA. m. y f. Mangaáhit. || fam. Barbero.||met. Manguumit; magnanàkaw; |mángangágaw.

RAPADURA. f. Pagáhit. || Inàhit; áhit. || Panguumit; pagágaw.

RAPAR. a. Ahitin nang labasa ang buhok. Ginágamit namán sa lugal nang *gupitán nang sagad*. || fam. Ahitan nang balbás. || Nakawin nang paagaw. || a. Magàhit.

RAPAZ, adj. Mahílig sa panguumit; ó sa pagnanàkaw. || m. y f. Bátang pahat; ó pasit.

RÁPIDAMENTE. adv. m. Biglá; matulin.

RAPIDEZ. f. Katulinan; bilís; kabiglaán.

RÁPIDO, DA. adj. Mabilis; matulin; biglâ.

RAPIÑA. f. Pangaágaw; pangha-hárang; ó pagnanákaw nang paagaw at sápilitan.

RAPIÑAR. a. fam. Mangháraug; mangágaw.

RAPISTA. m. fam. Mangaáhit; manggugupit.

RAPTA. f. y adj. Babaying inágaw; ó hinìbô nang lalaking itinanan sa magùlang.

RAPTO. m. Pagágaw; ó pagtatanan nang lalaki sa isang babayi. || Pagkawalâ nang díwâ.

RAPTOR, RA. m. y f. Ang nangágaw; ó umágaw nang isang babayi.

RAQUÍTICO, CA. adj. Yayat; onsiyámî; mahìnâ ang katawán.

RAREFACER. a. irreg. como. *satisfacer*. Ang verbong ito'y halos hindî ginágamit, kundî sa ger. *rarefaciendo*, at sa p. p. *rarefacto*. Dalangan; buhaghagín. || r. Dumalang; mamahaghag.

RARO, RA. adj. M dálang, at bumábanat.||Katakataka.||Hindî kau-

ga'ing mangyari ò mákita. || Madilag; ó tángî sa ibá.—*Rara cosa.* fr. Kitakatakang bágay; ó bágay na dî kaugalián.—*Raras veces.* fr. Bihírâ; manakânakâ; maminsanminsan.—*Raro.* adv. de tiempo, Bihírâ; madàlang.—*De raro en raro.* mad. adv. Bihíbihirâ; lubhâng madálang na panahòn.

RASADURA. f. Pagkalos. || Pagságî; ó pagkákiskis nang marahan nang isang bágay sa ibá.

RASAMENTE. adv. m. Maliwánag at háyagan; waláng palikuadlikuad; tápatan.

RASAR. a. Kalusin. | Sumágî; dumaán nang marahan ang isang bágay sa ibá, at niwíwikâ: *la bala* RASÓ *la pared, ang bala ay* SÚMAGÎ *sa pader.*

RASCADERA. f. Pangámot. || fam. Ang almohasa.

RASCADOR. m. Tagakaskàs; nagkíkinis ò nagpápakinis. || m. Pangaskás; pangkinis. || Sípit nang buhok nang babayi na may pamuting bató.

RASCADURA. f. Pagkámot; pagkaskás. || Kámot; ó galos at hadhad nang kámot.

RASCAR. a. Kamutin ang balat, nang kukó ò nang anomang bágay na magalás. || r. Magkamot.

RASERO. m. Kalos; ò pangalos.

RASGAR. a. Wahîin; gahîin; gisîin; tilasin.

RASGUÑAR. a. Galusan; kamutin na sugatan nang kukó, aspilé, etc. ang balat.

RASGUÑO. m. Galos; halas; ó kámot nang kukò, aspilè, etc.

RASO, SA. adj. Pátag; malinis. || m. Kayong sutlâ at makintab.

RASPAR. a. Kaskasín; kalisín. || m. Sumigid sa dílâ ang álak.

RASTRALLAR. n. Sumagiok ang látiko ó anomang ganganitó; humaginit.

RASTREAR. a. Bakasín; ó sundán ang bakás, na doon halataín ang anomán. || met. Siyasatin; amoyán ang isang bágay sa mangá tandâ ó hinálâng nápapansin. || n. Lumipad ang mangà ibon nang lubhâng mabábâ na halos sumáyad sa lúpâ. || Mangayupápâ nang boông kabastusán.

RASTRO. m. Bakás. || Panghila; ó pangbátak nang anomán. || Kalaykay; ó pangáhig. || met. Ang bakás; ó labí nang anoman.

RASTROJO. m. Dayame; ó pinaggapasang naiwan sa pinítak.

RASURA. f. Paggupit nang buhok; pagáhit. || Yamoam; pinagkalisán. || pl. Látak nang álak na pinaglàlagâan nang pilak, at nang ito,y pumutî; ginágamit namán sa ibá pa.

RASURAR. a. Gupitín ang buhok; ó ahitin ang balbás. || r. Magáhit.

RATA. f. Dagâng babayi.

RATEAR. a. Bawasan nang katamtaman. || Mamahagi; ó bahaginin nang katamtaman sa báwa't isá. || Mangumit nang boông katalasan at liksí nang mangá bágay na mumuntîng halagá. || n. Gumápang; umúsad sa lúpâ.

RATERÍA. f. Panguumit. || Kabastusán; kasakimán sa bágay na muntî ang halagá.

RATERO, RA. adj. der. nang *rata.* Ang umúusad; ò gumágapang sa lúpâ. || Mangá ibong halos sumásayad nang lúpâ kung lumipad. ||

Mañguumit; ó tekas na mangugupit nang bulsá; ò magnanákaw nang bágay na muntî ang halagá. || met. Abâ; ó bastós na paguugálî. || Hámak na tawo.

RATIFICACIÓN. f. der. nang *ratificar*. Pagpapatíbay; pagpapatutoó sa sinabi ó ginawâ.

RATIFICAR. a. for. Kunan ñg bagong tanong ang mañgá saksí, at nang pagtibayin ang unang sinabi ó ginawâ.

RATO. m. Sandalî; saglit. Kung kasama nang bawa't isá nang mañgá adjetivong *bueno* ó *malo* ang kahulugán nitóng mañgá adjetivo ay *mahúsay* ó *masamâ*: v. gr. MAHÚSAY ò MATIWASAY *na sandalî*, *rato* BUENO; MASAKLAP ó MASAMANG *sandalî*, *rato* MALO.—*A ratos*. Maminsanmínsan; manakánakâ.—*buen rato*. fam. Karamihan; kasaganâan nang anomán. —*de rato en rato*. mod. adv. Manakânakâ; maya't mayâ.=*para rato*. fam. Sa mahábâng panahón.

RATÓN. m. Dagâng lalaki.

RATONA. f. Dagâng babayi.

RATONAR. a. Kagatín; ñgatñgatín nang dagâ ang anomán. || r. Mag kasakit ang púsâ sa karamihan ñg kináing dagâ.

RATONERA. f. der. nang *ratón*. Patibong na panghuli nang dagâ. || Lungâ nang dagâ.

RATONERO, RA. adj. der. ñg *ratón*. Mandadagâ. Sinásabi sa púsâ.

RATONESCO, CA. adj. der. ñg *ratón*. Náuukol sa dagâ.

RAUDAL. m. Kaagusan. || met. Kasaganâan; ó karamihan nang anomang páminsanang dumatal.

RAUDO, DA. adj. Mabilís; matulin.

RAYA. f. Gúhit. || Hangá; ó hangahan nang isang bayan, provincia, etc. || Isdâng pagi.—*à raya*. mod. adv. Sa loob nang karampatang gúhit; sa katamtaman; ó nàaayos sa katowiran.—*echar raya*. fr. Makiagaw; makitalò.—*hacer raya*. fr. Lumálô; humigit sa ibá; mamukod ó humùsay sa anomán.—*Pasar de raya*. fr. Lumampás sa katamtaman; ó sa katowiran; magkùlang sa karampátang kagalañgán.

RAYADO. p. p. nang *rayar*. m. Ang mañgá gúhit nang isang damit, kayo, etc.

RAYAR. a. Guhitan; ó gumúhit nang anomán. || Burahín; ó guhitan ang isang súlat. || n. met. Mañgibá; ó mamukod sa ibá. || met. Málapit, máhawig ang isang bágay sa ibá || Sumílang; magliwanag: v. gr. SUMÍSILANG, ó NAGLÍLIWANAG *ang àraw*, RAYABA *el sol*, *etc*.=*en desvergüenza*. Málapit, máhawig sa kawalânghiyaán.

RAYO. m. Ang gúhit na matowid na pinagpápalagyang tinútungtuñgan ó tinútuñgo nang anomán.|| Sinag nang anomang bágay na maliwánag, lálô na ang nagbúbuhat sa áraw. || Lintik. || Sa rueda ay báwa't isá nang pinakatadyang nang gulong, na nakapákô sa mesa; ó ang rayos nang rueda. || met. Ang *armas de fuego*. || met. Alinmang bágay na may malaking lakás ó bísâ. || met. Ang lubhâng maliksí at matalinong ísip; ó maliksí at madalî anoman ang kilusin.

RAYOSO, SA. adj. der. nang *rayo*. Magúhit; ó may mañgá gúhit.

RAZA. f. Láhî; ának; o ankná.

|| met. Kalidad nang isang bágay, ayon sa kaniyáng pagkáyarî ó pagkágawâ || met. Ang liwánag nang áraw ó nang ílaw.

RAZÓN. f. Katowiran. || Ísip; ò pagiísip. || Dahilán. || Pagsasabi; pagbabalítâ || Katampatan sa halagáng pagbibilí ò pamimilí, at niwíwikâ sa hinihingîng lubhâng mataás na halagá: *Lumagay pô kayó sa* KATAMPATAN, *póngase V. en la* RAZÓN. Dahilán; dahidahilán.—*Poner en razón.* fr. Payapâin ang nagkákagalit ò nagtatalo. Pangusápan ang sìnoman nang nabalásik, ó may hálông parusa.—*Ponerse á razones.* fr. Makipagtalo; ó makipagtutulán.—*privarse de razón.* fr. Magdilim ang ísip. Làlông kalaniwang sabihin sa langô.—*Tomar razón, ò tomar la razón.* f. Salinin; tandâ; ó ikopia ang anomán sa talagang librong tandâan.

RAZONABLE. adj. der. nang *razonar.* Akmá; ó támâ sa katowiran. || met. Katatagán; kainaman.

RAZONADO, DA. p. p. nang *razonar.* adj. May ísip at mabùti ang katowiran.

RAZONAMIENTO. m. Pagmamatowid.

RAZONAR. n. y r. Magmatowid; ó mangatowiran. || Magsalítâ nang walâng tuto, at huag lámang dî ma kápagsalitâ =*con alguno.* Makipagmátowiran sa ibá.

REAGRADECER. a. irreg. como *agradecer.* Pakágantihin ó kilanling malabis ang útang na loob.

REAGRAVAR. a, Pabigatín; ó patindihing lálô ang anomán. || r. Bumigat na lálô; tuminding lálô ang anomán.

REAGUDO, DA. adj. Nápakatulis; malabis nang tulis.

REAL. adj. Túnay; tutoó. || Ang náuukol sa hárî. || met. Dakílâ; lubhâng marilag; marangal. || Tapat na kalooban. || Magandá at mahal na loob. || fam. Lubhâng mabuti: v. gr. LUBHANG MABUTING *dalaga,* REAL *moza.* || m. Ang lugal na kináhihintûan ng isang hukbó, at lálô na ang lugal na kinálalagyan nang hárî ó nang general. Ginágamit nang plural sa kahulugang itó. || Ang salapîng sikápat.

REALENGO, GA adj. der. nang *real.* Náuukol sa hárî.

REALIDAD. f. der. nang *real.* Katunayan; katutohanan.

REALIZACIÓN. f. der. ng *realizar.* Pagkakátutoó; pangyayari.

REALIZAR. a. der. nang *real.* Tutohanin; gawín. || r. Matunayan; maging tutoó; mátuloy. || comer. Ipagbilí; salapiín ang kalákal.

REALMENTE. adv. m. Túnay; tutoó. || Sa katunayan.

REALZAR. a. Ipátaas; itampok. || Padilagín. || Paumbukín ang anomán. || Buldaháu nang realzado; ò lagyán nang labor na nakaumbok.

REAMAR. a. Sintahíng mulî; ò giliwin nang lubhâng malakíng pagíbig.

REANIMAR. a. Magpalakás; ó bigyáng lakás. || met. Palakasín; ó buhayin ang loob; patapangin ang nálulupaypay na loob. || r. Lumakás; ó magbágong lakàs. || Tumápang; mabùhay ang loob.

REAPARECER. n. irreg. como *agradecer.* Muling sumipot; pakitang mulî.

REAPARICIÓN. f. der. nang

reaparecer. Mulîng paglitaw; panibàgong pagsipot.

REAPRETAR. a. irreg. como *acertar.* Páhigpitan.||Higpitíng mulî. ||r. Páhigpit.

REARAR. a. Mulîng araruhin. || Halôin.

REATAR. a. Ibuntot ang isang háyop sa isá.; ó itálî ang isang hàyop na ibuntot sa ibá at nang magsunod sa paglákad. Pagbuntutín. || Mulîng talîan ó higpitín ang tálî. ||met. Pahinúhod sa pasiyá nang ibá.

REAVENTAR. a. irreg. como *acertar.* Pahanĝinan, ó iyangyang na mulî. || Hungkuyín ulî; mulîng ipa hanĝin.

REBAJA. f. Bawas, ó babâ na ginágawâ sa anomán.

RABAJAR. a. Bawasan; babâan; ó kulanĝan ang anomán. || Ialís ang isá; ó huag ibílang sa katunkùlang tinátangnang kasalukuyan. = *(diez peses) de la suma total.* Awasán (nang sangpuông piso) ang kaboôang bílang. || r. met. Magpakabábâ; magpakaabâ.||Magpakahàmak; ò gumawâ nang kabastusán.

REBAJO. m. carp. y cant. Sábak nang káhoy ó nang batò.

REBALAJE. m. Ulî-úlî.

REBANADA. f. Híwâ, ó pirasong manipís at mahábâ nang anomán; kahíwâ; kagáyat. || Pagtigpás; pagpùgot: v. gr. *Sa isang* TIGPÁS *pinugutan siyà nang ulo, de una* REBANADA *le cortò la cabeza.*

REBANAR. a. Gayatin; hiwâin nang manipís at pahabâ ang anomán. || Tigpasìn; pugutin; punĝusin.

REBAÑO. m. Manada; kawan; ó kapisanan nang manĝá háyop. Kapisanan nang sarísarîng bágay. || met. Ang kapisanan nang manĝá binyagan, na pinamámahalâan ó sakop nang isang párî.

REBATE. m. Pagdadaop; pagaáway; paghahámok.

REBATIÑA. f. Pagaagawán.

REBATIR. a. Salangsangín; paudlotín ang lakás ó bilís nang ibá. || Pukpuking magaling. || met. Paglabanan; iwaksí kung tuksó ó hikáyat na masamâ ang sinásabi.

REBATO. m. Biglâng paglúsob; ó pagdalùhong sa kaâway; na may kahâlong lalang. || Anomang bágay na hindî ináakalâ ay biglâng dumatal.—*de rebato.* mod. adv. fam. Kaginsaginsá; kagyat.—*tocar à rebato.* Repikihin ang kampánâ; ó tugtugín ang tambol, dáhil sa súnog ó anománg gulong malakí.

REBAUTIZAR. a. Binyagáng mulî.

REBEBER. a. Uminom nang madalás; magpakainom.

REBECO, CA. adj. fam. Masúnĝit; magagalitín. || Simarón; ó hindî mansò; mailap.

REBELAR. a. Papagalsahín; ó magtayô nang isang pagaalsà. || r. Manghimagsik; magalsá; lumabag; sumuway. || Humiwalay sa pakikipagíbigan sa kápowâ.

REBELDE. adj. Sowail; masówain. || met. Pùsô na hindî nalálamuyot nang manĝà pakítang loob; hílig na dî napahìhinuhod sa katowiran. || Ang taksil makisama.

REBELDÍA. f. Kasowayán.||Pagsuay; paglabag; panghihimagsik.

REBELIÓN. f. der. nang *rebelar.* Pagsuay; paglabag; magalsá; pang-

hihimagsik nang laban sa hári.

REBELÓN, NA. adj. aum. nang *rebelde.* Lubhàng suwail.||Masúwaing lágî.||Kabayong áayaw pípihit.

REBENDECIR. a. irreg. como *bendecir.* Bindisionang mulî; mulîng benditahin.

REBIÉN. adv. m. fam. Lubhâng mabuti.

REBISABUELO, LA. m. y f. Núnô sa talampakan.

REBIZNIETO, TA. m. y f. Apò sa talampakan.

REBLANDECER. a. irreg como *agradecer.* Palambutín; papanariwâin. || r. Lumambot; ò manaríwâ.

REBLANDECIMIENTO. m. Paglambot; pananaríwâ.

REBOSAR. n. Umápaw; lumápaw; lumabis sa katatagán ó sa kinásisidlan.||met. Sumagánâ sa anomán: v. gr. SAGÁNA ó LABIS *sa panalapî,* REBOSA *en dinero.*=*de agua.* Umápaw sa túbig.

REBOZAR. a. Balutin ang úlam na kapulan ng̃ itlog at harina, at sakâ lutûin sa mantíkâ. || Balutin, ó takpán halos ang boong mukhâ nang kúmot, inawak ó *capa.*

REBOZO. m. Hiyâ; alang̃álang; tákot. || Pagtatakip nang panyô, inawak ó lambong sa mukhâ. || met. Dahídahilan.—*de rebozo.* mod. adv. Líhim; patagô.—*sin rebozo.* mod. adv. Háyagan; tálampakan; walâng likuadlikuad.

REBUENO, NA. adj. fam. Lubhâng mabuti.

REBUFAR. n. Suming̃ásing nang malakás; ò mulîng suming̃ásing.

REBULLIR. n. irreg. como *bruñir.* Kumiyaw; kumutô; maggálawang mulî. || Kumayaw; ò mulîng kumulô.

REBUSCA. f. Panghihimálay. || Labî; tirá. || Paguusísâ.

REBUSCAR. a. Manghimàlay; mamúlot nang laglag. || Halawín; ó hanaping magaling.

RECABAR. a. Kamtán sa lúhog ang ninánasâ. || r. Magtamó sa lúhog nang anomán.—*con, de alguno.* Kamtán sa mahigpit na káluluhog sa kang̃ínoman.

RECADO. m. Bilin; ó pabilin.|| Pakumustá || Baunan. || Pagiíng̃at. || Sankap.

RECAER. n. irreg. como *caer.* Mulîng mahúlog. || Mabínat. || Mulîng makágawâ nang salang kinàhulugan nang minsan.||Mahúlog sa sakop nang ibá ang anomán; ó mahúlog sa ibá, ó màpasaiba ang anomán.

RECAIDA. f. Bínat; ó mulîng pagkahùlog sa anomang sakit ò kamálîan.

RECALENTAR. a. irreg. como *acertar.* Iínit ulî. || Makáisip ó sumpung̃ín nang kalupaán ang tawo ó háyop man. || Papaginitin; ó pagalíting lubhâ. || r. Magínit; magálit.

RECÁMARA. f. Silid na lalagyán nang hias ó kasankapan nang pamamáhay. || Sa mang̃á *armas de fuego* ay ang lugal na kinálalagyan nang kargá. || met. Pagiíng̃at; kalihimán; at niwíwikâ: *Ang tawong ito'y may malaking* PAGIÍÑGAT ó KALIHIMÁN, *este hombre tiene mucha* RECÁMARA.

RECAMBIAR. a. Paliting mulî ang anomán. || comer. Punán, ó patung̃an nang bagong patùbô ang *cambio* nang salapî.

RECAMBIO. m. Mulîng pagpa-

palit; ó ikalawáng palit. || Ikalawáng pagpapadalá nang salapî sa *cambio.*
RECANCANILLA. f. Ang pagpipilaypilayan.
RECAPACITAR. a. Waríwarîin; isîping mahúsay ang anomán. || n. Magwaríwarî; magísip na mabuti.
RECAUDACIÓN. f. der. nang *recaudar*. Panininğil; páninğilan.
RECAUDAR. a. Maninğil; sinğilín.
RECEÑIR. a. irreg. como. *ceñir*. Mulîng ibigkís; ipulùpot na maigi; bigkisán nang mahigpit.
RECEPCIÓN. f. Pagtanggap. || Pagsalúbong.
RECEPTADOR, RA. m. y f. Ang tagapagkanlong; kanlunğan.
RECEPTAR. a. Itágô; pagtakpán ang sínoman ó ang anomán. || Tangapín; kupkupín. || r. Magtàgô; magkanlong.
RECIBIDOR, RA. m. y f. Tagatangap. || m. Lugal na tangapan sa dumárating.
RECIBIMIENTO. m. Pagtanggap.||Pagsalùbong.||Ang lugal na tanggapan sa pumápanhik na dumádalaw.
RECIBIR. a. Tangapín. || Sahurin ang upa ò sueldo. || Makátanggap nang kasiraán; dalamhàtî; ó karowahaginan.||Haraping labanan ang kaáway.||Sumalùbong. || r. Maggrado sa anomang karunungan ó *ciencia.* =*de abogado.* Magabogado.=*en medicina.* Maggrado nang pagka*médico.* =*á cuenta (alguna cosa)* Tangapín sa *cuenta* nang útang nang isá (ang anomàn) =*de criado (á uno) en casa.* Tangaping alílà (ang ísà) sa báhay =*en cuenta.* Tangapín sa *cuenta* nang isá ang anomán. Tangapín alangálang sa.=*por correo.* Tangapín sa *correo.*
RECIBO. m. Ang kasulatang kinàtitititikan nang pagkátangap nang anomàn.
RECIÉN. adv. t. y
RECIENTE. adj. Bago; saríwâ; kayáyarî pa lámang; ò hindî pa nalálaonang nangyáyari.
RECIO, IA. adj. Malakás; matíbay, || Batíbot. || Malakì. || Magandá ang tikas. || Masunğit ang ugálî. || met. Mahírap tiisín, ó gawín. || Malakás na lúpâ. || Panahong masamâ. =*de cuerpo.* Malakás ang katawán; batíbot ang panğanğatawán; tikasán.
RECITAR. a. Salitìn; ò saysayín; sabihin nang malakàs.
RECLAMO. m. Panğatîng ibon; páin. || Ang sutsot; ó sigaw sa pagtàwag sa kanğínoman. || met. Anomang nakaháhalinang bágay. || for. Pagrereklamo; pagsasaysay nang matuwid.
RECLINACIÓN. f. der. nang *reclinar*. Paghílig; pagsandig. || Pagkáhilig.
RECLINAR. a. Ihilig; isandig. || r. Humìlig; sumandig. =*en, sobre la almohada.* Humílig sa unan.
RECLINATORIO. m. Hiligán; sandigan. || Mesang maliit at makítid na may tarima sa ibabâ, na lúhuran sa pagdarasal.
RECLUIR. a. irreg. como. *huir.* Kulunğín; ibilangô; piitín. || r. Mákulong; magkulong.
RECLUSIÓN. f. Pagkukulong na kùsâ; ó pagligpit. || Pagbibilangô. || Ang kinákukulunğang lugal.
RECLUSORIO. m. Kúlunğan.
RECOBRAR. a. Bawîin ò singi-

ling mulî. || Mákuha; ò mabáwî ang anomang nawalâ ó natalo. || r. Manaúlî ang anomán; makabáwî. || Makàalam tawo ang nawalán nang diwâ; pagsaulang loob.=*de la enfermedad.* Magbàwîng lakàs; manaúlî áng lakàs, na nasírâ sa pagkakasakit.

RECOBRO. m. Pagkabâwî nang nawalâ ó natalo.

RECOCER. a. irreg. como. *cocer.* Lutûing mulî; ó pakalutûin. || met. Pahirapan; pasakitan sa loob. || r. Malutô nang labis. || met. Maghìrap; magpighatî ang loob; ó masúpok sa gàlit.

RECOCIDO, DA. p. p. nang *recocer*, met. y fam. Tawong lubhâng sanay sa anomán. || met. y fam. Naghíhirap ang loob.

RECODAR. n. Humílig nang siko; ó sumandig na siko ang ipaniín. || Lumikô ang daán nang ilog ó lánsañgan.

RECODO. m. Likô nang alinmang lugal.

RECOGER. a. Mulîng ligpitín; ó tipuning mulî ang anomán. || Langkumín; lagumin; pagsamahin; ó itumpok ang nakakàlat na mañgá bágay. || Iligpit; ó kulungín ang sínoman ó ang anomán. || r. Lumigpit; umalís; ó magtágô sa isang lugal. || Lumayô sa malabis na pakikisalamúhâ sa kápuwâ. || Magtipid.||Magpahiñgá; ó matúlog. || met. Ilayô ang loob sa mañgà bágay sa lúpâ; ó iligpit ang kalooban.=*à casa.* Lumigpit sa báhay.=*en sí mismo.* Lumigpit sa sarili. =*del bullicio.* Lumayô; umílag sa alingasngàs.

RECOGIDO, DA. p. p. nang *recoger.* adj. Nakaligpit; maláyô sa mañgá kagúluhan. || fam. Mahinhín.

RECOLAR. a. irreg. como. *acordar.* Salâing mulî ang anomang bágay na tunaw.

RECOLECCIÓN. f. Kasaysayang maiklî nang anomán. || Ani. || Paniningil.

RECOLECTAR. a. Anihin. || Tipunin ang maraming bágay. || Maningil sa iba'tibang lugal. || r. Maani. || Matipon.

RECOMENDABLE. adj. Dápat ipagtagubilin; ó dápat mahalín; ó halagahán,

RECOMENDACIÓN: f. der. ng *recomendar.* Pagbibilin. || Bilin; tagobilin; ó pakiúsap.

RECOMENDAR. a. irreg. como *acertar.* Ipagbilin; ó ipakiúsap ang sìnoman ó ang anomán na kaliñgâin, ipagmasàkit, etc.

RECOMPENSA. f. Gantí; bihis; báyad; pálâ.

RECOMPENSAR. a. Gantihing loob; bihisin.||Bayaran.=*con favores.* Gantihín nang pálâ; gantihìn ng mabuting gawâ.

RECOMPONER. a. irreg. como. *poner.* Husaying mulî; kumpunihing panibago.

RECONCILIAR. a. Pagkásundûin; ó pagbatiin ang nagkákagalit.|| Duminğig ang pârî nang isang maikling pagkakumpisal.||Benditahin ang isang nalabasâng lugal na *sagrado.* =*á uno con su amigo.* Ipakipagkàsundô ang isá sa kaniyang kaibigang nákagalit; papagkásundûin ang dalawâng magkaibigang nagkákagalit. || r. Ikumpisal ang mañgá kasalanang nalimutan.||Makipagkàsundô. =*con sus padres.* Makipagkásundô

sa kaniyang magùlang.

RECÓNDITO, TA. adj. Násusulok; ó lubhâng tagô.

RECONDUCIR. a. irreg. como *conducir*. Ihatid ó mulîng ipatnúgot.

RECONOCEDOR, RA. m. y f. Tagasiyásat; tagakilala.

RECONOCER. a. irreg. como *conocer*. Pakasiyasatin; ò kilalaning mabuti. || Mákilala: v. gr. *le* RECONOCÍ *por el andar*, NÁKILALA KO *sa làkad*, etc. || Kilalanin ang túnay na kapangyarihan, ó pagkapúnò nang sínoman. || Kilanlín ang ùtang na loob. || Isipin; halataín. || Tantuín ang anomán.=*á uno por pariente*. Kilanlin; ó tuntuning kamagának ang isá. || r. Magsisi. || Kilanlín ang sarili. || r. Magkìlalanan.

RECONOCIDO, DA. p. p. nang *reconocer*, y adj. Kumilala nang útang na loob; marúnong gumanting loob.

RECONSTRUIR. a. irreg. como *huir*. Ibang̃ong mulî; ó itayông panibago ang isang báhay, etc.

RECONTAR. a. irreg. como *acordar*. Bilang̃ing mulî; sabihin ó ibalítâng mulî ang anomán. || Kuéntahin ùlî. Ginágamit namang parang *recíproco*.

RECONVALECER. n. irreg. como *agradecer*. Mulîng gumaling at magpalakás nang katawán ang nabínat.

RECONVENCIÓN. f. der. ng *reconvenir*. Pang̃úsap; pang̃áral.

RECONVENIR. a. irreg. como *venir*. Pang̃usapan; pang̃aralan.=*con, de, por, sobre alguna cosa*. Pang̃usapan nang, ó nang úkol sa, dáhil sa anomang bágay.

RECOPILAR. a. Tipunin; pagsamasamahin; sipîin.

RECORDAR. a. irreg. como *acordar*. Alalahanin; ó magalaala. || Ipaalaalang pílit. || met. Mágising; pagsaulang loob, etc.

RECORRER. a. Siyasatin; malasin; libutin na tingnang mahùsay ang anomán. || Paraanan nang masid ang isang sùlat.=*la memoria*. fr. Magísip; magkùrô; alalahanin sa ísip.

RECORTAR. a. Bawasan; pung̃usan; tabasan; padparán.

RECORTE. m. Pagtabas; pagbabawas. || pl. Pinagputulan nang damit, papel at ibá pa.

RECOSER. a. Tahiing mulî ang púnit ó laslás nang damit.

RECOSTAR. a. irreg. como *acordar*. Ihílig; isandig; isunday; isandal; itagílid. || r. Humílig; sumunday; sumandig; tumagílid. || Matùlog; magpahing̃ang mahigâ.=*en, sobre la cama* Humílig sa hihigán.

RECOVECO. m. Palikôlikô ng̃ daàn, batis, etc.||met. Pagpapálikuadlikuad.

RECREACIÓN. f. der. nang *recrear*. Pagaaliw; paglilibang. Láló na ang pagdayo sa kaparang̃an ó búkid.

RECREAR. a. Libang̃ín; aliwín. || r. Maglibang; magaliw.=*en leer*. Magaliw nang, sa pagbasa.=*con la lectura*. Maaliw nang pagbabasá.

RECREATIVO, VA. adj. Nakaáaliw; nakalílibang.

RECRECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Lumakí ò lumagô nang malakás.

RECREO. m. Paglilibang; pagaaliw. || Lugal na áliwan; ó pinaglílibang̃an.

RECRUDECER. a. irreg. como *agradecer*. Mahilaw, ó manaúlî ang nilúlutô sa tigás ó lagay na dati noong hilaw.

RECTIFICAR. a. Husayin; towirín.

RECTITUD. f. Katowiran; katapatán.

RECTO, TA. adj. Matowid; tapat. || met. Banal; mahigpit sa kaniyáng mangá pasiyá.

RECUERDO. m. Alaala; pagkáalaala. || Pagpapaalaala.

RECULADA. f. Pagúrong; paghinúhod.

RECULAR. n. Umúrong; umudlot.

RECULO, LA. adj. Tandang; ó inahíng tókong. || m. Pagúrong; paghinùhod; pagudlot.

RECUPERACIÓN. f. der. nang *recuperar*. Pagkákuhang mulî; ó pagbabalik nang nawalâ; manaùlî. || r. Manaùlî sa dáting lakás ang katawán ó pamumúhay.

RECURRIR. a. Dumulog na maghablá; ó humingî nang anomán sa isang makapangyarihan. || Paampón; sumalílong sa ilálim nang pagtatankílik nang ibá, ó gumawâ ng hindî kaugaliang paraán úpang kamtán ang anomán. || n. Mábalik ang anomán sa pinagbuhatang lugal.

RECURSO. m. Pagdulog; pagsasakdal. || Pagbabalik; pananaùlî ng anomán sa pinangalingan. || Tútol.|| fam. Kagámutan; remedio.

RECUSACIÓN. f. der. nang *recusar*. Ang hindî pagpáyag; ó dî pagtangap.

RECUSAR. a. Huag pumàyag; huag tumangap.

RECHINAMIENTO. m. Pagalatiit; paglangitngit.

RECHINAR. n. Umalatiit; lumangitngit. || met. Gawín nang masamâ sa loob ang anomán.

RECHONCHO, CHA. adj. fam. Pandak at malakí ang katawán.

RED. f. Lambat; sakag; salambaw; pantí, etc. || Bílangûan sa mangá báyang maliliit.|| met. Lalang; sílô; híbô.

REDAR. a. der. nang *red*. Ipukol ang lambat; mandala; magúmang nang bukatot, pantí, etc.; magkatkat.

REDARGÜIR. a. irreg. como *huir*. Panghawakang ilaban ang matowid din nang katalo.

REDEDOR. m. Palíbid; ó palíkid; palíbot. —*al rededor; en rededor*. mod. adv. Sa palígid; ò sa palíbid.—*los alrededores*. pl. Ang mangá kanugnog; ó mangá kalapit.

REDENCIÓN. f. der. nang *redimir*. Pagtubòs; pagsákop. || Kagámutan; dagison; takbuhan; ó sálilongan. || Pagkahángô; pagkaahon sa kaalipinan.

REDENTOR, RA. m. y f. Mànunubos; mánanakop.

REDERO, RA. m. y f. der. ng *red*. Maglalambat; mámamanti; etc. Manbabating; ó nanghúhuli nang háyop sa bating. || adj. Ang náuukol sa bating, ó sa lambat at ibá pang ganganitò.

REDIL. m. Kural; ò kulungán nang háyop. || Bakuran.

REDIMIR. a. Tubsín; alisín sa pagkaalipin.||Iligtás. || Tubsín sa pagkásanlâ ang anomán.

RÉDITO. m. Pakinàbang; túbô; ó kabuisang nádarapat sa isang pu-

hunan.

REDITUAR. a. Magbigay pakinábang; ó pakinabangan.

REDOBLAR. a. Dublihín; ó punán nang isà pang ganoón. || Baluktutín; balikokoín. || Ulitin; ó gawing mulî ang anomán. || mil. Tumugtog nang redoble sa tambol.

REDOLER. n. y r. irreg. como *absolver*. fam. Pásakit; kumirot nğ labis.

REDOMADO, DA. adj. Maíngat at tuso.

REDONDEAR. a. Bilugin. || r. Bumuti ang búhay; makabúnot sa útang ò pagaalaala; makasiyá ò makabanhaw sa sarili ang hánap. || Bumílog; mamílog.

REDONDEZ. f. Kabilugan; bìlog.

REDONDO, DA. adj. Mabílog. || met. Tawong ang pinagbuhatan ay patás nang dugô, walâ bagang mataás at walâng mababâ. || Maliwánag; tálastasan.

REDUCIDO, DA. p. p. nang *reducir*, y adj. Maiklî; masikip. || Mahírap; salat sa pamumúhay.

REDUCIR. a. irreg. como *conducir*. Iklián; liitán. || Isaúlî sa dati. || Palitán ang isang bágay nang ibang kahalagá. || Supilin. || Lamuyutin; hikayatin sa pamagitan nang mabuting pagmamatowid. || r. Mapilitan. || Maghinahon; maghúsay nang kilos ó pamumùhay. || Magbawas; magtipid nğ paggastá.=*á lo más preciso*. Magpumílit na mamaluktot at huag gumámit ó gumastá kundî sa lálông kailanğan.=*en los gastos*. Magtipid sa paggastá.=*(alguna cosa) á la mitad*. Liitán (ang isang bágay) na gawing kalahátî lámang nang dati niyang lakí.

REDUNDANCIA. f. Kasaganâan; kalabisan nang anomán.

REDUNDAR. a. Umápaw; lumálô; lumabis. || Makabuti; ó makasamâ sa isá ang anomán.=*en beneficio*. Makabuti: pakinabangan.

REDUPLICACIÓN. f. der. nğ *reduplicar*. Pagkadublé; pagdublé.

REDUPLICAR. a. Dublihín; ó ulitin. || Madublé.

REEDIFICACIÓN. f. der. nang *reedificar*. Panibagong pagbabanğon nang anomang nágibâ ó nasírâ.

REEDIFICAR. a. Itayô ulî; ó ibáñgong panibago ang anomang nasírâ ò nágibâ.

REELEGIR. a. irreg como *pedir*. Ihalal ulî; mulîng ipalagay sa katungkulan. || r. Mulîng máhalal.

REEMBARCAR. a. Ilulang mulî ang naahon na. || r. met. Mulîng magpumílit; ò pagpilitang panibago ang anomán.

REEMBARGAR. a. Embarguhing mulî.

REEMPLAZAR. a. Palitán; halinhán ang isang bágay nang ibang kamukhâ ó kahalagá.=*(á una persona) con otra*. Palitán (ang isang tawo) nang ibá.=*(á Luis) en su empleo*. Halinhán (si Luis) sa kaniyang katunkulan.

REEMPLAZO. m. Pagpapalit; paghahalili. || Kapalit; kahalili.

REENCARGAR. a. Mulîng ipagbilin; ipagbiling mulî't mulî.

REENCOMENDAR. a. irreg. como *acertar*. Ipagtagubilin; ò ipakiúsap na mulî't mulî.

REESPERAR. a. Pakaasahan nğ

malakí.

REFECTORIO. m. Ang kinákanang lugal nang isang *comunidad.*

REFERENCIA. f. Pagsasaysay; pagbabalítâ nang anomán. || Pagkákatnig; pagkáugnay; ó pagkákawing nang isang bágay sa ibá.

REFERIR. a. irreg. como *sentir.* Ibalítâ; saiaysayín; salitín. || Bangitín. || Itunkol; itaán. || r. Máukol; màtunkol.—REFERENTE *á esto,* ÚKOL *dito* ó TUNGKOL *dito.*

REFINAR. a. Dalisayin ang anomán. || met. Pakahusayin; pakagalingín ang anomán.

REFLEXIONAR. a. Bulaybulayin; warîing mahúsay ang anomán. || r. Magbulaybùlay; magwárî. =*en, sobre nuestra miseria.* Magbulaybúlay sa ating kasalatán; magwárî úkol sa ating kahirapan.

REFLORECER. n. irreg como *agradecer.* Mulîng mamulaklak.

REFLUIR. n. irreg. como *huir.* Umúrong; kumati ang tùbig, ó anomang bágay na tunaw. || fam. Mulîng bumukal; mulîng umápaw; ó sumagánâ at sumasal na lálô ang anomán.

REFLUJO. m. Pagkati ng túbig.

REFORMAR. a. Husayin; tibayan; iulî. || Alisán nang katunkulan. || Bawasan nang halagá ó bílang ang anomán. || r. Magbago nang ásal; magpakahúsay. || Magpígil.=*en las costumbres.* Maghùsay nang paguugálî.

REFORZAR. a. irreg como *acordar.* Tibayàn; kapalàn; ó dagdagán nang tíbay. || Ululan nang lakás, etc. || Buhayin; palakasín ang loob; patapangin. || r. Magtíbay; magùlol ng lakás; manghinápang.

REFRÁN. m. Kawikaán.

REFREGAR. a. irreg. como *acertar.* Ikusot; ikuskós; ò ipákuskos. || Kuyakusin. || met. fam. Italampak; sabihin sa mukhâ nang isà ang anománg ikagágalit, na ulitulitín. || r. Madumhin; madungisan; mákiskis.

REFREIR. a. irreg. como *reir.* Pirituhing mulî; pakápirituhin. || met. Pagalitin ó yamuting malabis.

REFRENAR. a. Supilin nang freno; ó frenohan ang kabayo. || met. Pigilan; supilin. || r. Magpígil.

REFRESCAR. a. Palamigán. || Uminom nang pangpalamig. || met. Balingang panibaguhang gawín ang anomang nagawâ na. || met. Sariwâin ang anomang dalamhatî, katuwaán ó matandâng kaugalián. || Palakasín; pasiglahín. || Magpahingâ; magpalamig. Ginágamit namang pàrang *recíproco.*

REFRIEGA. f. Pagsasagúpâ; pagpapamuok.

REFRIGERACIÓN. f. der. nang *refrigerar.* Pagpapalipas nang ínit; pagpapalamig.

REFRIGERAR. a. Palipasin ang ínit; bawasan ang silakbó niyá. || Papanaulîin ang lakás sa pamagitan nang anomán. || Pagaanín ang damdam nang púsô ò nang katawán. || Magsaùlîng lakás; gumaán ang anomang dinàramdam; magtamóng ginhawa.

REFRIGERIO. m. Katahimikan; kaginhawahang kinákamtan sa tinátangap na lamig. || Ginhawa; ó kaaliwân sa anomang kagípitan ó hírap. || Ang kasùbông pagkáin na ipinagpápatid gútom ó pagal.

REFUERZO. m. Pagdaragdag ng lakás. || Pagyayaman nang anomang masísirâ at nang huag magtuloy. || Abúloy; túlong.

REFUGIAR. a. Kupkupín; ampunín ang isá. || r. Sumalílong; paampón; pakupkop; magkublí; kumanlong. =*á, bajo, en sagrado*. Sumalílong sa sagradong lugal; ó pakupkop sa isang ginoong kagalangálang ùpang madaig ó malabasán ang anomang kagípitan.

REFUGIO. m. Takbuhan; sálilongan. || Pagaampòn.

REFUNFUÑAR. n. Dumábog; umíngos. || Sumingásing || Umángil; bumulongbulong.

REFUNFUÑO. m. Pagdábog; pagángil; etc.

REFUTAR. a. Salangsangín; pintasán; ò masamaín ang anomàn.

REGADERA. f. der. nang *regar*. Pandilig.

REGADÍO, ÍA. adj. y.

REGADIZO, ZA. adj. Lúpáng may patùbig; ò lúpâng panagarawán. Ginágamit namang *sustantivo*.

REGALADOR, RA. m. y f. Mapagregalo; maìnam makáeestima.

REGALAR. a. Magregalo; magalaala nang anomán sa kápowâ; ó magálay. || Himashimasin; palayawin. || Libangín; pasayahín ang loob. || Alagâang malabis ang kitawang sarili na pagpilitang tamohín ang lahat nang kaginhawahan; mabúhay nang boong kalayawán, etc. =*con buenos vinos*. Magtamasá nang mabubúting álak.

REGALO. m. Handog; alaala; álay; dùlot; biyáyâ. || Towâ; lugod; ò galak na tinátamo sa anomàn. || Paghahandog; pagreregalo; pagaálay. || Pagkáing masasarap at sadyâ. || Kaginhawahan; katiwasayán. || Kalayawang malabis; kawalán nang gawâ. || Pagtatamasá.

REGALÓN, NA. adj. der. nang *regalo*. fam. Lubhâng layaw. || Mapagtamasá. || Malambing.

REGAÑAR. n. Umángil ang aso. || Magálit; dumábog. || Makipagtalo; makipagtákapan. || Bumuká; pumutok ang balat nang alinmang bunga nang káhoy sa pagkahinog, para nang sampálok, kamatsilé, etç. || a. Kagalitan; bulasin; awayin; pangusapan ang isá.–*á regaña dientes*. mod. adv. Masamâ sa loob.

REGAÑIR. n. irreg. como *bruñir*. Mulîng humuhol; mulîng umángil.

REGAÑO. m. Simángot. || Dábog.

REGAÑÓN, NA. adj. der. nang *regaño*. Masúngit; magagalitín.

REGAR. a. irreg. como *acertar*. Magdilig; diligín. | Basaìn; wiligán. || Magdaán; ò umagos sa isang lugal ang alinmang ílog.=*con, de llanto*. Diligín nang lùhâ || r. Madilig.

REGATEAR. a. Tumáwad; ò manawaran; makitungo. || Ipagbilí nang untíuntî ang anomang pagkáin; ó ipagtingî. || Paglumatlumatin; ó tangihang huag agad gawín ang anomán. || m. náut. Magpareha nang bankâ; ó anomang sasakyáng ginágauran.

REGATEO. m. Pagtáwad; ó táwad. || Pagtitingî nang anomán. || náut. Pagpapareha nang dalawàng sasakyang ginágauran.

REGATERO, RA. adj. y

REGATÓN, NA. adj. Ang nagtitingî nang mangá bágay na ki-

nákain; magbabaliwás. Magágamit na mang parang *sustantivo.* || Matàwad; makulit mamilí.

REGAZO. m. Sinapupunan; kandungan.

REGICIDA. com. y adj. Ang natay sa hàrî.

REGICIDIO. m. Ang pagpatay sa hárî.

REGIR. a. irreg. como *pedir*. Pamahalâan; ipatnúgot. || Ihatid; akayin. || m. náut. Sumunod sa úgit ó timón ang sasakyán.

REGISTRAR. a. Siasatin; bunkalín; usisâing magaling ang anomán. || Itandâ; ó isùlat sa librò ng *registro* ang anomán. || r. Humarap at pasúlat, ò mag*matrìcula*.

REGISTRO. m. Pagsisiyásat; pagusísâ; pagtatandâ. || Lugal na tálibâan. || Ang butas nang pabuluang na; may takip, etc., na siyang pinagsísiasatan kung may dumí itó, at doón din naman nilílinis. || Padrón, ó libró nang *matrìcula* na kinásusulatan nang pangálan at bílang nang tawo sa isang kaharián, bayan, *colegio*, etc. || Ang *protocolo* nang *escribano*. || Tandâan.

REGLA. f. Pitik; kalat; ó regla. || Reglang sinúsunod nang isang kapisanan ó *comunidad*. || Pùnông áral. || Alinmang bágay na húwaran nang gawâ at kilos, úpang ito'y magsilabás na matutuwid. || Súkat; kasukatán. || Panahòn ó regla nang babayi.

REGLADO, DA. p. p. ng *reglar*. y adj. Maibigín; mahilig sa kasiahán.

REGLAR. adj. Ang nátutungkol sa regla. || a. Guhitan nang regla; ó réglahan. || Iayos ang mangá kilos at gawâ sa katuwiran. || r. Lumagay sa kasukatán; magpakahúsay.=*á lo justo*. Lumagay sa katowiran ó katamtaman.=*por otro*. Sumunod sa ibá; paákay sa ibá.

REGOCIJADO, DA. p. p. ng *regocijar*, y adj. Nakapagbíbigay towâ; nakalúlugod. || Masayá; ginágalak.

REGOCIJAR. a. Pasayahín; bigyang katuwaân; pistahìn. || r. Matowâ; galakín; magsayá.

REGOCIJO. m. Towâ; galak. || Pagpapakitang katowaán.

REGODEARSE. r. fam. Matowâ; malugod.=*con, en la comida*. Malugod nang, sa pagkáin.

REGOLDAR. n. irreg. como *acordar*. Dumilhay; ó dumighay. Ito'y salitâng gámit lámang nang mangá tawong salat sa pinagaralan: ang mahihinhín at may pinagaralang mangá tawo kung sabihin ito'y *eructar*. || met. y fam. Maghambog nang malabis at walâng kapararakan.

REGRESAR. a. Ipagkaloob sa ibá ang pakinàbang. || n. Bumalik; ó manumbálik sa pinangalingan. || Pagkakaloob sa ibá nang kapakinabangàn.

REGRUÑIR. n. irreg. como *bruñir*. Magngangasab; gumukgok nang malabis.

REGÜELDO. m. Dilhay; ó dighay. Hindî itò ginágamit nang mangà tawong maáyos ang ugálî kundî ang *eructo*. || met. Kahambugàn; kapalalûan.

REGULARIZAR. a. Husayin. || Lagyán nang *regla*; ó ilagay sa *regla*.

REHACER. a. irreg como *hacer*. Mulíng gawín. || Iulî; husayin ang nasírâ ó nabawasan. || r. Makabáwî.

|| Maguling lakás; manaúlî ang katawán; panaulan nang loob.||Tumíbay.

REHARTAR. Pakabusugìn; pakabuyâin. || a. Magpakabusog; magpakabúyá

REHECHO, CHA. p. p. irreg. nḡ *rehacer*. Yárî; náulî; husay na; ulî na ang katawán; hangô sa pangánib, etc.||adj. Katatagán ang taás, bilugàn at malakás.

REHÉN. m. Ang tawong nakasanlâ sa kaáway, na párang katibayan ó prenda nang isang sálitâan. Karaníwang plural kung gamitin, at *regido* nang *preposición* EN.

REHENCHIR. a. irreg como *pedir*. Mamantog na mulî; mulîng mapunô.

REHERIR. a. irreg. como *sentir*. Iwàan; sugatang mulî.

REHERRAR. a. irreg. como *acertar*. Bakalang mulî ang paà nang kabayo nang kaniyang dating bákal, at pakûan nang bago.

REHERVIR. n. irreg. como *sentir*. Kumulông mulî. || Magínit; magálab ang loob. || r. Umasim ang anomang minatamís ó nilùtô sa matamís.

REHOLLAR. a. irreg. como *acordar*. Mulîng yurakan. || Pagtapakán || met. || Mulîng hiyaín; siphayôing ulî.

REHUIR. a. irreg. como *huir*. Layuán; ilágang pakaingatan; pakalayuán. || Tangihán. || met. Kasuklamán. || Ilayông biglâ. || Ilagay. || r. Umilag; lumayô; || r. Magilagàn.

REHUMEDECER. a. irreg como *agradecer*. Basâbasaín ulî; pagbutihin; wiligán ó pahinasan. || r. Manaûlî sa pagkabasâbasâ.

REHUNDIR. a. Ipálubog. || Bubûing mulî ang anomang metal. || Pahagposín. || r. Málubog; humagpòs.

REHUSAR. a. Tangiháng huag tangapín. || r. Tumangí

REIMPRESIÓN f. der. nḡ *reimprimir*. Paglilimbag na mulî. || Ang manḡá bágay na mulîng nililimbag nang páminsanan.

REIMPRIMIR. a. Limbaging mulî ang isang libró ó súlat. Ginágamit namang *recíproco*.

REINADO. p. p. nang *reinar*.|| m. Panahong nilálakaran ó nalakaran nang paghaharî. || Ang lùpâng sakop nang isang hárî.

REINAR. n. Magharî. || Manaig ang anomán sa ibá.=*en España*. Magharî sa España.=*entre las gentes el terror*. Manaig ò magharî sa manḡá tawo ang sindak.=*sobre muchos millones de hombres*. Magharî sa angaw ángaw na bílang nang tawo.

REINCIDENCIA. f. Paggawâ; ó pagkahúlog na mulî sa nágawang sala ó kamálian.

REINCIDIR. a. Mahúlog; ó magkásalang mulî nang dáting nágawâng sala.=*en la culpa*. Mulîng mahùlog sa kasalanan.

REINO. m. Kahariàn. || hist. nat. Báwa't isá nang tatlong *clase* nang pagkakábahahabahaging tátag nang manḡá naturalista sa manḡá lamàn nitong lúpâ: *reino animal*, ang táwag sa láhat nang tawo at háyop: *reino vejetal*, ang lahat nang káhoy, halaman at pananim: at *reino mineral*, ang manḡá tansô, bákal at ibá pang sa ilálim nang lúpâ tumútubô.

REINTEGRACIÓN. f. der. nḡ *reintegrar*. Pagkàsaulî; pagkabáwî nḡ

naging kúlang ó kasiraán. || Pagsasaúlì.

REINTEGRAR. a. Saulàn; bayarang puspòs ang naging kasiraán ó kakulangán nang anomán. || r. Mabáwîng lahat; ó manaùlîng lahat ang naging kasiraán ó pangulugi.

REINTEGRO. m. Pagkásaulì ng naging kasiraàn.

REIR. n. y r. ger. *riendo*: p. p. reido: pres. *rio; ries; rie;* reimos; reís; *rien:* perf. reí; reiste; *rió*; reimos; reisteis; *rieron*: imperat. *rie* tú; *ría* él; *riamos* nosotros; reid vosotros; *rian* ellos: subj. *ría; rias; ria:* imperf. *riera;* reiría *riese;* etc: fut. *riere, rieres,* etc. Tumawa. || Lumibak; bumírô. || r. fam. Magáhì; ó magmulâng masírâ ang damit sa katandaán, ó dáhil sa talagang karupukán.=*á carcajadas*. Humalakhak; tumawa ng tutoong malakás.=*de*. Pagtawanán, ò pagtáwananan; pawalâng kabuluhán ang kápowâ; huag asikasuhin.

REITERACIÓN. f. der. ng *reiterar*. Pagúlit. || Pagkáulit.

REITERAR. a. Ulitin ò mulîng gawín ó sabihin ang anomán.

REJUVENECER. a. irreg. como *agradecer*. Pagsaulîin sa lakás at sayá nang katawán nang kabatâan; batâin. || n. y r. Mabátâ; manaúlì sa pagkabátâ.

RELACIÓN. f. Pagsasaysay; pagsasabi; pamamalítâ. || Pagkáagpang; ò pagkáayos nang isang tawo ó bágay sa ibá. Pagkakáhinlog.

RELACIONAR. a. Saysayín; salitín ang isang pangyayari.

RELAJAMIENTO. m. Pagkasírâ, paghínâ nang lakás nang katawán. | Lámat; básag. || met. Paglipas ng karampátang pagsunod sa mangá kautusán, ò sa mabuting kaugalián.

RELAJAR. a. Pahinâin; palambutín. || met. Bigyáng daang lumamig at masírâ ang tapat na pagsunod sa mangá kautusán. || fam. Sirâin ang mabubúting kaugalián. || r. Humínâ ang alinmang lugal nang katawán, dáhil sa anomang ginawang pagbibiglâ ó pagpupuersa, ó dàhil sa talagang kahinâan na.||met. Masírâ ang mabuting kaugalián.

RELAMER. a. Himuring mulì; ó pakahimurin nang dílâ ang lábî at ngùsô. || Pakahusàying malabis ang mukhâ. || met. Ipagmagaling; ó ipagpalalô ang anomang ginawâ, na magpakita nang galak sa pagkáyarì noón.

RELÁMPAGO. m. Kidlat.||Alinmang ningas ó liwánag na biglâ at madaling mapáwì. || Alinmang bágay na agad nakaraán.

RELAMPAGUEAR. n. é impder. nang *relámpago*. Kumidlat; magkikidlat. || met. Umaluningning. Kadálasang sabihin sa mangá matang totoong buhay ó mapanglísik.

RELAPSO, SA. adj. Ang nagbalik, ó mulîng nahùlog sa paggawâ nang dating sala.

RELATAR. a. Magbalítâ; magsaysay nang anomán.

RELATIVO, VA. adj. Ang náuukol sa; ó nátutungkol sa anomán. ||gram. Ang salitâng dumádawit nang anomang pangungùsap ó bágay, na pinagúusapan ó nábangit na.||Katugón.

RELATOR. m. Ang nagsàsaysay ó nagbábalitâ nang anomàn.

RELENTECER. n. y r. irreg. como *agradecer*. Lumambot; lumatâ.

RELEVACIÓN, f. der. nang *relevar*. Paghahalili. || Patáwad; ó pagpapatáwad sa isá nang anomang katunkulang gawín.

RELEVAR. a. Alisán; ibsán nang anomang daláng mabigat ò nang anomang katunkulan. Palitán; halinhán, || Abuluyan; tulungan sa mangá kasalatàn.|| Patawarin; kalagàn sa sala. || Lagyán nang kankak ang gintô, pílak, etc.

RELEVO. m. mil. Paghahalili. || Kahalilí.

RELIEVE. m. Kankak sa gintô, pílak, etc. || pl. Ang labí nang pagkáing nátira sa dúlang na kinanan.

RELIGAR. a. Mulîng talian; ó higpitang lálô ang tàlî. || Mulíng ihálô ang isang metal sa ibà.

RELIMAR. a. Kikiling mulî; pakákikiin.

RELINCHAR. n. Humuni ang kabayo.

RELINCHIDO. m. y

RELINCHO. m. Huni nang kabayo.

RELOJ. m. Orasán.

RELUCIR. n. irreg como *lucir*. Kumilap; magningning.||Magliwánag nang malabis ang anomán. || Mulîng sumíkat. || met. Sumíkat; magningning sa kabánalan, etc.

RELUMBRAR. n. Magliwánag; magningning nang malakì ang anomán.

RELLENAR. a. Pakapunín ó pakasiksikín ang anomán.|| Palamnán nang karneng tinadtad ó ibang bágay ang manok, íbon, etc. na inilúlutô. || fam. Magpakáin. || r. Magpakasandat.

RELLENO, NA. adj Namámanlo; siksik.||m. Tinadtad na karnè, isdâ, gúlay, etc, na ginágawâng palamán sa ibon, manok, ó sa ibang bágay na iniúulam. || Ang pagpapalamán; ò pagpupunô.

RELLENTECER. n. irreg. como *agradecer*. V. RELENTECER.

REMACHAR. a. Salsalín; baluktutín ang dulo nang pákô sa kinápapakûan; silsilin.

REMACHE. m. Pagsalsal; pagbabaluktot nang pákô, at nang lálông magtíbay sa kinápapakûan.

REMANECER. n. irreg. como *agradecer*. Lumitaw; ó sumipot na biglâ; mulîng lumitaw ó pakita.

REMANENTE. m. Labí; ó tirà nang anomán.

REMAR. n. Gumáod; sumaguán. || met. Lágîng magpagal nang malakíng pagsusumíkap.

REMATADO, DA. p. p. nang *rematar*. adj. Hindî na magágamot; ó walâng kagámutang anomàn na ikaáahon sa kinálalagyang hírap ó sákit. Lálô na kung mangá sirâ ang ulo ó bubuanín ang pinagsásalitaanan. || Ang sinentensiahang pasapresidio, na hindî na makatùtutol.

REMATAR. a. Tapusin; lutasin. || Rematahen ang pagaalmoneda, na ibigay sa nagdagdag ó tumáwad ng malakí.||Sa pangangaso ay patayiug pátuluyan ang huli sa putok. || Sa mànanahî ay ibuhol na pagtibaying mabuti ang dulo nang tahî at nang huag makalás.=*al toro*. Patayìng utasín ang toro.=*con una copla*. Duluhan nang isang dalit. || n. Matapos. || r. Mawalâ; masírâ ang anomán.

REMATE. m. Dulo; ó katapusán

nang anomán. || Ang huling salitâ sa almoneda; pagremate nang ipinagbíbili, sa namimiling mataás sa lahat ang táwad.

REMECER. a. irreg. como *empobrecer*. Iugoyugoy ang anomán. || r. Umugoyugoy; ò magpaugoyugoy.

REMEDADOR, RA. m. y f. Mapangagad.

REMEDAR. a. Gagarín. || Mangbadyá; ó badyahín.

REMEDIAR. a. Gamutín; gawán nang magaling ang anomang kasiraán ó damdam.||Abuluyan.||Iligtàs; ó ilayô sa pang̃ánib·

REMEDIO m. Kagámutan. || Paggamot; ó paggawâ nang magaling sa anomang kasikián ó kasiraán.

REMEDIR. a. irreg. como *pedir*. Sukatin ó takaling mulî ó mulî't mulî.

REMEMORAR. a. Ipaalaala; alalahanin. || Husayin; ó alisán nang malî.

REMENDAR. a. irreg. como *acertar*. Tagpián; sulsulán. || Hayumahin. || Husayin; ó alisán nang malî, kasiraán ó nakapápang̃it na anomàn.

REMENDÓN. m. Mánanagpî; manunulsí; manghahayuma,

REMENTIR. n. irreg. como *sentir*. Magsinung̃aling ulî; lágîng magsinung̃aling.

REMERO. m. der. nang *remo*. Mangagáod; mánanaguan.

REMESA. f. Pagpapadalá.

REMESAR. a. Labnutín ang buhok. || Ipadalá; ipahatid ang anomán sa ibang lugal.

REMESÓN. m. Paglabnot; pagsabúnot nang buhok. || Ang buhok na sumama sa pagsabùnot.||Ang maikling síbad nang kabayo, na biglâng pinigil sa kalakasán nang takbó. Kaugalîang gawín sa pagpapakitang tikas.

REMETER. a. Mulîng ipaloob. || Ipakápasok sa loob na loob.

REMIENDO. m. Panagpî.||Tagpî; dagdag. || Pagtatagpî; tutos.

REMIRAR. a. Pakámasdan; paká, tingnan ang anomàn. || r. Magpakaigi; magpakaing̃at sa anomán. || Pakámasdanmasdan ang anomán sa lugod.

REMISIÓN. f. der. nang *remitir*. Pagpapadalá. || Patáwad sa sala, ó sa útang.||Katàmaran; kapabayâan.||Paghupâ; ó pagbabawas nang tindí nang anomang sakit.

REMITIR. a. Ipadalá.||Ipatàwad ang sala ó patawarin sa sala. || Ilabás; iligtás sa anomang katungkulan. || Palumatin; itáyong.

REMO. m. Gáod. || met· Kahirápang malakí at lágî. || pl. Ang mang̃á paá at kamay nang tawo ó nang hayop. || Sa mang̃á ibon ay pakpak.

REMOJAR. a. Basaíng mulî; ò ibábad ang anomán.

REMOJO. m. Pagbabábad; pagbasâ nang anomán.

REMOLAR. m. der. nang *remo*. Ang mangagawâ nang gáod, ó saguàn. || Lugal na pinaggágawan nitó.

REMOLCAR. a. náut. Hilahin; aspiahín; ó itálîng ikawing na ipahila ang isang sasakyán sa kápowâ sasakyán.

REMOLER. a. irreg. como *absolver*. Pakàdurugin; pakáligisin. || met. y fam. Pagurin; muhiín nang malabis, etc.

REMOLINEAR. a. Painugin; paikitin ang anomán. || r. Magulíulî.

REMOLINO. m. Ipoipo; buhawi. || Ulíulî. || Puyò nang buhok. || met. Kagu uhàn; pagkakábunton nang maràming tawo, na búhat sa pagkakagulò.

REMOLÓN. adj. Mahàga'; tamad; pabayâ.

REMOLQUE. m. Paghila; ò pagákay nang isang sasakyán.

REMONTAR. a. Itapín; bugawin; itaboy. || Itaás; ipanhik sa kamáhalan. || r. Pátaas; pakápanhik; maglayás; magtagô. || met. Pailanglang; magpakátaas.=*al, hasta el cielo.* Pailanglang sa, hangang sa lángit.=*por los aires.* Paimbulog sa impapawid.=*sobre todos.* Pátaas sa lahat.

REMORDER. a. irreg. como *absolver.* Muling kagtín.||Pagkakagatín; kagatkagatín; ó kagatín nang malakás. || Balisahin; guluhín; huag bigyang kapalágayan ó katahimikan ang loob. Karaniwang gamiting kasama nang salitâng *conciencia.* || r. Kagatín ang sariling katawán; kagatín ang labî sa pagpipigil nang anomang katowaán ó dalamhâtî: halimbáwâ, KINAGAT *ang lábî sa gálit ò sa pagtatawá,* SE REMORDIÓ *los labios de cólera ó de risa.* || Magkàgatan. || met. Magdusa; maghírap ang kalooban.

REMORDIENTE. p. a. nang *remorder.* Balisá ang kalooban.

REMORDIMIENTO. m. Balisa; ó dî pagkápalagay nang loob dáhil sa masamáng nágawâ.

REMOTO, TA, adj Maláyô. || met. Ang maláyô; ó mahírap mangyari: v. gr. *Pañgànib na* MALÁYÔ Ó MAHÍRAP MANGYARI, *peligro* REMOTO.—*Estar remoto.* fr. met. Nakalílimot na halos nang anomang nálalaman ò pinagaralan.

REMOVER. a. irreg. como *absolver.* Galawing mulî; ilípat ó ibago nang lugal. || Halùin; kalawkawín.|| Alisín; ilayô ang anomang pangabala, etc. || Alisín ang isá sa katungkúlang kinàlalagyan.

REMPUJAR. a. Itúlak ||met. Ipatúloy ang akalâ, na huag alintanahin ang anomang nakasísikî.

REMPUJÓN. m. fam. Túlak.

REMUDA. f. Paghahalili. || Bihisan.

REMUDAR. a. Halinhán; ò ihalili. || r. Humalili; pumalit sa ibá. || Magpálitan; maghálinhinan.

REMULLIR. a. irreg. como *bruñir.* Pakábuhaghagin.

REMUNERACIÓN. f. der. ng *remunerar.* Gantí; bihis. || Pagganti.

REMUNERAR. a. Gantihín; bihisin; pagpalâin.

REMUSGAR. n. Maghinálâ.

RENACER. n. irreg. como *nacer.* Mulîng sumipot; gamiting mulî; mulîng tumùbô. || met. Kamtán sa pag bibinyag ang búhay nang grasia. || met. Manaúlî ang lumipas na lakás.

RENCILLA. f. Áway; pagtatalo na namunga nang pagtatániman.

RENCILLOSO, SA. adj. der. nang *rencilla.* Palaaway; mahílig sa pakikipagtalo.

RENCO, CA. adj. Hiwid; hinkod dáhil sa sálâ nang balakang.

RENCOR. m. Pagtatanim; ó matandâng gálit.

RENCOROSO, SA. adj. der. ng *rencor.* Mapagtanim sa loob; mapagtágô nang gálit.

RENDICIÓN. f. Pagsùkô. ‖ Ang pakinábang ò tùbô na ibínibigay nang anomán.

RENDIMIENTO. m. Pagsúkô.‖ Págod; pagal.‖Kapakumbabâan; pagtalima. ‖ Pakinábang na nákukuha sa isang bágay

RENDIR. a. irreg. como *pedir*. Pasukûin; supíiin. ‖ Magbigay pakinábang ang anomán. ‖ Hapôin; pagalín ‖Isuka ang kináin.‖naut. Mabálî ang isang albor nang sasakyán. ‖ r. Sumúkô; pahinúhod. ‖ Mahápô, v. gr. SIYA'Y NAHÁPÔ *sa kakapalán nang gawâ*, SE RINDIÓ *de tanto trabajo*. =*á la razón*. Sumúkô; pahinúhod sa katowiran.

RENEGAR. a. irreg. como *acertar*. Tangihang muli't muli na pakatigasán ang anomán.‖Kasuklamán; kalupitán. ‖ n. y r. Tumalíkod sa kaniyang dating *religión* at lumípat sa ibá; talikuran ang pananampalataya. Karaniwang sabihin sa tumátalikod sa *religiòn* nang ating P. J. ‖ Sumumpá nang dî tutoó at ang ngalan nang Dios ang gamitin. ‖ Maglasuá; magsabí nang masâmâ ó panírâng purî. =*de alguna cosa*. Kasuklamán ang anomán; talikuran.

RENGLÓN. m. Talátâ; taludtod. ‖ met. Bahagi nang pakinábang ó tùbô ò nang nagúgugol: at sinásabi, *Si Fulano'y* NAKÍKINABANG ó NAGTÚTUBÔ *nang sanglibong piso taontaón, Fulano entra con el* RENGLÓN *de mil pesos anuales; sa báhay ko'y lubhâng mahal ang* NAGÚGUGOL *sa lañgis, en mi casa es muy costoso el* RENGLÓN *del aceite*. ‖ pl. Ang mañgá kasulatan, ó ang nàsasaysay sa kanilá.

RENOVAR. a. irreg. como *acordar*. Baguhin; ó gawing parang bago ang anomán. ‖ Ulitin; pagpanibaguhan. ‖ Palitán; halinhán nang bago. ‖ Ipagpalit nang bago ang isang bágay na lùmâ ò nagámit na. ‖ Ipaháyag na panibago. ‖ r. Mabago.

RENQUEAR. n. Huminkodhinkod; lumákad na magpilaypilayan.

RENTA. f. Tùbô; pakinàbang na nákikita sa santaong áraw.

RENUENCIA. f. Kaayawán sa anomán, na napagháhalatâ sa mukhâ.

RENUEVO. m. Supling; sulol; suí; talbós.

RENUNCIA. f. Pagtangí sa isang katunkulan ó sa anomán; pagrerenunsia.

RENUNCIAR. a. Tumangí; kumalag sa katungkulan.‖Tangihàn ang anomán.‖Pawalang kabuluhán; pabayaán; layoán =*á un proyecto*. Talikuran ang isang proyecto.=*(algo) en otro*. Ipagkaloob (ang anomán) sa ibá.

REÑIDO, DA. p. p. nang *reñir*, y adj. Galit, ó may gálit sa ibá. ‖ Kaalit.

REÑIDOR, RA. m. y f. Palaaway.

REÑIR. a. irreg. como *pedir*. ‖ a. Gasâan. ‖ a. Pañgusapan nang may katigasán ò may kahàlông bálâ. ‖ Sisihin.‖Awayin; kagalitan.‖r. Magáway; magtalo.

REO. com. Ang may sala. Sinásabi itò sa nakasùgat, nagnákaw, etc. ‖ for. Ang inihabiá; ó náhahabla.—*reo de estado*. Ang gumawâ ng anomang sala na laban sa katahimikan nang kaharián.

REOJO (MIRAR DE). fr. Su-

muliap; tumingĩn nang pagalit: ó tila nagpápawalâng halagá.

REPACER. a. irreg. como *nacer*. Sayurin nang háyop ang pinangĩngĩnáing damó. || Mulîng mangĩnáin.

REPADECER. n. irreg. como *agradecer*. Papagdálitâin nang labis. || Magdàlitâ nang malabis.

REPAGAR. a. Bayaran nang lagpós. || Bayarang mulî.

REPARAR. a. Husayin; pagpalâin ang kasiraán nang anomán. || Halataín; pansinín ang anomán. || Isipin; gunamgunamin.||Papanaulîin ang lakás; palakasín ang loob ó ang katawán. || Sahurin; sangahín. || Batîin. || Gantihín; bayaran. =*perjuicios con favores*. Bayaran ang mangá karowahaginan nang pálâ ó mabubúting gawâ.=*en cualquier cosa*. Pansinín ang anomán. || n. Humintô; tumígil sa isang lugal. || r. Magpígil; maghinahon.

REPARÓN, NA. adj. Mapansinin nang kamálian nang kápowâ; ó nang mangá walâng kabuluhang bágay.

REPARTICIÓN. f. y

REPARTIMIENTO. m. Pamamahagi; paghahátì.

REPARTIR. a. Ipamahagi; ipamudmod; ipangáyaw.=*(el pan) à, entre los pobres*. Ipamudmod (ang tinápay) sa mangá salantâ.=*en porciones iguales*. Ipamahagi nang magkakasinglakí, ó magkakasindami.

REPARTO. m. Pamamahagi.

REPASAR. a. y n. Daanang mulî ang nadaanan na. || Tingnang mulî at usisâin ang anomán. || Basahing mulî ang pinagaralan. || Paraanan ng tingĩn ang anomang súlat. || Sulsihín ang damit. || Saysaying mulî; ò esplikahing mulî ang lisión.

REPASO. m. Pagdaraang mulî sa naraanan na. || Paguusísâng mulî nang anomán. || Ang mulîng pagbasa nang napagaralan na, at nang lálông magtíbay sa alaala: pagrerepaso.

REPECHO. m. Dalisdís nang bundok na lubhâng tarik.

REPEDIR. a. irreg. como *pedir*. Mulîng hingĩn; pakáhingĩn.

REPELAR. a. Anitang ulî; mulîng panutin. || Sabunutan. || Labnutín ang buhok. || Bunutan nang buhok. || Patakbuhín nang isang síbad na maiklî ang kabayo. || Gumitî; ó tumúbô ang damó. || met. Bawasan; kulangan; untián. || Palasin.

REPELER. a. Iwaksí; itakwil.|| Salangsangĩn ang anomán.

REPENSAR. a. irreg. como *acertar*. Isiping ulî nang dahandahan; bulaybulaying mahúsay. || Pakàkurûkurûin. || r. Magisipísip na mabuti; magkúrông dahandahan.

REPENTE. m. Kilos; ó pangyayaring biglâ.—*de repente*. mod. adv. Kadingatdingat; karakaraka.

REPENTINO, NA. adj. Biglâ; kaginsaginsá.

REPEOR. adj. fam. Lálông masamá.

REPESAR. a. Timbangĩng mulî ang anomán.

REPETICION. f. Pagúlit; pagulî.

REPETIR. a. irreg. como *pedir*. Ulitin; ulín. || n. Idilhay ó idighay ang kináin ó ininom na málasahang mulî sa bibig. || Tumihat. || r. Máulit; muling màgawâ.

REPICAR. a. Pakátadtarin ang anomán. || Repikihin ang kampàná.|| Mulîng tudlukín; ó pagduruin. || r. Magmayabang; maghambog.

REPIQUETEAR. a. der. nang *repique*, Repikihin nang malakás ang mangá kampáná, ó anomang bágay. || r. Magtákapan.

REPIQUETEO. m. der. nang *repique*. Pagrepike. || Pagtatákapan.

REPISCAR. a. Kumurot; ó kurutín.

REPLEGAR. a. irreg. como *acertar*. Tiklupîng ulî.||Pagtikloptiklopín; paglupîlupiín. || Ulaking ulî ang sutlâ ó sinùlid. || r. Mulîng pahinúhod, || Manaulîng mangúndot ó kumubot.

REPLETO, TA. adj. Namúmunínî; butiktik; sandat; punongpunô, Karaniwang sabihin sa tawong lubhâng punô nang humores ó sandat sa pagkákain.

RÉPLICA. f. Tútol; sagot; paklí.

REPLICADOR, RA. m. y f. Matútol; masàgutin.

REPLICAR. n. Sumagot; tumútol. || a. for. Sumagot ang nagháhabla na tutulan ang sagot nang kaniyang ipinaghablá.

REPLICÓN, NA, adj. fam Maságutin; matùtol.

REPOBLAR. a. irreg. como *acordar*. Paramihin ang namámayan sa isang lugal na kákauntî ang nanánahan, na dalhán nang tawo.

REPODRIR, ó REPUDRIR. a. irreg. como *podrir*. Agad mabulok. || r. Magkukot ang loob sa pagpipígil.

REPONER. a. irreg. como *poner* Isaúlî, ò iulî sa dáting lagay ó sa dáting kinálalagyan. || Palitán; halinhán. || Tumútol; sumagot. || r. Lumakás; manaùlî ang lakás. || Mabáwî ang lakás nang katawán; manaùlî ang pagaárîng nasírá.

REPORTACIÓN. f. der. nang *reportar*. Hinahon; tíning nang loob.

REPORTADO, DA. adj. Mahinahon; matíning na loob; malubay ang ásal.

REPORTAR. a. Pahinahonin; pigilan ang anomang silakbó nang kalooban; ó ang kapusukán nang púsô. || Kamtán; tamohín. || Dalhán; hatdán. || r. Maghinahon; magpígil.

REPOSADO, DA. p. p. nang *reposar*, y adj. Tahímik: palagay. || Mabínî; mahinahon.

REPOSAR. n. Magpahingá; himimlay; magpahingalay. || Humimpil; tumahímik. || Mádatay. || Máhimbing sa katahimikan nang kamátayan. || Tumíning.

REPOSO. m. Pagpapahingá; kapàhingahan. || Kapalágayan; katahimikan.

REPRENDER. a. Batîin; pangusapan; libakín; tuyaín sa ginawâ ó sinalitâng malî. || Sisihin ang námamalî.

REPRENSIBLE. adj. Dàpat batîin; ò dápat sisihin ó pangusapan. || Kalaitláit.

REPRENSIÓN. f. der. nang *reprender*. Pangúsap; pagsisi; pagbátî.

REPRENSOR, RA. m. y f. Ang nangúngusap, ó sumisisi sa námamalî.

REPRESENTACIÓN. f. der. ng *representar*. Ang pagpapaalaala nang anomán.||Kapangyarihan; karángalan; pagkaginoó; at niwíwiká: *Si Fulano'y táwong* GINOÓ ó MARAÑGAL, ó MAKAPANGYARÍHAN *sa Maynìlâ, Fu-*

lano es hombre de REPRESENTACIÓN *en Manila.* ‖ Ang paglalabás sa komediahan nang anomang búhay.

REPRESENTAR. a. Ipaalaala ang anomàn. ‖ Ilabás ang anomang búhay sa isang teatro. ‖ Howarán, ó ipintá ang anomán. ‖ Maging larawan, ò talinhágâ nang anomán.

REPRIMENDA. f. fam. Báti; pangũsap; pagsisi.

REPRIMIR. a. Pigilan, ó pagpigilan; supilin. ‖ r. Magpígil.

REPROBAR. a. irreg como *acordar.* Salahín; huag magalingìn; huag tangapìn.; ‖ Pakasamìn sa infierno.

RÉPROBO, BA. adj. Ang náparool; ò nápakasamâ sa infierno. Ginágamit namang *sustantivo.*

REPROCHAR. a. Talampakín; suatán; ò pagsalitán nang mukhâan. Paalisín; tangihán; salahín.

REPRODUCIR. a. irreg. como *conducir.* Mulîng kathaín. ‖ Mulîng gawìn. ‖ Panibagúhang gawín.

RÉPTIL. m. Háyop na dáhil sa kawalán nang paá, ó sa malábis na kaiklîan nitó, ay iginágapang sa lùpâ ang tian, para nang ahas, timbubuli, etc.

REPUDIAR. a. Itapon; itaboy ang sariling asawa; hiwalayán.

REPUDRIR. V. REPODRIR.

REPUGNANCIA. f. Sukiam; dimárim sa anomán.

REPUGNAR. a. Másaiungãt ang isang bágay sa ibà. ‖ Tangihán; kasukiamán ang anomán. ‖ Gawín nang masamâ sa loob ang anomán.

REPULGAR. a. Ilupî nang hinlalakí ang gílid nang kayo at lilipin. ‖ Ilupî at burdahán ang gílid nang empanada, pastel at ibá pang ganitó.

REPULIR. a. Bulihin ulî; ó pakákinisin. ‖ met. Pakáhusayin; pakápamutihan. ‖ r. Magpakakinis nang labis.

REPUTAR. a. Mahalìn. ‖ Aríing... mabuti ó masamâ ang anomán, ayon sa palagay nang nagmámasid ó kumùkurô. =*(á uno) por honrado.* Arîin (ang isang) may puring tawo; kilanling táwong may puri ang isá.

REQUEBRAR. a. irreg. como *acertar.* Pakiusapan; pagsalitán ang isang babayi nang hingil sa paglígaw; panuyûan. ‖ r. Magpákiusapan; magligawán.

REQUERER. a. y n. irreg. como *querer.* Pakágiliwin; pakásintahin.

REQUERIR. a. y r. irreg. como *sentir.* Babalaín. ‖ Kailanganin. ‖ Siyasatin. ‖ Pakiusapan ang isang binibini.

REQUIEBRO. m. Ang pakiúsap; ó salitáng panininta. ‖ Paglígaw.

REQUISA. f. Ang pagsisiásat ng *carcelero* sa mangã bilangô at sa bílangûan. ‖ Pagrerekisa.

REQUISAR. a. Siasatin; usisâin.

RES. f. Ngãlang itinátawag sa alinmang háyop na ápat ang paá, na kaugaliang kanin ó ipagtrabaho, para nang báboy, baka, kabayo, etc.

RESABER. a. irreg. como *saber.* Matahông mabuti.

RESABIO. m. Ang masamâng lasang naíiwan nang anomán. ‖ Masamâng kaugaliang pinagkaratihan.

RESALIR. n. irreg. como *salir.* n. arq. Mamukod; lumimbutod.

RESARCIR. a. Tamtamán; bayaran ang anomang kasiráan.

RESBALADERO. m. Lugal na

madulás. || met. Mapangánib. || adj. Madulás. || met. Nábibingit makágawâ nang anomang kamálîan.

RESBALADIZO, ZA. adj. Madulás na lugal. || Madúlasin. || met. Sinaín; mahírap.

RESBALADURA. f. Bakás ng pagkádulas.

RESBALAR. n. Dumulás; mádupilas. || r. Magdulàs. || met. Mahúlog sa kamálîan; magkúlang sa pagtupad nang katungkulan. =*de, de entre, entre las manos*. Humagpús sa kamay; dumulás sa kamay.=*por el pendiente*. Mádulas na mahúlog sa dalisdìs.=*con, en, sobre el hielo*. Mádulas sa yelo.

RESBALÓN. m. Pagkàdulas. || met. Pagkahúlog sa kamálîan.

RESBALOSO, SA. adj. Madulás.

RESCATAR. a. Tubsín; hangûin sa dálitâ ó sa pagkábilangô. || Tutusìn sa pagkàsanlâ. || Timawáin.

RESCATE. m. Pagtubós. || Tubós; ó salapîng katúbusan sa anomàn. || Kapalit; kahalilí.

RESCINDIR. a. for. Pawalâng kabuluhán ang isang kasulatan ó testamento; pagkulîan.

RESCOLDO. m. Abong mainit na may kapirasong baga sa loob. || met. Agamágam nang loob; hinálâ.

RESECAR. a. Patuyuing magaling. || r. Matuyông magaling.

RESECO, CA. adj. Nàpakatuyô; tuyongtuyô. || Táwong payat na payat. || m. Ang tuyông lugal nang káhoy.

RESEGAR. a. irreg. como *acertar*. Pagbalikang gapasin ang bukiring nagapas na.

RESEMBRAR. a. irreg. como *acertar*. Tamnán ó hasikang mulî ang isang búkid.

RESENTIMIENTO. m. met. Salaghátî nang loob; samâ nang loob na tinangap sa anomang salitâ ó gawâng dî minabuti; tampó.

RESENTIRSE. r. irreg. como *sentir*. Manghínâ. || Magmithî. || met. Magdamdam; magsalaghátî. || Magdalang gálit.=*con, contra alguno*. Magdamdam; magdalang gálit sa kangínoman.=*de, por alguna cosa*. Magdamdam sa, ó dáhil sa anomán. =*del, en el costado*. Magdamdam nang sakit nang, sa tagiliran.

RESERVA. f. Laán; taán. || Tinàgô; iníngat. || Lìhim. || Paglilíhim; pagiíngat.—*á reserva*. mod. adv. Patagô; palihim.—*sin reserva*. mod. adv. Hàyagan; tàlampakan.

RESERVADO, DA. p. p. nang *reservar*. adj. Maíngat; malíhim. || Walâng kibô. || Mahinahon.

RESERVAR. a. Maglaán; magtaán; magtirá nang anománg handâ sa dárating na panahón. || Ilual; itángî na huag sakupin nang kaugaliang kautusán ó kalakarán. || Ipagpaliban nang panahòn ang gágawin ó sásabihin. || Itàgô; ilíhim. || r. Magíngat.

RESIDENCIA. f. Táhanan; pamamáhay. || Paninirá sa isang lugal. || Pagkuhang tanong nang isang púnô sa kàpowâ púnô ó sa ibá, nang pagkápamahalâ nang katungkulang tañgan sa boong panahong nilakaran niya doón.

RESIDENCIAR. a. Kunan ng tanong ang isá nang pagkátupad ng

katungkúlang ipinagkàtiwalâ sa kaniyá; siasatin.

RESIDIR. n. Tumahán; manirahan sa isang lugal. || Dumoón. =*en la ciudad.* Tumahán sa *ciudad.* =*entre amigos.* Tumirá sa gitnâ nang mañgà kaibigan. =*de asiento.* Manirahan nang pirmé.

RESIDUO. m. Tirá; labí. || Tíning; làtak.

RESIGNAR. a. Tangihán; magrenunsia. || Iabot sa ibá ang katungkulan, etc. || r. Magtiis; umayon sa kalooban nang ibá.=*á los trabajos.* Magtiís; umayon sa mañgá kahirapan.=*con su suerte.* Umayon sa kaniyang pálad.=*en la adversidad.* Magtiís sa kasakunaàn.

RESINA. f. Dagtâng malinaw nang alinmang kahoy, na kung sulsulàn nang apoy ay nagníningas.

RESINOSO, SA. adj. der. nang *resina.* Madagtâ.

RESISTENCIA. f. Pagsuway; paglabag; paglaban; pagsalangsang.

RESISTERO. m. Ang oras na katalimán nang síkat nang àraw kun taginit, na ito'y búhat sa á las once hangang á las tres. || Ang ìnit nang sinag nang áraw, na gumaganti sa pagtámâ sa anomán. || Ang lugal na tumátangap nang ganting itó; ó tampak sa áraw.

RESISTIBLE. adj. der. nang *resistir.* Matítiis; madádalitâ.

RESISTIR. a. Paraanin; tiisín; batahín. || Paglabanan ang mañgá násâ at hiìig nang loob. || Salansañgín. || n. y r. Lumaban; magtangol. || Tumangí; makipagtalo.

RESOBAR. a. Hiluting ulitulitin.

RESOBRAR. n. Lumabis nang marami.

RESOL. m. Sínag nang áraw na tumátamâ sa isang bágay na makintab, at búhat dito'y gumáganti namán sa ibá.

RESOLUCION. f. der. nang *resolver.* Pasiyá. || Tápang; lakás ng loob. || Kasaysayan; katuturingán ng anomang bágay na dì matarok nang ísip ó ipinagáalangan. || Liksí; dalì; kaayaán sa pagsasalitâ, ó sa paggawâ nang anomán.

RESOLVER. a. irreg. como *absolver.* Magpasiyá. || Hatulan ang anomán. || Kalagín; saysayín ang isang bàgay na malábô. || Tapusin. || Tunawin; kanawín. || Siràin; lansagín. || r. Magpasiyá sa sarili na gumawâ ó magsalitâ nang anomán. || Mahúlog ó máowì sa ibá ang anomán.=*á alguna cosa.* Magpasiyang gawín ang anomán.=*á navegar.* Magpasiyang maglayag. =*en agua.* Maging tùbig.

RESOLLAR. n. irreg. como *acordar.* Humiñgá nang matunog. || Magsalitâ; umimik. Sa kahulugang ito'y lalong karaníwang gamitin ng may *negación,* na sabihin; *Hindì* UMIMIK, *no* RESOLLÓ. || met. Makahiñgà sa hírap; maibsán nang dàlitâ.

RESONAR. n. irreg. como *acordar.* Umaliñgawngaw; ó umuliao ang tunog. || Tumunog nang malakás. || met. Mábantog; mábalitâ.=*(el pueblo) con, en alabanza.* Umúgong (ang báyan) sa pagpupuri.

RESORBER. a. Higuping mulì.

RESPALDO. m. Líkuran nang papel na kinásusulatan nang anomán. || Ang súlat na nakalagay sa likod nang papel. || Sandalan nang uupán.

RESPETABLE. adj. der. nang *respetar*. Kagalanggálang; dápat igálang.

RESPETAR. a. Igálang; pagpítaganan. || impers. Mádapat; mátungkol.

RESPETO. m. Gàlang; pítagan. || Alangá ang; pagtingín.||Panghalili: v. gr. *Kabayong* PANGHALILI, *caballo de* RESPETO.

RÉSPICE. m. fam. Sagot na maiklî at masaklap. || Pangùsap; payo na matigás ang pagkàsabi.

RESPIRACIÓN. f. der. nang *respirar*. Paghingá. || Hiningà.

RESPIRADERO. m. Butas na hínghan, ó síngawan. || met. Kaáliwan; kapáhingahan sa anomang págod ó hírap.

RESPIRAR. n. Humingá. || Suminğaw ang anomang amoy. || met. Lumakás; ó manaúlî ang loob. || Mápahingá. || Máahon sa hírap. || Mangúsap. Karaniwang kasama ng pagtangí kung gamitin, at niwíwika. *Si Fulano'y* HINDÎ NAÑGÚSAP Ó HINDÎ UMIMIK, *Fulano* NO RESPIRÒ.—*No tener por donde respirar*. fr. met. Waláng máisagot.

RESPLANDECER. n. irreg como *agradecer*. Magningning; magliwánag. || met. Mamukod sa ibá sa gawáng magaling.

RESPLANDECIENTE. p. a. ng *resplandecer*, y adj. Nagníningning; maningning.

RESPLANDOR. m. Ningning; liwánag na malakí. || met. Dilag.

RESPONDER. a. Sumagot; tumugón. || Mamunga: Kaya't sinásabi sa isang payat na lúpâ: *hindî* NAMÚMUÑGA, *no* RESPONDE.=*á la pregunta*. Sagutín ang tanong; sumagot sa tanong.=*con su cabeza*. Isagot ang kaniyang ulo. Ipangákô bagang kapalit ang kaniyang bùhay.|| n. Umuliao ang boses. || Gumanting loob. || Mábagay; máakmâ ang isang bágay sa ibá. || Magsasagot. || Manindigan sa útang nang ibá. || Máharap, ó málagay ang mukhâ nang báhay, etc. sa isang lugal.=*del dinero*. Sagutìn ang salapî; ó managot sa salapî.=*por otro*. Manindigan sa ibá; ó ipanagot ang ibá.

RESPONDÓN, NA. adj. Maságutin; matùtol.

RESPONSABILIDAD. f. Katunkulang magbáyad, managot ó magulî ng anomang kasiraán, útang etc.=*Persona de responsabilidad*. Tawong mayaman ó may kaya.

RESPONSABLE. adj May katungkulang magbàyad, ó managot sa anomán.

RESPONSAR. n. Magresponso; ó magdasal nang *responso*.

RESPUESTA. f. Sagot; tugòn; pagsagot. || met. Uliáo nang boses sa malàyô, kung nagsásalitâ sa isang lugal na kulong.

RESQUEBRADURA. f. y

RESQUEBRAJADURA. f. Paglàhang. || Láhang; litak.

RESQUEBRAJAR. a. Palahañgin; pagbitakín ó paglitakín. || n. y r. Lumàhang; maglitak. Itó ang lálông kagamitán.

RESQUEBRAJO. m. Láhang; litak; bitak.

RESQUEBRAJOSO, SA. adj. Lahañgín; bítakin; ò madalîng magbitak.

RESQUEBRAR. n. y r. irreg.

como *acertar*. Lumáhang; ó mabaak, pumutok; lumitak. || a. Palahañgin; palitakín.

RESQUICIO. m. Puang; síñgit nang ugpong nang anomán, lálò na ang sa pintô. || Puang; ò bitak na maliit na masísilipan. || met. Pagkakátaon.

RESTABLECER. a. irreg. como *agradecer*. Isaúlî; iulî ang anomàn sa dáting pagkálagay. || Itayông mulî ang anomang nasírâ. || r. Magsaulîng lakás; gumaling sa dinároamdam. || Mábalik sa dating lagay na mabuti; mabúnot sa hirap.

RESTALLAR. n. Sumagiok. || Lumañgitñgit.

RESTAURACIÓN. f. der. nang *restaurar*. Pananaúlî; panunumbálik sa mahúsay na kalágayan. || Ang pagkáligtas sa kaalipnán nang isang bayan ó kahariang nasúpil ñg ibá.

RESTAURAR a. Bawîin. || Isaulî; papanumbalikin sa dating lagay. || r. Manaúlî; mábalik sa dating lagay.

RESTITUCIÓN. f. der. nang *restituir*. Pagsaùlî. || Paguulî.

RESTITUIR. a. irreg. como *huir*. Isaúlî; iulî ang isang bágay sa dating kalágayan. || r. Manaúlî; magbalik ò manumbálik; mábalik sa dating lagay ò lugal na pinangalingan. =*á su casa*. Bumalik; mábalik sa kaniyang bábay.

RESTREGAR. a. irreg. como *acertar*. Kuskusín nang malakás, ô maluat, etc. || r, Mákuskus; máhasâ, etc.

RESTRIÑIR. a. irreg. como. *bruñir*. Pigilan; ó higpitín. || r. Mapígil; maghigpit,

RESUCITAR. a. Buhaying ulî ang isang patay. || met. y fam. Ipaala ala; buhayin ó papanariwâin ang bágay na nalílimutan ò lipás na sa kaugaliàn. || n. Mabùhay ulî. || met. Máligtas sa isang matinding sakit.

RESUDAR. n. Himigan nang pawis.

RESUDOR. m. Hímig ñg pawis.

RESUELLO. m. Hiningá. || Paghiñgang malakás.

RESURRECCIÓN. f. Pagkabúhay na maguiî.

RESURTIR. n. Umudlot ang isang bágay sa pagkàumpog sa ibá.

RETAGUARDIA. f. Hulihin ñg hukbó; likod.

RETALLECER. n. irreg. como *agradecer*. Mulîng magsuí ó magsúpang ang halaman.||Lumagông mulî.

RETAPAR. Takpang mulî.

RETAR. a. Hamunin. || fam. Pañgusapan.=*à muerte*. Hamunin nang pátayan.=*de traidor*. Pañganlang lilo; tawáging taksil.

RETARDACIÓN. f. der. nang *retardar*. Pagluluat; antala.

RETARDAR. a. Pagluatín; antalahin; bimbiñgin.||r. Magluat; maantala.

RETARDO. m. Pagluluat; antala; líwag.

RETASAR. a. Halagahang mu î.

RETAZAR. a. Retasuhin ang anomán. || r. Magkàretaretaso.

RETAZO. m. Retaso, ó pinaggupitán nang damit.

RETEMBLAR. n. irreg. como *acertar*. Yumanig; kuminíg, etc. || poèt. Yumanig nang maùgong. || Mulîng yumanig; yumanig nang maluat.

RETENER. a. irreg. como *tener*. Bimbingín. ‖ Pigilan; balamín. ‖ Itágô. ‖ Ingatan sa ísip ang anomang nábasa ó nàringig; tandaán. ‖ Ibilangô,

RETENTAR. a. irreg. como *acertar*. Mulîng tuksuhín ó lamuyutin. ‖ Tuksuhing masákit.‖Hipûin ó dapahing ulî ò muli't mulî ang anomán, ‖ Subuking pagpanibaguhan. ‖ Máramdamang panibago ang sakit na dating dinádamdam. ‖ r. Magmasid; magkúróng mahùsay bago gumawâ nang anomán; magtaglay nang malaking pagiíngat. ‖ Magtuksuhan. ‖ Maglámuyutan. ‖ Magdamahán; maghipuán. ‖ Magsubukán.

RETEÑIR. a. irreg. como *ceñir*. Tinâin ulî; pakátinâin. ‖ r. Matínâng mabuti. ‖ Marumhán; mamansahán.

RETINTIN. m. Taginting; ó tíngig nang anomang bágay, na lumálagak sa ating tainga. ‖ Ang paraán at puntong talagang ginágawâ sa pagsasalitâ. Karaniwang sabihin sa ginágamit na pangungutyâ at paghámak sa kápowâ.

RETIÑIR. a. irreg. como *bruñir*. Umalingawngaw nang maluat sa dinggig ang anomang tunog.

RETIRADO, DA. p. p. nang *retirar*. adj. Lugal na nakasùlok, ó maláyô sa guló nang tawo. ‖ Maláyô; nahihiwalay.‖m. Sundalong retirado.

RETIRAR. a. Ilayô; ihiwalay. ‖ Ikanlong sa masid ang anomán. ‖ Paurungin; paudlutín ang anomán ó ang sínoman. ‖ r. Lumayô; umudlot; humiwalay sa pakikisama, pakikipagpúlong, etc.=*á la soledad.* Lumigpit sa mundó.

RETIRO. m. Paglayó; paghiwalay. ‖ Pagligpit. ‖ Lugal na nakasúlok at maláyô sa guló.

RETIRONA. f. fam. Pagalís na biglâ ò may kabastusán.

RETO. m. Hamon; paghamon. ‖ Balâ; pagbabálâ. ‖ Babag.

RETOÑAR. n. der. nang *retoño*. Magsúlol; magusbong; magsupling. ‖ met. Sumíbol; ó sumipot na mulî; manumbálik na lumitaw.

RETOÑECER. n. irreg. como *agradecer*. der. nang *retoño*. Magusbong; magsúlol.

RETOÑO. m. Usbong; talbòs; súlol; supling.

RETORCER. a. irreg. como *cocer*. Pakápilihin. ‖ Pakápilitin. ‖ Pilihín ulî. ‖ met. Intindihín nang pasaliwâ ang anomang bágay; na bigyán nang ibang kahulugán. ‖ r. Mamilìpit; magpilipit.

RETORCIMIENTO. m. Pilípit; pilí. ‖ Pagpilìpit. ‖ Pagkàpilipit.

RETORTIJAR. a. Pilipitin; pilihing mabuti; kulutín. ‖ r. Mapilí; mamaluktot; mamilípit; makulot.

RETOSTAR. a. irreg. como *acordar*. Idarang na mulî; isangag ulî, etc. ‖ Ipakádarang; pangalirangin; ipakásangag, etc. ‖ r. Mangalirang.

RETOZAR. a. Damahing laruín nang lalaki ang babayi; ó nang babayi ang lalaki. ‖ n. Maglulundag sa towâ. ‖ r. Magdamahàn; ó maghipuàn. ‖ Magkátowâang maglarô.

RETOZO. m. Paglalarô; paglulundagan sa towâ.

RETOZÓN, NA, adj. Mapaglarô. ‖ Lubhâng magalaw; magaslaw.

RETRACTAR. a. Baguhin; bawîin ang sinalitâ ó ginawâ. ‖ r. Tumalikod sa sinalitâ ó ginawâ. =*de*

lo dicho. Talikuran ang sinabi ó tumalíkod sa salitâ.

RETRAER. a. irreg. como *traer.* Ilayô; ilihís. || Pahiwalayín; palayuín. || r. Lumayô; umìlag.

RETRASAR. a. Bimbiñgín; antalahin; palumatlumatin; v. gr. ANTALAHIN; BIMBIÑGÍN *ang báyad,* RETRASAR *la paga.* || n. y r. Máhuli; maantala.

RETRASO. m. Pagluluat; pagkáhuli; pagkaantala.

RETRATAR. a. Ilarawan; iretrato ang sínoman ò ang anomán. || Parisan; mukhaán.

RETRATO. m. Larawan; ó retrato. || Pagreretrato.

RETRIBUCIÓN. f. der. nang *retribuir.* Gantí; báyad. || Pagbabáyad; pagganti.

RETRIBUIR. a. irreg. como *huir.* Gantihìn; bayaran ang tinangap na túlong ó útang. || Maggantihan; magbayarán.

RETRIBUYENTE. p. a. nang *retribuir.* Gumáganti; nagbábayad.

RETRILLAR. a. Giiking mulî ang pálay.

RETROCEDER. n. Umudlot; umúrong; bumalik. = *à, hácia tal parte.* Umúrong sa may gayong bandá ó lugal. = *en el camino.* Umùrong sa daan; magbalik. = *de un sitio á otro.* Umudlot na umalís sa isang lugal at pasa ibá.

RETROCESO. m. Pagudlot; pagúrong.

RETROGRADAR. n. Umúrong; bumalik.

RETRONAR. n. impers. irreg. como *acordar.* Kumulog ulî at umaliñgawñgaw sa malàyô ang úgong. || Muling kumulog. || Umalalad sa maláyô ang kagungkong nang kulug ò putok.

RETROTRAER. a. irreg. como *traer.* Ipalagay na párang nangyari ang anomán, nang una kaisa talagang panahong ipinanyari.

RETROVENDER. a. for. Ipagbiling mulî sa binilhán sa halagang pagkabili.

RETROVENTA. f. Pagbibiling mulî nang isang bágay sa binilhán.

RETUMBAR. n. Umalalad; umalatuat nang malakás; ó umúgong na párang kulog ang anomán.

RETUMBO. m. Alalad; úgong na lubhang malakás at tila gumúguhit.

REUNIÓN. f. Pagkakápisan; pagpipisan. || Kapisanan; katipunan. || Lúpong; púlong.

REUNIR. a. Ipisan; ilákip; ilágom na mulî. || Pisanin; tipirín. || r. Magpipisan; magtitipon. || Sumama; makipisan.

REVALIDACIÓN. f. der. nang *revalidar.* Pagpapatotoò; pagpatíbay nang anomán.

REVALIDAR. a. Patotohanan; pagtibayin; ó bigyán nang panibágong katibayan ang anomán. || r. Makaexamen; maggrado sa anomang karunùñgan.

REVEJECER. n. irreg. como *agradecer.* Agad tumandâ; maiúmâ agad.

REVELACIÓN. f. der. nang *revelar.* Paháyag; pagpapaháyag.

REVELAR. a. Ipahàyag ang nálilihim. || Ipatalastás nang Dios sa kaniyang katoto ang anomang dárating ó nálilihim.

REVENDER. a. Ipagbiling mulî nang untîuntî ang anomang biniling páminsanan.

REVENIR. n. y r. irreg. como *venir*. Mangùrong; mangundot.||Maúbos na untiuntî. || Umásim ang *licor* ó alinmang minatamís na bunga ng káhoy.||Pumawis: v gr. PUMAWIS *ang pader*, REVENIRSE *la pared*, etc. || met. Pahinúhod nang bahagyâ sa ipinagmámatigas na ipinakikipagtalo. || fam. Maglandî ang háyop (ó tawo man.)

REVENTAR. n. y r. irreg. como *acertar*. Lagutin. || Paputukín. || Sayañgin; sirâin sa malabis na paggámit: v. gr. SAYAÑGIN ó SIRÁIN *ang kabayo sa malabis na kapapatakbó*, REVENTAR *el caballo á fuerza de correrlo*. || Pahirapan ò pasakitan nang anomang násâ na tinátaglay sa loob. || met. Pagurin; yamutín: piiting malabis. || Magputok. || Masagsag. || Pumulandit; tumilároy. || Mapisâ. || met. Magnásâ nang mahigpit. || Manábog; mamásag ang alon. || Magpagal nang malabis.=*de risa*. Magputok sa towâ. =*por hablar*. Masagsag sa kásasalitâ. || a. met. Yumamot; pumágod; makamuhî.

REVER. a. irreg. como *ver*. Mulîng tingnán; ò mákitang mulî. || Pakámasdan; pakáiniñgin.

REVERDECER. n. irreg. como *agradecer*. Manariwâng mulî ang párang ó halaman; magmúrâ. || met. Manaúlî ang lakás.

REVERENCIA. f. Pítagan; gálang ó kagalañgán. || Pagyukod. || Salitâng ipinangágalang sa mañgá fraile.

REVERENCIAR. a. Igálang; pintuhûin. || Sambahín.

REVERENDO, DA. adj. Kagalanggálang. || fam. Lubhâng mahinhín at maingat.

REVERENTE. adj. May pítagan; magàlang; mabábâng loob.

REVERSO. m. Likod. || Kabalikán. Kasalungat nang *anverso, mukhâ:* sinásalitâ sa medalla.

REVERTER. n. irreg. como *ascender* Umápaw; magkanlalabis.

REVÉS. m. Kabalikán. || Tampal, ó hampás na pasaliwâ. Ang likod bagá nang kamay ang pinatámâ. || met. Kasaliwaán; kakulañgang pálad.

REVESTIR. a. irreg. como *pedir*. Susunán ang damit na nakasuot sa katawán; ó isuot na pagpatuñgin ang damit sa katawán. || Kulapulan nang paletada ang pader, muog, etc || r. Magsusón nang damit. || met. Magpalalô; ó ipagmagaling ang sariling kamáhalan ó katungkulan.

REVISAR a. Tingnang mulî; siasatin; malasin. || Magmalas; magmasid.

REVIVIFICAR. a. Buhayin; pasiglahín. || Buháying mulî.

REVIVIR. n. Mulîng mabúhay || Pagsaulan ang isang tila patay na. || met. Magpanibago; mulîng lumitaw ang anomán.

REVOCACIÓN. f. der. nang *revocar*. Pagbago nang anomang yàrî na; pagpapawalâng halagà.

REVOCAR. a. Baguhin ang anomàn; pawalâng halagâ; bawîin ang náipagkaloob na. || Ilayô ang isá sa anomang inâakalâ. || Paudlutín; paurungin. || Pintahán nang isang paraán lámang ang pader.

REVOLAR. a. irreg. como *acor-*

dar. Magbalik na lumipad; ó lumipad ulî ang íbon. || Lumipad na magpaikitíkit.

REVOLCADERO. m. Lubluban.

REVOLCAR. a. irreg. como *acordar*. Ilugmok; igumon.||r. Gumúlong; gumumon sa anomán. || Màgumon; mágulong. || Maglubálob. || met. Manatili sa anómán, na magpakatigás. =*en su sangre*. Mágumon sa kaniyang dugô.

REVOLEAR. n. Lumipad nang painogínog sa isang lugal ang ibon.

REVOLOTEAR. n. Lumipad na magpasikosiko; ò magpaínog ang ibon. || Sumalipadpad nang lipad.

REVOLOTEO. m. Lipad na pasikosiko, ó paínog nang ibon. || Pagsalipadpad sa paglipad nang ibon.

REVOLTOSO, SA. adj. Malikot. || Suwail; mapangulò.

REVOLUCIÓN. f. der. nang *revolver*. Paghálò; pagkakáhalò. || Guló; pagkakaguló. || Ang tákbong palibid sa áraw, nang alinmang planeta, na sa isang táning na bílang nang panahón ay mulîng nábabalik sa pinangalingan. || Panghihimagsik nang bayan laban sa mangá pinúnô. || Pagiibà nang kalágayan nang mangà bágay.

REVOLUCIONAR. a. Papagalsahín; papanghimagsikín.

REVOLVER. a. irreg. como *absolver*. Halûin; gawgawín; kalasawín. || Balutin ang anomán sa ibang bágay; paluputan. || Guluhín; manguló; mangbásagulo. || Pagbalikang lakarin ang nálákad na. || Balingang labanan ang kaáway. || Bunkalín; halukayin; unkatín.=*en la mente*. Bunkalín sa ìsip, bulaybulayin; kurûin.=*entre sí*. Bunkalín sa sariling ísip. || r. Magpabilingbiling; bunialibaligtad.||Magbago ang panahón. || Maguló; huag mápalagay. || Magápiran. || Lumaban: humarap na mulî.||Maglubalob. Kung sa háyop.—*Revolver á uno con otro*. fr. Pagkagalitín ang dalawá.—*Revolverse al, contra, sobre el enemigo*. Haraping pagbalikán ang kaáway; mulîng haraping labanan ang kaáway.

REVUELTAMENTE. adv. m. Guló; walâng kahusayan.

REVUELTO, TA. p. p. irreg. nang *revolver*. Guló; gusot; hindî magkámayaw. || adj. Malikot; mapanguló, || Gulò; gusot. || Suotsuot; mahírap intindihín. || Bágay na binálot ó iginawgaw sa anomán.

REY. m. Hárî. || fam. Tagapagalágâ nang báboy sa mangà barrio ó báyang maliliit. || met. Tawong mahal na ugàlî at mahùsay ang mangà kílos, at malakí ang pùsô.

REYERTA. f. Pagaáway; pagtatalo; taltalan. || Áway.

REZADOR, RA. m. y f. Mapagdasal; mahábâng magdasal.

REZAR. a. Manalangin; magdasal. || fam. Bumulongbulong; umángil. || fam. Salitín; saysayín sa isang kasulatan ang anomán: v. gr. SINÁSABI Ò SINÁSAYSAY *nang libró, el libro lo* REZA.=*á los santos*. Manalangin sa mangá santò.=*por los difuntos*. Ipanalangin; ó ipagdasal ang nangamatay na.

REZELADOR. m. Kabayong bulugan.

REZELAR. a. y r. der. nang *rezelo*. Matákot; magalapaap ang loob; mangánib. || Ikáhig ang kabayong bulugan sa inahin at nang ito'y pa-

lúkob.

REZELO. m. Pangambá; tákot; alapaap nang loob.

REZELOSO, SA. adj. der. nang *rezelo*. Párgambahin; mapaghinàlâ.

REZO. m. Pananalangin; pagdarasal. || Pangadyî, ò dasal.

REZONGAR. n. Umángil; bumulongbulong, at gawín ang anomán nang masamâ sa loob.

REZONGLÓN, NA. adj. y

REZONGÓN, NA. adj. Mabúlungin; maangilín.

REZUMARSE. r. Tumalas ang tùbig ó anomán sa kinásisidlan; tumiím.

RIACHUELO. m. der. nang *rio*. Ílog na muntî at mahínâ ang agos; batis.

RIADA. f. der. nang *rio*. Bahâ.

RIATILLO. m. der. nang *rio*. V. RIACHUELO.

RIBAZO. m. Burol.

RIBERA. f. Tabí; pangpang; baybay ìlog ó dágat.—*Ser de monte y ribera*. fr. Maging sa bálang na.

RIBERO. m. Bákod na estákâ sa gílid nang mangá pabuluang ó patúbig.

RIBETE. m. Tutop. || Dagdag; dugtong. || Pamuting idinádagdag sa pagsasalitâ.

RIBETEAR. a. Tutupán; ó lagyán nang ribete.

RICACHO, CHA. adj. aum. ng *rico*, y

RICAZO, ZA. adj. aum. nang *rico, ca*. Lubhâng mayaman; masalapî, dátapowa't hindî lìpíng ginoò, ó bastos na ugálî.

RICO, CA. adj. Mayaman; masalapî. || Sagánâ.=*en ganados*. Maháyop; mayaman sa háyop. || Matabâ; masarap; malinamnam.=*con, por su legítima*. Mayaman sa, dàhil sa kaniyang mana.=*de hacienda*. Mabùkid; ó maasienda.

RICOHOMBRE ó RICOHOME. m. Tawong pangúlong kaginoòhan sa España nang una.

RIDICULEZ. f. Salitâ; ó gawâng nakadùrumal at labás sa kaugalián; ò kakaibá sa lahat.

RIDICULIZAR. a. Birûin; uyamín; halayin ang kápowâ.

RIDÍCULO, LA. adj. Nakátatawa dáhil sa kaibhán sa ibà. || Walâng halagâ. || Kakaibá.=*en los modales*. Kakaibá ang mangá gawâ ó kilos.=*por su traza*, Nakátatawa dáhil sa kaniyang bikas.

RIEGO. m. Dilig; pagdidilig,

RIENDA, f. Rienda. || met. Pagsúpil; pagpipìgil nang mangà kílos at pangungúsap. || pl. Pamamahálâ nang anomán, at sinásabi: *Tangnán* ó *tangapìn ang* PAMAMAHÁLÁ *nang caharián, tomar las* RIENDAS *del estado*. —*Aflojar las riendas*. fr. met. Gaanán; bawasan ang hírap at pagal sa paggawá nang anomán.

RIESGO. m. Pangánib; kapangánibán. || Pagkàbingit sa anomang ikasísirâ.—*De cuenta y riesgo*. fr. Sa ilálim nang pananagot nang sinoman.

RIFA. f. Pagtatalo; áway. || Larông rifa.

RIFAR. n. Makipagáway; makipagbabag.||a. Maglarô nang rifa. Ginágamit namang *recíproco*. || r. náut. Matastás; magkápirapiraso ang láyag.

RIGIDEZ. f. Kabaksikan; higpit.

RÍGIDO, DA. adj. Mahigpit; mabagsik = *con, para, para con su familia.* Mahigpit sa kaniyang familia.=*de carácter.* Mabagsik ang paguugálì; ó arregladong lubhâ ang ugalí. = *en sus juicios.* Mabagsik; mahigpit sa kaniyang pasiyá; ó mahigpit magpápasiya.

RIGOR. m. Ang sidhî; ó tigás nang lamig. || Bagsik; bangís; lupit. —*en rigor.* mod. adv. Sa katunayan; ang tutoó.—*ser de rigor.* fr. Maging kailangan ang anomán, na huag mailagan.

RIGOROSO, SA. adj. der. nang *rigor,* y

RIGUROSO, SA adj. der. nang *rigor.* Mabagsik. || Malabis na lamig nang panahón. || Lubhâng mahigpit mamahálâ.

RINCÓN. m. Sùlok. || Lugal na tagô. || Ang táhanan nang isá.

RINGLA. f. y

RINGLE. m. y

RINGLERA. f. fam. Ang taludtod; ó hanay nang pagkahilerang mahúsay nang anomán. || Hilera; pagkakásunodsunod.

RIÑA. f. Away; babag; pagtatalo || Pangáral; pangúsap.

RIÑÓN. m. Bató nang bàboy, baka ó ibang háyop.||met. Ang úbod; ó gitnâ nang isang lùpâ ó lugal.

RIO. m. Ilog. Kung ang ílog ay sa kápowâ ílog nároon ang wawâ ay *estero* ang táwag: *rio* ay ang ílog na ang wáwâ ay sa dágat. || met. Ang kasaganâang malakí nang anomang bagay.

RIQUEZA. f. Kayamanan; yaman. || met. Pagaárî; pananalapî.

RISA. f. Tawa; ngitî. || Ang nakátatawa.—*caerse de risa.* fr. fam. Tumawa nang malabis.—*comerse de risa.* fr. met. y fam. Magputok sa pagpipígil nang pagtawa.

RISADA. f. der. nang *risa.* Halakhak.

RISIBLE. adj. der. nang *risa.* Mangyáyaring mátawa.||Makátatawa; ò nakátatawa.

RISOTADA. f. der. nang *risa.* fam. Halakhak; galakgak.

RISUEÑO, ÑA. adj. der. nang *risa.* Masayá ang mukhâ; nakangitî. || Matatawanìn. || met. Nakalùlugod; nakatútowâ. || met. Kaayaaya.

RITO. m. Kaugalián; kaasalán. || Ang *ceremonia* at reglang nakatátag nang iglesia tungkol sa paggawâ nang mangá *oficio* sa simbahan.

RIVAL. m. Kaagaw; katalò.

RIVALIZAR. n. Mákaagaw; mákatalo.

RIZAR. a. Kulutín ang buhok, | Paalonalunín ang túbig sa dágat nang hanging mahínâ. || r. Mangulot ang buhok; umalon nang maliliit ang túbig sa dágat.

ROBAR. a. Agawin; sambilatin; lupigin. || Nakawin; umitín.||Agawin; itanan sa magúlang ang isang babayi. || met. Mahalina ang púsò ng kápowâ.

ROBÍN. m. Kaláwang.

ROBLADURA. f. Ang pagkarematsá; ó pagkábaluktot nang dulo nang bákal sa kinálalagyan, ó kiná papakúan.

ROBLAR. a. Irematsá; baluktutín ang bákal.

ROBLIZO, ZA. adj. Matíbay at matigás.

ROBO. m. Nàkaw; pagnanákaw·

|| Ang ninákaw.

ROBORAR. a. Tatagán at tibayan ang anomán. || met. Pagtibayin nang panibagong pagmamatuid ó bagong katowiran ang anomang sinabi.

ROBORATIVO, VA. adj. Pangpatíbay; pangpalakás; ó nakatítibay.

ROBUSTECER. a. irreg. como *agradecer*. Palakasin; bigyáng lakás. || r. Lumakas.

ROBUSTEZ. f. Kalákasan; lakás.

ROBUSTO, TA. adj. Malakas; matatag. || Balísaksakan; malakás ang katawán.

ROCA, f. Batò; na lubháng matigás. || Ang bundok na bató na tumútubô sa dalatan ó sa dágat. || met. Matíning; matigás at hindí nagmámaliw anomang mangyari,

ROCE. Pagkásagî; pagkákiskis ng marahan. || Paggúsad; paghawan. || met. Lágîng pakikipanayam; ó pakikipagúsap sa kápowâ; pakikihalobilo.

ROCIADA. f. der. nang *rocío*. Paghamog. || Hamog. || Damong may hamog, na ipinakákaing iginágamot sa kabayo. || met. Libak na nálalaban sa marami. || met. Bátîng matulis; pangũsap na masaklap.

ROCIADERA. f. der. nang *rocío*. Pandilig.

ROCIADO, DA. p. p. nang *rociar*, y adj. Basâ nang hamog.

ROCIAR. n. Humamog. || a. Iwîsik; ipagwisik ang anomang bágay na lusaw. || Wiligán; wisikàn. || met. Ipukol na pasambulatin ang anomán. || Manlibak na patamâan ang marami.

ROCIN. m. Kabayong matandâ at masamâ. || Kabayong pangtrabaho at hindî panregalo. || met. y fam Tawong bastós at walâng pinagaralan.

ROCÍO. m. Hamog.

RODADA. Bakás nang gulong sa dinaànan.

RODADERO, RA. adj. Gulugĩn; ó madalîng gumùlong.

RODADIZO, ZA. adj. Madalîng gumúlong; magulungĩn.

RODADURA. f. Pagpíhit; paggùlong.

RODAJA. f. Ruedang muntî na walâng rayos, at kagamitán sa ma ngã màkina ó sa karitón.

RODAPIÉ m. Tábing na takip sa paá nang mangá hihigán, mesa, etc. || Pintá nang ibabâ nang pader na ibá ang kúlay kaysa pintá nang kalakhàn. || Ilinálagay na tabla sa paá nang *balcón*.

RODAR. n. irreg. como *acordar*. a. Pagulungĩn; painugin. || n. Gumùlong; umíkit;.|| Mahúlog na gumúlong bùhat sa isang taluktok ó tarik na lugal. || met. Kumalatkálat ang anomàn na parang walâ nang kabuluhán. || met. Bumahâ; ó magkaroón nang malaking kasaganâan nang anomán v. gr. *Sa báhay na itoy* BUMÁBAHA, Ó SAGANA *nang salapî, en esta casa* RUEDA *el dinero.*=*de lo alto*. Mahúlog na gumúlong magbúhat sa mataás.=*de cabeza*, Gumùlong, mahúlog na gumúlong nang patiwarik, ó ulo aug máuna.=*(el ginete) por tierra*. Mahúlog na gumúlong (ang nangãngãbayo) sa lúpâ.

RODEAR. n. Magpalígid; lumiklik. || met. Magpalikuadlikuad. || a. Inugin; paluputan; bilibiran nang anomán ang isang bágay. || Painogin

ang anomán. = (*una plaza) con, de murallas.* Inúgin (ang isang plaza ò bayan) nang kútâ.

RODELA. f. Kalásag.

RODEO. m. Paglilígid; paglikliklik.||Liklik. || met. Linikuadlikuad at nang màligtas sa humáhabol; ó sa itinátanong nang ibá na íbig málaman.||met. Pagpapalumatlúmat nang paggawâ.

RODILLA. f. anat. Túhod.||Kayong magaspang na panglinis nang anomán. || Dikín.

RODILLADA. f. der. nang *rodilla,* y

RODILLAZO. m. der. nang *rodilla.* Pagtuhod; tuhod; ó saksak nang túhod.

RODILLO. m. Paralis. || Batong mabílog na pamaikpik nang lúpâ.

RODILLUDO, DA. adj. der. ng̃ *rodilla.* Tuhurán; ò malakí ang túhod.

ROEDURA. f. Pagng̃atng̃at; paghimang̃it nang ng̃ipin. || Ang nakùkuha nang ng̃atng̃at.

ROER. a. Ng̃atng̃atín; himang̃itín. || met. Gasgasín; ó alising untîuntî ang ibábaw nang anomàn. || met. Balisanhín; pahirapan ang loob nang anomang pagiísip.

ROETE. m. Katás nang granadâ na ginawâng álak, at ipinaíinom na iginágamot.

ROGACIÓN. f. der. nang *rogar.* Pagdalang̃in. || pl. Ang *procesión* ng̃ letanía sa bayan, ó sa patio nang simbahan sa mang̃ã áraw na táning nang isang taón. Lálông kaugaliang sabihing *rogativas.*

ROGAR. a. irreg. como *acordar.* Dumaláng̃in; dumaing. || Makiúsap; sumàmô; lumúhog.=*por sí, ó por otro.* Idalang̃in ang sarili, ó ang ibá.

ROGATIVA. f. Pananalang̃ing hayag sa Dios nang maraming tawo, sa paghing̃î nang àwâ.

ROJEAR. n. Mamulá.

ROJIZO, ZA. adj. Mamulamulá namùmula.

ROJO, JA. adj. Kúlay pulang matinkad; mapulá.

ROLLAR. a. Likawin; kidkirín.

ROLLIZO, ZA. adj. Mabílog na habâ, na párang lulón nang banig. || Tawong bilugán at malakí ang katawán.

ROLLO. m. Lulón.

ROMADIZARSE, r. der. nang *romadizo.* Sipunín.

ROMADIZO. m. Sipón.

ROMANAR. a. der. nang *romana.* Timbang̃ín sa romana.

ROMANEAR. a. der. nang *romana.* Tumimbang sa romana.

ROMANO, NA. adj. Tagá Roma. || Púsâ na may pintang pulà at itim na nagkápatongpatong.

ROMERAL. m. der. nang *romano.* Lùpá; ó lugal na maraming romerong tanim.

ROMO, MA. adj. Salsal; pulpul ang dulo. || Ilong na maliit at dapâ.

ROMPEDERO, RA. adj. Madalîng masírâ; basagín.

ROMPEDURA. f. Sirâ; básag.

ROMPER. a. Basagin; patirín; lagutín; punitin. || Hatîin; sirâin; lansagín; baakín; lapakin. || Wahîin. || n. Magmulâ; magpamulâ: v. gr. MAGPAMULANG *mang̃úsap,* ROMPER *á hablar:* MAGMULANG *lumakad;* ROMPER *la marcha;* MAGBUKANG *liwayway,* ROMPAR *el dia.* || Salansang̃ín;

labagín ang anomán.=*con alguno*. Ipaháyag sa kápowâ ang gàlit ò samâ nang loob. at humiwalay nang pakikisama sa kaniyá at pakikipagibigan.=*en llanto*. Umiyak; humagulhol na biglâ.=*por todo* Dumalúhong na gawín ang anomán, na huag pagpítaganan alinmán.

RONCADOR, RA. m. y f. Mapaghilik.

RONCAR. n. Maghilik; humilik. ‖ Tumunog nang tila paós. Sinásabi sa ilang mangã *instrumento de viento* at sa úgong nang dágat. ‖ fam. Magbálá nang mabalásik.

RONCEAR. a. Palibanlibanin ang anomán; lantutayin; sibansibanin.‖Hibuhibûin sa salitâ at sa gawâ ang sínoman, úpang kamtàn ang hináhangad sa kaniyá. ‖ náut. Palakarin nang mahínâ ang sasakyán, lálô na kung may kasabay.

RONCERÍA. f. Paghihimanhiman; paglalantutay. ‖ Paghíbô; paghimas.

RONCERO, RA. adj. Mahiman; mapaglantutay.‖ Magagalitín; bugnot. ‖ Mapaghibôhibô; mapaglangís. ‖ Sasakyang mabágal lumákad.

RONCO, CA. adj. Namámaos; payaòs.

RONCHA. f. Ligátâ; pantal. ‖ met. Kasiraang dinamdam nang isang násubâ ó náumitan nang salapî. ‖ pl. Tagulabay.

RONDAR. n. Maglibot na usisâin ang pamamayan at ang mangã namámayan. ‖ Lumákad na maglíbot nang gabí sa daán. Kaugaliang lalong sabihin sa mangà binátâng naglílibot sa daàn. na tinitirahan nang kanilang nililigawan. ‖ a. Ligidligiran; painoginugin sa palibot ang anomang bágay, at sinásabi: *Ang paroparò ay* NAGPÁPALIGIDLIGID *sa ìlaw, la mariposa* RONDA *la luz*.

RONDÍN. m. Ang rondang isang kabohang sundalo, na nagsísiyasat ng bantay sa kútâ.

RONQUEAR. n. Mamáos.

RONQUEDAD. f. Kapausán; ó pagkapaós.

RONQUERA. f. Pamamáos; pamamalat.

RONQUIDO. m. Hilik. ‖ met. Tunog na bagol.

ROPA. f. Damit; at alinmang kayo na isinúsuot nang tawo ò ginágawâng pamuti nang bâhay.

ROPAJE. m. der. nang *ropa*. Pananamit; ó kapisanan nang lahat nang damit. Kaugaliang lálông gamitin sa pagsasaysay nang damit na mahábâ at maínam nang mangã pinúnô.

ROPAVEJERÍA. f. Tindahan ng mangã lúmâng damit.

ROPAVEJERO. m. Ang nagtítindá nang mangã lúmâng damit.

ROPERÍA. f. der. nang *ropa*. Tindahan nang mangã yáríng damit na bago. ‖ Sa mangã *comunidad*, ay ang lugal na tataguán at husayán nang damit nang lahat. ‖ Ang katungkulan, oficio ó arte nang pagiíngat nang damit.

ROPERO, RA. adj. der. nang *ropa*. Ang nagbibili nang bagong yáring damit. ‖ Tagapagsínop nang damit sa isang *comunidad*. ‖ Aparador na malakí na taguán nang damit.

ROPETA. f. dim. nang *ropa*. Damit na maiklî.

ROPÓN. m. aum. nang *ropa*. Damit na mahàbâ at pangibábaw.

RORRO. m. fam. Bátâng maliit; sangol.

ROSA. f. Bulaklak nang *alejandría*, at ibà pang *rosa*. || Kúlay na pulang tila *rosa*.

ROSADO, DA. adj. der. nang *rosa*. Kúlay *rosa* ang pulâ. || Sinangkapàn; ó hinalûan nang *rosas*.

ROSARIERO. m. der. nang *rosario*. Mangagawâ, ó nagtítinda nang kuintás.

ROSARIO. m. Kuintàs. || Ang dasal na rosario. || fam. Gulugod.

RÓSEO, EA. adj. der. nang *rosa*. Kùlay rosa.

ROSTRICO m. dim. nang *rostro*, y

ROSTRILLO. m. dim. nang *rostro*. Sínag na inilálagay sa mukhâ nang mangã larawan nang santó.

ROSTRITUERTO, TA. adj. fam. Mukhâng galit; nakamúñgot.

ROSTRO. m. Mukhâ nang tawo, || Tukâ nang ibon. || náut. Ang dulo nang doong nang sasakyán.—*rostro á rostro; á rostro firme*. mod. adv, Tálampakan; mukhâan.

ROTACIÓN. f. Pagikit; pagbiling sa *eje* na para nang pagíkit nang gulong.

ROTO, TA. p. p. irreg. nang *romper*. Sirâ; lansag. || adj. Gulanit; punit; basag; larot. Ginágamit namang párang *sustantivo*.

ROTULA. f. anat. Bayugo nang túhod.

ROTULAR. a. Lagyán nang *rótulo*.

RÓTULO. m. Súlat na inilálagay sa mangã libró at papel, etc. nang málaman ang may gawâ ó nakalamán doón. || Papel na may súlat na idinídikit sa mangá eskina.

ROTUNDIDAD. f. Bílog; kabilugan. || Kabuoán; kapupusan.

ROTUNDO, DA. adj. Mabílog. || Buô; pupos.

ROTURA. f. Biak; sírâ; láhang; gísî; púnit, || met. Kaguluhán.

RUAR. n. Lumákad nang nagkákaruage; ò magpasial na nakakaruage. || Maglibot sa daán na walâng ibang hañgad kundî magmasid nang babayi ó magligaw.

RUBIFICAR. a. Papulahín ang anomán. || Papagbagahin.

RUBIO, IA. adj. Mapulang múrâ; kúlay gintô.

RUBOR. m. Kúlay na pulá ng mukhâ. || Pamumulá nang mukhâ sa hiyâ. || Kahihiyán; hinhín.

RUBORIZAR. a, Humiyâ; hiyaín; papamulahín sa kahihiyán. || r. Mahiyâ; ò mamulâ sa pagkahiyâ.

RUBOROSO, SA, adj. nang *rubor*. Mahihiín.

RUBRICAR a. Lagyàn nang firmà lámang ang isang kasulatan, ñguni't walâng ñgalan nang nagfirmá. || Pirmahán nang ñgalan at apellido at talagang firmá.

RUDEZA. f. Kagaspañgán; kabastusán. || Kapurulán nang ísip.

RUDO, DA. adj. Bastòs. || Mapurol ang ìsip.

RUECA. f. Putusán; panúlid. || Pagkápili.

RUEDA. f. Gulong. || Bílog; lupon nang mañgã tawo ó nang anomán.

RUEGO. m. Lúhog; daing; pakiúsap.

RUFIÁN. m. Sitsit; ó alkaguete; parális nang naglíligawan.||Sinomang

magnanákaw. || Ang nañgañgalákal nang puri nang babayi.

RUFIANEAR. a. Magparalis; magalkagü etc.

RUGOSO, SA adj. Kunotkunot; kulubot.

RUIDO. m. Íñgay. || Kalugkog; kagungkong. || Alingasngás.||Kalatog; kalatís; kulós; lagusaw, etc. || Pagtatalo; pagaáway; pagtatákapan, etc. || met. Gayak ó ambâng malakí ñg isang bágay, na ang katapusán ay walâng anomán. || Kababalaghang nakasísindak nang loob.—*Hacer ruido*: fr. Makámanghâ; makapangilalás.—*Querer ruido*. fr. met. Maibigín sa pakikipagtalo; mahílig sa pakikipagáway.—*meter ruido*. fr. Magiñgay; màbantog.—*armar ruido*. fr. Magbásagulo; magalboroto. — *Buscaruidos*. fr. Mapagbàsagulo; palaaway.

RUIDOSO, SA. adj. der. nang *ruido*. Maguló; maíñgay. || Makagungkong; maúgong.

RUÍN. adj. Hámak; walâng halagá; bastós. || Masamâ ang ugálì. || Maímot at masakim.

RUINA. f. Pagkágibâ; pagkasírâ. || met. Pagkápahamak; pagkálugsô nang sínoman, ó nang isang ának, ó bayan. || Dahilán, ó pinagbuhatan nang kapahamakán nang isá. || pl. Ang mañgá labí nang isang báhay na gibâ.

RUINDAD. f. Gawâng hámak; bastós: ò mahálay. || Kaliitán at kawalâng kabuluhàn nang anomán. Kaimutan at kasakimán.

RUMIAR. a. Magliit; ó ñguyaíng ulî ang nakáin na, na pabaliking mulî sa bibig. Ito'y sarili lámang nang kalabaw, kambing at ibá pang háyop na ápat ang sikmúrâ. || met. Bulaybuláying mahinahon; kurûing mahúsay ang anomang bágay.

RUMIÓN, NA. adj. Lubhâng mapagliit; ó palañguyâ nang damong nakáin na.

RUMOR. m. Bulongbùlungan; sabisabing líhim sa marami, dátapua't napagkákaalaman nang mañgá ilàn. || poét. Aliñgawngaw; íñgay na marahan.

RUNRUN. m. fam. Bulongbúlungan.

RURAL. adj. Náuukol sa párang ó sa bukirín.

RUSIENTE. adj. Ang namúmula sa pagbabaga.

RUSTICIDAD. f. Kagaspangán nang pagkàyarî. || Kabastusán.

RÚSTICO, CA. adj. Náuukol sa párang.||Bastós; magaspang ang ugálì. || m. y f. Tawong búkid.

RUTA. f. Daán; ó tinútuntong landás sa paglalakbay bayan.

RUTILAR. n. poét. Magningning.

RUTINA. f. Kaugaliang sa masid lámang nàtutuhan, ó sa kásasanay. || Lúmâ; ó matandâng kaugalián nang paggawâ nang anomán.

RUTINARIO, IA. adj. der. ñg *rutina*. Ang ginágawâ ò gumàgawâ nang pulós na nátutuhan sa masid lámang, at hindî marùnong magkúrô nang lálong magaling sa dating nákikita.

S

SABALAR. m. der. nang *sábalo.* Dala; lambat; ó anománg panghuli nang bangós.

SABALERO. m. der. nang *sábalo.* Magbabangós.

SÁBALO. m. Bangós.

SÁBANA. f. Kúmot na linsó, na inilálatag sa hihigàn. || Ang bálot nḡ ibàbaw nḡ altá.—*sábana santa.* Ang ibinálot kay Kristo nang siya'y ilibing.

SABANA. f. Párang na walâng káhoy, maláwak at mabuhanḡin.

SABANDIJA. f. Alinmang maliliit na háyop na nakasúsuklam, para nang butikî, himbubuli, etc. || met. Ang tawong maliit, at masamâ ang hitsura, ó walâng halagá.

SABANILLA. f. dim. nang *sábana.* Kúmot na maliit na linsó. || Ang linsó na bálot nang altar.

SABAÑÓN. m. Alipunḡá.

SABEDOR, RA. m. y f. Nakatátalastas; nakatátahô.

SABER. a. irreg. indic. yo *sé:* perf. *supe; supiste; supo; supimos; supisteis; supieron:* fut. *sabré; sabrás;* etc.: imperat. sabe tú; *sepa* él; *sepamos* nosotros: sabed vosotros; *sepan* ellos: subj pres. *sepa; sepas;* etc.: imperf. *supiera; sabría* y *supiese;* etc.: fut. *supiere;* etc. Málaman; matalastás; matahô. || Máranasan. || Dumúnong; mátuto. || Masànay; maratihan: v. gr. MASÁNAY, MARATIHANG *gumáwâ nang magaling sa kápowâ,* SABER *hacer favores.* || n. Marúnong; bihasa: v. gr. *Ang táwong ito'y* MARÚNONG ò BIHASANG *lubhâ, ó maràming* NÁLALAMAN, *este hombre* SABE *mucho.* || Lumasa; ó magkalasa. v. gr. *May*LASA *itó; ó mabuti ang* LASA *itó; esto* SABE *bien.*=*à.* Makálasa; ó mákamukhâ nang lasa nang anomán: v. gr. *Ito'y* KALASA *nang álak, ó ito'y* LÁSANG *àlak; esto* SABE *à vino.*—met. Mákahawig; mákatulad ang isang bágay nang ibá.=*de trabajos.* Maraming nàlalàmang gawàn. || m. Dúnong; karunungan; katalinuhan; liksí sa paggawâ nang ano·

mán.—*Hacer saber*. Ibalítâ; ipagbigay alam.—*Es á saber; conviene á saber*. Sa makatowid.—*Saber como el padre nuestro*. Málamang parang túbig ang isang bágay.

SABIDO, DA. p. p. nang *saber*. y m. y f. Maráming nálalaman ò maálam. || adj. Hayag; alam nang marami; maliwànag.

SABIDURÍA. f. Kabihasahan; karunungan. || Katalinuhan. || Kabáitan.

SABIENDAS (Á). mod. adv. Tinalagá; kinúsá.

SABIO, IA. adj. Nakatútutô; nakámumulat nang matà nang ísip; nakaáaral. || m. y f. Pantàs; marùnong. =*en su profesión*. Marúnong; bihasa sa kaniyang *oficio*.

SABIONDO, DA. adj. der. nĝ *sabio*. fam. Mapagmarunong.

SABLAZO. m. aum. nang *sable*. Lapad nang sable. || Súgat na gawâ nang sable.

SABLE. m. Sandatang tabas sampàlok, manipís at mahábâ, na isá ang talim at may dulo.

SABOR. m. Lasa; lasap; namnam.

SABOREAMIENTO. m. der. nĝ *sabor*. Paglasa; paglasap.

SABOREAR. a. der. nang *sabor*. Pasarapín; palinamnamín; ó pahusayin ang lasa.|| met. Lasapín; namnamín. || Pagkagustuhín; pawilihin. || r. Mágustuhan; másarapan; kumáin nang masahan na magaliw sa sarap nang kinákain.

SABOREO. m. der. nang *sabor*. Paglasap; pagnamnam.

SABROSO, SA. adj. Masarap. || met. Nakáwiwili. || fam. Malasa; ó maasín; ò pagkàing may kaalatan.

SACA. f. der. nang *sacar*. Pagkuha. || Ang unang salin nang anomang kasulátang nakaprotokolo, na yárî sa harap nang *escribano*.

SACABALA. f. Kasankapan nĝ *cirujano* na panĝuha nang bala sa loob nang katawán.

SACABALAS. f. Panĝuha nang bala sa baril ó sa *cañón*.

SACAMANCHAS. m. Ang may *oficiong* magalìs nang mansá nang damit.

SACAMOLERO. m. y

SACAMUELAS. m. Ang bihasang bumúnot nang nĝipin; ó manbubùnot nang nĝipin.

SACAR. a. Kunin; ilabás; alisín, ilayô; hugutin. || Gumawà nang anomán: v. gr. GUMAWÁ *nang isang estatua*, SACAR *una estatua*. || Humowad; sumalin. || Iligtás: v. gr. ILIGTÁS *sa isang pañgánib*, SACAR *de un peligro*. || Halataín; kilalanin sa manĝâ senyal: v. gr. HALATAÍN *sa bakás;* ó TUNTUNÍN *sa bakàs*, SACAR *por el rastro*.|| Kamtán; tamuhín: v. gr. KAMTÁN *ang mana*, SACAR *la herencia*.|| Ilabás; iuna: v. gr. INIÚUNA, ó INILÁLABAS *ni Fulano ang dibdib kung lumákad, Fulano* SACA *el pecho cuando anda*. | Itánĝî; ilual. || Isalin; ò *icopia*. =*en claro*. Hinuhahin; mákilalang malínaw.=*en limpio*. Matalastás; malinawan.=*á relucir*. Itanyag; ipakita sa madlâ ang anomán.=*á luz*. Ilabás sa maliwánag ang anomán; ipanĝanak.=*al campo*. Hamunin; babagin.=*de pila*. Anakín sa binyag.= *de pañales*. Hanĝûin sa kahirapan. =*la cara por alguno*. Ipagtangol; tindigán ang isá sa pagkakaútang.=*(una cosa) à plaza, à la plaza*. Itanyag sa

madlâ; ipagbantog.=*á pulso.* Kunin sa lakás lámang nang pulsó, na huag ipaglaban ang alinmang lugal nang katawán.=*de alguna parte.* Kunin sa isang lugal.=*de la cárcel.* Kunin; banĝûin sa bílangûan.

SACATRAPOS. m. Kasankapang panĝuha nang takó nang baril, at panglínis namán tuloy nitó.

SACERDOCIO. m. der. nang *sacerdote* Pagkapárî; ò kamáhalan, karánĝalan at katunkulan nang párî.

SACERDOTAL. adj. der. ang *sacerdote.* Ang náuukol sa párî.

SACERDOTE. m. Párî,—*sumo sacerdote.* Ang Papa.

SACIABLE. adj. der. nang *saciar.* Súkat mabusog; mangyáyaring mabusog.

SACIAR. a. Busugìn; sandatín, buyâin; suyâin.=*de viandas.* Buyâin sa úlam. || r. Mabusog; mabúyâ; masandat.=*con poco.* Mabusog sa kákauntî.=*de dulces.* Magpakabúyà sa matamís.

SACIEDAD. f. Pagkabusog; kabúsugan; kabuyâan; pagkasúyâ.

SACO. m. Súpot; bayong. || Pangloloob; pagsamsam.

SACRA. f. Báwa't isá nang tatlong tablá ó kartón, na inilálagay sa altang pinagmímisahan.

SACRAMENTAL. adj. der. nĝ *sacramento.* Ang náuukol sa *sacramento.*

SACRAMENTAR. a. Hatdán nĝ *viático* ang may sakit.

SACRIFICAR. a. Magháin; magálay sa Dios. || met. Papaghiraping lubhâ ang kápowâ. || r. Humayin; umálay sa Dios. || Tiisín ang hírap ó anomang súkal nang loob.=*por Dios.* Magtiís nang hírap dáhil sa, ò alanĝálang sa Dios.

SACUDIDA. f. y

SACUDIDURA. f. y

SACUDIMIENTO. m. Pagpag; paspàs; ó pagpagpag.

SACUDIR. a. Ipagpag; ipaspá; iwagwag; ipilig. || Palùin; hampasín.=*el polvo.* Hampasín; labuín nang pálô. || r. Iwaksí. || Ipagtaboy ang sinoman nang masaklap. || Mátutong lumabás sa anomang panĝánib.=*de los importunos.* Mátutong lumayô; umílag sa manĝá mauúlit ó nakamúmahî.

SACHAR. a. Gusarin ang lúpâ, buhaghagín nang taktak; bayubûan.

SACHO. m. Taktak.

SAETA. f. Palasô; pánâ· tùnod.

SAETADA. f. der. nang *saeta,* y

SAETAZO. m. aum. nang *saeta.* Pagpánâ. || Súgat na gawâ nang pánâ.

SAETAR. a. der. nang *saeta.* Panâin.

SAGACIDAD. f. Katalasan; katalinuhán nang ísip na tumarok ó kumilala nang anomán. || Sa aso ay, ang katalasang umamoy ó tumuntòn nang hináhanap.

SAGACÍSIMO, MA. adj. sup. nang *sagaz.* Lubhâng matalas; lubhâng matunog manĝamoy.

SAGAZ adj. Matalas umamoy; ò matalinong kumilala nang anománg bago pa lámang manyáyarî. || Aso na matalas umamoy nang bakás nang háyop na hináhanap.

SAGRADO, DA. adj. Nakataán sa Dios at sa paggálang sa kanyá. || Náuukol sa *religión* || met. Kagalanggálang.

SAHUMADURA. f. Pagsuob. ||

Panuob.

SAHUMAR. a. Suobín. || Paasuhán.

SAHUMERIO. m. Pangsuob. || Pagsuob.

SAINAR. a. Patabaín ang mangá háyop.

SAFA. f. Kadlit; tabad.

SAJADOR. m. Mángangadlit.

SAJADURA. f. Kudlit; tabad.

SAJAR. a. Tabarán; kadlitán.

SAL. f Asin. || quim. Bágay na pinaghalông isang *ácido* at isang *óxido metálico.* = *común.* Asìn na gámit sa pagkàin. || met. Katalinuhan; kainamang manalitâ; ò lasa sa pananalita.

SALA. f. Kabahayán; ó lugal nang báhay na kaugaliang paglupungan nang panauhín. || Sa matataás na tribunal ang katipunan ng ilang bilang na mangá *Jueces,* na titingin at háhatol nang isang úsap.

SALADERO. m. der. nang *sal.* Lugal na pinagáasinan nang karné ó isdâ.

SALADO, DA. p. p. nang *salar.* y adj. Maálat; maasín. || Salitâng malasa.

SALADURA. f. Pagaasín nang isdâ ó karnè.

SALAR. a. Asnán; ò lagyán ng asín.

SALARIO. m. Upa; ó báyad sa alilâ at sa mangá gumágawâ nang araw. || met. Gantí; bàyad.

SALCOCHAR. a. Sankutsahín ang úlam.

SALDAR. a. Tapusang bayaran ang isang útang.

SALEGAR. a. der. nang *sal.* Lugal na pinagpápakanan nang asín sa háyop.

SALERO. m. der nang *sal.* Palaasnán; ó lalagyán nang asín na iniháhayin sa mesa. || Lugal na taguán nang asín. || Mina nang asín. || fam. Kainaman; gandá nang kilos ó pananalitâ: v. gr. *Si Fulano'y lubhâng* MAGANDANG MANALITÁ, ó *lubhâng* MAGANDÁ ANG KILOS, *Fulano tiene mucho* SALERO.

SALEROSO, SA. adj. der. nang *sal.* fam. Tawong masayang sumalitâ; ó magandang umanyô.

SALIDA. f. Paglabás; pagalís. || Lábasan. || Ungôs; ó taás nang anomán sa ibá. || Dahilán; ó katowirang ikinálalabas sa anomang kagípitan ó pangánib.

SALIDO, DA. p. p. nang *salir.* y adj. Ungós; lampás.

SALIFICAR. adj. der. nang *sal.* Gawing asín; ó asinin ang anomán.

SALÍN. m. der. aang *sal.* Ásinan ó tingalan nang asín,

SALINA. f. der. nang *sal.* Pinaggágawan; ó kinúkunan nang asìn. Làlông kagamitán sa plural

SALINERO. m. der. nang *sal.* Ang namímili at nagbíbili nang asìn. || Ang manghahákot nang asín.

SALINO, NA. adj. der. nang *sal.* May asìn.

SALIR. n. irreg. ind. pres. yo *salgo;* fut. *saldrě; saldrás;* etc.: imperat. *sal* tú; *salga* él; *salgamos* nosotros; salid vosotros; *salgan* ellos: subj. pres. *salga; salgas;* etc.: imperf. saliera, *saldría*, saliese; etc.: fut. *saliere;* etc. Lumabás; sumipot; lumitaw. || Umalìs. || Tumanan; tumakas. || Sumílang; sumíkat: v. gr. SUMÌLANG ANG *áraw,* SALIR *el sol.*||Sumápaw; gumitì: v. gr,

SUMÁPAW; ó GUMITÎ *ang pálay*, SALIR *el arroz.* || Magmulâ; magbúhat; mangáling ang isang bágay sa ibà. Tapusin; ipagbilí ang anomán: v. gr. NÁIPAGBILI, ó NATAPOS ko *nang lahat ang aking mañga kalákal, ya* HE SALIDO *de todas mis mercancías.*=*á la, en la cara* Sumipot; sumiñgaw sa mukhâ.=*con una simpleza.* Magsabi nang isang kahunghangñán.=*con la pretención.* Kamtán ang hináhañgad ó lakad.=*contra alguno.* Lumaban; harapín ang sínoman.=*de alguna parte.* Umalís sa isang lugal.=*por fiador.* Magfiador. =*por la ventana.* Tumakas ó umalís na magdaán; sa bintánâ.=*Salirse con la suya.* Kamtán; ó gawín ang máibigan; manyari ang màibigan, bagamán sinásalangsang nang marami.=*de la regla.* Málabas sa gúhit, ó sa katatagán.

SALIVA. f. Láway; lurâ.—*Gastar saliva en valde.* fr. Magsasalitâ nang walâng pakinábang,

SALIVACIÓN. f. der. nang *salivar.* Paglalaway.

SALIVAL. n. der. nang *saliva.* Náuukol sa láway.

SALIVAR. n. der. nang *saliva.* Maglaway.

SALIVOSO, SA. adj. der. nang *saliva.* Malàway; ó mapaglaway. || Parang láway.

SALMEAR. a. der. nang *salmo.* Dasalín ó awitin ang mañgá salmo.

SALMUERA. f. der. nang *sal.* Tugnô; tásik; patís. || met. fam. Bágay na lubhâng maàlat,

SALOBRAL. adj. der. nang *sal.* Lúpâng alatín; may asín.

SALOBRE. adj. der. nang *sal.* Maálat; tabsing.

SALOBREÑO, ÑA. adj. der. ng *sal.* Lúpâng alatín ó maálat.

SALPICADURA. f. Pagtilamsik; pagpulandit. || Dungis na gawâ ng tilamsik; ò dumí nang pulandit, etc.

SALPICAR. n. Patilamsikím; papulanditín. || Laktawán; ó paglaktawlaktawin ang pagbasa ó anomán. Dumhin; mansahán.=*con, de aceite.* Dumhán; pilansikán nang lañgís. || r. Pumilansik; pumulandit; ó mapilansikan. || Magwísikan; magpílansikan. || Umilandang.

SALPIMENTAR. a. irreg. como *acertar* Imbakín sa asín at paminta ang anomán, at nang huag masírâ at bagkús sumarap, etc.

SALPRESAR. a. Buruhin; ó asnán ang isdâ at karnè.

SALPRESO, SA. p. p. irreg. nang *salpresar.* Buro; pakásam; inasnàn; bagoong.

SALPULLIDO. m. Bungang àraw.

SALPULLIR. a. y r. irreg. como *bruñir.* Tigdasín. || Butligín ang katawan; malipòs nang butlig ó búngang àraw.

SALSA. f. Sáhukan. || Sarísarîng rekadong pinaghálô at tinúnaw na isinásabaw sa úlam. May maraming *clase* nitó. || met. Kasárapang manalitâ; sisté.—*Salsa de san Bernardo.* met. y fam. Ang gútom ò ganang kumáin, na dákil dito'y hindî na makuha ang magpihikán ó mamílì nang kákanin: itó sa makatowid ang pinakamabuti sa lahat nang salsa.

SALSERA. f. der. nang *salsa.* Lalagyàn nang salsa.

SALSERILLA. f. dim. nang *salsera.* Pingang maliit na lalagyán ng

salsa, ó salserang muntî.

SALTAR. n. Lumundag; lumuksó; magtalón.=*de gozo.* Lumundag sa galak.=*por la cerca.* Lumuksó sa bákod.||Dumambâ ||Tumilansik; umilandang.||Tumilàroy.||Matinkab; mapaka sa kinálalapatan ang anomán. || Malagot sa malabis na pagkabánat ang anomán, para nang *cuerdas* nang *violìn*, kung malabis ang pagkáhigpit. || Mamukod, maging pansinin ang anomán sa pangingibá v. gr. SALTAR *una cosa à los ojos*, MÁPANSIN, SUMÚROT *sa matà ang anomán, dáhil sa kaibhàn niyá.* || Sumúrot na biglâ sa ísip ang anomán. || met Sumabad sa sálitáan; magbitiw nang kakatuâng sabi: v. gr. SALTAR *con una simpleza,* MAGSABÍ *nang isang kahunghañgán.*||a. Sa háyop ay lumùkob ang lalaki sa babayi. || Laktawán ang anomán.

SALTARÍN, NA. m. y f. der. nang *saltar.* Mánanayaw. || met. Binátáng magasó at maiklî ang bait.

SALTEADOR. m. Manghahárang; tulisán; maglilingó.

SALTEAR. a. Mangharang. || Lumoob; lumùsob. || Gumawâ nang palaktawlaktaw; mulán ang anomán at hnag tapusin, at lumípat sa ibang gawâ.

SALTEO. m. Panghahárang; panglolooh. || Paglaktaw.

SALTO. m. Luksó; lundag.

SALUBRE. adj. Ang mabuti sa katawán; ó nakagágaling sa katawán. || met. Makabúbuti sa anomán, lálô na sa kálolowa.

SALUD f. Galing; ginhawa nang katawán; kawalán nang damdam. || Kalágayan nang kálolowang na sa gracia.

SALUDABLE. adj. der. nang *salud.* Nakabúbuti; nakapagpápalakas nang katawán. || Mabuti.

SALUDADOR. m. der. nang *saludar.* Mapagbigay gálang; magaán ang bibig sa kakilala. || Mapagpagaling, ó ang bulaán na nakapangágamot kunowâ nang láway at bulong lámang, etc.

SALUDAR. a. Bumátî; magpúgay; magbigaygàlang.

SALUDO. m. Pagbátî. || Bátî; púgay; yukod. || mil. Tandâ nang pagdadangal na may putok nang kanyón ó mangá baril, tugtog nang *música* ó tambol.

SALUTACIÓN. f. Pagbátî.=*angélica.* Ang Abá Ginoong María.

SALUTÍFERO, RA. adj. Nakabúbuti; nakapagpápalakas nang katawàn. || Mabuti.

SALVADO. m. Darak.

SALVADOR. m. Mánanakop.

SALVAGUARDIA, m. Tánod na nagáalagâ nang anomán. || f. Ang papel, ó hudyátang ibiníbigay sa isá, at nang hindî paslangin ó sansaláin sa kaniyang gágawin.

SALVAJE. adj. Káhoy bundok, at hindîináalagaan. || Háyop na hindî mansó; ó háyop gùbat. || met. Lubhâng bunghang at matigás ang ugálî.

SALVAR. a. Tubsìn; sagipín; iligtás sa pangánib ó sa anomang kasiraán. || Ipagkaloob nang Dios ang kalowalhatián. || Ilagan; layuán ang anomang pangánib, kaabalahán, etc. || Lundagín; luksuhín; tawirín ang anomán,=*(á alguno) del peligro.* Iligtás (ang isá) sa pangánib. || r. Máligtas sa pangánib ó sa kaáway. ||

Mápasalangĩt; kamtán ang kalualhatîán.=*á nado.* Máligtas sa pangánib, ó makapagílid na máligtas sa kamátayan sa kálalangõy.

SALVE, interj. Ingatan ka nang Dios. || f. Ang Abá pô.

SALVO, VA. adj. Ligtás sa pañgánib. || adv. m. Liban sa; labàs. —*á salvo.* mod. adv. Waláng kúlang; walâng bawas at labás sa kapañganibán.—*en salvo.* Máluai sa pañgánib; mapasapátag—.*Salir á salvo.* fr. Mautàs; matapos na mahúsay ang anomang bágay na mahírap.

SANABLE. adj. der. nang *sano.* Mapagágaling; ò mangyàyaring mapagaling.

SANAR. a. Pagalingĩn; hangũin sa sakit ang sínoman. || n. Gumaling sa damdam; mabáhaw ang súgat = *de la enfermedad.* Gumaling sa sakit. =*por ensalmo.* Gumaling sa bulong ó sa anomang gamot na abusión ang ginámit. Gumaling na biglâ, na hindî málaman ang ikinabuti.

SANATIVO, VA. adj. Nakagágaling; makagágaling.

SANCOCHAR. a. Sankutsahín.

SANDALIA. f. Sandalias.

SANDÍA. f. Pakuán.

SANDIO, IA. adj. Hañgal; mangmang.

SANEAR. a. der. nang *sano.* Pagtibayin ang pananagot sa kasiraang mangyáyaring tangapín nang isang bágay; magbigay nang fianza tungkol sa bágay na itó. || Husayin; pagpalâin; bayaran ang anomang kasiraán, ó ang anoman bágay. || Linisin; dalisayin ang anomang nabulok na isaú'î sa kalágayan nitong una.

SANGLEY, adj. Insik. Ginágamit namang parang *sustantivo.*

SANGRADERA. f. der. nang *sangre.* Lansetang panangrá.

SANGRADOR. m. der. nang *sangre.* Mánanangra. || Butas na pàlabasan nang túbig.

SANGRAR. a. der. nang *sangre.* Tabarán; kadlitán.||Dumugô.||r. Magsangrá.

SANGRE. f. Dúgô. || met. Lípî; làhî. || Katás; ò pagaàrî: v. gr. *Hitítin ang* KATÁS ó *ang* YAMAN, *chupar la* SANGRE.

SANGRÍA. f. der. nang *sangre.* Tabad; kadlit ó *sangría.*

SANGRIENTO, TA. adj. der. *sangre.* Dumúdugô. || Dugôduguán; ò tigmak nang dugô. || Tawo ò háyop na mabañgís. || met. Nakauupasalâ ng malabis: v. gr. *Pagmúrang* NAKAUUPASALÁNG MALABIS, *injuria* SANGRIENTA.

SANGUAZA. f. der. nang *sangre.* Pasâ ò namùmuông dugô. | met. Katás na kúlay dugô nang ibang halaman, gúlay ó buñga nang káhoy.

SANGUIJUELA. f. der. nang *sangre.* Lintâ || met. Ang táwong nápakasuitik, at lubhâng matalas humitit nang salapî, ò pagaárî nang kápowâ.

SANGUINARIO, IA. adj. Mabañgís.

SANGUÍNEO, EA. adj. y

SANGUINO, NA. adj. Madugô; ó masagáná sa dugô. || Kùlay dugô. || Náuukol sa dugô.

SANO, NA. adj. Mahúsay; walâng sakit. || Nakasiguro; walâng pañgánib. || Pangpalakas nang katawán. || met. Tapat na loob. || Buô; walâng

sírâ.=*y salvo.* loc. fam. Ligtás sa pangànib; walâng kúlang; walâng sírâ; labás sa hírap at sàkit.=*de cuerpo.* Mahúsay; malakás ang katawán.

SANTABÁRBARA. f. náut. Lugal na pinagtátagûan nang pólvora sa mangã sasakyàn.

SANTIDAD. f. Kabánalan; kasantosán. || Kagalangãng salitâ na ginágamit sa Papa.

SANTIFICACIÓN. f. der. nang *santificar.* Pagbabanal; pagpapakabanal.

SANTIFICAR. a. Pakabanalín sa pamagítan nang grasia nang Dios; hulugan nang grasia nang Dios. || Ihayin; iálay sa Dios ang anomán. || Igálang; paglinkurán; pangãyupapâan ang bágay na banal. || Ipangîlin ang mangã áraw nang fiesta.||met. y fam. Patutuhanang mabuti at walâng bakás sala ang anomán; ó mabutihin; mahusayin ang anomán.

SANTIGUAR. a. Kurusàn; ó lagyán nang tandâ nang kurús ang sínoman. || met. y fam. Saktán; salantaín. Lálô na kung sinalantâ sa tampal. ||r. Magkurós; magantandâ.

SANTÍSIMO, MA. adj. sup. nang *santo.* Kásantusantusan. || Kagalangãn na ginágamit sa Papa.—*el Santísimo.* m. Si Kristo, na, nasa *sacramento.* nang altar.

SANTO, TA. adj. Banal. || Santó; ó tagalángit. || Náaayos sa mabuting kaugalián; ó mangã utos nang Dios. || Alinmang bágay na tángîng nátataan sa Dios. || fam. Táwong palagay na loob at walâng málay sa mundó. || Larawan nang alinmang santò.

SANTORAL. m. der. nang *santo.* Librong kinálalamnan nang búhay nang mangã santó. || Librò sa *coro,* na kinásusulatan nang *intróito* at *antífona* nang *oficio* sa mangã santó, at nakalagay sa *canto-llano.*

SAÑA. f. Gàlit na biglâ at malakí, na madaling mapáwì. || Pagtatanim sa loob na malakì.

SAÑUDO, DA. adj. der. nang *saña.* Galit na galit. || Magagalitín.

SAPO. m. Kúkak; palakâng kakapsoy.

SAQUEAR. a. der. nang *saco.* Mangloob na samsamín bálang mátagpuan.

SAQUEO. m. der. nang *saco.* Pangloloob; pananamsam.

SAQUERA. f. y adj. der. nang *saco.* Karáyom na panahî nang sùpot.

SAQUERÍA. f. der. nang *saco.* Ang kapisanan nang mangã ginágawâng sùpot.

SARAMPIÓN. m. Tigdás.

SARAO. m. Lupon nang mangã tawong ginoó na nagsásayawan ó nagtùtugtugan. || Sáyawan.

SARCASMO. m. Uyam; bírông masaklap.

SARDINA. f. Halobaybay; tambán.

SARMENTAR. n. irreg. como *acertar.* Pulutin ó tipunin ang mangã kinitil na usbong at sangã nang ubas.

SARNA. f. Galìs. || met. Násâ; kikiò sa pagkakamit nang anomang bágay na nákalugdan.=*perruna.* Galís aso.—*Ser mas viejo que la sarna.* fr. Màpakatandâ; mápakalumâ.

SARNOSO, SA. adj. der. nang *sarna.* Gálisin.

SARPULLIDO m. Bùngang áraw || met. Kagat nang pulgás na nábabakas sa balat.

SARPULLIR. n. Mamantal ang katawán sa kagat ng pulgás. || r. Malipós nang tigdás.

SARRACINA. f. Áway na maguló nang maraming tawo. Sinásabi rin namán sa ibang pagaáway na may kámatayan. ó pagkakasugat.

SARTA. f. Pagkàhanay sa tuhugán; ó tuhug nang anomang bágay na para nang bútil nang kuintàs. etc. || met. Hánay nang tawo, na nakahilerang mahúsay.

SARTÉN. f. Kawálî na mahábâ ang tatagnán at malanday na parang pingán.

SARTENADA. f. der. nang *sartén*. Ang isang kahustuhang malulan sa sartén.

SARTENAZO. m. der. nang *sartén*. || Hampàs nang sartén. || met. Alinmang hampás na malakás.

SASTRA. f. Ang asawa nang sastré. || Mánanahing babayi.

SASTRE. m. Sastré.

SATANÁS. m. Ang demonio.

SATISFACCIÓN. f. der. nang *satisfacer*. Pagbabáyad na lubòs. || Kapalágayang loob. || Pagkasunod; pagkatalima nang násá. || Pagdedeskargo sa nágawang di náibigan nang kápowâ.

SATISFACER. a. irreg. ger. satisfaciendo: p. p. satisfecho: ind. pres. yo *satisfago;* tú satisfaces; etc.: perf. *satisfice; satisficiste; satisfizo; satisficimos; satisficisteis; satisficieron:* fut. *satisfaré; satisfarás;* etc.: imperat. *satisfaz*, ó satisface tú; *satisfaga* él; *satisfagamos* nosotros; satisfaced vosotros; *satisfagan* ellos: subj. pres. *satisfaga; satisfagas;* etc.: imperf. *satisficiera; satisfaría; satisficiese;* etc.: fut. *satisficiere;* etc. Bayárang lubós ang útang; ó kaupahang náuukol sa isá. || Makasapat. || Pagbigyang loob. Gumawâ nang ikabábayad na lubós sa sala. || met. Sundín ang anomang násâ nang loob.=*con las setenas*. Pagbayaran nang lagpós sa karampatan ang anomang kasalanan.=*por las culpas*. Magbáyad sa nágawâng sala; ipagbáyad ang nágawâng kamàlîan. || r. Manghigantí. || Magbígayan nang des*cargo*.—*Satisfacer* y *satisfacerse de la duda*. Mapáwî ang pagaalangán.

SATISFACTORIO, IA. adj. Ikabábayad; ikinakákawas. || Ikapápawî nang anomang násâ nang loob, etc.

SAUSERÍA. f. *Oficina* sa *palacio* na pinagbábahaginan nang pagkáing idúdulot sa hárî, at tataguán nang manga kasankàpang gámit sa mesa.

SAUSIER. m. Púnô nang *sausería* nang *palacio*.

SAYA. f. Ang saya.

SAZÓN. f. Kahinugán. || Kapanàhunan. || fam. Pagkátimpla; pagkálutô. || Lasa nang anomán.—*á la sazón*. mod. adv. Nang panahong yaón.—*en sazón*. Sa panahón; sa kapanáhunan. Kahínugan; kapanáhunang dápat samantalahin ang anomán.

SAZONADO, DA. adj. der. nang *sazón*. Malasa; nakátatawang salitâ.

SEBOSO, SA. adj. der nang *sebo*. Masebo. || May páhid na sebo.

SECA. f. Túyot; ò panahong salat sa ulán.

SECADAL. m. der. nang *seca*

Lúpâng tuyot at mahínâ. || Lúpâng panagulán.

SECADERO. m. Bílaran; lugal na pátuyûan, ó yangyangan. || adj. Bunga nang káhoy na maitítingal nang tuyô.

SECAMEMTE. adv. de mod. Katagâng salítâ; maiklîng salitâ. || Walâng gàlang; may katigasán ang pagkásalitâ.

SECANO. m. der. nang *seca*. Lúpâng tubigan; ó panagulán || met. Anomang bágay na lubhâng tuyô.

SECANTE. p. a. nang *secar*. Nakatútuyô; ó pangpatuyô. || m. pint. Panghálô sa *color*, na pangpatuyông madalî nang pintà, para nang *aceite de linaza*, etc.

SECAR. a. Patuyuin; iyangyang; ibilad. || Laingin; tuyuín.=*al aire*. Iyangyang; patuyuín sa hángin.= *con un paño*. Patuyuín nang isang panyô; ò pahírang patuyuín nang panyô. || r. Matuyô; malantà. || Mangayáyat sa sakit ó sa katandaán. || met. Maúhaw nang malakí. || met. Mainip; mamuhî. || Magdamdam nang lubhâng malaking úhaw.= *de sed*. Maúhaw na malabis; manuyô sa úhaw.

SECO. CA. adj. Tuyô; lanta; walâng katás. || Payat. || met. Walâng kibô, at maiklîng manalitâ. || Mahigpit, lubhâng matowid mamahàlá. || Tuyot; kúlang nang mangá kailangang bàgay; salat: v. gr. *Ang lugal na ito'y* SALAT, *este lugal es* SECO.—*á secas* mod. adv. Tángî; nagìisa; walâng kasama. —*á secas y sin llover*. mod. adv. Walâng abogabog; walâng babalâ.— *en seco*. mod. adv. Sa tuyô; sa walâng túbig; at sinásabi: *ang sasakyang ito'y nàsadsad* SA TUYÔ, *esta nave varó* EN SECO.—Walâng púno't dahilan.—*Seco de carnes*. Payat.

SECRETARÍA. f. der. nang *secreto*. Ang asawa nang *secretario*. || Babaying tagasúlat nang isang *comunidad*, ó nang isang ginoong babayi rin.

SECRETARÍA. f. der. nang *secreto*. Katunkulan; ù *oficina* nang *secretario*.

SECRETARIO. m. der. nang *secretaría*. Ang tagasúlat; ó tagasagot sa sùlat; ó namámahalâ nang pagkabúhay nang isang ginoó; ó nang *negocio* nang isang *oficina*, etc. || met. || Ang tagasùlat nang idinídikta ng ibá.

SECRETO, TA. adj. Nálilihim; nátatagô. || m. Líhim.—*echar algún secreto en la calle*. fr. met. y fam. Ipaháyag sa madlà ang anomang líhim.

SECTA. f. Tàngîng áral, na itinúrô nang isang maestrong bantog, at sinúsunod al ipinagtátangol nang ibà. || Malîng pagsambá, na nálalaban sa áral nang Santa Iglesia, para nang *secta* ni Mahoma, etc.

SECUAZ. adj. Sumúsunod sa áral at akálâ nang ibá; kampón.

SECUNDAR. a. Tumúlong; ò ayunan ang ibá sa anomán.

SECUNDINA. f. pl. anat. Inunan.

SED. f. Úhaw. || met. Mahigpit na násâ sa anomán.

SEDA. f. Sutlâ.

SEDATIVO, VA. adj. med. Pangpahimpil.

SEDEÑO, ÑA. adj. der. nang *seda*. Bágay na tila sutlâ. || May sutlâ; ó may balahibong lubhâng fino.

SEDERÍA. f. der. nang *seda*. Ká-

yong sutlâ. || Tindahan nang mangá kayong sutlâ; ó nang sutlâ lámang.

SEDERO. m. der. nang *seda*. Magsusutlâ; manghahabi nang sutlâ.

SEDICIÓN. f. Pagkakaguló nang bayan; panghihimagsik laban sa pùnô.

SEDIENTO, TA. adj. der. nang *sed*. Naúuhaw; uhaw na uhaw. || met. Lùpâng uhaw sa túbig; ò nagkákailangan nang dilig. || Nagnánasâng lubhâng mahigpit nang anomán.=*de oro*. Uhaw sa gintô ó sa salapî.

SEDIMENTO. m. Látak; tíning.

SEDOSO, SA. adj. der. nang *seda*. Parang sutlâ.

SEDUCCIÓN. f. der. nang *seducir*. Paghíbô; paglamúyot; pag-urálì.

SEDUCIR. a. irreg. como *conducir*. Lamuyutin; hibûin sa hindî dápat; upatán. || r. Mahíbò; malamúyot.

SEGABLE. adj. der. nang *segar*. Magágapas.

SEGADERA. f. der. nang *segar*, Pangapas; ílik,

SEGADOR, RA m. y f. der. nang *segar*. Mangagapas.

SEGAR. a. irreg. como *acertar*. Gapasin. || met. Putlín nang walâng tuto ang anomán.

SEGAZÓN. f. der. nang *segar*. Paggapas. || Panahón nang gapasán.

SEGREGACIÓN. f. der. nang *segregar*. Pagbubukod; paghihiwalay nang anomang nàkasama sa karamihan.

SEGREGAR. a. Ibukod; ihiwalay,=*(una cosa) de otra*. Ihiwalay (ang isang bágay) sa ibá.

SEGUIDO, DA. p. p. ng *seguir*. y adj. Sunodsunod; tuloy; patúloy. || Matowid. || Pátag.

SEGUIR. a. irreg. como *pedir*. Sundán; buntután. || Umalagad; sumama. || Ituloy; ipatúloy. || Tuntunín. || Sundín. || met. Habuling buntután; ó tagudturán ang sínoman; bakasín; hanapin; usigin.=*con su narracion*. Ipatúloy ang kaniyang sinàsabi ò balítâ.=*de cerca*. Sundán sa malápit; buntután. || r. Sumunod; ò magbúhat ang anomán sa ibá. || Mahinuhâ; makúrô.=*(una cosa) de otra*. Magbúhat; mangáling (ang isang bágay) sa ibá.

SEGÚN. prep. Ayon; tunkol.

SEGUNDARIO, IA. adj. der. nang *segundo*. Pangalawá.

SEGUNDO, DA. adj. num. ord. Pangalawá. || f. Pangalawáng akálâ. Hindî karaníwang sabihin kundî sa masamâng kahulugán, at ganitó ang kaugalían: v. gr. *Si Fulano'y may tinàtaglay na* MASAMANG AKALA *sa kaniyang ginàgawâ, Fulano lleva* SEGUNDA *en lo que está haciendo*.

SEGUNDOGÉNITO, TA. adj. y

SEGUNDÓN. m. der. nang *segundo*. Pangalawang anak. Tinàtawag ding namang gayón ang ibang anak, liban lámang sa pangánay, na hindî.

SEGUR, f. Palakol na malakí. || Linkaw; ó pangapas.

SEGURIDAD. f. Katiwasayán; kapanatagán. || Katunayan; kasiguruhán.

SEGURO, RA, adj. Tiwasay; panátag; ligtás sa pangánib. || Túnay; tutoó. || Matíbay.=*de ganar*. Sigurong manánalo; túnay na manánalo. =*en su virtud*. Matíbay sa kaniyang kabaitan.

SEIS. adj. num. card. Ánim. ||

adj. num. ord. Ikaánim. || m. Ang número 6.

SEISAVADO, DA. adj. der. ng *seis*. May ánim na sampad at ánim na pánulukan.

SEISCIENTOS, TAS. adj. num. card. Ánim na daán.

SEISENO, NA. adj. num. ord. Ikaànim.

SELECCIÓN. f. Pamimílì. || Kagálingan nang anomán.

SELECTO, TA. adj. Pílì; hirang; pinakamagaling sa ibá.

SELVA. f Gúbat.

SELVATIQUEZ. f. der. nang *selva*. Kabastusán; kagaspangán nang ugàlì.

SELLADOR. m. der. nang *sello*. Tagatatak; tagapagsello.

SELLADURA. f. der. nang *sello*. Pagtatatak; pagsesello.

SELLAR. a. Tatakán; talaán; lagyán nang sello. || Ilimbag; imarká ang anomán sa isang bágay. || Tapusin ang anomàn. || Sadhán; takpán.

SELLO. m. Panatak; tatak; ó sello.

SEMANA. Sanlingó; ó lingò. Panahòn bagang nasásaklaw nang pitong áraw: gayon din ang tàwag sa bílang na pitong taón, buán ó siglo.

SEMANAL. adj. der. nang *semana*. Linguhan; ó náuukol sa sanlingó.

SEMBLANTE. m. Pagmumukhâ; ó mukhâ. || met. Lagay nang anomán.

SEMBRADÍO, ÍA. adj. Tatamnán.

SEMBRADO. p. p. nang *sembrar*. Lúpâng may tanim; bukirín.

SEMBRAR. a. irreg. como *acertar*. Magtanim; maghasik; magsábog; magpunlâ. || Magtaad: kung sa bakood. || met. Ikálat; isábog ang anomàn; ipamalitâ at nang mápagkaalaman. =*con de, flores el camino*. Sabugan nang bulaklak ang daán.= *en la arena*. Itanim sa buhangin.= *entre piedras*. Magtanim sa pagitan nang mangá bató; magtanim sa balábatohan.

SEMEJANTE. p. a. nang *semejar*. adj. Kamukhâ; katùlad; kawangis. =*á su padre*. Kamukhâ nang kaniyang amá.=*en las costumbres*: Kawangis; kahambing nang paguugàlì.

SEMEJANZA. f. Pagkakáwangis; pagkakàtulad; pagkakámukhâ.

SEMEJAR. n. y r. Mámukhâ; mákatulad; máhawig; máparis.=*(una cosa) à otra*. Mámukhâ (ang isang bágay) sa ibà.=*en andar*. Mákahawig nang lákad.

SEMENTERA. f. Pagtatanim. || Búkid; ó lúpâng may tanim. || Panalnim. || Panahong mabuting ipagtanim.

SEMESTRE. adj. Naglúluat ng ánim na buán. || m. Ánim na buán; ó kalahátìng taòn.

SEMI. m. y adj. Kalahátì; kabiak. || adv. m. Halos.

SEMICÍRCULO. m. Kalahátì ng bílog.

SEMIDORMIDO, DA. adj. Naáagaw tulog; ò halos natútulog.

SEMILLA. f. Binhì. || met. Alinmang bágay na pinangalingan nang ibá.

SEMILLERO. m. der. nang *semilla*. Punglâan; punglâ. || met. Ugat na pinagbúbuhatan nang anomang

masasamâng bágay, para nang; PINAGBÚBUHATAN, ó PINANGÁGALIÑGAN *nang mañgà sàlitâan* ó *básagulo*, SEMILLERO *de pleitos*.

SEMINARIO. m. Punlâan. ‖ Báhay na pinagtùturûan at pinagáandukaan sa magaling. ‖ met. Pamulâ ng̃ anomán.

SENCILLO, LLA. adj. Walâng hálô. ‖ Manipís. ‖ met. Mùang ó madalîng ululín. ‖ met. Tapat na loob.

SENDA. f. Landás; paraán; buláos.

SENDERAR. a. der. nang *senda*. Gumawâ nang landás; ò mang̃a bulaós.

SENDEREAR. a. der. nang *senda*. Ipatnùgot; itúrô nang landás. ‖ n. Mamuláos; magdaán sa paraán.

SENDERO. m. der. nang *senda*. Landás; buláos; ‖ met. Paraang ipagkákamit nang anomang hang̃ad.

SENDOS, AS. adj. pl. Báwa't isá; ó sa bawa't isá. ‖ Marami; malakí: v. gr. MALALAKING *lagok nang àlak*, SENDOS *tragos de vino;* MARAMI ó MAKAPAL *na bàgay*, SENDAS *cosas*.

SENECTUD. f. Pagkahukluban; katandaang malabis.

SENO. m. Loob nang dibdib. ‖ Sinapupunan. ‖ Ang tián nang iná. ‖ Úbod. ‖ Takbuhan; sakdalan.

SENSATEZ. Kabáitan at katalinuhan nang ísip.

SENSATO, TA. adj. Mabait; matalino.

SENSIBILIDAD. f. Pangdamdam.

SENSIBLE. adj. Dápat damdamín. ‖ Náraramdaman. ‖ Litaw; pansinin; hayag. ‖ Kasakitsákit; mahapdî. ‖ Tawong maramdamin.=*á las injurias*. Maramdamin sa masakit na sabì ó kilos na dî maínam.

SENSUAL adj. Náuukol sa gawâ ó násâng kalupaân. ‖ Ang napatátangay sa pitang mahálay nang katawán.

SENSUALIDAD. f. Kalupaán; katamasahán nang láyaw nang katawán.

SENTADILLAS (Á). mod. adv. Sakay babayi; ó saklang babayi: sinásabi sa pang̃ang̃abayong nagkákapisan ang dalawang paà sa isang tagiliran.

SENTADO. p. p. nang *sentar*. y adj Matalino; maútak at mahinahon.

SENTAR. a. irreg. como *acertar*. Pagtibayin ipátag. ‖ Iikmô; iupô. ‖ Isùlat sa tandâan. ‖ n. y r. Magtíbay. ‖ Maupô; lumikmô; himindulós. ‖ Dumápô. ‖ Tumíning ang látak. ‖ Pumások sa isang kapisanan na pasùlat doon.‖fam. Mápaupô =*à la mesa*. Maupô sa mesa, na dumulog sa pagkáin.=*en la silla*. Lumikmô sa silla. =*sobre un banco*. Umupô sa ibábaw nang isang bankô.=*de cabecera en la mesa*. Mang̃abesera sa mesa. ‖ Kungkasama nang adverbio BIEN ó MAL ay *mábagay*, ó *hindî mábagay*, *màayos* ó *mäakmä* ó *dilì; makabuti* ó *makasamâ*, ayon sa adverbiong kasama niyá v. gr. NÁBABAGAY, ó HINDI NÁBABAGAY *sa iyó ang damit na iyán*, *te* SIENTA BIEN, ó *te* SIENTA MAL *ese vestido*; MÁAYOS *ang isang bágay*, SENTAR BIEN *una cosa;* NAKASAMA *sa akin ang pagkáin*, *me* SENTÓ MAL *la comida*.

SENTENCIA. f. Pasiyá; hátol. ‖ Paghátol.

SENTENCIAR. a. Humátol; sumentensia ‖ met. Magbigay nang pa-

siyáng sarili, tunkol sa anomang pinagtátalunan. || fam. Itaán ang anomán sa isang hangad ó tungo.

SENTIDO. p. p. nang *sentir*. Pangdamdam. || Ísip; pagwawárî. || Tùnay na kahulugán nang anomán. || adj. Sìrâ. || Lahang. || Maramdamin.

SENTIMIENTO. m. Pangdamdam; ó pagdamdam. || Pighatî; hinanakit, || Pasiyá; akálâ.

SENTIR. a. irreg. ger. *sintiendo*: p. p. sentido: ind. pres. *siento; sientes; siente;* sentimos; sentís; *sienten:* perf. él *sintio;* ellos *sintieron:* imperat. *siente* tú; *sienta* él; *sintamos* nosotros; *sentid* vosotros; *sientan* ellos: subj. pres *sienta*; *sientas, sienta; sintamos; sintais; sientan:* imperf. *sintiera; sentirìa; sintiese;* etc: fut. *sintiere*, etc. Máramdaman.||Màolinigan; máringig.||Damdamín; indahín. || Magpighatî.=*con otro*. Makipagdamdam sa kapuwâ; makipagpasiyá; makiisá sa pasiya nang ibá. || m. Kapighatián. || Damdam. | Pasiya. || r. Magdamdam. || Dumaing. || Mag kasákit.=*de algo*. Magdamdam sa anomán.

SEÑAL. f. Tandâ; bakás; bakat, kintal; lágak. || Babalá.

SEÑALAR. a. der. nang *señal*. Tandaán; ó kintalán nang tandâ ang anomán. || Firmahán ang anomàn. || Itùró nang kamay ang anomán. || Sabihin nang tiyak ang anomán. || Magtáning; magtakdá; magsabi nang áraw. || Hanganán.=*con el dedo*. Itúrô nang dalirî. || r. Mamukod; mangibá sa kápowâ; láló na sa náuukol sa dangal ó puri.=*en la guerra*. Mamukod sa pakikidigmâ.

SEÑOR, RA. m. y f. Poón; ó May árî nang isang lugal ó lupaín. || fam. Ang Dios. || Ginoó. || Panginoón. fam. Bianan.

SEÑORAJE. m. der. nang *señor* y

SEÑOREAJE. m. der. nang *señor*. Ang buís sa *casa de moneda* sa pagpapagawâ nang salapî, na ito'y nátutunkol sa hárî, palibhásâ'y siyang may árî noon.

SEÑOREAR. a. der. nang *señor*. Sumakop; ó magutos na parang may árî. || met. Magúkol nang anomán na parang siyang may árî noon. || Umankín; umárî nang hindî kanyá. Madalàs na gamiting párang *reciproco* || Mátampok; ó málagay ang isang bágay sa isang mataás na lugal kaysa ibang kasíping. || Supílin sa katowíran ang sariling kalooban, || r. Gumámit nang kaformalán at hinahon sa kaniyang kilos, pananamit at pakikipagkápowâ.

SEÑORÍA. f. der. nang *señor*. Kagalangang ginàgamit sa matataás na tawo.

SEPARABLE. adj. der. nang *separar*. Mangyáyaring ihiwalay.

SEPARACIÓN. f. der. nang *separar*. Paghihiwalay; paghiwalay.

SEPARAR. a. Ihiwalay; ilayô sa kasama; itiwalag; itángî.=*(una cosa) de otra*. Ihiwalay (ang isang bágay) sa ibá. || r. Magkáhiwalay; magkátiwalag. || Lumayô, humiwalay; tumiwalag.

SEPTENO. adj. num. ord. Ikapitó.

SEPTENTRIÓN. m. Hílagáan; amihan.

SEPTENTRIONAL. adj Hílagâan.

SÉPTIMA. f. Ikapitò.

SÉPTIMO, MA. adj. num. ord. Ikapitò.

SEPTUAGENARIO, IA. adj. Tawong may pitongpuông taón ang edad.

SEPTUPLICAR. a. Multiplikahín nang siete ang isang número; ó palakhín nang makàpitong dublí ang isang bágay.

SÉPTUPLO, LA. adj. Makàpitong dublí ang lakí sa ibá.

SEPULCRAL. adj. der. nang *sepulcro.* Nátutunkol sa líbiñgan.

SEPULCRO. m. Líbiñgan; báunan. || Ang kinálalagyan nang laráwang nábuburol nang áting P. Jesukristo.

SEPULTAR, a. Ilibing; ibaón.|| Ilubog. || met. Itágô; iliñgid; ikanlong ang anomàn, úpang huag mákita ò nang mákalimutan.

SEPULTURA. f. Húkay na líbiñgan.||Báunan; pinaglibiñgán.||Pagbabaon; paglilibing.

SEPULTURERO. m. der. nang *sepultura.* Manhuhúkay nang líbiñgan, at tagapagtabon nang patay.

SEQUEDAD. f. der. nang *seco.* Katuyuán; kasalatán nang u'án ó nang pamumuñga nang halaman. || Wikâng masaklap at matigás. Kaugaliang plural na lálòng gamítin sa kahulugáng itó.||met. Kakulañgán ñg gíliw sa pakikipagúsap; katigasán ñg ugálì.

SEQUÍA. f. der. nang *seco.* Katuyuang malakì; ó malakíng kasalatán nang pamumuñga nang mañgá pananim na ikinabúbuhay, para ñg pálay, maiz, etc. || Kasalatang malakí nang ulán.

SÉQUITO. m. Ábay; ò mañgá tawong sumama sa pagsalúbong ò paghahatid sa isá.

SEQUIZO, ZA. adj. der. nang *seco,* Túyot; ó tuyô.

SER. ger. *siendo;* p. p. sido: pres. ind. *soy; eres; es; somos; sois; son:* imperf. *era; eras;* etc.: perf. *fuí; fuiste; fuè; fuimos; fuisteis; fueron:* imperat. sé tú; *sea* èl; *seamos* nosotros; sed vosotros; *sean* ellos: subj. *sea; seas; seamos; seais; sean*: imperf. *fuera; sería; fuese;* etc.: fut. *fuere,* etc. v. sust. aux; n; é imper. Maging; pagka; paging: para nang *ibig cong* MAGING *pàrì,* ó *ibig cong* MAG*pári; quiero* SER *sacerdote;* PAGIGING *médico mo* ó *kung* MAG*médico ka na, cuando* SEAS *médico.* || Magámit ó magsilbí sa anomán: v. gr. *Si Luis ay hindî* MAGÁGAMIT, ó *hindî* MAGSÍSILBI *sa bágay na itó, Luis no* ES *para esto*; *ang kabayong iya'y hindî* MAGÁGAMIT *sa lakarang mahábâ, ese caballo no* ES *para caminatas largas.* || Manyàyari; magkátaon: v. gr. *¿Paanong* PANGYAYARI *niyán? ¿Còmo* FUÉ *eso?.* || Tagá; túbô, ó tawo sa: v. gr. *Si Juan ay* TAGA *Malolos. Juan* ES *de Malolos,* na kaisá nang TÚBÔ ò TAWONG *Malulos: ang álak na iniinom natin ay* GÁLING *sa España, ó álac España, el vino que tomamos* ES *de España.* || Ñgâ: para nang, *iyán* ÑGÁ, *eso* ES =*(una cosa) á gusto de todos.* Máibigan (ang isang bágay nang lahat=*de desear.* Márapat nàsâin.=*de, para uno* Sa isá; maging para sa isá.

SERÁFICO, CA. adj. Parang *serafín;* ó mukhâng *serafín.* || Nàuukol sa *serafín.*

SERAFÍN. m. Espìritung malu-

lualhátî na nasa unang *coro* sa làñgit. || met. Ang tawong lubhâng magandá.

SERENAR. a. der. nang *sereno* Patahimikin; pahimpilín; liwanagan. || Lumínaw; lumiwánag. || Pahamugán ang anomán; ó palamigín sa hamog. || Patiniñgin. || met. Payapâin; patahimikin ang guló. || Palubagín ang gálit. || r. Tumahímik; humimpil; magliwànag ang panahón. || Tumilá. || Máhamugán. || Tumíning || met. Tumahìmik; humimpil ang guló. || Mapáwî; maglubag ang gàlit.

SERENATA. f. der. nang *sereno*. Tugtugan nang *música* sa gitnâ ñg hamog nang gabí. Serenata.

SERENERO. m. der. nang *sereno*. Talukbong nang babayi sa hamog nang gabí.

SERENIDAD. f. der. nang *sereno*. Kalinawan nang panahón. || met. Katahimikan; kapalágayan. || met. Kabuoán nang púsô; tìning nang loob, na hindî marúnong mabaklá sa anomàn.

SERENO, NA. adj. Malínaw; maliwánag; maliwalas. Sinàsabi sa panahón ó sa láñgit na walâng pañganurin. || met. Tahímik. || Palagay na loob. || Matíning na kalooban. || m. Hamog nang gabí. || Ang bantay sa daán kung gabí, na siyang nagsísigaw nang lagay nang panahón at oras, at nagtátanod sa magnanákaw, at siyá rin namang nangígising kung may súnog.

SERIE. f. Pagkakátalatag at mahúsay na pagkakásunodsunod nang anomán.

SÉRIO, IA. adj. Mabagsik ang pagmumukhâ, kung tumiñgin ó mañgúsap. || Formal; mabait ang mañgá kilos at matowid ang panukálâ. || Túnay; totoò. || Mahalagá; dakílâ. || Marañgal; ó kagalanggálang.

SERMÓN. m. Pañgáral kristiano; pañgañgáral; ó sermón.

SERMONEAR. a. der. nang *sermón*. fam. Sisihin; ó pañgusapang lágî.

SERPENTEAR. n. Magpaahasahas nang paglákad.

SERPIENTE. f. Ahas. || met. Ang demonio.

SERRADIZO, ZA. adj. der. ñg *serrar*. Malálagarî; ó mangyáyaring lagarîin.

SERRADO, DA. p. p. nang *serrar*. adj. May ñgiping parang lagárî; ò ñgíping lagárî.

SERRADOR. m. Manlalagárî.

SERRADURA. f. der. nang *serrar*. Paglalagàrî. || pl. Pinaglagarîan; ó kúsot.

SERRANO, NA. adj. der. nang *sierra*. Ang nagtítira; ó ipinañganak sa bundok.

SERRAR. a. irreg. como *acertar*. Lagarîin.

SERRÍN. m. der. nang *sierra*. Pinaglagarîan; ó kúsot.

SERRUCHO. m. Lagàrîng may puluhan ang isang dulo lámang.

SERVIBLE. adj. Magágamit.

SERVICIAL. adj. der. nang *servicio*. Makaliñgâ; maalágâ; mapaglinkod.

SERVICIO. m. Paglilinkod. || Pagaalágâ. || Pagkaalílâ. || Pamimintuhô sa Dios. || *Servicio;* ó karapatang búhat sa paglilinkod sa hárî, lálô na ang búhat sa pakikidigmâ. || Ang tataeán; ó basín. || Ang kubiertong

inilálagay sa mesa sa báwa't isang tawong kákain.

SERVIDOR, RA. m. y f. Linkod; ó naglíligaw sa isang binibini. || Alílâ. || Sa estilong mahal, ang *umàalay na maglinkod sa kàpowâ.*

SERVIDUMBRE. f. Paglilinkod, || Paninilbihan sa kápowâ. || Kapisanan nang lahat nang alílá. || Kaalipinan; ò pagkaalipin.

SERVIL. adj. Náuukol; ó sarili nang mangá alílâ at alipin. || Hámak; ó walâng halagá.

SERVIR. a. irreg. como *pedir.* Paglingkurán; pagsilbihàn.||Magámit; gamitin. || Suyûin. || met. Pakinabángan ang anomàn. || n. Maglingkod; manilbihan. || Manúyô; sumunod. || Magálay; magdúlot.||Magsundalo.—*à una dama.* Magligaw sa isang binibini.=*de mayordomo.* Magmayordomo; pamayordomo.=*en palacio.* Manilbíhan sa *palacio.*=*para la cocina.* Magàmit; magsilbí sa kusínâ.=*por la comida.* Mások na alílâng kánin; ó paalílâ nang walâng upa, pakanin lámang.=*sin sueldo.* Manilbíhan nang walâng upa. || r. Magalingín; tangapín nang mahúsay sa loob ang anomán. || Gumámit nang anomán sa paggawà. || Magsuyuán.=*de alguno.* Gamitin ang kápowâ; magparaàn sa ibá. at nang kamtán ang anomán. || n. Maglinkod; manilbihan. || Manùyô; sumunod. || Magálay; magdúlot.

SESADA. f. der. nang *sesa.* Pritadang útak.

SESENTA. adj. num. card. Ánim na puô. || adj. num. ord. Ikaánim na puô. || m. Ang número 60.

SESENTÓN, NA. adj. May ánim na puông taon.

SESERA. f. der. nang *seso.* Bahagi nang ulo na kinálalagyan nang útak. || Ang boong útak na lamán nang ulo.

SESGADURA. f. der. nang *sesgo.* Pagtabas nang pahiwás; ò pagsusùsog nang damit na tinabas nang pahiwás ó sesgado.

SESGAR. a. Hatîin; tabasin ng̃ pahiwás. || Hiwasin; hiwás.

SESIÓN. f. Pagpupúlong nang isang *concilio ó congreso.* || met. Paguusapúsap; pagsasangunían nang marami.

SESMA. f. Ikaánim na bahagi nang anomán.

SESO. m. Útak nang ulo. Karaníwang p'ural kun gamitin. || met. Bait; pagiísip. || Kálang nang palayok at nang pumátag sa kalàn.

SESTEADERO, RA. adj. der. nang *siesta.* Páhing̃ahan nang háyop kung tanghálî.

SESTEAR. n. der. nang *siesta.* Magpahingá nang tanghálî, na matùlog ò magpahing̃alay kayâ lámang.

SESTERO. m. der. nang *siesta,* y

SESTIL. m. der. nang *siesta.* Pàhing̃ahan sa tanghálî nang hàyop.

SETA. f. Tutsang nang báboy. || Kabutí. || Ñg̃ùsô at lábî. || Titis nang ílaw.

SETECIENTOS, AS. adj. num. card. Pitong dáan.

SETENIO. m Panahong saklaw nang pitong taón.

SETENO, NA. adj. num. ord. Ikapitó.

SETENTA. adj. num. card. Pi-

tong puô. ‖ Ang número 70.

SETENTÓN, NA. adj. fam. May pitong puông taon. ‖ Lálông kaugaliang sabihing *septuagenario.*

SETENTRIÓN. m. Hilágâ.

SETENTRIONAL. adj. Nâuukol sa, ó nasa gawìng hilágâ.

SÉTIMO, MA. adj. num. ord. Ikapitó. ‖ m. Ang ikapitong bílang ò bahagi.

SETUAGENARIO, IA. adj. May pitong puông taong edad.

SETUPLICAR. a. Gawìng makápitong dublé.

SÉTUPLO, LA. adj. Makápito; ò pitong dublé ang lakí ó dami.

SEVERIDAD. f. Kabagsikan; kahigpitang magparusa. ‖ Katigasang makipagúsap ‖ Kawalán nang kibô, at kaformalàn na malabis nang kilos. ‖ Katapatán nang loob sa pagsunod.

SEVERO, RA. adj. Masamâng magparusa; mabagsik manalitâ. ‖ Mahigpit; tapat at lubós túmupad ñg anomán. ‖ Walâng kíbô at formal sa kaniyang mangá kilos at gawâ.=*con los discípulos.* Mahigpit sa mangá discípulo.=*de semblante.* Mabagsik ang pagmumukhâ.=*en la amistad.* Tapat; lubhâng formal sa pakikipagíbigan.=*para, para con los súbditos.* Mahigpit; mabagsik sa mangá nasásakupan.

SEVICIA. f. Kabangisang malabis.

SEXAGENARIO, IA. adj. May ánim na puông taong edad.

SEXAGÉSIMO, MA. adj. num. ord. Ikaànim na puô.

SEXO. m. Kaibhán nang lalaki sa babayi. At tinàtawag na *sexo masculino; sexo feo; ó sexo fuerte*, ang lalaki.—*Sexo femenino; sexo bello; ó sexo débil*, ang babayi.

SEXTO, TA. adj. num. ord. Ikaánim.

SEXTUPLICAR. a. Palakihing makáanim; ó gawing ánim na dublè.

SÉXTUPLO, LA. adj. Makáanim na dublé ang lakí.

SEXUAL. adj. der. nang *sexo.* Náuukol; sariii nang *sexo.*

SÍ. adv. afir. Oo.=*señor.* Oo pô. ‖ m. Tañgô; oo; pahintúlot: v. gr. *Nasa akin na ó tinangap ko na ang* TAÑGÔ, ó *ang* OO, ó *ang* PAHINTÚLOT *nang kaniyang amà, ya tengo el* sí *de su padre.* ‖ *Dar el sí.* fr. Ipagkaloob ang anomán, tumañgô; ò tangoan; umayon. Lálông kadálasang gamitin sa pagaasawa.—*por sì ò por no.* mod. adv. Sakálî; kun sakálî; ó sakasakálî.—*Sí por sí ó no por no.* fr. fam. Tálastasan; oo kung oo at hindî kung hindî.

SIEGA. f. Paggapas. ‖ Panahón ñg pagaani. ‖ Pálay na ginapas ó inani.

SIEMBRA. f. Pagtatanim; paghahasik nang pálay ó anomán. ‖ Tanim; ó pananim.

SIEMPRE. adj. t. Kailán man; làgî na; towî na.=*que.* mod. adv. Sa towing; kailán man at.=*jamás.* mod. adv. Magpakailán man; magpasawalâng katapusang panahòn.—*por siempre; ó para siempre.* mod. adv. Lágî na; magpakailán man; sa hìbâng búhay.—*de siempre.* fr. Kaugalián; karaniwan. ‖ m. Pagluluat nang anomán sa hábâng búhay. ‖ Walâng katapusán.

SIEN. f. Pálipisan; ó sentido.

SIERPE. f. Ahas. || met. Tawong lubhâng pángit; ó lubhâng mabangís ó mal bis nang pagkamagagalitín.

SIERRA. f. Lagàrî. || Kapisanan nang bundok na nagkakasunodsunod.

SIERVO, VA. adj. Alipin. || Linkod; talisúyô.=*de Dios.* Ang nagíilinkod sa Dios at tumátalima ng̃ kaniyang mang̃á utos.

SIESO. m. Butas nang puit,; ó loob nang tumbong.

SIESTA. f. Katanghalîan. || Ang panahón at oras na ipinagpápahing̃a kun makapananghálî. || Pagtúlog sa makapananghálî || Ang kinàkanta kung hapon sa simbahan.—*dormir la siesta.* f. Matúlog nang tangháli.

SIETE. adj. num. card. Pitó. || adj. num. ord. Ikapitò. || m. Ang número 7.

SIETEÑAL. adj. Ginágawâ ó nang yáyari tuwîng pitong taon.

SIETEÑAL. adj. May pitong taon.

SIGILAR. a. Huag sabihin; ilíhim; ipagkait. || r. Maglíhim.

SIGILO. m. Líhim; kalihimán; ó pagiíng̃at nang líhim.

SIGILOSO, SA. adj. der. nang *sigilo.* Malíhim; ó marúnong magíng̃at nang líhim. || Líhim; tagô.

SIGLO. m. Panahong nasásaklaw nang isang daang taón; ó bílang na isang daang taón. || Panahong isinikat nang isang dakílâng tawo; ó ipinangyari nang anomang bágay na táng̃î at hindî kaugaliang mangyari, para nang: *Ang* PANAHÓN *nang cruzada, el* SIGLO *de las cruzadas; ang* PANAHÓN *ni Carlos V, el siglo de Carlos V.* || Maluát; ó mahábâng panahón: v. gr. MALUAT; ó MAHABANG PANAHÓN *nang hindî kitá nákikita, un* SIGLO *ha que no te veo.* || Ang mundó.

SIGNACULO. m. der. nang *signo.* Kintal; tandâ; tatak.

SIGNAR. a. Kintalán; tatakán; ó lagyán nang tandâ. || Pirmahán, || n. y r. Magantandâ; magkurús.

SIGNIFICACION. f. der. nang *significar,* y.

SIGNIFICADO. m. p. p. nang *significar.* Pagsasaysay; pagpapatalastás. || Kahulugán; kasaysayan.

SIGNIFICAR. a. Saysayín; ipaintindí; bigyang kahulugán ang anománn. || Magkaroón nang ganitò ó gayong kahulugán: v. gr. *Qué* SIGNIFÍCA *esto? Anong* KAHULUGÁN *nito? Esto* SIGNIFÍCA...*Ang* KAHULUGÁN *nito'y...*

SIGNO. m. Tandâ.

SIGUIENTE. p. a. nang *seguir.* Sumúsunod. || adj. Kasunod.

SILBANTE. p. a. nang *silvar.* Humáhaging.

SILVAR. n. y r. Humáging; sumagiok. || Sumutsot. || a. Pagsutsutanan; ipahalatâ ang kaayawán sa anomang hindî náiibigan. || met. Kutiaín; pintasán ang anomán.

SILBATO. m. Panutsot. || Butas na maliit na dinádaanan nang hang̃in.

SILVADO. p. p. nang *silbar.* m. y.

SILBO. m. Sutsot. || Haging. || met. Tílî, sigaw na matinig nang ibang háyop.

SILENCIO. m. Hindî pagimik; kawalán nang kibô. || met. Katahimikan.

SILENCIOSO, SA. adj. der. ng̃ *silencio.* Walâng kibô. || Tahímik na

lugal.

SILVESTRE. adj. Anomang sumísingaw na kùsâ na hindî itinátanim sa mangã bundok at párang. || Háyop na singaw sa kagubatan, ó doon túbô.

SILLA. f. Uupang may sandalan na hustó lámang sa isang tawo. || Siyá nang kabayo. || Butas nang tumbong. || Karángalan nang pagka-Papa; nang pagkapúnô sa santa iglesia, ó pagkaharî.

SILLERÍA. f. der. nang *silla*. Kapisanan at hánay nang mangã sillang uupán. Gayón ang táwag sa nangã sa koro nang simbahan, na inúupan nang *comunidad*. || Tindahan nang mangã silla.

SILLERO. m. der. nang *silla*. Mangagawâ nang silla ó siá; ó nagtítinda nang mangã kasankapang itó.

SILLETA. f. dim. nang *silla*. Silla, ò siáng maliit. || Tataean nang may sakit, na isang orinolang pàtag at pandak. || Lígisan ó múlihan ng̃ sikulate.

SILLÓN. m. aum. nang *silla*. Síllang malakí. || Siáng sasakyán nang babayi.

SIMIENTE, m. Binhî. || met. Anomang bágay na pinagbúbuhatan ng̃ ibá

SÍMIL. adj. Kawang̃is; katúlad. || m. Halimbáwâ.

SIMILITUD. f. Pagkakámukhâ; pagkakátulad; pagkawang̃is.

SIMPATÍA. f. Kagaanan nang dugô nang isá sa kaniyang kápowâ. || met. Pagkakáayos; pagkakáugalî.

SIMPÁTICO, CA. adj. der. ng̃ *simpatìa*. Magaán ang dugô. || Kabágay; kaakmá nang ibá.

SIMPATIZAR, n. Magkahiang̃î magkáakmâ.

SIMPLE. adj. Walâng há'ô; pulós. || Manipís. || Salin nang anomang kasulatan, na walâng firmà. || Walâng lasa. || Walâng wastô. || Walâng íng̃at; mababâng loob; banáyad na ugálî.

SIMPLEZA. f. der. nang *simple*. Kabastùsán; hahunghang̃án. || Kawalán nang íng̃at ò nang wastô.

SIMULTÁNEO, EA. adj. Ginawâ; ó nangyaring sabay.

SIN. prep. Walâ. || Bukod; ó táng̃î sa: at sinásabi nang ganitó. *Dinalá ang salapî* BUKOD SA Ó TÁÑGÎ SA *ibang marámìng bàgay, llevó el dinero* SIN *otras muchas cosas.* || Kapag kalákip nang *infinitivo* nang *verbo* ay kaisá nang *hindî*, na kasama nang *participio* ó *gerundio* niyá: v. gr. *Me fuì* SIN COMER, na kaisá nang *me fui* NO HABIENDO COMIDO, *naparoón akó* NANG HINDÎ *kumákain*.

SINCERIDAD. f. Kalinisan. || Katapatáng loob.

SINCERO, RA. adj. Tapat; ó malinis na loob.

SINCOPAR. a. met. Iklián; liitán

SINDICAR. a. Isumbong; ipaghablá ang sínoman nang anomang sala. || Lagyán nang anomang kapintàsan ó hinálâ. || met. Ipahiwátig; ipaintindí.

SINGULAR. adj. Táng̃î; nagíisa, bugtong. || met. Namúmukod; nang̃íng̃iba; bukod táng̃î.

SINGULARIDAD f. Pamumukod; pang̃ing̃ibá || Pagkátang̃î.

SINGULARIZAR. a. Papamukurín; papang̃ibahín. || r. Mamukod. || Mátang̃î; mang̃ibá.=*con sus parientes.*

Mamukod; mangĩbà sa kaniyang kamaganakan. = *en vestir*. Mamukod sa paggayak. = *por su trage*. Mangĩbá sa kápowâ dáhil sa kaniyang suot.

SINGULTO. m. med. Sinok.

SINIESTRA. f. Kaliwâng kamay.

SINIESTRAMENTE. adv. m. Masamâ; dî karampatan.

SINIESTRO, TRA. adj. Nasa sa kaliwâ; ó nágagawîng kaliwâ. || Masamâng ugàlî; gawâng masamâ; masamâ ang hílig. || Kúlang; sa iwang pálad.

SINIGUAL. adj. Tángî; walâng katúlad. || Walâng makakamukhâ.

SINO. conj. adv. Kundî; bagkús: v. gr. *Hindi gintô* KUNDÎ *tansông dinorado, no es de oro* SINO *cobre sobredorado; hindî malínaw* BAGKUS *lubhâng malábô, no está explicito* SINO *muy canfuso.*

SINÓNIMO, MA. y m. Salitâng tila magkaisá nang kahulugán.

SINRAZÓN. f. Kamalian; ó gawâng labás sa matowid.

SINSABOR. m. Dalamhátî; samâ nang loob.

SINUOSIDAD. f. Kabaluktután; kapilipitán.

SINUOSO, SA. adj. Pilipit; baluktot. || Malundô; suotsuot.

SIQUIERA. conj. Mánong; man lámang v. gr. MÁNONG *parito; ó parito* MAN LÁMANG, SIQUIERA *venga.*

SIRVIENTA. f. y

SIRVIENTE. com. p. a. nang *servir*. Alí â, ó namàmanĝinoon.

SISA. f. Ang inúumit na untîuntî; lálô sa paninindahan. || Pinagtabasan nang damit

SISAR. a. Mangumit nang untîuntî sa ipinamímili. || Tabasan ang damit at nang lumagay sa lugal. || Iklián; ó liitán ang panúkat ó takalán. = *de la tela*. Tumabas; umumit sa kayo = *en la compra*. Mangũpit sa pamimili.

SITIAL. m. Kaurukan; uupán nang mangá hirî, *príncipe* ò alinmang pinùnô sa isang hayag na pagtitipon.

SITIAR. a. Kubkubín ang isang bayan; ó kútâ at agawin ó lusubin. || Kubkubín; kulunĝin ang isá at nang huag makatakas. = *por mar y tierra*. Kubkubín sa dàgat at sa dalatan. = *por hambre*. Samantalahin ang pagdadahop ó paghihírap nang isá at nang mapílit na umayon sa hináhanĝad na kamtán sa kaniyá.

SITIO. m. Lugal. || Pagkubkob sa isang lugal.

SITUAR. a. Ilagay. || Itayô; iabang sa isang lugal ang isá. || r. Tumayô; lumagay sa isang lugal. = *en alguna parte*. Lumagay sa isang lugal, = *entre dos rios*. Lumagay sa pagitan nang dalawáng ílog.

SO. prep. Ilálim; ilálim nang; ó sa ilálim nang: v. gr. so *color de*, so *protexto de*, SA ILÁLIM NANG *dahilang*.

SOASAR. a. Malasaduhin; ó ihaw nang hilawhilaw. || r. Masalab, ó makáramdam nang labis na ínit.

SOBA. f. Paghílot. || met. Pagpálô; paghagkís sa isá.

SOBACO. m. Kilikili.

SOBADOR, RA. m. y f. Manghihílot.

SOBAQUERA. f. der. nang *sobaco*. Butas nang kilikili nang damit.

SOBAQUINA. f. der. nang *soba-*

co. Anhit nang kilikili.

SOBAR. a. Hilutin; lamasin; hagurin. || Palambutin sa hágod. || Parusahang pa'ûin. || met. Himasin.

SOBARCAR. a. Kumipkip; kipkipín sa ilalim nang kilikili ang anomán, at dahil sa laki ay namúmukol at nábahalatâ. || Sumikíg; ó mábunton ang damit sa kilikili.

SOBERANO, NA. adj. Lubhâng dakílà, kátaastaásan at táñgî sa ibá. || m. y f. Ang harî.

SOBERBIA. f. Kapalalûan. || Karikitang malabis nang anomán.

SOBERBIO, IA. adj Mayábang; palálô. || met. Dakìlâ; matíbay; matatag; marikit: kun bágay at hindî tawo ang pinagsàsalitaanan. || Pusok na kalooban.=*con, para con sus amigos.* Hambog sa kaniyang mañgá kaibigan.=*de indole.* Talagang palàlô; ó talagang pusok na loob.=*en palabras.* Mayábang manalitâ.

SOBORNACIÓN. f. der. nang *sobornar.* Pagsúhol; sùhol.

SOBORNAR. a. Suhulan.

SOBORNO. m. Pagsúhol; súhol.

SOBRA. f. Lamang; ò kalamañgán; kalabisan. || Kalapastañganan pagagravio. || Kasaganâan. || pl. Ang mañgá labí; ó tirá.—*de sobra.* mod. adv. Malabis; lampàs; sagánâ. Hindî kailangan.

SOBRADO. p. p. nang *sobrar,* y adj. Mayaman. || Sagánâ; lubhâ v. gr. SAGANA *sa ílaw,* SOBRADO *de luces.*

SOBRAJA. f. der. ng *sobra.* Labì; tirà.

SOBRANCERO. adj. der, nang *sobra.* Ang walâng sariling *oficio,* at pagayongayón lámang.

SOBRANTE. p. a. nang *sobrar.* Labis; lampás. || adj. Mayaman; masagánâ. || m. Kalabisan; kalamañgán.

SOBRAR. n. Lumabis. || Maging kalabisan. || Mátira.

SOBRE. prep. Sa ibábaw. || Tunkol sa; hingil sa. || Bukod sa; táñgî sa. ||.m. Ang balot nang súlat, ó sobre. Ginágamit namang ipagsaysay nang *kahigtàn* ó *kalabisang kauntî* nang anomân: v. gr. MAHIGIT NANG KAUNTÎ *sa tatlong puong taòn,* SOBRE *treinta años;* MAGKÁKAROON AKÓ NANG MAHIGIT NANG KAUNTÎ *sa walong piso, tendré* SOBRE *ocho pesos.* || Sa; sa may; ò sa gawìng: v. gr. *Patuñgo akó* SA *Maynílâ,* ó SA GAWÎNG *Maynílâ, me dirijo* SOBRE *Manila.* || Maká; ó pagkatapus nang: v. gr. MAKA*pananghálî;* ó PAGKATAPUS *nang pananghalián,* SOBRE *comida.*—*Sobre manera.* adv. Malabis; lampás.—*sobre sí.* May malaking pagiíñgat; malaking pagasikaso. || Sa boong kabuoan nang loob; tíning nang púsô. Hindî itó nagágamit nang walâng kasamang verbo.—*Ir sobre alguno.* fr. Buntutàn; sundàn ang isá. Habuling dakpín ang sìnoman.

SOBREABUNDANCIA. f. Kasaganâang malabis.

SOBREABUNDAR. n. Samagánâng lubhâ.

SOBREAGUAR. n. Lumútang sa ibábaw nang túbig.

SOBREALIENTO. m. Híñgal.

SOBREALZAR. a. Itaás ang anomàn. || r. Mátaas.

SOBREAÑADIR. a. Dagdagán nang malabis. || r. Mádagdagan.

SOBREASAR. a. Íhaw ulî ang anomán. || r Máihaw ulî.

SOBRECARGA. f. Ang dagdag

na ipinátong sa ibábaw nang isang katatagang kalgahin. || met. Dalamhátîng nádagdag na panibago sa dàting pighatî, ò hírap. || Ang tálî ó bilíbid na lúbid sa ibábaw nang anomang kalgahin at nang huag tumìnag itó.

SOBRECARGAR. a. Kalgahán nang labis ò pakákalgahan; pakábigatan. || Hulipan nang tahî ang lugal nang damit, na laktawán. || met. Pahirapan nang lampàs, na anopa't huag mabatá ang pasákit.

SOBRECARTA. f. Bálot nang sùlat; sobre.

SOBRECOJER. a. Subukan ang isá at pagkalingat ay biglaín. || Mápatan. || Gulatin. || Másubukan. || r. Mágulat; matákot. || Mábiglâ.

SOBRECOGIMIENTO. m. Pagkágulat; pagkatákot.

SOBRECOMIDA. f. Himagas.

SOBRECRECER. n. irreg. como *agradecer*. Tumúbông pumátong sa ibàbaw. || poét. Mulîng sumipot na tumúbô sa unang tinubûan.

SOBREDICHO, CHA. adj. Nasabi na; nábangit na.

SOBREDIENTE. m. Ngipin na tumúbông pumátong sa kápowâ ngìpin.

SOBREDORAR. a. Duraduhin.

SOBRENTENDER. a. irreg. como *ascender*, at

SOBREENTENDER. irreg. como *ascender*. Maintindihan ó mapaguwíuwî ang anomán, hindî man sinásabi, dáhil sa paraán nang lákad ng sálitaan, ò dáhil kayâ sa nàunang sinabi; etc. Ginágamit namang pàrang *recíproco*.

SOBREFAZ. f. y.

SOBREHAZ. f. Ibábaw; mukhá ò balat nang anomàn. || Takip.

SOBREMESA. f. Látag; ò takip nang mesa. || Himagas.—*de sobremesa*. mod. adv. Pagkatapus ku máin; pagkapananghálî.

SOBRENADAR. n. Lumùtang.

SOBRENOMBRE. m. Ang apellido. || Bansag; tit; pamagat.

SOBREPAGA. f. Dagdag na kaupahán.

SOBREPONER. a. irreg. como *poner*. Ipaibábaw; ipátong; patungan; dagdagán. || Paibábaw, ó pumaibábaw; mápaibabaw || Supilin; alintanahin ang mangá hìrap, kasaliwaang pàlad, etc. —*Sobreponerse à las hablillas del vulgo*. Pawalâng kabuluhân; ò huag pansinin ang sabisabí nang madlâ.

SOBREPUESTO, TA. p. p. irreg. nang *sobreponerse*. Pátong; pangibábaw.

SOBREPUJAR. a. Palalûin; pahigitín sa ibá; palampasín. || r. Lumálô; lumampás sa ibá.—*Sobrepujar en fuerzas*. Lumàlô sa ibá sa lakás.

SOBRESALIENTE. p. a. nang *sobresalir*. Namúmukod; litaw; marangal; pangulo.

SOBRESALIR. a. irreg. como *salir*. Mamukod; lumálò; humìgit; mangibá sa lahat.=*en mèrito*. Mamukod; ó lumálô sa ibá sa karapatán.=*entre todos*. Mamukod sa lahat. =*por su saber*. Mamukod sa kaniyang dúnong. || n. fam. Lumimbutod.

SOBRESALTAR. a. Gulatin; sindakín. || Dumalúsong; lumùsob na biglâ. || r. Mágulat; masindak; mágiklà.=*con, por el ruido*. Mágulat sa, dáhil sa úgong.=*de la noticia*.

Maguló; mágikla sa balità.

SOBRESCRITO. m. Ang letrang nakalagay sa takip nang súlat. || Ang papel na bálot nang súlat.

SOBRESEER. n. Urungan; huag ipatùloy ang anomán. || Magpahingà sa paglákad nang anomán. Lálông kaugalîang gamitin sa náuukol sa tribunal nang justisia.

SOBRESELLAR. a. Tatakán uli; ò lagyán nang pangalawang sello.

SOBRESELLO. m. Pangalawang tatak; pagtatatak na mulî.

SOBRESEMBRAR. a. irreg. como *acertar.* Tamnang panibago; hasikán ò tamnang patungan ang dáting tanim.

SOBRESOLAR. a. irreg. como *acertar.* Tahián ó sapinàn nang bágong suelas ang dáting suelas ng sapín. || Lagyán nang sahig na pangibábaw ang dati.

SOBRESTANTE. adj. Bágay na lubhâng nálalapit ó nakapátong sa ibá. || m. Ang tawong nagtátanod sa mangá gumágawâ nang anomán, at nang huag magsipagasikot.

SOBREVENIR. n. irreg. como *venir.* Sumunod na mangyari; mápatong na mangyari. || Mangyari nang waláng abogabog. || Kagyat mangyari.

SOBREVENTAR. a. irreg. como *acertar.* mar. Unahan ang ibang daong sa dakong pinangágalingan nang hangin at nang makasapol ng híhip.

SOBREVERTERSE. r. irreg. como *ascender.* Umápaw; mábubô.

SOBREVESTIR. a. irreg. como *vestir.* Patungan ang damit na nakasuot nang ibang damit. || r. Magsuot nang ibang damit, na ipátong sa nakasuot sa katawán.

SOBREVIVIR. n. Mátirang mabúhay. || Mabùhay nang mahábâ kay sa ibá.

SOBRIEDAD. f. Kasiyahán; kasukatán.

SOBRINO, NA. m. y f. Pamankín. =*carnal.* Pamanking buô. =*segundo.* Pamankín sa pinsan.

SOBRIO, IA. adj. Mapagpígil; maibigín sa kasiyahán. || Kasiyahán. =*de palabra.* Matipid; kasiyahang mangúsap. =*en comer.* Katatagàn sa pagkáin, na hindî lumálampas sa kasiyahán.

SOCARRAR. a. Magíhaw nang dî hilaw at dî namán lútô.

SOCARRENA. f. Guang; puang ó pagitan.

SOCARRÓN, NA. adj. Suítik; matalas; tuso.

SOCARRONERÍA. f. Kasuitíkan; katalasan; katusuhan.

SOCAVAR. a. Hukayin ang lùpâ na ukâin ang ilálim at huag matínag ang ibábaw, gaya nang karaniwang nangyáyari sa pangpangin dáhil sa agos nang túbig.

SOCIABLE. adj. Mahílig sa pakikisama; marúnong na tutoong makipagkápowâ.

SOCIAL. adj. Náuukol sa kapisanan nang mangá tawo. || Náuukol sa magkakasama.

SOCIEDAD. f. Kapisanan nang mangá tawo. || Sámahan nang mángangalakal.

SOCIO. m. Kasama; ó kasamá.

SOCOLOR. m. Dahilán.

SOCORRER. a. Umabùloy; tumùlong; gumibik. || Kupkupín. =*con algo.* Abuluyan; bigyán nang anomán.

=*de víveres.* Abuluyan nang mangá pagkáin. ‖ r. Alagâan; abuluyan ang sarili. ‖ Magtulungán.

SOCORRO. m. Pagdaló; paggibik; pagabùloy. ‖ Túlong; abùloy; ambag. ‖ interj. Abuloyi; ó gikbán akó!

SOEZ. adj. Hâmak.

SOFÁ. m. Kanapeng maluang.

SOFISMA. m. Katowirang pakonuarî, na siyáng ipinagtátangol nang bágay na malî, ó katowirang hindî támâ.

SOFLAMAR. a. Magsasabí at nang makápangulol, ó makádayâ. ‖ met. Magbigay daang mahiyâ ang ibá; ó hiyaín ang kápowâ.

SOFREIR. a. irreg. como *pedir.* Pirituhin nang patakbó; pirituhin nang bahagyâ ó paraán lámang.

SOGA. f. Lúbid na anibuong; ó suga.

SOJUZGAR. a. Supilin; dahasín. ‖ Magutos nang mabalásik.

SOL. m. Áraw na sumísikat; ó nagpápaliwanag sa atin, ‖ met. Ang tawong nápakaganda.—*Al poner del sol.* mod. adv. Paglubog; ó sa pag lubog nang áraw.—*al salir del sol.* mod. adv. Pagsílang nang áraw.—*de sol à sol.* mod. adv. Bùhat sa pagsíkat nang áraw hangang sa paglubog; ó maghapon.—*al sol puesto.* fr. Sa pagtatakip sílim.—*campear de sol á sombra.* fr. Gumawâ nang bùkid búhat sa umagang umaga hangang sa gumabí.—*Meter à alguno donde no le dé el sol.* fr. Ipások sa madilim na bílangûan.

SOLACEAR. a. der. nang *sol.* Aliwín. ‖ r. Magaliw; magsayá.

SOLADA. f. der. nang *sol.* Látak, tíning. ‖ Sahig, ó lípâng may látag na baldosa.

SOLANA. f. der. nang *sol.* Lugal na násisikatang mabuti nang áraw sa tanhàlî. ‖ Ang lugal nang báhay, na kung tutoong maginaw ay pinagpápaarawan.

SOLAR. a. irreg. como. *acordar.* Sahigán. ‖ Kabitán nang suelas ang sapín, ‖ adj. Ang náuukol sa ò sarili nang áraw. v. gr: *Sínag,* ò *síkat* NANG ÁRAW, *rayos* SOLARES. ‖ m. Bakuran.

SOLAZ. m. Kaaliwan; tuwâ.—*á solaz.* mod. adv. Maluag at masayá sa loob ó sa pùsô.

SOLAZAR. a. Aliwín. ‖ r. Magaliw; magsayá. =*con fiestas.* Magaliw na magpistá.=*entre amigos.* Maglibang na kasama nang mangá kaibigan.=*en banquetes.* Magaliw sa malalaking piging.

SOLAZO. m. aum. nang *sol.* Ínit na matindí nang áraw.

SOLAZOSO, SA. adj. der. ng *solaz.* Nakaáaliw; nakalúlugod.

SOLDADA. f. Kaupahán sa alílâ.

SOLDADO. p. p. nang *soldar.* ‖ m. Sundalo.

SOLDADOR. m. Manghihínang. ‖ Panghínang.

SOLDADURA. f. Hínang.‖Panghínang. ‖ Paghihínang. ‖ met. Pagkàhusay; pagkákumpuni nang anomán.

SOLDAR. a. irreg. como *acordar.* Ihínang; hinangin. ‖ met. Bayaran nang mabuting gawâ ó salitâ ang anomang kamálîan. ‖ Pagbalikán ang kamálîang nágawâ ó násalitâ.

SOLEAR. a. Ibilad.

SOLEDAD. f. der. nang *solo.* Pagiisá. ‖ Lugal na ilang. ‖ Pamamanglaw. ‖ Pangungulila,

SOLEMNE. adj. Ang ginàgawâ nang taontaon. || Dakílâ. || Ginágawâ sa hayag nang boong kasáyahan at pagdadangal. || Masayá.

SOLEMNIDAD. f. der. nang *solemne*. Pagkakatipon nang madlâ sa pagdidíwang nang anomán; ó pagpipistá. || Karíkitan at kasáyahan ng̃ isang hayag na pagtitipon.

SOLEMNIZAR. a. der. nang *solemne*. Ipagpistá nang marang̃al ang anomang áraw, || Ipagdíwang; puríhin.

SOLER, *determinante* nang ibá, sa iba'tibang paraán, at *verbo defectivo* , na sa mang̃a tiempo at personang sumúsunod lamáng gámit: ger. *soliendo:* p. p. *solido:* ind. pres. *suelo; sueles; suele;* solemos; soleis; *suelen:* imperf. solía; solías; solía; etc.: perf. solí; soliste; solió; solíamos; solisteis; solieron: subj. pres. *suela; suelas; suela;* solamos; salais; *suelan*. Hindî lubhâng kagamitán itong dalawang tiempong hulí. Ang kadálasang paggamitan sa kaniya'y sa kahulugang: *karaniwan; kaugalîan:* v. gr. KAUGALIÁN *nilá ang dumating na maaga*, ó KARANÍWANG *dumating silá nang maaga*, SUELEN *llegar temprano*.

SOLEVANTAR. a. Halikuatín; salunkitín. || Sulsulán; ó pagpayuhang bumago nang tírahan, hanapbúhay, etc. Lálông karaniwang sabihin úkol sa alílâng pinabábago nang pang̃inoón nang ibá.

SOLICITAR. a. Lakarin; ó hanapin nang buông síkap at tiagâ ang anomán. || met. Lamuyuting pairugin ang sínoman.=*con, del Ministro*. Hing̃ing ipakiúsap; ó lakarin sa Ministro.=*para, por otros*. Lakarin para sa ibà.

SOLÍCITO, TA. adj. Masíkap; maágap. || Makalíng̃â.=*con otro*. Makalíng̃â sa ibá.=*en, para pretender alguna cosa*. Masípag lálakad nang anomán.

SOLICITUD. f. Sípag; tiagâ. || Ang súlat na kinálalagyan nang kahílingan ò lùhog sa isang púnô.

SOLIDEZ. f. Tíbay; tatag. || Gúlang nang ìsip.

SÓLIDO, DA. adj. Matatag; buô at paikpik ó masinsín; matíbay. || m. geom. Alinmang bágay na taglay ang tatlong súkat na: *hàbâ, luang, at làlim* ó *taàs*.

SÓLIO. m. Karurukán; ó trono.

SOLITARIO, IA. adj. der. nang *solo*. Walâng nagkúkupkop. || Nagíisa. || Ilang na lugal. || Nakaligpit; maibigín sa pagiisá. || Ermitaño.

SOLITO, TA. adj. dim. nang *solo*. Nagìisa.

SOLO, LA. adj. Nagìisa; ó íisaisá. || Nátatang̃î; nábubukod.—*à solas*. mod. adv. Sa sarili; nagíisa; ó sa magisang sarili.

SOLTAR. a. irreg. como *acordar*. Kalagín. || Pawalán; bitiwan. || Saysaying liwanagan ang kahulugán nang isang bágay na may kalabûan. || Mábulalas: v. gr. MÁBULALAS *ang tawa* ó *iyak;* SOLTAR *la risa ò el llanto*.=*(à un niño) á andar*. Pabayâang lumàkad ó maglakad ang isang bátâ. || r. Lumiksí; masánay sa paggawâ nang anomán. || met. Mawalâ ang kaumirán ò kadung̃uán. || met. Mapáwî ang kahinhinán, at sumamâ ang ugàlî, na pábigay sa kalupaán. || Mamulangós; mabúnot.=*á, en an-*

dar. Magpamulâng humakbanghakbang.

SOLTERÍA. f. Kabagongtawohan; kadalagahan; ó kalágayan nang walâng asawa.

SOLTERO, RA. adj. der. nang *suelto*. Bágongtawo; dalaga. Ginágamit namang párang *sustantivo*. ‖ Layâ.

SOLTERÓN, NA. m. y f. aum. nang *soltero*. Ang bagongtawo, ó dalàgang may edad.

SOLTURA. f. Kalayâan. ‖ Pagpapawalâ. ‖ met. Katalasan nang ísip.

SOLUBLE. adj. Madalîng kalagín; ó madalîng matùnaw.‖Tunawín.

SOLVENTAR. a. Bayaran; tapusan ang útang.

SOLVENTE. p. a. nang *solver*. Nakákalag; nasásaysay. ‖ adj. Nakaahon na sa mangá ùtang.

SOLVER. a. Kalagín. ‖ Tunawin. ‖ Bigyáng kasaysayan ang anománg hindî mapagkúrông mabuti; turingan.

SOLLOZAR. n. Humibik.

SOLLOZO. m. Hibik. ‖ Paghibik.

SOMBRA. f. Lilim.‖Dilim. ‖ Anino. ‖ met. Pagkukupkop; tankílik; ampón ó pagaampón. ‖ Ang pagkáwankî.—*á sombra de tejado, ó de tejados*. mod. adv. Patagô; palihim. Kadálasang gamiting kasama nang *verbo* ANDAR.—*Hacer sombra*. fr. Makatakip; makalilim. Ampunín; lukuban ang kápowâ at nang pagpitaganan nang ibà.—*Poner á la sombra*. fr. Ibilangô.

SEMBRAJE. m. der. nang *sombra*, y

SOMBRAJO. m. der. nang *sombra*. Palapala; damara.

SOMBRERAZO. m. aum. nang *sombrero*. Sombrerong lubhâng malakí. ‖ Hampás nang sombrero.

SOMBRERERA. f. der. nang *sombrero*. Kabang kartón na lalagyán nang sombrero.

SOMBRERERÍA. f. der. ng̃ *sombrero*. Tindahan nang sombrero; pinaggágawan nang sombrero.

SOMBRERERO. m. der. nang *sombrero*. Ang mangagawâ; ó nagtítinda nang sombrero.

SOMBRERO. m. der. nang *sombra*. Sumbalilo; ó sombrero.

SOMBRILLA. f. dim. nang *sombra*. Lílim na muntî. ‖ Páyong na muntî, na gámit nang babayi.

SOMBRÍO, ÍA. adj. der. nang *sombra*. Lugal na madilim; ó lágîng malilim. ‖ met. Malunkot; mapanglaw na lugal. ‖ Madilim na pagmumukhâ.

SOMERO, RA. adj. Mabábaw. ‖ met. Paimbabaw; pasalapsap.

SOMETER. a. Ilagay ang isang bágay sa ilálim nang ibá. ‖ Supilin. ‖ Sakupin ang isang bayan; etc. ‖ r. Sumúkô; pasúpil sa ibá.=*á su padre*. Pasúpil; sumúkô sa kaniyáng amá.

SOMPESAR. a. Buhatin ang anomán na tayahin ang bigat; atuhin.

SOMPESO. m. Pagtaya nang bigat; pagato.

SON. m. Tìng̃ig; tunog nang *música*. ‖ met. Balítâ; pagkábantog. ‖ Paraán: v. gr. *Sa* PARAÁNG *itó, á este* SON.—*á son*. mod. adv. Sa tugtog; ó sa kumpás nang tugtog.—*Sin ton; ni son; ó sin ton y sin son*. fr. Walâng katowiran; walâng wastô.—*Sin son*. fr. Walâng dahilán; walâng púno't dulo. Lual sa panahón. ‖ Padalosdálos. ‖ Walâng lasa.

SONADERA. f. der. nang *son*. Pagsingá.

SONADO, DA. p p. nang *sonar*. y adj. Bantog. || Balítâng lubhâ.

SONAJA. f. der. nang *son*. Pakalog; kalog.

SONAR. n. irreg. como *acordar*. Tumunog; tumaginting; kumalansing; kumalog. || Tumagúpak. || a. Tugtugín ang alinmang instrumento. || Isingá ang úhog. || Linisin ang ilong. r. Sumingá.||impers. Umalingawngaw nang líhim ang anomang bulongbúlungan.=*(alguna cosa) á hueco*. Kumapak; ó tumunog na tila walâng lamán ang loob.=*en, hácia tal parte*. Tumunog sa, sa may gayong lugal.

SONATA. f. der. nang *son*. Tugtog na nagkákaakmâ nang maraming instrumento; ò tugtugan nang mùsiko.

SONDA. f. Pagtarok. || náut. y cir. Panarok; pangsonda, ó panonda.

SONDAR. a. y

SONDEAR. a. Tarukín; arukín.

SONIDO. m. der. nang *son*. Tunog; kalasing; kalatog; lagapak; etc. || Balítâ; pagkabantog.

SONORIDAD. f. der. nang *son*. Katunugán; taginting.

SONORO, RA. adj. der. nang *son*. Matíngig; mataginting.

SONREIR. n. y r. irreg. como *reir*. Màngitî; ngumitî.

SONRISA. f. y

SONRISO. m. Pagngitî. || Ngitî.

SONRODARSE. r. irreg. como *acordar*. Mábalahò; mápangaw ang ngulong nang isang *carruage, carromata*, etc.

SOÑADOR, RA. m. y f. Mapagpanaginip. || Mapagsabí nang kabulaanang pinagtahîtáhî.

SOÑANTE. p. a. nang *soñar*. Nanánaginip.

SOÑAR. a. irreg. como *acordar*. Managínip; mangárap.=*con ladrones*. Mangàrap nang magnanákaw.=*en esto ó aquello*. Mangàrap nitó ó noón.

SOÑOLIENTO, TA. adj. Nagáantok.||Matutulugín.||Nakapagáantok. || met. Makúpad; tamad.

SOPALANCAR. a. Hikuatín ng pingá.

SOPAPO. m. Suntok sa kalamnàn nang bábâ. || Sampílong; sumbî.

SOPERA. f. der. nang *sopa*. Lalagyán nang sopas, na iniháhayin sa mesa.

SOPERO. m. der. nang *sopa*. Pinggang malukong, na kinákanan nang sopas.

SOPESAR. a. Buhating tayahin ang bigat.

SOPETEAR. a. Isahok na madalás ang tinápay sa sabaw. || met. Salantaín ang kápowâ; ó alimurahin.

SOPISTA. m. der. nang *sopa*. Ang nabúbuhay sa limós.

SOPLADO, DA. p. p. ng *soplar*. y adj. met. Mapagmarikit na labis. || Nanínigas ang katawán kun tumayôtayô, dáhil sa pagmamarikit.

SOPLAR. n. Humíhip. || a. Hipan. || met. Umitìn. || met. Ibulong sa isá ang anomang hindî nàlalaman ó dî mátumpakang sabihin, úpang mátutuhang saysayín. || n. met. Uminom. || r. fam. Kumáin; uminom ng labis, at niwíwikâ: UMINOM *nang dálawang boteng alak, at* KUMÁIN *nang kalahátîng jamòn*, SE SOPLÓ *dos*

bötellas de vino, y medio jamòn.

SOPLETE. m. der. nang *soplo.* *Tsukov* ó panghíhip nang platero na ipinanghíhinang.

SOPLO. m. Paghihip. || Hínip. || met. Babalâ; ó sumbong na líhim. || met. Sumandalî; sandalî.

SOPLÓN, NA. adj. Palasumbong nang líhim; mapagsumbong nang líhim.

SOPÓN. m. aum. nang *sopa.* Nabúbuhay sa limós; pulubi.

SOPORTABLE. adj. Matítiis ò mangyáyaring; tiisín.

SOR. f. Kapatid: sa manĝa religiosa ginágamit, at niwìwikáng, SOR *Marìa;* SOR *Juana,* etc. Kaisá nang salitâng *hermano,* ó *hermana,* na tawagàn sa manĝá *comunidad.*

SORBER. a. Hùmígop; humitit. || Lamunin: v. gr. NILAMON ó HINÍGOP *nang dágat ang mañga daong, el mar* SORBIÓ *las naves.*

SORBETÓN. m. aum. nang *sorbo.* Hígop na malakí, ó malakás.

SORBO. m. Hígop. || Paghígop. || Kahìgop; ó ang nakúkuha sa isang hígop.

SORDERA. f. Kabinĝihán.

SORDIDEZ. f. Karumihán; kapanĝitan; kahalayan. || met. Karamutan; kasakimán.

SÓRDIDO, DA. adj. Marumí. || met. Pánĝit; mahálay. || Marámot; masakim.

SORDO, DA. adj. Binĝí. || Tahímik; walâng guló. || met. Hindî marúnong dumamdam; walâng pangdamdam; paking.—*á la sorda; á lo sordo;* ò *á sordas.* mod. adv. Walâng íngay; walângkalasaw; palihim; walâng kibókibô.=*á los avisos.* Paking; hindî marúnong duminĝig nĝ babalâ.=*de un oido.* Binĝí nang isang tainĝa.=*de nacimiento.* Binĝí ang pinagkàlabasan; ó binĝing ipinanĝanak.

SORPRENDENTE. p. a. nang *sorprender.* y adj. Nakágugulat; nakámamanghâ dàhil sa hindî karaniwang màkita. || Kakaibá.

SORPRENDER. a. Sumúrot na biglâ sa ísip ang anomán. || Mangyáring biglâ; sumipot nang walâng abogabog ang anomán. || Gawíng malihim ang isang anomán. || Biglaín; gitlahín. || Subukan.=*con la noticia.* Gulatin; màgulat; mabiglâ nang balítâ.=*en el hecho.* Subukan sa paggawâ ó sa oras na ginágawà ang anomán. || r. Mágulat; mangilalás.

SORPRESA. f. Pagkágitla; pagkábiglâ sa isá nang anomang bagong dumating na hindî hìníhintay. || Pagkásubok.

SORREGAR. a. y r. irreg. como *acertar.* Mádilig ó màtubigan nang patúbig nang isang pítak, ang kadaiting bùkid.

SORTIJA. f. Singsing. || met. Kulot nang buhok, na likaw na párang singsing.

SOSEGADO, DA. p. p. nang *sosegar,* y adj. Walâng básagulo; tahímik; lagay na loob.

